His Innocently Lethal YSA

by helliza

Completed


HELLIZA
His
Innocently
LETHAL
YSA

Table of Contents

1. Synopsis
2. 1. BEV
3. 2. Gang? o Pizza?
4. 3. 2nd day
5. 4. Gulo
6. 5. Unang Halik
7. 6. Bev o Dimple
8. 7. Hindi Matiis
9. 8.Basketball
10. 9. May Tinatago
11. 10. Inosente
12. 11. Sino Sya?
13. 12. Hindi Bati
14. 13. Regalo
15. 14. Sunog
16. 15. Ayaw
17. 16. Alagaan
18. 17. Traydor
19. 18. Traydor 2
20. 19. Taguan
21. 20. Damit
22. 21. Pangako
23. 22. Sa harap ng Lahat
24. 23. Lenggwahe
25. 24. Panganib, Sumpa at Pag-ibig
26. 25. Pigil
27. 26. Simula
28. 27. Pagbabago
29. 28. Nagbago
30. 29. Nakatuwalya

31. 30. Mga Lalaki ni Ysa
32. 31. Magbalik
33. 32. Pamilya Santiago
34. 33. Patunayan
35. 34. Party
36. 35. Makulit, Mainit
37. 36. Pinoprotektahan?
38. 37. Itinadhana sa Akin
39. 38. Vane ?
40. 39. Rason
41. 40. Akin Parin
42. 41. Tulong, Bilang Pamilya
43. 42. Mga Kastilyo sa Ilalim
44. 43. Umaasa pero Naninigurado
45. 44. Tayong Dalawa
46. 45. Tanggapin
47. 46. Nagpapanggap
48. 47. Laro
49. 48. Unang Yugto
50. 49. Unang Yugto part 2
51. 50. Ikalawang Yugto
52. 5. Ikalawang Yugto 2
53. 52. Si Bev at Si Miss
54. 53. Parusa
55. 54. Tradisyon
56. 55. Nabitin, Nahuli
57. 56. Dilim, Pula at Liwanag
58. 57. Magpapakasal
59. 58. Init
60. 59. Wakas

Synopsis

Angelique Ysa Fuentebella Santiago story....

>>>>>>

"I love you with all my heart, but you broke and shattered me, with all your might!"
---'Ysa

"I hurt you because you are MY LOVE! You are MY LIFE!"
-----Vane

Angelique Ysa Fuentebella Santiago.

Be thankful, if she was stupid and slow, you may live. Pero magdasal kana kapag seryoso sya, becase you will surely face hell.

******
H/N

What do you think guys?
Sisimulan ko na ba?

1. BEV

Inilibot ko ang tingin sa buong school ground.

"Infairness malaki din itong Maligdan College." naisip ko habang naglalakad sa paligid.

Huminga ako ng malalim.
"Sana maging maayos masaya at tahimik ang pamamalagi ko dito hanggang makapagtapos ako."

Unang araw ko at excited na ako sa magiging araw ko.

I'm Angelique Ysa Fuentebella Santiago. Fourth year collage sa kursong Business Administration 23 years old.

May napapansin lang ako dito sa eskwelahan na ito, parang nahahati sila sa dalawang grupo.

Pagkapasok ko palang kasi may nakasalubong na akong mga estudyante na nakasibilyan but with a traced of red sa mga suot na damit.

Hindi sila pare-pareho ng suot iyong isa pula ang pantalon. May nakapulang palda, may nakapulang polo, short, sumbrero at bag.

Iyong isang grupo na nakita ko nakasibilyan din pero kulay asul naman ang sinisigaw ng mga gamit at suot.

Nagtataka kayo kung paano kong napansin iyon no. Sabihin na natin na I'm a very observant person, kaya madali kong napapansin ang mga bagay-bagay.

Napansin ko rin na may mga naka unipormeng tulad ko pero mas lamang ang mga nakasibilyan.

"Dont mind them Ysa, basta dapat umiwas ka sa gulo, andito ka dahil gusto mong maranasan na magkaruon ng tahimik at payak na buhay."

Inayos ko ang bilog na bilog na puting salamin ko mata at pumasok sa building kung saan ang unang subject ko.

May mga napapatingin sa akin. Titignan nila ako mula ulo hanggang paa tapos magc-comment sila.

"Bago? I wonder kung saan sya mapupunta."

"Sus mukhang mahina, tignan mo ang payat at mukhang nerd pa sigurado akong magiging Elf yan."

"Ewww sana hindi sya sa atin mapunta hindi sya bagay sa grupo natin."

"Hey cute naman sya kapag naging elf sya kukunin ko syang personal Elf ko."

Eh? Ano kaya ang pinagsasabi ng mga ito.

Nagpatuloy ako sa paglalakad ko.
Isa pa sa mga napansin ko iyong mga nakauniform nakayuko at yumuyukod kapag may nakakasalubong na sibilyan.

"*Anong ganap dito?"*

Nakarating na ako sa silid ko.

Nakahinga ako ng maluwag nang walang nakapansin sa akin ng pumasok ako. Kanya-kanya kasi ng ginagawa ang mga klasmeyt ko.

Parang hindi nga klasroom ang pinasok, grabe ang ingay.

Sa likod ako umupo.

Napa yes pa ako ng mahina ng hanggang sa makaupo ako wala man lang pumansin sa akin.

Nagpatuloy lang sila sa maingay na kwentuhan, puro rin nakaasul ang mga nandito wala akong nakitang naka pula.

Tahimik naman akong humikab.

Syete inaantok ako.

Tatalungko sana ako nang biglang tumahimik ang paligid, nagtatakang umayos ako ng tayo.
"Andyan na sila." Narinig kong sabi ng isa kong klasmeyt.

Ang silang sinasabi nya ay ang limang estudyante na papasok ng classroom.

Unang pumasok ay ang isang lalaking chinito na halos mawalan na ng mga mata sa kakangiti sa mga babaeng kong kaklase.

"Hi Chezter."

"Hello girls."

Sunod na pumasok ay ang babae na koreana yata mahinhin itong ngumiti at bumati.

"Good morning everyone."

Sa likod nito ay isa pang babae na kulutan ang buhok at mukhang may dugong amerikana dahil sa blonde niyon. Mataray ang dating ng mukha nito ni hindi bumati sa amin.

Kasabay nyang pumasok ang isa pang lalaki na koreano rin na ang hula ko ay kambal ng babaeng koreana. Magkamukha kasi sila.

Isa lang ang masasabi ko sa kanilang apat. Pare-pareho silang guwapo at maganda. At base sa tayo at tindig nila may mga sinabi sila sa buhay.

But nothing prepared me sa lalaking sunod na pumasok.

?FInally Found Someone?
Bryan Adams ft. Barbara Streisand

?[Bryan:] I finally found someone, who knocks me off my feet;
[Bryan:] I finally found the one who makes me feel complete.?

Una kong napansin ang mga mata nya, his brown eyes na ng tignan ako parang binabasa pati ang nakatago kong espiritu.

Habang nakatitig sa mga mata nya unti-unti kong nararamdaman ang pagbilis ng puso ko.

?[Together:] This is it!
[Together:] Oh, I finally found someone; Someone to share my life;
[Together:] I finally found the one - to be with every night;
[Barbara:] Cause whatever I do
[Bryan:] It's just got to be you!
[Together:] My life has just begun, I finally found someone...?

"Hala! Ano to?"

Saka ko lang napansin na nagtititigan na kami.

"*Oh yeah I thought you want to go unnoticed Ysa ba't ngayon nakikipagtitigan ka sa lalaking iyan.*" Sa isiping iyon bigla akong napayuko. Hinawakan ko ang dibdib ko na unti-unting kumakalma ng alisin ko ang titig sa mga mata nya.

"Who the hell are you?" Ang galit na boses ng isang babae ang nagpaangat sa mukha ko.

Si Blonde girl ang nakatayo sa harap ko. Nakataas ang isang kilay at tinitignan ako mula ulo hanggang paa.

"Sino ka?" Ulit niya sa tanong nya. Nasa likod nya ang apat pa nyang kasama.

Ngumiti ako ng matamis.

"Hi I'm Angelique Ysa Santiago but you can call me Ysa for short, new student nice meeting you." Hindi ko pinansin ang nakakamatay nyang tingin.

"I dont fucking care who you are!" Galit na sabi niya.

Eh?

"Ah ganon po ba ano pong ibig nyong sabihin duon sa sino ka? May nakaupo po ba dito sa tabi ko." Tinignan ko ang bakanteng upuan na nasa aking tabi. I can see ghost, normal nasa akin iyon at kasalukuyan na wala akong nakikita dito sa tabi ko.

Pak!

Pumaling ang mukha ko pakanan ng sampalin nya ako.

"Hindi ako nakikipagbiruan sayo kaya sagutin mo ako ng maayos. What the hell are you doing here!"

"*Relaxs Ysa wag kang magagalit, remember peaceful life."*

Hawak ang pisngi na lumingon ako.

"Mag-aaral." Sagot ko ulit.

Pak!

Pumaling ang mukha ko pakaliwa naman ng muli nya akong sampalin.

Waaa ano bang problema nya sinasagot ko naman ng maayos ang tanong nya ah.

"Sinabi ko na hindi ako nakikipagbiruan sayo!"

Nakangiwi ako na muli syang humarap.

"Tell me po ano ba ang mali sa sagot ko? Tinanong nyo ako kung sino ako, as far as I know Angelique Ysa Santiago ang pangalan ko. Anong ginagawa ko dito? Maliban sa pag-aaral may iba pa po bang dapat gawin dito a school."

Napatawa iyong chinito sa sinabi ko.

"She's right Barbie, wala naman mali sa sagot nya mali kasi ang pagkakatanong mo eh."

Bumaling si Chinito sa akin.

"What she mean miss bakit ka dyan nakaupo, that's her seat."

Nanlaki ang mga mata ko at mabilis na tumayo.

"Ay iyon po ba iyon sorry po hindi ko alam?" Kumamot ako sa ulo. " Next time po kapag may nagtanong sa akin ng sino ako, alam ko na po ang ibig sabihin nakaupo ako sa bangko nila." Sabi ko saka dinugtong sa mahinang boses na alam ko rin naman na maririnig nila. "Ang weird ganon pala dito, iba ang gamit sa tagalog."

Bumunghalit ng tawa si Chinito at Koreano ng marinig ang sinabi ko.

"Aray!" Daing ko ng sambunutan ako ng Barbie.

"Nilolokо mo ba ako!"

Kahit hawak nya ang buhok ko mabilis akong umiling.

"Naku hindi po, bakit ko kayo lolokohin?" Takang tanong ko.

"Barbie that's enough." Saway ng malamyos na boses na galing kay Koreana.

Binitawan naman ako ni Barbie.

"Pasensya na po hindi po kasi ako marunong manloko kung gusto nyo pong lokohin ko kayo magp-practice po ako. Para maging maayos ang panlolokо ko sa inyo."

Napaupo ako ulit ng tumaas ang kamay ni Barbie.

"Tama na Barb." Buti na lang mabilis si Koreana napigilan nya ang kamay ni Barbie.

Sumunod naman si Barbie pagkatapos nyang sabihin sa akin ang mga katagang.

"Nobody talk back with me you stingy Nerd!"

Ano daw? Mabaho daw ako?

Wala sa loob na inamoy ko ang hininga ko.

Mabango naman amoy menthol. Then may kilikili. Mabango rin amoy strawberry.

"Mabango naman ako ah." Nasabi ko iyan ng malakas kaya lalong nagalit si Barbie girl sa akin.

"You!"

"Ah... lilipat na po ako." Dali-dali akong tumayo at naglakad.

"Ouch!" Daing ko nang mabangga ako sa isang matigas na bagay. "Naman bakit nagkaroon ng poste ng kuryente dito?" Nakayukong hinimas-himas ko ang noo ko.

Yes poste ng kuryente paano ba naman nakaramdam ako ng kuryente ng mabangga ako.

Nagtaas ako ng tingin.

Packing Tape!

Si Gwapong brown eyed ang nabangga ko!

Nakatitig sya sa akin at nakipagtitigan naman ako.

?[Barbara:] Cause whatever I do
[Bryan:] It's just got to be you
[Together:] My life has just begun; I finally found someone...?

Pisti! Nagp-palpitate ng mabilis ang puso ko at nalulunod ako sa mga titig nya.

"Oh my! What's happenning to me?"

"Ay butiking pasay!" Napatalon ako paatras ng tumaas ang isang kamay nya pahaplos sa kanang pisngi kong namumula dahil sa sampal ni Barbie.

?[Barbara:] And whatever I do.
[Bryan:] It's just got to be you!
[Barbara:] My life has just begun...
[Together:] I finally found someone...?

I jumped dahil sa malakas na kuryente na muli kong naramdaman.

At sa sobrang kamalasan ko napatid ako sa paanan ng bangko at paupong natumba.

"Ow! Tang milo! Putek ang sakit!"

Mukhang katawa-tawa ang itsura ko dahil tumawa si koreano at Chinito habang nakatingin sa akin.

"You're funny." -Chinito.

"Nakakatuwa may Clown na tayo dito." -Koreano.

Sa sinabing iyon ni Koreano tumawa ang mga klasmeyt ko habang ako napapangiwi.

"*I'm glad napapasaya sila ng katangahan ko."*

Pero ang weird kanina sobrang tahimik ngayon naman nagtatawanan sila.

"May nakakatawa ba."

Confirmed baliw ang mga kaklase ko. Kanina sabay-sabay na tumawa ngayon naman sabay-sabay huminto ng magsalita iyong gwapong lalaki na kulay brown ang mga mata.

"Stupid, hoy Nerd, get out of here! Ayaw kitang maging kaklase. At huwag ka ring papasok sa mga klase na naandon kami! I don't like you!

Matay ko mang isipin hindi ko alam kung paano ko gagawin iyon eh paano kung kaklase ko sila sa lahat ng subject ko, eh di hindi na ako mag-aaral?

Pero dahil masunurin ako heto ang sagot ko.

"O-opo." Nakangiwing sabi ko habang tumatayo. Ang sakit kaya ng balakang ko.

"No, walang aalis." Sansala ni Brown eyes man.

Bumakas ang pagtutol sa mukha ni Barbie.

"P-pero Vane-."

Wow isang tingin lang ni Brown eyes Vane huminto na si Barbie sa pagsasalita.

Lumakad si Vane, papunta yata sa upuan nya.

Nagpakatabi-tabi ako dahil ayaw kong magdikit kami. Baka may kuryente na naman!

Mukhang hindi nya nagustuhan ang ginawa ko dahil nilingon nya ako at tinignan ng matalim.

Nabigla ako ng hilahin nya ako at padaskol na iniupo.

Fudge cake! May kuryente na naman at syete ang balakang ko lalong sumakit.

Naupo si Vane duon mismo sa likod ng bangkong kinauupuan ko, nanigas tuloy ang likod ko.

Sumunod ang mga kasama nya pati ang nakasimangot na si Barbie. Lahat sila sa likudan ko naupo.

Ang mga kaklase ko nakatanga sa amin na para bang may kakaibang nangyari.

Bumuntung hininga ako.

Obvious na obvious na may sinabing itong limang ito dito.
Mas magandang umiwas ako sa kanila dahil ang mga katulad nga ng mga ito ang iniwan ko sa amin.

Inaayos ko ang salamin ko sa mata ng pumasok ang propesor namin, at gusto kong magtatalon sa tuwa ng hindi man lang nito ako pinansin kinuha lang nito ang form ko at basta na lang nilagay sa isang folder at nagsimula ng maturo.

Habang nagtuturo ito nakaramdam ako ng antok.

Accounting ang subject namin at kapag number na ang tinuturo inaantok ako sa di ko malamang dahilan.

Maya-maya pa napaob-ob na ko sa mesa at nawalan ng pakialam sa paligid.

*****

What the fudge berry!

Lumilindol ba? Bakit umaalog ang upuan ko?

Nagmulat ako ng mga mata. Nasa klasroom parin ako at patuloy parin na nagtuturo ang propesor namin sa harapan.

At kaya umuuga ang upuan ko dahil sinisipa iyon mula sa likod.

Packing tape! Ano bang problema?

Tumuwid ako ng tayo, nakatabingi pa ang salamin na tumingin ako sa likod at matalim na tinignan ang naroon.

"Problema mo!" Singhal ko.

Pagkasatapos kong sabihin iyon nagsi-singhapan ang mga klasmeyt ko.

At ang matalim kong tingin nauwi sa ngiwi.

Waaaa! Nakakatakot si Vane, sya ang sumisipa sa upuan ko at nagalit yata sa pagsinghal ko sa kanya, ang talim ng titig sakin.

"*Patay kang Ysa ka!."*

Nag peace sign ako.

"Ako pala ang may problema, sige lang po pagpatuloy nyo yan, upo lang ako dito." Naninigas ang likod na tinalikudan ko sya.

Sinalubong naman ako ng gwapong mukha ng propesor ko na si Mr. Apduhan.

Yes gwapo ang guro ko, pero alam ko, pagpasok pa lang nya sa pinto, naamoy ko na naka pederasyon sya. Yeah gay sya.

"Ikaw ba si Angelique Ysa Santiago?" May inis ang boses na tanong nya.

Sunod-sunod akong tumango.

"Well Ms. Santiago hindi ko pinapahintulutan ang pakikipaglandian sa loob ng klase ko."

Eh saang part ako nakikipaglandian.

Tsk siguradong may gusto kay Vane ang beking ito.

"Hindi po ako nakikipaglandian Sir-."

"Sa susunod na mahuli kita I will drop you to my subject." Dagdag pa niya na hindi pinansin ang sinasabi ko.

What the heck? Hind naman ako nakikipagpandian. Hindi ako ganito makipaglandian.

Bago ko pa man makontrol ang bibig ko may lumabas na duon.

"Sorry po sir pero hindi po talaga ako nakikipaglandian. kapag type ko po ang isang lalaki wala nang sabi-sabi at sere-seremonya hahalikan ko sya. Kapag nakita nyong ganon ang ginawa ko confirmed po na naglalandi ako." Walang preno ang bibig na sabi ko.

"Anong ibig nyang sabihin dun?" - klasmeyt 1

"Gaga what she mean is hindi nya type si Vane."-klasmeyt 2

Napamulagat ako.

Hindi ganon ang ibig kong sabihin.

"Par hindi ka type ni Ms. Nerd." Sabi ni Koreano mula sa likod ko.

"Hindi pa man nagsisimula basted ka na." Si Chinito saka sabay silang tumawa.

"Shut up!" Si Vane.

Nagtayuan ang mga balahibo ko ng marinig kong magsalita si Bev (heheh stand for Brown eyed Vane) ramdam ko kasi ang inis sa boses nya. At parang nagpapakawala nya ng madilim na aura. Ramdam ko din ang matatalim nyang titig sa akin.

Waaa hindi naman ganon ang ibig kong sabihin type na type ko kaya sya. Actually kanina pa nga ako nagpipigil na halikan sya.

"As if naman na type yan ni Vane ang panget nya kaya." Nakairap na sabi ni Barbie.

Ouch! Pinataserang frog lang te.

"Well Ms. Santiago. Wala akong paki kung nakikipaglandian ka o hindi, bukod sa pakikipaglandian, natutulog karin sa klase ko."

Dyan aminado ako sa bagay na yan talagang natulog ako.

"For that detention Ms. Santiago. One hour."

Hala detention kaagad wala man lang firts warning? First offense? Grabe tong bakla na 'to.

"Maliwanag ba Ms. Santiago."

Ano pang magagawa ko kundi tumango.

"*Pabigyan nagseselos eh."*

*"*May sinasabi yata si Nerd Sir."

Really hindi ko alam kung bakit pero pinag-iinitan yata talaga ako ni Barbie.

"May sinasabi ka?" Taas kilay na tanong ni Mr. Apduhan sa akin.

"Oo ip-parape kita sa apat na babae para maging lalaki ka." No naisip ko lang iyan ito talaga ang sinabi ko.

"W-wala po."

"Go infront and answer the question na nakasulat sa white board. Wala akong pakialam kung hindi ka nakinig nang pinapaliwanag ko yan kanina, dahil busy ka sa paglalandi." He said at naglakad pabalik sa harapan.

Sabi ngang hindi ako naglalandi (=_=) ang kulit ng pes ni Sir.

"Ano pang hinihintay mo, pasko?" Inis nyang tanong ng hindi pa ako tumatayo.

"Naku hindi po Sir, July pa lang po ngayon masyado pong matagal kung hihintayin ko ang pasko." Kumamot ako sa batok. "Ah bakit ko nga po pala hihintayin ang pasko Sir."

Kitang-kita ko ang pamumula ng mukha ni Sir.

What nagtatanong lang naman ako ah.

"Two hours dentention Ms. Santiago for talking back to me. At kapag hindi ka pa tumayo dyan kaagad gagawin kong limang oras yun."

Talking back daw eh nagtatanong lang ako. Ayos.

Pero mabilis akong sumunod mahirap na baka gawin ngang five hours ang detention ko waaa nakakainip iyon.

Pumunta ako sa harap at binasa ang tanong, pagkatapos ay sinagutan iyon.

After three minutes, tapos na ako at tinignan si Sir Apduhan.

Nganga iyan ang itsura nya.

Nang ang mga kaklase ko naman ang tinignan ko same expression din.

Hindi na ako tumingin kay Bev ko, hehehe inangkin ko na si Vane. Baka malunod na naman ako sa titig nya.

Binalik ko ang tingin kay Mr. Apduhan.

Nganga parin sya.

"*Really what the hell is his problem?"*

******

H/n

Hello.

Heto na po sya, ang kwento ni Angelique Ysa Fuentebella Santiago. Kinakabahan ako ayos lang ba??????

Ano sa tingin nyo? Please do comment para sa reaksyon nyo.

Waiting here and **sweating here.????**

Helliza Sabida

832017 coded number 18:04

All Right Reserved

2. Gang? o Pizza?

Ibinalik ko ang tingin ko sa white board ng hindi parin nagr-react si Mr. Apduhan.

Pinakatitigan ko ang sagot ko.

Tama naman lahat? Wala ako makita ni isang mali.

Balik ang tingin ko kay sir.

"Ah, sir okay lang kayo?"

Biglang tumikhim si Mr. Apduhan.

"Y-you may take your seat Ms. Santiago."

O...kay ang weird ni BB gandang- este ni Mr. Apduhan.

Yuko ang ulo na naglakad ako pabalik ng upuan.

Nang mapatapat ako sa isa kong klasmeyt nakita kong inilabas nya ang isa nyang paa para patidin ako, nakita ko pero hindi ako umiwas.

Ang resulta lagpak ako sa sahig.

Nagtawanan ang kaklase ko.

"What are you doing Ms. Santiago?"

"*Nags-swimming Sir try nyo masarap.*"

Tanga din itong si Sir tatanungin pa kung anong ginagawa ko eh diba nya nakita na nadapa ako.

"Natuwa po ako sa sahig kaya yinakap ko." Sabi ko habang tumatayo.

"Ay tanga Ysa bakit ganyan ang sinabi mo."

Napayuko ako.

"S-sory po."

Pinagpatuloy ko ang paglalakad pabalik.

"Tatanga-tanga kasi." Narinig kong sabi ni Barbie, na hindi ko pinansin.

Bago maupo napasulyap pa ako kay Vane, na nakatingin pa din sa akin.

"Putakte huwag mo akong tignan ng ganyan Bev ko nagkakaruon ng earthquake sa dibdib ko eh."

Bakit ba ganito ang simula ng first day ko, asan na ang pispul life huhuhu...

*****

Gutom na ko:(

Kanina pa nagsimula ang break ko pero papunta pa lang akong canteen.

Eh paano ba naman ang daming bully sa mga sunod kong subject.

Paghindi ako inuutusan, ginagawa akong punching bag.

Kanina nga bago ako pumunta dito, may dalawang babaeng sumampal sakin at sinabihan akong huwag ko daw lalapitan o mahawakan man lang si Vane.

Hindi ko sila maintindihan, dapat hindi ako ang sinasampal nila, eh hindi naman ako ang lumapit ah, si Vane ang lumapit at humawak sa akin dapat sya ang sampalin hindi ako.

Nakakaewan itong school na ito.

Narating ko ang cafeteria.

Hala! Hindi naman ata cafeteria itong pinasok ko, sosyal na resto ata, ang ganda eh ang kaso magugulo ang mga kumakain.

Nakita ko sa kanang bahagi sina Barbie Crawford, ang babaeng koreana na si Stephanie Kim ang kakambal nito na si Stephano at ang chinito na si Chezter Mondragon.

O di ba kilala ko na sila, paanong hindi ko sila makikilala eh sikat sila dito sa Campus.

Sila lang naman ang First Four ng Knight Hunter ang isa sa dalawang gang na namumuno dito. At ang leader?
Walang iba kundi si Vane Cedric Motereal.

Yeah si Bev. At iyong grupong naka asul na estudyante na nakikita ko sila ang mga member ng KH.

Sino iyong kulay Pula?
Sila po ang Black Wings na pinamumunuan ni
Rolf Vasquez ang first four ay si Gladys Ramirez, Gareth Sales, Raquel Natividad at Richard Cruz.

Hindi ko pa sila nakikita pero ang hula ko sila iyong nasa kaliwa.

Nahahati kasi sa tatlong bahagi ang restaurant este cafeteria na ito.

Tulad nga ng sabi ko ang nasa kanan ay ang KH at ang nasa kaliwa ay ang mga BW, at ang nasa gitna ay ang tinatawag nilang ELF.

Sila iyong mga estudyanteng hindi kasali sa parehong gang. Kapag Elf ka automatically na slave ka ng buong MC.

Uutusan, gagawing punching bag at ib-bully ka, talk or fight back siguradong kawawa ka dahil mananagot ka. Kaya naman iyong mga estudyanteng mga bagong pasok, dumadaan sa test ng napili nyang gang para mapasapi, aba gugustuhin mo bang maging utusan ng malaking eskwelahan na ito? Ang hiral kaya non.

Kung alam ko lang na ganito itong school na ito, hindi sana ako dito pumasok. Peaceful life nga ang nais ko eh.Buti na lang may Bev na masisilayan ang mga mata ko dito.

Speaking of Bev wala sya grupo nya, hindi ko tuloy mapigilan na malungkot.

"*Ay sira ka Ysa bakit ka malulungkot aber?"*

"Hoy Elf buy me a drink!" Utos ng isang Lalakk mula sa BW mahaba ang buhok nito na nakatirintas.

"Hey Elf can you please buy me a burger." Utos naman ni Chezter.

Iyong dalawa sa mga estudyante sa gitna na tahimik na kumakain at nakayuko ay mabilis na tumayo at sumunod sa mga utos.

I sighed deeply, dapat low profile ako, dapat maging isang ordinaryong Elf lang ako para hindi magulo.

Yuko ang ulong naglakad ako papuntang counter.

Nakarating naman ako ng walang pumapansin sakin.

Dali-dali akong nag-order.

OMG may pizza. Halos mapatalon ako sa tuwa ng makita ko ang paborito kong pagkain.

I like pizza, makapal,manipis kahit anong toppings at flavor basta pizza kakainin ko.

Tatlong slice kaagad ang binili ko saka pineapple juice.

Habang naghihintay ng order napatingin ako sa vending machine na nasa gilid (0_0).

Puro alak na nasa lata ang nakalagay duon.

"Hala! Pwede pala yan dito!"

Naglaway tuloy ako bigla.

Pizza and beer is perfect combination. Favorite combo ko.
Pero graduate na ako sa alak,kaya magtitiis nalang ako dito sa pinya.

Medyo busangot na naglakad ako papunta sa isang mesa. Duon sa gitna. Ayaw ko sa kanan at kaliwa.

Napatingin sa akin ang mga estudyanteng nakayuko sa kalapit na mesa, nginitian ko sila.

Hindi ko pinansin ang nagtataka nilang tingin.

Sumubo ako.

"Wow ang sarap." Namilog ang mga mata ko sa unang kagat palang.

Walang pakialam sa gulo ng paligid na nilantakan ko ang pizza. Bahala sila wala akong pakialam kahit mamatay silang lahat.

Hehehe joke lang.

Aktong kakagating ko na ang huling bahagi ng second slice ko ng bigla ako kinalabutan at magtayuan ang mga balahibo ko sa katawan.

Napaupo ako ng tuwid, natigil sa ere ang pizza na isusubo ko sana, nakanganga pa ako.

Tumingin ako sa kanan.
Naisubo at nalunok ko ng di nginunguya ang pagkain ng magtama ang mga mata namin ni Vane.

"Syete bakit nakatingin na naman sya?"

Napapukpok ako sa dibdib nang bahagya akong mabulunan, inalis ko ang tingin kay Vane at dali-daling uminom.

Napahinga ako ng maluwang ng maalis ang bara saka pasimpleng tinignan si Bev ko sa gilid ng aking mga mata. Bev ko talaga.

Bahagya akong napasimangot ng makitang may mga babaeng nakapalibot na at nakaangla sa magkabilang braso nya.

"Ano yan parang nasa bar lang."

Hindi ko alam pero naiinis na inalis ko ang tingin sa masakit sa mata na tagpo na iyon.

Bahala sila kakain na lang ako ng pizza.

Kinuha ko iyong huling slice at aktong kakagatin ng mapatingin ako sa kaliwa.

Sabi ko na may nakatingin din sakin eh.

Mestiso sya, at may dimple sa magkabilang pisngi.

Palipat-lipat ang tingin nya sa akin at kay Vane na nakatitig parin.

Maya-maya pa bigla syang tumawa ng nakakaloko.
Napatingin sa kanya ang lahat.

Ayos iyong tawa nya parang di gagawa ng maganda.

"Huwag mo nalang pansinin."

Pinagpatuloy ko ang pagkain ko, ang kaso hindi pa man ako nangangalahati may humila na sa upuan na nasa harap ko.

"Hi I'm Rolf Vasquez, and you are the new student right?" Si Mestisong may dimple ang naupo.

Kagat-kagat ang pizza na tumango ako.

Eh? Bakit biglang tumahimik ang paligid.

"Do you want to be in my gang?"

Kasabay ng singhapan na narinig ko ay ang pagsigaw ng babaeng kulutan ang buhok at seksing manamit mula sa kaliwa.

"Rolf!" Lumapit iyong babae sa amin. Wow pati sa paglalakad ang seksi.

"Bakit isasali mo sa atin iyang panget na nerd na iyan." Sabi nito ng makalapit.

Pintaserang frog din, parang si Barbie. Pagbuhulin ko kaya sila?

"Whats wrong with her Gladys? And she's not ugly she's cute."

"*Ay aylabyu na kuya, kahit alam kong may pinaplano ka."*

Tinignan ako ng matalim ni Gladys.

"Hindi sya cute. At mukha syang lampa."

Lampa daw oh.

"Are you questioning me Gladys? As far as I know ako ang leader at hindi ko kailangan ng opinyon ng kahit na sino sa gusto kong isali. I want her kaya sa BW sya."

Tameme si ate, katakot naman kasi si Kuya, hala! Teka wait anong pinagsasabi nya.

Bumaling sakin si Rolf, nakangiti na ulit.

"Join my gang, promise hindi kita papahirapan sa initiation."

Hanu daw?

Bago pa ako makapagreact hinawakan na ako sa kamay at kinaladkad na ako ni Rolf palabas

Nabitawan ko iyong pizza. Waa ang kawawa kong pizza.

Ngunit hindi pa man kami nakakalapit sa pinto may humila naman sa isa kong kamay.

Nabitawan ako ni Rolf at sumadsad sa isang malapad na dibdib.

And here comes the electricity again.

"Ang bangong poste naman nito." Sabi ko pa habang sumisinghot.

"She's mine!"

Napatingala ako kay Vane.

Dugdug...dugdug..

Para akong lokaloka alam ko na ang ibig nyang sabihin ay he wants me in his gang kung maging member o Elf hindi ko na alam, pero ang puso kong may sakit yata ngayon iba ang pagkakaintindi sa sinabi ng Bev ko.

"Huwag kang makialam dito Motereal akin sya. I saw her first."

"Kung sa unang nakakita lang naman Vasquez talo ka na." Sagot ni Vane.

Nang-aasar na ngumiti si Rolf.

"Ganon, fine pero una akong kumilos, at nag-offer kaya akin to." Hinawakan nito ang kaliwang braso ko. Humigpit naman ang kapit ni Bev sa aking kanan.

Waaa ano to hilahan lubid? Tug of war? At bakit kung mag-usap sila para lang akong gamit.

Nagtitigan silang dalawa.

Infairness sa kanilang dalawa pareha silang gwapo.

"Mas gwapo si Bev ko." singit ng talandi kong isip.

Habang nagtititigan sila may narealize ako.

Itong dalawang ito ay mortal na magkaaway at ako ay isang kawawang nilalang na naipit sa gitna.

Sinimulan akong hilahin ni Rolf di naman nagpatalo si Vane.

Waaa masakit, talagang pinangatawanan nilang gawin akong lubig sa tug of war na ito.

Mahigpit ang pagkakahawak sa akin ni Rolf, para ngang gusto nyang tanggalin ang kaliwang braso ko. Samantalang si Bev oo nga at mahigpit ang pagkakahawak pero may gentleness naman.

"Hala Ysa anong gentleness yan hinihila karin nya baliw ka."

"Wait po-."(=_=) Hindi nila ako pinansin. Ano ba yan ang gusto ko lang naman ay kumain ng pizza.

Nakaramdam ako ng inis and before I can control myself hinila ko ng malakas ang dalawang braso ko para makawala sa kanilang dalawa.

Gulat na napatingin ang dalawa sakin.

Nagtataka siguro kung paanong nakawala ako ng ganon-ganon lang.

"Wait lang po okay." Hindi ko pinansin ang nagtataka nilang tingin, hinilot ko ang magkabilang braso ko.

Huhuhu siguradong pasa ang abot ko nito.

Napatingin duon si Vane at kumunot ang noo, dahilan para ilagay ko sa magkabilang tagiliran ang aking mga braso.

Matatalim na ang tingin ng titigan nilang dalawa ng muling dumako ulit ang tingin ni Vane kay Rolf.

Kulang nalang ng kidlat at kudlot para mas intense na ang kanilang titigan.

"Wait lang po mga Master, hindi nyo naman po sinabing uso pala ang tug of war dito, eh di sana nagdala ako ng lubid para hindi ako ang hinihila nyo." Kumamot ako sa ulo at inayos ang salamin ko na tumabingi na.

"At kung tama ang pagkakaintindi ko po gusto nyo pong isali ang sa mga gang nyo? At dahil me myself and I ang pinag-uusapan dito hindi po ba ako pwedeng mamili?"

Tinignan ko silang dalawa.

"Wala kang pagpipilian Nerd you're mine the moment I laid my eyes on you."

Fudege bar! Kinikilig ako sa sinabi nya...Bev ko huwag kang ganyan baka di na ako makapagpigil halikan nalang kita.

Tumawa si Rolf.

"Parehas tayo Montereal alam kong akin sya ng una ko syang makita kanina."

O ha ang haba ng hair ko, pero sigurado ako, itaga mo sa bato sinabi lang iyan ni Rolf para inisin si Vane.

Effective dahil mas tumalim ang mga mata ni Bev ko.

Umakto syang hahablutin ako ulit pero mabilis na akong umilag.

Ayaw ko munang dumikit sa kanya baka mahalikan ko na sya eh.

"Bakit hindi mo na lang hayaan yang Nerd na yan kay Vasquez Vane?" Si Barbie.

"No, bakit hindi mo nalang hayaan sa kanila yang Nerd na yan Rolf." Si Gladys.

Hindi ko napansin na nakalapit na silang dalawa.

Hindi sila pinansin ng dalawang kalaki.

"Hoy panget umalis ka na nga rito, nawawalan ako ng ganang kumain dahil sayo." Sikmat sakin ni Barbie.

"Sige pagpatuloy mo lang yan Barbie ng makaalis na ako dito."

*"*Hindi pwedeng umalis si Sweetie, kailangan nya pa akong piliin." Nang-aasar na sabi ni Rolf.

My gulay! Sweetie?! What's happening sa peaceful life kong plano? Bakit first day pa lang yata magulo na?

"Pero Rolf-."

"Pizza!" Kasabay ng pagsasalita ni Gladys ay ang pagsigaw ko.

"What?" Si Barbie.

Nakatingin silang lahat sa akin na para akong naloloka.

Ikaw ba naman ang sumigaw ng pizza out of the blue at out of the topic, ewan ko na lang kung di ka mapagkamalang si Sisa.

"Pizza po ang pinipili ko." I said sabay balik sa mesa, kinuha ko ang bag at ang kapirasong pizza na nabitawan ko kanina bago ako mabilis na lumabas ng cafeteria.

Sa bilis ng kilos ko hindi na nila ako napigilan.

Kung matalino ka alam mo na ang ibig sabihin ng ginawa ko.

At kung slow ka naman tulad ko minsan, well ladies and gentlemen that's how I became an Elf ... ng dalawang gang, hayyy(=_=) so much for my peaceful life.

Kaloka!

****
H/N

Maikling UD ulit xenxia na?

Kumuzta naman si Ysa at si Bev hehehe nakiki Bev narin ako.

Comment po para malaman ko iniisip nyo, mejo alanganin parin ako sa story na ito eh. Kailangan ko ng support hahaha.

At kung napapansin nyo ang panget ng book cover. Xenxia na po wala talaga akong ka art- art sa katawan hehehe iyong mga BC ko puro ginawa lang ng iba. Kaya pagpasensyahan nyo na hihihihh kung may gagawa po salamat po talaga ng marami....asan ka na ba kasi Tom MIA ka nanaman i hate you????? paramdam ka na ulit.

Thanks po

Helliza Sabida

All Right Reserved

8122017 coded number 18:07

3. 2nd day

Dedicated to @unspokenheart ang sipag nyang magcomment sa His Blue Eyed Bad Girl Angel every chap pa. At na touch pa ako sa sinabi nya. Undiscoverd Gem ang HBEBGA:) :). Salamat talaga sana mabasa mo ito.

*****

Isa na akong ganap na Elf.

Katulong/slave/alalay/muchacha.

Anak ng tokneneng kung alam ko lang na ganito kahirap eh di sana pinili ko na si Bev ko.

Para ngang pagkakatulong ang pinasok ko dito at hindi pag-aaral, aba kung ano-ano ang inuutos nila sa akin.

Naroong pagbuhatin ako ng gamit, pabilhin ako ng pagkain, pagwalisin ako sa gym, pasayawin, pakantahin, pagpulutin ng bola habang may naglalaro ng tennis, pagawin ng assignment, aba ultimo pagsusubo ng pagkain nautusan ako, masasabi kong tamad ang mga estudyante dito. Tamad

Grabe sila tapos may kasama pang sampal, kurot at minsan sambunot may nagtangka pa ngang manghawak nakatakbo lang ako.

O di ba napakagulo ng pangalawang araw ko, aba kung hindi lang mahaba ang pasenya baka...

Oppss stop it Ysa huwag ganyan bad yan.

"Ayos ka lang Ysa?" Mula sa paglalampaso ng hagdanan napatingin ako kay Genny Arnaiz or Gen for short, isa rin syang Elf na katulad ko, iyong klase ng Elf na kailangan sumunod sa lahat.

Nalaman ko kasi na tatlong klase ang Elf.

Iyong Elf na kailangan sumunod sa lahat ng estudyante dito sa MC. Then the KH Elf na ang sinusunod lang na utos ay ang mga miyembro ng Knight Hunters. At syempre ang BW Elf na Black Wings lang ang sinusunod. Mas masuwerte ka daw pag Elf ka ng isa sa dalawang gang, may mga advantages kasi.

Pwede kang makapasok sa hide out nila, makasama sa mga lakad at makadalo sa mga okasyon.

Sa totoo lang ang daming arte ng mga estudyante dito. Ang daming galaw.

Nasabihan pa nga ako ni Gen na tanga daw ako. Iyong dalawang lider na daw ang gusto akong makuha umayaw pa ako.

Tinawanan ko lang sya at hindi na nagkomento.

Nakilala ko si Gen ng parehas kaming mautusan na magwalis sa napakalaking gym dito at sa tagal at laki non nakapagpalagayan na kami ng loob.

"Okay lang ako." Sagot ko

"Sure ka? Baka kasi nabibigla ka sa mga nararanasan mo at sa dami ng utos na pinapagawa sayo."

Umiling ako. "Ay naku hindi, oks na oks ako." Nakatawang sabi ko.

Natawa narin si Gen, tawa na nahinto nang makita nyang pababa ang mga miyembro ng BW minus Rolf, dali-dali syang tumabi at yumukod, samantalang ako di na nakatabi eh paano ba naman mabilis na humarang si Gladys sa dadaanan ko.

Nakatingala ako sa kanya kasi nasa itaas na baitang sya.

Kumanan ako para tumabi, pero kumanan din sya. Kumaliwa ako, kumaliwa din sya.

Inulit ko, pumunta ako sa kanan ganon din ang ginawa nya, punta ulit sa kaliwa, punta rin sya.

Iyong tatlo pang First Four nahinto narin nasa may mas mataas na hagdanan sila sa likod ni Gladys, pinagmasdan lang kami.

Kumaliwa ulit ako. Then kanan.
Kaliwa.
Kanan.
Kanan.
Kaliwa

Kumunot na ang noo ko at tinignan sya na nakataas kilay na sa akin.

"Tabi." Mataray nyang sabi.

Eh? Natabi naman ako ah, sya itong nasunod sakin eh.

Kumaliwa ulit ako.
Kumaliwa na naman sya.

Ano ba yun? Nakikipagpatintero ba sya? Dapat ba hindi namin papalampasin ang isat-isa?

Sa isiping iyon idinipa ko ang dalawa kong kamay, hawak-hawak ko pa ang mop sa aking kanan.

Nagdilim ang mukha ni Gladys.

"Anong ginagawa mo?"

"Magpapatintero pala tayo Lady hindi nyo naman ako inorient kaagad." I said.

Master at Lady iyan ang tawag ng mga Elf sa mga gang members, o di ba ang sosyal.

"Niloloko mo ba ako?"

O di ba ako pa daw ang nanloloko.

Sino kaya sa amin dalawa ang gustong maglaro ng patintero sa hagdan sya hindi ba, nakakaloko kaya iyon pwede naman kaming maglaro sa ground dito pa sa hagdanan nya gusto.

Kakaloka.

Pak!

Pumaling ang mukha ko pakanan ng sampalin nya ako.

Pang lima.

Pang lima sya sa babaeng sumampal sa akin ngayong araw at pakiramdam ko nangangapal na ang mukha ko sa kakasampal nila.

Naramdaman ko ang pamilyar na pagpitik sa may sentido ko, pumikit ako ng mariin at kinalma ang aking sarili.

Hindi pa nasiyahan si Gladys, tumilapon ang hawak kong mop ng isalya nya ako sa pader.

"Ikaw na babae ka, huwag kang magmamalaki, hindi porke't gusto kang isali ni Rolf sa amin lalaki na iyang ulo mo at magmamayabangan ka na. Elf ka parin rito at wala kang karapatan na sagutin o kausapin man lang ako!" Nanlilisik ang mga mata na sabi nya.

Ramdam ko ang ang kirot sa likod ng ulo ko dulot ng pakakauntog.

"Pero hindi naman kita kinakausap Lady, ikaw ang nakikipag-usap sa akin." Pagtatama ko.

Lalo yata syang naiinis sa sinabi ko.

Sinikmuraan nya ako, napahawak ako duon at napayuko.

Itinaas nya ang mukha ko sa pamamagitan ng pagsambunot sa akin.

"Sa susunod na pagsagot mo sa akin mas masakit pa dyan ang mararanasan mo. Naiintindihan mo?"

Nakangiwi ang mukha na tumango ako.

Isang sampal pa ang iniwan nya sa akin bago sya nagpatuloy sa pagbaba, iyong mga kasama nya tinitignan ako ng puno ng kuryusidad habang bumababa.

"Mahina sya, bakit gusto ni Rolf na sumali sya sa atin."

"Take note pati si Vane gusto syang makuha."

"They're looking for a toy I'm sure."

Narinig ko ang lahat ng iyon kaya nasundan ko sila ng tingin.

"Ysa! Okay ka lang?" Puno ng pag-aalala na sabi ni Gen sa akin habang lumalapit.

Napatingin ako sa kanya at wala sa loob na napatango.

"Ang hot nila no." Sabi ko.
"Dapat lagi silang umiinom ng malamig na juice, lalo na si Lady Gladys, sobrang hot eh nakakapaso."

Hindi makapaniwala na tinignan ako ni Gen.

"Iyan lang ba ang masasabi mo? Hindi ka man lang ba natatakot sa kanila?"

Bumaba ako at pinulot ang mop na nabitawan ko kanina.

"Eh? Bakit ako matatakot sa kanila, hindi naman sila mukhang aswang?" Nagtataka rin na sabi ko.

Halos lumuwa ang mga mata ni Gen sa sinabi ko.

Napakunot noo naman ako.
Hindi ko talaga makuha ang ibig nyang sabibin.

*****

Gen P.O.V

Hindi talaga ako makapaniwala habang nakatingin kay Ysa.

Hindi talaga sya natatakot, basang-basa ko pa nga sa mukha nya ang pagtataka kung bakit ganon ang tanong ko sa kanya.

Para sa isang transferee hindi dapat ganyan ang reaksyon na makita sa kanya. Dapat takot na takot na sya, laging nakayuko at maingat kumilos.

Ganyan ako ng unang araw ko rito, gusto ko na nga sanang umalis, but my father want me to graduate here kaya nagtitiis na lang ako, kapag naman sumunod ka hindi kanila gagalawin, maliban na lang kung gusto nilang mang-trip.

Tulad ng ginagawa nila kay Ysa.

Imposible talagang hindi sya mab-bully. Sa itsura kasi nyang yan mukha syang kakayan- kayanin.

Mahaba ang buhok ni Ysa abot, hanggang bewang itim na itim at wavy, maganda sana kaso ang gulo-gulo ng buhok nya iyong parang hindi nagsusuklay pagkagising. Hindi man lang nya tinatali basta nakalugay lang, at kahit sinambunutan sya ni Gladys hindi man lang sya nagsuklay mukha tuloy syang bruha.

Ang laki din ng salamin nya, halos itago na nga ang buo nyang mukha. Kung hindi mo pa sya papakatitigan mabuti hindi mo pa makikita na may itsura sya.

Naka uniform din sya tulad ko. Black palda at white na pang-itaas na may necktie.

Kung ang suot ko wala kahit anong dumi at wala kang makikitang gusot. Ang sa kanya mukhang hinugot lang sa kabinet ang pang-itaas, may mga mantsa at dumi pa, may putik pa nga akong nakita. Iyong palda naman nya umabot hanggang tuhod at marumi narin dahil ilang beses syang napaupo nung tinutulak sya ng ilang miyenbro ng KH. Samantalang ang sa akin halos kalahati na ng hita ko ang haba at malinis. Ang tanging malinis lang yata sa kanya ay ang suot nyang converse shoes na kulay puti.

Nakakapagtakang kung anong dumi nya, sobrang linis naman ng kanyang sapatos.

"Uy Gen." Tawag nya sa akin ng hindi ako kaagad nakaimik sa sinabi nya.

"Bakit kako ako matatakot sa kanila eh hindi naman sila mukhang aswang or zombie?"

"Ha?" Hindi ko talaga masagot ang tanong nyang iyon.

"You should be afraid, they can make your life here, a living hell." Wika ng tinig sa itaas ng hagdan kaya sabay kaming napatingala.

*****

Ysa P.O.V

Sabay kaming napatingin ni Gen sa itaas nang may nagsalita ruon.

Isang sexy na babae ang nakita ko.

Naka blue skirt sya at pink blouse.

"Lady Audrey Monteverde." Bati kaagad ni Gen sabay yukod

Ganyan pala ang pagbati rito, kailangan yumuko ka kapag may kakausap sayong miyembro ng gang.

"*Hala nakalimutan kong yukuan si Gladys kanina!"*

Naramdaman ko ang paghawak ni Gen sa kamay ko, tumingin ako sa kanya at nakita kong pinandidilatan nya ako at sinesenyasan na yumukod.

Yumukod naman ako kaagad.

"Hello sayo." Dagdag ko pa na ikinanlaki ng mga mata ni Gen.

"Ysa..." she hissed, bakas ang takot sa tinig.

Dumeretso ako ng tayo. Hindi naman kasi sinabi kung gaano ka katagal na nakayukod saka nakakangalay naman kung buong oras na nasa harap mo ang mga ito eh nakayukod ka, di ba.

"Bakit?" Tanong ko kay Gen.

Nanlaki na lang ang mga mata nya at nagpakayukod- yukod pa ng nasa harap na namin iyong Audrey.

"Hello to you too. Audrey Monteverde Knight Hunters members and Vane cousin." Iniabot nya ang kamay sakin.

"Ay pinsan ni Bev."

Inabot ko ang kamay nya. "Hello pinsan, ay este Lady Audrey."

Si Gen hihimatayin na yata sa mga pinag-gagagawa ko.

Hindi binitawan ni Audrey ang kamay ko, bagkus humihigpit ang hawak niya ruon, para bang gusto nyang durugin ang aking mga buto.

"*Nanggigigil ba sya sa kamay ko?"*

"Matakot ka kasi kaya-kayang nilang gawing impyerno ang buhay mo rito and knowing Gladys siguradong iisip pa iyon ng paraan para sumuko at umalis ka rito." She said na kinakunot noo ko.

"Bakit nya ako papaalisin? Saka bakit iisip pa sya ng paraan? Pwede naman nya akong kausapin na umalis."

"Bakit aalis ka ba?"

Syempre hindi gusto ko pang masilayan si Bev.

"Ah...okay."

Si Audrey naman ang nangunot ang noo.

"Naiintindihan mo ba ang sinasabi ko?" Binitawan nya ang kamay ko.

Mabilis akong tumango.

"Oo sabi mo, kaya nilang gawing impyerno ang buhay ko rito." Sabi ko.

Tinignan ni Audrey ang mukha ko, pagkatapos ay lumipat sa kamay kong pinanggigilan nya kanina.

"Hindi ka ba nasaktan?"

"???" Ako.

Naguguluhan na ako sa mga tao dito promise.

Kung ano-ano ang sinasabi at tinatanong sakin.

"Ah...eh.. saan ako nasaktan?" Tinanong ko na hindi ko na alam ang isasagot eh.

Lalo akong naguluhan ng tumawa sya ng malakas.

"No wonder he like you. And you know what I like you too mula ngayon friend na kita." Niyakap nya ako.

Nakiyakap narin ako kahit naguguluhan.

Nang kumalas sya ngiting , ngiti parin sya.

"See you later."

Napasunod na lang ako ng tingin ng naglakad na sya paalis.

"Alam mo Gen ang weird nyo rito." Nasabi ko pa ng makita ko si Gen na nakangangang nakatingin sakin.

"Kami pa talaga ang weird Ysa."

"O, eh analang ako." Sa isip ko na lang sinabi iyon baka mas lalong maging si weird si Gen eh.

Nagpatuloy na lang ako sa pagm-mop gusto ko nang umuwi.

*****

Pabagsak akong nahiga sa papag na syang higaan ko dito sa maliit na apartment na aking inuupahan.

Nakakapagod din pala ang sunod-sunod na utos, hindi na nga ako nakapasok sa ilang subject ko. Para bang sanay iyong mga teacher dito na hindi pumapasok ang mga estudyante nila, lalo na kapag bagong estudyante.

Okay lang sana maging alipin kaso nakakalungkot hindi ko nakita si Bev ko ngayong araw na m-miss ko tuloy sya.

"Anong na m-miss Ysa? Batukan mo nga ang sarili mo lumalandi ka."

Ilang minuto ang lumipas nakaramdam ako ng pagkainip, wala naman akong maisip na gawin.

Tumayo na lang ako, umupo sa sahig at nagsit-up.
Pero malapit na sa fifty ang nagagawa ko hindi parin matanggal ang pagkainip ko.

Hanggang sa lumabas na lang ako at sumakay sa bisekletang ginagamit ko sa pagpasok sa MC.

Tinahak ko ang papuntang kakahuyan na tinatawag nilang Mogpog at mabilis na pumadyak.

Sa unang hampas ng hangin sa aking mukha naexcite na ako.
Lalo ko tuloy binilisan ang aking takbo.

Wala sa isip ko na maari akong madisgrasya o masugatan. Ang naisip ko lang magmaneho ng magmaneho.

Alas-sais na ng hapon ng maisipan kong umuwi na.

Busy ako sa pagd-drive ng makarinig ako ng putok ng baril, napa-preno ako at nakiramdam sa paligid.

Duon sa pababang bahagi nanggaling ang putok ng baril, may naririnig din akong mga tinig.

Bumaba ako ng bike at tahimik na naglakad patungo ruon.

Oh my gatas! O_O.

Nagulat ako sa nakita ko, ang Knight Hunters at pinalilibutan sila ng labing limang kalalakihan na may hawak na tubo, dos por dos, kutsilyo at isang may hawak na baril.

Hala may gera!

Bigla akong na excite.

Excitement na dagli ring nawala ng tutukan ng may hawak na baril si Vane.

Aba, aba hindi ko pa nga nahahalikan si Bev ko tsutsuguhin na kaagad ng panget na malaking mata na ito.

"Look what I got here, hawak ko lang naman ang buhay ng mga Knight Hunters." Sabi pa ng lalaki na tumawa ng malakas.

Syete ang sakit sa tenga.

"Alam mo ba ang ginagawa mo?" Seryosong tanong ni Chezter dito.

"Oo anong palagay mo sa akin? Siguradong kikilalanin ang grupo ko pag napatay ko kayo. Pati sa ibaba kikilalanin ako." At tumawa na naman sya.

Pangarap ni kuya maging si Lucifer, ibaba daw eh.

"You're a joker."

Napaunat ako ng hampasin ng isa si Vane ng tubo sa likod.

"*Aba! Aba! Bakit si Bev ko ang hinampas eh si Stephano ang nagsalita!"*

Si Vane hindi ininda ang hampas, tuwid pa din syang nakatayo, at blanko ang ekpresyon ng mukha.

Waaa ang gwapo ni Bev ko.

But then I saw red ng muling pumailanlang ang putok ng baril.

Kitang-kita ko ang pagkalat ng dugo sa kaliwang balikat ni Vane. Halatang-halata iyon dahil naka white V-neck tshirt sya.

Tulad ng sa pagpalo sa kanya kanina, wala man lang syang reaksyon, wala man lang nakikitang sakit sa kanyang mukha.

Gusto ko sanang tumawa dahil bumakas na ang takot dun sa mukha ng panget na lalaki, pero hindi ko magawa dahil talagang naiinis ako.

Binalikan ko ang bike ko at sumakay duon, nagmaniobra ako pabababa at tumili ng pagkalakas-lakas kahit hindi pa nila ako nakikita.

"Ahhh!"

At dahil pababa ang daan ang tulin ng takbo ko.

Lahat sila nagulat ng makita ako.

Kitang-kita ko rin ang panlalaki ng mga mata ni Vane.

"Ahhh! Tabi kayo."

Nagpagewang-gewang ako.

Dinaanan ko lahat ng mga kalaban ng KH at binangga ang mga kamay nilang may hawak na armas, pati iyong may hawak na baril, gusto ko pa nga sanang tadyakan, maiganti ko man lang si Bev ko kaso ang bilis ng takbo ko eh.

Nalagpasan ko na silang lahat, pumikit na lang ako ng makita kong mababangga na ako sa puno. Nagdadasal na sana hindi masira ang bike ko huhuhu ito na lang ang natitira sa mga gamit ko eh.

Malapit na akong mabangga sa puno ng may humila sa akin.

Nagpagulong-gulong kami, iyong mga braso nya nakahawak sa ulo at katawan ko. Securing me to any harm.

I was electrified. Nang huminto kami isa lang ang nararamdaman ko.

Kuryente. Isang nakakakiliting kuryente.

Syete! Kinakapos ako ng hininga.

Sinalubong ako ng kulay tsokolate nyang mga mata.

Kumalat ang dugo sa mukha ko ng ma-realize ko ang ayos namin.

Nasa ibabaw nya ako, nakayakap sya sakin at ang mukha nya, packing tape ang lapit!

"Ang bago ng hininga nya." Kahit habang buhay ganito ang ayos namin ni Bev ko okay lang.

"Ano Ysa mag landi ka pa."

Naghuramentado pa ang puso ko ng sumulyap sya sa mga labi ko.

"Fudge cake! Nagtooth brush ba ako kaninang umaga?"

"Putek hindi yata!" Natatarantang sigaw ng isip ko.

Then his brown eyes became dark.

At nang lumapit pa ang mukha nya isa lang ang naisigaw ng isip ko.

"*Fudge cake! Tang-milo! Puso ko umayos ka!"*

*****

H/n

Hahahha landi ni Ysa.
Ano sa tingin nyo?

8272017uvft 12:34

4. Gulo

Dedicated to @drelynAmbor salamat po sa unang mga reads at votes.

At sa mga nagtatanong po.

Opo cellphone lang po ang gamit ko sa pagsusulat.? kaya ito ang pinakamahalagang gamit ko.

Enjoy reading????

*****

"Are you okay?" Tanong sakin ni Bev ng huminto ang mukha nya kalahating pulgada mula sa mukha ko.

Napalunok ako.

"Huh?" at napatingin sa mga labi nya.

"Pwedeng pahalik isa lang." Request ng isang bahagi ng isip ko.

"Tumigil kang talandi ka!"

Nagkakaruon ng gera sa isipan ko hindi ko alam kung tatawirin ko ba itong maliit na pagitan ng mga mukha namin o ano.

Lalong nagkaruon ng gera ng lumipat din ang mga mata nya sa aking mga labi.

"Juice ko bakit parang umiinit?"

Nang muling gumalaw papalapit ang mukha nya, gumalaw naman ang kamay ko pahawak sa balikat nyang may tama ng baril.

Bumakas ang sakit sa mukha nyang huminto ang paglapit sakin.

Ako naman napakurap-kurap at halos magkandaduling dahil sa sobrang lapit ng mukha nya.

"Alis dyan?"

"Huh?"

Napatingin na naman sya sa mga labi ko sabay mura.

"Shit!"

Tinulak nya ako.

Pero hindi tulak na malakas bagkus nakaalalay sya sakin at ingat na ingat na para bang mababasag ako pag bibigla sya ng kilos.

Tumayo kami.

Kung may ilalakas pa ang tibok ng puso ko malamang daig pa nito ang speaker sa lakas ng tibok.

Nakarinig ako ng sigaw at mga ungol.

Si Vane na nakahawak sa bewang ko ay hinila ako sa likod ng isang malaking bato.

"Stay here. Kahit anong mangyari huwag kang lalabas hanggat hindi kita binabalikan."

Nakangangang tumango ako.
Kahit hindi pumasok sa isip ko iyong sinasabi nya.

Busy ang utak ko sa pagr-reply ng eksena namin kani-kanina lang.

"Do you understand me?"

"Ha?" Napakurap-kurap ako. "Ah oo hindi ako aalis dito. Kahit abutin pa ng pasko, hangga't hindi ka bumabalik." Sabi ko.

Kumunot ang noo nya.

"Babalik kaagad ako." Singhal nya.

"*Hala bakit nagagalit sya?"*

"Naiintindihan mo ba babalikan kita kaagad. Kaagad Miss."

Pinagdiinan nya iyong salitang kaagad.

"Oo nga po. Hindi ko naman po sinabi na matatagalan kayo." Sabi ko naman.

Napabuntung-hininga sya.

Tumalikod naglakad ng tatlong hakbang huminto at muli akong nilingon.

Ilang segundo nya akong tinitigan bago sya bumalik sa mga kasamahan nya.

Napahawak na lang ako sa dibdib ko. Ang bilis-bilis talaga ng tibok niyon.

Pagkatapos ramdam ko parin ang init ng katawan nya.

Huminga ako ng malalim at sumilip sa gulong nangyayari.

Knight Hunters is good in fighting. Kahit na nga outnumbered ang mga ito.

Si Barbie at Stephanie magaling makipaglaban kahit babae.

Si Chezter at Stephano guwapong-guwapo parin habang gumagalaw.

But ang nakikitang nakikipaglaban si Bev ang nagpahinto ng hininga ko.

Lahat ng tamaan nya tumba, isang suntok lang. Partida pa may tama pa ng baril yan.

At kahit walang ekspresyon ang mukha nya ang gwapo-gwapo nya pa ring tignan.

At dahil busy ako sa paglalaway sa kagwapuhan ng Bev ko hindi ko napansin ang tao papalapit sa aking likod.

Then the next thing I knew nakahiga na naman ako sa lupa.

I hissed in pain ng pasambunot akong itinayo ng lalaking humampas sa akin ng baril.

"Aray naman kuya meron naman akong kamay bakit kailangan sa buhok mo pa ako hilahin." Daing ko.

Bulag ata to eh. Itatayo lang ako, buhok ko pa ang gagamitin pwede namang kamay.

Iyong lalaking may hawak ng baril kanina ang nakita ko.

Nakangisi sya sakin habang tinututukan ako ng baril.

May naradaman akong likido sa gilid ng kaliwa kong mukha at nang hawakan ko iyon at nang tignan ko ang mga daliri ko nababalutan na iyon ng dugo.

Kumunot ang noo ko.

"Bakit andito ka kuya? Andun kaya ang laban." Sabi ko.

Natigilan si kuyang may hawak na baril at tinignan akong deretso ang tayo.

"Pinalo kita ng baril sa ulo."

"Oo kuya." Sabi ko naman.

Lalong nagsalubong ang kilay nya.

"Pinalo kita ng baril sa ulo."

"Oo nga kuya." Sabi ko ulit.

Bumakas ang pagtataka sa mukha nya.

"Pinalo kita ng baril sa ulo."

Si kuya pauli-ulit, unli lang unli?

"Oo nga po baril nga ang pinanpalo nyo, hindi ko naman sinasabing pinalo nyo ako ng kahoy kuya."

Bumakas ang di pagkapaniwala sa mukha nya tinignan ulit ako.

Tinignan ko rin sya.

Ano kayang kailangan ni kuya sakin?

Mayamaya ngumisi si kuya at hinila ako palabas sa likod ng bato.

"Halika."

Hala sabi ni Bev huwag akong lalabas hanggat hindi sya dumarating.

Pero bago pa ako makapagprotesta na kalapit na kami sa kanila.

"Look what I found." Sabi ni kuya sa mga KH na ngayon ay wala ng kalaban. Tumba na ang lahat.

Tumingin sila sa amin ni kuya at sabay-sabay na nanlaki ang mga mata ng mapagmasdan ang itsura ko, duguan habang nasa likod ko si kuya nakapalibot ang isa nyang braso sa leeg ko habang nakatutok sa akin ang baril nya.

Van brown eyes followed the blood that keep flowing in my wound.

Hindi ko mabasa kung ano ang iiniisip nya.

Expressionless parin kasi sya.

"Natatae kaya si Bev? Kanina pa ganyan mukha nya eh" naisip ko.

"Huwag mo syang idamay wala syang kinalaman dito." Napatingin ako kay Chezter.

"Huwag kayong lalapit babarilin ko talaga itong babaeng ito." Sabi naman ni kuya. Napapikit ako sa sakit ng idutdot niya ang baril sa mismong sugat ko.

"Man that's not cool." Sabi ni Stephano.

"Kill her wala kaming pakialam sa kanya." Si Barbie.

Waa ang sama ni Barbie bakit gusto nya akong mamatay?

Si Vane nakatingin lang sa amin ni kuya wala paring reaksyon, ngunit ng muling dutdutin ni kuya ng baril ang sugat ko kumislap ang galit sa mga mata nya.

"Papatayin ko talaga sya." Sabi ni kuya na idiniin panglalo ang baril.

Nanubig ang mga mata ko dahil sa sakit.

Teka papatayin nya ako rito? Ngayon na? As in now na?

Waa hindi pwede wala pa akong first kiss!

Sa isiping iyon pumalahaw ako ng iyak.

"Waaa kuya huwag nyo muna akong patayin wala pa akong first kiss!" Bulaslas ko.

Sabay-sabay silang tinapunan ako ng nagtatakang tingin.

"Pinagsasabi mo?" Si Kuya.

"Eh kasi naman papatayin kaagad kuya! Di ba pwedeng saktan muna. Bukas mo na lang ako patayin kapag may first kiss na ako o kaya pahalik muna ako sa gwapong nilalang nayan." Tinuro ko si Vane whose eyes became dark again.

"Baliw ka ba?"

"Ako pa ngayon ang baliw kuya. Ako pa talaga ha. Kahit sa kanila na lang ako hahalik." Sabay turo ko kina Chezter at Stephano na ngumiti ng nakakaloko.

Nang ibalik ko ang tingin kay Vane ang talim na ng mga mata nya.

"Hala bakit? May nasabi ba akong masama?"

"Tumahimik ka kundi babarilin na talaga kita." Diniin nya lalo ang baril.

Fudge cake ang saket!

Dahil dun lumakas lalo iyong ngawa ko with matching tadyak pa.

"Waaaa sabing pahalik muna sa kanila eh!"

Nabingi yata sya sigaw ko dahil napahawak sya sa tenga nya.

Ang bilis ng mga pangyayari kanina lang nasa tabi ko sya tapos ng kumurap ako nakasalampak na ako ng upo sa lupa at nakatayo na si Bev sa harap ko.

"Hala ang bilis."

Sinuntok kasi Vane si kuya at dahil nakahawak sya sakin nadala ako sa pagtumba.

Tinignan ko si kuya na wala nang malay sa tabi ko.

"Nerd okay ka lang?"tanong ni Chezter sakin kasunod si Stephano.

"Okay na Nerd gusto mong ibigay ko na ang first kiss mo?" Si Stephano.

"Ha?"

Nakangangang nakatingala ako sa kanilang dalawa na kangiti ng nakakaloko sakin.

Pero nawala iyong ngiti nila ng mapatingin sila kay Vane.

"Nagbibiro lang kami Par." Mabilis na sabi ni Stephano.

"May joke po kayo? Ay sorry hindi po ako nakatawa." Sabat ko naman.

"Ang panget nilang magjoke hindi nakakatawa."

"What?" Silang dalawa.

Sasagot pa sana ako pero lumapit sa akin si Stephanie tinulungan akong tumayo.

"Ayos ka lang ba?

Napapikit ako ng ng may tumulong dugo sa kaliwang mata ko.

"Okay lang yan. Buhay pa di ba."

Sigurado na ako may galit talaga sa akin itong si Barbie.

Gamit ang manggas ng damit ko pinunasan ko ang dugo sa mata ko.

"Ayos lang ako." Pinagmasdan ko sila, pagkatapos biglang nanlaki ang mga mata ko.

"Hala may mga sugat kayo!" Lahat sila may pasa at sugat mula sa kutsilyo.

Natitigan ko ang balikat ni Vane.

"May sugat ka." Kusang kumilos ang mga paa ko papalapit sa kanya at nang makalapit naman ako aktong hahawakan ko sya ng mabilis nyang pigilan ang kamay ko.

May kuryente na naman.

"Mind your own wound." Sabi ni Bev. Pinisil nya ang palad ko na hawak nya.

Umawang ang mga labi ko dahil duon.

"Hindi pa ba tayo uuwi? I want to take a bath na." Si Barbie.

"Yeah let's go home na." Si Stephano.

Nang bitawan ni Vane ang kamay ko nakaramdam ako ng panlalamig.

"Let's go." Sabi nya na tumalikod at naglakad.

Napabuntung-hininga naman ako, tumalikod at naglakad pasalungat sa dadaanan nila.

Ngunit hindi pa man ako nakakalimang hakbang na kuryente na naman ako.

Hinila kasi ako ni Vane.

"Where the hell are you going?"

"Oh my gulay laway! Ang bango nya talaga." Sumubsob kasi ako sa dibdib nya.

Hindi ko sinagot ang tanong nya.

Parang bata na suminghot-singhot ako.

Sya na talaga, sya na ang mabango.

Hinawakan nya ang magkabilang balikat ko at marahan akong inilayo sa kanya. Gusto ko magprotesta

sa ginawa nya.

"Answer me saan ka pupunta?"

"Ha...ah... uuwi na ako."

"Hindi dyan ang daan palabas."

"Alam ko babalikan ko lang ang bisikleta ko Master." Lumayo ako sa kanya at tumalikod ulit baka kasi marape ko na sya madagdagan pa ang kasalanan ko. At ngayon ko lang napansin, hindi ko sila tinatawag na Master at Lady.

"*Buti hindi nila ako pinuna. Baka mautusan na naman ako eh napapagod na ako."*

"At sinong nagsabi na magb-bisikleta ka pa." Hinila na naman nya ako.

"Sarili ko. Sarili ko ang nagsabi Master Bev." Sagot ko na lumayo ulit sa kanya.

"What did you call him?" Tanong ni Chezter.

"Ha?" Napatingin ako sa kanya.

"You Called Vane babe."

"Ano daw babe?"

*"*Ay naku hindi po babe. Bev po. B.E.V. Stand for Brown Eyed Vane. Ang ganda po kasi ng mga mata nya." Sabi ko sabay tingin ulit kay Vane.

"Wow ayos ah. May tawag ka na sa kanya. You want him to be your boyfriend no." Si Stephano na kumindat kay Vane.

"*Boyfriend si Bev? Why not?"*

"Ganon po ba yun?"

"Oo Nerd. Dahil may endearment ka na sa kanya. Ibig sabihin may gusto ka sa kanya at gusto mo syang maging boyfriend." Paliwanag ni Chezter, pagkatapos ay tumawa. Si Stephano, Stephanie at kahit na si Barbie ay tumawa din.

Si Vane nakatingin lang ng matiim sakin.

Napatango-tango naman ako.

"Ah, ganon pala iyon." Pagkatapos ay bigla akong suminghap. "Ibig sabihin salawahan ang puso ko." Sabi ko.

"Huh?" Silang apat.

"Kasi ang tawag ko kay Master Rolf is Master Dimple ibig sabihin may gusto din ako sa kanya. Waaa ang sama ko salawahan ang puso ko. Dapat po ba mamili ako ng isa sa kanila?"

Nganga iyan ang reaksyon nila sa akin.

"Sabi ni Master Rolf gusto nya ako. Ibig sabihin the feeling is mutual. Sya ang dapat pilii-."

"Shut up!"

Napatalon at nanlaki ang mga mata ko nang sumigaw si Vane at nang tignan ko sya, ang talim-talim na ng tingin nya sa akin.

Nang humakbang sya, napaatras ako.

Waaa nakakatakot sya.

Nang huminto sya, huminto rin ako. Nilingon nya sina Chezter at Stephano.

"Humanda kayo." Sabi nya na kinaputla ng dalawa.

At nang bumaling sya sa akin napalunok ako.

Nagsimula ulit syang humakbang napaatras na naman ako.

"M-master." Huhuhu wala na akong aatrasan napasandal na ako sa puno.

"Put this in your head Miss. Wala kang gusto kay Rolf at wala rin syang gusto sayo."

Nahihirapan akong huminga. Sobrang lapit nya.

"P-pero sabi nila Master kapag may endear-." Hala! Nanlaki ang mga mata ko ng lumapit na naman sya.

Magkadikit na magkadikit na ang mga katawan namin.

"Huwag mong paniwalaan ang dalawang gagong iyon. Wala kang gusto kay Rolf at wala syang gusto sayo maliwanag ba?"
Sunod-sunod akong napatango.

"I-ibig bang sabihin wala rin akong gusto sayo Master?"

Hindi sya sumagot tinitigan nya lang ako.

Nasabi ko na bang matangkad sya?

Hanggang dibdib nya lang ako kaya nakatingala ako sa kanya at nakayuko sya sakin.

"No Miss. Pareho nating alam na gusto mo ako." He said.

"Ha?"

"You like me, hindi mo maitatago iyon." Namamasyal ang mga mata nya sa mukha ko.

"Hindi ko naman tinatago Master Bev na gusto kita."

Bumakas ang pagkabigla sa mukha nya.

Bakit? Hindi ko naman talaga tinatago ah.

"You like me." He stated.

Tumango ako. "I like you. Crush kita tulad ng pagkacrush ko sa mga gwapong model na nakikita ko sa magazine. Pati duon sa mga gwapong artista tulad ni -ay kabayong sakang!" Napatili ako ng kabigin ako ng malakas sa bewang ni Bev, talagang napasadsad ako sa katawan nya.

At nang tingalain ko sya, hala! salubong na salubong ang kilay nya at bakas na bakas ang galit sa kanyang mukha.

Nuon ako nakaramdam ng hilo.

Hilo dahil sa gutom at pagod.

Idagdag pang nanghihina ako habang nasa mga bisig nya... ...dahil sa init ng kanyang katawan at sa kakaibang pakiramdam.

So I give in into the darkness. Hinayaan kong lamunin ng dilim ang buong kamalayan ko.

"Shit!"

Huling narinig ko bago ako tuluyang mawalan ng malay.

*****

Headache.

Iyan ang una kong naramdaman ng magising ako, then the familiar scent hit my nose.

"Wow amoy Bev."

Nang imulat ko ang mga mata ko nasa panlalaki akong kwarto.

Halos lahat kasi ng gamit kulay asul at itim.

"Bakit andito ako?" Tanong ko sabay lingon kay Vane na nakatayo sa paanan ng kama.

"Wow imbes na itanong mo kung nasaan ka na, na syang tinatanong ng unang taong gumigising kapag nagkakamalay, ikaw ang tanong mo talaga eh bakit ako andito, you're weird." Komento ni Chezter na nakaupo sa couch at hawak ang mens magazine na binabasa nito.

Naupo ako. Tinitignan sila ng puno ng pagtataka.

"Bakit ko itatanong kung asan ako, kung alam ko naman ho?"

Tumawa sila maliban kay Vane.

"You're funny" comment ni Stephanie.

Hindi naman ako nagpapatawa ah?

Siguro bakas ang pagtataka sa mukha ko o may nakita silang nakakatuwa dahil lalong lumakas ang tawanan nila.

"Medyo baliw din pala itong mga ito sayang gwapo at maganda pa naman."

*"*Mukhang tanga talaga." Si Barbie na tumatawa ng malakas.

"At talagang alam mo kung nasaan ka ha. Sige nga where are you?" Si Stephano.

"Sa kwarto ni Bev ko- este ni Master Bev." Mabilis na sagot ko na nagpatawa lalo sa kanila.

Si Vane na seryoso lang na nakatingin sa akin ay nagsimulang lumapit.

Naupo sya sa gilid ng kama at hinawakan ang baba ko.

Dugdug...dugdug...

Ayan na naman iyong kuryente at nagsisimula na namang magshort circuit ang puso ko sa lapit nya.

"May masakit pa ba sayo?" Tanong nya na sinagot ko nang...

"Dibdib ko." Wala sa loob na sagot ko.

"Dibdib mo?" Nilingon ni Vane si Stephanie. "Akala ko ba pinagamot mo na sa doctor ang lahat ng sugat nya?"

"Oo kasama ako ng ginamot sya di ba? Wala naman akong nakitang sugat sa dibdib nya."

Binalingan ako ulit ni Vane.

"Masakit ang dibdib ko kasi ang lapit-lapit nyo Master. Layo po kayo ng konti baka marape este mahalikan- ay- masinghot ko kayo. Master bakit may kuryente? Kayo ba si meralco ki.-" Napatigil lang ako sa pagsasalita ng tumawa ng malakas si Chezter at Stephano halos kulang nalang gumulong sila sa sahig kakatawa.

"Nakakatawa ka talaga." Sabi ni Stephano sa pagitan ng pagtawa.

"Eh? Hindi namam ako nagpapatawa Master?"nasabi ko. Tinignan ko si Vane. "Nagpapatawa ka ba Master Bev?"

Tawanan ulit.

(=_=) Grabe wagas silang makatawa.

Napailing-iling naman si Vane na binitawan na ang baba ko at lumayo sa akin.

Nakahinga naman ako ng maluwag ng lumayo sya.

"Grabe daig pa ni Bev ko ang bakla. Ang galing nyang humigop ng lakas eh."

"Bakit hindi nyo na lang pauwiin yan mahawa pa tayo sa katangahan at kabobohan." Inis na sabi ni Barbie.

"Aray naman."

Nakaupo parin si Vane sa gilid ng kama na kinahihigaan ko.

Inalis ko ang asul na kumot na nakabalot sakin at tumayo maglalakad na sana ako papuntang pinto ng pigilan ako ni Bev sa braso.

"Where the hell are you going?" Hinila nya ako kaya ako napaupo ako sa mismong tabi nya.

"Uuwi na po ako Master sabi ni Lady Barbie nakakahawa daw ang katangahan at kabobohan baka mahawa po kayo sa akin sayang pa naman ang kagwapuhan nyo."

"Pinagsasabi mo?" Si Vane.

Bago pa ako makasagot sumingit na si Stephanie.

"I'm tired magpapahinga na ako guys." Tinignan nito si Vane. "Gamutin mo na iyang sugat mo Vane. Good night Ysa." Yumukod sya.

Napatayo naman ako at yumukod din. Baka kasi maparusahan ako.

Nagsisunudan na sila.

Si Chezter at Stephano natawa parin habang nalabas.

Eh di sila na happy.

Si Barbie inirapan ako.

Nakalabas na sila ng may marealize ako.

"Paano kaya nalaman ni Lady Stephanie ang pangalan ko?"

"Tsss. We're classmate Miss baka nakakalimutan mo." Sabi ni Vane.

Napatingin ako sa kanya habang nakatayo parin.

Saka ko lang narealize na kaming dalawa na lang sa kwarto nya.

"Ay oo nga pala." Oo nga naman.
Klasmeyt ko nga pala silang lima.

Eh? Bakit sya Miss parin ang tawag sakin?

Napatingin ako sa balikat nya at saka nanlaki ang mga mata.

"Hala master bakit hindi nyo pinapagamot iyang sugat nyo?"

Direkta syang nakatingin sa akin.

"Malayo sa bituka hindi ko ikakamatay" Sagot nya. Hindi kumukurap.

"Huhuhu bakit ganyan sya makatingin?"

"Ganon Master. Naku hindi porket malayo sa bituka eh hindi nyo na ikamamatay. Paano kung ma-infect, o kaya maubusan ka ng dugo eh di mamatay ka paano naman ako-este paano naman ang pilipinas, sayang naman ang kagwapuhan nyo-."

"Shut up." Napahinto ako sa pagsasalita. "Sit down." Utos nya kaya naupo ako.

Tapos biglang tumayo ulit.

"Uuwi na pala ako Master." Yumukod ako sa kanya.

Nag-angat ako ng tingin.
Ganon na lang ang panlalaki ng mga mata ko ng nasa harap ko na sya.

At mas naloka ako ng, hapitin nya ako sa bewang.

Suminghap ako ng malakas.

Malapit na akong maging poste ng kuryente dahil sa kuryenteng lagi kong nararadaman kapag nagdidikit kami.

"No Miss. Hindi ka aalis. You will sleep here... in my room." He silently said habang naglalakbay ang mga mata sa mukha ko.

Namilog naman ang aking mga mata sa narinig.

Dito ako matutulog? As in dito talaga sa kwarto nya...

Dito ako pinapatulog ni Bev sa kwarto nya.

Eh di wow!

*****

H/n

Guys hehehe hello pinalitan ko po ang title? hehehe nawala kasi sa format iyong title ni Ysa kesa sa iba kaya inayos ko.

Kung binabasa nyo iyong iba kong gawa malalaman nyo kung ano iyong format ng title ko.?

Anyway hehehe anong say nyo rito sa chap naito.

Medyo lame ba?

Comment kayo guys?

Chat din tayo sa fb Helliza Sabida po. At sa mga ka chat ko na xenxia sa mga natutulugan ko.??? hahaha.

Take care.

Helliza Sabida.

952017uivst 12:20

5. Unang Halik

For @iam_green. Heto na iyong UD? salamat po sa support?.
Enjoy jan sa bundok. Hehehe. Sinabi sa akin ni asul.?

*****

Pwedeng himatayin ulit. Nakakaloka si Master Bev.

Dito kaagad nya ako papatulugin sa kwarto nya.

Grabe sya o.

Magr-react sana ako kaso binalik nya ako sa kama. Inuupo.
Inabot ang medicine kit na nasa gilid at binigay sa akin.

"Ah...eh ano pa gagawin ko dito Master?" Takang tanong ko.

Hinubad nya ang jacket nya at hinagis sa sofa naruon.

Napakagat-labi ako ng pati damit nya hinubad.

"*Oh my heart! My abs si Bev...pahawak ako. Pangeng kanin may ulam na ako. Jusmio ang abs walo! Ang balikat at dibdib ang lapad fudge cake puwede na ako mamatay!"*

Tinignan nya ako pagkahubad nya.

"Bakit namumula ka? Are you okay?" Wala sa loob na tumango ako. "Miss laway mo tumutulo." Natatawang sabi ni Vane.

"Lalong gwapo pag nakangiti. Ay baliw Ysa laway mo daw tumutulo!" Napaunat ako ng upo at humawak sa bibig ko. "*Shemay may laway nga!"*

"Gamutin mo ako." Sabi nya na naupo sa tabi ko at umiling-iling.

"..."

Kumunot ang noo nya.

"Anong tinutunganga mo dyan Miss. I said tend my wound."

"Ako po?" Tanong ko.

Bakit ako ang gagamot hindi naman ako doctor?

Bumakas ang inis sa mukha nya.

"Tsss... Hindi sya." Sabay turo nya sa tabi ko.

Tumingin ako duon at nanlaki bigla ang mga mata.

"Waa Master may third eye din ba kayo? Nakikita nyo rin iyong multong nurse sa tabi ko? Pakisabi Master hindi ako ang pumatay sa kanya. At pasabi din po na pagkatapos nya kayong gamutin huwag akong susundan sa apartment ko." Nilingon ko ulit iyong multong nurse na duguan ang damit at nakatingin sa kanya.

Parang gusto kong mainis.
Aba! Aba! Pinagnanasaan ng multong ito si Bev ko.

"Tss. Stupid ikaw ang tinutukoy ko." Bakas ang bahagyang inis sa tinig ni Vane.

"Ay ganon po ba." Tinignan ko iyong multo. "Sorry Girl hindi ka nakikita hanggang tingin ka lang." Pang-aasar ko dun sa multo.

Nang balikan ko si Vane. Nagtataka na ang ekspresyon ng mukha nya.

"Hehehe. Kausap ko po sarili ko." Pasimple kong kinuha iyong medicine kit pagkatapos ay binitawan ko ulit. "Eh? Master Bev. Bakit po ako ang gagamot sa inyo eh hindi naman po ako doctor."

"Dadaldal ka na lang ba dyan o gagamutin mo ako? Dahil pag hindi kapa kumilos dyan Miss, baka maubusan na ako ng dugo."
Syempre gagamutin ko sya. Ayaw ko syang mategi. Sayang ang lahi.

Napatitig na naman ako sa katawan nya.

"Tititigan mo na lang ba ako?"

Itong si Bev ko masyadong hot. Syempre tititigan ko muna bago ko lalafangin bwahahaha.

"Miss!"

"Hehehe. Gagamutin ko na po."

Lumapit ako sa kanya para magamot ng maayos ang sugat nya. At dahil sa balikat ang tama nya at maliit ako. Face to face kami ng malapad nyang dibdib.

"Pwedeng pahiga?"

"Umayos ka Ysa makukurot ka sa singit ni Mama mo, ang talande mo."

Buti nalang daplis lang ang tama nya. Wala akong balang kukunin. Ang hirap pa naman gawin non.

Pero kahit na daplis lang syempre masakit iyon.

Napaunat nga sya nang lagyan ko na ng gamot.

Tumingin ako sa kanya.

Tang milo! Nakatingin sa akin si Bev at nakayuko sya dahilan para maglapit ng sobra iyong mga mukha namin. Iyong tipong nagpapalitan na kami ng hangin.

Packing tape! Packing tape talaga! Iyong mga mata. Iyong kulay brown nyang mga mata parang kakainin ako ng buo kung makatingin.

Napaiwas tuloy ako.

"Huhuhu pag hindi ako sa kuryente mamatay. Sa sakit sa puso naman."

Nang matapos ko ang ginagawa, hindi ko alam kung hihinga ako ng maluwag o manghihinayang.

Lalayo na sana ako sa kanya ng hilahin nya ako. And the next thing I knew nakahiga na ako sa kama. At sya...

...at sya... nasa ibabaw ko na. Well hindi naman sa ibabaw. Kalahating katawan nya lang ang nakapatong sa akin. At ang kanyang dalawang braso ay nasa tagiliran ng magkabilang mukha ko.

Rape! Rape!

Sige rape-in mo na ako Bev ko.

"Huhuhu bakit ang halay ko ngayon. Lagot ako kay Papa."

"Ah Master inaantok na ba kayo? Napagkamalan nyo ata akong bed."

Di sya umimik tinitigan lang ako.

"Bev ko...este Master Bev kung inaantok na po kayo uuwi na po ako, para makapagpahinga na-."

Bumaba pang lalo ang mukha nya.

Nanlaki ang mga mata ko.

"Ano bang ginagawa nya gusto nya bang ma rape? Naku pag hindi-OMG!"

Hinalikan nya ako!

Fudge cake!

Syete!

Tang milo!

Hinalikan ako ni Bev ko!

Smack lang dahil kaagad nyang inilayo ang mukha pero hindi umalis sa ibabaw ko.

Muli nya akong pinagmasdan bago sya ngumisi at sinabi ang mga katagang...

"Akin!"

Pagkasabi nuon tumayo sya at kinumutan ako na nakatulala sa kisame.

"Sleep." He said, smirking.

Hindi naman ako tuminag sa pakikipagtitigan sa kisame.

"Ang first kiss ko! Si Bev ang first kiss ko!"

Lalo pa akong natuliro ng halikan nya naman ako sa noo.

Napalunok ako.

Muntik ko nang iangat ang mga kamay ko pasampay sa mga batok nya para mahalikan ko sya ulit.

Lumayo sya, naglakad papuntang pinto.

"Sleep tight Miss...sis ko."

Kasabay ng paglingon ko sa kanya ay ang pagpatay nya ng ilaw at pagsarado nya ng pinto.

Tama ba ako ng rinig?

O nabibingi ako.

He called me...

Miss...sis ko?

Misis ko?

*****

Ang sakit ng ulo ko!

Sino bang may sabing masarap magpuyat raratratin ko...raratratin ko ng sermon.

Panget ang magpuyat nakaka-eye bag.

Naglalakad ako ngayon dito sa school ground ng M.C.
Sa sobrang pagkawindang ko kagabi mga ilang minuto lang na lumabas si Bev ko eh pumuslit ako paalis.

Nalaman kong nasa Russfield ako.

Hula ko headquarters ng KH ang five storey house na iyon.

Ang laki eh tapos nang lumabas pa ako ang dami kong ka schoolmate na nakita.

Buti na lang mukhang bulag silang lahat dahil walang nakapansin sa akin.

Tumakbo ako ng tumakbo kagabi para mapahinahon ang puso kong nag w-wiggle-wiggle na yata dahil sa ginawang paghalik ni Bev sa akin. Pati narin duon sa pagtawag nya.

Bangenge tuloy ako ngayon.

"Nabingi siguro ako kagabi. Bakit tatawagin akong misis ni Bev eh hindi pa kami kasal."

Napatango-tango ako.

"Oo tama nabibingi lang ako."

"Hoy Nerd!"

"Ay white lady naka-panty ng itim!" Ganon na lang ang gulat ko ng sumigaw sa mismong tenga ko si Gladys.

Sinamaan nya ako ng tingin.

"Nerd na, mukhang tanga pa." Sabi nya.

Nagsalubong naman ang kilay ko.

"Bakit po ba Nerd ang tawag nyo sa akin?" Nagtataka lang ako. Angelique Ysa ang pangalan ko pero nerd ang tawag nila sa akin.

Tinaasan nya ako ng isang kilay.

"Dahil you are one. Look at your glasses."

Napakamot na lang ako ng ulo.

"Ganon po ba iyon. Porke't nakasalamin Nerd na Lady Gladys?"

Sinamaan nya ako ng tingin. Humawak ang isang kamay nya sa pisngi ko at pinisil iyon.

"Wala akong panahon na makipaglokohan sayong Nerd ka." Padaskol nyang binitawan ang pisngi ko at hinagis sa akin ang isang bag na mabuti ay nasalo ko kahit na mabigat.

"Dalhin mo sa building E yan 2nd floor room 501 in 10 minutes. Pag ten minutes at wala pa yan dun humanda ka sakin."

Nanlaki ang mga mata ko.

Building E! Eh ang layo non dito.

"Ten minutes talaga Lady Gladys di ba pwedeng twenty para masaya?" Hirit ko.

"Your time start now. Ipapabugbog kita pagnahuli ka kahit isang segundo."

"Ay syete! Kung ganon mauna na ako sa inyo may lakad ako eh hehehe."

Saka ako bumira ng takbo papuntang building E.

Ang bigat naman ng bag ko.

Ano kayang gagawin ni Gladys dito sa mga batong to?

Oo bato ang laman sure ako.

Ang bigat eh.

"Hi Gen." Bati ko sa kaibigan ko na nagwawalis.

Gumanti din sya ng kaway.

Malapit na ako sa building E ng makasalubong ko ang grupo nila Vane.

Wala pa man, namumula na ako, dahil naalala ko iyong nangyari kagabi.

Nagkasalubong ang mga mata namin ni Vane.

"H*ala bakit galit sya?"*
Salubong na salubong kasi ang kilay nya habang nakatingin sa akin.

"Hala katakot! Bakit kaya."

"Hello po."huminto ako sa pagtakbo pero iyong paa ko nagalaw parin.

Para lang ako nagj-jogging ng hindi umaalis sa lugar.

"What are you doing?" Tanong ni Stephano sakin.

"Si Master naman o hindi nyo po bang nakikitang tumatakbo ako." Sabi ko naman.

Natawa si Chezter.

"Oo nga hindi mo ba nakikitang tumatakbo sya. Tanga lang Bro?" Kantyaw nito.

"What I mean is bakit ka tumatakbo Ysa?"

"Ay oo nga pala. May utos po kasi sakin." Napatingin ako sa relos ko. "Waaa five minutes na lang. Mauna na po ako."

Ipagpapatuloy ko sana ulit ang pagtakbo. Pero itong si Bev hinawakan ako sa braso para pigilan.

"Bakit ka umalis kagabi?"

Waa ang aga-aga may kuryente.

"Pinaalis po ako ng multong nurse Bev ko- ay master Bev pala. Possessive sya Master huwag daw kitang agawin. Mag-ingat kayo dun baka marape kayo ng di oras, hindi po pwede iyon ako lang ang pwedeng mang rape sa inyo." Hindi tumitingin na sabi ko sa kanya.

Pagkatapos ay napahinto sa paggalaw ang mga paa ko at napatingin ako sa kanya.

"So you are going to rape me huh." Sabi ni Bev na nakangisi.

Napakurap-kurap ako.

"Ah..." napakamot sa ulo.

"Eh..." napakagat labi.

"Ih..." punas pawis. Saka napatingin sa relong suot.

"OH! UH! Tang milo! Ma l-late na ako!" Sigaw ko na hinila ang aking braso na hawak nya.

"Pasenya na Master. Mal-late na ako, naku baka maparusahan ako. Mamaya nakita r-rape-in este mamaya na natin pag-usapan kung paano kita r-rape-in." Tumakbo ako.

"Bakit parang mali parin ang sinabi ko ano ba yan!"

Habang tumatakbo narinig ko pa ang malakas na tawa ni Stephano at Chezter.

*****

"**I'm sure na hingal kabayo na iyong Nerd na iyon." Narinig kong sabi ni Gladys sa loob ng room 501.**

Nauna pa sya sa akin. Ang daya mukhang may shortcut papunta rito. Hindi man lang shinare.
Ang daya talaga dapat sinabi nya ang layo pa tuloy ng tinakbo ko.

"You're so mean." Sabi naman ni Raquel Natividad isa sa first four ng BW.

"Bagay lang iyon sa kanya. Nakakainis ano bang nakita sa kanya ni Rolf at gusto syang isali sa atin. Hindi sya karapat-dapat na maging BW. Bukod sa nerd na sya mukha pa syang tanga."

"Me too nagtataka din ako kung bakit ganon?"

"Siguradong hindi aabot iyong Nerd na iyon dito. Sa layo nitong room na ito at sa bigat ng mga batong iyon malamang lawit na ang dila nya kapag nakarating sya dito."

Napatingin ako sa relo ko.

Five second bago matapos iyong ten minutes.

Mabilis akong kumilos at pumasok sa pinto.

"Wooo umabot ako." Sabi ko na huminto sa tapat ng nagulat na si Gladys at Raquel.

"H-how did you make it?" Kumunot ang noo ko sa tanong nya.

"Tumakbo po ako. Bakit bawal ho ba? Dapat po ba naglakad lang ako? Naku sorry uulitin ko na lang po! Pero tanong ko lang Lady bakit ang dami nyong bato? Magtatayo ba kayo ng bagong pader dito?"

Napanganga sila.

"O-okay lang saiyong ulitin iyon? Hindi ka man lang napagod?" Hindi makapaniwalang tanong ni Raquel.

"Dapat po ba akong mapagod?" Tanong ko rin.

Napatingin si Raquel kay Gladys na nakatingin parin sa akin na may halong gulat.

Bigla kong binuhat ulit iyong bag.

"Uulitin ko na lang po ulit, kailangan po bang pagpawisan din ako?" Ang dami naman nilang hinihiling. Tatalikod na sana ako nang muli ko silang hinarap.

"Pero tanong ko lang po? Para saan po ba itong ginagawa ko?"

Biglang tumalim ang tingin ni Gladys sakin.

Lumapit sya at biglang hinila iyong bag na may mga bato.

Binitawan ko. Syempre hinila nya eh. Kaso mukhang nabigla sya sa bigat dahil muntik na syang masubsob.

"Ay naku!"

Mabilis ko syang inalalayan.

Tinabig naman nya ang kamay ko.

"Don't touch me you dirty Nerdy Elf!" Sikmat nya.

Napatingin naman ako sa kamay ko. Pagkatapos sa damit.

"Malinis naman po ako." Pinakasilip-silip ko pa iyong uniform ko.

Gusot, may mansta ng kape at alikabok na nakakapit sa pang-itaas ko. Samantalang ang palda ko naman nakatabingi at may putik at bakas ng buhangin.

"Ay madumi pala ako. Sorry Lady Gladys." Hinging paumanhin ko. Maselan pala ito si Gladys.

Si Racquel nakanganga parin sa akin, na para bang tinubuan ako ng tatlong ulo.

"What are you?" Tanong nya.

"Eh?" Bakit nya tinatanong kung ano ako.

"Tao po. Tao po ako Lady." Sagot ko naman.

Kumunot ang noo ni Racquel.

Si Gladys bigla akong hinawakan ng mariin sa braso.

"Huwag mo kaming pinaglolo-loko baka hindi kita matantya may kakalagyan ka sa akin." Sabi nya.

Napa-aray ako sa diin ng pagkakahawak nya.

"Ang aga-aga ang init ng ulo mo Glad."

Napatingin ako sa pinto nang pumasok ang iba pang first four ng BW kasunod si Rolf.

"Hey may favorite Elf is here." Sabi ni Rolf ng makita ako.

Wala sa loob na kumawala ako kay Gladys para yumukod sa mga bagong dating.

May narinig akong suminghap.

Nang lingunin ko iyon nakita ko si Lady Gladys na nakasalampak na sa sahig.

"Ano hong ginagawa nyo dyan?" Takang tanong ko.

"You! I'll kill you!" Tumayo sya pasugod sa akin.

Umakto syang sisipa, nang may nakita naman ako sa sahig, yumuko ako at pinulot iyon.

Again may narinig akong singhapan.

Dumeretso ako nang tayo, hawak ang isang bracelet.

"Lady Gladys nalaglag nyo po- eh? Bakit nakaupo ulit kayo sa sahig? "

Ang talim-talim ng tingin nya sa akin.

"*Bakit ano bang ginawa ko?"*

"You!" Galit na galit talaga sya.

Waaa mukha syang mangangain ng tao.

Tumayo ulit sya at susugod nang pigilan ito ni Rolf.

"Enough Gladys."

"Why? Pinapahiya ako ng babaeng iyan! Gusto ko syang parusahan."

Pinapahiya ko sya? Kelan?

"No tama na yan." Sabi ni Rolf.

Hindi makapaniwalang tinignan ni Gladys si Rolf nang makita nyang seryoso ang binata.

Bumaling sya sa akin.

"May araw karin." She said bago umalis sa harap ko.

"September 30 po." Sabi ko.

Napahinto sa paglalakad si Gladys at tinignan ako.

"September 30 po ang birthday ko. Iyan po ang araw ko Lady Gladys." Sabi ko.

Bumunghalit ng tawa si Rolf pati narin ang dalawang lalaking miyembro pa ng first four na sina Richard Cruz at Gareth Sales.

"Mangangain na si Gladys. Magtago ka na Nerd." Sabi ni Gareth.

Magtatago?

"Bakit po? Magtataguan po ba tayo?"

Nagulat ako ng sumigaw si Gladys, paglingon ko sa kanya kamao nya ang nakita kong papalapit.

Hala!

Bigla ako yumuko.

Dahilan para muntikan na naman syang mawalan ng balanse.

"Waa Lady Gladys maghunus-dili po kayo. Ano po bang nagawa ko?" Tumakbo ako at nagtago sa likod ni Rolf.

"Master Dimple awatin nyo po si Lady Gladys." Sabi ko.

"Halika ditong babae ka at papatayin kita."

"Tama na Gladys." Awat naman ni Rolf na tumatawa.

Huminto si Gladys pero ang sama-sama talaga ng tingin sa akin.

Nagbabanta ang tingin na tumalikod sya ulit naupo sa bangko di kalayuan.

Naiiling naman na hinarap ako ni Rolf.

"You're funny." Sabi nya.

"Sinong Panny? Ysa po ang pangalan ko master."

Tumawa sya lalo.

"Tanga nga talaga." Narinig kong komento ni Racquel.

Sinong tanga? Ako ba?

Eh hindi naman Panny ang pangalan ko.

Ay wait, funny ba ang sinabi ni Master Rolf.

"Tanga ka nga Ysa."

"Sorry po funny ba ang ibig nyong sabihin? Sorry po." Yumukod pa ako. "But hindi naman ako nagpapatawa Master.

Grabe talaga sila. Bakit ba sinasabihan nila akong nakakatawa eh hindi naman ako nagj-joke. Paano pa pagnajoke o nagpatawa na ako gugulong na sila sa tuwa?

Napailing-iling naman si Rolf napahawak sa baba at tila napapaisip.

"I wonder why he like you?" Sabi nya pa.

"Ah ano pong ibig nyong sabihin?"

"Montereal." Banggit nya sa apelyido ni Bev.

O anong konek?

"I wonder why Vane Montereal like you."

Nanlaki ang mga mata ko.

Vane like me?

Si Bev ko? May gusto sa akin.

Seryoso? Di nga?

*****

H/n.

Resulta ng pag-iisip habang minamartilyo ang ulo.

Packing headache!

9192017uivt 21:46

6. Bev o Dimple

For you @Yna_BAB**E.**

Maraming maraming salamat?

****
Kunot na kunot ang noo ko habang naglalakad ako papuntang canteen kasabay ang first four ng BW at si Rolf.

Hindi parin maalis sa isipan ko ang sinabi sa akin ni Master Dimple.

"*Like daw ako ni Bev. Totoo kaya? Saka paanong like? Like na maging Elf, like na maging katulong, like na maging kaibigan o like patayin? Ano kaya ang pakakalike nya sa akin?"*

"Hoy tangang Elf. Bilisan mo nga dyan." Sikmat sakin ni Raquel.

Nasa likod kasi nila ako habang bitbit ko ang mga bag at libro nila.

Nagtataka ako wala ba silang locker dito at ako ang pinagdadala nila?

"Hoy Nerd! Bilisan mo." Sikmat din ni Gladys.

"May karera po ba?" Tanong ko.

Sabay nila akong sinamaan ng tingin.

Ano na namang problema?

"Konting-konti na lang Elf b-bingo ka na sakin." Si Gladys.

Napatingin ako sa paligid.

"Ahm... asan po iyong nagb-bingo?"

"Ugh papatayin na talaga kita." Napapadyak pa si Gladys sa inis.

Bakit ba? Sabi nya b-bingo na daw iyong Elf? Sino bang Elf? Imposibleng ako hindi naman ako naglalaro ng bingo.

Tumatawang pumagitna ulit si Rolf sa amin.

"Huwag kasing kung ano-ano ang sinasabi mo, dapat direct to the point. Medyo slow ang cute nating Elf dito."

"Mga taong to. Ngayon naman slow ako. Eh sila ang mabagal maglakad sinasabayan ko lang sila."

Inakbayan ako ni Rolf.

"Come Nerd. Gutom na ako."

Nagpatianod na ako sa pag-akay nya.

Hindi ko na pinansin si Gladys ang gulo nyang kausap eh.

Pagpasok palang namin sa resto, (oo resto na ang tawag ko sa cafeteria na ito ang sosyal talaga eh) nasa amin ang mga mata ng lahat.

Hindi ko alam kung bakit, basta kung tumitig sila parang may nangyayaring kakaiba.

"Bakit akbay ni Master Rolf iyang Nerd na yan?"

"Omg nilandi ng panget na'yan si Papa Rolf!"

"Hindi maari. Hindi sila bagay."

Parang may bubuyog sa paligid. Paano ba naman sige sila ng bulungan.

Lumingon ako sa likod. Nasalubong ko pa ang matatalim na tingin ni Gladys na hindi ko pinansin.

"Bakit nagkakagulo sila Master may artista ba?" Takang tanong ko.

"Hmmp. Huwag mo na lang silang pansinin." Natatawang sabi niya.

Nagkibit-balikat naman ako.

Huwag daw pansin di hindi.

Kaso puwede bang hindi ko pansinin ang mga mata nya.

Ang mga mata nyang matalim ang tingin sa kamay ni Master Rolf na nasa balikat ko.

"Hala bakit kaya ang sama ng tingin ni Bev ko?"

Napansin din ni Rolf si Vane.

Ngumisi ito at hinigit ako papalapit.

Natahimik ang lahat. Ramdam ng mga ito ang tensyon na unti-unting bumabalot sa paligid.

Nakangising nakipagtitigan si Rolf kay Vane.

Ako?

Nawala sa kanilang dalawa ang pansin ko ng makita ko ang bagong lutong pizza n nilalagay sa displeyan ng pagkain.

"Pizza!" Tili ko.

Binalingan ko sina Gladys at Racquel at basta na lang binigay ang mga gamit nila.

"Pahawak po." Sabi ko sabay takbo sa counter.

"Ate tatlong slice po nyan at pineapple juice. " Naglalaway na ako.

Tuwang-tuwa na kinuha ko ang tray at walang pakialam sa paligid na umupo ako sa gitnang parte ng cafeteria.

"Hmmm ang sarap." Napapikit pa ako sa una kong kagat.

Pagmulat ko nasa harap ko na si Rolf at paupo.

"It's look delicious Ysa can I have one?" Bago pa ko makatanggi kinuha na nya ang isang slice at kinagatan.

"Waaa Master akin yan eh."

Ngumiti lang sya at patuloy na kumagat.

Mabilis nyang natapos iyong isa at sa labis na gulat ko kinuha nya pa ulit iyong natitirang slice pa.

At bago ko pa sya mapigilan. Nakagatan nya na iyon.

"Ahhh Master!"

"Ang damot mo naman Cutie ibibili na lang kita ulit, isang box."

Namilog bigla ang mga mata ko.

"Isang box. Walang stir Master isang box talaga?"

Tumango sya at tumayo.

"Come date tayo. Sa Vlue Diners kita ililibre ng pizza masarap dun."

Nagulat naman ako.

"Vlue Diner? Hala may branch dito si Ylac!"

"Ano Cutie sama ka." Inilahad nya ang kamay sa akin.

"*Aba syempre masarap ang pizza ni Ylac eh."*

Ngiting-ngiti na tumango ako at aabutin na sana ang kamay nya ng may naunang humawak duon.

Napapitlag ako nang tumulay ang kuryente mula braso hanggang buong katawan ko.

"Hindi sya sasama." Madiin na sabi ni Bev na mahigpit ang hawak sa kamay ko.

Tinignan nya ako.

"Hindi ka sasama."

"Hala bakit? Sasama kaya ako."

"Ah...sasama po ako Master."

Tumawa si Rolf.

"Sasama daw sya Montereal."

Hindi ito tinignan ni Bev, sakin lang sya nakatingin.

"No you don't."

"Pero sasama po talaga ako Master Bev." Sabi ko naman.

Biglang nagkaruon na naman ng bulungan sa paligid.

"Babe? Tinawag nyang babe si Master Vane?"

"Ang kapal ng mukha talagang tinuhog nya iyong dalawa."

Pero iyong bulungan biglang nawala ng tumalsik iyong upuan ko. Bakit? Dahil hinila ako ni Bev patayo. Sa sobrang lakas tumilapon iyong upuan at sumadsad ako sa dibdib nya.

"Kapag sinabi kong hindi ka sasama. Hindi ka sasana Miss."

"...Sis?" Pilyang dugdtong ng isipan ko.

Nakalapat iyong mga kamay ko sa dibdib nya parang ang sarap- sarap tuloy igalaw iyon para mahimas ko naman. Aba minsanan lang ito kailangan samantalahin.

"*Ysa puro kalandian ka talaga."*

"You are not going Miss." Ulit nya.

Tumingala ako sa kanya at ngumuso.

"Pero iyong pizza Master..."

"I can buy you two."

"Dalawa?"

"Hey Cutie, five box. Limang kahon ang ibibili ko sayo." Hirit naman ni Rolf.

Napakurap-kurap naman ako at tinignan sya.

"Omg five box tiba-tiba ako dun!"

"So tara na." Sabi pa ni Master Rolf na hinaltak ako palayo kay Vane na hindi naman ako binitawan.

"Let go." Si Vane.

Ngumisi naman si Master Rolf at imbes na bitawan ako hinila nya pa ako.

Bumaba ang kamay ni Vane sa bewang ko at mahigpit nya rin akong hinawakan duon.

"Ikaw ang bumitaw Montereal. Ako ang kasama nya sa pagpasok dito."

Ngumisi si Bev.

Putek napatid yata ang garter ng panty ko sa ngiting iyon.

"Oh Bev why so gwapo!"

*"*Ikaw nga ang kasama sa pagpasok pero ako naman ang nagmamay-ari."

Malakas akong hinila ni Master Rolf pero dahil hindi ako binibitawan ni Bev nahatak lang ang katawan ko. Sa diin ng pagkakahawak ni Rolf sa kamay at sa higpit ng pagkakahapit ni Bev, nasasaktan na ako.

"Let go nasasaktan na sya." sabi ni Bev ng makita akong napangiwi.

"Ikaw ang bumitaw. Ayaw mo pa lang nasasaktan eh." Sige parin sa paghila si Rolf mas malakas kesa sa nauna.

"Mga Master bitaw na po. Ako na lang ang bibili ng sarili kong pizza." Singit ko.

Napatingin sila sa akin.

"Huwag nyo na po akong gawing lubid. Kaya ko naman bumili ng sarili kong pizza kung gusto nyo kayo na lang po ang ililibre ko."

Huhuhu paborito ba nila ang tug of war bakit ang hilig nilang maghilaan? Tapos laging ako pa ang lubid.

Napatingin sa akin si Bev.

"Bitaw na po Master." I said while looking at his brown eyes.

Natigilan sya, bagamat makalipas ang ilang sandali, naramadaman ko ang pagluwag ng pagkakahapit nya, hanggang sa tuluyan na nya akong bitawan.

Napangisi naman si Rolf, naramdaman ko ang paghila nya sa akin kaya mabilis akong kumawala.

"What the?" Gulat na sabi ni Rolf ng walang kahirap-hirap nanakawala ako sa kanya.

Si Bev nangunot din ang noo at iyong mga nanonood sa amin nakanganga.

"P-paano mong nagawang makawala sa pagkakahawak ko?" Takang tanong ni Rolf.

"Ha? Hinila ko lang po ang kamay ko Master? Grabe naman kasi kayo makahawak gusto nyo bang makipagpalit sa akin ng kamay?" Sagot ko naman.

Tinitigan ako ni Rolf matiim.

"Hmmm you are really interesting. I really like you in my gang. Be a Black Wings Cutie promise bibilhan kita ng pizza araw-araw."

Namilog na naman ang mga mata ko.

Libre! Tapos araw-araw pa.

"*Say yes Ysa, libreng pizza na yan."*

I'm about to say yes ng hawakan ni Vane ang kamay ko at hilahin ako papuntang pinto.

"B-bev ko- ay Master Vane pala! Saan tayo pupunta?"

"We were going to buy a damn pizza store! Tang-ina buong tindahan na ang bibilhin ko masigurado ko lang na hindi ka kung kani-kanino sasama."

Hala buong store daw as in buong tindahan na ang ibibigay nya.

Napatigil ako sa paglalakad.

"Nagbibiro ka ba Master?"

"Do I look like I'm joking?" Balik tanong nya sa seryosong mukha na lalong nagpagwapo sa paningin ko.

Umiling ako.

"No Master. Hindi ka mukhang nagbibiro. You look like my soon to be boyfriend actually." Wala sa loob na sabi ko habang nakatanga sa gwapong nyang mukha.

Bahagya syang natigilan sa sinabi but then he smiled. Simpatiko syang ngumiti na kinalaglag ng puso ko.

Dugdug... dugdug...dugdug..

Pusang galang nasa bubong!

Payag akong magpakulong basta ang kaso ko ay ang pagiging rapist nya.

Umiling-iling sya bago ako inakay ulit palakad.

"Montereal." Para lang mapahinto ng tawagin sya ni Rolf.

"I challenged you. Lets play duel at ang premyo ay sya. Lets play the duel of property."

Nagkaruon na naman ng malakas na bulungan at anasan sa paligid.

Lumingon si Vane kay Rolf.

"Kung sino ang mananalo, sa kanya mapupunta ang Elf na iyan. Isa lang sa atin ang puwede Montereal, ayaw mo naman na paghatian natin sya diba."

Tumiim ang bagang ni Bev ko.

"So call?" Nakangising tanong ni Rolf.

Eh? Duel of Property? Ano daw? Walanjo bakit ba sari-sari ang pauso ng eskwelahan na ito?

Andito kaya ako para mag-aral.
Huhuhu makukurot na ako ni Mama sa singit lagi akong absent! Naman eh!

*****

Duel of Property.

Isang duwelo na kung sino ang mananalo ay sa kanya mapupunta ang pinag-aagawang gamit o tao.

But this game have a twist. Kapag tao o Elf ang pinag-aagawan, buhay nya ang nakataya.

Tulad ng sitwasyon ko ngayon.

Nasa Bay View Beach kami. Akala ko pags-swimming ang gagawin naman dun.

Pero ganon na lang ang gulat ko ng itali ako nina Gladys at Barbie sa manipis na bato. Nakalubog ako sa dagat at hanggang bewang ko ang tubig.

"Rest in peace Nerdy Elf." Pang-aasar ni Gladys sa akin. "Malas mo lang dahil magkapantay lang ang lakas ng dalawang iyan at laging tabla ang resulta ng laban nila. The moment na matapos sila malamang patay ka na sa pagkalunod."

Si Barbie inirapan lang ako bago lumangoy palayo.

Napabuntunghininga ako at napatingin sa pangpang.

Maraming mga nanonood na estudyante na sumunod pa hanggang dito. Nagtama pa nga ang mga mata namin ni Gen na bakas ang pag-aalala sa mukha.
Si Audrey na nakasandal sa puno ng nyog ay kumaway sakin.
Hindi ako makaganti ng kaway kaya I just mouthed hello to her.

The sa paglibot pa ng tingin ko nagtama ang mga mata namin ni Vane.

Nakatayo lang sya, nakatingin sa akin habang nakapamulsa.

"*Don't worry I will save you."* Iyan ang sinasabi ng kanyang mga mata. Kung paano ko nalaman, aba malay ko basta ang alam ko iyon ang nababasa ko sa mga mata nya.

Isang ngiti naman ang binigay ko.

Si Master Rolf nakangisi at nang-aasar ang mga tingin kay Bev.

Mayamaya pa nagsimula na sila.

"This duel is to claimed Ms. Angelique Ysa Santiago as their gang Elf. Simple lang ang mechanics. Kung sino ang makakasagip at makakapagdala dito sa kanya. Sya ang panalo. But here's the catch. Meron lang kayong 15 minutes para gawin iyon. Dahil sa loob ng labing limang minuto ay tumataas ang tubig at kung hindi sya maalis duon. Malulunod sya at mamatay. No rules. Kahit ano pwedeng gawin para mapigilan ang isat-isa sa pagsagip." Mahabang paliwanag ni Gareth na medyo pasigaw para umabot sa pandinig ko.

"Ganon pwede akong mamatay? Naman virgin pa nga ako mamatay na ako kaagad! First kiss palang ang meron ako. Gusto ko lang naman kumain ng pizza ah. Sa susunod hindi na ako maniniwala sa mga libre nayan sa ganito pala nauuwi." Malungkot na pagmamaktol ko.

Napatingin ako ulit kay Bev.

Hindi ko alam kung nakita nya amg pagmamaktol ko. Bumakas kasi ang pag-aalala sa mukha nya.

"Master Bev!" Sigaw ko. "Pagnamatay ako rito. Ibili mo parin ako ng pizza parlor para kahit multo na ako may libre parin akong pizza ha!"

"Gunggong ka talaga mamatay na lahat-lahat pagkain parin ang nasa isip mo." Sigaw ni Barbie.

Tumawa ang ilan sa mga nanonood.

"Hey Cutie don't worry hindi ka mamatay. Masasagip kita dyan." Biglang sigaw ni Master Rolf.

Napamulagat ako ng makitang naka boxer na lang sya.

Ang ganda ng katawan nya at may Abs din.

"Kaloka may panlaban sya kay Bev."

Nagtitilian na ang mga babaeng naandun tili na mas lalong lumakas ng si Vane naman ang naghubad ng damit at pantalon.

"Ahhh! Ang macho mo Rolf."

"My God! Sex tayo Vane!"

"Sex? Sexsex mo mukha mo sa pader uunahan oa ako nitong babaeng ito."

"Pakasalan mo ko Rolf!"

"Asawahin mo na ako Vane!"

"*Ay hindi ka nya magiging asawa isusuot mo pa lang iyong gown itinanan ko na sya."*

Habang nags-side comment ang isip ko sa aking naririnig.
Busy rin ako sa pagnganga sa katawan ng Bev ko tulo laway pa nga ako.

Tinignan ko iyong mga babaeng sumisigaw ng pangalan nya bago ko ibinalik ang tingin sa kanya.

"Eyes on me Miss! Sakin lang." Sigaw nya.

Eyes on him daw.

Kahit hindi nya sabihin sa kanya lang talaga ang tingin ko. Sya kang naman ang oinagnanasaan ko.

Nag-umpisa na sila.

Si Rolf sumugod kaagad kay Vane.

Umiwas lang si Vane at mabilis na tumakbo palusong sa dagat.
Ngunit mabilis na nakahabol si Rolf at sinuntok sya.

Gumanti ng suntok si Vane. Nagpambuno sila.

Tama si Gladys, pareho silang malakas. Walang nagpapatalo, hindi nila hinahayaan ang isat-isa na makalapit man lang sa akin.

Sa puntong iyon iyong tubig dagat ay papaakyat na sa leeg ko. Na hindi ko pinanpansin.

"Anong oras kaya kami matatapos? Nagugutom na ako."

Nakita kong nasuntok si Bev.

"Master Bev. Master Rolf. Pakibilisan po gutom na ako." Sigaw ko na nagpatigil sa kanila.
Natawa si Rolf.

"Isn't she's amazing? Natutuwa talaga ako sa kanya. Bagay na bagay kaming da-." Napatigil sa pagsasalita si Rolf ng sipain ito sa dibdib ni Vane.

Muling kumilos si Bev para makapunta sa akin.

Pa dive na sya ng pumailanlang ang sagitsit ng gulong ng nagprenong saksakyan.

Tatlong sasakyan iyon na ang laman ay puro mga lalaki na may mga dalang tubo, paddle at dos por dos.

"Ang mga taga Delton University! Ang Hawks Gang!" Narinig kong sigaw ng isang B.W.

Hindi naglipas sandali. Parang may gera na.

Kanya-kayang suntukan sipaan ang nangyayari sa paligid.

Una kong tinignan si Gen at nakita kong pinoprotektahan sya ni Stephano.

Si Audrey naman nakikipaglaban din.

"Bev sa likod mo!" Sigaw ko ng makita ko ang isa na hahampasin sya sa likod.

Ang kaso nasa bibig ko na ang tubig at sa ginawa kong pagsigaw nakainom ako at sunod-sunod na napaubo.

Nakita kong napalingon sya.

Kitang-kita ko ang panlalaki ng mga mata nya ng tignan ako.

Sinuntok nya ang lalaking hahampas sana sa kanya saka sya tumakbo papalapit sakin.

Tumaas na ang tubig sa ilong ko at tinitingala ko nalang ang ulo ko para hindi iyon maabot.

Ang paglapit ni Vane muling hindi natuloy ng sugudin sya ng limang lalaking may hawak na tubo.

"*Madaya sila. Kung hindi lang ako nakatali tutulungan ko si Bev."*

Mata ko na lang ang nakalitaw sa tubig at bago pa ako tuluyan lamunin ng tubig alat. Nakita ko si Vane na hindi na sumusuntok at binabangga nalang ang mga lalaking nakaharang sa kanya para makaraan at makapunta sa akin.

Hindi ko na nakita kung nakatawid sya dahil tuluyan nang nilamon ng tubig ang buong katawan ko.

Nakapikit lang ako.

Isang minuto...

Dalawang minuto...

Tatlo... apat...

Naramdaman ko ang paninikip ng dibdib ko.

Alam ko sampung segundo na lang at kusa ng bubuka ang bibig ko para sumagap ng hangin.

Ten... nine... eight...

"Sabi ng mga mata ni Bev ililigtas nya ako."

"*Loka-loka ka Ysa. Kumilos kana. Limang minuto lang ang kaya mong itagal sa ilalim ng tubig. Tegi talaga ang labas mo kung di ka kikilos."*

"Ililigtas nga ako ni Bev."

Five... four....

Three...

Mariin akong napapikit.

Two...

One...

Unang singhot ko pa lang naramdaman ko na ang pagpasok ng tubig sa ilong ko.

Bumuka ang bibig ko.

Hinanda ko na ang baga ko para sa tubig na muling papasok.

As I brace myself naramdaman ko rin ang paglapat ng kung ano sa bibig ko.
Naimulat ko ang aking mga mata.

And that was when I saw him, at narealize ko kung ano ang bagay na lumapat sa aking mga labi.

Si Vane...nasa harap ko...

...nakalapat ang labi sa mga labi ko...

*****

H/n

Akala ko hindi ko matatapos.

I'm so sleepy na...??? tapos na distract pa ko kay Big Boss at umiyak si baby.

Pero determinado si Ysa. Alang-ala daw sa abs ni Bev nya mag UD daw ako hahaha.

Comment po kayo? Okay lang ba o lame? Hehehe salamat.

Helliza Sabida

9262917uivst 22:02

7. Hindi Matiis

Hilam na hilam na ang mga mata ko.

Ngunit kahit ganon nanatili paring bukas ang mga iyon.
Nakatingin ka Vane .

Naramdaman ko ang pagyakap nya sa akin at ang paggalaw nya upang makalas ang tali na pumipigil sa akin.

Ramdam ko din ang pagbuga nya ng hangin sa loob ng bibig ko.

Pero ang siste kahit alam kong ginagawa nya lang iyon para bigyan ako ng hangin, gumalaw ang mga labi ko...

...pahalik sa kanya.

Ramdam kong natigilan sya ng ilang segundo. Pagkuway gumalaw ulit ang mga labi nya...sa pagkakataong iyon pahalik na.

Kung sa hawak lang nya kuryente na ang nararamdaman ko, ano pa kaya ang halik nya.

Parang tinutusok-tusok ang buong katawan ko, sa tindi ng kuryenteng nararamdaman ko.

Ramdam ko rin ang pagpupumilit ng dila nya na makapasok sa loob ng bibig ko na pinatuloy ko naman.

Ngunit bago pa lumalim ng tuluyan ang halikan namin nagdilim na ang paningin ko sa kawalan ng hangin.

*****

"Hey! Wake up!"

Naramdaman ko ang pagpump ng kung sino sa dibdib ko.

"Damn it! Open your fucking eyes Angelique Ysa!"

"Omg si Bev ko tinawag ako sa pangalan ko sa unang pagkakataon."

*"*Miss...open your eyes please. Bibilhan talaga kita ng pizza store. Just open your eyes."

Kahit masakit iyong mga mata ko nagmulat ako ng mga mata.

"V-vane..." nagkasalubong
ang mga mata namin. His brown eyes became dark ng banggitin ko ang pangalan nya.
"K-kahit huwag nang s-store, five box of pizza na lang please." Pagkasabi ko nuon napaupo ako dahil inatake ako ng sunod-sunod na pag-ubo.

"Sige lang Ysa ubo mo lang." Sabi ni Stephanie sa akin na nasa likod ko at hinahagod ang aking likod.

"G-gosh. N-next time po kapag l-lunurin nyo ako paki-orient ako please. P-para makapagr-ready ang

mata at l-lamunan ko."

Waa ang sakit ng lalamunan at mga mata ko.

Nagtawanan sila.

Nasa tabing-dagat parin kami nakapalibot ang D.K at B.W sa akin. Naandon din si Gen at Audrey.

"Mukhang ayos lang sya Vane nagj-joke na eh." Si Chezter

Eh? Sino nagj-joke?

"Hey Cutie, come dalhin kita sa hospital." Napatingin ako kay Rolf na nakatayo sa kanan ko at nakalahad ang kamay.

Pinalis naman ni Vane iyon na nakaluhod sa harap ko.

"Back-off."

"Huwag kang ano Montereal. Hindi ikaw ang nanalo, nahinto ang duel remember, kahit ikaw ang nakakuha hindi parin sya sayo."

"Nanalo o hindi. AKIN yan pinagbigyan lang kita sa gusto mo Vasquez." Sagot naman ni Bev na sa akin nakatingin.

Lumunok ako kahit masakit gawin, naalala ko iyong paghalik ko sa kanya kanina.

"*Landi mo Ysa ikaw talaga ang humalik."*

Namula ang pisngi ko, na napansin nya at kinangisi .

Sigurado akong alam nya na iyong halik ang naiisip ko.

"Ahh... p-pwede na po bang umuwi? T-time out po muna. Bukas naman po ulit?" Hindi ko na hinintay na sumagot sila. Nagulat silang lahat nang maliksi akong tumayo na tila hindi ako galing sa pagkakalunod.

Pinagpag ko iyong basa kong damit.

"Y-ysa." Tawag sa akin ni Gen.

"Bye, bye po muna" bago pa sila nakapagreact tumakbo na ako.

"Shit! ANGELIQUE YSA!" Sigaw ni Bev.

"Huhuhu sorry Bev bukas na lang. Nahihiya pa akong harapin ka."

Narinig ko ang pagsunod nila, pero kapag ayaw kong magpahuli, hindi ako mahuhuli. Kaya hindi nila ako naabutan.

Pumasok ako sa kagubatan.
Bago pa man nila ako nasundan, naglaho na ako sa paningin nila.

*****

"Nike... I miss you too." Sabi ko habang naglalakad papuntang klasroom.

Kausap ko sa cellphone si Nike na bestfriend ko. Matanda sya sakin ng ilang taon pero hindi naging hadlang iyon para maging kaibigan ko sya.

"Kelan ka ba babalik dito Ysa baby? Alam mo bang nagtataka ako sa mga tao, nagugulat talaga sila pagnakikita nila ako. Bakit kaya?"

Napaisip ako sa sinabi nya.

Papasok na ako sa klasroom.

Naisip ko iyong mukha ni Nike.

"Ahhmmm baka may muta ka Nike." Tahimik ang klase pagpasok ko, nakakapagtaka dahil wala pa namang prof.

Nakaupo silang lahat at parang takot na gumalaw o magsalita man lang.

Kumunot ang noo ko.

Bakit kaya?

Nang tuluyan akong makapasok duon ko nalaman ang dahilan .

"*Hala bakit kaya galit si Bev?"*

Damang-dama ko mula sa kinatatayuan ko iyong itim na aura na binubuga ng binatang tsokolate ang mga mata.

Pagpasok ko pa lang sa akin na sya nakatingin.

"Ke aga-aga naman nyang high blood."

Kaya ang ginawa ko nginitian ko sya ng pagkatamis-tamis with matching kaway pa.

Nagsinghapan ang mga kaklase namin na hindi ko pinansin.

"Ang gwapo kahit galit."

Dahil gusto kong pagmasdan ang gwapo nyang mukha. Sumandal muna ako sa may white board at tinitigan sya.

"Ysa Baby every morning naghihilamos ako, saka bago ako lumabas, tumitingin ako sa salamin. " narinig kong sabi ni Nike sa kabilang line.

Kumunot ang noo ko.

Bakit nga kaya?

"Hala Nike baka nabungi kana hindi mo lang alam!" Nanlalaki ang mga mata na sabi ko.

"Whattt!!!' Nakarinig ako ng kalabugan sa kabilang linya. Pati ang pagbukas ng pinto ay narinig ko.

"Ano Nike? Bungi na ba?" Tanong ko.

Siguradong tumakbo sya sa may banyo.

Dahil tahimik rinig na rinig ang boses ko dito sa buong room.

"YSA BABY! Huwag mo akong biburuin ng ganyan." Sigaw naman ni Nike sa kabilang line, rinig din nilang lahat.

Ngumuso ako. Nakatitig parin kay Vane. Napansin ko lalong nagdidilim ang mukha nya.

"Nikey baby. Hindi naman ako nagbibiro, ewan sayo dyan, kung nagbibiro ako dapat nuong sinabi ko iyon dinugtungan ko ng 'joke lang' di ba."

"Ay oo nga pala, sorry."

Tumawa ako umalis sa pagkakasandal sa white board at naglakad na papuntang upuan ko. Mahirap na baka maabutan ako ni Sir Apduhan na nakatayo.

Nakasunod ang tingin sa akin ng mga klasmeyt kong tahimik na tahimik parin.

"You're dead." Sabi ni Barbie ng mapatapat ako sa upuan nya.

Nangunot ang noo ko.

Dead? Ako?

"Nikey may ipaparinig ako, pakinggan mo ha." Bago pa sya makasagot itinapat ko na iyong cellphone ko sa dibdib ko ng ilang segundo.

"O narinig mo?"

"Oo tibok ng puso mo iyon di ba? Bakit pinarinig mo sakin?"

Napakamot ako sa kilay.

"Ah, sabi kasi ng isa kong kaklase rito dead daw ako. Eh tumitibok naman heart ko di ba."

Biglang napabunghalit ng tawa si Stephano at Chezter. Iyong ilan ko pa ding klasmeyt napahawak sa bibig para pigilan ang pagtawa.

"Baka naka drugs iyang klasmeyt mo. Aba lumayo-layo ka dyan Ysa."

Napaatras tuloy ako palayo kay Barbie na masama ang tingin sa akin.

"Sige na Nike baka dumating na prof ko. Ingat ka dyan."

"Okay ingat karin love you."

"Love you too." Nakatawa ko pang sabi nasa gilid na ako ng upuan ko non di lang ako makaupo kasi nakataas iyong isang paa ni Bev duon.

"Good Morning klasmeyt." Bati ko sa kanilang lahat.

"Good morning mga Master." Yukod ko naman sa first four ng D.K. saka ko binalingan si Vane.

"Good morning Master Bev."

Hindi nagbago ng ekpresyon si Vane. Madilim parin ang mukha nya habang nakatingin sa akin.

"Kung babae si Bev ko siguradong may dalaw to."

Nagkibit-balikat na lang ako.

Hinintay ko na ialis nya ang paa sa upuan ko namg makaupo na ako,pero hindi nya inalis iyon.

"Master pwede po paupo?" Tanong ko.

Hindi parin sya umimik.

Kumamot ako sa ulo.

Hinawakan ko iyong bangko at bahagyang hinila.
Still hindi nya parin inalis ang paa nya.

"Master masakit ba ang paa mo?"

Silent.

"Pinapalinisan nyo ba iyong sapatos nyo sa akin?"

No response.

"Galit po ba kayo sa akin?"

"..."

Nakaramdaman na ako ng inis.

"Mr. Vane Montereal!" I said with a hint of irritation. Napansin ko ang pagbabago ng bahagya ng kanyang mukha nya pagkatapos kong banggitin ang pangalan nya. "Paano ko malalaman ang problema nyo kung hindi kayo iimik dyan. Hindi naman ako manghuhula para malaman ang dahilan sa pamamagitan ng pagtitig nyo lang."

Nakarinig ako ng bulungan.

"Did you hear that tinawag nya sa buong pangalan si Vane."

"Oo nga nang walang paggalang."

"Naku lagot iyang Elf nayan."

Hindi ko sila pinansin.

Hinintay kong alisin ni Bev iyong paa nya, pero titig parin ang binigay nya sa akin.

Bumuntung-hininga ako at tumalikod. Naghanap ng ibang mauupuan.

"Lakas ng tama ni Bev." Naisip ko.

Nakakita naman ako. Ngunit ng uupuan ko na...

"Huwag nyo syang papaupuin." Utos ni Bev. Kaya naman bago pa ako makaupo inilagay na kaagad ng babaeng nasa tabi niyon ang bag nya sa bakanteng upuan.

Natigilan ako.

"*See, see, ang lakas ng tama ni Bev ang damot, damot nya sa upuan."*

Nilingon ko sya.

Nagtama ulit ang mga mata namin.

Hayy ginugutom ako sa kanya.

Tumalikod ako at naglakad papalabas.

"Where are you going?" Narinig kong sabi nya.

"Makiki sit in sa ibang room. Ayaw nyo namang magpaupo rito." Sagot ko.

"*Ngayon ko lang nalaman mahilig pala sa upuan itong si Bev."*

"Don't you dare!"

Napahinto ako sa galit na sigaw nya. Paglingon ko nasa harap na kita.

"Kapag sinabi kong huwag kang uupo hindi ka uupo! Kapag sinabing kong hindi ka lalabas! Hindi ka lalabas! Kapag sinabi kong hindi ka aalis! Hindi ka aalis!" Puro exclamation point pero wag ka hindi naman sya sumisigaw.

But iyong mga classmate ko obvious na natakot dahil nagyukuan.

Ako? Hindi sya nakakatakot para sa akin. Lalo lang syang naging gwapo sa paningin ko.

Nagsisinghapan ang lahat ng tumaas ang kamay ko hindi para sampalin sya kundi para pisilin ang kaliwang pisngi nya.

"Ang gwapo nyo po." Malambing na sabi ko habang matamis na nakangiti sa kanya.

Napaawang ang labi nya sa ginawa ko.

Tumaas ang kanyang kamay. Hinawakan iyong kamay ko.

"Wala Par, hindi natatakot sayo." Narinig kong sabi ni Stephen.

Humigpit ang pagkakahawak nya sa kamay ko.

"Bev ko--este Master Bev sorry na. Kung ano man iyang kinakagalit mo sorry na. Smile ka na, kahit naman gwapo ka pagnagagalit mas gwapo ka pagnaka smile." Masuyo akong ngumiti.

"Tsss." Nabigla ako ng tabigin nya ang kamay ko. "Huwag mo akong basta-bastang hahawakan Elf. Know your place." Suplado nyang sabi.

Napatingin ako sa kamay ko na tinabig nya.

Saka bumuntung-hinnga.

Know my place daw.

"Nasa klasroom po ako. Nakatayo sa harap ng pinakagwapong lalaking nakita ko." Sabi ko deretsong nakatingin sa mga mata nya.

"Hahaha! Vane hahaha, ayan sinabi nga kung nasaan sya." Tumatawang sabi ni Chezter.

"Nice Nerd. Pasimple ka ring bumanat."

Ano naman iyong bumanat?

Hayy malapit ko ng isipin na mga abnormal sila.

Bigla akong inubo.

Tinalikudan ko si Bev.

Pinukpok ko ang dibdib ko, ngunit napapitlag ako at napatayo ng tuwid ng maramdaman ko ang paglapat ng likod ko sa dibdib ni Vane kasabay ng pagpigil nya sa ginagawa kong pagpukpok sa aking dibdib.

"Stop doing that."

Fudge cake! Iyong ubo na palabas sana sa bibig ko nalunok ko ulit dahil sa sobrang gulat sa ginawa nya.

"Come."

Hinila nya ako papuntang row namin at inuupo sa upuan ko.

"Anong nararamdaman mo? Masakit ba ang dibdib mo? Nilagnat ka ba kagabi?" Sunod-sunod nyang tanong.

"Hindi mo rin natiis." Natatawang sabi ni Stephanie.

"Hmmp kung ako sayo Vane ilipat mo na iyan ng ibang section." Nakairap na sabi ni Barbie.

"Paano ililipat eh nung nawala na lang bigla kahapon yan sa paningin nya, daig pa nya ang nagalit na

toro." Si Chezter.

"You're whipped Bro. So very whipped." Si Stephano.

Walang pinansin si Vane sa kanila, bagkus hinawakan nya ang baba ko at itinaas.

"Anong nararamdaman mo Miss?"

Suminghap ako.
"Bev... kung galit ka sakin pwedeng huwag mo akong pahirapan ng ganito." Sabi ko sa mahinang boses. Iyong mga mata ko palipat-lipat sa mga mata at labi nya.

"What?"

"Nahihirapan akong huminga..."

"What? Damn it! Bakit kasi tumakbo ka kahapon? Hindi ka tuloy natignan ng doctor!

"...kasi sobrang lapit mo. Layo ka ng konti Bev ko baka mahalikan ulit kita, lagot na talaga ako kay Papa ko."

Katahimikan.

Sobrang katahimikan wala na yatang humihinga sa sobrang tahimik.

Pati ang first four, natahimik at natigilan din sa sinabi ko.

Unang nakabawi sa pagkabigla si Vane na tumawa ng malakas. Tawang tila ba siyang-siya sya.

"See mas gwapo sya pag nakatawa."

"Damn girl! I don't know what I'm gonna do to you." He said saka nya ako hinalikan sa noo.

Namula yata ang katawang lupa ko sa ginawa nya.

Mas bumilis ang tibok ng puso ko, to the point na aatakehin na yata ako sa puso.

"*Naman Bev eh..."*

*****

H/n

Dapat kahapon pa'to eh ang dami lang nangyari. Pasensya na?

M hiniram ko na si Nike. ???

Comments po kayo what do you think dito sa chap na'to.

May story din po iyong ka duo ni Ysa kanina sa ahemmm kainosentehan. Si Nike. ?

Title: Kahit na

By: MAgapito

Sana mabasa nyo rin?

Thanks

Helliza Sabida

1022017uivst 12:34

8.Basketball

For @MarybethJeon197 bhe eto na dedic mo ?. Salamat

*****

Patingin-tingin lang ako sa likod ni Bev habang naglalakad sya sa harap ko.

"Grabe to si Bev ko pati likod ang kisig."

Kasama nila akong naglalakad papuntang next subject nila.

Nagtataka nga ako eh, bakit sumusunod ako sa kanila eh iba naman ang room ng next subject ko.

Kumamot ako sa tungki ng ilong ko at magsasalita sana ng mapatingin ako sa gym na nasa tapat ng floor na nilalakadan namin.

"Gen?"

Umikot ang mga paa ko at tinahak ang ang daan papunta ruon.

Si Gen nga ang nakita ko kasama iyong iba pang mga Elf na kilala ko lang sa mukha.

Naglalaro sila ng basketball at ang kalaro nila ay sina Gladys at Raquel kasama pa ang ilang mga taga BW.

Nakita ko sina Rolf, Gareth at Richard na nakaupo sa bench at pinapanood ang laro.

"Ano! Umayos kayo ng paglalaro nakakawala kayo ng thrill!" Sigaw ni Gladys.

Bakas naman ang takot sa mukha ni Gen at ng apat pang kasama niya.

Nakina Gladys ang bola.

"Hoy mga Elf hangga't hindi kayo nakaka score ng five points hindi tayo titigil dito. Kahit umabot pa tayo ng gabi o kinabukasan. Maglupasay man kayo sa pagod hindi kami titigil. Pwede kaming makipagpalit kayo hindi kaya umayos kayo!" Sabi ni Raquel na nakangisi.

"Walang hintuan? Aba masaya iyon."

"P-pero wala kaming l-laban sa inyo Lady R-raquel. B-basic lang ang alam namin s-samantalang p-player talaga kayo." Sabi ni Gen na biglang napayuko at napaigik ng batuhin ni Raquel ng bola.

"At sumasagot ka pa! Problema nyo na iyon. Basta ang gusto namin makipaglaro kayo naiintindihan nyo ba!"

Takot na takot na tumango silang lima.

Nagsimula ang laro.

Obvious na obvious naman na talo na sina Gen, ni hindi nga sila makahawak ng bola at kapag nahahawakan naman sila inaagaw iyon ng grupo ni Gladys na may kasamang dahas.

Ilang beses ngang nasampal at nasikmuraan si Gen.

Umiiyak na silang lima natatakot sila kapag napupunta sa kanila ang bola. Ten points na sina Gladys pero sila wala pa.

Nakita kong nahawakan ulit ni Gen ang bola.

Hindi nya alam kung tatakbo o ibibigay na lang nya kay Gladys iyon dahil papasugod na sa kanya ang dalaga.

Isang suntok sana ang papakawalan ni Gladys patungo sa kanya ng tumakbo ako sa court, hinila ko sa kamay si Gen, at sa hangin tumama ang kamo ni Gladys.

Hinarap ko ang nabiglang si Gen sa ring pumuwesto ako sa likod nya at mula ruon itinaas ko ang mga kamay nyang may hawak sa bola sabay bangga ko sa likod ng mga tuhod nya para bumaluktot iyon.

"Jump Gen."

Sumunod naman at kasabay ng pagtalon nya ay ang pagbitaw naman namin sa bola.

Tumilapon iyon at dere-deretsong pumasok sa ring.

"Yessss!" Sigaw ko na humarap kay Gen at nagtatalon habang hawak ang mga kamay nya.

"Naka two point na kayo." Masayang sabi ko.

"Y-ysa."

Biglang bumakas ang takot sa mukha nya kasabay ng paghila ni Gladys sa buhok ko.

"What are you doing!" Galit na sabi nya.

Ngumiwi ako at tinignan sya.

"Tumatalon po." Sagot ko.

Tumalim ang tingin nya at patulak akong binitawan. Muntik pa akong mapaupo sa sahig sa lakas niyon.

"Alam mo ba kung anong ginawa mo?"

"Eh? Bulag ba sya at tinatanong nya kung anong ginawa ko."

"Tumatalon nga po ako Lady, gusto nyo bang maki-join?" Tanong ko.

Narinig kong tumawa sina Rolf.

Napatingin ako sa kanila.

"Nice one Cutie." Sabi nya.

Ang sama-sama na ng tingin ni Gladys sa akin.

"You! Maglaro ka. Gusto kong makipaglaro ka sa amin."

"Basketball po?"

"Hoy tanga huwag mo akong daan-daanin dyan sa inosente kuno mo. Tutal nakialam ka na maglaro ka!" Sigaw ni Gladys sa mukha ko.

Napapikit ako at napapunas sa pisngi.

"Lady layo po kayo ng konti, iyong laway nyo po tumatalsik although mabango naman po ang hininga nyo, nakakadiri parin."

Nanlaki ang mga mata nya at kahit na sina Rolf ay ganon din ng marinig ang sinabi ko.

"You're dead Elf." Sabi ni Racquel.

Napakunot ang noo ko.

Binalingan ko si Gen na takot na takot ang mukha.

"Uy Gen sabihin mo nga sa akin? Hindi ba ako nasave ni Master nung nalunod ako? Imagination ko ba iyon. Namatay ba ako ng hindi ko nalalaman? Dalawang beses na kasi akong nasabihan ng you're dead eh natibok naman puso ko. Naging walking dead na ba ako ng hindi ko alam ha Gen?"
Bago pa ako nasagot ni Gen, isang sipa ang tumama sa tagiliran ko na nagpatalsik sa akin at nagpasasad sa sahig ng gym.

"O-ow." Daing ko habang tumatayo.

"I-i think buhay pa ako, masakit eh." Dahan-dahan akong bumangon habang hawak ang nasa tagiliran ko.

"Talagang buhay kapa dahil ngayon pa lang kita papatayin." Galit na sabi ni Gladys.

Natigilan naman ako. Sabay sabing...

"Huwag po Lady hindi bagay sa inyo ang maging mamatay tao. Hayaan nyong iba na lang ang gumawa non."

"You-."

"Take it easy Gladys. Bakit hindi mo na lang isali nga sa laro si Cutie, daanin mo na lang sa laro iyang init ng ulo mo." Sabi ni Rolf.

" Pero-."

"Bev!" Biglang sigaw ko ng makita ko ang grupo nila na nakatayo sa pinto ng gym.

"Hello mga master." Sabi ko pa sabay kaway sa kanila.

"What are you doing here Miss?"

Bago ko pa nasagot ang tanong ni Bev sumingit na si Rolf.

"Maglalaro sila Montereal. Basketball. At hindi mo pwedeng pigilan dahil magiging official na laro ito ng mga Elf vs BW, magkakaruon ng premyo ang mananalo."

Namilog ang mga mata ko.

"Talaga Master Dimple may price?"

Tinignan ako ni Rolf.

"Yes Cutie. At kahit anong premyo ang hilingin nyo pwede. Kung isang daan na pizza ang gusto mo iyon ang ibibigay naming premyo."

Nanlaki na naman ang mga mata ko at napatalon pa.

"Yes! Sali ako Master." Prisinta ko kaagad.

"Hoy tanga, itanong mo muna kung anong magiging premyo nila pag sila ang nanalo." Singhal sa akin ni Barbie.

"Eh?"

"Kapag kami ang nanalo ikaw na Elf ka ay makakatanggap ng limang suntok at sampal sa amin sa loob ng isang buwan sa kahit na sinong BW especially sa akin." Galit na sabi Gladys na ngumisi.

Nanlaki naman ang mga mata ni ni Gen at Stephanie.

"Ano tinatanggap mo ba."

Ngumiwi naman ako.

"Ang sakit naman non Lady..."napaisip ako.
"Hindi kaya mamaga ang mga kamay nyo kapag ganon?" Tanong ko.

Nanlaki ang mga mata nya at tinignan ako ng hindi pagkapaniwala.

"At sa kamay nya pa ikaw nag-alala talaga, alam mo ba iyang pinasok mo ha Elf?"' Naiiling na tanong ni Barbie.

"Gym po. Itong gym ang pinasok ko Lady Barbie. " sagot ko naman na kinasama ng tingin nya.

"Hay naku, nakakabadtrip ka talagang kausap, fine. Bahala kasa buhay mo! Mabugbog ka sana!" Inis na sabi ni Barbie na naglakad papuntang kabilang bahagi ng gym at naupo ruon.

Nagtaka naman ako. Tama naman sagot ko ah.

Nagtama ang mga mata namin ni Bev.

"Lets go." Sabi niya habang nakatingin sa akin.

"Ha?"

"May klase ka pa tara na." Umakto siyang lalapit sa akin ng magsalita si Rolf.

"Huwag kang makialam. Ysa is a free Elf, hindi pa sya kasali sa kahit kaninong grupo natin kaya kung may hahamon sa kanya kailangan nyang tanggapin iyon."
"Free Elf. Ayos parang mala-Harry Potter lang ang peg ko."

"Master Bev okay lang po magpapasa na lang ako ng excuse letter."

Matagal nya akong tinignan bago sya tumango at naglakad papunta sa kinauupuan ni Barbie nasisunuran narin sina Stephanie, Chezter at Stephano.

"Ano Stinky Nerdy Elf?Maglalaro ka ba? Sabagay sa ayaw at sa gusto mo maglalaro ka talaga."

Ngumiti ako ng matamis at tumango.

"Maglalaro po ako Lady Gladys. Bale po kapag kayo ang mananalo sa loob ng isang buwan tatanggap ako ng taglimang suntok at sampal sainyo. Tama po ba?"

"Bakit nakukulangan ka pa ba? Gusto mong gawin kong sampu?"
Nagkibit-balikat ako. "Kung ano pong gusto nyo. Panalo nyo po iyon kaya kayo ang masusunod." Sabi ko naman.

"Nakaasar ka talaga."

"Eh? Bakit na naman panalo naman nya iyon talaga ah, eh di kapag ako ang nagdecide parang ako na ang panalo non diba?"

"Fine gagawin kong sampu ang bilang ng suntok at sampal na matatanggap mo kapag ako ang nanalo. Gagawin ko pa iyong dalawang buwan!" Nanggigil na sabi ni Gladys sa akin.

"Okay got it po. At kapag ako naman ang mananalo. Lahat ng Elf po rito sa buong MC ay magkakaron ng isang buwang day-off. Wala po kayong pwedeng utusan at i-bully."

Nanlaki ang mga mata nila sa sinabi ko. Kahit nga si Bev ko nagulat eh.

Nakarinig ako ng ingay sa paligid at nuon ko lang napansin na marami ng estudyante sa loob.

"What? No! Ayoko hindi ako papayag!" Si Gladys.

Ngumiti ako.

Iyong ngiting seroyoso.

Ngiting ikinatigalgal ni Gladys, ikinagulat ni Vane at ikinataka ng lahat.

"Aatras ka na ba?" Tanong ko sa seryosong tinig. Malamig ko syang tinignan na ikinaatras nya.

"S-sinong may s-sabing aatras ako. Hindi ako aatras ng dahil lang sayo Elf."

Bigla akong tumawa.

"Eh di simulan na po natin." Nakatawang sabi ko.

At naglakad akopapunta kina Gen habang tinatali ang mahaba kong buhok.

*****

Gen P.O.V

Nakatulala lang ako kay Ysa habang naglalakad sya papalapit sa akin at tuluyang nalaglag ang panga ko ng tuluyan nyang maitali iyong magulo at mahaba nyang buhok.

Napanganga ako dahil ang ganda pala ni Ysa. Para syang manika. Ang liit-liit ng mukha nya at ang tangos ng ilong. Ngayon ko lang din napansin na kissable lips sya.

"Ready na kayo?" Nakangiting tanong nya.

"Y-ysa sigurado ka ba dito?"

Nagtataka ang mukha nya na binalingan ako.

"Eh? Dapat ba maging sigurado ako? Di ba maglalaro lang naman tayo?" Inosente nyang tanong.

Gusto kong tawagin ang lahat ng santo, mukhang hindi talaga sya aware sa mga nangyayari.

Wala na akong nagawa kundi ang mapatango.

Nang magsimula ang laro, gusto ko nang umiyak nang umiyak, ang sakit ng suntok at mga sipa na natatamo ko.

Kahit kailan sadista talaga sina Gladys, kahit wala sa amin ang bola nanakit sila, ni hindi man lang kami makascore.

Back to zero ang umpisa at ang unang maka ten points ang mananalo. Seven points na sila isang three point lang panalo na, samantalang kami two points pa lang.

Napaigik ako ng nasuntok ako sa braso, muntik pa akong madapa kung hindi lang mabilis si Ysa na alalayan ako .

Napatingin ako sa kanya.

Kung nasasaktan kami, mas sya.
Siya ang pinag-iinitan nila Gladys, ilang sampal, suntok, sipa at paniniko na ang natanggap nya.

Tumingin sya sa akin at ngumiti.

Ewan ko ba, sa ngiti nyang iyon parang gumaan ang loob ko, para kasing sinasabi ng ngiti nya na magiging ayos ang lahat magtiwala lang ako.

Ang kaso bigla na lang tumalsik at napahiga sa sahig si Ysa ng tamaan ng siko ni Racquel na sa labi nya tumama. Tumalsik ang salamin nya at kitang-kita ko ang pagdugo ng kanyang mga labi, na pumutok.

"Ysa!" Sigaw ko.

Si Master Vane nakita kong napatakbo papunta sa kanya.

"Hey, Miss are you okay?"

Nakangiwi naman na nagmulat ng mga mata si Ysa.

Nakita kong tinignan nya si Vane na ang lapit ng lapit ng mukha sa kanya dahil tinulungan syang maupo nito.

Nakita ko rin ang pagdurugo ng labi ni Ysa.

"Waaa Master!" Nagulat kami ng bigla syang ngumawa.

"Shit! Saan ang masakit? Anong nararamdaman mo?" Natatarantang sabi ni Masters Vane. Nakita ko ang paghagod ng mga kamay niya sa katawan ni Ysa.

Sa tinagal-tagal ko rito ngayon ko lang sya nakitang naging ganyan, usually kapag may babaeng kadikit si Vane isang araw lang ang tagal niyon at iyong mga babaeng iyon pa ang humahawak at nakikipag-usap dito.

Kaya takang-taka ako sa kinikilos nito ngayon.

Bakas na bakas kasi sa mukha ni Vane Montereal ang pag-aalala para kay Ysa.

Napansin ko pang natigilan din siya ng mapagmasdan ang mukha ni Ysa na walang salamin.
"Master naman layo kayo, sabi ko naman huwag kayong masyadong lalapit ng ganito nahihirapan akong huminga at nad-distract ako. Saka bakit kayo lumapit dito naglalaro pa kami eh." Sabi ni Ysa na kinagulat ko.

Don't tell me iyon lang ang dahilan ng pagngawa nya, ni hindi man lang nya ininda ang mga sugat nya.

"Doon na po kayo Master naglalaro pa ako dali na." Sabi nya pa habang tumatayo at tila hindi nasaktan, pinulot nya ang salamin nya at inabot kay Vane.

"Master pahawak lang po. Kunin ko mamaya sa inyo."

Nalaglag na nanan ang panga ko.

Inuutusan ni Ysa si Vane. The Vane Montereal na kinakatakutan dito sa buong MC. Pero ang mas kabigla-bigla ay ang pagtanggap ni Vane sa salamin ni Ysa, ni hindi man lang ito nagalit.

"Upo ka na ulit Master." Nakangiting sabi pa ni Ysa.

Tumaas naman ang kamay ni Vane at pinunasan ang dugo sa gilid ng labi ng dalaga.

Parang wala kami sa paligid habang ganon ang eksena nila, parang sila lang ang tao.

"Bagay sila."

"OMG. Girlfriend ba ni Vane ang babaeng iyan?"

"Hindi naman siguro, hindi bagay si Vane sa kanya."

"Naku kawawa si Vane mukhang tanga iyang Elf na iyan."

Bulungan sa paligid na hindi pinansin ng dalawa.

Pagkatapos gawin ni Vane iyon walang pakialam sa paligid na umalis ito sa court at bumalik sa upuan.

Bumaling naman si Ysa kina Gladys.

"Lady Gladys dapat out na kayo ang dami nyo ng foul eh."

Tumawa nama si Gladys, na kanina pa masama ang tingin kay Ysa.

"Nakalimutan ba naming sabihin sayo na walang rule ang laro na ito?"

"Opo nakalimutan nyo po." Deretsong sagot naman ni Ysa na muntik ko ng ikatawa.

Hindi man niya sinasadya, hindi alam ni Ysa na nang-aasar na sya.

Tumalim ang tingin ni Gladys sa kanya.

"Puwes na sabi ko na, walang rule ang basketball na ito. Ang kailangan nyo lang gawin ay magshoot at maka score. So walang foul-foul dito nerd, sakitan lang."

"Ah." Tumango-tango pa si Ysa. "Iyon naman po pala hindi nyo man lang ako inorient eh di sana umilag po ako sa mga suntok at sipa nyo. Akala ko kasi may pipitong referee at sisigaw ng foul."

"Pfft. Wala Ysa the best ka talaga." Napatingin ako kay Rolf na tawa ng tawa.

Mukhang nainis lalo si Gladys dahil duon.

"Tignan natin kung makakailag ka nga."

At muling nagsimula ang laro, hindi ko na magawang makiagaw o magshoot ng bola dahil napatanga na ako kay Ysa.

Parang ibang Ysa iyong naglaro ngayon. Ang bilis-bilis nya kumilos, naiiwasan at naiilagan nya ang mga suntok at sipa nila Gladys. Gumaganti din sya pero kapag-oras na lalapat na ang kamay o paa nya sa mga ito bigla na lang syang hihinto at aagawin na lang ang bola.

"Oppsss." Sabi pa nya ng muntik ng matumba ngunit nagawa naman nyang maibato ang bola na pumasok kasabay ng pagtumba nya paupo.

"Yes!" Sigaw nya na mabilis na tumayo. "5-7, limang puntos na lang makakahabol na tayo." Sigaw nya.

Pati pagd-dribol ang galing nya. Para syang professional player kung maglaro.

Muli syang naka three point.

8-7.

Hindi ako makapaniwala pero lamang talaga kami.

Mas tumindi ang pagbabantay nila kay Ysa. Mas nanakit na sila pero itong babaeng ito ngiting-ngiti pa.

"Hindi ko na hahayaan na makascore ka!" Si Gladys na nagpakawala ng sipa na patama sa mukha ni Ysa, na walang kahirap-hirap na yinukuan at inilagan nya lang.

"Excuse me po." Sabi nya na dinaanan lang sina Gladys sabay takbo. Hinabol naman sya ng lima.

Ganon nalang ang gulat ko nang tumapat sya sa akin at pinasa ng mabilis ang bola na hindi napansin nina Gladys na patuloy parin syang hinahabol. Muntik ko pa iyong mabitawan.

"Shoot it Gen." Sigaw nya habang tumatakbo at nakalingon sa akin.

Sumunod naman ako.

Naihagis ko na ang bola bago pa man narealize nina Gladys ang nangyayari.

Lumipad iyon sa ere.

"Pumasok ka, pumasok ka please." Piping dasal ko.

And then pumasok nga.

Natulala ako. Iyong mga nanonood sa amin na maiingay at nagc-cheer mula pa sa umpisa kina Gladys ay natahimik din.

10-7.

"Totoo ba nanalo kami?" Hindi makapaniwalang sabi ko.

"Waaaa panalo tayo." Biglang sigaw ni Ysa na tumakbo papuntang bench.

Tumakbo sya at patalon na yumakap kay Vane na mabilis na tumayo at sinalo sya.

Hindi ko alam kung saan ako hindi maniniwala sa pagkapanalo namin o sa sunod nyang ginawa.

"Bev ko panalo kami, pahalik nga." Yakap at buhat na sya ni Vane na walang sere-seremonya nyang HINALIKAN!

*****

H/n

Comment po okay lang ba? Medyo hindi ko talaga ma feel itong chap na ito.

Sabihin nyo naman kung ayos ba.

Salamat

Helliza Sabida
1082017xfe 8:00

9. May Tinatago

For @houxen salamat sa support.

*****

Ang tahimik.
Lahat sila nakatingin sa amin.
Hinalikan ko si Bev na bukas ang mga mata ko kaya kitang-kita ko ang gulat sa mga mata nya.

"Anong ginagawa mo Ysa!" Sikmat ko sa sarili.

Lapat lang naman ang ginawa ko hindi pa torrid kaya safe pa, kunyari natuwa lang ako.

Inilayo ko ang mukha ko sa kanya.

"Hehehe sorry po." Tumalon ako pababa mula sa pagkakabuhat nya.

"Nakita nyo ba iyon!"

"Oh my goodness! Hinalikan ng Elf si Vane!"

"Waaa inunahan nya ako! Ang kapal ng mukha."

"Magsyota ba sila?"

"Nice one Ysa!" Sa mga bulungan iyon nangibabaw ang sigaw ni Audrey.

Napatingin ako sa kanya.

"*Anong one?"*

"Pffft." Pigil naman ang tawa nito ng mapansin ang pagtataka sa mukha ko.

"Huwag mo nang isipin basta ang galing mo hahaha." Lalo akong nagtaka ng natawa sya.

Nagkibit-balikat na lang ako at bumaling ulit kay Vane.

Sina Barbie, Stephanie, Stephano at Chezter ay laglag pa din ang panga sa ginawa ko.

"*Bakit ba biglang-bigla sila sa ginawa ko eh ni kiss ko lang naman si Bev."*

Unang nakabawi si Chezter, tinapik si Vane na matiim na matiim ang tingin sa akin.

"Nahokage ka ni Nerd pre." Natatawa nitong sabi

Namula naman bigla ang mukha ko sa mga titig ni Vane.

"Ah... kunin ko lang po iyong salamin ko Master." Mabilis kong kinuha ang salamin ko sa kamay nya at

tumakbo pabalik ng court.

"Cutie! Asan ang kiss ko." Sigaw na tanong naman ni Rolf na nasa kabilang bahagi ng court na lalong nagpalakas ng bulungan sa paligid.

"Shit huwag mong sabihin pati si Rolf may gusto sa kanya?"

"Ano bang meron sa Elf na iyan?"

"Magpaka nerd na lang kaya ako para makahalik din?"

"Master hindi po puwede mapapalo na po ako ni papa ko." Sagot ko naman lagot talaga ako kay papa nito.

May mga tumawa sa pangunguna ni Chezter at Stephano.

"Ang unfair next time ako muna ang i-kiss mo bago iyang Montereal na iyan." Sabi ni Rolf.

Hindi kaagad ako nakasagot napatingin kay Bev na ang talim bigla ng tingin sa akin.

"*Hala bakit?*"

"Ayusin mo ang isasagot mo sa kanya Miss." Sabi niya pa.

Kumunot ang noo ko.

Si Rolf ba ang tinutukoy nya at ang tanong nito?

Paanong maayos na sagot ang gusto nya? Naguguluhan ako.

Tumingin ako kay Master Rolf na nakangisi kay Master Bev.

"Ahmmm...kapag pumayag po si Master Bev i k-kiss ko kayo?" Patanong pa ang pagkakasabi ko sabay tingin kay Vane na umaliwalas ang mukha tumingin kay Rolf at ngumisi.

"*Ang guwapo."*

"Never! Hindi ako papayag na may humalik sayong iba. Ako lang Angelique Ysa. Ako lang."

Kumabog ng pagkalakas-lakas ang puso ko sa mga sinabi nya.

"Aatakehin na yata ako."

Napahawak ako sa dibdib ko habang nakatingin sa kanya na ngayon ay nasa akin narin ang mga mata.

Natahimik ang mga estudyanteng naroon na biglang-bigla sa sinabi nya.

"Huwag kang pasigurado Montereal. " sagot naman ni Rolf.

May sasabihin sana ako kaso nagulat ako ng biglang may humila sa akin paharap kung kanino at sinampal ako.

"You! Sa tingin mo ba papayag ako na magpatalo ng ganon na lang sayo!" Galit na sabi ni Gladys na sinasambunutan ako.

"Gladys! Stop that!" Narinig kong saway ni Rolf dito.

"Hindi Rolf pinahiya ako ng Elf na ito. Hindi ako papayag duon." Galit na galit na sabi nya.

"Let her go." Sabi na naman ni Vane na nakalapit na sa amin. Walang emosyon ang mukha nya pero ramdam mo ang galit sa nakakuyom nyang mga kamao.
Nasa likod niya ang first four ng KH.

"Huwag kang makialam dito. Hindi sayo ang Elf na ito Montereal. Kapag nakialam ka rito I will declare a gang war." Sabi ni Gladys na humihigpit ang pagkasambunot sa akin.

Tumiim ang bagang ni Bev.

Gang war. Kapag nangyari iyon dito Sa MC malamang magkakagulo.

Waaa ayaw ko. Kaya nga pumunta ako dito eh para umiwas sa gulo tapos magkaka-gang war pa!

"Gladys..." si Rolf.

"What! Pikon na pikon na ako sa babaeng ito kaya walang makakapigil sa akin na gawin ang gusto ko ngayon!"

Napapikit ako. Hindi dahil sa sakit kundi sa laway nyang tumatalsik na naman.

"Lady laway nyo tumatalsik ulit!" Sabi ko habang nakapikit.

"Magpapakamatay na ba iyan?" Si Gareth.

"Wala na hindi na mapipigilan si Gladys galit na iyan."

"Ugh bwisit ka." Tumaas ang kamay ni Gladys pasuntok sa mukha ko. Suntok na hindi lumapat dahil sinalo ko ang kamao nya.

"Anong-."

Nagulat ang lahat ng kumawala ako ng walang kahirap-hirap sa pagkakasambunot nya.

Tinanggal ko ang tali ko sa buhok habang hawak ang kamay nya.

"Bitawan mo ako!" Hinila ni Gladys ang kamay nya na hindi ko naman pinakawalan.

"Ano po bang ikinakagalit nyo?" Tanong ko. "Iyong pagkapanalo namin?" Kumamot ako sa ulo.

"Laro na lang po ulit tayo tapos hindi na po ako mags-shoot promise." Itinaas ko ang kamay ko na nakawak sa kamay nya.

Mas lalong bumakas ang galit sa mukha nya. Umuikas ang isa pa nyang kamay. At tulad kanina sinalo ko lang iyon, dalawang kamay nya na ang hawak ko.

Pero sumipa sya at tinamaan ako sa sikmura na ikinayuko ko.

Naramdaman ko ang pagkilos ni Vane para tulungan ako.

"Naku hindi puwede ayaw kong magkagang war."

"Stop!" Nabigla ang lahat ng sumigaw ako.

Natigil sa aktong pagsuntok si Gladys. Habang nahinto sa paglapit si Vane.

Lahat nanlaki ang mga mata.

Hindi ko tinignan si Bev ng umayos ako ng tayo at harapin ko si Gladys.

"Umayos ka, huwag mong ipakita sa mga member mo na hindi sport ang isa mga leader nila. Nanghamon ka, nakipaglaro, natalo. Now be a sport." Seryosong sabi ko sabay hakbang papalapit sa kaniya.

"You started it I just finished it. Sa susunod na gamitin mo ang basketball sa pananakit sa mga taong ito. I Angelique Ysa Santiago will give you the game you will surely refuse to play. A very bloody game I assured you."
Napaatras sya ng lumapit ako.
Tinignan ko sya ng matagal sa mga mata, my eyes is cold, bored and emotionles habang ang sa kanya ay may halong gulat at takot.

Lahat sila sa mga mata ko nakatingin.

Maya-maya bigla akong ngumiti.

"Waaa ang galing ko nagaya iyong artistang siga sa isa nyang pelikula pasado na po ba?" Tumalon-talon ako at pumalakpak pa. Pagkatapos tinignan ko ulit si Gladys.

"Magaling ka naman Lady. Laro na lang po ulit tayo next time." Nakatawang sabi ko.

Walang nagreact lahat sila nakatingin lang

Humikab ako. At humawak sa tyan.

"Nagugutom na ako. Tara Gen bili tayo Pizza."

"Ha? Ah s-sige."

Bago umalis yumukod pa ako sa kanila.

"Bye Masters & Ladies." Saka para akong batang nagtatakbo habang hila-hila si Gen

****

Barbie p.o.v

"Nakita nyo ba iyong mga mata nya?"

Napatingin ako sa mga kasama ko, lalong-lalo na kay Vane na nakasunod ang tingin sa Elf na iyon.

"May pakiramdam akong may tinatago sya." Dagdag ko pa.

"Sa tingin mo nagpapanggap lang syang inosente?" Tanong ni Stephano sa kakambal nya.

Magaling bumasa ng tao si Stephanie alam kaagad nito kapag nagpapanggap o nagsisinungaling ang isang tao.

"No, genuine ang pagiging inosente nya sigurado ako duon, pero I'am sure too na may tinatago sya." She said.

Napatingin ako kay Vane.

"Investigate her."

Napalingon ako kay Rolf ng sabay nilang sabihin ni Vane ang mga katagang iyon.

Nginisihan ni Rolf si Vane.

"Hey, ayaw mo rin na may makapasok na kalaban natin dito right? Pero anong gagawin mo kung kalaban sya?"

"Yeah... anong gagawin mo Vane kung sakaling kalaban nga sya?" Naitanong ko rin habang nakatingin sa kaibigan ko.

*****

"Ano... Ysa...p-paano mo nagawa iyon?"

Mula sa pagkakakagat sa pizza napatingin ako kay Gen.

"Ang alin?" Tanong ko naman.

Nasa canteen kami at kasalukuyan kong nilalantakan ang limang slice ng pizza.

"Ang manalo sa laban nyo ni Lady Gladys?" Tanong nya habang pinaglalaruan ang straw ng four season juice na iniinom.

"Anong paano? Naglaro ako." Takang sagot ko naman.

"Naglaro ka pero ang galing mong umagaw at umiwas sa sipa at suntok nila, paano mo nagawa iyon?"

"Umilag."

Sya naman ang kumunot ang noo.

"Alam kong umilag ka pero paano ka umilag?"

"Ginalaw ko ang katawan ko." Sagot ko.

Napabuga sya sa hangin.

"Ysa!"

"What?"

"Sagutin mo naman ako ng maayos."

Ano bang maayos ang ibig nyang sabihin?

Mula naman sa pinto ng canteen magkasunod na pumasok ang KH at BW.

Mabilis na namula ang mukha ko ng magkasalubong ang mga mata namin ni Bev.

Tumahimik ang canteen ng makapasok at naupo na sila.

"Maayos naman ang sagot ko ah." Sabi ko habang inaalis ang tingin kay Vane at inilipat ag tingin kay Gen.

Dahil nga tahimik nangibabaw ang boses ko sa loob.

Hinintay kong magsalita si Gen pero nakayuko na lang sya.

"Hoy Gen ano na? Narinig mo ba ako? Kako kaya ako nanalo kasi umiwas ako at ginalaw ko ang katawan ko para makailag."

Bahagyang inangat ni Gen ang ulo at pinandilatan ako bago tumingin sa mesa ng BW. Mabilis din naman syang nag-iwas ng tingin pagkatapos gaein iyon.

Napatingin din ako duon at sinalubong ako ng matalim na tingin ni Gladys.

Ngumiti naman ako at kumaway sa kanya.

"Ysa stop doing that baka maasar sya lalo." Saway sa akin ni Gen.

Huminto naman ako.
Pinagpatuloy ang pagkain nang tumunog ang cellphone ko.

Sa lahat ng ayaw ko kapag kumakain ako ay ang may nakaipit na cellphone sa tenga ko.
Naiistorbuhan ako kaya ang ginagawa ko eh nil-loudspeak ko iyon.

"Angelique Ysa Santiago!" Muntik na akong mabulunan sa lakas ng boses ng nasa kabilang linya.

"Fudge cake Dyke! Bakit ka sumisigaw?" Tanong ko sa kakambal ko.

"Where is my t-shirt?"

Eh?

"Hoy anyare sayo bakit sa akin mo hinahanap ang t-shirt mo? Malamang nasa kabinet mo." Sagot ko naman saka tumungga sa iniinom kong pineapple juice.

"Hindi ako nakikipaglokohan Anglique."

"Eh hindi naman ako nagj-joke." Kinuha ko iyong bagong slice ng pizza.

Nakita ko pa si Bev na salubong na naman ang kilay na nakatingin sa akin.

"Oh shit kailangan ko iyong matinong bahagi ng utak mo ngayon Ysa. Nasaan ang t-shirt ko?"

"Hey ang sagot naman ng matinong bahagi ng utak ko eh wala sa akin iyong t-shirt mo."

Lakas ng tama ng kapatid ko eh.

"Isa Ysa."

"Dalawa...tatlo...apat...lima, kahit umabot pa tayo ng one hundred eh wala nga sakin iyong t-shirt."

"Pffft wala nga daw bro kay Angelique, ang kulit mo."

Kumunot ang noo ko sa isa pang boses.

"Ylac?"

"Hi Angelique."

"Waaaa I missed you na guys." Sabi ko naman.

"I miss you too Ysa." Sagot ni Ylac sa akin.

"Hindi kita miss hangga't hindi mo sinasagot kung nasaan ang t-shirt ko." Si Dyke.

"Waaa ang sama mo." kumagat ako sa pizza.

"My shirt, nasaan?"

"Eh ano bang t-shirt iyang hinahanap mo?"

"The one na pinatahian natin ng mga pangalan natin iyong tag-iisa tayo. Iyong may nakasulat na property."

"O bakit sakin mo hinahanap iyong sayo? Dyke ba ba ang pangalan ko at Ysa na ang name mo?"'

"Ysa naman eh."

"Ang kulit mo wala nga sakin. Saka bakit ko susuotin eh hindi naman Dyke name ko."

"Eh nasaan iyon."

"Check mo sa ref Anjelo baka nagpapalamig ang init kasi ngayon." Seryosong sabi ko.

Narinig kong tumawa si Ylac.

"Pfft."

"Saka bakit mo hinahanap may pagbibigyan kana?" Usisa ko.

Nagtama ulit ang mga mata namin ni Bev.

Galit na naman sya.

"Hindi kakainin ko."inis na abi nya.

Suplado talaga nito.

"Ay talaga share mo sa akin iyong lasa kung masarap ha."

"Aish!!" Bugnot na sabi nya sa kabilang linya.

"Wala nga kasi sakin Dyke."

"Fine...fine...sige na b-bye na."

Hindi ako sumagot.

"Tsss I miss you too. Ingat ka dyan at magsumbong ka sa amin kapag may nanakit sayo diyan."

"Hihihi oo I do miss you guys ingat kayo lab yah muah...muah..chup...chup." sabi ko.

"Bye Angelique love you too." Sabay nilang sigaw.

"Bye."

Naiiling na inubos ko ang pagkain ko at inumin bago dali-daling tumayo, para lang muling mapaupo ng makitang ko si Vane na madilim ang mukhang nakatayo sa tagiliran ko.

"Ah... hello po Master may kailangan po kayo?"

"Lagot ka Elf." Sabi ni Chezter.

Ano na naman bang kasalanan ko?

Napasinghap ako ng hiklasin nya ako sa braso.

At dahil kagagaling ko lang sa bugbog masakit ang buong katawan ko.

"Ouch!" Daing ko. Nadiinan nya kasi ang pasa ko duon.

"Shit!" Mabilis nya akong binitawan. "I'm sorry." He said.

"Wala tiklop kaagad si Master isang aray lang lumambot na." Si Stephano.

"Dahan-dahan ka lang kay Cutie Montereal." Si Rolf.

Iyong totoo mga artista ba kami? Bakit lagi kaming pinapanood? Lagi silang nakabantay sa mga kinikilos namin.

Lumingap-lingap ako.

"Anong hinahanap mo?" Takang tanong ni Vane.

"Camera po Master, napapansin ko kasi lagi tayong pinapanood. Baka nasa reality show tayo hindi lang natin alam at pinanlalaban nang best love team."

Tawanan... umugong ang tawanan sa loob ng canteen.

"The best ka talaga Ysa." Si Audrey.

"Tsss the best sa katangahan at pag-iimagine." Si Barbie.

Kunot na kunot ang noo ko.

"Master..." tumahimik sila parang hinihintay talaga nila iyong sunod na sasabihin ko. "Bakit ba sila tawa ng tawa? Hindi naman po ako nagpapatawa?" Tumingin ako sa paligid may nakita akong multo ng batang babae sa isang sulok pati sya nakatawa.

"Hoy bata ano bang nakakatawa?"

Nabigla sila sa sinabi ko at tinignan iyong parte kung saan ako nakatingin.

Tinuro naman ako ng bata.

"Ako. Hindi naman ako nagpapatawa?"

"Tangna anong nangyayari sayo naka drugs ka ba?" Gulat na tanong ni Gareth.

Tumingin ako sa kanya.

"Hala ang sago mo naman Master. May kausap lang na hindi nyo nakikita naka drugs na kaagad, hindi ba pwedeng may multong nakikita dahil may third eye."

"Anong sago? At m-multo?"

"Sago. Gago. Bawal ako magmura eh."

"Nakakakita ka ng multo Ysa." Tanong ni Gen na bilog na bilog ang mga mata habang nakatingin sa akin.

"Hmm..hmm." I said with matching tango.

"Baliw!" Matalim ang mga mata na sabi ni Gladys.

Kibit-balikat lang ako sagot ko sa sinabi niya.

Hinawakan naman ni Vane ang baba ko at hinarap ang mukha ko sa kanya.

"Huwag mo akong libangin Miss." Sabi nya.

Napalunok ako.

"H-hindi konaman- ay gaga---mba!" Nabigla ako ng hilahin nya ako pero sa pagkakataong iyon masuyo

na ang pagkakahawak nya sa akin.

Hinila nya ako palabas at papunta sa kung saan.

"Saan kami pupunta?"

*****

H/n

Late post hahahaha dapat kagabi eh kaso na distract ako.?Buti natapos ko ngayon.

Pasensya po sa mga typos numininja moves lang ako dito sa opis para matapos ito.

Duon po sa mga nanghihingi ng araw-araw at mabilis na Ud kaya ko po iyon kaso iikli iyong chapter ko.

Ano po bang gusto nyo?
Maikli o mahabang chap?

Thanks ?

Helliza Sabida

10162017uvi 13:31

10. Inosente

For @JhezikaJubilado maraming salamat sa mga likes mo?

*****

"Saan ba ako dadalhin nitong si Master?"

Hila nya parin ako, iyong kamay nya sa palad ko na nakahawak.

HHWW tuloy kami.

Nagmamadali sya pero umaalalay naman sya tuwing muntik-muntikan na akong masubsob.

Nakarating kami sa pinakadulo ng MC sa may east side. Lumiko sa tagiliran ng building na naandon at pumasok sa kulay itim na pinto.

"Hala ang galing."

Napanganga ako sa laki at ganda ng kwartong pinasok namin. Sigurado akong ito ang Common Quarters ng KH dito sa MC.

Parang may mini arcade sa isang bahagi sa dami ng play station. May bilyaran pa at maliit na bar. Nagkalat din ang mga upuan.

May limang pinto at isa duon ang pinasok namin. Iyong nasa gitna na nakukuluyan ng asul at itim.

Sigurado ako na kay Vane din itong kwartong ito. Same design eh tulad ng kwartong ginagamit nya sa Russfield.

Hinila nya ako paupo ng kama bago sya pumunta sa labas at may kinuha.

Pagbalik nya may dala na syang medicine kit.

Ibinaba nya iyon. Bago pumasok naman sa isa pang pinto na banyo pala.

Bitbit ang isang plangganita na may bimpo bumalik sya sa akin at binaba iyon sa side table.
Lumapit sya at naupo sa tabi ko.

Nakamasid lang ako sa bawat galaw nya.

Kinuha nya sa akin iyong pantali ko sa buhok na nakasuot sa braso ko at mula sa harap tinalian nya ang buhok ko.

Napapikit ako ng maamoy ko ang natural nyang amoy.

"Packing tape! Nakakahilo ang bango ng lalaking ito!" Bahagya kong inilapit ang ilong ko sa leeg nya para mas maamoy ko sya, eksakto naman na natapos sya sa ginagawa nya at humarap sa akin.

Halos magkabanggaan ang mga ilong namin sa sobrang lapit ng aming mga mukha.

Napamulat ako ng mga mata.

Kung sa bango nya nahihilo ako, tang milo! Sa kulay tsokolate naman nyang mga mata nababato-balani ako.

Para akong nakadrugs ng ilapat nya ang labi nya sa gilid ng labi ko, duon kung saan may sugat at pasa.

Dugdug...dugdug...dugdug...

Bahagya syang lumayo kaya napamulat ako.

"Let's tend your wounds." Bulong nya bago tuluyang lumayo at kinuha ang bimpong nasa plangganita at pinigaan.

Nakamasid lang ako sa kanya habang pinupunasan nya ang madungis kong mukha, halo-halo na ang naandon. Alikabok, sulat ng ballpen at dugo.

"Ouch." Mahina kong sabi ng madiinan nya ang sugat na nasa kaliwang cheekbone ko.

"Shhh... I'm sorry." He apologized at pinaraanan ng hinlalaki ang bahagi ng mukha kong iyon at pibagmasdan ako.

"Gusto kong makialam." Biglang sabi nya na ngayon ay nagpipiga na ulit ng bimpo.

"Ha?"

"Gusto kong makialam kanina. Kung ako ang masusunod hindi ka maglalaro, hindi ka uutusan at mas lalong hindi ka sasaktan." Muli syang humarap sa akin.

"I hate seeing you hurt Miss."

Hala, mas kumalabog ang puso ko sa sinabi nya.

"Hindi ko gustong sinasaktan at nasasaktan ka, it takes all my full control to restrain myself na huwag lapitan ang mga nananakit sayo at saktan din."

"B-bev..."

"I'm very good in controlling myself. Meron akong disiplina sa sarili. Pero iyong disiplina na iyon nawawala, pagdating sayo." Pinupunasan na nya ng gamot ang gilid ng labi ko.

"So if you don't want me to snap, huwag mong hahayaan na saktan ka lalo na kapag nakikita ko."

"Ah... note to myself, bawal akong masaktan kapag nakikita ni Bev pero kung wala sya okay lang." Napatango-tango ako. "*Okay Bev ko got it."*

"Ayaw ko rin na nagkakasugat ka, Angelique Ysa kaya galingan mo ang pag-iwas mo, naiintindihan mo ba ako?" Ibinaba nya ang bulak at tinignan ako.

Tumango ako.

Kumunot ang noo nya pero hindi na sya nagsalita, inasikaso nya na lang ang mga braso ko. Iyon ang sunod na pinunasan nya.

"Why are you using this thing mukha namang malinaw ang mata mo?" He asked pagkatapos nya akong punasan at gamutin. Itinaas nya ang salamin ko.

"Correctional po iyan Master." Sagot ko kaagad.

Niligpit nya ang mga gamit at muli akong tinignan.

Nagtaka ako sa pagtitig nya dahil mukha syang galit.

Kanina okay sya, ngayon galit na, aba ayos itong si Bev ang bilis magpalit ng emosyon.

"Sino si Nike?"

"H-ha?"

"Si Dyke at Ylac? Sino at ano mo sila?"

"Eh? Bakit nyo po tinatanong?"

"Bakit hindi mo sinasagot?" Inis na tanong nya ulit.

Hala ano kayang problema?

Kumamot ako sa ulo.

"Bakit nagagalit kayo?" Dagdag tanong ko.

"Hindi mo ba ako sasagutin?"

"Bakit nanliligaw po ba kayo?" Balik tanong ko rin.

Hindi ba manliligaw lang ang sinasagot?

Umawang ang mga labi nya sa tanong kong iyon.

"Manliligaw pa ba ako eh akin ka na, you belong to me, parehas nating alam iyon." Sagot nya na nagpawindang na naman sa akin.

Bigla nyang inilapit ang sarili nya.

Sa gulat ko awtomatikong napalayo ang katawan ko. Mabilis din naman nya akong hinila papalapit at sa isang kisap-mata lang nakahiga na ako sa kama and he is hovering above me.

"V-vane."

His chocolate brown eyes darkened when I said his name.

"Damn!" Napapikit ako ng ipatong nya ang noo nya sa noo ko.

"Nakukuryente ako kapag binabanggit mo ang pangalan ko." He said huskily.

Napamulat ako sa sinabi nya.

Akala ko, ako lang ang naku-kuryente sya din pala.

Bigla syang umikot.

Napatili ako sa gulat.

Nagkapalit kami ng puwesto, ako na ang nasa ibabaw, nakatukod ang dalawa kong kamay sa kanyang dibdib habang magaan na nakayakap ang kamay nya sa bewang ko.

"You're my life now Misis ko." Dagdag nyang sabi na kinanlaki ng mga mata ko. Especially ng marinig ko ulit ang endearment na 'iyon'. And this time malinaw na malinaw ko na iyong narinig. "The moment I saw you, you become my air. At kapag nawala ka..." huminto sya sa pagsasalita at tinignan na lang ako. Lahat ng mensaheng hindi nya sinabi at gusto nyang iparating ay nababasa ko sa mga mata nya, habang magkaugnay ang tingin namin.

Unti-unting sumilay ang masuyong ngiti sa mga labi ko.
Saka ko ipinatong ang baba ko sa dibdib nya.

"Ang guwapo mo talaga Bev ko." Mayamaya ay sabi ko.

For the first time may nakita akong ngiti sa mga labi nya. Ngiting totoo at masuyo.

Hinaplos nya ang buhok ko.

I feel complete.

Nang mga oras na iyon kuntento na ako sa mga bisig nya.
Kuntentong-kuntento ako ngayon sa piling nya.

Aktong ihihilig ko ang ulo ko sa kanyang dibdib nng biglang bumukas ang pinto't pumasok si Chezter at Stephano.

"The hell!" Gulat sabi ni Chezter.

"Damn! Ano ba yan maglock naman kayo ng pinto Vane!" Si Stephano.

"Tsss." Si Vane na bumangon. Dahil nakahiga ako sa ibabaw nya napaupo ako sa kandungan nya ng gawin nya iyon.

"Mga ulol kumatok kasi kayo." Sabi ni Bev ko.

"Malay ba naming gumagawa kayo ng baby?" Si Chezter.

"Eh? Gumagawa po ng baby? Kami?" Tinignan ko si Vane.
"Gumagawa daw tayo ng baby Master, paano? Eh hindi naman ako marunong gumawa ng ganon?" Biglang nanlaki ang mga mata ni Vane sa tanong ko.

"Miss hindi-."

"Mga Master kapag ba humiga ng magkasama sa iisang kama iyong lalaki at babae, mabubuntis na si girl?"

"Ha?...ah?" Si Stephano.

"Ano kasi Ysa..." si Chezter.

"Angelique Ysa makakabuo lang ng baby kapag nagkipag sex iyong babae sa lalaki." Biglang sabi ni Vane.

"Alam ko po." Sabi ko naman.

"Oh alam mo naman pala eh bakit ganyan ka magtanong Nerd?" Si Stephano.

"I know naman po na, to make a baby dapat magsex iyong boy and girl. Duh itinuro naman po iyon nung nasa sa high school ako. Ang hindi ko po alam is the process or the act of sex. Hello virgin pa po kaya ako kaya hindi ko alam iyon."

Nagtaka ako laglag kasi ang panga nila sa sinabi ko at lalong nalaglag pa iyon ng marinig nila ang sunod kong tinanong kay Vane.

"Sex na po ba iyong ginawa natin Master?" Ngumuso ako. "Sabi nila masarap daw po iyon, iyong sa sobrang sarap mapapaungol ako, eh bakit parang hindi naman? Puro kuryente lang ang naramdaman ko habang nakapatong kayo sa akin kanina at habang nakahiga-." Biglang tinakpan ni Vane ang bibig ko.

Saka matalim na tinignan sina Chezter at Stephano.

"Fuck ihinto nyo kung ano man iyang pagpapantasya nyo sa kanya. I'll kill the both of you kahit sa isip nyo lang ginagawa iyan." Singhal nya sa dalawang lalaki na biglang namula.

"Sinong may sabing sya ang pinagpapantasyahan ko. Woa makaligo na nga muna ang init." Sabay layas si Chezter.

"Tangna! Good luck sayo Vane tignan natin kung hanggang saan iyang kontrol mo." Umiling si Stephano. " Poor man sa sobrang inosente pa nagkagusto." Sabi nito na umalis din pagkatapos i-lock at isara ang pinto ng kwarto.

Ako naman nagtataka.

Tinanggal ni Vane iyong kamay nya sa bibig ko.

"Bakit namumula sila, Master? Saka paanong mainit eh kalamig- nga nitong kwarto mo, may aircon."

Umiling lang sya at huminga ng malalim.

Natatawa ako kay Bev parang natatae na ewan eh.

Pero ganon na lang ang pagkislot ko ng may naramdaman akong gumalaw sa kinauupuan ko.Nanlaki bigla ang mga mata ko.

Si Vane naman nakatingin sa akin mapupungay ang mga mata at nakaawang ang mga labi.

"Bev may ahas yata sa kama mo." Gumalaw ako para silipin ang hita nya.

"Damn!" Biglang mura ni Vane na biglang hinawakan ng mahigpit ang bewang ko.

"Don't move Miss kung ayaw mong ituro ko talaga sayo kung paano ang gumawa ng baby." He said.

Namilog ang mga mata ko.

"Talaga tuturuan mo ako Master? I like babies kaya okay lang na magkababy tayo. Hmmm mga twelve ang gusto ko Bev ko. Twelve babies."

Napamulagat at pagkatapos ay tumawa ng malakas si Vane.

"*Oh anong nakakatawa kasama ba sa process ng sex iyan?"*

"Damn Miss! Nat-turn on ako sa kainosentihan mo. You make me hard, big time ."

Lalo akong nagtaka sa sinabi nya.

Anong tumitigas sya?

Baki malambot ba sya kanina?

"Master wala akong maintindihan sa sinasabi mo?" Pagsasatinig ko na. Ang gulo eh.

"So fucking innocent!" Dagdag nya.

Ay ewan ko nga dito kay Bev.

Hala iyong ahas gumalaw ulit.

"Bev alis muna tayo sa kama hahanapin ko iyong ahas gagawin kong pet."

"Pfft." Namumula na sya, siguro natatae nga itong si Bev. Pero kung natatae sya bakit mukhang natatawa din sya? Tumayo si Vane sa kama habang pangko-pangko ako.

Natatawa parin sya.

Hindi ko na sya pinansin lakas ng tama nya eh. Siniilip ko na lang iyong kama.

O nasaan iyong ahas?

"Master nawala iyong ahas." Sabi ko.

"Stop it Miss baka gustuhin nga ng ahas na magpakita sayo. Huwag mo muna syang hanapin hindi pa ito ang tamang panahon na makita mo sya."

"Eh bakit? Ngayon ko-?" Napatigil at napapikit ako ng halikan nya ako ng mariin sa aking mga labi.

Saglit lang pero bago maghiwalay ang mga labi namin sinimsim nya pa ang lower lip ko.

Tulala ko syang tinignan pagkatapos.

"Labas na tayo." Sabi nya na humakbang palabas ng kwarto.

Naandon ang first four ng KH nakaupo at nanonood ng tv.

"Vane? Anong ginagawa ni Ysa dyan sa kuwarto mo?" Tanong ni Stephanie.

Iyong dalawang lalaki nag-iwas ng tingin sa amin.

"Nagpapaturo po sana ako kay Master na gumawa ng baby." Inunahan ko na sa pagsagot si Vane. "Kaso po biglang may naramdaman akong ahas ng nakaupo ako sa kandungan nya. Hahanapin ko sana para gawing pet, pero sabi ni Bev hindi pa daw ito ang time para ma meet ko iyong ahas. Sayang nga po eh dream ko pa naman magkaruon ng ganong pet."

Laglag panga ulit, ilang minuto, bago tumawa ng malakas iyong dalawang lalaki, napailing naman si Stephanie habang ang talim naman ng tingin sa akin ni Barbie.

Si Vane naman napapangiti at napapailing.

Lumapit si Barbie sa amin at hinila ako mula sa pagkakapangko ni Bev.

"Halika nga rito. Ikaw na babae ka huwag kang sasama sa loob ng kwarto ng isang lalaki kapag may nagyaya sayo." Tinignan nya ng matalim si Vane.

"Tumatawa ka pa Vane, paano kung may magsamantala dyan at marape iyan, tatanga-tanga pa naman."

"Hindi ako mar-rape . Baka ako pa nga ang mangrape. Hehehe r-rape-in ko si Bev kahit hindi ako marunong kung paano. Masearch nga mamaya iyon ng makapag-umpisa na kami sa first baby. Hihihi." Iyan ang tumatakbo sa utak ko, hindi sila pinapansin.

Biglang nawala ang ngiti ni Bev.

"Sa tingin mo hahayaan kong mangyari iyon?" Seryosong tanong ni Vane kay Barbie.

"Tsss. Mabuti sana kung mababantayan mo lagi." Sabi naman ni Barbie bago ako hinila.

"Halika Steph ipaliwanag natin sa babaeng ito kung ano iyong ahas na naramdaman nya kanina at nang mawala ang katangahan kahit papaano."

Napasunod nalang ako kay Lady Barbie na hinila ako papunta sa isang pinto. Kasunod namin si Lady Stephanie.

Nilingon ko na lang si Bev at kinawayan.

"*Sayang gusto ko pa naman na gumawa kami ng baby ni Bev. Ang saya siguro, sya ang magiging daddy ng mga baby ko."*

*****

H/n

O di ikaw na Ysa. Hahaha hindi ko alam kung anong pumasok sa isip ko at ganito ang nasulat ko

hahaha.

Excited ako sa ahas ni Bev hahaha

Thanks po sa pagbabasa.

Comment po kayo?.

Thanks
Helliza Sabida

10172017gsj 20:18

11. Sino Sya?

For @IceShell092493 nakikita kitang nagv-vote maraming salamat kahit hindi pa kita nakakausap. Thanks po???

*****

"Saan tayo pupunta Lady Steph?" Tanong ko.

Hindi ko alam kung bakit ang hilig nila akong isama.

Mapapagalitan na talaga ako

Naglalakad kami ngayon papupuntang parking lot ng MC.

"Sa bahay nina Barbie. Tatambay tayo duon."

"Kasama ako?"

Ngumiti si Stephanie.

"Ayaw kang iwan dito ni Vane, baka daw makuha ka ng iba."

Napatingin ako sa kanan ko kung saan nakapuwesto ang mga lalaki.

Nagkasalubong ang mga mata namin ni Bev na nakatingin sa akin.

Kumabog ang puso ko.

"*Gwapo-gwapo talaga ng Bev ko."*

Ngumiti ako sa kanya.

Hindi sya gumanti ng ngiti pero lumamlam ang mga mata nya sa akin.

Bumaling ako kay Stephanie.

"Anong makukuha ng iba? Bakit Lady saan nila ako dadalhin?"

"Pfftt, baka daw makakita ka ng ibang ahas Ysa." Napabaling ako kay Chezter.

"Hala! May iba pang ahas dito." Lumapit ako kay Chezter at humawak sa braso nya.

"Patingin ako, Master dali para mahuli ko gagawin kong pet." Lumapit pa ako sa kaniya. Magkadikit na ang mga katawan namin.

"Tangna layo ka Ysa, ayaw kong mabugbog." Natatarantang sabi ni Chezter.

"Naman patingin ako Master dali na-." May brasong pumalibot sa akin at hinila ako palayo kay Chezter.

"Do you want to die?" Tanong ni Bev na nasa likod ko at nakayakap sa akin.

"Hey Man! Sya kaya ang lumapit sa akin hindi ako." Sabi ni Chezter na lumayo sa amin.

Humarap naman ako sa kanya.

"Master may iba pang ahas dito." Excited kong sabi.

"Pfft." Stephano.

"Akala ko ba pinaliwanagan nyo sya kanina?" Kunot noong tanong ni Bev kina Barbie.

"Tsss... tanga iyang babae mo." Badtrip na sabi ni Lady Barbie.

Hinawakan ko naman sa magkabilang pisngi si Bev at ipinaharap ang mukha nya sa akin.

"Bev saan ang iba pang ahas?" Bilog na bilog ang mga mata na tanong ko.

Ang namimilog kong mga mata ay mas lalo pang namilog ng yumakap sya sa akin.

"Miss understand this okay-" bulong nya habang nakasubsob ang mukha sa gilid ng batok ko.

Huhuhu ayan na naman iyong kuryente tapos may kasama pang kiliti.

"Iisang ahas lang ang puwede mong makita...and that's...'my snake'. Hindi ka puwedeng tumingin sa ibang ahas. Maliwanag ba? Only me Angelique Ysa. Do you understand?" Umunat sya ng tayo at tinignan ako.

Napatango naman ako.

"Eh sa zoo hindi rin puwedeng tumingin?" Tanong ko.

Tumawa sya.

"Miss snake in the zoo is okay, but a snake of a man is forbbiden."

Eh?

"Bakit anong pagkakaiba?" Litong tanong ko.

Umiling-iling naman si Vane.

"Basta, kapag ibang lalaki ang magyayaya sayo huwag kang papayag, huwag na huwag Miss." Matigas nyang sabi.

Tumango na lang ako. Hindi ko sya maintindihan pero dahil si Bev ko naman ang nagsabi oo na lang ako.

Ang ahas sa zoo ay pwede. Pero kapag sa ibang lalaki it's a big no. Okay got it.

"Kelan kaya ipapakita sa akin ni Bev iyong ahas nya?" Naitanong ko tuloy.

Nagpatuloy kami sa paglalakad.

Sumakay kami ng sasakyan.

Sa passenger seat ako pinaupo habang si Bev naman ang nagd-drive.

Nasa labas na kami ng MC ng may mataan ako sa gilid ng kalsada.

"Hala para po!" Malakas na sigaw ko.

"What the hell!" Biglang napapreno si Vane sa sigaw kong iyon. Naiharang nya ang braso nya sa harap ko para hindi ako mapasubsob sa dashboard.

Ramdam ko ang kalabugan sa backseat.

"Shit! Ang mukha ko!" Mura ni Chezter na nauntog sa salamin.

"Fuck my nose!" Si Stephano na nasubsob sa sandalan.

"Ouch!

"Aray!

Habang sina Stephanie at Barbie ay nagkauntugan.

"Ano ba Elf kung makapara ka! Bwisit! Nasa jeep lang!" Pinandilatan ako ni Barbie.

"What's the problem Miss?" Si Vane na ang braso ay nasa harap ko parin.

Humawak ako duon.

"Hindi na ako sasama Master Bev." Tinulak ko ang braso nya at binuksan ang pintong hindi naman bumukas dahil na ka lock padin.

"Master?" Hinarap ko sya.

Madilim ang mukha nya.

"Saan ka pupunta?"

"Paalisin mo na nga yan panggulo lang iyan sa atin eh." Sikmat ni Barbie na hinihimas parin ang parte ng ulong nasaktan.

Hindi naman sya pinansin ni Bev.

"Saan ka pupunta?" Ulit nya.

"Sa labas po nitong sasakyan." Sagot ko naman.

Itong si Bev magtatanong pa. Syempre sa labas ng sasakyan ako pupunta analang naman pumasok pa

ako eh andito na ako sa loob.

"Angelique Ysa!" Napaunat ako ng upo.

Packing tape! Bakit ganon? Kung makabanggit sya ng pangalan parang si Papa. Kuhang-kuha nya ang tono.

"Yes Master?"

"Where...are you going?"

"Sa labas nga po-?"

"Pagkalabas mo dito sa sasakyan!" Inis na sya. "Saan ka pupunta paglabas mo rito?"

"Ay sus iyon pala iyon. Linawin mo kasi Bev." Kumamot ako sa ulo."Kakain ako duon." Sabay turo ko sa mamang nagtitinda ng kwek-kwek, fishball, kikiam at palamig. May french fries at siomai pa.

"Anong gagawin mo duon?" Si Stephano.

"Eh bakit po ganyan ang tanong nyo? May iba pa po bang ginagawa sa fishball at kwek-kwek bukod sa kinakain ang mga iyon?"

Napakamot sa ulo si Stephano. "Sabi ko nga."

"Yuck bakit kakain ka sa ganyan?" Si Barbie.

"Nagugutom po ako eh." Sagot ko naman binalingan ko ulit si Bev.

"Bababa na ako Master."

"No. Maraming pagkain sa bahay nina Barbie. Iyon ang kainin mo."

Umiling ako.

"Iyon ang gusto ko."

"No."

"Vane..." ako

"Fuck fine. Tara sasama ako."

Nagtawanan sina Stephano at Chezter.

"Wala talaga si Master hahaha natawag lang sa pangalan bumigay na."

Hindi umimik ai Bev bumaba lang ito at pinagbuksan ako ng pinto.

"Ayos." Natutuwa ko namang sabi.

Mabilis akong nagpunta kay manong.

"Kuya paluto po nito at nito...tapos nito."

"Are you sure this is clean?" Tanong ni Bev sa akin.

"Master hindi naman malabo ang mga mata mo di ba may nakikita ka bang dumi?"

Iniabot sa akin ni Manong iyong mga pinaluto ko na nilagay nya sa isang paper plate. Nilagyan ko iyon ng suka at matamis na sawsawan bago mabilis na sumubo.

"Hmm sarap..." sarap na sarap ako sa pagkain ko habang silang lima naman ay nakatingin sa akin.

Tumusok ako ng fishball at inilapit sa bibig ni Vane.

"Tikman mo masarap Bev."

Alanganin na tinanggap naman iyon ni Vane.

"Ano pre masarap?" Si Chezter.

"Hindi ba nakakalason?" Si Stephano.

Nakatingin sa akin si Vane habang ngumunguya.

"It's good." Sagot nya sa dalawa. "Can I try this one, and this?" Turo nya sa kikiam at kwek-kwek.

Natutuwang sinubuan ko naman sya.

Iyong apat mukhang nainggit dahil nagpaluto rin kahit na nga si Barbie.

"Masarap pala to." Sabi ni Stephanie habang kumakagat sa kikiam.

May hawak narin na sariling plate si Bev.

Tapos iyong mga estudyate na lumalabas napapahinto at napapatingin sa amin.

Bakit? Ngayon lang ba nila nakitang kumain ang KH.

Tinignan ko iyong apat, ginugutom ba sila?

"What are you thinking Miss?" Untag sa akin ni Bev.

"Ikaw." Sagot ko.

Ngumiti sya.

"Really?"

Tumango ako.

"Ang gwapo mo kasi eh." Sabi ko habang kumakagat sa fried siomai.

Lumapit naman sya at pinunasan ang toyo na nagkalat sa itaas ng labi ko.

"Busog ka na ba?"

Tumango ako.

"Nauuhaw ako, pengeng palamig Master."

Ngumiti sya ulit bago tumalikod sa akin at kumuha ng maiinom.

Nakatingin ako sa kanya ng makarinig ako ng sigaw.

"Ang anak ko!"

Napalingon ako duon.

Nakita ko ang batang nasa gitna ng kalsada nakahinto at umiiyak.
Sa likod nito papalapit ang isang asul na sasakyan.

Kusang kumilos ang mga paa ko, nabitawan ko ang pagkain na hawak ko at mabilis na tumakbo papunta sa bata.

Sinagasa ko ang mga mga sasakyang tumatakbo, ng kaliwa't kanan.

Iisa lang ang nasa isip ko at iyon ay ang iligtas ang bata.

"Fuck Ysa!" Vane called na hindi ko pinansin.

*****

Barbie P.O.

Nanlalaki ang mga mata ko habang sinusundan ng tingin ang bulto ni Ysa na ang bilis ng pagtakbo.

Sa bilis nya hindi sya na abutan ng humahabol na si Vane.

Napasunod din kami ngunit isang bus ang dumaan sa harap namin bago pa man kami makatawid.

Sunod-sunod na busina ang umalingaw-ngaw kasabay ng sagitsit ng preno at pati ng pagmumura ni Vane.

"Fuck! Fuck! Shit! Ysa!"

Nang humito ang mga sasakyan mabilis na tumawid si Vane kasunod kami.

Nakahinto na ang sasakyan at wala kaming Ysa na nakita sa unahan niyon.

"Where is she?" Si Vane na palinga-linga.

Yeah where is Ysa? Sa dami ng mga sasakyang ito imposibleng nakatawid sya ng hindi nasasaktan.

Nakarinig kami ng iyak ng bata at sabay-sabay kaming napatingin ruon.

"Ysa!" Sigaw ulit ni Vane.

Nasa kabilang kalsada na si Ysa at pinapatahan ang bata.

"Paano syang nakarating duon?"

"Baby wag kanang umiyak. Okay na safe kana." Narinig naming sabi nya.

"Miss!" Hinawakan ni Vane sa balikat Ysa at hinarap sa kanya.

"Are you okay, nasaktan ka ba?"

"Okay lang ako Master. Iyong bata umiiyak, natakot." Muling hinarap ni Ysa ang bata.

"You!" Ang may ari ng sasakyan ang sumigaw na iyon, nakaturo kay Ysa at galit na galit.

Lumapit sya sa amin.

Nasa thirty years old na sya, maporma at may awtoridad ang bawat kilos.

"You. Bakit mo tinalunan ang sasakyan ko!" Dinuro nya si Ysa.

Humarang naman si Vane.

"Huwag mo syang duruin!"

Mukhang hindi apektado ang lalaki kay Vane.

"Huwag kang makialam dito. Iyang babaeng iyan ang kausap ko!"

"Mister muntik ka ng makabangga hindi ba dapat iyon ang isipin mo hindi ba dapat humihingi ka ng sorry." Si Stephanie.

"Why should I. Iyang tangang batang na iyan ang basta-basta na lang tumawid.

"*Ang yabang nito ah."*

Lalo naman natakot ang bata... mas umiyak ito.

"Bayaran mo ang sasakyan ko, na
ginasgasan mo!" Sigaw ulit ng lalaki kay Ysa.

Ang dilim-dilim ng mukha ni Vane. Sigurado ako na kapag nagalit ito magkakagulo talaga.

"Gusto mong bayaran ko ang sasakyan mo dahil tinalunan ko." Napatingin kami kay Ysa na nagsalita.

Napakunot noo ako.
Parang biglang may nag-iba sa kanya.

"Oo hindi mo ba alam kung gaano kamahal iyan! Kulang pa iyang sarili mo para maipambayad sa akin!"

Kumilos si Vane susuntukin sana ang lalaki pero pinigilan ni Ysa sa pamamagitan ng pagtaas ng kamay.

Napahinto naman si ito.

Ngumiti si Ysa. Hindi iyong ngiting nakikita namin sa kanya.
Kakaibang ngiti na sa hindi ko maintindihan na dahilan ay kinilabutan ako ng makita ko.

Naglakad sya palalapit sa sasakyan ng lalaki.

"Maganda nga ang sasakyan mo. Bagong labas na modelo." Hinimas ni Ysa ang side mirror. "Sige babayaran ko."

"Ano! Nababaliw na ba sya? Ang lakas ng tama nitong babaeng ito."

"Pagkatapos kong gawin ito." At sa gulat naming lahat sinipa nya ang side mirror. Malakas na sipa dahil tumalsik kaagad iyon at nabasag.

Lalag ang panga ng lalaki.

"Ayan." Nakatawang sabi ni Ysa. "Puwede ko ng bayaran kuya nasira ko na eh."

"Ikaw!" Sumugod ang lalaki papunta kay Ysa. At tulad kanina mabilis na naitago ni Vane sa likod nya si Ysa.

"Umalis ka dyan. Sasaktan ko ang babaeng iyan!"

"Try it at sisiguraduhin ko na hindi lang sasakyan mo ang babayaran namin, pati hospital bill mo kami ang magbabayad." Madilim ang mukha na sabi ni Vane.

"Kayo! Kilala nyo ba kung sino ako! Kayang-kaya ko kayong maipapatay!"

Lalong nagdilim ang mukha ni Vane humakbang paabante papunta sa lalaki.

Humawak naman si Ysa sa braso niya.

"Don't." Sabi ni Ysa, muling tinignan ang lalaki.

"Hindi kita kilala kuya. Pero puwede kitang kilalanin." Inilabas ni Ysa ang cellphone nya at may tinawagan duon.

"Check this." Tinignan nya ang plate number ng sasakyan. "Charlie, Victory, Alpha 4966."

Sino ang kausap nya?

Wala pang sampung minuto ibinaba na ni Ysa ang cellphone.

"Huwag nyo akong pinagloloko. Sumama kayo sa akin mga buwisi kayo!" Sige parin na sigaw ng lalaki.

"Conrad Fernandez. Thirty years old General Manager ng isang car company." Ngumisi si Ysa. "Walang asawa pero may pitong taong gulang na anak na babae. Nasa school sya diba. At palabas na ngayon."

"Anong-."

"Tumatawid din sya ng kalsada tama ba ako?"

Nagulat kami sa mga narinig namin. How come na alam nya kaagad iyon. Sino ang kausap nya sa cellphone?

"Paano kung tatanga-tanga din ang anak mo sa pagtawid? Sa tingin mo kaya, may tutulong din sa kanya?"

"Anong sinasabi ni Ysa?" Tanong sa akin ni Stephanie na hindi ako masagot.

"Paano mong nala-." Natigil sa pagsasalita ang lalaki ng lumapit si Ysa dito at may binulong.

Kitang-kita ko mula sa pagkagulat napalitan ng takot ang mukha ng lalaki, napaatras pa ito.

"Gusto mo ba iyon kuya?" Tanong ni Ysa ng lumayo rito.

Napailing ang lalaki.

"S-sige aalis na ako." Nagtaka kaming lahat, na iyong kaninang mayabang at matapang na lalaki, ngayon ay takot na takot at nagmamadali na humakbang pabalik ng sasakyan nito.

"Kuya..." tawag ulit ni Ysa. Kapansin-pansin ang pag-unat ng likod ng lalaki.

"Iyong tungkol sa side mirror mo ipapagawa ko -."

"N-no need ako na ang bahala." Saka dali-daling sumakay ang lalaki at pinasibad ang sasakyan nya.

Ako, si Vane, Stephanie, Stephano at Chezter ay naiwan na nakatingin sa likod ni ysa.

Iisa lang ang nasa isip namin lahat.

Bakit biglang natakot ang lalaking iyon sa kanya at ano ang binulong nya para magkaganon ito?

Humarap sya sa amin.

Iyong ekpresyon ng mukha nya ganon parin.

Nakangiti pero hindi iyong ngiting lagi mong nakikita sa mukha nya. Bagkus iyong ngiting iyon ay tila ba nagbabanta.

Pagkatapos biglang nanlaki ang mga mata nya.

"Letsugas! Lagot ako kay Ylac."

Muli nyang inilabas ang cellphone nya.

"Hey don't tell anyone about it." Iyon lang ang sinabi nya sabay baba.

Tinignan nya kami tapos ngumiti ng matamis.

Saka sya lumapit sa bata na umiiyak parin pero karga na ng nanay nito.

"Baby huwag ka ng umiyak. Look o si Minions."

"The hell!" Mura ni Chezter ng kumilos ang kamay ni Ysa na parang may kinuha sa likod ng mag-ina and then hawak-hawak na nya ang maliit na minion stuff toy.

"Look o baby sabi nya huwag na umiyak." Namilog ang mga mata ng bata sa pagm-magic nya. Tumigil ito sa pag-iyak at inabot ang minion.

"Ayan happy ka na ha."

"Ate... puweden isa pa?" Iyong bata.

"Eh? Isa pang minion?"

Tumango ang bata.

"Ay sige try ko."
Kinililti nya ang bata.

"Oppss ito sya o nagtatago." At muli may hawak syang suff toy.

Tuwang-tuwang ang bata na yumakap pa sa kanya.

Nagpasalamat din ang ina ng bata na ginantihan ni Ysa ng ngiti.

"Bye Baby." Kaway pa ni Ysa sa mag-inang papalayo.

Wala paring umiimik sa aming lima.

Humarap sya sa amin.

Ngumiti.

"Let's go." She said.

Lumapit sya kay Vane at hinawakan ito sa kamay.

Sumunod si Vane pero ang mga mata ay nakatingin parin kay Ysa.

Walang ekpresyon ang mukha nya pero sigurado ako iisa kami ng naiisip.

Sino sya?

Sino ba si Angelique Ysa Santiago.

*****

H/n

Late. Hahaha sorry late hindi kasi kami magkasundo ng net ko. Pasensya na sa mga naghintay kagabi.

Salamat po

Helliza Sabida

10252017tbu 12:55

12. Hindi Bati

For Ambrosia100. Thanks po sa support? at mga like?.

*****

"Marunong kang magmagic?" Tanong sa akin ni Stephano ng makasakay kami muli sa sasakyan.

Nilingon ko sila at tumango.

"Saan galing iyong mga minions?" Si Chezter.

Biglang nalukot ang mukha ko.

"Sa akin po. Nakita ko kanina umaga sa palengke nagandahan ako kaya binili ko. Di ba ang cute nila." Ngumuso ako. "Itatabi ko sana sila sa pagtulog kaso iyon nga po." Tapos ngumiti ako. "But it's okay napatigil naman sa pag-iyak si baby."

"Saan ka natuto ng magic?" -Stephano.

"Kay Mama."

"Paano mo nagawa iyon?"

Bigla akong umiling.

"Ay sabi ni Mama ko. Hindi binubunyag ng magician ang magic nya eh."

"Can you teach me?" Si Stephano.

"How to doggie?" Ako.

"Huh?" Sya.

"Sabi nyo teach me eh akala ko dudugtungan ko ng how to doggie."

"Pffft no. Baka patayin ako ni Vane kapag nagpaturo ako ng ganon sayo. What I mean is can you teach me how to do magic?"

"Ahhh...linawin nyo po kasi. Pwede naman po."

"Really!"

"Tss. Tumigil ka nga Stephano. Bakit magpapaturo ka sa Elf na iyan." Si Barbie.

"Eh kasi po marunong akong magmagic. Bakit kayo po ba marunong?" Tanong ko.

Binigyan nya ako ng matalim na tingin.

Hala bakit ba nagtatanong lang namanah. Kasi kung marunong sya, eh di sa kanya na magpapaturo si

Master Stephano di ba.

"Anong sinabi mo sa lalaki kanina?" Sabi ni Bev kaya napatingin ako sa kanya.

"Ha?"

"That guy, bakit sya tumakbo ng may ibinulong ka? Why he looked so afraid?"

"Ha...eh...ih.." napakamot ako sa ulo.

"Pasensya na po Master bawal sabihin eh. Lagot na nga po ako kay Ylac tapos mas lalong lagot ako kapag sinabi ko sa inyo."

"Why?"

Huhuhu bakit ang daming tanong ni Bev ko?

"Eh...basta nga po."

"So hindi mo sasabihin sa akin." Tinignan nya ako. Wala akong mabasa sa mukha nya.

Umiling ako.

"Iyong pinagbigyan mo ng plate number kanina sino iyon?"

Umiling ulit ako.

"Hindi ko rin po pwede sabihin."

Nagdilim na ang mukha nya.

"So you're keeping secret to me. Tell me sino si Angelique Ysa Santiago?"

"Ako po." Mabilis kong sagot.

Tinignan nya ako ulit bago itinabi ang sasakyan sa gilid ng kalsada.

"Baba." He said. Nagkatinginan iyong apat sa likod.

"Ha?"

"Bumaba ka." Deretso akong tinignan ng kulay tsokolate nyang mga mata.

"B-bakit?"

"Huwag mo akong lalapitan o kakausapin hanggat hindi ka pa willing na sabihin sa akin kung sino ka talaga. Do you know what I hate most. Iyong nagtatago ng sekreto sa akin, dahil iyong mga taong ganon, iyon pa ang mga hindi ko mapagkakatiwalaan at may binabalak na masama." Malamig ang boses nya. Hindi ko maintindihan bakit may kumikirot sa dibdib ko.

Para bang ang sakit-sakit.

"So mabuti pang bumaba ka na."

Awang ang mga labi na tinignan ko sya.

Naramdaman ko ang panunibig ng mga mata ko.

Bakit ganon? Bakit naiiyak ako? Saka bakit sya nagagalit?

Nag-iwas sya ng tingin.

"Baba!" Napapitlag kaming lahat ng sumigaw sya.

Lumunok muna ako humawak sa pinto.

Pero bago ako lumabas nagsalita muna ako habang nakayuko.

"Every person has a secret and its up to him or her if she will tell that secret to anyone." Binuksan ko ang pinto.
"Hindi porket nay inililihim na may balak ng masama. Hindi ba puwedeng ayaw nya lang magulo ulit ang buhay nya." After that tuluyan na akong lumabas ng pinto.

Saka ako naglakad pasalungat sa daang tatahakin nila.

"Hindi ko bati si Bev." Kasabay ng bulong kong iyon ay ang pagtulo ng isang butil ng luha sa mga mata ko..

*****

Wala ako sa mood kaya hindi ako pumasok sa mga unang subject ko.

Bagkus lunch break na ako pumuntang MC at dumeretso ng cafeteria.

Pagpasok ko pa lang nakita ko na ang grupo ni Bev at Rolf.

Pero ang kinakataka ko, bakit may inuutusan na Elf. Hindi ba nanalo ako sa laro at free kami sa lahat ng utos sa loob ng isang linggo.

"Gen bakit mo ginagawa iyan?" Tanong ko sa kaibigan ko na may bitbit na tray ng pagkain at dadalhin sa grupo ng KH.

"Ano...a-ano kasi Ysa."

"Hoy Stinky nerdy Elf!"si Gladys, nakangisi sa akin habang naglalakad papalapit sa kinatatayuan namin dito sa may counter.

"Iyong pagkapanalo mo,wala ng bisa iyon."nang-aasar na sabi nya.

"Bakit?"

"Dahil nagpatupad ng utos si Vane Montereal na na walang susunod sa pustahang iyon." Ngumisi sya.

"It's valid dahil hindi naman KH ang naglaro. At sumang-ayon kaming mga BW duon. Kaya iyang

pagkapanalo mo wala ng bisa."

Napatingin ako kay Vane na nakatingin sa akin.

Wala akong mabasa sa mukha nya tulad ng wala ring ekpresyon ang sa akin.

"Nakakainis ka Bev."

Nangilid ang luha ko at napasinghot ako.

Bigla naman syang umiwas ng tingin.

"Fucking Shit!" Bulong iyon pero naintindihan ko.

Hinaklit naman ako bigla ni Gladys ang braso ko.

"So are you going to cry? Pero bago ka umiyak, bakit hindi mo muna kami ikuha ng pagkain." Nang-aasar na sabi nya. Tumingin ako sa table nila.

Nakatingingin din sa akin si Master Rolf at tulad ni Vane expressionless din sya.

"Bakit ko po kayo ikukuha?" Baling ko kay Gladys.

Iyong luha ko gusto ng tumulo pero pinigilan ko.

"Anong bakit, inuutusan kita."

"Wala po ba kayong kamay?" Tanong ko. "Wala rin po ba kayong paa?" Dagdag ko pa.

"What the hell are you asking! Bulag ka ba hindi mo ba nakikita na meron-."

"Inbalido ba kayo?" Putol ko sa sinasabi nya.

"Elf I can hit until you die, tignan natin kung hindi mo masagot iyang tanong mong iyan." Madilim ang mukha na sabi nya habang dumidiin ang pagkakahawak sa braso ko.

"May kamay kayo, may paa, hindi rin kayo inbalido. Bakit simpleng pagkuha lang ng pagkain hindi nyo kayang gawin?"

Natigilan si Gladys.

Pati ang mga naruon natahimik sa tanong kong iyon.

Nagtingina sina Vane, Chezter, Stephano at Stphanie.

Ang ilan parang mukhang napahiya sa simple kong tanong.

Hinila ko iyong braso kong hawak niya.

"Pasensya na Lady Gladys. Nab-badtrip kasi ako ngayon. Wala akong susundin na utos sa kahit na sino." Tinignan ko si Vane.

Tingin na may pagtatampo.

Pumunta ako ng counter para umorder pero hinila akong muli ni Gladys at sinambunutan.

"Who do you think you are! Itatak mo ito sa kukote mo Elf. Hanggat andito ka sa MC. Alipin at utusan ka namin. Hindi mo puwedeng kwestiyunin iyon. Akala mo kung sino kang magsasabing hindi susundin ang utos ko dahil bad trip ka. Then hear this Stinky Elf. Ako bad trip na bad trip na sayo. You don't have an Elf immunity kaya sundin mo ang inuutos ko sayo!"

Tahimik ang lahat pinapanood lang kami.

Kahit ang KH pinagmamasdan lang ako.

Si Vane hindi sa akin nakatingin. Nakatanaw lang sya sa malayo.

"Tell me Gladys gusto mo bang hindi na magamit iyang kamay at paa mo?" I said in an even tone.

"Y-ysa." Si Gen.

Tinignan ko si Gladys ng deretso sa mga mata.

"Susundin ko lang ang utos mo kung hindi mo na kayang gamitin ang kamay at paa mo. " Tinanggal ko ang pagkakasambunot nya sa akin.

Napaatras naman sya.

Humakbang ako.

"Do you want me to paralize you?" I said in a very serious voice. Ramdam nila na gagawin ko talaga ang mga sinabi ko.

Nanlaki ang mga mata ni Gladys sa tanong kong iyon.

Bumakas ang takot sa mukha nya.

Napatayo naman si Vane at Rolf.

Bakas ang gulat sa mukha ng dalawa.

My eyes is dull and dead.

Alam kong nakikita nilang lahat iyon.

Patuloy ako sa paghakbang habang patuloy din sya sa pag-atras

"Control yourself Angelique." Sabi ng isip ko.

Kasabay niyon ay ang pagtunog ng cellphone ko.

Hindi inaalis ang tingin kay Gladys na sinagot ko iyon at pinidot ang speaker.

"Happy Birthday Ysa baby." Boses ni Nike na narinig ng lahat.

Namilog ang mga mata ko.

Tinanggal ko sa pagkaka-speaker ang cellphone at inilapat iyon sa tenga ko.

"Waaa Nikey!" I said sabay iyak.

"Hey Baby what's wrong bakit umiiyak ka?"

Tinalikudan ko si Gladys.

"Ni aaway nila ako dito." Sabi ko habang tumutulo ang luha at nakatingin sa nabiglang si Vane.

"What? Birthday mo tapos inaaway ka. Huwag mo silang papuntahin sa party mo at huwag mo silang bigyan ng ballon."

Suminghot ako nakatingin parin kay Vane.

"O-oo nga."

"It's my birthday tapos inaaway mo ako." Iyon ang sinisigaw ng mga tingin ko kay Vane.

"Bakit hindi mo isumbong kina Ylac at Dyke iyang mga iyan?"

Umiling ako.

"Ayaw. Gusto mong mahospital silang lahat?" Sabi ko. "Saka andito iyong magiging daddy ng mga baby ko. Ayaw ko syang masaktan." Inalis ko iyong tingin kay Vane at naglakad papuntang exit ng caferia. "Ayaw kong pumasok punta ako dyan."

"Sure Ysa baby, hintayin kita."

"Bye, bye na Nikey."

"Bye,bye Ysa."

Tinulak ko ang pinto, pagtuloy parin ang tulo at pagpunas ko sa luha ko.

"*Hindi kita bibigyan ng cake ko Bev,hindi talaga tayo bati."* Naisip ko habang naglalakad palayo.

****
Audrey P.o.V

"Ayan lang ang nakasulat sa record nya. Anak mayaman sya but hindi inilagay kung sino ang magulang nya. Hindi rin sinabi kung may kapatid sya. September 30 ang birthday which is today at Wala syang
history sa kahit saang school."

Sabi ni Rolf na nakatayo sa harap namin.

Nasa cafetria parin kami. Pero tanging ang first five ng KH at BW na lang ang nasa loob except sa akin dahil pinsan ko si Vane.

Ako na ang umabot sa files na binigay ni Rolf at binasa iyon.

Sobrang kakaunti nga lang ang impormasyon tungkol kay Ysa wala kahit recent address kundi ang address nya rito.

Nakakahinala nga.

Hindi ko masisisi si Vane kung bakit bigla syang dumistansya muna kay Ysa.

She can be an enemy.

"Baka spy iyan na ipinadala dito." Sabi ni Gladys na nakairap sa larawan ni Ysa sa file.

"I don't think so." Sabi ko naman. "Tulad ng report ko kay Vane. Walang kinikilos na masama si Ysa, kapag sinusundan ko sya bahay at school lang sya." Tumingin ako kay Vane. "Wala akong makita na kahit anong mag-uugnay sa kanya sa Del Montecillo Clan."

"Paano tayo makakasiguro? Paano kung na penetrate na ng clan na iyon itong Maligdan?" Si Barbie.

"Wala talaga syang alam." Sabi ko.

"Tama si Audrey." Napatingin kami kay Stephanie. "I can read people right. Sincered si Ysa. May tinatago sya pero sigurado akong hindi sya kaaway. Kahapon ng kasama namin sya sa kwarto ni Barbie. Natural na natural ang kilos nya. At kung miyembro sya ng Clan na iyon at isa syang spy. Kayang-kaya nya kaming patayin duon."

"Paano kung kinukuha nya lang ang loob nyo? Hindi nyo ba nakita kung paano nya tignan si Gladys kanina? Talagang sasaktan nya si Gladys kitang -kita ko rin na kaya nyang gawin iyon. May tinatago sya at masasabi kong kaaway ang babaeng iyon."Sabi ni Racquel na sinang-ayunan ni Gladys.

"So what do you think Montereal? Anong magiging desisyon natin? Aalisin ba natin si Ysa dito? Will we kick her out?"

Matagal na pinagmasdan ni Vane ang larawan ni Ysa.

"She will stay." He said.

"Pero-."

"Knight Hunter will take all the responsibility. Kung kalaban sya ako na ang bahalang managot duon." Sabi nya.

Ngumisi si Rolf.

"So pareho tayo ng desisyon. Black Wings will take her too, gusto kong malaman kung anong tinatago nya." Sabi ni Rolf

"But Rolf-" kokontra sana si Gladys pero hindi ito pinansin ni Rolf.

"So mananatili katulad ng dati ang status ni Ysa, mananatili syang Elf ng MC."

Tumango lang si Vane sa kanya.

Nakatingin parin ang pinsan ko sa picture ni Ysa.

Sabay kaming lumaki ni Vane, pamilya nya na ang nagpalaki sa akin kaya kilala ko sya. Kahit poker face iyan alam ko ang nararamdaman nya.

Nag-guilty sya.

Sigurado akong pinagsisihan nya ang ginawa nya kay Ysa, lalo na ngayon na nalaman nya pa na birthday ng babae.

"Fine! Sabagay kung spy nga iyong babaeng iyon magagamit natin sya laban sa Del Montecillo clan." Sabi ni Gladys na nakairap.

"Where is she?" Tanong ni Vane na sa akin nakatingin.

Alam ko na ang tinutukoy nya kaya naman inilabas ko ang cellphone ko at ipinakita sa kanya ang huling larawan na sinend sa akin ng sumusunod kay Ysa.

Ngumisi ako kay Vane.

"I think she was enjoying herself." Sabay abot ko sa kanya ng cellphone.

Kitang-kita ko ang pagdidilim ng mukha nya, bago sya biglang tumayo at pagalit na lumabas ng cafeteria.

"O anong nangyari dun?" Takang tanong ni Chezter.

"Dahil dito..."

Ipinakita ko sa kanila ang cellphone ko na basta na lang iniwan ng magaling kong pinsan sa mesa.

Larawan iyon ni Ysa. Nasa isang pizza parlor sa Maynila.
Nakaupo sa isang mesa kaharap ang isang lalaking nakatalikod sa camera. Ngiting-ngiti siya habang hawak-hawak ang kwintas na galing sa lalaking kadate niya.

Tumawa si Chezter at Stephano.

"Selos si Master." Sabay pa nilang sabi.

Ngumisi ako. "Yeah. Tignan natin kung mapapangatawanan nyang huwag lapitan o kausapin man lang si Ysa."

Saka kami nagtawanan. Pati si Rolf ay nakitawa narin.

Nagseselos si Vane.

Ngayon pa lang excited na ako sa susunod na mangyayari.

Ano kayang gagawin ng isang nagseselos na Vane Cedric Montereal?

*****

H/n

Salamat sa pagbabasa. ?

10272017npo 12:52

13. Regalo

For Lly_Cy? salamat bhe.

*****

Del Montecillo Clan.

Binubuo ng limang Gang group na pinamumunuan ng angkan ng mga Del Montecillo.

Phoenix, Eagle, Snake, Dragon at Del Montecillo Gang.

Ang DMC ay isang nakakatakot na Clan na pinapasok ang bawat probinsya at bayan sa parteng iyon ng Pilipinas.

They're ruthless, and merciless. Sangkot sila sa masasamang gawain. Tulad ng pagkalat ng droga sa mga probinsyang karatig ng Maligdan. Human smuggling, kidnapping, thiefing and killing.

Sinasakop nila ang bawat probinsyang napapasok nila.

Knight Hunters and Black Wings. They're not just an ordinary school gangs.

Sila ang guardian ng Maligdan at ng tatlo pang bayan na kasunod nito. Maligdan, Banoot, Russfield at Damyaon.

Sila ang apat na bayan na hindi pa napapasok ng DMC. The two gangs do their job really well. Hindi nila hinahayaan na mapasok sila ng DMC maging ang apat na bayan.

Dalawang tao ang bumuo at nagtalaga sa dalawang grupong iyon.

Yverez Montereal Vane grandfather at head ng Montereal Clan at Severino Vasquez lolo ni Rolf at head ng Vasquez Clan. Parehong mayor ang dalawa. Si Yverez sa Maligdan at Si Severino sa Banoot.

Parehas silang galit sa head ng DMC na si Federico Del Montecillo.

Galit na nagmula sa nakaraan na hanggang ngayon ay hindi pa nalilimutan.

Kaya ginagawa ng dalawa ang lahat para hindi sila masakop ng DMC.

Binuo nila ang KH at BW.

Nagtalaga ng dalawang leader na kanilang pinagsanay at hinubog.

Kaya naman ang resposibilidad at kapakanan ng buong apat na bayan ay nakasalalay sa balikat ng dalawang tao.

Vane Cedric Montereal and Rolf Vasquez.

*****

Panay ang iyak ko sa harap ni Nike habang hinihintay namin ang order namin sa Pizza parlor na

iyon.

"Tignan mo oh. Pinapaiyak ng panget na mama iyong magandang babae."

"Oo nga. Ano kaya iyan pinipilit iyong babae na makipagrelasyon sa kanya?"

Sabay kaming napatingin ni Nike sa katabi naming table kung saan nakaupo ang dalawang dalaga. Sabay silang nag-iwas ng tumingin kami.

"Sino kaya iyong pinag-uusapan nila Ysa baby?"

Sumisinghot-singhot na tumingin ako sa kabilang mesa na walang tao.

"Hindi ko alam, baka may nakikita silang multo." Sabi ko naman.

Tumingin din duon si Nike.

"Sabagay baka nga. Wala naman akong nakikitang panget na mama dito at babaeng umiiyak. Ysa na umiiyak meron pa."

Sa sinabi nya lumakas ang iyak ko.

"Waaa ang bad, bad talaga ni Bev, Nikey baby. Hindi ko talaga sya bibigyan ng cake."

Hinimas naman ni Nike ang likod ko.

"Huwag ka ng umiyak ito o buksan mo na lang ang regalo ko."

Inabot nya sa akin ang dalawang regalo isang malaki, isang maliit.

Sumisinghot-singhot pa ako na binuksan ko iyong malaking gift.

"Wow!" Bulaslas ko ng makita ang isang bag na hugis pizza.

"Ang kyut-kyut naman nito Nikey baby. Waaa thank you." Sunod kong binuksan iyong maliit.

"Hala pati kwintas ko pizza rin."

Itinaas ko iyon at hinayaan

na lumaylay sa ere.

"Ang ganda-ganda. Thanks talaga Nikey baby." Sabay halik ko sa pisngi nya.

"Welcome Ysa baby. Akina isusuot ko." Kinuha sa akin ni Nike ang kwintas at sinuot sa akin.

"Ayan bagay sayo."

Pumalakpak ako.

"Ang ganda-ganda talaga." Tinignan ko si Nike at nginitian ito ng matamis.

"Hi Miss." Nagambala kami ng may umupong dalawang lalaki sa bakanteng upuan sa may mesa namin.

Nagtinginan kami ni Nike at hindi parehas na hindi umimik.

Pinagmasdan lang namin sila.

"Bakit si Panget ang kasama mo? Dapat ang magandang babaeng tulad mo ay sa amin sumasama."

Nagtinginan ulit kami ni Nike.

"Tayo ba ang kausap Nikey?" Tanong ko sa kanya.

"Hindi ko alam, baka hindi, kasi iba ang binanggit na pangalan eh. Panget at Miss."

"Ahh." Napatango ako. "Siguro nga huwag na lang natin pasinin baka may ghost sa likod natin." Sabi ko. Nagbubulungan kami pero abot sa pandinig ng dalawang lalaki.

"Kayo ang kausap namin." Sabi ng isang lalaki na may hikaw sa tenga.

"Kami po?" Sabi ko.

"Oo." Sagot ng lalaking naka green cup.

"Ay pare sorry iba kasi ang pangalan na sinasabi nyo. Ang pangalan ko'y Nike at sya naman si Ysa."

"Wala kaming pakialam sayo Panget si Miss na maganda ang kailangan namin."

"Naku Nike! Bingi yata sila eh hindi narinig iyong mga pangalan natin. Iba parin ang binanggit." Bulong ko na naman. "Wait mapapakilala ako ulit."

"Kuya ako po si Ysa. Hindi po Miss. Huwag nyo po akong tawaging Miss kasi si Bev ko lang ang may karapatan na tawagin akong ganon. At sya naman po si Nike."

"Babe? Sira ba ang mga mata mo at kay Panget ka pumatol ha miss? Ako nalang ang tawagin mong babe huwag iyang panget na iyan."

Ang kulit ni koya. Putek bingi ata.

"Kuya hindi nga po panget ang pangalan nya. NIKE nga po. N-i-k-e." Inispel ko na ,kulit ni kuya.

Napakunot silang dalawa.

"Pinagloloko nyo ba kami?"

Eh?

"Hoy Ysa nagj-joke ka ba?" Tanong ni Nike sa akin.

Umiling ako.

"Eh ikaw?" Tanong ko rin.

"Hindi."

"Ngek bakit sabi nila pinagloloko natin sila eh hindi naman tayo nag j-joke?"

Nagtinginan iyong dalawang lalaki.

"Nanggagago ba kayo?"

Hala grabe sila o.

Siniko ko si Nike.

"Nikey baby baka may naririnig silang hindi natin naririnig. Gago daw eh. Wala naman nagmumura sa atin." Bulong ko ulit na dinig parin nila.

"Oo nga Ysa baby mabuti pa tara na baka nakakaistorbo tayo." Sabi nya. Tumango naman ako bilang pagsang-ayon.

Tumayo kami.

"Ay mga kuya alis na kami." Dinampot ko iyong bag na bigay sa akin ni Nike."Pagpatuloy nyo lang iyan pakikipag-usap ng matahimik na sila at..."

"Sumalangit nawa ang kanilang kaluluwa." Sabay na sabi namin ni Nike.

Nakanganga na iyong dalawang lalaki habang pinagmamasdan kami ni Nike.

"Mga Pre sa inyo na iyong pizza na order namin. Bigyan nyo na lang iyong mga multong kausap nyo." Si Nike.

"Oo nga."

Ngumiti ako ng matamis sa kanila.

"Bye mga kuya." Kaway ko pa bago kami naglakad palabas.

"Sa tingin mo mapapatahimik nila iyong kaluluwa ni Panget at Miss?" Tanong ko habang pinagbubuksan nya ako ng pinto.

"Ewan ko lang, siguro? Dapat alam mo ikaw ang nakakakita ng multo sa atin dalawa eh." Sagot ni Nike na nakasakay na sa loob ng sasakyan at nakaupo na sa driver seat.

"Ewan ko din. Hay Nikey baby hayaan na nga natin sila. Punta na lang tayo sa bahay tiyak na may lutong masarap si Mama."

"Sure, sure Ysa baby." Saka bya pinaandar ang sasakyan.

Buti na lang may kaibigan akong tulad ni Nike. Nakakalimutan ko na hindi kami bati ni Bev.

*****

Humihikab ako habang naglalakad papuntang first subject ko.

Alas-tres na natapos ang kasiyahan sa bahay namin, sobrang puyat ako tapos nagbyahe pa ako pauwi rito.
Sa bus na lang ako nakatulog.

Gamit ko na ang pizza bag na binigay sa akin ni Nike.

Ang kyut-kyut talaga.

Ni wiggle-wiggle ko pa iyong likod ko para gumalaw iyong pizza bag. Pati iyong necklace na bigay nya sa akin suot ko.

Ngiting-ngiti ako ng pumasok ako sa loob ng klasrom.

Tahimik na naman ang klase namin kahit walang professor, tulad ng dati radam ko iyong itim na aura nya.

Hindi ko iyon pinansin.

"Good morning mga Master and lady." Masayang bati ko sa kanilang lahat.

Hindi special mention si Bev, hindi kami bati eh.

Saka imbes na sa upuan ko ako umupo duon sa kabilang row ako nagpunta, kita ko parin sya at kita nya parin ako.

Ayan malayo na. Baka sabihin nya hindi ko tinutupad iyong sinasabi nyang huwag ko syang lapitan o kausapin. Hindi ko sya binati at hindi ko sya kinausap ha.

Ipinatong ko sa mesa ang bag ko at iyon ang pinaglaruan.

"Ang cute naman nyan Ysa." Napatingin ako kay Stephanie.

Nadaanan ko ng tingin si Bev. Deadma lang kahit nakatingin sya.

"Oo nga Lady Steph." Humagikhik ako at niyakap ang bag ko.

"Kanino galing?" Tanong nya pa.

"Kay Nikey." Proud kong sagot.

"Oh. Pati iyong necklace mo sa kanya galing? Mukhang manahalin ah."

Napatingin ako sa necklace ko.

"Opo sa kanya rin. Mahal nga po. Hindi naman nagbibigay ng mura si Nikey eh. At walang mura sa Ziegler Gem Lady Steph."

Napamulagat sya at napasinghap ang lahat.

"Z-ziegler Gem. "Si Barbie.

Tumango ako.

Nakita kong madilim ang mukha ni Vane habang nakatingin sa akin.

Hala! Hindi ko naman sya nilalapitan at kinakausap ah.

"Ah Ysa, ano nga palang ginagawa mo dyan?" Tanong ni Chezter sa akin.

"Dito po? Nakaupo. Nakikipag-usap sa inyo."

"Pfft." Mga kaklase ko.

"Ah what I mean is bakit dyan ka nakaupo? Hindi dito sa upuan mo?"

"Ah." Tinignan ko ulit si Bev.

"Hindi po puwede eh. Sabi ni Master Vane hindi akong pwedeng lumapit at kausapin sya." Sagot ko na nakatingin kay Bev.

Hindi kami bati kaya Vane sya sa akin ngayon.

"Oh... alright." Si Chezter na tinignan si Vane. "Pinagbawalan mo pala Pre eh."

Hindi sumagot si Bev nagdilim lang lalo ang mukha.

"Nga pala Ysa belated happy birthday. " si Stephano.

Bumati rin si Stephanie at Chezter. Deadma si Barbie at hindi nagsalita si Vane.

"Ay thank you po."

"Wala bang blow out dyan?" Biro ni Chezter.

Kumamot ako ng ulo.

"Nakapagpaparty na po kami sa bahay eh. Si Nike lang ang nadala ko kasi akala ko ayaw nyo." Sagot ko. "Ay oo nga pala."

May kinuha ako sa bag ko. Brown envelop iyon.

Tumayo ako at lumapit sa kanila.
Pumikit ako at pakapa-kapang tumapat sa upuan ni Bev.

"Ano ba! Shit! Anong kalokahan yan Nerd!" Sikmat sa akin ni Barbie ng muntik ko na syang maaapakan.

"Ay sorry wait lang po."

Nakapikit parin na ibinaba ko ang brow envelop sa mesa ni Vane.

"Hmmm Master. Pakibigay kay Lady Audrey. Hindi kasi nakapasok sa village namin iyong sumusunod sa akin, baka po mapagalitan dahil walang nakuhang larawan. Kaya ni picture-an ko na lang po sarili ko

at iyong party. Ako lang po iyan kasi bawal maglabas ng selfie picture na galing sa bahay."

Umawang ang labi ni Vane at nagulat naman ang apat.

"Alam mong pinapasundan ka?" Si Stephanie.

Tumango ako tapos biglang napatuptop sa bibig.

"Hala dapat po ba hindi ko alam?" Tanong ko kay Bev.

"Ay sorry po." Bigla kong ipinikit ang mga mata ko ng marealize ko na kinakausap ko sya. "Huhuhu huwag nyo pong pagalitan si kuyang sumusunod sa akin. Ako po ang may kasalanan. Hindi ko pala dapat malaman. Pasensya na po."

"Are you for real? Pinapasundan ka namin tapos hindi ka nagagalit, nagsorry kapa. Sadyang tanga ka ba talaga?" Si Barbie.

Iminulat ko ang isang mata ko at tinignan sya.

"Dapat po bang magalit ako?" Kumamot ako sa ulo. "Ang hirap naman pong gawin nun. Bakit po ako magagalit kung hindi naman nakakagalit ang pasundan ako. Hindi naman po ako sinaktan eh nasunod lang. Naawa pa nga po ako sa kanya kasi hindi sya makakain ng maayos. Nag-utos na lang ako sa isang guard namin na padalhan sya ng pagkain sa labas ng village."

Walang masabi si Barbie.

"Balik na po ako."

Nang tumalikod ako nagtinginan silang lima.

Inilabas naman ni Vane ang mga picture ko.

Paupo na ako ng marinig kong muli ang pagsinghap nila.

Hindi ko na sila tinignan inaantok na ako eh.

*****

Stephanie P.o.v

Napasinghap kami ng makita ang mga larawan ni Ysa.

Grabe ibang-iba ang ayos ni Ysa sa ayos nya ngayon.

Kung ngayon, magulo ang buhok at ang dungis-dungis nya.

Sa picture na hawak ni Vane ang ganda-ganda nya.

Naka-casual mini dress sya na hanggang itaas ang tuhod, black skirt, white top.

Nakalugay at maayos ang kanyang buhok.

Ibat-ibang pose ang ginawa nya.

Meron iyong may kasama sya pero naka blurred ang mukha. May naka peace sign sya habang kumakain ng cake.

Dalawang larawan pa ang tinignan namin at iyong dalawang larawan na iyon nagusot ng lamukusin ni Vane.

Larawan iyon ni Ysa na may nakaangla sa bewang nyang lalaki. At iyong isa naman ay umiihip siya ng kandila habang may humahalik na lalaki sa magkabila nyang pisngi. Parehas blurred ang mga mukha ng mga lalaking iyon.

Lukot na lukot ang picture sa sobrang pagkakuyom ni Vane.

Nagtikhiman kaming apat at sabay-sabay na nag-iwas mg tingin.

Natensyon ulit ang buong klase dahil bumalik ang dark mood ni Vane.

Kung kami tensyon na tensyon na at nag-aabang ang pagputok ng bulkan. Iyong babaeng dahilan ng lahat, ayun tulo laway pang natutulog at walang pakialam sa paligid niya.

****

H/n

May attachment na pic ang chap na ito iyon ay ang bag at kwintas na bigay ni Nike kay Ysa. Pati na rin iyong dress nya sa party.

Hindi ko alam kung maaattach dahil thrice ko ng ginawa nag e-error sya. Anyway i-post ko rin sya sa facebook ko kaya kung hindi nyo makita dun na lang po.

facebook: Helliza Sabida.

Thanks

10282017uvft 13:06

14. Sunog

Para sayo **Kyllaz** salamat sa mga boto?.

****

Hindi parin ako puwedeng lumapit o makipag-usap ka Bev.

Nam-miss ko na sya pero hindi ko sya pwedeng pansinin. Hindi kami bati eh.

Matatapos na nga ang araw na ganito ang sitwasyon namin.

Pero nagtataka ako, alam ko bawal akong lumapit sa kanya pero heto ako ngayon andito sa KH quarters,naglilinis.

At isa pang pinagtataka ko bakit nila pinalilinis itong Quarters nila eh hindi naman madumi ang linis-linis nga.

Ibinaba ko iyong walis na hawak ko.

Napatingin silang lima sa akin.

Iniwasan ko iyong mga mata ni Bev.

"Puwede na po ba akong lumabas?" Tanong ko.

Napatingin sila kay Vane.

Titingin din sana ako kaso... huwag na lang.

"No." Narinig kong sabi ni Bev.

Siguro itong si Bev, 'meron'.

Hindi kaya dating babae siya nagpasex change lang tapos nireregla ngayon? Kanina pa kasi mainit ang ulo nya.

Kaya nga andito silang lima sa KH Quarters kasi lahat sinisinghalan nya kulang na nga lang awayin at pagsusuntukin nya lahat ng makasalubong nya.

"Narinig mo Ysa hindi daw puwede." Si Chezter.

Ngumuso ako.

Pagkatapos sinipa ko iyong basurahan sa tabi ko dahilan para tumapon ang laman niyon, sunod ay tinapon ko iyong tubig na panlampaso.

"What the fuck are you doing!" Singhal ni Barbie sakin.

Napatayo silang apat habang si Vane ay nakatingin lang sa akin.

"Nagkakalat po." Sagot ko.

"At bakit ka nagkakalat? Pinaglilinis ka namin tanga!" Si Barbie parin.

"Makatanga naman itong si Lady o. Nagkakalat po ako para may lilinisin." Kumamot ako sa ulo.
Ang hirap naman po kasing maglinis ng malinis na."

Katahimikan.

Ilang segundong katahimikan bago bumunghalit ng tawa si Chezter at Stephano.

"Oo nga naman Barbie. Mahirap maglinis ng malinis na." -Chezter

"The best ka talaga Ysa."-Stephano.

"Pfft. Huwag ka ng magkalat Ysa, iyan na ang linisin mo kasi maya-maya uuwi na tayo." -si Stephanie.

Tumango ako.

Si Lady Barbie ang sama na naman ng tingin sakin.

May regla din siya, I'm sure.

Wala sa loob na napatingin ako kay Bev.

Nagkahugpong ang mga tingin namin.

Ngayon na nakatingin ako sa mga mata nya, parang gusto kong tumakbo at yumakap sa kanya ng mahigpit.

Nam-miss ko na talaga sya.

Bumuntung-hininga ako at nag-iwas ng tingin.

Maglilinis na nga lang ako. Baka magalit lalo eh.

Pinagpatuloy ko ang ginagawa ko.

Nauhaw ako mayamaya kaya pumunta ako sa kusina. Habang umiinom naramadaman ko ang pagpasok ni Bev, amoy palang alam kong sya na talaga, hindi ako umimik o lumingon sa kanya.

Nasa tapat ako ng refrigerator, hawak ang isang bote ng mineral water.

Naramdaman ko sya sa likod ko.

Kasalukuyan akong umiinom, ng maramdaman kong dumikit ang dibdib nya sa likod ko.

Muntik ng lumabas ang tubig sa ilong ko dahil sa gulat ng maramdanan ko iyong kuryente.
At napaatras ako ng buksan nya ang ref, na mas lalong nagpadikit ng likod ko sa dibdib nya at nang yumuko sya para umabot ng bottled mineral water, pumatong ang baba nya sa balikat ko, pumikit at muli

nagmulat ng dumeretso sya ng tayo uminom ng tubig...ng hindi umaalis sa puwesto nya. Ramdam ko ang paggalaw ng dibdib nya habang umiinom.

Hala! Ang puso ko lalabas na yata!

Hindi ako makalingon, sa hindi ko malamang dahilan, hindi ako makalingon sa kanya.

Huhuhu may stiffneck na yata ako.

Nauna pa syang makatapos sa akin sa pag-inom.

Hindi sya kaagad umalis.

Ilang segundo pa kami sa ganoong ayos bago sya yumuko at...

...at inamoy ang leeg ko.

Naramdaman ko ang bahagyang paglapat ng labi nya ruon, pati ang pagkuskos ng tungki ng ilong nya sa balat ko.

Suminghap ako...and then he was... gone.

Naiwan akong nakatulala at nakikipagtitigan sa ref.

Maya-maya inamoy ko ang magulo kong buhok na dinaanan ng mukha nya kanina, pagkatapos ay ang kili-kili ko.

"Phew! Buti na lang amoy strawberry pa ako." Pagkatapos kumunot ang noo ko.

Problema ni Bev? Bakit inaamoy ako? Saka diba ayaw nyang lumapit sakin?

Pinagpatuloy ko ang pag-inom, saka sinabing...

"Baka gustong kumain ng strawberry at wala syang mabili ngayon, kaya inamoy nalang ako." Humakbang ako papuntang sala.

" Mabigyan nga si Bev ng strawberry soap, shampoo, toothpaste at perfume, para hindi na mang-aamoy sa iba, baka mamaya mangagat na dahil napagkamalan akong strawberry naku mukha pa namang masakit sya mangagat." Mahinang dagdag ko habang lumalabas ng kusina.

****

Mabilis kong natapos linisin iyong mga kinalat ko.

Ayaw ko ng magkakat nakakatamad na maglinis eh.

Nagliligpit na ako nang magring ang cellphone ni Bev.

Napatingin ako sa kanya kaya kitang-kita ko ang pagkunot ng kanyang noo.

"Hello. What the fuck!" Malakas na mura nya.

Tumayo sya.

Sa pagtayo nyang iyon sumunod narin ng tayo iyong apat.

"Papunta na kami dyan." Naglakad sya papuntang pinto nakasunod parin iyong apat sa kanya.

Palabas na sya ng bigla syang huminto at lumingon sakin.

Galit sya.

Kung ano man iyong balitang hatid ng kausap nya, siguradong hindi maganda.

Tiim na tiim kasi ang bagang nya at salubong na salubong ang kanyang kilay.

Ngunit kahit na ganon nabasa ko sa mga mata nya na ayaw nya akong iwan dito ng mag-isa.

"Wait for me! Huwag kang uuwi hangga't wala pa ako." Pagalit nyang sabi.

Tumango ako.

"Ingat ka...yo." wala ng nakarinig sa sinabi ko dahil nakalabas na sila.

Naiwan ako.

Ilang segundo pa akong nakatingin sa pintong nilabasan nila bago ako kumilos at naglakad paupo.

Sabi ni Bev wait daw, kaya maghihintay ako.

*****

After two hours.

Inip na inip na humikab ako habang nanonood ng tv.

Ang tagal naman nila Bev.

Gutom na ako. Kung puwede nga lang umuwi na, kaso sabi ni Bev maghintay daw.

Matutulog na lang sana ako ng makarinig ako ng pagsabog.

Bahagyang yumanig ang building kaya bumagsak pa ako sa sahig dahil sa sofa lang naman ako nakahiga.

"Puta naman! Shit ang sakit!" Mura ko ng tumama ang gulugod ko sa semento. Pagkatapos bigla akong napatuptop sa bibig ko.

Hala! Bawal nga pala akong magmura.

Limang ulit kong pinalo ang labi ko bilang parusa.

"Huhuhu ang sakit!" Ganon ang parusa ko sa sarili ko kapag nakakapagmura ako, kada mura rin two

hundred pesos ang katumbas kaya kailangan kong maghanap ng taong mabibigyan ng four hundred or mailibre. Ito ang naisip na way ng mga kapatid ko para mapatigil ako sa pagmumura.

Lumabas kaagad ako pagkatapos kong gawin iyon.

Uwian pa lang kaya marami pang estudyante. Nagkakagulo sila at nagtatakbuhan papuntang school ground.

Hala! Bakit anong meron? May shooting ba?

Tumakbo ako papunta sa lugar na tinatakbuhan nila palayo, kasabay niyon ay ang pagtunog ng fire alarm.

Kung ganon may sunog, dahil siguro sa pagsabog kanina.

Tumakbo ako kung saan nagmumula ang usok.

Ang building C ang tinutupok ng apoy. Mula third floor at mabilis ang pagbaba hanggang second floor.

May mga taong natrapped sa third floor at second floor.

Hindi na sila makababa dahil nasa balustre narin ng hagdanan ang apoy.

"Ysa!" Napatingin ako sa second floor at duon nakita ko si Gen at tatlo pang kataong umiiyak at humihingi ng tulong.

"Hala!"-ako

"Ysa help!"

"Saklolo!

Sa mga sigawang iyon kumilos ang mga paa ko at tumakbo papunta sa nasusunog na building.

*****

Chezter P.O v

"Fuck! Fuck! Shit!" Sunod-sunod ang pagmumura ni Vane habang tinitignan ang kumakalat na apoy sa building C.

Kahit ako napakuyom ang kamao.

Kung alam lang namin na mas masama ang mangyayari dito sa MC baka hindi na kami umalis at pumunta sa Russfield para ipagtanggol ang Headquarters namin na sinusugod ng Eagle gang.

Pain lang pala iyon dahil ang talagang target ay itong MC.

Galit na galit si Vane nang matanggap ng tawag.

"Nasaan ang mga bombero?" Tanong nya.

"Hinarang sila sa bukana Vane, pero naandon na ang mga BW sa pangunguna ni Rolf." Paliwanag ko.

Plano ito. Sigurado ako duon. At alam namin na ang DMC ang may pakana ng lahat.

"May mga na trap pa ba sa building?" Tanong ni Stephano sa isang Elf ba nakatayo at nakatalikod namin.

Nang humarap sya nakita namin syang umiiyak.

Kaibigan ito ni Ysa ah.

*N*anlaki ang mga mata ng babae ng makita kami. Pagkatapos ay bigla nyang itinuro ang second floor.

"I-isa na lang ang natrap. Si Mrs. Mendez, nakatulog sya sa room at hindi kaagad nakalabas." Sabi nya may sasabihin sana si Stephanie kaso nagpatuloy sa pagsasalita ang babaeng sa pagkakaalala ko ay Gen ang pangalan. "S-si Ysa tinulungan nya kaming makababa, mula second floor hanggang dito. Lahat kami tinulungan nya." Lalo syang umiyak. "A-at naandon sya sa third floor ngayon nililigtas si Mrs. Mendez." Tinignan nya si Vane. "M-master Vane tulungan nyo po si Ysa baka mapahamak ang kaibigan ko."

Si Vane nanlaki ang mga matang napabalik ang tingin sa building na nasusunog.

Tumakbo sya papunta ruon, sumunod kami.

This is our mission. Ang tumulong sa nangangailangan lalo na kapag taga dito sa Maligdan at sa tatlo pang kalapit na bayan.

Oo namb-bully kami.
Nag-uutos at nang-aalila.

Ngunit kahit na ganon handa kaming tumulong para sa kapakanan ng mga mamayanan dito.

Kahit na nga mapanganib, kahit na nga nalalagay sa peligro ang buhay namin.

This is our task, our oaths kaya gagawin namin ang lahat para matupad iyon.

Ngunit papasok pa lang kami nagbagsakan na ang mga debring nasusunog , ni hindi na naming magawang makalapit.

"Damn it!" Bakas ang pag-aalala sa mukha ni Vane.

Pag-aalala na para sa babaeng naandon ngayon sa itaas ng nasusunog na building.

Hindi man nya aminin o sabihin alam namin na espesyal sa kanya si Ysa. Alam namin na may nararamdaman sya sa dalaga.

Handa naman namin syang suportahan ngunit ang tanong susuporta ba sa kanya ang nasa 'itaas' gayong ang unang rule na binigay sa amin ay '**No Distraction**'.
And he knows na isang malaking ditraksyon sa kanya si Ysa.

"Angelique Ysa!" Sigaw nya.

Sumigaw narin kami.

Ang taas na ng apoy sigurado akong kung buhay man si Ysa, wala na syang madadaanan pababa.

"Master Bev!" Lahat kami napatingala sa pamilyar na tinig na iyon.

"Shit!" Mura ni Vane ng makita sa second floor si Ysa na nababalutan ng abo habang pasan ang isang matandang babae na walang malay

"Paano sila makakababa Vane wala ng daan?" Tanong ni Barbie.

Napasambunot si Vane sa buhok.

Nagsigawan naman ang mga estudyanteng nanonood ng bumaksak ang isang two feet by four feet na fluorescent fixture sa tabi nila Ysa. Pumutok iyon.

"Angelique Ysa!" Sigaw ni Vane ng mawala sa paningin namin ang dalawa.

"Bev."

"Ayun sila." Turo ng mga estudyate sa likod. Nasa kabilang dulo na sila Ysa mula sa puwesto nito kanina.

Paanong andon na sya kaagad.

"Master Bev. Mahilig ako sa litson pero ayaw kong malitson." Sigaw ni Ysa. " Hindi po ako masarap."

Ayos talaga itong si Ysa. Iba parin ang takbo ng utak kahit nasa panganib na.

"Master! Tatalon ako!"

"Anong-." Ako.

"Ang tanga talaga ng babaeng iyan" -Barbie.

"Shit!" Hindi ko na alam kung pang-ilang mura na ni Vane iyan.

"Miss huwag kang tatalon mababali--Shit!" Nawalan ng saysay ang mga sinasabi ni Vane dahil sumampa na si Ysa sa barandila ng building.

"Fuck! YSA!"

Nagsigawan ang mga tao nang muntik pang mawalan sya ng panimbang habang nakatuntong. Hindi ko alam kung paano nya nagagawang balansehin ang sarili habang may pasan-pasan sya na obvious naman na mabigat para sa kanya.

"Ayan na ang apoy!" May sumigaw.

Papalapit na nga sa kanila ang apoy kaya naman si Ysa tumalon na...

...duon sa puno ng mangga.

Ang bilis ng takbo ni Vane papunta sa puno.

Lahat kami napasunod.

Makapal ang dahon ng punong iyon kaya hindi namin alam kung saan sila nasabit.

"Angelique Ysa!" Tawag ni Vane habang papalapit.

"V-vane." Boses ni Ysa.

Napasunod kami kay Vane na alam kaagad kung nasaan ang babae.

And there she was nakakunyapit sa isang malaking sanga. Nakasabit parin si Mrs Mendez sa likod nya.

Isang kamay nya lang ang nakahawak sa sanga, habang ang isa ay nakahawak sa dalawang braso ng guro para hindi ito tuluyang bumagsak.

"M-master si Ma'am pakisalo, hindi ko na sya kayang hawakan." Eksaktong pagkasabi nya nuon nabitawan nya si Mrs. Mendez.

Napatakbo kami ni Stephano at mabilis na sinalo ang guro.

"Miss...let go. I'll catch you." Narinig kong sabi ni Vane.

Ngumiwi naman si Ysa bago tumango.

Bumitaw sya, at nasalo naman sya kaagad ni Vane.

Muntik pang matumba ang kaibigan ko sa pagsalo sa kanya.

"Hey Miss are you okay?"

Unupo si Vane sa lupa at kinalong si Ysa.

Habang tinitignan ko silang dalawa naisip ko lang...

Ano kayang gagawin ni Vane kung laging ganito ang mangyayari? Kung laging malalagay sa panganib ang buhay ni Ysa nang dahil sa sitwasyon namin?

Anong kayang gagawin nya?

****

Ysa p.o.v

Ngiwing-ngiwi ako habang nakapikit at kalong ni Bev.
Hang pikit rinig ko ang wang-wang na mula sa truck ng bomberong paparating.

"Miss are you okay?" Narinig kong tanong ni Bev.

Umiling ako.

"Hindi." Sagot ko. "Ang init-init Master, tapos na...na dislocate pa itong balikat ko. Masakit!" Daing ko sa kanya.

Kaninang nasa sunog ako at nakasabit sa puno, wala akong nararamdaman.

Pero ngayong nasa bisig na nya ako. Ngayong magkalapat na ang mga katawan namin at magkatagpo ang aming mga mata.

Sabay-sabay kong naramdaman ang sakit na kanina ay bahagya ko lang na iniinda. Iyong init ng apoy, iyong sakit ng mga paso at pilay...

Nanghihina ako...

...nanghihina ako ngayon habang hawak nya.

I can blocked pain.

Duon ako magaling.

Kaya kong pamanhidin ang sarili ko.

Physically.

Nagagawang utusan ng utak ko ang buong katawan ko para hindi makaramdaman ng sakit. Ngunit ngayon, ramdam na ramdam ko ang lahat ng kirot.

But habang nasa mga bisig nya ako. I realized something...

...that....

...that

...Vane Cedric Montereal...

...is my...

WEAKNESS.

*****

H/n

PAsensya na po sa aking nakayanan pagod lang po talaga.

Salamat sa reads votes and comments sana huwag kayong magsawa sa pagbabasa ng mga gawa ko.??

Helliza sabida

1182017gsj 22:45

15. Ayaw

Fuck! Shit! Damn! Huhuhu ang sakit-sakit ng balikat ko.

Nakapikit ako ng mariin. Halos pigil na nga ang hininga ko dahil sa sakit na nararamdaman ko mula sa na dislocate kong kaliwang balikat.

Tikom na tikom din ang bibig ko dahil ayaw kong magsalita dahil sigurado akong sunod-sunod na mura ang lalabas sa bibig ko.

"Miss..." napaigik ako ng gumalaw si Vane na kalong ako.

"Shit! Nasaan na ba ang ambulansya!" Tanong na pasigaw ni Vane sa mga naruon.

"What happened Montereal?" Napamulat ako ng nga mata ng may isang bagong tinig akong narinig.

Nakita ko ang isang middle aged na lalaki, may salamin sa mga mata at obvious ang pagkadugong korean.

"Papa!" -Stephano and Stephanie.

"Mr. Kim!" Chezter and Barbie.

Mr. Rain Kim ang head ng Martial arts & Defense Club. Nakikita ko syang nagtuturo, pero dahil hindi naman ako nagsign-up sa club na iyon hindi ko sya nakakausap o nakakahalubilo.

"She dislocate her left shoulder, tito." Sagot ni Vane. Tumatama iyong hininga nya sa mga labi ko dahil nakasiksik ang mukha ko sa leeg nya.

Pinagmasdan naman ni Mr. Kim ang balikat ko.

"Held your breath." Sabi niya sakin. "I need to see kung malala ang pagkakadislocate ng balikat mo. Vane tanggalin mo sa pagkakabutones ang uniform nyo."

"Tatanggalin?" Bumakas ang pagtutol sa mukha ni Bev.

"Yeah Montereal. Hindi ko maibabalik sa ayos iyan ng basta-basta I need to see it." Kunot ang noong sabi ni Mr. Kim.

"But..."

"Bev." Umalis ako sa pagkakasiksik sa leeg nya. "Naka sando ako." Sabi ko.

Tinignan ako ni Vane bago sya bumuntung-hininga at hinalikan ako sa noo.

Saka nya kinalas ang butones ng suot kong uniform.
Nagsinghapan sila ng makita ang balikat ko.
Distorted na iyon and I have
a hard knob under the skin of my shoulder palatandaan na nag popped out ang humerus o arm bone ko sa kanyang socket. This knob is the top of the arm bone that has popped out of its socket.

"Na dislocate nga. I can put it back pero sigurado akong magiging napakasakit niyon." Sabi sa akin ni Mr. Kim.

"W-wait lang po." Tinignan ko si Bev. "Master layo ka muna sakin."

"What?"

"Layo ka muna para hindi ko maramdaman ang sakit." Dahan-dahan akong umalis sa pagkakalong nya, ngunit pinigilan nya ako sa bewang.

"Anong bang pinagsasabi mo? No. Let me hold you."

Waaa ano ba sya. Si Bev naman paano ako makakapag-concentrate kung nasa tabi ko sya!"

"Dali na..." itinulak ko sya kahit nagkadangiwi-ngiwi na ako.

"No--."

"Let her go Vane." Napatingin si Bev kay Mr. Kim. "Just follow her. Can you see mas masasaktan sya kung papatagalin pa natin ito."

Tiim ang bagang ni Vane na muling tumingin sa akin.

Bago dahan-dahan nya akong inilayo sa sarili nya.

"T-tatayo din ako Master." Sabi ko. Salubong ang kilay na inalalayan nya rin akong tumayo, pagkatapos ay lumayo sya tatlong hakbang mula sakin.

I sighed, ipinikit ko ang mga mata ko. I blocked him in my mind. Binura ko ang mukha nya, ang tsokolate nyang mga mata sa isipan ko. And when I opened my eyes again. It's dull black, and expressionless.

Muli napansin ng lahat ang pagbabagong iyon sa mga mata ko.

Deretso akong nakatingin sa building na nasusunog at hindi pinansin ang nagtataka nilang tingin.

Lumapit si Mr. Kim ngunit bago pa nya ako mahawakan, I held my shoulder and put it back by myself.

Shockes was written in their faces habang ako, napakagat labi ng makaramdam ng matinding sakit.

Bumilis ang hininga ko kaya naman muli akong pumikit.

I started thinking about pizza, ang cute na rabbit Monica na si Coni at strawberry.

Unti-unting nawala ang sakit.

Okay na sana, bahagya na lang ang nararamdaman kong sakit, but then I feel him.

Humawak ang mga kamay nya sa bewang ko at hinila ako papalapit sa katawan nya.

Napaigik ako.

*Waaa wait lang Be*v!

Ayan na naman, halos hindi na naman ako makahinga sa sakit.

"Anong ginawa mo!" Galit na sabi nya.

"T-teka wait." Malakas ko syang itinulak. Napabitaw naman sya at napaatras ng dalawang hakbang palayo mula sa akin.

Bumakas ang gulat sa mukha nya nang gawin ko iyon.

"H-huwag ka munang lalapit!" Sabi ko habang habol ang hiningang napasandal sa punong sinabitan ko kanina.

Pumikit ako ng mariin.

Nanatili akong ganon hanggang sa unti-unting mawala ulit ang sakit.

Ilang minuto pa nagmulat ako ng mga mata at parang wala lang na itinaas baba ko ang balikat ko, nag shoulder rotation pa ako from left to right and right to left.
Sinabayan ko narin ng pag ikot ng batok at leeg, naglagatukan ang mga buto ko duon.

Grabe nakakapagod ang araw na ito! Antok na ako gusto ko ng matulog.

Dumeretso ako ng tayo at tinignan sila.

O bakit ganyan mga mukha nila? Anyare?

Ang mga mukha kasi nila, parang may nasaksihan silang kakaiba at hindi kapani-paniwala.

Nanlaki ang mga mata ko.

Hala! Hindi kaya nagkaruon ng mukha iyong punong nasa likod ko.

Napalayo ako bigla at napalingon sa puno.

Eh? Bakit wala?

Tumingin ako sa kanila.

"Mga master kayo lang ba ang nakakakita sa mukha ng puno?" Tanong ko.

Walang sumagot sa akin.

Naramdaman ko ang paglapit ni Vane, hindi tumitingin sa kanya na gumilid ako palayo.

Ayaw ko muna syang makita at dikitan huhuhu baka mawala ako sa concentration ko. Ayaw ko pa naman madala sa hospital.

Nagkatinginan naman ang first four sa ginawa kong pag-iwas kay Vane.

"Hija ayos ka lang ba?" Tanong ni Mr. Kim.

Tumango ako.

"Kailangan matignan iyang balikat mo. Kahanga-hangang naibalik mo iyan ng ikaw lang pati narin ang pagtitiis mo sa sakit, but kailangan mong matignan ng doctor."

Si Mrs Mendez na tinulungan ko ay nadala na sa clinic ng MC.

Umiling ako.

"Uuwi na lang po ako." Sabi ko.

"No!" Mariin na pagtutol ni Bev. Muli syang lumapit sa akin pero mabilis akong nakalayo at nagpunta sa likod ni Mr. Kim.

"What wrong with you! Bakit ka tumatakbo!" Galit na sigaw nya.

Pati sa boses nya nanghihina ako.

Concentrate Angelique! Concentrate!

Hindi ko sya pinansin. Uuwi na ako.

"Mga masters and ladies uuwi na po ako, Sir aalis na po ako." paalam ko sa kanila. Bumira ako ng takbo. Ngunit nakakadalawang hakbang pa lang ako nang may sumambilat sa bewang ko at mabilis akong pinangko.

"Ayy! Kabayong bakla!" Kasabay ng kuryente ay ang pagsalakay ng pagod, panghihina at sakit sa buong katawan ko.

"Hindi ka uuwi!" Madilim ang mukha na sabi ni Bev.

"Uuwi na po ako." Nakangiwi kong sabi. "Saka bakit nyo ba ako kinakausap, hindi nyo ako bati hindi ba?" Nagpumiglas ako sa pagkakabuhat nya, na wala namang napuntahan dahil hindi ako makawala sa kanya.

"You four." Tawag nya sa apat. "Kayo muna ang umasikaso dito, dadalhin ko lang itong babaeng ito sa hospital."

"Waaa hindi na okay nga lang-."

"Shut up!" Galit na singhal sa akin Vane.

Napatigil naman ako sa pagsasalita at napatingin sa kanya.

Nangilid ang luha ko.

"I hate you!" Sigaw ko sa kanya na kinagulat nya. "Hindi talaga kita bati! Inaway mo na nga ako ng walang dahilan! Inaway mo ko kahit birthday ko...tapos.. tapos... naninigaw ka pa! I hate you." Papaluin ko sana iyong dibdib nya kaso hindi ko tinuloy, kawawa naman si Bev. Humikbi na lang ako at nagpapalag para ibaba nya.

"Put me down! I hate you!" Ngawa ko. Tuloy-tuloy iyong daloy ng luha ko. Ang sakit-sakit na kasi ng pakiramdam ko tapos naninigaw pa sya.

I hate Bev! I really hate him... pero ngayong araw lang ha bukas love ko na sya ulit.

"Mabuti pa Vane ako na ang magdadala sa kanya sa hospital." Suhestiyon ni Mr. Kim. "Tutal alam naman nating lahat na hindi mo puwedeng iwan ang sitwasyon ngayon."

Bumakas ang pagtutol sa mukha ni Vane.

"Put me down na! Ayan o si Sir na nag-utos." Sumisinghap na sabi ko.

Tumiim ang bagang ni Bev pagkatapos ay tinignan si Mr. Kim.

"Pasensya na tito but I want to be sure na magiging okay sya. Ngayon lang naman at alam kong kayang-kaya nilang apat ang sitwasyon dito." Sabi niya.

Wala ng nagawa si Mr. Kim kundi tumango ng mabasa ang determinasyon sa mukha ni Vane.

Nagpaalam sya at nagsimulang maglakad palayo.

"Ayaw ko sa hospital!" Maktol ko habang umiiyak. "Bev...uwi na ko." Hindi na ako sumigaw, sakit na ng lalamuman ko.

Vane looked at me.

Parang may sumuntok sa sikmura ko ng mabasa ko ang tenderness sa mga mata nya.

"Yes Miss...uuwi na tayo...sa bahay natin." And then he kissed me in my forehead.

*****

Ang lakas ng tama ni Bev.

Uuwi daw sa bahay namin.

NAMIN,daw!

Kelan kami bumili ng bahay?

Kelan namin binili ang bahay na ito? Wala akong matandaan. Hindi kaya nagnanaginip itong si Bev?

Pero ang cute ng bahay!!

Maliit lang sya puti at itim ang kulay. Small house pero may maliit din na second floor na tanging puting kama lang ang nakalagay, walang harang.
Frosted glass ang mga salamin.

Ang cute-cute talaga!

May ref at electric stove pa. May maliit na pinto na hula ko ay c.r.

Sa Russfiield parin nakatayo ang bahay na ito sa may bandang dulo.

Umakyat kami sa limang baitang na hagdanan, saka nya ako marahang binaba sa kama.

Napaaray pa ako dahil ang sakit talaga ng katawan ko.

"Shit I'm sorry!" Mas dinahandahan pa nya ang pagbaba sa akin.

Nilibot ko ang tingin ko.

"Master kelan natin binili itong bahay? Wala kasi akong matandaan?"

Hindi sya sumagot pinagmasdan lang ako.

"Do you still hate me?" Mayamaya ay tanong nya.

Napatingin ako sa kanya saka ko naalala na hindi pala kami bati.

"Hala oo nga pala hindi tayo bati. Hindi nga pala kita bati." Nag-iwas ako ng tingin.

Babangon sana ako pero yumuko sya at ikinulong nya ako sa pamamagitan ng paglagay ng dalawa nyang braso sa magkabilang gilid ng aking ulo.

"Bati na tayo." He sensually said.

Yes sensually kasi parang inaakit ako ng boses nya na tignan siya.

Napatingin ako sa mga mata nya.
"Bati na tayo Miss... sige na." Ang lapit-lapit ng mukha nya. Kulang na lang pagdikitin nya ang mga mukha namin.

"Ayaw." Sabi ko. Iwas ulit ng tingin.

Naramdaman ko pa ang mas paglapit nya.

"Why?"

Tumama ang hininga nya sa pisngi ko kaya napapikit ako.

"Dahil-." Hindi ko na natapos ang sasabihin ko ng sa muling pagharap ko sinalubong ng mga labi nya ang mga labi ko.

Nanlaki ang mga mata ko sa gulat ngunit kasabay niyon ay ang laksa-laksang kuryente.

Umungol ako when he nipped my upper lip, kusang gumalaw ang mga kamay ko papuntang batok nya.

At nang tutugon na ako sa kanya, saka naman sya huminto at inilayo ang mukha sa akin.

"Bati na tayo Misis ko..."

Awang ang mga labi na tinignan ko sya.

Hindi naman kami naglalaro pero bakit pakiramdam ko nadaya ako...

...nadaya ako...

...dahil kahit ayaw ko pa syang patawarin ang mga lumabas naman na salita sa bibig ko ay ang mga katagang...

"Sige na nga bati na tayo Bev ko."

****

H/n

Linggo pero dahik sa nagr-request ito po.

Salamat sa basa at boto?

Helliza sabida

101017tvo 15:48

16. Alagaan

*Thanks you sa support **MystiqueGold*** this chapter is for you?

*****

Nagising ako sa sinag ng araw na tumatama sa aking mukha.

Nagmulat ako ng mga mata at sinalubong ako ng puting kisame.

Ilang segundo pa bago ko marealize na nasa bahay ako ni Bev ngayon.

Ay mali! Bahay pala namin.

Hanggang ngayon nagtataka parin ako eh. Paano kami nagkabahay ni Bev eh hindi naman kami bumili ng bahay? Wala nga syang hininging pera sa akin.

Bumangon ako at bahagyang ngumiwi ng maigalaw ko ang nakasling kong braso.

Nagpatawag sya ng doctor kagabi at pinagamot ako, after na pilitin nya akong makipagbati sa kaniya.

Yes 'pilitin' is my word.

Pinilit nya talaga ako.
Ang daya eh,nanghahalik sya.
Kaya miski ayaw ko pa syang batiin, binati ko na.

Pero ayos pa lang way iyon. Kapag may hindi ako ka bati ganon gagawin ko. Effective eh.

"What are you thinking?" Napatingin ako kay Bev na nakatayo sa pang-apat na baitang ng hagdan.

Hala ang yummy!

Namilog ang mata ko sa hubad barong katawan ni Bev.

Ayos umagang-umaga busog ang mga mata ko.

"Miss what are you thinking?" Ulit ni Bev.

"Katawan mo." Mabilis na sagot ko na kinagulat nya. "Why so yummy Bev?" Dagdag tanong ko pa.

Nawala ang gulat sa mukha nya at napalitan ng pilyong ngiti. Tuluyan na rin syang umakyat.

Bumilad sa aking mga mata ang makisig nyang katawan. Tapos nakacargo short lang sya kaya piyesta talaga.

Tangmilo! Ang kisig ng Bev ko.

Naupo sya sa kama at pinisil ang ilong ko.

"So naughty. Ang tinatanong ko ay kung anong iniisip mo a while ago, bago mo makita ang katawan ko." Natatawa nyang sabi.

Nilukot ko ang aking ilong nang bitawan nya iyon.

"Ah... iniisip ko na epektib pa lang way ng pakikipagbati ang kiss. Kapag may hindi ako kabati i-k-kiss ko na lang para bati na kami agad, para okay na."

Iyong nakatawa nyang mukha napalitan ng gulat, then napalitan ng pandidilim.

"Ay packing tape!" Gulat na sabi ko ng kabigin nya ako sa batok, hanggang sa sobrang napakalapit na ng mukha nya sa mukha ko.

"Try it at papatayin ko ang hahalikan mo."

Nanlaki ang mga mata ko.

Hala! Patayin kaagad!
Ay sabagay hindi naman pala puwedeng buhayin ni Bev kasi buhay na iyon. Tanga much Ysa.

"Remember this Angelique Ysa. Akin lang ang mga labing ito. Ako lang ang may karapatan humalik dito." Idinikit nya pa ang hintuturo nya sa labi ko. "Naiintindihan mo ba Miss? Ako lang! Papatayin ko ang kung sino mang hahalikan mo."

"Kahit magulang ko?" Tanong ko pabulong. Nalalasing na kasi ako sa mabango nyang hininga.

"They're exempted." Sagot niya palipat-lipat ang tingin sa labi at mga mata ko.

"Ah o...kay?"

"Siguraduhin mo na naintindihan mo dahil makukulong talaga ako ng di oras kapag may nakita akong kahalikan kang iba, gusto mo ba iyon?"

Bigla akong umiling sunod-sunod.

"Hala syempre hindi! Paano tayo magkakaruon ng isang dosenang baby kung nakakulong ka. Hindi nga ako marunong gumawa non tapos mag-isa ko pang gagawin." Iling ulit ako. "Promise sasapakin ko iyong hahalik sa akin na iba, mahirap na baka nga makulong ka eh."

Umawang na naman ang bibig nya. Natutukso tuloy akong halikan sya.

Binitawan nya ako sabay tawa ng malakas.

Ang gwapo nya habang humahalakhak. Ngayon ko lang sya nakitang tumawa ng ganyan.

Ang kaso ang lakas ng tama ni Bev kanina galit ngayon tumatawa naman. At kung makatawa wagas pa.

*"*Don't worry Miss ako lang talaga ang magtuturo sayo. Ako lang talaga ang magiging ama ng isang dosenang baby mo."

"Talaga." Sabi ko naman. Bilog na bilog ang mga mata ko sa narinig.

Waaa excited much.

"Pfft." Tumayo sya. "Bumaba na nga tayo. Baka masimulan ko pa ang paggawa ng isang dosenang

anak ngayon." Tumatawa parin na sabi niya sabay baba.

Sure why not. Hindi naman ako tatanggi.

Nangingiti na tumayo at sumunod ako sa kanya.

Ang kyut-kyut talaga ng bahay na'to.

Palingap-lingap ako sa loob ng bahay.

Kaso hindi puwedeng magtago-taguan dito, walang mapagtaguan, lahat kita.

Napahinto ako sa paglalakad ng mabangga ako sa dibdib ni Bev na nakatayo sa gitna ng maliit na sala.

Napaatras ako hawak ang noo.

"Aray naman! Grabe Master ang tigas naman nyan."

Hindi sya umimik at tinignan lang ako.

There was something in his eyes habang pinapasadahan ang kabuan ko.

"You look good in my shirt." Malagom ang boses na sabi niya.

Napatingin naman ako sa suot ko.

Kagabi dahil madumi at marungis ang ako pinaglinis nya ako ng katawan at pinahiram nya ako ng damit.

White shirt iyon, at dahil matangkad sya oversized shirt ang kinalabasan sa akin.
Abot hanggang kalahating hita at nagmumukhang wala akong suot na undies kahit na nga suot ko parin ang black cycling short ko.

Naramdaman ko ang pamumula ng aking pisngi dahil sa binibigay nyang tingin.

"You really do look like my future wife."

Tumikhim ako.

Packing tape si Bev! Keaga-aga, gusto nyang atakehin ako sa puso.

Napasuklay ako sa buhok ko, lumunok habang nakatingin sa tsokolate nyang mga mata.

"Ah...Master ano... hehehe hindi ko kasi maintindihan, paano natin naging bahay 'to. Hindi ko talaga maalala na bumili tayo ng house eh." Pang-iiba ko sa usapan.

"I bought this house two years ago. Ito ang magiging tirahan namin ng magiging asawa ko habang wala pa kaming anak." Sagot nya habang deretso ang tingin sa akin.

O paanong naging amin eh sa kanila pala ng asawa nya.

Natigilan ako saka napapikit napukpok ko iyong dibdib ko.

Hala! Bakit ang sakit sa dibdib na isiping may asawa na sya.

"Look at me Miss." Narinig kong utos nya.

Nagtaas naman ako ng tingin not aware sa luha nangingilid sa aking mga mata.

"Hindi ko ito ginagamit. Hindi ko ito binubuksan. Hindi ito bubuksan hanggat hindi ko pa nakikilala ang magiging asawa ko. Hindi ko ito binuksan, not until you came." He smiled softly. "Misis ko...ikaw ang papakasalan ko balang-araw, kaya naman bahay natin ito."

Speechless ako. Processing pa ang utak ko.

Ahh...ganon pala iyon.

"Ay!" Gulat na sabi ko ng lumapit sya st kabigin ako papunta sa kanya.

"Let's eat Misis." --sya

Nakaangkla sa aking bewang na hinila nya ako, kung saan nakapuwesto ang mesa.

Grabe nangangabayo na naman ang puso ko sa sobrang bilis ng tibok. Dikit na dikit kasi ako sa hubad nyang katawan.

Kung ganito tuwing umaga, malamang cardiac arrest ako.

"Wow!" Namilog at nanlaki ang mga mata ko ng makita ko ang pagkain sa mesa.

PIzza iyon na inihugis sa unang pangalan ko. 'Ysa'. Ibat-iba ang flavor.

Saka may strawberry cake rin na may nakasulat na...

Happy birthday Miss ???

with matching heart.

Pero ang mas umagaw sa pansin ko ay ang strawberry stuff toy na nakaupo sa upuan.

"Hala ang cute." Dali-dali ko iyong kinuha at niyakap.

Waaa amoy strawberry din.

May napansin pa ako.

Isang maliit na kahita.

Kinuha ko iyon at binuksan.

It's a ring. A white diamond heart design ring na may nakaukit na salita sa loob

My LOVE...My LIFE...My YSA

---BEV

Napatingin ako sa nakangiting si Vane.

Lumapit sya sa akin. Kinuha si strawberry at ang singsing.

"Happy birthday Miss. I know its late, sorry." Sinuot nya ang singsing sa aking kaliwang daliri pagkatapos ay hinaplos ang pisngi ko. "I'm sorry too dahil pinaiyak kita. Sorry Misis ko."

Kumurap-kurap ako. Sa pagkurap kong iyong nalaglag ang ilang butil ng luha sa mga mata ko.

"Hey! Fuck! You're crying again." Ikinulong nya sa mga palad nya ang mukha ko. "Sorry... I'm sorry. Please stop crying."

Yumakap ako sa kanya, isinubsob ko ang aking mukha sa dibdib nya at duon umiyak.

"Angelique Ysa..." tawag nya sa akin. Worriedness is evident in his voice.

Tumingala naman ako at ngumiti sa kanya.

"Salamat." Sabi ko.

Pinunasan naman nya ang luha sa mga mata ko.

"Anything for you..."

Mula sa itaas tumunog ang alarm ko. Dahil may pagkatamad akong bumangon isang buong kanta ang ginagamit kong alarm tone.

Please Be Careful with My Heart
By" Sarah G. & Christian B.

https://youtu.be/gRCjL65OabU

? [Sarah:]
If you love me like you tell me
Please be careful with my heart
You can take it just don't break it
Or my world will fall apart?

Napatingin kami duon ni Bev. Pagkatapos ay muli syang bumaling sa akin, salubong na ang kilay nya.

"Who the hell is calling you in this fucking early morning?" Madilim ang mukha na tanong nya.

Natawa naman ako.

"Grabe Bev ha, tawag kaagad hindi ba puwedeng alarm yan."

Tumingin sya ulit sa taas tapos ay sa akin hindi parin nawawala ang pagkakunot ng noo nya.

Inabot ko naman ng walang sling kong kamay ang kanyang kilay at plinantsa iyon gamit ang mga daliri ko.

"Huwag na kumunot ang noo Master, hala ka mas lalo kang popogi. Stop na, tama na. Sobra na iyan, malulunod na ako sa kagwapuhan mo."

Yes ngumiti na sya!

Lumuwang ang ngiti ko ng makita ko iyong ngiti nya.

Kinuha naman nya ang kamay ko na nasa mga kilay nya at ipinatong iyon sa kanyang balikat.

Saka nya ako binuhat at iniaapak ang wala kong sapin na paa sa wala ring tsinelas nyang mga paa. Nakakabig ang kamay nya sa bewang ko habang ang isa ay nakaalalay sa aking likod.

"Lets dance Misis." Gumalaw sya at dahil nakatapak ako sa kanyang mga paa pati ako gumagalaw din.

? [Sarah:]
You are my first romance
And I'm willing to take a chance
That 'till life is through
I'll still be loving you
[Sarah:]
I will be true to you
Just a promise from you will do
From the very start
Please be careful with my heart?

Iyong tibok ng puso ko ang lakas-lakas parang sasabog o mababasag na, at dahil nakalapat ang katawan nya sa katawan ko. Ramdam ko rin ang mabilis na tibok ng puso nya.

? [Christian:]
I love you and you know I do
There'll be no one else for me
Promise I'll be always true
For the world and all to see
[Christian:]
Love has heard some lies softly spoken
And I have had my heart badly broken
I've been burned and I've been hurt before ?

"Did you hear it?" Mahinang tanong ni Bev habang nagsasayaw kami. Maliit lang ang espasyo kaya paikot-ikot lang ang pagsayaw namin.

"Your heart?" Sabi ko naman.

Tumango at ngumiti sya.

Inihilig ko ang pisngi ko sa dibdib nya. Pumikit at pinakinggan ang tibok ng puso nyang nagsisilbing backround music sa kantang sinasayawan namin. Kasabay din niyon ay ang pamumula ng pisngi ko. Paano ba naman hubad baro parin sya kaya feel na feel ko ang kabyang dibdib.

Waaa nakakastansing ako. Syete ang sarap humilig sa dibdib nya.

? [Both:] I'll be right beside you forever
[Both:] I won't let our world fall apart
[Christian:] From the very start
[Christian:] I'll be careful with your heart
[Sarah:] You are my first (and you are my last) romance
[Sarah:] And I'm willing to take a chance
[Christian:] (I've learned from the past)
[Sarah:] That 'till life is through
[Both:] I'll still be loving you ?

"Miss..." tawag nya.

"Hmm..." sagot ko na hindi tumitingin sa kanya. Ang ganda na kaya ng ayos ko, ayaw ko nang gumalaw o umalis, ganito nalang ako habang buhay.

Napahagikhik ako sa naisip ko.

"You already own my heart..."

Hagikhik na napatigil ng marinig ko ang sinabi nya.

Posible ba iyon? Iyong malakas na kabog ng puso ko mas lumakas pa ngayon.

"...and please be careful with it." Dagdag nya pa.

Itinaas ko ang ulo ko at deretso syang tinignan.

"You too, owned mine now... and I hope that you'll take care of my heart too."

Tinitigan nya ako ng matagal. Pati ako tinitigan ko rin ang maganda nyang mga mata. Ngumiti sya, kasunod niyon ay ang pagbaba ng mga labi nya sa mga labi ko.

Sa muling paglalapat ng mga labi namin...alam ko at alam nya, na kahit walang I love you na lumabas sa bibig naming dalawa, we are...

... exclusively...

... belong to each other now.

? [Sarah:] I will be true (I will be true) to you
[Sarah:] Just a promise from you will do (only to you)
[Sarah:] From the very start
[Christian:] (from the very start)
[Sarah:] From the very start
[Christian:] (from the very start)
[Sarah:] From the very start
[Sarah:] Please be careful with
[Christian:] (I'll be careful with)
[Both:] my heart (your heart) ?

*****

H/n

A new way of saying I love you.???

Salamat sa pagbabasa.?

111217uvft 12:37

17. Traydor

Ang ganda ng bahay nila Lady Barbie.

Inilibot ko ang tingin ko habang pumapasok iyong sasakyan sa loob ng gate.

Pagkarating namin ni Bev sa MC sinalubong kami ni Master Chezter at sinabing pupunta daw sila sa bahay ni Lady Barbie.

Napasunod ako kasi hindi nya binitawan ang kamay ko, kaya heto ako kasama rin.

"Master bakit pati ako kasama?" Tanong ko ulit.

Tumingin sakin si Bev at ngumiti.

Nagpout ako. Kanina pa ako nagtatanong laging ganyan ang sagot nya.

Lakas ng tama ni Bev.

Bumaba kami ng sasakyan, deretso ang pasok namin sa magandang bahay.

Nasa sala sina Lady Barbie, Stephanie at Master Stephano.
Tumaas ang kilay ng may-ari ng bahay ng makita ako.

"Anong ginagawa nyan rito?" Turo sa akin ni Barbie.

"Hehehe nakatayo lang po." Sagot ko kaagad. Baka magalit eh.

Tumalim ang tingin nya sa akin.

Waa bakit sumagot naman ako kaagad ah.

"Don't mind her." Sabi naman ni Bev.

Napatingin naman ako sa kanya.

Bigla kasing nag-iba iyong aura nya, naging sobrang seryoso ni Bev at parang naging ibang tao sya, binitawan nya rin ang kamay ko. Ang tingin ko sa kanya ngayon parang isang nakakatakot na pinuno.

Wow ang guwapo nya lalo.

Pati iyong apat change ng aura rin.

Anong meron?

"Did you find the arson?" Tanong ni Vane. Naiwan akong nakatayo nang lumapit sya sa mga ito at naupo sa isang pang-isahang sofa.

"Burado ang mga cctv footage." Sagot ni Stephano.

"Fuck them!" Sigaw mura ni Bev.

Kumunot ang noo ko.

Galit na galit kasi sya.

"Sisiguraduhin ko na mananagot ang may gawa niyon."dagdag nya pa.

Napakamot ako sa ulo di ako makarelate.

Napatingin sa akin si Lady Barbie.

"Hoy Nerd! Bakit hindi mo kami ikuha ng maiinom kesa nakikinig ka dito, wala ka namang naiintindihan"

Bigla namang lumingon si Bev sa akin. Bakas sa mukha nya ang gulat. Parang noon nya lang naalala na kasama nya ako.

Ngumiti ako ng bumakas ang pags-sorry sa mukha nya.

T-tayo sana sya pero sumenyas ako ng okay sign sa kanya. Bago yumukod at tumalilis para sundin ang utos ni Lady Barbie.

*****

Kakamot-kamot ako sa ulo habang naglalakad sa pasilyo.

Nakalimutan kong itanong kay Lady Barbie kung saan ang kusina ang laki pa naman nitong bahay ang daming pinto, kaya heto ako ngayon naliligaw.

Sa pagkakatanda ko lumiko ako sa isang pasilyo, tapos... tapos...nagpaliko-liko na ako.

Grabe naman ang bahay na ito,daig pa ang may maze.

Hanggang sa nakapasok ako sa isang kuwarto.

Napabuntung-hininga ako ng makitang hindi parin iyon ang kusina.

"Hala! Asan na ba iyong kusina?"

"Sino ka?" Napatingin ako sa kanang bahagi ng makita na lumabas sa isang pinto ang isang lalaki.

May katandaan na sya siguro mga forty, puti na kasi ang lahat ng buhok, pero ang ganda ng katawan halatang batak sa ehersisyo.

Nang pagmasdan nya ang katawan ko mula ulo hanggang paa, napakunot ang noo ko, may hindi ako magandang nararamdaman.

Kaya naman hindi ako sumagot.

"Maganda kang batang." Lumapit sya at hinaplos iyong braso kong nakasling,hanggang lumakad ang mga daliri nya papunta sa nakalitaw na balat ko.

Lalong kumunot ang noo ko.

May kakaibang kislap kasi ang mga mata nya habang ginagawa iyon.

Hindi ako umiwas ng tingin o umatras man lang kahit na ng haplusin nya ang pisngi ko.

"Anong ginagawa mo!" Napatingin ako sa pinto at duon nakatayo ang galit na galit na si Barbie.

Lumapit sya sa amin ng lalaki, itinulak ako sabay tayo sa aming gitna.

"Huwag mo syang hahawakan!" Galit na sabi niya.

"Maganda ang kaibigan mo, Barbie." Nakangising sabi ng lalaki.

"Fuck you!"

Nanlaki ang mga mata ko ng sampalin sya ng lalaki.

"Hala!"

"Fuck you? Alam mong matagal ko nang gustong gawin iyon sayo matapang at palaban ka lang."

Ano raw?

Ang talim-talim ng tingin ni Lady Barbie sa kanya.

"Ano, lalaban ka na? Alam mo bang lalo akong nanggigigil sayo kapag ganyan ka, pero isipin mo Barbie kung anong mangyayari sa nanay at kapatid mo kapag ipinagpatuloy mo iyan." Sinaklit ng lalaki iyong pisngi ni Lady Barbie at pinisil.

"Huwag mo akong kakalabanin, kawawa lang sila." Tapos hinagod ng lalaki iyong braso nya papuntang bewang.

"Dahil ginalit mo ako ngayon, humanda ka lalaspagin na talaga kita."

Tinulak ni Lady Barbie iyong lalaki at tinignan ng pagkatalim-talim bago nya ako hinawakan sa kamay at hinila palabas sa kwartong iyon.

Halos kaladkarin nya na ako.

Napahinto sya ng huminto ako.

Nilingon nya ako at nuon kong nakitang umiiyak sya.

"Lady Barbie."

"Ikaw, huwag mong sasabihin sa kanila ito naiintindihan mo ba ako!" Galit na sabi nya na pinunasan ang luha.

Napatango ako.

"Sino--."

"He's my stepdad. Sya si Gregor Delfin. Sya ang hepe ng bayang ito." Hinila nya ako sa braso. "Ito ang

tandaan mo Nerd, huwag na huwag kang lalapit sa kanya. Kapag makakasalubong mo sya sa kahit saang lugar umiwas ka! Tumakbo ka! Naiintindihan mo ba!"

Napatango ako. Sa unang pagkakataon nakitaan ko ng takot si Barbie.

Takot na dagli ring nawala at napalitan muli ng tapang.

"Good. Dahil kapag hindi mo sinunod ang sinabi ko paparusahan kita." Saka nya ako muling kinaladkad.

Bumalik kami ng sala, nadatnan namin si Stephanie na nag-iisa ruon.

"Where are they?" Tanong nya kay Stephano.

"Pinatawag sila ng Elders."

" What!"-Barbie.

Nagtatakang tumingin si Stepahie sa kanya.

"May problema ba Barbie?"

Umiling siya, kasabay naman niyon ay kumulog na sinundan ng pagbuhos ng malakas na ulan. "Umuwi na kayo." Sabi nya na lalong ikinataka ni Stephanie.

"Pero babalik-." Hindi na natapos ni Stephanie ang sasabihin ng biglang namatay ang ilaw.

Hibdi pa naman gabi kaya hindi naging madilim sa loob.

"Shit!" Mura ni Barbie.

Hinawakan nya ako sa kamay at hinila, ganon din ang ginawa nya kay Stephanie.

"Umalis na kayo dito."

"Barbie ano ba!"

Hinila nya kami papuntang pinto.

Ngunit bago pa kami makarating duon hinarang kami ng mga armadong lalaki.

Nginisihan nila si Barbie bago isinara ang pinto.

Tinakbo nya iyon at pilit na binuksan.

"Ano ba! Palabasin nyo sila!" Sigaw nya, ngunit nanatili na sarado ang pinto.

"Barbie?" Si Stephanie.

"Ate!" Sabay-sabay pa kaming napatingin sa itaas ng marinig ang sigaw ng isang batang babae.

"Brianna." Tumakbo sya paakyat kaya napasunod kami ni Lady Stephanie.

Isang kuwarto ang pinasukan namin.

"Bitawan mo sya!" Si Barbie.

Isang batang pitong taong gulang ang hawak nung Gregor. Sa isang sulok may isang babaeng may edad na ang umiiyak.
Napansin ko na puro pasa at sugat ang babaeng iyon.

"O ayan na pala ang ang ate mo." Nakangising sabi ni Gregor.

"Bitawan mo sabi sya!"

"Oppss baka nakakalimutan mo ang sitwasyon, ako ang magmamando dito, hindi ikaw." Tinignan nito iyong babaeng nasa sulok.

"Andito na ang anak mo Lorena, alam mo ba kung anong gagawin ko sa kanya?" Tumawa si Gregor. "Tulad din ng ginawa ko sayo."

Lalong lumakas iyong iyak ng babae sa sulok.

"What the hell is happening Barbie!" Nalilito si Stephanie pero hindi makakailang galit ito naramdaman ko rin ang paghahanda nya.

Ako naman nakatingin duon sa bata.

Hindi sinagot ni Barbie si Stephanie na kay Gregor lang ang tingin niya.

"Ako ang gusto mo diba, paalisin mo ang mga kaklse ko, si Mama at Brianna."

"Oh... hindi puwede Barbie alam mo bang gustong-gusto ko rin iyang kaklase mo." Itinuro nya ako. "Kung hindi ka lang dumating kanina hinila ko na iyan sa kwarto ko."

"Mamatay ka kung gagalawin mo sya! Alam nila Vane na naandito kami. Kung may mangyayaring masama sa amin sigurado akong mananagot ka."

Itinulak ni Gregor ang batang hawak.

At lumapit ito sa kanya at sinambunutan sya.

"Anong palagay mo sa akin bobo? Hindi ako magiging hepe ng bayang ito kung bobo ako." Tinignan ni Gregor si Stephanie.

"Hindi ako natatakot sa inyong mga walang kwentang bata kayo. Knight Hunters? Black Wings? Mga pipitsugin lang kayo kumpara na nasa likod ko." Makahulugang sabi ni Gregor.

"You're a traitor."si Stephanie.

Ngumisi si Gregor at binitawan si Barbie. Hinablot nya si Stephanie ngunit nanlaban ang babae.

Ang problema, magaling din si Gregor, bukod pa sa mga tauhan nito na biglang dumating at tinutukan kami ng baril.

Nahuli niya ang kamay ni Stephanie hinila at dinilaan ito pisngi.

"Let me go!" Nagwala si Stephanie bumakas ang pandidiri sa mukha, kung ano-anong counter-attack ang ginawa nito, but then ni hindi man lang ito nakawala sa kamay nya.

Tumawa pa siya.

"Akala nyo ba ako lang... maraming katulad ko, marami kami na naghahandang sakupin kayo, baka bukas makalawa ang bayan na ito at ang tatlo pang bayan ay nasa DMC na."

"Anong ibig mong sabihin?" Sabay na tanong ni Barbie at Stephanie.

Hindi na sumagot si Gregor binitawan nito si Stephanie at nilapitan ako.

"Hindi ako tanga para ikwento ang plano namin. Ang masasabi ko lang sa gabing ito, lahat ng KH ay mamamatay." Pinagmasdan na naman nya ang katawan ko.

Lumapit sya at hinaplos ang aking pisngi.

"Anong pangalan mo?"

Hindi ako sumagot kaya sinampal nya ako. Sa backround rinig na rinig ko ang iyak ng bata, pati narin ang sigaw ni Barbie at Stephanie.

"Bata kapag nagtatanong ako dapat sasagot ka."nanggigil na sabi ni Gregor.

Hindi parin ako sumagot, bagkus tinignan ko iyong kapatid ni Barbie na umiiyak.

"Hello." Ngumiti ako at kumaway sa kabila ng mahigpit na pagkakahawak sa akin ni Gregor.

"Ako si Ysa, anong name mo?" Ngumiti pa ako ng matamis sa batang umiiyak.

Napansin kong may mga sugat din ito at pasa.

Nagalit naman si Gregor sa hindi ko pagpansin sa kanya itinulak nya ako sa dingding at gamit ang isang kamay ay sinakal nya ako. Tumaas pa ang mga paa ko sa sahig.

"Mukhang hindi mo ako kilala bata, masama akong ginagalit."

"Bitawan mo sya! Wala syang alam dito. Hindi sya kabilang sa KH. She's just a fucking Elf."- si Barbie.

Basta na lang akong binitawan ni Gregor at muling hinarap si Barbie.

"I don't fucking care, gusto ko ang batang ito pati ikaw. Kaya sundin nyo ang kahit anong inuutos ko dahil kung hindi papatayin ko kayo, ang mama at kapatid mo!"

Nagkandaubo ako. Grabe ang higpit kasi ng pagkakasakal nya sa akin.

"Hindi rin kami tanga, papatayin mo rin naman sila kahit sundin namin ang gusto mo!"- Stephanie.

Tumawa ng malakas si Gregor.

"Mabuti naman at alam nyo. You're correct. Dahil pagkatapos ko kayong pagsawaan lahat kayo kasama ang dalawang iyan..." Tinuro nya iyong babaeng umiiyak at si Brianna. "...ay ililibing ko ng buhay."

"Hala may baril!" Lahat sila napatingin sa akin, hawak ko ang ang isang baril, at nakasalampak parin sa sahig.

Nanlaki ang mga mata ni Gregor, mabilis nyang kinapa ang likod nya.

Ako naman ineksamin ang baril na ngayon ay nakatutok sa kanya.

"Totoo ba 'to?"

Iyong mga tauhan ni Gregor nakatutok na ang mga baril sa akin.

"Waaa totoo nga." Natutuwang itinutok ko iyon ng tuluyan kay Gregor.

"Hepe ka dito diba?" Nakangiting tanong ko.

Hindi sumagot si Gregor naging malikot lang ang mga mata.
"Bakit ka po nananakit? Diba dapat ang pulis nagtatanggol hindi nanakit ng kapwa?"

Nuon tumawa si Gregor at humakbang papalapit sa akin.

Sa gilid ng mga mata ko nakita kong nagtinginan sina Barbie at Stephanie.

"Marunong ka bang gumamit nyan bata?" -Gregor.

Hindi ako sumagot pero ngumiti.

"Kasa, tutok at putok lang ho diba?" Ganting tanong ko.

"Nakapatay ka na ba?" Sya.

"Itutok ko sa puso nyo then boom okay na patay na kayo." Sagot ko.

"Kaya mo ba?"

Ngumiti ako iyong ngiting sobrang tamis.

"Dapat ko po bang panghinayangan ang buhay nyo?"

****

Barbie p.o.v

Natigilan ako kasabay ng pagbakas ng gulat sa mukha ng hayop na si Gregor.

Tinignan ko iyong mukha ni Nerd.

Hindi ko alam, kung alam ng Nerd na ito ang ginagawa nya o natatanga na naman.

Wala man kasi akong nakikitang kahit anong takot sa mukha nya habang may hawak syang baril. Bagkus deretso syang nakatingin sa mga mata ng demonyo kong amain.

Napansin ko ang ang pamumuo ng pawis sa noo ni Gregor.

Kinakabahan ba sya?

Nagtinginan kami Stephanie.

Kailangan makatakas kami rito, kung hindi patay talaga kami.

Asan na ba sila Vane!

Gusto kong batukan ang sarili ko. Bakit ba iniwan ko ang cellphone ko.

Apat na tauhan ni Gregor ang kasama namin dito sa kwarto. Lahat may baril, mahihirapan kaming kumilos ni Stephanie dahil may tatlong tao kaming iisipin.

Kailangan talaga naming makalabas dito!

Alam ko na marami pang mga tauhan nya ang nasa labas, pero mas makakakilos kami kung maraming pagtataguan.

Pinagmasdan ko si Mama.

Ito pa ang isang malaking problema, hindi gagalaw si Mama.

Iiyak lang sya dyan sa isang tabi matatakot, paano namin sya maitatakas?

"Sige nga bata iputok-."

Bang!

Kitang-kita ko ang panlalaki ng mga mata ni Gregor ng barilin ni Ysa ang isa sa mga tauhan nyang may hawak na baril. Sa kamay iyon tumama kaya nabitawan nito ang baril na tumalsik naman sa paanan ko.

Kahit ako nanlaki ang mga mata.

Paanong nagawa nya iyon, ni hindi ko nga nakita na kinasa nya ang baril.

Nakasa nya ang baril na may sling ang isang kamay?

"Waaa sorry, huwag kasi kayong magsasalita ng ipuputok masunurin po ang daliri ko, tapos nakakagulat pa kayo."

"You-!"

Muling pumutok ang baril na hawak ni Ysa, tumama ulit iyon sa isa pang tauhan ni Gregor, sa kamay ulit at sa pagkakataong iyon sa paanan naman ni Stephanie tumalsik ang baril.

What the hell?

"Waaa sabi pong huwag manggugulat eh."

Gulat? Nagulat lang sya pero asintado ang tira nya at lahat ng baril na tinamaan ay sa amin talaga eksaktong napunta?

Muli kaming nagkatinginan ni Stephanie, sa titigan lang nagkaintindihan na kami kung ano ang gagawin.

Mabilis at sabay naming pinulot ang mga baril.

Kasabay ng sunod-sunod na putukan tinakbo ko ang kinaroroonan ni Brianna.

Sa gilid ng aking mga mata, nakita kong sinugod ni Gregor si Ysa. Ibinato naman ni Ysa dito ang hawak na baril bago mabilis na tumakbo, sa isang kisapmata lang nalagpasan nya na ako at narating na nya si Mama.
Pagbuhat ko kay Brianna, naipasan nya na rin ito.

Nakakagulat na nagawa nya iyon ng mabilis, di hamak na mas malaki ang Mama ko kesa sa kanya.

"Huwag nyo silang papatakasin!" Sigaw ni Gregor na nagtatago sa likod ng cabinet dahil binabaril ni Stephanie.

Binaril ko na rin sya habang papalabas kami ng pinto.

"Dito tayo." Nanguna ako sa pagtakbo habang karga si Brianna at napamura ng malakas ng makita ko sa dulo ng hallway ang mga tao ng stepdad ko.

"Shit! Dito tayo!" Dinala ko sila sa kwarto ko, pumasok kami ruon at mabilis kong ni lock ang pinto.

"Kailangan nating makalabas dito." Sabi ni Stephanie.

"Buksan mo ito Barbie! Sa tingin mo mapipigilan ako ng pintong ito." Sigaw ni Gregor mula sa labas.

Nakita kong binubuksan ni Ysa ang bintana, pasan-pasan nya parin si Mama. Lalo akong nagugulat sa kanya, nakasling parin ang isang braso nya pero hindi man lang sya nahihirapan sa ginagawa.

"Anong ginagawa mo?" Tanong ko.

Sa labas binabalya na nila ang pinto.

Tinignan nya ako.

"Lalabas. Sabi nyo po kailangan nating lumabas, ito po o, daan palabas. "

Kumunot ang noo ko pero sumilip rin.

Nasa third floor ang kwarto ko at kung baba ka gamit itong bintana mangungunyapit ka sa puno na nasa gilid nito.

Pinaputukan na nila Gregor ang pinto ng seradura.

Ibinigay ko si Brianna kay Ysa.

"Bumaba na kayo dali."

Kinarga naman niya si Brianna at wala sali-salitang umakyat sa pasimano ng bintana.

For a second I looked at her in awed.
She moved very gracefully, parang walang nakapasan sa likod nya at nakakarga sa kanyang harapan.

Sa likod ko, tuluyan ng nabuksan ang pinto at inuluwa ang galit na galit na si Gregor.

Itinaas ko kaagad ang baril ko, ganon din si Stephanie.

Ngunit walang pag-aalinlangan na nagpaputok kaagad si Gregor.
Nabitawan ko ang hawak kong baril sabay hawak sa tagiliran kong dinaluyan na ng dugo.

Si Stephanie man ay nabitawan din ang baril nya ng barilin din ito at tamaan sa balikat.

"Fuck!" Mura ko.

"Alam mo bang ang plano ko ay buhayin ka pa, para naman magkaruon ako ng sex slave. Pagsasawaan kita. Pero dahil binubwisit mo akong babae ka, papatayin na kita.

"B-barbie." Si Stepanie

Itinutok nyang muli sa akin ang baril.

Ipinutok iyon... but then mula sa may bintana may pigurang tumalon at may hinagis na kung ano, hindi ko naramdaman ang muling pagtama ng bala sa akin dahil hinarang ng pigurang iyon ang bala na dapat ay sa akin.

Kasunod niyon ay ang pagbalot ng usok sa paligid.

May humawak sa kamay ko at pinasan ako.

Bago tumakbo ang may kargang iyon papunta kay stephanie.

"Humawak kang mabuti Stephanie."

Napadaing ako ng mabangga ang sugat ko sa likod ng may buhat sa akin.

Sa sobrang sakit, nanlalabo ang paningin ko, idagdag pa ang usok na humihilam sa aking mga mata.

"Y-ysa."-ako

Sunod-sunod na putok ang umalingawngaw.

Sa nanlalabo kong paningin nakita ko ang paglapit namin sa bintana , ang pagtalon ni Ysa mula ruon papunta sa sanga ng puno.

Napansin ko na naka-kalas ang sling nya at ang dalawa nyang kamay ay tag-isang nakaalalay sa amin ni Stephanie.

Lumambitin sya sa puno, nagawa nya iyon ng walang kahirap-hirap, si Stephanie nakaawang ang mga

labi, bakas ang gulat sa mukha na nahahaluan ng sakit.

Bumagsak kami sa lupa, bibitaw na sana ako kanya, ngunit pinigilan nya ako.

"Kapit lang kayo."sabi nya, saka sya muling tumakbo.

Imposible.

Imposible ang ginagawa nya, sa bigat naming dalawa at liit nya imposibleng makatakbo sya ng ganito kabilis.

Napaigik ako nang muling tumama ang sugat ko sa likod nya.

Pakiramdam ko ni hindi sya hinihingal sa ginagawang pagtakbo.

Nakalabas kami ng gate at patungo na sa kabilang kalsada, nakita ko si Brianna at Mama na nakasakay sa kotse ko na nasa kabilang panig.

Nang nasa gitna nakarinig ako ng malakas na busina.

And when I looked to my side isang pamilyar na sasakyan ang nakita kong paparating.

Huminto si Ysa sa pagtakbo hindi alintana na mababangga kami ng paparating na sasakyan.

"Anong ginagawa mo! Kumilos ka!" Ngunit hindi kumilos si Ysa nakatingin lang sya sa paparating na sasakyan.

"Ysa!" Sigaw ni Stephanie.

Tumalon ako pababa ngunit alam kong huli na, mababangga na kami.

Napaatras ako at napaupo nang malakas na umalingawngaw amg preno ng sasakyan nang huminto iyon...

...huminto iyon wala pang isang pulgada mula sa amin.

Bakas na bakas ang takot at sindak sa mukha ko. Ganon din kay Stephanie.

Pero si Ysa...

...her face was void in emotion. Walang takot, gulat o kahit na ano.

At nang may emosyon man akong nakita sa mukha iyon ay ang pagngiti nya ng matamis habang nakatingin sa sasakyan

"Bev..." she said.

At duon nga mula sa sasakyan bumaba ang galit na galit na si Vane.

Pero nagulat ako ng mabilis na nilapitan ni Vane si Ysa at galit na galit na hinila ang braso ng babae.

"You! Who the fuck are you!" Galit na sigaw ni Vane kay Ysa na namilog at nawala ang ngiti sa mga labi.

Nalaglag pa si Stephanie sa lakas ng pagkakahila nya.

Anong nangyayari? Bakit galit na galit si Vane sa kanya?

To be continue....

*****

H/n

Maraming salamat sa pagbabasa.

Helliza Sabida.

11192017uvft 21:59

18. Traydor 2

Para po sayo ***TotiFrancisco*** salamat po sa paglike sa mga gawa ko?

*****

Chezter P.O.v

Hindi ko alam kung anong mararamdaman ko.

Gusto kong iiwas ang tingin ko sa nagtatanong na mga mata ni Ysa na nakaupong nakatali ang mga kamay ng patalikod sa isang bangko.

Kitang-kita ko ang pamimintana ng luha nya habang nakatingin sa aming tatlo.

Ako, si Stephano at Vane.

Sa akin sya nakatingin dahil ako nagtatanong sa kanya.

Andito kami sa punished room.

Dito namin sya dinala pagkatapos naming isugod sa hospital sina Barbie at Stephanie.

Dito sa madilim at tahimik na kwartong ito, namin sya paulit-ulit na tinatanong.

"Uulitin ko Ysa bakit mo sinunog ang MC?" Ulit na tanong ko.

"Master hindi nga po ako ang sumunog sa MC." na sinagot nya rin ng kaparehang sagot.

"Kung ganon bakit, ikaw ang nakita sa camera na may hawak na gasolina." Itinuro ko ang monitor na nasa di kalayuan, kung saan makikita ang pigura nya na may hawak-hawak na dalawang galon ng gasolina.

Ayon sa report. Ang gasolinang iyon ang nagpasiklab sa apoy na na sinimulan sa record room .

"Itinabi ko lang iyan ng maglilinis ako, Master."

Iyong sagot nya, kahit paulit-ulitin ko ang tanong ay pare-parehas pa din.

Damn! Ayaw ko sanang gawin ito. Fuck!

Sinampal ko sya, sa lakas ng sampal ko napa-paling ang mukha nya pakanan.

Si Vane na kanina pa nakatingin sa pinto ay napaharap sa amin.

Nanlaki ang mga mata nya.

For a second akala ko susugudin nya ako dahil sa ginawa kong iyon.

Tumalim kasi ang mga mata nya.
Pati ang kanyang katawan ay pumormang parang susugudin din ako.
But then nawala din iyon.His face become cold and emotionless again.

"Ysa magsabi ka na ng totoo, masasaktan ka lang. Bakit mo sinunog ang MC? Sino ang nag-utos saiyo na gawin iyon?"

Umiling ang nakayukong si Ysa bago muli syang tumingala sa akin.

Bumakat ang kamay ko sa kanyang pisngi.

"Hindi ko po sinunog at wala pong nag-utos sa akin."

Napabuga ako ng hangin.

Uulitin ko sa na ang tanong ko ng lumapit si Vane kay Ysa.

Hindi lang ako ang nabigla maging si Stephano din, nang pisilin niya ng mariin ang pisngi ng babae.

"Umayos ka ng sagot Elf. Sino ang nag-utos sayo? Sino ka bang talaga?"

Vane Cedric Montereal.

Hindi sya ang lider ng Knight Hunters para lang sa wala.

He's heartless...merciless.

Kilala at kinakatakutan sya ng mga KH, nang mga taong nakalaban nya.

Kaya nyang pumatay, basta kaaway. Kung ayaw mong sumunod sa gusto nya, siguradong malalagutan ka ng hininga.

Mula pagkabata hinubog na sya para maging pinuno. Tinuruan kung paano pumatay, lumaban at maging matigas sa lahat ng oras.

Kaya nakakabigla ang mga kinikilos niya sa harap ni Ysa. Unang pagkakataon na nakita namin syang ngumiti ng walang dahilan, mahaba ang pasensya at maalaga.

Akala ko si Ysa na ang katapat nya, but habang tinitignan ko syang madilim ang mukha at handang saktan si Ysa, naisip ko lang...

...lalambot at magmamahal pa ba ang isang Vane Montereal?

"V-vane..." Nakangiwing tawag ni Ysa sa kanya.

The I saw it.

Kitang-kita ko ang pagbabago ng emosyon nya. Mula sa galit at madilim na anyo, naging malambot iyon.

Nabasa ko sa mga mata nya ang pagmamahal, galit sa sarili, pagsisisi at awa. Mga emosyong lumabas nang banggitin ni Ysa ang pangalan nya.

Kung gaano ko kabilis iyong nakita, ganon din iyon kabilis na nawala. Marahas nyang binitawan ang pisngi ng babae at galit nya itong tinignan.

"May tungkulin ako. " sabi nya kay Ysa. "Tungkulin kong protektahan ang bayang ito. Una sila bago sa sarili ko! Kapag napatunayan kong isa kang traydor, pasensyahan na lang tayo dahil ako mismo ang papatay sayo! Ang pinakaayaw ko sa lahat nilololo at ginagamit ako, pati mga kaibigan ko. Kaya kung ako sayo Elf magsalita kana, bago pa namin gamitin sayo, lahat ng gamit na nasa torture room para lang umamin ka." Malamig at galit ang pagkakasabi nya niyon.

Si Ysa umawang ang mga labi habang nakatingin sa kanya.

Then pained became visible in her eyes.

Sigurado akong nasaktan sya sa mga sinabi ni Vane.

Kaya ganon nalang ang gulat ko ng ngumiti sya. Tapos iyong ngiti nya tila nagsasabing 'okay lang'.

Si Vane natigilan din at kumuyom ang mga kamao.

"Okay lang." Pagsasatinig ni Ysa sa naisip ko. "Hindi ako traydor, hindi ko sinunog ang MC." Tumingin sya sakin. "You can torture me if you want, but my answer will still the same." Ibinalik nyang muli ang tingin kay Vane. "Mahirapan man ako alam kong saglit lang... magaling ka kasi Bev... alam ko mabilis mong mahuhuli iyong totoong may kasalanan."

Tuluyan nang nawala ang pagkabagsik sa mukha ni Vane.
Napalitan iyon ng damdaming ngayon ko lang nakita sa kanya.

Tumalikod sya at sunod-sunod na nagmura.

Malungkot naman na ngumiti si Ysa.

"Sorry..."

Nanlaki iyong mga mata ko ng magsorry sya, kasunod niyon ay ang tuluyang pagtulo ng luha sa kanyang mga mata.

Vane posture became rigid, nang marinig nya ang pag-iyak ni Ysa.

"Sorry Master... dapat hindi ko na pinakialaman iyong gasolina...sana hindi ko na lang hinawakan...sorry dahil sakin nahihirapan ka ngayon." She said habang nakatingin sa likod ni Vane at patuloy parin sa pag-iyak.

Hindi makapaniwalang tinignan ko si Ysa.

Sya... sya patalaga ang humihingi ng tawad ngayon, sya itong nahihirapan, sya itong nakagapos ng mahigpit ang mga kamay na nagdudugo na dahil sa sugat na nagmumula sa pagkiskis ng tali sa kanyang balat sa tuwing sya ay gumagalaw, sya itong nandito sa madilim na kwartong ito at pinagbabantaan ang buhay! So why the fuck she was the one who's saying sorry!

Mabilis na naglakad si Vane papalabas.

"Don't give her food and water, hangga't hindi sya nagsasabi ng totoo ." Iyon lang ang sinabi ni Vane bago tuluyan na lumabas.

Napakagat-labi si Ysa pero hindi na nagsalita, malungkot lang na ngumiti.

Isang naawang tingin ibinigay ko sa kanya, bago ako lumabas at iniwan sya sa madilim na lugar na iyon.

Naabutan ko si Vane na sinuntok ang pader. Kitang-kita ko ang galit at paghihinagpis sa mukha nya.

"Fuck! Fuck! Damn! Shit!" Sunud-sunod na mura nya.

"Vane..." tawag ko.

Tumigil naman sya huminga ng malalim at humarap sa akin.

Muli wala na naman akong mabasa sa mukha nya. He was back in being cold and heartless leader again.

"Let's go. Pumunta tayo sa hospital." He said.

Tumango na lang ako at naglakad. Bago kami tuluyang umakyat sa hagdanan, isang sulyap pa ang ibinigay nya sa kwartong kinaroroonan ni Ysa.

*****

Ysa p.o.v

Hindi ko alam kung ilang oras na ako dito.

Sigurado akong matagal na kasi nanunuyo na ang mga labi ko sa uhaw at kumakalam na ang sikmura ko sa gutom.

Kanina parin nangingimi ang mga kamay kong mahigpit ang pagkakatali.

Nanlalabo narin ang paningin ko, dahil sa dugong nawala sa akin mula sa tama ng bala na nasa tagiliran ko.

Madilim ang kinaroroonan ko kaya hindi nakikita ang dugong nagkalat sa paanan at damit ko.

I'm still blocking the pain, na minsan pumapalya dahil naiisip ko si Bev.

Hindi ko na talaga gagalawin, kapag may nakita ulit akong galon ng gasolina. Promised talaga. Hahayaan ko na lang. Dahil sa packing tape na galon na iyan nagalit tuloy sa akin si Bev!

Napahikbi ako ng maalala ko ang galit na mukha at mga sinabi nya kanina.

Papatayin nya daw ako kapag napatunayan na traydor ako. Kung sakaling mangyari iyon sana huwag sya ang pumatay sa akin...kawawa naman sya kung nagkataon, siguradong magiging mabigat ang dibdib nya at dadalhin nya iyon habang sya ay nabubuhay. Dapat si Lady Gladys nalang tutal gustong-gusto nya na mamatay ako.

Naramdaman kong may dumaan sa paa ko, nang tignan ko kung ano, isang malaking daga ang nakita ko.

Iginalaw-galaw ko ang paa ko para lumayo sya.

"Hoy Daggy huwag mo muna akong kagatin, gutom din ako wala kang mahihita sa akin."

Napatawa ako ng parang nakakaintinding lumayo iyong daga sa akin.

Then I sighed.

Inaantok na ako...sana mahuli kaagad nila Bev iyong may kasalanan.

Napapikit ako ng mahilo ako ulit.

Kung hindi lang, baka mas lalong magalit si Bev ako na sana ang maghahanap at huhuli sa may kasalanan, para mabilis.

Bumuntung-hininga ulit ako.

Kaso, hindi puwede.

Kaya wala akong magagawa kundi maghintay na lang rito.

Nagmulat ako ng mga mata.

"Hoy daggy, gisingin mo ako pag andyan na si Bev ko ha, baka magalit iyon pagnakita akong tulog, okay?" Kausap ko sa dagang nasa di kalayuan.

Muli akong pumikit... sana paggising ko hindi na galit si Bev.

*****

Barbie p.o.v

"Nakatakas iyong hayop na iyon!" Galit at hindi makapaniwalang sabi ko.

Kagigising ko lang mula ng mawalan ako ng malay at andito ako sa hospital.

Nakatakas si Gregor! Iyon kaagad ang masamang balita na sumalubong sa akin, pagkatapos ng halos isang araw na wala akong malay.

"Hindi sya nahabol nila Rolf, nakatawid na sya teritoryo ng DMC kaya hindi naabutan." Sabi ni Stephano.

"Damn!" Mura ko ulit.

Si Stephanie na nakaupo sa isang wheelchair at kagigising lang din ay napatiim-bagang.

"Si Mama? Si Brianna?" Naalala kong tanong.

"They're okay nasa kabilang kwarto sila." Si Chezter ang sumagot.

Bumuntung-hininga ako, pagkatapos ay muling may naalala.

"Si Nerd, nasaan si Nerd?"

Tumingin ako kay Vane na walang imik na nakatayo sa may bintana, nakita kong tumiim ang bagang nya sa pagtatanong ko.

"May nangyari ba kay Ysa?" tanong naman ni Stephanie ng walang sumagot sa akin.

"Si Ysa..." Napatingin kami kay Stephano.

"Ano si Ysa?"- ako.

"Isa syang traydor."

"What!" Sabay na sigaw namin ni Stephanie.

"P-paanong-?"

"Nakita sa cctv na sya ang may dala-dala ng dalawang galon ng gasolina ng araw na nasunog ang MC, ang gasolinang iyon ang ibinuhos sa record room kung saan nagsimula ang apoy."

"Akala ko nabura na ang footage?"-Stephanie.

"Naretrieve at iyon nga ang nakita namin." -Stephano.

"Imposible!" Nasabi ko. Napatingin iyong tatlong lalaki sa akin.

"Oo imposible." Sang-ayon ni Stephanie. "Anong... anong reaksyin ni Ysa? Anong sabi nya?" Tanong nya pa.

"Hndi raw sya ang may gawa. Kinuha nya lang iyong galon kasi nakakalat."

"Naniwala kayo?" -ako

"Sa ngayon, itong ebidensyang ito ay walang ibang itinuturo kundi siya" Sagot ni Chezter sa tanong ko.

Si Vane nanatiling walang imik.

"Kung traydor sya bakit tinulungan nya kami?" Ako

Si Ysa? Traitor?

"What do you mean?" Takang tanong nila.

Si Vane napatingin sa akin.

"Sya ang naglabas sa amin sa bahay-." Pagkatapos nanlaki ang mga mata ko. " Nasaan si Ysa? Huwag nyong sabihin na nasa punished room sya!" Nang tumango sila lalong nanlaki ang mga mata ko.

"Please tell me na bago nyo sya dinala duon dinala nyo muna sya rito."

Nang bumakas ang pagkalito sa mga mukha nila napabalikwas ako ng upo.

"Hindi nyo sya dinala rito at pinarusahan kaagad kahit nabaril sya!" Kandangiwing sigaw ko.

Sa isang iglap lang nakalapit na sa akin si Vane at mahigpit na hinawakan ako sa magkabilang braso.

"What the fucked are you saying?" He asked.

"May tama sya. Iniharang nya ang sarili nya ng babarilin ako." Kumunot ang noo ko ng nagsinghapan silang tatlo "Bakit? Hindi nyo ba nakita na may sugat sya?"

Walang sumagot sa tanong kong iyon dahil si Vane...patakbong lumabas ng kwarto.

"Shit!"

"Damn!"

Sabay mura naman ni Chezter at Stephano bago mabilis na sumunod kay Vane.

Naiwan kami ni Stephanie na nakatingin sa pinto.

****

Stephano p.o.v

Parang hinahabol ng sampung demonyo ang bilis ng pagpapatakbo ni Vane.

Sunod-sunod na mura narin ang pinakawalan nya. Hindi ko na mabilang kung ilan.

Kahit ako nag-aalala rin.

Siguradong marami ng nawalang dugo kay Ysa. Kagabi pa namin sya iniwan sa HQ at gabi na ulit ngayon.

Shit! Huwag naman sana pero kung malala ang tama nya siguradong wala na syang buhay namin na dadatnan.

Basta nalang ipinarada ni Vane ang sasakyan saka patakbong pumasok sa loob ng HQ.

Nakasalubong namin si Rolf na may hawak na printed photo.

"You need to see this Montereal."

"Not now Vasquez." Ako na ang sumagot dahil parang walang narinig si Vane.

"May isa pa tayong suspect."

Napahinto kaming tatlo sa paghakbang.

Napabalik si Vane at hinablot ang hawak ni Rolf.

At nang makita nya iyon. Nalukot ang litrato ng mariin nyang kuyumusin iyon.

*****

Ysa p.o.v

Napamulat ako ng mga mata ng maramdaman ko ang dagang nakasampa na sa kaliwang sapatos ko.

"Hmm..d-daggy bakit mo ako ginising? A-andyan na ba si Bev ko?"

Eksaktong pagkasabi ko nuon bumukas ang pinto ng kwartong kinalalagyan ko at inuluwa si Bev.

Humihingal sya at deretsong nakatingin sa akin.

"B-bev." Napapilig ako ng ulo.
Nadudulin na kasi ako.

Mabilis syang lumapit sa akin.

Hinaplos ang pisngi ko.

Umigik ako ng umatake ang lahat ng sakit na bina block ko kanina.

Nagmamadali at natatarantang tinanggal nya sa pagkakatali ang mga kamay ko.

"A-aray." Matinding kirot at pangingimi ang naramdaman ko habang ginagawa nya iyon.

"Fuck!" Mura nya.

"I'm sorry... I'm sorry." Mahina lang iyon ngunit malinaw kong naririnig na paulit-ulit nyang sinasabi ang mga katagang iyon.

Lumupaypay ang nanghihina kong katawan sa katawan nya ng maalis ang pagkakatali ng mga kamay ko.

Itinaas nya ang aking damit at pinagmasdan ang tama ng bala sa aking tagiliran.

Nagdidilim na ang paningin ko... kaya naman itinaas ko ang mukha ko at pinagmasdan si Bev.

"Bev ko... matutulog muna ako ha, thirty minutes lang..." After I said that I closed my eyes.

At sa mga bisig ni Vane hinayaan ko na tuluyan akong lamunin ng antok....

****

H/n

Cut muna masakit ang ulo ko. Kung may mga typos babalikan ko na lang.??

Thanks sa pagbabasa

Helliza Sabida.

11202017xfe 21:33

19. Taguan

Ang ayoko sa lahat iyong nasasaktan ako, pagkatapos ay dadalhin sa hospital.
Ayoko ng pakiramdam kapag bagong gising, iyong parang ang bigat-bigat ng katawan mo.

Iyong parang pasan mo ang buong mundo...

Iyan ang eksaktong nararamdaman ko ngayon habang nakapikit.

Gising na ako at alam kong nasa hospital ako base sa amoy ng paligid.

Dahan-dahan kong binuksan ang aking mga mata.

Nakakasilaw talaga sa mata itong puting kisame ng hospital ang sarap dumihan.

Inilibot ko ang tingin ko.

Walang tao kaya napanguso ako.

Ang daya, di ba kapag nagigising iyong bidang babae nasa tabi nya na kaagad iyong bidang lalaki...nag-aalala.
Eh asan si Bev?

Bumangon ako mula sa pagkakahiga.

Huminga muna ng malalim ng ilang beses bago tuluyang nawala iyong mga sakit na nararamdaman ko..

Nakasling na ulit iyong kaliwang braso ko at may benda ng nakabalot sa tagiliran kong may bakas ng dugo.

Tinignan ko ang likod ko.

Nakahinga ako ng maluwag, dahil hindi tinamaan ang tattoo ko.

Asan kaya ang mga damit ko?

"Bakit bumangon ka?" Mula sa pinto ay pumasok si Barbie, kasunod sina Stephanie na naka sling din ang braso, si Stephano at Chezter.

Hinintay ko na may pumasok pa, pero isinara na ni Stephano ang pinto.

Waaa bakit wala si Bev?

"Hoy Nerd bakit bumangon ka na?" Tanong ulit ni Barbie.

"Ayaw ko na pong humiga eh." Sagot ko.

"You need to lie down Ysa. Mahina pa ang katawan mo. In fact two days kang tulog medyo nabigla iyong katawan mo sa mga nangyari."

Hala two days! As in two days akong di nakasilay kay Bev!

"Huwag nyo hong pansinin ang katawan ko, papansin lang po iyon." sa sinabi kong iyon I earned a glared from Barbie.

"Si Bev po?" Tanong ko.

Nagkatinginan sila.

"Ah... wala sya. May inaasikaso syang importante." Sagot ni Stephanie.

Biglang lumungkot ang mukha ko.

"Ang daya bakit hindi nya ako hinintay na magising?"

Nagtinginan ulit sila.

"Hindi ka ba galit sa kanya?" Si Stephano.

Nanlaki ang mga mata ko.

"Hala! Bakit? Hindi naman ako inaaway ni Bev ah."

Bumakas ang di pagkapaniwala sa mukha nila.

"After what you been through?" Chezter exclaimed.

Kumunot ang noo ko.

"Eh? Bakit ano po bang pinagdaanan ko."

Sabay-sabay na nanlaki ang mga mata nila.

Wow ang galing... sarap kunan ng picture.

"Tanga ka bang talaga!" Sabi ni Barbie. Binalingan ang tatlo at tinuro ako. "Look at her ang ganyan bang pag-iisip ay may kakayahan na magtraydor at manunog?" Napailing sya." Baka mauna nya pang sunugin ang sarili nya." Pagkuway bumaling sya sa akin. "Nadamay ka sa gulo, muntik kang masunog. Muntik na narape. Nabaril, pinagbintangang traydor. Ikinulong sa mabaho at madilim na kwarto. Nasampal, hindi pinainom ng tubig at pinakain. Nagtiis ka sa kwartong iyon ng halos isang araw. Hindi ba kagalit-galit iyon."

Tinignan ko sila isa-isa.
Si Chezter at Stephano bakas ang guilt habang pinagmamasdan ako.

Then I smiled.

"Hindi naman nakakagalit iyon. You did what you need to do. Sabi nga ni Bev. Tungkulin muna. Dapat po talagang isaalang-alang ang kapakanan ng nakakarami kesa sa isa. I was there. Iyong ebidensya ako ang tinuturo." Nagkibit-balikat ako. "Tanggap ko naman na ganon talaga."

Tinignan nila ako na para bang tinubuan ako ng isa pang ulo.

"And please don't judge the person base in her or his personality. Hindi porke't mukhang tanga hindi na

kayang manunog. Don't let your guard down. Everyone's a suspect."
Laglag ang panga nilang lahat sa sibabi ko.

"Saka hindi naman ako nag-iisa duon sa madilim na kwarto, kasama ko po si Daggy and his friend."

" Daggy and his-- what?" -Stephano.

"Daggy iyong daga po duon at ang mga kaibigan nyang daga rin. Sinamahan nila ako."

"Ugh nakakaloka kang kausap na babae ka!"badtrip na sabi ni Barbie.

"Hala huwag po Lady Barbie, hindi bagay sa inyo ang maging loka-loka." Sabi ko kaagad.

Muli akong nag-ani ng masamang tingin mula sa kanya.

"Ysa..." tawag ni Chezter sa akin.

"Po?"

"D-duon sa pagsampal ko sayo, s-sorry. Kailangan kasi eh... pasensya na kung nasaktan kita."
"Ah iyon ho ba. Naku okay lang ho, hindi naman ako nasaktan."

Bumakas ang gulat sa mukha nya.

"Hindi ka nasaktan?"

Tumango ako.

"Don't worry po I can handle pain so no harm done, po."

"What do you mean you can handle pain?" -si Barbie.

Ngiti lang ang sinagot ko sa kanya.

"Pwede na po ba akong lumabas dito?" Bagkus ay tanong ko.

Hindi kaagad sila sumagot. Nagtinginan lang ulit.

Kanina pa iyang tinginan na iyan anong meron?

"You need to stay here, atleast one night, para masiguradong okay ka." Si Stephanie ang sumagot.

Okay kaya ako. Okay na okay pa nga eh.

Pero ayaw ko naman silang suwayin kaya sumimangot na lang ako.

"Okay po...hintayin ko na lang si Master Bev baka dumating na sya mamaya--HEP!" Napatalon sila sa bigla kong pagsigaw.

"What!" Singhal ni Barbie na tinignan ako ng matalim. "Anong sinisigaw-sigaw mo?"

Pakiramdam ko malapit na akong sakalin ni Barbie.

"Kasi po everytime na binabanggit ko si Bev nagkakatinginan kayo. Kaya nagready na ako ng banggitin ko ulit ang name nya. Pasali naman po ako, ang daya nyo eh kayo-kayo lang."

"Pigilan nyo ko, sasakalin ko itong babaeng 'to." Banta ni Barbie.

Tumawa silang tatlo habang ako napapakamot sa ulo.

Ano na naman? Para sasali lang eh.

"But kidding aside Ysa." Napatingin ako kay Chezter.
"Isa ka parin sa suspect. Dalawa kayo, pero hindi namin kilala ang isa dahil naka-mask. Basta ang sure lalaki sya. Nakita rin sa cctv na hawak-hawak nya ang dalawang galon. Para sa amin sya na ang may sala, pero we need to find him para mapatunayan iyon. So please, kung may magagawa man kami sayo...kung masasaktan ka man namin habang hinahanap ang totoong may sala please understand us."

Nakangiting tumango ako.
"Oo naman naiintindihan ko naman kayo."

Nang araw na iyon hindi ako lumabas ng hospital. Hinintay ko rin si Bev, pero inantok na ako lahat-lahat ni hindi man lang sya dumating.

Nakasimangot tuloy ako buong gabi, nang makatulog naman ako, hindi ko alam kung totoo o panaginip lang...

...naramdaman kong may tumabi sa akin sa pagtulog. Niyakap ako mula sa likod.

Hinalikan ako sa balikat, gilid ng leeg, pisngi at sentido.

...saka sya bumulong.

"I'm so sorry Miss...sorry, I hope mapatawad mo ako." Bulong ni Vane sa tenga ko.

"Hindi naman ako galit Bev..." Sagot ko sa inaantok na boses bago ako tuluyang nakatulog.

*****

Three days...

Hindi ako galit kay Bev...three days ago.

Ngayon galit na ako.

Paano ba naman hanggang ngayon hindi parin sya nagpapakita, ngunit alam ko nasa paligid lang sya.

Ramdam ko iyong mga titig nya. Iyong presensya nya. Napapalingon ako sa bawat sulok tuwing

mararamdaman ko iyon, pero walang Vane akong nakikita. Ang bilis nya kasing magtago.

Kabadtrip itong si Bev.

"O bakit nakasimangot ka?" Tanong sa akin Barbie. Nakatalungko ako sa upuan ko. Habang silang apat naman ay papaupo na sa bangko nila.

Simula nang nangyari sa bahay nila medyo bumait sa akin si Barbie.

Medyo lang kasi madalas na nagtataray parin sya sa akin.

"Si Master Bev kasi...grabe makipagtaguan. Three days ko na syang hinahanap ayaw naman nyang magpakita." Sumimangot ako. "Ang galing nyang magtago."

"Paano mo namang nasabing nagtatago sya?" -Chezter.

"Basta alam ko naandyan lang sya sa paligid." Humikab ako. "Pakisabi po sa kanya,huwag po syang madaya. Ang laki-laki po ng MC tapos pati sa labas nito nakikipagtaguan sya sa akin. Sana po pumalakpak naman sya, nang may clue ako kung nasaan sya nakapuwesto, para mabilis ko syang mahuli." Humalikipkip pa ako.

Tumawa silang apat.

"Pfft. Hanapin mo kasi ng maayos Ysa." Pigil tawang sabi ni Stephano.

Hindi ko sila pinansin.

Matutulog na lang ako. Kapag kasi tulog ako. Lumalapit sa akin si Bev.
Alam ko hindi panaginip na lumalapit sya sa akin kapag nakakatulog ako. Nag-umpisa sa hospital tapos nang nagpadala ng mga cake si Nikey.

Dito sa MC hinatid ni Monica at ng cute na cute na si Coni ang alagang rabbit ni M ang mga cake. May kasama pa silang gwapong lalaki na Bruno ang pangalan. Binigyan ko rin nga ang mga klasmeyt ko. Sa canteen namin kinain.

Sa sobrang busog ko nakatulog ako. Tapos ayun naramdaman ko na si Bev. Hinalikan nya ako sa noo. Hinaplos ang buhok ko.

Paggising ko wala na iyong mga cake iiyak sana ako kung hindi ko lang nakita iyong tatlong kahon ng pizza. Namilog talaga ang mga mata ko non tapos may note pa.

Dont fucking eat that cake! Eat this instead.

Nuon ko napatunayan na nasa paligid lang sya at hindi ako nanaginip lang.
Tuwang-tuwa ako non.

Syempre kakainin ko iyong pagkain. Pizza iyon eh. Pero nakakainis talaga si Bev. Bakit ba ayaw nyang magpakita?

Simula din ng lumabas ako ng hospital. Duon sa bahay na cute ni Bev --este namin pala, ako natuloy. Iyon ang utos sa akin ng first four.

Pati duon kapag nakakatulog ako nararamdaman ko rin si Bev. May time pa nga na nagising ako sa pakiramdam na may kayakap ako buong gabi.

Ngayon, dahil inis ako kay Bev sa apartment ko, ako uuwi. Bahala sya.

Kaya nang uwiang iyon dumeretso na ako sa apartment ko.

Eksaktong pagpasok ko bumuhos ang malakas na ulan.

"Hala buti na lang nasa bahay na ako."

Inihagis ko ang bag ko. Nagpalit ng damit at nahiga sa papag na kama.

Mamaya na ako kakain. Namiss ko itong kama ko.

Nakatulog ako.

Hindi ko alam kung ilang oras ang lumipas, basta ng magising ako madilim na at umuulan pa din. Kumakalam narin ang sikmura ko kaya tumayo na ako at nagluto ng noodles.

Habang kumakain bitbit ang mangkok na sumilip ako sa bintana.

Kumunot ang ulo ko ng may mapansin akong pigura duon sa labas ng bakuran ko nakatayo sa ilalim ng puno ng mangga.

"Sino kaya sya?"

Kumidlat at lumiwanag ang paligid.

Muntik ng malaglag ang mangkok na hawak ko ng makilala ko ang lalaking nakatayo ruon at basang-basa na ng ulan.

"Hala si Bev!"

Dali-dali kong ibinaba sa mesa ang aking hawak. Kumuha ng payong at lumabas.

The moment na nakalabas ako, kumilos naman si Vane para maglakad palayo.

"Bev!" Sigaw ko.

Tumakbo ako papunta sa kanya ngunit binilisan nya rin ang paglalakad palayo sa akin.

"Bev!" Tawag ko ulit. Hindi man lang sya lumingon.

"Bev naman eh!"

Waley parin. Sa inis ko tinapon ko iyong payong ko at galit na sumigaw ulit.

"Vane Cedric Montereal! Kapag hindi ka bumalik dito. Hindi ako aalis sa kinatatayuan ko! Magpapakabasa rin ako!"

Huminto sya, ngunit hindi ako nilingon.

Ilang dipa ang layo nya sa akin.

"Humarap ka." Dagdag ko pa.

"Pumasok ka na sa loob Ysa."

Nanubig ang mga mata ko ng marinig ko ang tinig nya. Miss na miss ko na sya, na miss ko pati ang boses nya.

"Ayoko. Humarap ka sa akin."

Hindi parin sya kumilos.

"Vane..."

"Just go inside Ysa." He said bago sya humakbang ulit.

Hindi ako kumilos o humakbang para habulin sya. Bagkus sumalampak ako ng upo sa lupa. Wala akong pakialam kahit nadudumihan na ang pajama ko. Kahit na nababasa ang sling ko at ang sugat ko.

"Umalis ka! Dito lang ako! Hindi ako aalis dito! Ayaw ko nang makipagtaguan Bev ang daya-daya mo eh!"

Muli syang huminto sa paglalakad.

Dahan-dahang nilingon nya ako, nang magtama ang mga mata namin, brown to black, may humaplos na init sa puso ko.

Sya naman nanlaki ang mga mata ng makita ang ayos ko.

"What the hell-!"

At nang halos takbuhin nya ang pagitan namin napangiti ako.

Andito na... andito na ulit si Bev ko.

*****

H/n

Busy. Pasensya na talaga at busy po. Gustuhin ko mang araw-arawin ang UD, sobra na po akong pagod hindi lang sa work kundi pati sa bahay. Kaya pasensya na po kung maikli ito. Try ko na lang ulit bukas.

Salamat sa pagbabasa.

Helliza Sabida

11282017uivst 18:13

20. Damit

"Anong ginagawa mo!" Galit na sabi ni Vane ng makalapit sa akin.

"Hello Bev... I missed you." Sabi ko naman.

Natigilan sya.

Parehas na kaming basang-basa sa ulan,sa gitna ng daan, sa madilim na kalsadang iyon.

Nakatingala ako sa kanya habang sya ay nakayuko.

Ang gwapo-gwapo parin nya kahit basa sya. Humahakab iyong katawan nya sa kulay puti nyang t-shirt. Parang gusto ko tuloy magpayakap.

Landi talaga Ysa.

Nakabawi sya sa pagkabigla. Niyuko nya ako at pinangko.

"Ang tigas ng ulo mo. Sinabi kong pumasok ka look at you basang-basa kana." Sermon nya habang papasok kami.

Ngumiti naman ako ng matamis.

Itong si Bev kung matigas ang ulo ko di hindi na ako nagkakasugat at nagkakabukol, di ba?

Isiniksik ko ang mukha ko sa leeg nya.

Naramdaman kong natigilan sya ulit nang gawin ko iyon, sandali syang huminto sa paglalakad bago tuluyang pumasok sa loob ng bahay ko.

Mabilis ang kilos na hinanap nya ang banyo.

Nang makapasok kami ruon dali-dali nya akong binaba.

Maliit lang ang banyo ko, na nahahati sa dalawa. Iyong liguan at kwarto ni mang doro.
Kahit maliit sanay akong maligo na may shower kaya nirequest ko talaga sa mga kambal ko na lagyan ang banyo ko ng ganon.

"Shit nabasa ang sugat mo!" Mura ni Bev.

Hawak nya na ang dulo ng damit ko.

"You need to take a quick shower." Sabi nya habang itinataas ang damit ko. Nakasilip na ang kulay purple kong bra ng bigla sya napahinto.

Umawang ang labi nya habang nakatingin sa dibdib ko, napansin ko rin na bigla syang namula.

"Bev?" Humakbang ako papalapit sa kanya.

Dumikit iyong nakaexpose kong balat sa abs nya nakabakat sa damit nyang basa.

His chocolate brown eyes darkened.

"Bakit namumula ka? May masakit ba sayo?" tumaas ang kamay ko para haplusin ang pisngi nya.

Bigla syang yumuko.

Nanlaki ang mga mata ko ng huminto ang mukha nya, iyong malapit na malapit sa mukha ko. Hawak-hawak nya parin ang dulo ng damit ko, ramdam ko ang paglamukos ng kamay nya ruon.

Hala! Bakit? Nisasapian na naman ba si Bev?

Napakurap-kurap ako.

"Bev..."

Pagkatapos bigla nya akong binitawan.

"Shit!" He said bago tumalikod sa akin. "Maligo ka na. Be quick Ysa."

Umakto syang lalabas na ng pinto, maagap ko syang pinigilan sa braso.

"Ayaw, aalis ka na naman eh" ang higpit ng pagkakahawak ko sa braso nya.

Nilingon nya ako.

"Ayoko ko ng magtaguan Master, lugi ako eh ang dami mong tataguan,.. don't go please."

Muli nya akong nilingon at muli nakita ko iyong ngiting bibihirang lumilitaw sa mga labi nya.

Lumapit syang muli sa akin magaan akong niyakap at hinalikan sa noo.

"Hindi na...hindi na ako magtatago." He said after the kiss.

"Talaga?"

Tumango sya.

"Walang halong biro?"

Tumango ulit sya.

"pinky swear?" Itinaas ko iyong kamay ko at ini-umang ang hinliliit ko sa kanya.

Aba maninigurado na ako.

Natawa sya sa ginawa ko pagkatapos ay nakipag pinky swear sa akin.

"I swear..."kinabig nya ako papalapit.
"...and I... sealed." Saka nya ako binigyan ng mariing halik sa mga labi.

Madiin ngunit mabilis lang dahil bago pa man ako makahuma pinutol nya na ang halik.

"You have my word, my kiss and my heart...I swear na pag labas mo dito naandon lang ako... naghihintay sayo."

Napanatag ako. Ngumiti.

"Liligo na ako Bev."

Tumango sya.

"Be quick okay."

Binilisan ko nga lang.

Saka ang lamig lamig kaya, hindi feel ang magbabad sa banyo.

Nakatapis ng tuwalya na lumabas ako ng banyo.

Naabutan ko si Bev na nasa hapag kainan.
Umiinom ng kape. May nakatimpla ding gatas sa ibabaw ng mesa.

Napalingon sya sa akin ng marinig nyang bumukas ang pinto at...

...naibuga ang kapeng iniinom nya ng makita ako, hindi ko tuloy maiwasan na matawa dahil duon.

"Huwag mo kasing inumin kapag sobrang init pa Bev, napapaso ka tuloy." I said habang humahakbang papalapit sa kanya.

Bigla syang tumayo. Lumikha pa ng ingay iyong bangkong umatras sa ginawa nyang pagkilos.

"B-bakit ganyan ang ayos mo?"

Napatingin ako sa sarili ko.

"Eh? Naligo ako."

"Bakit hindi ka nagbihis duon sa loob?"

Kumunot ang noo ko. "Bev banyo kaya iyon. Iyong damit ko nasa kwarto. Di syempre wala akong damit duon, paano ako magbibihis?" Nameywang pa ako sa harap nya.
Inalis ko na iyong sling ko kanina istorbo eh.

Sunod-sunod na napamura sya.

"Damn magbihis kana!" Tumalikod sya sa akin.

Kumunot ang noo ko.

Ano bang nangyayari sa kanya? At bakit namumula na naman sya?

Lumipat ako sa harap nya.

Namula sya, nagmura at muli sanang tatalikod pero mabilis ko syang napigilan sa pamamagitan ng

paghawak sa dalawang braso nya.

Napapiksi sya pero hindi tinanggal ang mga kamay ko.

"Bev...iyong totoo. Nagr-rugby ka ba?"

"What--?"

"Tigil-tigilan mo iyan Bev nakakatuyo ng utak iyan" sabi ko na tinapik sya sa balikat. "Bihis muna ako Master, maligo ka narin." Tumalikod na ako at iniwan syang nakatulala.

Tsk,tsk,tsk...si Bev rugby boy, pang mahirap pa ang piniling tirahin.

Iiling-iling ako habang nagbibihis.

*****

"Hahahaha." Huminto ako sa pagtawa, tingin ulit kay Vane.
"Hahahaha" tapos tawa ulit.

Hawak-hawak ko na ang tyan kong sumasakit kakatawa.

"Are you making fun with me...huh miss?"

Napatigil ako sa pagtawa, but still my eyes is tingling with merriment.

"Pfft-" tinakpan ko na ang bibig ka para pigilan ang pagbulaslas ng tawa ruon.

Natatawa kasi ako kay Bev.
Nakaligo na sya, at dahil wala naman syang damit rito, pinahiram ko sya.

Ang kaso dahil matangkad syang tao kapos sa kanya ang strawberry pajama ko nagmukha syang hiphop na ang sikip-sikip ng suot.

Hubad baro pa sya, hindi ko pa binibigay iyong damit nya kasi gusto ko pang nasisilayan ang kanyang abs.

Nakaupo ako sa mesang kainan habang sya naman ay nakatayo.

"Miss..." may pagbabanta na sa tono nya.

Guwapo talaga ni Bev ko sarap yakapin ng yakapin.

Lumunok ako at pinaikot ang dila sa loob ng aking bibig para pakalmahin ang aking sarili.

"Sorry...natatawa lang ako eh."

Napailing sya.

"Asan na ang pang-itaas? Please lang huwag sanang strawberry ang design nyan Miss."

Nakangising inabot ko sa kanya ang damit.

Kulay light blue t-shirt iyon at panlalaki talaga.

Ipinagpag nya iyon at pinagmasdan ang design.

Napatingin sya sa akin.

"Kanino ito?"

"Sa akin."

"You have a shirt that tell Angelique Ysa Property?"

Tumango ako.

Tumingin sya ulit sa tshirt.

"I want the truth Miss. Panlalaki ang damit na ito. Imposibleng magsusuot ka ng ganitong damit. Sinong tao ang magsusuot ng damit na nagsasabing pag-aari nya ang sarili nya." Madilim ang mukha na sabi nya.

Inilibot nya ang tingin sa apartment ko.

"May lalaki ka bang kasama rito?"

"Hala sya! Syempre wala Bev. Sino ang titirang lalaki dito?"

"I don't know you tell me. Kanino itong damit na ito?"

"Si Bev ang kulit ilan beses kabang inire ng nanay mo? Akin nga iyan."

"Bakit panlalaki? Bakit ganito ang nakasulat?"

"Kasi po..." ngumiti ako ng matamis. "Ipinagawa ko iyan para ibigay sa lalaking mapapangasawa ko. Kaya panlalaki iyan kasi syempre, lalaki ang magiging asawa ko." Pagkatapos nanlaki ang mga mata ko. "Hindi ka naman siguro babae di ba Bev?"

Hindi sya sumagot.

Matiim na tingin ang ibinigay nya sa akin.

"Pinagawa mo ito...para ibigay mo sa mapapangasawa mo." He said.

"Oo, nagpagawa ako nyan kasama ang mga kapatid ko almost three years ago...para ibigay sa mapapangasawa namin...para ibigay ko sayo."

Tumiim ang bagang nya.

"How can you be so sure na ako ang mapapangasawa mo?"

Itinaas ko ang palad ko na may nakasuot na singsing.

"Suot ko na nga ang singsing mo eh, saka hindi rin naman ako sure na ***hindi*** ikaw ang mapapangasawa ko. Kung papapiliin ako kung alin sa dalawa, eh di duon na ako sa mapapangasawa mo kahit hindi sigurado." Ngumiti ako. "Isa pa gagawin ko naman ang lahat para magkatuluyan tayo."

Umawang ang mga labi nya sa sinabi ko. Ilang sandaling nagtama ang nga mata namin.

Pagkuway ngumiti sya.

Lumapit sa akin at pumuwesto sa pagitan ng mga hita ko.

"Yeah... ako sisiguraduhin ko na ikaw ang mapapangasawa ko." Hinalikan nya ako sa ilong.
"You're my love, my life, the love of my life. Para sa akin ikaw na at walang iba ang makakasama ko sa bawat paghingang papakawalan ko."

Hindi lumalayong isinusot nya ang damit. Lumuwang ang ngiti ko ng kasya iyon sa kanya, na para bang katawan nya ang iniimagine ko ng hingan ako ng sukat nang pinagawa ko iyon.

"Bagay sayo." Sabi ko.

Niyakap nya ako.

"Yeah right..." hinawakan nya ang kamay kong may singsing at hinalikan iyon.

"Bagay nga...bagay na bagay tayo."

****

H/n

Maikli ??? hiniwalay ko talaga itong chapter na ito.
Sana nagustuhan nyo;)

Salamat

Helliza Sabida

11302017 18:55

21. Pangako

For ***Prinxaynnami*** salamat sa pagbabasa at pagboto sa mga gawa ko.????

*****

"Hindi ko susuotin iyan sa MC and that's final." Nakahalukipkip na sabi ni Bev sa akin.

Nasa apartment ko parin kami, and it's already morning at naghahanda ng pumasok.

Sumimangot ako.

Kagabi ko pa sya napapansin na tumatanggi sa mga gusto ko...

...una. Sa kwarto ko sya pinapatulog, sa may kama pero pinagpilitan nya na sa sahig sya.

"Bakit dyan Bev eh maluwag naman itong papag."

"Hindi ako humihiga sa papag." He said habang inilalatag ang strawberry kong kumot sa sahig.

Kumuha sya ng unan, natigilan sya,pagkatapos ay inabot ang strawberry stufftoys na binigay nya sa akin.

"I thought nasa bahay natin ito?"

"Huh?" Mula sa pinto naglakad ako papunta sa papag at kinuha ang stuff toy sa kanya.

"Dito ako matutulog syempre dapat nandito rin si Bevrry." I said na niyakap ang stuff toy. "Hindi na ako makatulog ng hindi sya yakap eh."

Sumilay ang ngiti sa mga labi nya.

"Bevrry huh. You name your toy Bevrry. Why Bevrry?"

Ngumiti ako ng matamis.

"I like strawberry, & I love Bev. It's a combination of the name, of the thing that I like and the person tha I love. Strawberry plus Bev equals BEVRRY." Sabi ko pa sa tonong nag-aaddition lang.

Ngumisi sya, lumapit sa akin.

Lumuhod sya sa harap ko habang ang dalawang kamay nya ay nasa magkabilang gilid ko.

"The person that you LOVE? Really? Bakit love?"

Kinunotan ko sya ng noo.

"Bakit Bev, dapat ba hate? Ayaw mo ng love?"

"Are you kidding me! I like love. I really, really like love."

"O yun naman pala eh bakit nagtatanong ka pa..."

"Pfft."

Hinalikan nya ako sa tungki ng ilong.

"Matulog na tayo." Umalis na sya sa tabi ko at prenteng nahiga sa sahig.

"Bev... dito ka na."

"Hindi nga ako sanay sa papag." Pumikit sya. Ipinatong ang kanang braso nya sa noo.

"Eh? Bev ikaw wag ka talagang magr-rugby ha, ang lakas ng tama mo eh. Anong pinagkaiba ng papag at sahig?"

"Pfft..." Sya.

"Tignan mo tapos tatawanan mo pa ako."

"Miss matulog ka na." Tumikhim sya. Hindi parin inaalis ang braso sa noo. "Kung hindi baka may mangyari na parehas nating gustuhin."

"???." -ako.

Napakamot na lang ako sa ulo.

"Wala akong maintindihan Bev." Sumampa na ako sa papag, at pabagsak na humiga. "Bahala ka nga antok na ako."

"Dahan-dahan ng kilos Miss. Iyang sugat mo."

"Oo na."

Natulog akong hindi katabi si Bev kasi ayaw nya. But paggising ko naman ng umaga iyon katabi ko na sya.

Yakap nya ako mula sa likod habang ang mukha nya ay nakabaon sa batok ko.

Nakikiliti ako sa hininga nya kaya napahagikhik ako. Sa hagikhik kong iyong nagising sya.

"Morning Miss..." inaantok ang boses na sabi nya.

"Morning Bev."

Si Beb magulo ayaw daw tumabi pero hayan at nagising ako na nasa tabi ko sya at yakap nya ako.

****

Ngayon nga pinipilit ko syang isuot iyong tshirt na bigay ko.

Wala naman kasi syang damit, isusuot nya lang ulit iyong damit nya kahapon.

"Isuot mo na kasi iyan Bev." Pilit ko.

"Hindi nga puwede Miss?"

Lumungkot ang mukha ko.

Siguro ayaw ni Bev na makita ng lahat na pag-aari ko sya.

Napansin naman ng binata ang paglungkot ng mukha ko kaya mabilis syang lumapit sa akin.

Ikinulong nya ang mukha ko sa magkabila nyang palad at itinaas ang mukha ko para magtama ang mga mata namin.

"Ayaw mo bang makita nila iyong nakasulat sa shirt?" I asked.

"Yeah."

Nangilid ang luha ko. Pero bago pa tumulo iyon hinalikan nya ang mga mata ko.

"Ayaw kong makita nila na pag-aari mo ako. Hindi dahil ayaw ko. I like to wear it, I want them to know that I'm yours. But Miss marami akong kaaway. Kapag sinuot ko iyon sa harap ng lahat marami ang gagamitin ka para masaktan ako. Iyon...iyon ang ayaw kong mangyari. Ayaw kong mapahamak ka ng dahil sa akin."

"Pero kaya kong protektahan ang sarili ko."

Umiling sya.

"Hindi biro ang mga kalaban ko. Mga masasamang tao talaga sila at hindi ko gusto ang maaring gawin nila sayo...natatakot ako sa maaring gawin nila sayo."

Eh? Matakot sila sa gagawin ko sa kanila.

Hindi ko na isinatinig iyon. Tumango na lang ako.

"Okay."

Malungkot na ngumiti si Bev.

"I'm sorry."

Niyakap ko sya.

"Hala Bev, don't be sad na okay lang naman eh." Ipinatong ko ang baba ko sa dibdib nya saka sya tiningala.

"Ngiti ka na."

Ngumiti naman sya at hinalikan ako sa noo.

"Masakit ba ang sugat mo?"

Umiling ako.

"Sure?"

Tumango ako.

"Let's go." Yaya nya.

Magkahawak kami ng kamay na lumabas sa apartment ko.

*****

Naglalakad ako papuntang susunod kong klase ng harangin ako ng dalawang babae.

Natatandaan ko sila. Sila iyong nanampal sa akin ng first day ko at nagbanta na huwag lalapitan si Bev.

Ano ngang pangalan nila? Ah. Sarah and Diana.

"You!" Sabi ng Diana.

Eh? You? Sinong You.

Napatingin ako sa likod, kanan at kaliwa.

May mga tao.

Ah baka isa sa kanila si You

"Ikaw ang kausap namin tanga."

"Ah ako po ba. Naku hindi po You ang pangalan ko. Ysa po."

Hinila nila ako sa C.r ng mga babae.

Isinandal nila ako sa pader.

"Sinabi na namin na layuan mo si Vane. Hindi ka bagay sa kanya!"

"Isa lang sa amin ang bagay sa kanya Nerd, hindi ka kasali duon."

"..." ako.

"Naiintindihan mo ba kami, layuan mo si Vane." Iyong Sarah.

"Ah... ok." Tumingin-tingin ako sa paligid. "Pero tanong ko lang po. Hindi ho ba malayo naman po ako kay Bev ngayon. Invisible po sya at nasa tabi ko ngayon kaya sinasabi nyong layuan ko sya?"

Sabay na nangunot ang noo ng dalawa.

Tapos tumawa si Diana.

"Tanga talaga ito girl, for sure pinaglalaruan lang ito ni Vane."

Kanina invisible si Vane ngayon naman naglalaro daw kami? Nagtataguan ba ulit kami?

Lingon-lingon ulit ako.

Pinisil naman ng Sarah ang pisngi ko.

Mariin.

"Ikaw babae. Layuan mo si Vane at tigil-tigilan mo ang pagtawag sa kanya ng babe. Naiintindihan mo? Dahil kung hindi, lagot ka. Iyang panget mong mukha, lalo naming papa-pangetin."

Tumango ako kahi hawak nya ang pisngi ko.

Padaskol nya akong binitawan.

"We were watching you." Sabi pa ni Diana.

Saka sila umalis at iwan ako sa loob ng c.r.

Nagtataka naman na tinignan ko sila.

"Meron kaya sila ngayon, HB much eh, parang si Lady Glady."

Nagkibit-balikat nalang ako.

Sabi nila huwag ko daw lapitan si Bev okay lang, si Bev naman nalapit sa akin. Huwag ko din daw syang tawaging babe. Eh? Kelan ko ba tinawag na babe si Bev?

Napatingin ako sa relos ko.

"Hala! Late na ako."

Nagtatakbo akong lumabas ng c.r at papuntang susunod na klase ko.

Sa pagmamadali, nabangga pa ako.

"Ay kuryenteng may poste!" Hindi ko pa man nakikita ang mukha alam ko na kung sino ang nabangga ko.

"Why are you running Miss? Iyang sugat mo baka dumugo." He said habang pinapalibot ang isang braso sa bewang ko.

"Bev!" Natutuwang niyakap ko sya. "Bango mo talaga." I said with matching amoy pa sa dibdib nya. "Partida iyong suot mo pa kahapon ang suot mo."

Napatawa sina Chezter at Stephano sa sinabi ko habang ngumiti naman iyong dalawang babae.

"You didn't answer my question. Why are you running?"

Nanlaki ang mga mata ko.

"Hala! Oo nga pala mal-late na ako." Bumitaw ako sa kanya. "B-bye muna Bev, mga master and ladies. Hindi ako binitawan ni Vane. "Master bitaw na."

"Sunama ka muna." He said.

"Ha? Saan?"

Hindi sya sumagot basta iginiya nya ako sa paglalakad.

Napasunod na lang ako.

Sa KH quarters kami nagpunta.

Iniupo niya ako at naupo sya sa tabi ko. Iyong isang kamay nya nakapatong sa sandalan ng sofa sa likod ko at bahagya akong nakasandal sa balikat nya.

Sinenyasan nya si Stephano.

Pinindot naman ni Stephano ang isang maliit na remote, mayamaya pa nagbukas ang t.v.

Iyong sarili ko ang nakita ko na may dala-dalang galon at naglalakad.

Inilapag ko ang galon. Tapos naglakad na ako papuntang hagdan nakasalubong ko pa iyong mamang naka-mask. Binati ko sya sa video at nagpatuloy na ako sa paglalakad.

Nakitang dinampot ng lalaki iyong dalawang galon na iniwan ko at nagpatuloy sa paglalakad, nuon namatay iyong video.

Katahimikan muna ang lumipas bago nagsalita si Chezter.

"Ysa kilala mo ba iyong lalaking binati mo?"

"Opo." Mabilis na sagot ko.

Napasinghap si Barbie at Stephanie.

"Shit!" Sabay na mura naman ni Stephano at Chezter.

Iyong kamay naman ni Vane na nakapatong sa sandalan ng sofa bumaba sa balikat ko, naramdaman ko ang pagpisil nya ruon.

"Ysa...sigurado ka bang kilala mo sya?" Ulit na tanong ni Chezter.

Muli akong tumango.

Lalo yatang naging problemado ang mukha nila. Napatingin din ako kay Vane.

Ang dilim-dilim ng mukha ni Bev.

Bakit? Dapat bang sabihin ko na hindi ko kilala?

"Malaki ang magiging problema natin Vane." Si Stephano. "Kilala ni Ysa iyong lalaki. Alam nating lahat na inosente sya...but kapag hinarap natin sya sa mga elders guilty, guilty ang kalalabasan nya. kapag napanood nila ang video, madaling masasabi na kasangkot si Ysa. The way he greet the man, obvious na kilalang-kilala nya at duon pa lang guilty na sya."

"Damn!" Mura naman ni Bev na lumayo sa akin. Tumayo sya at nagpalakad-lakad.

"Eh? Kilalang-kilala ko naman ho sya talaga." Napatingin silang lahat sa akin.

"Kilala mo? Nerd ayusin mo madidiin ka, kayapag-isipan mo ang mga isasagot mo." -si Barbie.

"Opo kilala ko, pero mas kilala nyo po sya."

"Ano?" -sila

"What do you mean?" Si Vane.
Lumapit sya at lumuhod sa harap ko. "Anong ibig mong sabihin Miss? Hindi namin kilala ang lalaking iyon."

"Hala sya! Bev ang tagal nyo na kaya rito diba? For sure dito na kayo nag-aral since high school, kaya sigurado akong mas kilala nyo sya, kesa sa akin."

Iyong mga mukha nila takang-taka.

Napabuntung-hininga ako.

"Hay naku! Si kuya po ay si kuyang security guard dito. Iyong nasa gate at nanghihingi ng I.D." napailing ako. "Grabe kayo ha, nagsuot lang ng mask si kuya hindi nyo na nakilala. Parang wala po kayong mga pinagsamahan nyan eh. Lagi ko syang binabati, kaya nang magkasalubong kami sa vide, binati ko sya."

Napaganga sila sa akin.

Nakanganga na ang g-gwapo at ang g-ganda parin.

Si Bev ko ang sarap halikan.

Bigla namang kumilos si Stephano takbo sya sa laptop na nasa side table at may kinalikot duon.

"Fuck ! Iyong guard nga!" He shouted after a minutes.

Napapunta naman sila duon ako naupo na lang, gusto kong kumain ng pizza.

"Damn!" -si Bev."Ipahanap nyo kaagad, I want him in the punished room within twenty four hours!" nagsitanguan sila bago nagkanya-kanya ng labas.

Naiwan kaming dalawa ni Bev.

"Bev...gusto ko ng pizza." Ungot ko sa kanya.

Napatingin sya sa akin. Lumapit. Sa gulat ko ay hinaklit nya ako patayo, papalapit sa katawan nya.

"Bev..."

Pinagmasdan nya ako.

Hinaplos ang pisngi ko.

"I want to fucking hurt myself."

Nanlaki ang mga mata ko.

"Hala! Bakit!"

Idinikit nya ang noo sa noo ko.

Kandaduling naman ako sa pagtingin sa kanya.

"Hinayaan kong masaktan ka na naman, and I'm the fucking one na nagsimula nuon."

"Hindi mo naman kasa-."

"Sopt it! Stop it Ysa!" Bumitaw sya sa akin. "Huwag mo nang pagtakpan kung ano man ang ginawa ko. You're so damn innocent! Unang kita ko pa lang sayo iyang pagkainosente mo ang umakit sa akin. Your fucking innocence! Pero nagbulag-bulagan ako. Inakusahan na kita kahit alam kong imposibleng magawa mo iyon. You're my innocent Ysa, but then..." he frustratedly kicked the table in his side.

Pinagmasdan ko lang sya.

"I'm sorry Ysa." He said while looking at me. I can read guilt and pain in his chocolate brown eyes.

Hindi ako ngumiti, hindi ako tumawa, bagkus seryoso ko syang tinitigan.

"You're wrong. Kayang-kaya ko...kayang-kaya kong gawin ang lahat ng iyon. I can bring this building down...I can kill. I'm maybe innocent but I can do bad things."

Maang nya akong tinignan.

"Do not be fooled by my innocence. Maaaring hindi ako, tulad ng iniisip mo. But you know what...kaya ko man gawin lahat ng klase ng kasamaan dito sa mundo, iisa lang ang maipapangako ko." Hindi kumukurap na tinitigan ko sya. Alam ko, sigurado ako na nababasa nya ang buong katotohanan sa mga mata ko, na syang nais kong iparating. "Ang traydurin ka...kayo ang hinding-hindi ko kayang gawin." Itinaas ko ang kamay ko kinuha ang kamay nya at pinaghugpong ang mga hinliliit namin. "Ako si Ysa Angelique Fuentebella Santiago ay pinapangakong ibinibigay ang buong katapatan ko sa lalaking nasa harapan ko ngayon, kahit buhay ko ibibigay ko para sa katapatang iyon. This is I solemnly swear and..." Itinaas ko ang isa ko pang kamay sa batok nya at hinila ang mukha nya papalapit sa mukha ko, saka ko sya binigyan ng mariin na halik sa labi. " and I fuckingly sealed." Bulong ko ng ilayo ko ang mukha ko. "Saka ko sya nginitian ng matamis "Canteen lang ako Bev, gutom na ako eh. Hihintayin ko na matapos ka sa mga dapat mong gawin ngayong araw. And if you need me...I'm only one call away" panggagaya ko pa sa isang linya ng kanta.

Saka ako naglakad palabas.

Habang naglalakad papuntang pinto radam ko ang mainit na tingin nya na pumapaso sa aking likod...

******

H/n : Late post sensya na?.

Meron na po akong Group page, konti pa lang kami dun kaya Iniimbitahan ko po kayo?.
Helliza's Empire.
Salamat po sa dalawa kong kaibigan M and Lavvy na nag creat niyon. Thanks ??? lav yah guys.

Ps. Sinong iniimagine nyo na gumaganap as Vane?

Thanks
Helliza Sabida
12042017uivst 7:27

22. Sa harap ng Lahat

*****

Sarap na sarap ako sa paglantak ng pizza ng biglang pumasok ang isang Elf na dali-daling lumapit sa grupo ni Rolf.

"M-master..." hinihingal na sabi ng Elf.

"Anong kailangan mo?"

"Pinapasabi po ni M-master Vane na p-papunta daw po ang mga elders dito, kasama ang...ilang member ng Family."

Nanigas bigla si Rolf habang ako humaba ang tenga dahil narinig ang pangalan ni Vane.

Elders? As in matatanda. Parang narinig ko nang nabanggit nina Bev iyon ah.

"Nasaan na sila?" Tumatayong sabi ni Rolf.

"Papasok po sa compound ng MC."

"Gathered all the student na naandito ngayon. Ilagay sa puwesto ang lahat gusto kong maayos na sasalubungin ang Family at Elders." Utos ni Rolf kina Gladys at Raquel na mabilis ding tumayo.

Mabilis na lumabas si Rolf kasunod si Gareth at Richard.

"Lahat kayo labas, go to the school ground. Iyong mga Elf sa kaliwang dulo pumila at iyong mga KH at BW sa kanang bahagi." Utos ni Gladys na sinunod naman ng lahat.

Ako patingin-tingin lang.
Patuloy sa pagkain at pagnguya.

Nakita ako ni Gladys, galit syang lumapit sa akin.

"Hoy stinky nerdy elf! Ano pang ginagawa mo dyan!"

"Eh? Kumakain po."

Bumakas ang pagkayamot sa mukha nya.

"Hindi ako bulag alam kong kumakain ka. Hindi mo ba narinig ang utos ko!"

"Hala, wala naman po akong sinabing bulag kayo, at hindi naman po ako bingi, narinig ko po ang mga sinabi nyo."

Hinila nya ang kuwelyo ng suot kong uniform.

"Narinig mo naman pala eh bakit hindi ka pa sumusunod?"

"Kasi po kumakain pa po ako. Sabi kasi ng mama ko, bago umalis sa hapag dapat wala ng laman ang

platong pinagkainan, eh may laman pa po kasi iyong plato ko." Nakangiting sabi ko.

Patulak nya akong binitawan.

"Ayan lang ba ang problema mo?" Lumayo sya sa akin at sinipa ang mesang kinakainan ko.

Lumipad ang plato at baso na nakapatong ruon.

Awtomatikong kumilos ang katawan ko.

Bago tuluyang bumagsak sa lupa nasalo ko na ang isang hiwa na lang na pizza together with it's plate. Iyong pineapple juice ko na nangangalahati na ay nasalo ko rin tumalsik pa at nagmantsa sa uniform ko ang inumin..

"Woa muntik na iyon ah."
Napatingin ako kay Gladys nakaawang ang labi nya habang nakatingin sa akin, ganon din si Racquel at ilang estudyante na natira sa loob ng canteen.

"P-paano mong--" si Racquel.

Tinignan ko sila ibinaba ko iyong baso sa kinauupuan ko kanina at kinagatan iyong pizza inubos ko iyon sa loob lang ng tatlong kagat.

"Sabi rin po ng mama ko masama daw magtapon ng pagkain." Sabi ko habang ngumunguya. Kinuha ko iyong juice at uminom, napadighay pa ako pagkatapos. "Oppss excuse me." Yumukod ako. "Tapos na po ako punta na akong school ground." Saka ako ngumiti ng matamis sa kanila at naglakad palabas.

"Kakaiba talaga iyang Elf na iyan." Si Racquel habang nakatingin sa pintong nilabasan ko.

"Nakakairita kamo." Badtrip naman na sabi ni Gladys na sinipa ang mesang nakatumba. "Hoy ikaw ayusin mo ito!" Pasigaw na utos nya sa isang babaeng Elf na takot na sumunod.

Naglakad sila palabas.

"Pero tama ka may kakaiba talaga sa Angelique Ysa na iyan." Si Gladys na nakunot ang noo.

Narinig ko iyong sinabing iyon ni Gladys dahil nasa comfort room pa ako na katabi ng canteen at nadaanan nila.

Eh? Anong kakaiba sa akin?

Napatingin ako sa salamin.

Dalawa pa naman mata ko. May butas pa naman ang ilong ko.Wala baman akong kulangot.

Ngumanganga ako.

Kumpleto pa naman mga ngipin ko.

Napakamot ako sa ulo.

Hindi ko maintindihan kung anong kakaiba sa akin ang ibig nilang sabihin.

"Ay hayaan na nga."

Lumabas na ako ng c.r pupunta na akong school ground, sisilay na ako kay Bev.

*****

"Hala ang galing." Bulaslas ko habang nasa second floor at nakatingin sa ibaba ng school ground.

Tulad ng utos ni Rolf maayos na nakapila ang mga estudyante.

Ang mga Elf ay nasa kaliwang bahagi, nasa gitna ang knight Hunters kasunod ang Black Wings.

May mga teacher din pa lang elf at miyembro ng dalawang gang.

Kaya pala napapansin ko sunod-sunudan ang mga teacher dito.

Pero napansin ko na iyong mga guro na nasa dalawang gang hindi ko pa nakakahalubilo.

Nakakatakot sila.

"Ay packing tape late na ako!" Papatakbo na ako ng maagaw ng pansin ko ang dalawang sasakyan na paparating.

Napahinto ako at napadungaw nang lumabas sa magkahiwalay na sasakyan ang parehong may edad na lalaki.

Sa tantya ko ay nasa sixty year old na ang dalawa.

Nakasuot ng parehong black suit ang dalawang matanda, at kapansin-pansin ang awtoridad sa bawat kilos ng mga ito, patunay pa ang pagyukod ng lahat sa dalawa, maliban kay Vane at Rolf.

Sumunod na bumaba sa magkabilang sasakyan ang dalawang pares ng lalaki at babae na mukhang couples.

Sinundan ko sila ng tingin habang naglalakad ang mga ito papunta sa gitna kung saan nakatayo si Vane at Rolf.

Nangalumbaba ako ng mapagmasdan ko si Bev.

Hinangin-hangin ang buhok nya.

Hayy Bev bakit ang gwapo-gwapo mo sa paningin ko. Habang tumatagal lalo kang gumagwapo. Iuwi na kaya kita sa amin. Tapos turuan mo na akong gumawa ng baby para masaya.

Natigil ang pangangarap ko ng mapapitlag ako, sumigaw kasi ng pagkalakas-lakas iyong isang matandang lalaki.

Severino Vasquez. Iyon ang alam kong pangalan nya.

"Bakit nagkaruon ng sunog! Hindi nyo ba ginagawa ng maayos ang trabaho nyo!"

Hala! Ang HB naman ni Tatang pasigaw kaagad. Buti si Lolo ko hindi sumisigaw ng ganon. Naku baka matanggal baga niya.

Hindi sumagot si Vane at Rolf.

"Iyong gumawa? Nahuli nyo na ba? Naparusahan na ba?" Tanong din ng isa pang matandang lalaki. Si Yverez Montereal.

Mas mahina ang boses nya ngunit napansin kong mas magpakayukod-yukod ang mga miyembro ng KH at BW nang sya ang nagtanong.

Nagtinginan naman si Rolf at Vane.

"May mga suspek na, ang isa ay nasa pangangalaga namin habang ang isa naman ay hinahanap." -Si Rolf.

"Sino! Sino ang suspek? Pinahirapan nyo na ba! Umamin ba kung sino ang kasabwat nya? Nasaan? Nasaan ang suspek na bihag nyo, iharap nyo sya sa amin. Ako ang magpapaamin sa kanya kung hindi pa umaamin!" Galit na sabi ni Severino.

Sa kinakatayuan ko nakita kong natense si Vane at Rolf.

Inilibot pa ni Bev ang tingin sa grupo ng mga Elf, siguradong ako ang hinahanap nya.

Sa tsokolate nyang mga mata nabasa ko ang pagdaan ng pag-aalala, saglit lang dahil ng kumurap sya bumalik sa pagiging walang emosyon ang mga mata nya.

"Hindi nyo na sya kailangan harapin, kami na ang bahala sa lahat." Sabi niya sa dalawang matanda.

"No! Gusto ko syang makita. Galit na galit ako sa ginawa nya! Ang lakas ng loob nyang sunugin ang ang MC! Pagkatapos ko sa kanya, susunugin ko sya ng buhay. Lalo na kung kasapi sya ng DMC! Kumuyom ang kamao ni Vane na napasin ng lolo nyang si Yverez.

"Sino sya Vane?"

Hindi sumagot si Vane tumiim lang ang bagang.

Kahit si Rolf hindi nagsasalita.

"What! Bakit ayaw nyong sabihin ang pangalan ng hayop na yan! "- Severito.

Hala si Tatang makahayop o tao kaya ako.

"Sino sya Vane bakit ayaw nyong sabihin may problema ba?" Si Yverez.

Hindi umimik si Vane.

Actually ang tahimik ng lahat at wala kahit isa ang sumagot.

Si Vane at Rolf ang sinusunod rito. Kung hindi sila mag-uutos walang sasagot.

"Anong pangalan nya?" Dagdag pa ni Yverez.

"Angelique Ysa po!" Napatingin silang lahat sa puwesto ko ng sumigaw ako.

Si Bev napatingin din at nanlaki ang mga mata.

"Angelique Ysa po ang pangalan ko."

Kumunot ang noo ng dalawang matanda.

Tumingin kay Rolf at Bev at ibinalik sa akin.

"Ikaw ang suspek sa pagsunog sa MC?" Tanong ni Yverez.

"Opo!"

"How dare you!Why the hell that girl's free hindi ba dapat nasa torture room sya!" Galit na tanong ni Yverez.

Kumuyom ang kamao ni Vane at hindi sinagot ang tanong ng lolo nya.

Para ngang gumalaw ang bibig nya, 'shit' iyon ang nabasa ko.

"Bakit hindi ka sumasagot? Rolf? Bakit nasa labas ang babaeng iyan?"

"K-kasi po." Huminga ng malalim si Rolf. "Naniniwala...naniniwala kaming hindi sya ang may gawa. Hindi sya ang nanunog sa MC.

"Are fucking kidding me!" Sa pagkakataong iyon mataas na ang boses ng lolo ni Bev.

"No Sir."si Vane.

Eh? Sir bakit sir ang tawag ni Bev sa lolo nya?

"Sigurado po akong hindi si Ysa ang may gawa." Sabi ni Bev na deretsong nakatingin sa lolo nya.

"Rolf! Pati ba ikaw naniniwala sa babaeng iyan?" Si Severino.

"Yes Sir. I'am very sure na hindi si Ysa iyon"

Hala Sir talaga ang tawag nila sa Lolo nila.

Nagtinginan ang dalawang matanda.

Pagkuway bumaling si Yverez sa akin.

"Hey you young lady!"

Napalingon ako sa likod ko.

Sino naman iyong young lady?

Wala akong nakitang tao sa likod ko.

Eh?

"He's talking to you Miss." Sabi ni Vane. Bakas na naman ang pag-aalala sa mukha nya.

"Ay ako ba?"

Napakamot ako sa ulo.

Hindi ko sila maintindihan, kabilis namang banggitin ng Ysa o Angelique, bakit lagi nila akong tinatawag sa ibang pangalan.

"Tatang, Angelique Ysa po ang name ko, not young Lady."

Nanlaki ang mga mata ng lahat. Gulat na gulat sa itinawag ko kay Yverez.

Si Yverez at Severino nanlaki rin ang mga mata, napaface palm ang first four ng Knight Hunters habang napangisi si Gladys at napailing si Rolf. Si Bev malakas ng napamura.

"Lapastangan!" Sigaw ni Severino sa akin.

Wow nosebleed. Ang lalim ng tagalog ni Tatang.

"Wala kang galang! Bumaba ka rito. Get down here! Right now! Kung wala ka pa sa harap namin in three minutes sasabihin ko sayo, makakatikim ka ng parusang hindi mo gugustuhin."

"Three minutes! OMG patay iyang Elf na iyan nasa second floor sya tiyak na hindi sya aabot."

"Lagot iyang Ysa na'yan."

"Naku! Kawawa naman si Ysa."

Marami pang sinabi ang mga estudyante na tumigil lang ng sumigaw si Barbie ng 'tahimik'.

"Sir, that's impossible hindi sya aabot dito ng three minutes maliban na lang kung tatalunin nya iyan." Si Rolf.

"Well tumalon sya. We don't care! Dahil kung hindi sya makakarating dito sa loob ng tatlong minuto." Sumenyas si Yverez. Sa senyas nyang iyon iyong mga men in black na lalaking kasama nila ay naglabas ng baril at itinutok sa akin.

"Fuck! Hindi nyo kailangan gawin iyan!" Galit na sabi ni Vane. "Ibaba nyo yan!" Utos nya na hindi sinunod ng mga lalaki.
"Tang-ina! Ibaba nyo sabi iyan!" Sigaw nya. Punong-puno ng awtoridad ang boses ni Vane.

Maglolo nga sila.

Ibinaba ng mga MIB ang baril nila.

"Itaas nyo iyan o kayo ang ipapabaril ko!" Kontra ni Yverez.

Itinaas ulit ng mga lalaki ang baril.

"Itutok nyo ulit sa kanya iyan at ako mismo ang babaril sa inyo. Right here, right now, alam nyong kaya kong gawin iyon." Si Vane na ang dilim-dilim na ng aura.

"Vane Cedric!" Sabay na sigaw ni ng dalawang matanda.

"Bakit pinoprotektahan mo ang babaeng iyan?" Tanong ni Severino.

Hindi sumagot si Vane. Nanatili ang tingin nya sa mga tauhan ng dalawang matanda na nakatutok parin ang baril sa akin.

"Bev!" Tawag ko sa kanya.

Nuon nya inalis ang tingin sa mga lalaki at inilipat sa akin.

Ngumiti ako ng matamis.

"Baba na ako." Saka ako sumampa sa barandilya.

Nagsisinghapan ang lahat, habang sya ay nanlaki ang mga mata ngunit mabilis na tumakbo papalapit sa akin.

Tumalon ako, hindi ako sumigaw na kangiti pa nga ako at dinama iyong hangin na tumatama sa mukha ko.

Bumagsak ako...
...sa mga bisig ni Vane na sinalo ako.

Napatawa ako ng bumagsak kaming pahiga sa lupa. Magkatagilid kami.

"What the hell Ysa! Are you fucking insane! Maari kang mamatay sa ginawa mo!" Sigaw ni Bev sa akin.

Tumawa lang ako.

"Ang saya nga eh, minsan ulitin natin ga Bev.." Sabi ko na kinalaglag ng panga ng lahat.

"Damn! Miss that's dangerous, hindi mo dapat ginagawa iyon. Hindi ka dapat tumatalon sa ganyan katataas. Naiintindihan mo ba?" Paliwanag ni Bev sa akin.

Tumayo ako tinignan sya na nakaupo na, nakapatong ang isang kamay nya sa tuhod nya at nakatingala sa akin.

"Okay lang mahulog o tumalon sa matataas, alam ko naman na naandyan ka para saluhin ako."

Natigilan sya sa sinabi ko.

"Hala! Oo nga pala." Tinignan ko iyong dalawang matanda. "Mauuna na ako Bev, matatapos na ang three minutes ko." Pagkasabi ko nuon kumaripas ako ng takbo.

Eksaktong tatlong minuto nasa harap na ako ng dalawang matanda.

"Hello magandang araw po. My name is Angelique Ysa Santiago. Hindi po young lady, kinagagalak ko po kayong makilala mga lolo."

"Elf! Umayos ka! Igalang mo silang dalawa." Sita sa akin ni Barbie.

Napatingin ako sa kaniya.

"Magalang naman ako ah, nag po ako sa kanila at tinawag ko silang lolo iyon po ay tanda ng paggalang." Bumaling ako sa dalawang matanda. "Hindi ho ba?" Tanong ko sa kanila.

Hindi sumagot si Severino at Yverez tinignan lang nila ako ng matiim.

Kapag ikaw ang tinigban ng ganon ng mga elders matakot ka na dahil may hindi magandang mangyayari sayo. Kaya iyong mga naruon bumakas ang takot sa mukha, at yumukodmaliban kay Rolf at Vane.

Ang mga tauhan ng dalawa, nakatutok parin ang baril sa akin at naghihintay ng utos.

Humarang naman bigla sa pagitan namin si Bev, itinago ako sa likod nya.

"Don't touch her. She'mine. Hindi sya ilalagay sa torture room, hindi sya ikukulong. At mas lalong hindi sya sasaktan. I'll take all the responsibility, kaya huwag nyo syang gagalawin." Sabi ni Bev na nakatingin sa dalawang matanda.

Siniko ko sya.

"Bev anong take all the responsibility? Malaki na kaya ako, kaya ko na ang sarili ko." Singit ko habang pumupuwesto sa tabi nya. Muli akong tumingin sa dalawang matanda.

"Hello po ulit ako po si Angelique Ysa ikinagagalak ko po na makilala kayo." Masayang bati ko. Sabay taas ng kamay.

Hindi tinanggap ng dalawa ang nakaumang kong kamay bagkus tinignan nila si Bev.

"Mag-uusap pa tayo, isama mo ang babaeng iyan sa Villa." Sabi ng lolo ni Vane, pagkatapos ay tumalikod na.

"Sana alam mo ang ginagawa mo." Sabi naman ni Severino bago tumalikod din.

Nagsialisan narin ang mga tauhan nila pati ang isang pares ng babae at lalaki na kinawayan si Rolf bago sumunod kay Severino.

Nahabol ko na lang sila ng tingin, iyong kamay ko nakaumang parin para sa pakikipagkamay.

Si Bev ang umabot nuon at pinisil ng mahigpit.

Napatingin ako sa kanya.

"Sorry." Bulong nya na sinagot ko ng matamis na ngiti.

"Vane..." tawag sa pangalan nya. Inalis namin ang tingin sa isat-isa at sabay na tinignan ang magkaparehang papalapit.

"Ma...pa." si Bev.

Nanlaki ang mga mata ko.

Magulang nya ang mga ito?

Fudge cake! Kaya pala ang gwapo ni Bev, ang ganda at ang gwapo ng magulang nya eh.

Iyong Mama nya lumapit at yumakap sa kanya, ang papa naman nya tinapik sya sa balikat.

Nang dumako ang tingin nila sa akin, ito ang lumabas sa bibig ko...

"Ang gwapo at ang ganda nyo po." Sambit ko.

Ngumiti iyong babae.

"Maganda karin hija." His Mama said.

"What's the meaning of this Vane?" Tanong ng papa nya.

"Kung ano po ang pagkakaintindi nyo, iyon na po iyon." Sagot naman ni Vane.

Napatingin ako sa kanya.
Tumingin din sya sa akin.

"Ma, Pa meet Ysa my girlfriend."pakilala nya sa akin.

Umalingawngaw na naman ang bulungan sa paligid.

Lahat hindi makapaniwala na pinakilala ako ni Bev bilang girlfriend nya.

"Ikinagagalak kitang makilala hija." Sabi sakin ng Mama nya.

Bumuntung-hininga ang papa nya.

"Saka na natin pag-usapan ito. Sa Villa na. Sa ngayon susundan muna namin ang lolo mo, siguradong galit na galit iyon."

Tumango si Vane.

Nagpaalam sila sa akin, bago pumunta sa sasakyan kung saan naroon si Yverez.

"You're in a deepshit man." Narinig kong sabi ni Rolf.

Inakbayan naman ako ni Vane, kinabig papalapit sa katawan nya at hinalikan ang sentido ko.

"It's okay as long as she's with me." mahinang bulong nya na alam kong narinig ni Rolf.

Ako ngumiti yumakap sa kanya at ibinaon ang mukha sa malapad nyang dibdib. Tsansing again hehehe.

"I'll stay at your side, no matter what" bulong ko, sabay tingala sa kanya.

Ngumiti sya.

"Pinky swear?"

Nagulat ang lahat sa inaktong iyon ni Vane.

Lalo na ng itaas ni Vane ang hinliliit nya.

May kung anong humamplos sa puso ko, oo hindi nya nga sinuot iyong damit na bigay ko, but now pareho naming alam na kapag inabot ko ang hinliliit nya, makikita ng lahat na pag-aari ko sya at pag-aari nya ako. Officially.

Itinaas ko ang kamay ko at pinaghugpong ang hinliliit namin.

"I swear." Sabi ko.

"...and I sealed."

"I sealed."

Sabay naming sabi sa huling salita, kasunod ng pagbaba ng ulo nya at paggawad ng halik sa akin sa harap ng lahat.

Sa pagitan ng halik ngumiti ako at iniyakap ang isang braso sa batok nya.

I love you Bev...

******

Rolf p.o.v

This is the first time na nakita kong ganito si Vane.

He's my friend, my enemy sabay kaming lumaki, sabay kaming sinanay mula pagkabata.

Rebelde si Vane, sumusunod sya sa mga utos sa kanya, pero kapag ginusto nya ginagawa nya. Kahit ikagalit ng lahat, kahit parusahan pa sya.

Dedicated sya sa trabaho lalo na sa tungkulin namin.

Inuuna ang tungkulin ny, ang Family bago ang sarili nya.

We're playboy. Halos magkasing- rami ang mga babaeng dumaan sa amin, at parehas na walang kaming sineryoso sa mga iyon. Walang lugar ang seryosong relasyon sa buhay namin.
But now seeing him like that... sa nakikita kong inaakto nya kay Ysa, he's hooked...whipped.

Habang nakikita kong hinahalikan nila ang isat-isa sa harap ng lahat naisip ko... how far they can go? Gaano katibay iyang nararamdaman nila?

At si Ysa? Kakaiba sya, pero kakayanin nya ba ang lahat?

"*Vane need a strong and brave woman at his side"*

Naalala kong sabi ni Sir Yverez.

Si Ysa na ba iyon? Was she strong and valiant enough for Vane?

Karapatdapat ba sya na mapabilang sa Family?

Ngumiti ako.

Pero iisa lang ang alam ko, kung hihiwalayan ni Vane si Ysa,.. gagawin ko ang lahat para...

...bwisitin at pagselosin sya. Ipapakita ko na gusto ko iyong binitawan nya.

Wala syang matatanggap na tulong sa akin.

Well he is my enemy after all.

*****

Ang gumaganap na Ysa at Vane para kay @Donnalhay....

Sino ang sayo? ?

H/n

Tell me okay lang ba itong chap na ito? Medyo lugaw ang utak ko ng sinulat ko ito. Sana okay lang.

Thanks sa read pag comment at pag boto. ???

Helliza Sabida

12132017tbu 8:32am

23. Lenggwahe

Si Vane at Ysa para kay ms. SexyAssLevine thanks Lavvy sa support.???

****
"Kung ipuputok mo iyan, iputok mo na, dahil kung hindi pasensyahan tayo bungo mo ang magkakaroon ng butas." Malamig na sabi ng labing-apat na taon na si Angelique Ysa sa lalaking nasa harap nya.

Nakagapos sya sa isang upuan habang walang emosyon na nakatingin sa lalaking may hawak na baril at nakatutok sa kanya.

"Matapang ka parin kahit nakagapos kana. Well tignan natin kung makakapagyabang ka pa kung bangkay kana." Sabi ng lalaking nakangisi sa kanya.

Tinignan nya ang kaibigan nyang si Daniel, na ngayon ay isa nang bangkay, her bestfriend na walang awang pinahirapan sa harap nya.

Wala ng luhang tumutulo sa mga mata nya, wala na rin syang takot na nararamdaman.

Iisa lang ang nasa isip nya, papatayin nya... papatayin ang lahat ng tao na naandito sa harap nya, papatayin nya ang lahat ng nagpahirap sa kaibigan nya.

...and after an hours. Lumabas sya ng warehouse na iyon, puno ng dugo ang buong katawan, may mga galos, sugat, hiwa at tama ng baril.

Nang pasukin ng mga awtoridad ang warehouse, nagulat sila sa nakita.

A group of man killed, slaughtered brutally...
Hindi sila naniniwala na ang batang babae ang may gawa niyon.

Sa isip ng mga pulis kung sino man ang may gawa nito.

That person is so lethal...

*****
Nothing's Gonna Stop Us Now"
(originally by Starship)

?? Looking in your eyes, I see a paradise
This world that I found is too good to be true
Standing here beside you
Want so much to give you this love in my heart
That I'm feeling for you.

Let them say we're crazy
Don't care about that
Baby round in my in my hand, baby, don't ever look back
Let the world around us just fall apart

Baby, we can make it if we're heart to heart

And we can build this dream together,
Standing strong forever
Nothing's gonna stop us now
And if this world runs out of lovers
We'll still have each other
Nothing's gonna stop us,
Nothing's gonna stop us now ooh ohh

I'm so glad I found you,
I'm not gonna lose you
Whatever it takes to I will stay here with you
Take it to the good times,
See it through the bad times
Whatever it takes is what I'm gonna do

Let them say we're crazy
What do they know?
Put your arms around me, baby, don't ever let go
Let the world around us just fall apart

Baby, we can make it if we're heart to heart

And we can build this dream together,
Standing strong forever
Nothing's gonna stop us now
And if this world runs out of lovers
We'll still have each other
Nothing's gonna stop us, nothing's gonna stop us..

Oohh. all that I need is you
All that I ever need.
And all that I want to do is hold you forever, forever and ever..

And we can build this dream together,
Standing strong forever
Nothing's gonna stop us now
And if this world runs out of lovers
We'll still have each other
Nothing's gonna stop us, nothing's gonna stop us...
Oohh wooohh
Nothing's gonna stop us...now
Hey baby...???

"Daniel!" Napabalikwas ako mula sa pagkakayuko ko sa upuan, nang maalipungatan ako, nalaglag pa nga ako.

"Aray... tang'i-- milo naman oh." Napahawak ako sa balakang ko.

Iyong mga kaklase ko bumunghalit ng tawa habang nakatingin sa akin.

"Hoy Nerd bakit ka nags-swimming eh wala namang tubig." Kantyaw ng isa kong kaklse na lalaki.

Ngumiwi naman ako.

"Hindi naman ako lumalangoy eh, nalaglag ako. Iyong langoy kumakampay eh hindi naman ako kumakampay." sabi ko naman.

"Boom basag ka kay Ysa pre." Lalong nagtawanan ang mga kaklase ko.

Eksakto namang tumunog ang bell.

Daniel naman bakit kasi nanggugulat ka ayan tuloy nalaglag ako.

"Who's Daniel?"

Napahinto ako sa paglalakad nang marinig ko ang boses ni Vane.

"Bev!" Masayang bati ko na lumapit sa kanya at yumakap.

Nakasandal sya sa pader ng klasrom ko.

Parang model ang gwapo-gwapo.

Kaya pala nagyuyukuan iyong klasmeyt kong elf naandito sya.

Pumalibot naman ang isang kamay nya sa bewang ko at hinalikan ako sa ulo.

"Sino si Daniel?" Ulit nya.

"Hala paano mo nakilala si Daniel, Bev?"

Kumunot ang noo nya.

"Daniel... narinig ko ang pangalang iyon na binanggit mo nang magising ka, who is he?"

"Kaibigan." Maikli kong sagot.

"Tell me, ilang kaibigang lalaki ang meron ka?" Salubong na ang kilay na tanong nya.

"Hmm...madami Bev bakit?"

"Meron ba akong karibal sa kanila? Meron na ba akong dapat ipatumba?"

Nanlaki ang mga mata ko.

"Hala sya! Anong karibal? Saka bakit mo sila ipapatumba?"

"Ayaw kong may kahati sayo Miss." Sagot nya at tuluyan na hinapit ako sa bewang ko.

Inihilig ko naman ang katawan ko sa katawan nya, ramdam ko na pinagtitinginan kami ng mga estudyanteng dumadaan sa corridor na iyon.

Nakasandal parin sya sa pader, habang ako ay paharap na nakasandal sa kanya.

"Gusto ko akin ka lang Miss."

Ipinatong ko ang baba ko sa dibdib nya at tiningala sya.

"Si Bev ko o, sayo naman talaga ako, andito nga ako sa tabi mo eh, saka bakit ako mahahati? Ibig mo bang sabihin magiging mananangggal ako ganon? Hindi naman ako aswang Bev eh."

"Pfft."

Dumeretso sya ng tayo, hindi inaalis ang mga kamay sa bewang ko.

"Siguraduhin mo Miss, papatayin ko talaga kung sino man iyang magiging kahati ko sayo."

Si Bev sobrang seryoso.
Sino ang magiging kahati nya sa akin? Saka bakit ba ako hahatiin?

Nawala ang kung ano mang iniisip ko ng mabilis nya akong halikan sa labi.

Ay bakit smack lang?

Lumayo sya sa akin at hinawakan ako sa aking kamay bago ako iginiya na maglakad.

Patingin-tingin ako sa kanya habang naglalakad kami.

Ang tahimik kasi ni Bev at parang ang lalim ng iniisip.

Ano kayang problema? Natatae kaya sya?

Itatanong ko sana iyon nang huminto sya at tinignan ako ng buong kaseryosohan.

"Miss..."

"Hmmmm?"

"Gusto mo bang sumama sa akin sa Villa bukas?"

"Ay sus akala ko kung ano ang sasabihin mo akala ko magpapasama ka sa cr eh." Natawa ako. "Oo naman Bev sasama ako sa Villa nyo."

"Miss I want you to be sure? Gusto kong malaman mo na kapag pumasok ka duon maraming pwedeng mangyari."

"Sigurado ako Bev. Saka hindi mo naman ako papabayaan hindi ba?"

Iyong mga mata ko deretsong nakatingin sa mga mata nya.
Kaya naman kitang-kita ko ang kaseryosohan niya ng sumagot sya.

"Hinding-hindi. Hinding-hindi ko papabayaan ang taong pinakamahalaga sa akin ngayon."

Ang tamis ng ngiti ko.

"Then I'm going."

*****

Nang sinabing Villa, akala ko bahay ang tinutukoy ni Bev. Kaya naman na panganga ako ng makitang isang maliit na Isla pala ang Villa.

Nagtaka na ako kung bakit sumakay kami ng yate, kaya pala sa isang Isla kami pupunta.

"Yuck! Kadiri! Tulo laway mo nerd."napatingin ako sa nakasimangot na si Gladys.

Kasama namin ni Vane, si Rolf ang first four ng Knight Hunters at ng Black Wings.

"Nakakatulo laway po kasi ang ganda ng Villa nyo."

"Oo nga eh, para kang basurang naligaw, ingat ka baka ipatapon ka rito." Saka nya ako tinignan mula ulo hanggang paa.

Nakablack tight jeans ako na kupas at malaking light blue na t-shirt na gusot at may mantsa pa ng ketchup mula sa kinain kong hamburger kanina.

Inamoy ko ang kili-kili ko.

"Hindi pa naman siguro nila ako itatapon Lady Gladys, hindi pa naman ako mabantot." Habang sinasabi iyon tinatanggal ko ang suot kong white canvass shoes na may design na strawberry. Gusto kong maramdaman ang puting buhangin at tubig dagat sa mga paa ko.

Si Bev at Rolf nauna na sa main house dahil ganon daw talaga ang tradisyon dito.
Unang nagbibigay galang ang dalawang binata sa mga Elders at miyembro ng Family.

"Isuot mo iyan Ysa. Hindi magandang hindi maayos ang itsura mo kapag humarap ka sa miyembro ng Family at Elders." Saway sa akin ni Stephanie.

"Okay lang po iyan." Sabi ko habang sinisipa-sipa ang tubig.

"Hayaan mo nga sya Steph, siguradong mamaya takot na takot na iyan kapag ginigisa na ng Family."-si Barbie.

Kunot noo ko syang tinignan.

"Eh? Ginigisa?" Nanlaki ang mga mata ko. "Hala cannibal ba sila!"
Gulat na sabi ko at napatingin sa Main house na nasa taas ng burol.

May mga bahay pa akong nakikita, ngunit higit na maliit kesa sa matayog na Main house na tinitignan ko.

"Pfft." Natawa iyong mga lalaki sa sinabi ko habang tumalim ang tingin sa akin ng mga babae pwera kay Stephanie na nakangiti.

"Oo p-prituhin ka nila duon Nerd." Si Gareth na natatawa.

Namilog ang mga mata ko habang nakatingin sa kanilang walo.

"Seryoso?" Ako.

"Pfft... oo stinky Elf. Kaya magpaalam ka na sa mundo." Dagdag ni Racquel na kinatawa nilang lahat.

"Kung ako sayo, umuwi kana." si Gladys.

Ibinalik ko ang tingin ko sa main house.

"Cool." Sabi ko sabay balik ng tingin sa kanila. "Hindi pa ako nakakakita ng cannibal." Pumalakpak at tumalon-talon ako. "Waaa excited much.!"

Nakanganga na sila habang nakatingin sa akin habang ginagawa ko iyon. Nagulat sa reaksyon ko.

"Seriously, hindi ba sya natatakot?" Takang tanong ni Richard.

"Kakaibang babae." Si Gareth na nakatingin sa akin ng may paghanga ang mga mata. "Ngayon ko lang napansin ang cute nya pala."

"Kung andito si Vane, siguradong bugbog sarado ka." Sabi ni Chezter.

"Beware Pal, alam mo kung kanino nang pag-aari iyan." --Stephano.

Itinaas naman ni Gareth ang dalawang kamay.

"Wala akong ibig sabihin, I just find her cute."

"Master." tawag ko sa kanila, hindi ko narinig ang kanilang pinag-uusapan dahil nasa medyo kalayuan ako. "Sila ba ang susundo sa atin?" Tanong ko habang itinuturo ang dalawang sasakyan na papalapit.

Nang tumango si Chezter napapalakpak ako.

Waaa excited na ako sa cannibal.

*****

Malaki ang hardin ng main house. Papasang secret garden.

Papasok pa lang kami sa bakal na gate, nakita ko na si Bev na nakatayo sa tabi ng lolo nyang nakaupo at si Rolf na nakatayo din sa tabi ng lolo nya.

May limampu pang katao na naroon, may nakaupo, habang ang ilan ay nakatayo. Kasama ang magulang ni Bev at Rolf.

Lahat sila ay nakatingin sa amin.

Huminto ang sinasakyan namin.
Unang lumabas ang first four ng KH na sabay-sabay na yumukod sa harap ng lahat, sunod ang BW na yumukod din.

Ako ang huling lumabas bitbit ang sapatos na hinubad ko.

"Hello po." Bati ko na mabilis na yumukod din.

Bakit laging yumuyukod?

Narinig kong nagbulungan sila.

"Iyan ba ang kasintahan ni Vane bakit ganyan ang itsura?"

"Parang isang suntok lang sa babaeng iyan tumba na."

"Hi Bev." Kaway ko kay Bev ng magtama ang mga mata namin.

Ngumiti rin sya.

"Hi Miss." Ganting bati nya.

"Bakit hawak-hawak mo ang sapatos mo?" Tanong naman sa akin ni Severino.

"Ay nagtampisaw po kasi ako sa dagat."

"Nagtampisaw sa dagat? Alam mong haharap ka sa amin tapos nagtampisaw ka sa dagat! Wala kang galang!"

Eh Anong konek?

"Pasensya na po." Hinging paumanhin ko.

"Dapat lang na humingi ka ng pasensya! Napakawalang galang mo!"

"Pasensya na po." Ulit ko. "pero hindi ko po magets kung ano pong konek ng paggalang sa pagtatampisaw sa dagat?" Tanong ko.

Nakita ko ang pagngisi ni Bev.

Bakit? Joke ba iyon hirit ng Lolo ni Rolf? Ay waley naman magjoke itong si Lolo hindi nakakatawa.

Nanlaki naman ang mga mata ng mga naruon.

"Ang lakas ng loob nyang sumagot. Hindi nya ba kilala ang kausap nya!"

Syempre kilala ko sya ang lolo ni Master Rolf.

"Lapastangan!" si Severino.

Nakakanose bleed talagang magtagalog ang mga matatanda.

"Hindi ba naituro sayo na dapat na humarap ka ng maayos sa amin!"

Umiling ako. "Hindi po nila itinuro." Sagot ko sabay lingon sa walo na nanlaki ang mga mata. "Sinabi lang po nila sa akin."

"Pilosopo!" Biglang sabi ni Yverez, na binalingan si Vane. "Ganyan ba ang babaeng gusto mo!"

Hindi sumagot si Vane nakatitig lang sa akin.

Nagsalita ang matandang babae na koreana.

"Para syang walang pinag-aralan." Sabi nito sa salitang korea.

"Nakakadiri sya." Wika naman sa salitang french ng isa pang may edad na babae.

"Nakakahiyang sya ang magiging asawa mo Vane." Sabi naman ng isang hapon sa salitang japanesse.

"Hindi namin sya tanggap!" Sa salitang chinese naman na sabi ng isang babaeng intsik.

"Tignan mo hijo." Si Yverez sa salitang spanish. "Silang lahat naiintindihan ang sinabi ng mga tita at tito mo." Bumaling sya sa sa walong nasa likod ko. "Lahat kayo hindi man kayang bigkasin ang mga salitang binigkas nila ay kaya nyo namang intindihin!" Malakas na sabi nya sa salitang spanish parin. "Maliban sa kanya." He said still in spanish sabay turo sa akin. "Pasensya na Vane pero ayaw kong sa babaeng iyan!"

Sumabat si Severino sa salitang German.

"Walang kwenta ang babaeng iyan at sigurado akong walang kwenta rin ang pamilya nyan!"

Nang magtama ang mga mata namin ni Vane nabasa ko ang galit sa mga mata nya.

"Bobo ka kung ipagpipilitan mo ang babaeng yan para sayo." Dagdag ni Yverez still in spanish.

Bumuntung-hininga ako at sumalampak ng upo sa lupang nasasapnan ng bermuda grass.

Nagtaasan ang mga kilay nila sa ginawa ko.

Si Vane tatakbo sana papunta sa akin pero hinawakan ni Yverez sa braso.

Gamit naman ang mga kamay ko pinagpag ko ang dumi ng mga paa ko, nagsalita ako habang ginagawa iyon. Ang mga mata ko nakatutok din sa aking ginagawa.

"Nag-aaral po ako. Sa MC nga po kami nagkakilala ni Bev eh." I said in korean, na kinanlaki ng mga mata ng babaeng nagsalita ng lengwaheng iyon kanina.

"at kahit madungis po ako, mabango naman po ako at walang sakit na nakakahawa." dagdag ko sa salitang french. Isinusuot ko na ang isa kong sapatos. Hindi ko parin sila tinitignan.

"Saka hindi ko pa naman po asawa si Bev boyfriend pa lang po." I said in japanesse.

Iyong isang sapatos naman ang sinusuot ko. Nagsalita ako sa salitang intsik habang ginagawa iyon. "Hindi nyo rin po ako kailangan tanggapin, eh? Hindi naman po ako nagpapaampon sa inyo." Nang matapos sa pagsusuot ko ng sapatos tumayo na ako at tinignan sila.

Sila na nakanganga at gulat na gulat ang itsura. Ngumiti ako at tinignan si Severino.

"Sinisigurado ko rin po na maayos ang pamilyang pinanggalingan ko." I said fluently in German.

Saka ko nilipat ang tingin kay Severino.

"Hindi po bobo si Vane. Actually nangongopya pa nga po ako ng assignment sa kanya. Matalino po sya.

Magaling. Kaya nya pong lutasin kung ano man pong problema na meron ngayon. At kung sakaling dumating ang oras na magdedesisyon sya, sigurado po akong pipiliin nya kung ano ang mas nakakabuti sa nakakarami, kaya hindi po bobo si Bev ko." I said in spanish. "Hindi nyo rin po ako kailangang gustuhin para sa kanya, kase sya po ang gugusto sa akin para sa sarili nya."

Katahimikan ang sumunod pagkatapos kong magsalita. Walang nakaimik habang nakatingin lang silang lahat sa akin.

Nakita kong nakangisi si Rolf sa akin, bago ko muling ibinalik ang tingin ko kay Severino, sa pagkakataong iyon my eyes was void in emotion and black as a night.

"Sana sa susunod huwag nyo nang iinsultuhin ang pamilya ko, nakakagalit po kasi." I said in Gaelic.

Bahagyang nakaramdam ng takot si Severino sa tingin na binigay ko, lalo pa't walang sino man sa kanila ang nakaintindi sa mga sinabi ko, walang sino man ang nakakaalam ng lengwaheng ginamit ko, kung hindi pa ako ngumiti malamang na napaatras siya.

Si Bev naman ang tinignan ko, na ngayon ay ang luwang-luwang ng pagkakangiti.

Ayan smile ka lang Bev gwapo ka pag serious look pero mas gwapo ka sa paningin ko kapag naka smile.

"Y-y-you can speak different languange." Hindi mapakapaniwalang sabi ni Sevrrino.

"You are a..." si Yverez, na hindi naituloy ang pagsasalita kaya si Bev ang nagdugtong.

"Polyglot, a person who can speak and understand different languange." He said bago lumapit sa akin at hinawakan ang kamay ko.

"Please meet Angelique Ysa Santiago my girlfriend, my innocent but amazing girlfriend." pagpapakilala nya.

"Hello po sa inyo." kaway ko naman.

Walang gumanti sa pagbati at pagkaway ko maliban sa mama ni Bev.

Yumukod si Vane kaya yumukod din ako.

"I'm sorry but mauuna na kami sa loob, I'm sure my Miss here was tired and hungry."

Pagkasabi nya nuon naglakad syang dala-dala ako.

"Ganon pala magwelcome dito sa villa nyo Bev." Sabi ko habang naglalakad kami path way na papuntang main door.

Nakakaaliw dito ang daming bulaklak at mga halaman.

Huminto naman sya sa paglalakad at bigla akong niyakap.

"You're amazing Miss. I'm glad that you are mine Ysa." Saka nya ako hinalikan ng madiin sa noo. "Fucking mine..."

It's a picture perfect moment. Ako at si Vane magkayakap sa gitna ng magagandang bulaklak na iyon.

Ako rin Bev masaya. Masaya na akin ka, na dumating ka sa buhay ko kung kailan malapit na akong lamunin ng dilim... you are my light Vane...my light and my way, my way to escape my dark nightmare.

*****

H/n

Ang plano isusulat ko ang mga lengwaheng ginamit ko sa talangang salita nila kaso baka afrer two years pa bago ko mapublish ang chapter na ito hihihi saka ko nalang isusulat kapag marunong na ako hahaha.

Thanks po sa pagbabasa, pagcomment at pagboto?

Helliza Sabida
12182017gsj 7:46am

24. Panganib, Sumpa at Pag-ibig

"Hindi nga ako papayag!" Dumagundong ang boses ni Vane sa loob ng kwartong iyon.

Si Bev pwedeng hindi naman sumigaw pero ayan ang lakas-lakas ng boses.

Nasa library kami ng main house kasama ang lolo nyang si Yvrez, si Severino at ang magulang nyang si Mr. Vryant Montereal at Mrs. Sophie Montereal.

Nang makapasok kami sa main house sinundan kaagad kami ng lolo nya at pinapunta sa library.

"Gagawin nya Vane gusto kong mapatunayan ng babaeng iyan na karapat-dapat sya sa pamilyang ito!"

"Hindi Sir! Hindi ako papayag sa gusto nyo!"

Grabe sila ang lapit-lapit nila sa isat-isa kung magsigawan akala mo ang layo.

Mula sa tahimik kong pag-upo sa isang single sofa tumayo ako at lumapit kay Vane na nakatayo sa tabi ng mesa ng lolo nya.

Nasa tabi ni Yverez si Severino na nakaupo rin.

"Ahmmm lolo bingi ka po ba?" Tanong ko sa lolo nya nang nasa tabi na nya ako.

Nanlaki ang mga mata ng dalawang matanda.

"Ang lakas ng loob mo! Ang lakas-lakas ng loob mo para tanungin ako ng ganyan!"

"Eh? Naku hindi po malakas ang loob ko. Hindi naman po kailangan ng lakas ng loob na tanungin kayo simpleng pagbuka lang po ng bibig ang pagtatanong." Sabi ko naman.

"Palayasin ang babaeng iyan!" Bigla namang tumayo si Severino habang itinuturo ang pinto.

Napakurap naman ako.

Sinong babae?

"Ialis mo dito sa Villa ang babaeng iyan!" Ulit nya sabay turo sa akin.

Ah ako pala iyong babae.

"Lolo bingi po ba kayo?"ulit ko sa tanong ko hindi kasi ako nasagot.

"At talagang inulit mo pa!" Si Severino.

Ang hilig talagang sumigaw ng lolo ni Master Rolf.

"Lolo kaya ko po inuulit kasi hindi po ako sinasagot ni isa pang lolo." Paliwanag ko sa kanya na kinanlaki ng mga mata nya.

"Ysa... umupo ka muna." Sabi sa akin ni Bev, na hinawakan ako sa braso.

Binalingan ko sya.

"Bev bingi ba ang lolo mo?" Tanong ko sa kanya.

Umiling sya. "No Miss he's not deaf."

Kumunot ang noo ko.

"Iyon naman pala eh, bakit sinisigawan mo si Lolo mo? Bev bingi lang ang sinisigawan, kung hindi naman pala bingi ang lolo dapat hindi nataas ang boses mo." Sabi ko sa kanya. Natigilan sya pagkuway ngumiti.

"Okay Miss." He said.

Ngumiti rin ako bago bumalik sa mesa.

Habang umuupo nakita kong nakatingin ang Mama ni Vane sa akin, ngumiti ako na ginantihan nya rin ng isang ngiti.

Nang ibalik ko ang tingin ko sa pwesto ni Vane, napansin ko na matiim ang tingin sa akin ng dalawang matanda, nakaupo na si Severino.

Ngumiti ako at kumaway.

Sabay nila akong inirapan kaya napatawa ako.

"Hindi ako papayag na sumali sya sa hunting game Sir."

Iyan ang kanina pa nilang pinag-uusapan at pinagtatalunan.

Ako,na sinasali sa hunting game.

Hunting Game.

Ayon sa paliwanag ni Lady Barbie sa akin kanina, bago ako pumasok dito.

Ang Hunting Game ay ginagawa para malaman kung sino ang karapatdapat na maging asawa ng binata at dalaga ng Family.

Lahat ng binata at dalagang may gusto sa isang miyembro ng Family ay sumasali para magkaroon ng pagkakataon na maging kanya ang nagugustuhan, it's a test. A test to know kung karapatdapat kang maging isang Family.

Pati ang boyfriend at girlfriend ng isang miyembro ng Family kailangan sumali, at kapag natalo? Walang magagawa ang magkapareha kundi ang maghiwalay.

Itinatakwil ang hindi sumusunod at sumusuway.

Ang Family ay isang organisasyon na pinamumunuan ng magkaibigang Yvarez at Severino, may dalawampung angkan na kasali sa organisasyong ito na nasa ilalim ng Montereal Clan, mga kilalang angkan na may sinabi sa buhay, mga angkan na nagmula sa apat na malayang bayan. Banoot, Russfield, Damyaon at Maligdan.

Montereal Clan or Family pwedeng kahit ano sa dalawa ang itawag mo sa kanila.

Higit ilang dekada nang nilalaro ang larong ito, na magmula sa mga ninuno ng mga Montereal.

Hindi uso ang arranged married noon sa kanila ganito ang uso hihihihii ang galing.

Kaya kami pinapunta rito, gusto akong isali ni Yverez, dahil girlfriend ako ni Vane.

"This is a tradition, our tradition! Lahat ng pinsan mo, kaibigan at kamag-anak, lahat ng napangasawa nila dumaan dito. Hindi ba unfair naman kung hindi mo idadaan ang babaeng iyan sa tradisyon natin."

Napasuklay si Vane sa buhok nya.

He looked so frustrated ayaw nya talaga akong isali.

"Vane..."napatingin sya sa akin ng banggitin ko ang pangalan nya.

Pati silang lahat napatingin sa akin.

"Miss..." bumakas ang pagtutol sa mukha ni Vane ng mabasa ang desisyon sa mukha ko. "no."

"Hayaan na Bev, isang araw lang naman ang Hunting Game, sali na ako mukha namang masaya."

Isang mapangutyang tawa ang pinakawalan nina Yverez at Severino.

Mabilis namang lumapit si Vane sa kinauupuan ko.

Nagulat ang lahat ng lumuhod sya sa aking harapan, his hands resting in my both side.

"Miss that game is dangerous..." he said.

Naituptop ng mama ni Vane ang kamay nya sa kanyang bibig ng ikulong ko ang mukha ni Bev sa aking mga palad at nang marinig nya ang sinabi ko sa kanyang anak.

"Loving you was dangerous. Being in love with you was dangerous. A dangerous love that I love. A dangerous love that I need. I love you, and I'm willing to face danger just to be with you. If joining that game is a way to be with my Bev...I'll do it. Dangerous or not I'll do it... for you... Bev I will."

? I will cross the ocean for you
I will go and bring you the moon
I will be your hero your strength
Anything you need
I will be the sun in your sky
I will light your way for all time
Promise you,
For you I will. ??

*****

~~Sophie~~

"**Oh my God." Napahawak ako sa kamay ng aking asawa habang pinagmamasdan ko ang aking**

anak na nakaluhod sa harap ni Ysa.

There was so much love in them.

It's radiating so dazzling.

Lalo ko pang napatunayan ang pagmamahal na iyon ng marinig ko ang mga sinabi ni Ysa, at nang lumambot ang mukha ng aking anak nang magsalita sya, an expression na ngayon ko lang nakita sa anak ko,na naging dahilan para hindi ko mapigilan ang pangingilid ng aking luha.

Kailanman hindi ko pa nakikita ang ekpresyong iyan sa mukha ni Vane.

Bilang susunod na leader ng Family, bilang pinuno ng Knight Hunters pinalaki syang matapang. That soft emotion... hindi ko nakita iyan sa duration ng paglaki nya. He's always expressionless and neutral.

Tinignan ko si Yverez ang aking ama, nabasa ko ang pagkabigla sa mukha nya habang pinagmamasdan ang dalawa.

Look at him Papa...look at them. You're wrong, that kind of love is still there. A kind of love, like you and Mama had. That love is still existing, still alive.

Katulad din ako ng iba I didn't love Vryant, Vane's father. Hindi ko naranasan man lang ang ganyan pagmamahal dahil ang hunting game ang nagdesisyon kung sino ang napangasawa ko.

Vryant love me at hindi naglaon minahal ko rin sya.

I love my husband, but my love for him was learned. Hinulma ng panahon. Natutunan ko lang syang mahalin at kahit ganon hindi ko pinagsisihan iyon.

Not like them, not my son and Ysa's have. Stephanie told me how they met.

Instant love.

Love at first sight.

That's what happened to them.

A kind of love that I never knew...never experienced.

"Our son is in love." Napangiti kami ni Vryant ng ngumiti ang aming anak sa sinabi ni Ysa ngiting lumuwang ng halikan ni Vane sa noo ang babae.

Naramdaman ko ang pag-akbay sa akin ng asawa ko.

"She will win." He stated.

Muli kong tinignan ang ama ko.

Nakatingin sya sa akin.

Hindi ko alam kung totoo ang nabasa ko sa mga mata nya.

Happiness and....fear?

Takot?

Takot para saan?

*****
~~Ysa~~

"Hmmm ang sarap nyo po talagang magluto Tita." Napapikit pa ako habang sinusubo at nginunguya ang nilitong lasagna ng Mama ni Vane na si Tita Sophie.

Pinalabas ako ng library pagkatapos na pumayag ni Vane na sumali ako sa hunting game. Sinundan naman ako ni tita Sophie at dinala dito sa kusina para ipagluto.

Grabe ang sarap-sarap nitong gawa nyang lasagna, parang luto ni Mama at Ylac.

Napangiti naman si tita Sophie dahil sa magana kong pagkain.

"Salamat po talaga at pinakain nyo ako, gutom na kasi ako tita, baka kapag iluto nyo ako hindi na ako masarap kainin."

Kumunot ang noo nya sa sinabi ko.

"Ha?"

"Hindi nyo ba ako iluluto?" Lalong nagtaka ang mukha nya. "Hindi ho ba't mga cannibal kayo?" Tanong ko pa.

Umawang ang labi nya, napakurap-kurap sya sa akin, nagtatataka sa mga sinabi ko.

Pagkatapos ay napatawa na lang sya.

Eh sino ang nagjoke?

"Stephanie is right you are innocent, so literally innocent."

Nagusot ko naman ang ilong ko.

"Ah...okay...po? Hmmm saan part po duon ang nakakatawa tita? Hehehe hindi ko po gets."

Ngumiti sya. "Don't think about it Ysa, and about us being a cannibal, huwag kang magpapaniwala kaagad sa mga sinasabi nila, binibiro ka lang ng mga iyon."

"Ahhh..." napatango-tango ako saka sumubo. "Hindi po kayo mga cannibal?"

"No hija."

"Ganon po ba, sayang naman akala ko makakakita na ako ng totoong cannibal, in person."

Mahinhing tumawa si tita, bago sya sumeryoso.

"Ysa..." tawag nya sa akin.

"Po?"

"Hwag ka sanang sumuko, sana huwag mong bitawan si Vane..."

Napatingin ako sa mga palad ko.

Eh? Hindi ko naman hawak si Bev ah.

"Mahirap magmahal ng isang Montereal...ng isang miyembro ng Family, marami kang paghihirap na pagdadaanan, marami kang pagsubok na kailangan lampasan. Kada-dalawang taon ginaganap ang Hunting game, marami nang sumubok na gustong mapangasawa si Vane, at marami ng sumuko...dahil hindi lang dito natatapos ang pagsubok. Mapagtagumpayan mo man ito marami pang darating, hindi mo basta-basta na makukuha si Vane. You need to proved that Vane are worth for you." malungkot akong tinignan ni Tita.

"Si Vane ang isa sa susunod na pinuno ng Family at siguradong hindi papayag ang ama ko na kung sino-sino na lang ang magiging kabiyak nya."

Tumingin sya sa malayo.

"Minsan hiniling ko na sana hindi si Vane ang susunod kay Papa, na sana isa na lang syang simpleng binata. I want my son to be happy...truly happy." Ibinalik nya ang tingin sa akin.

"Nakita ko ang kasiyahang iyon...kanina sa harap mo. You are his happiness Ysa, kaya sana huwag mo syang iwan. Ipaglaban mo sya, magagawa mo ba iyon ha hija?"

It's a wish... not a question, from a mother who want her son to be happy.

Nginitian ko si Tita.

"If being in love with a Montereal means hardship, then to be love by a Santiago is a cursed. We loved with all our hearts, we fight for our love. Hindi kami marunong sumuko. We care, we protect and we fight."

"I will face all the obstacle, all the mountains, kung kailangan kong lumangoy sa isang malawak na dagat para sa anak nyo gagawin ko. Lahat gagawin ko! He's my life, my love, my property. MINE! Sinumpa ko ng mamahalin ko sya, at walang magagawa ang anak nyo kundi tanggapin iyon. I'll do anything... everything para magkaroon kami ng happy ending." Matamis akong ngumiti. "Kaya tita. Huwag kayong matakot, kahit mahirap mahalin si Vane, sinumpa kona na akin sya, at wala akong planong baguhin iyon, kahit...KAHIT anong mangyari."
Nabasa ko ang pagkagulat sa mukha nya pagkatapos kong magsalita, na mabilis ding nawala.

Sa gulat ko tumayo sya at niyakap ako.

"Thank you... thank you for loving my son that way, maraming-maraming salamat...anak"

?
For you I will, lay my life on the line
For you I will fight, oooooh
For you I will die

With every breath, with all my soul
I'll give my world
I'll give it all
Put your faith in me (put you're faith in me)
And I'll do anything
I will cross the ocean for you (I will cross the ocean for you)
I will go and bring you the moon
I will be your hero your strength
Anything you need
I will be the sun in your sky
I will light your way for all time
Promise you (Promise you)
For you I will, I will, I will, I will, ??

*****

H/n

Hanggang saan kaya ang tibay ng dalaw?

Maraming salamat sa pagbabasa, sa mga boboto at magc-comment.

Thanks?

Helliza Sabida
12242017xfe 20:30

25. Pigil

*****

"Hoy Nerd sigurado ka bang sasali kasa Hunting game?"

Mula sa panonood sa mga alon, napatingin ako kay Lady Barbie.

Nasa tabing-dagat kami. Nakita ko syang papunta rito kaya sumunod ako. Ayaw nya pa ng una, pero dahil sa pangungulit ko hinayaan nya na ako.

Nginitian ko sya.

"Hundred percent." Simpleng sagot ko.

Wala si Bev, mula ng umalis ako sa library hindi ko pa sya nakikita. Sabi nila may pinagawa daw rito kasama si Master Rolf.

Hindi ko na sya hinanap, alam ko naman na babalikan nya ako.

Hinarap ako ni Barbie sa kanya.

"Nerd, you need to be sure. Pinagbabawal ang pumatay sa larong iyon pero hindi ang manakit. Sasaktan ka ng kalaban mo at iiwan, na oo nga at humihinga pero malala ang pinsala, ang ilang sumali noon naputulan ng paa, nabulag, at ang masaklap buhay nga naging gulay naman. You need to be sure, tatanga-tanga ka pa naman."

Aray! Talaga itong si Lady Barbie, hindi talaga pwedeng hindi ako lalaitin.

"Sure na sure po ako"

Napailing-iling sya dahil iyong sagot ko malutong at siguradong-sigurado.

"Bahala ka, kapag namatay ka sige, sagot ko na ang kabaong mo." Inis na sabi nya.

Tumawa naman ako tapos bigla syang niyakap.

"What the--- hoy nerd bitawan mo nga ako!" Pilit nya akong tinutulak.

Lumayo naman kaagad ako saka sya nginitian ng matamis.

"Salamat sa pag-aalala Lady Barbie."

"A-anong pag-aalala, I'm n-not w-worried. Tanga! Hindi ako nag-aalala. B-bakit ako mag-aalala sayo." Nauutal na sabi nya na pinaningkitan ako ng mga mata.

I smiled sweetly.

"Tara na nga. Gutom lang iyan kung ano-ano ang pumapasok sa isip mo."

Nagsimula syang maglakad kaya sumunod ako.

Paglalakad na napahinto ng may dalawang babae ang humarang sa amin.

Kilala ko sila pinsan sila ni Bev.

Andrea and Carol Montereal.

"Hey caz, look nagsama ang dalawang loser, isang anak ng lasenggera at traydor habang isang langaw na pilit pumapasok sa Family kahit na obvious na hindi sya karapat-dapat." Sabi ni Andrea na may lahing haponesa.

"Bagay kayong magkasama Barbie." Si Carol na may lahing koreana.

"Fuck off!" Sabi ni Barbie na lumipat sa harap ko.

Ngumisi iyong dalawang babae.

"Balita ko sasali ang babaeng iyan sa Hunting, tsk,tsk, kawawa yan Barbie siguradong hindi mananalo iyan. " si Carol.

"Gladys told us na tanga at walang alam iyang babaeng iyan. Mukhang sa bungad pa lang ng gubat hindi na makakaabot iyan!" ---Andrea.

"Poor you. Payo lang girl umalis ka na habang may pagkakataon pa, kasi kapag naglalaro ka na kahit umiyak kapa hindi ka na pwedeng umayaw." ---Carol.

Ngumisi si Barbie sa kanila.

"Kayo? Kaya nyo na ba ako? Nang huli tayong magkita-kita iniwan ko kayong tulog at walang malay dahil hindi nyo kaya ang mga suntok ko. Do you want us to play that again?"

Nang humakbang papunta sa kanila si Lady Barbie napaatras sila.

"Ang yabang mo parin babae ka!" Galit na sabi ni Carol.

"Tandaan mo ito Barbie alam mo bang malapit ng mapatalsik ang pamilya mo sa Family. Ngayon pa na traydor pala ang stepdad mo, sino ang tingin mo ang aasahan ng Family ang ina mong wala rin namang pakinabang dahil sa lasengga at mahina? Kapag nawala kayo rito, kami ang unang tatawa."

Nakita ko ang pagkuyom ng kamao ni Barbie.

Hahakbang sana sya pasugod ng bigla akong humarang sa harap nya.

"Mananalo ako." I said. Humakbang ako papalapit. "Mananalo ako sinisigurado ko iyan."

Nagtaka si Barbie ng umatras iyong dalawa habang nakatingin sa akin.

"Huwag nyo na sana syang iinsultuhin."

"B-bakit ka naman, namin susundin?" Mataray na sabi ni Andrea bagamat may takot na dumaan sa mga mata.

Natatakot sya...natatakot sya sa mga mata ko.

Ngumiti ako bigla.

"Kasi nanapak po si Lady Barbie at nanampal pa, masakit po kaya promise." I said sabay taas ng kanang kamay na tila nanunumpa.

Natawa si Barbie habang tumalim naman ang tingin ng dalawa sa akin.

"Come Ysa, huwag mo ng pagkaabalahan ng pansin ang mga walang kwentang iyan." Sabi ni Barbie na nagpatiuna sa paglalakad at nilagpasan ang dalawa.

Ngunit pagkalagpas na pagkalagpas nya sa dalawang babae, sinugod sya ng mga ito.

I moved too, tumama sa sikmura ko ang sipang dapat ay sa likod ni Barbie tatama.

Naramdaman ko ang pagkakapos ng aking hininga, ang pagtilapon ko ngunit ang higit kong naramdaman ay ang sakit sa kanang kamay kong napilipit ng maitukod ko sa buhanginan, nabasa rin ako ng tubig-alat.

"Ysa!" Dali-dali naman na sinangga ni Barbie ang suntok na ibibigay ni Carol, na kanyang itinulak at mabilis na nilapitan ako.

"Ayos ka lang?"

Tumango ako. Hinilos ang kaliwang kamay sa mukha para matanggal ang aking pagkahilam.

"Are you sure?"

Tumango ako at tumayo.

"See ang hina ng babaeng iyan, hindi pa malakas iyang sipa ko pero napatumba na sya." Mayabang na sabi ni Andrea.

Ang talim ng tingin ni Barbie sa kanya.

"Alam nyo ba kung anong mangyayari sa inyo kapag nalaman ni Vane ito." She said to them.

Bumakas naman ang takot sa mukha ng dalawa ng banggitin ang pangalan ni Bev.

"It's okay Lady Barbie." Sabi ko naman. "Huwag na nating iparating kay Bev ito---"

"Ysa---!"

"...dahil kapag inulit pa nila na sumugod ng patraydor saiyo o sa kahit na sino na kaibigan ko..." my eyes darkened habang nakatingin sa dalawa. "Pasensyahan tayo pero papatulan ko kayo, at sigurado akong hindi nyo magugutuhan iyon."

Dumaan ang malamig na simoy ng hangin sa kinatatayuan namin. Ang hangin na iyon ang iniisip nila Carol at Andrea na dahilan ng kanilang pangingilabot, not because to what I said, hindi rin dahil sa mga mata kong malamig na nakatingin sa kanila.

Si Barbie natigilan din sa mga sinabi ko.

Saka ako naglakad at huminto sa tapat nila. Tumutulo sa katawan ko ang tubig-alat at may mga buhangin na nakadikit sa aking pisngi, braso at damit.

"Tabi."

Nagulat si Barbie sa tonong ginamit ko.

It's a tone that she heard sa Elders, kay Rolf at kay Vane.

Iyong tonong kahit ayaw mo mapapasunod ka and she didn't expect na maririnig ang ganong tono at pagsasalita sa akin.

"Ysa..."

Narinig din ng dalawa ang tonong iyon, idagdag pa ang lalong pandidilim ng mga mata ko. Awtomatiko na gumalaw ang ang katawan nila patabi.

They did'nt want but they feel scared, intimidated...
... ayaw man nilang aminin ....natatakot sila sa
... akin.

Kumunot ang noo ni Barbie sa nasaksihan. Nang makalagpas ako sa kanila at naradaman kong hindi sya sumusunod, nilingon ko sya.

"Lady Barbie tara na."I said with a wide smile in my face.

Hindi umimik si Barbie pero sumunod.

Nagtataka sya. Hindi nya alam kung paano ipapaliwanag ang nakita at nasaksihan nya sa akin. Habang ako naman walang pakialam na sumisipol-sipol pa na naglalakad pabalik sa main house.

*****

Ipinikit ko ang mga mata ko ng salubungin ako ng malamig na simoy ng hanging paggabi.

Nasa teresa ako ng kwartong inilaan para sa akin.

Malalim na ang gabi, wala parin si Bev.

Hind ako nag-aalala alam ko naman kaya nya iyong sarili nya, na m-miss ko lang sya.

Mayamaya habang nakatingin sa kawalan napangiti ko.

"Bakit ngayon ka lang?"

Mula sa likod ko napatigil sa tahimik na paghakbang si Vane papalapit sa akin. Pagkuway ngumiti ito at tuluyang lumapit.

Napapikit ako ng yakapin nya ako mula sa likod.

"Hi Miss..." bati nya at ipinatong ang baba sa balikat ko.

Napangiti naman ako.

"I missed you Bev." sabi ko naman.

"Namiss din kita." naramdaman ko ang paghalik nya sa balikat ko.

Humarap ako sa kanya.

Sa muling pag-ihip ng hangin nagulo iyong mahaba kong buhok at bahagyang tumabing sa mukha ko. Hinawi nya iyon at binigyan ako ng isang halik sa noo.

"Come." saka nya ako hinila at inilabas ng kwarto.

"saan tayo?" I asked ng pati sa main house ay lumabas kami.

"May ipapakita ako sayo Miss." sabi nya na huminto at hinubad ang jacket na suot bago ibinalabal sa suot kong strawberry pajamas saka nya ako muling hinila papunta sa kung saan.

Bumaba kami sa isang burol at tinahak ang papunta sa kakahuyan ng isla.

"Hala!" namilog ang mga mata ko sa tanawing nasa harap ko ngayon.

Isang maliit na ilog iyon na may maliit na talon at pinalilibutan ng mga ligaw na bulaklak, hindi bilog ang buwan pero nakadagdag ang replekyon niyon sa kagandahan ng paligid.

"Ang ganda Bev." bulaslas ko pa.

"You like it?"

Tumango-tango ako, hindi inaalis ang tingin sa harapan.

Dumagdag pa sa kapayapaan ng paligid ang tunog ng mga insektong panggabi na sumasabay sa lagaslas ng talon.

"Asan tayo?" Tanong ko.

"Paradiso." He answered.

"Pwede akong maligo dyan Bev?"

Tumango sya bago nagsalita. "Pwede pero hindi kita papayagan ngayon, malamig na masyado, baka magkasakit ka."

"Ay sayang naman." I said while pouting, magd-december na kasi kaya malamig na ang panahon lalo na kapag ganitong gabi.

Pinisil nya ang mga labi ko.

"Maybe some other time Miss." Nakangiti nyang sabi.

Wala akong nagawa kundi tumango.

Katahimikan ang sunod na nangyari, parehas naming ninanamnam ang katahimikan at kagandahan ng lugar.

Pumikit ako at huminga ng malalim, iyong ganitong kapayapaan ng loob, ganito ang gusto ko na laging maramdaman. Ayaw ko na ng puro galit, ng ingay, I like this kind of peace, I like this kind of life. Iyong ganitong buhay na kasama si Bev.

Napamulat ako ng hapitin ako bigla ni Bev.

"You know what Miss"

"What?"

"I heared a song, kanina sa may sasakyan habang pauwi dito, that song reminds me of you."

"Talaga? Anong kanta? Pwede bang ikanta mo sa akin?"

Ngumiti sya at hinila ako papunta sa maliit na kweba na style waiting shed, hindi ko alam kung sinadya bang gawin iyon o natural na nabuo, ang harapan ng kweba ay may sementadong bench, na nakaharap sa falls. Nang silipin ko ang likod nakita kong may looban padin iyon, hindi ko lang makita kung gaano kalaki dahil madilim.

Iniupo nya ako sa sementong upuan inakbayan at pinasandal sa dibdib nya.

Then he sing...pumikit ako at humilig sa kanya para mas mapakinggan ang kinakanta nya.

"**I Love The Way You Love Me by Boyzone**

https://www.youtube.com/watch?v=9f2gkm_jrkM

? I like the feel of your name on my lips
And I like the sound of your sweet gentle kiss
The way that your fingers run through my hair
And how your scent lingers even when you're not there
And I like the way your eyes dance when you laugh

Napangiti ako, nang suklayin nya ang buhok ko gamit ang kanyang kamay.

Kumakantan sya na ang mga labi ay nasa taas ng tenga ko, kada galaw ng mga labi nya, its bring me shiver.Nakikiliti ako sa kuryenteng nagmumula sa kanya na dumadaloy sa buong katawan ko.

? ...**And how you enjoy your two-hour bath**
And how you've convinced me to dance in the rain
With everyone watching like we were insane

But I love the way you love me
Strong and wild, slow and easy
Heart and soul so completely
I love the way you love me ?

Bumibilis ang tibok ng puso ko, lalo na ng bumaba ang mga labi nya sa aking leeg

He sang quitely, para sa pandinig ko lang, na tila ba ayaw nyang gambalain ang katahimikan ng gabi.

? And I like the sound of old R 'n' B
And you roll your eyes when I'm slightly off key
And I like the innocent way that you cry
At sappy old movies you've seen thousands of times ?

Dumiin ang pagkakapikit ko when he pause, to kiss my neck.

The he sing again.

? **(Listen to me now..)**
And I could list a million things
I love to like about you
But they could all come down to one reason
I could never live without you... ?

Tumaas ang isang kaliwang kamay ko papunta sa batok nya when he kissed my neck again this time, his tounge touches my skin.

Suminghap ako at napamulat kasabay ng pagpihit nya sa akin paharap and in a blink nakaupo na ako sa kandungan nya... paharap sa kanya.

" I love the way you love me Misis" then he kiss my lips.

He kiss me... strong and wild...then from slow to hard.

Tinugon ko ang halik nyang iyon. Pahigpit ng pahigpit ang yakap nya sa akin na para bang gusto nya akong ibaon sa katawan nya.

Then he leave my lips naglakbay ang mga labi nya sa mukha ko, sa ilong, sa kilay, sa mata at pisngi bago bumaba sa aking leeg.

Napasambunot ako sa buhok nya.

"B-bev." Singhap ko ng pati kamay nya nagsimulang lumikot kasabay ng pagbaba ng labi nya sa collar bone ko, marking me there.

The he cupped my breast,sa ibabaw ng jacket nya.

"You're not wearing a bra." He said in a rough voice. Mapupungay ang mga mata nya.

Umiling ako.
Hindi ako nagb-bra kapag natutulog.

"Shit! " mura naman nya. Saka ako kinuyumos ulit ng halik sa pagkakataong iyon madiin at nagmamadali.

Pagkatapos nilagpasan ng kamay nya ang jacket na suot ko, papasok sa loob ng aking pajama top.

This time when he cupped my breast again, balat sa balat na init sa init.

Lumiyad ang katawan ko papalapit sa katawan nya...sa kanyang mga kamay.

Mas naging mapusok ang mga halik nya na ginagantihan ko sa parehong ritmo.

A moaned scape from my lips when his thumb make a small cirle in my nipple.

"V-vane..."

Then kung gaano kabilis na napaupo nya ako sa kandungan nya, ganon din kadali nya akong naialis.

Kanina lang magkadikit kami, ngayon ako na lang ang nandito sa upuan at sya... tumalon lang naman sya sa ilog.

Hala!

Napatakbo ako papunta sa kanya.

"Bev!" Tawag ko ng hindi ko sya nakita sa ibabaw ng tubig.

Tatalon narin sana ako ng umahon sya.

"Bev akala ko ba malamig bakit naligo ka? Ang daya... ako din."Aktong huhubadin ko ang jacket nya ng pigilan nya ako.

"Don't!" Napahinto ako at napatingin sa kanya.

His face spoke passion, lust and love.

"Please Miss baka hindi na talaga ako makapagpigil aangkinin kita, ngayon... dito mismo."

Napatitig ako sa kanya.

"Bev..."

"You making me lose control Miss hindi ko maipapangako na kapag nagdikit ulit tayo ngayon, walang mangyayari, so you better stay there while I take this damn cold swim!"

Natawa ako.

Naupo ako sa may damuhan paharap sa kanya.

Hanggang ngayon my body was tingling from his touch...and craving for more.

Gusto kong tumalon papunta sa kanya at alamin kung ano ang sunod na mangyayari sa amin dalawa.

Pero ayaw ko naman syang pahirapan, mukha kasing determinado syang magpigil, kaya ngumiti na lang ako.

"Maybe some other time Bev." Panggagaya ko sa sinabi nya sa akin kanina.

Natigilan sya then he smile.

Iyong ngiting gustong-gusto ko na makita sa kanya.

"Yeah maybe some other time...and I fucking wish it'll be soon."

Lalong lumuwang ang ngiti ko.

"I love you Vane."

His face softened. "As I love you Ysa."

*****

H/n

Sino ang nagmamahal sa dalawa? Itaas ang kamay hahahah:)

Salamat sa pagbabasa,sa magc-comment at b-boboto.

12302017uvft 8;52

26. Simula

~Narrator~

"Kikilos tayo ngayon." Sabi ng lalaking nakasakay sa isang yate.

Walang buhay ang mga mata nya habang hawak-hawak ang isang binocular at sinisilip ang Villa.

Tumango si Gregor, pinagmasdan din ang islang hindi abot ng kanyang paningin.

"Gusto kong ubusin nyo silang lahat. Lahat!"

"Sina Yverez at Severino?"

"Kill them kung hindi maiiwasan, pero gusto kong iharap nyo sa akin ang bangkay ng dalawa."

"Huwag kang mag-alala boss nakahanda na ang lahat para sa pagsugod."

Ngumiti ang lalaki.

Federico Del Montecillo. Kasabay ng pagsikat ng araw ang sayang nararamdaman nya.

"Sa islang iyan matatapos ang buhay nyo sampu ng mga lahi nyo. Hindi kayo mananalo sa akin. Bago matapos ang araw na ito akin ang Maligdan." Naisip nya saka sya tumawa ng tumawa.

Hindi umimik si Gregor. Pinagmasdan nya lang ang among parang demonyong tumatawa.

Hindi na sya nagsalita, kilala nya ang amo nya. Kapag ginambala ito sa pag-iisip siguradong mababaril o masusuntok ka. Huminga na lang sya ng malalim at hinanda ang sarili sa pagsugod na gagawin.

*****

Mahigpit ang hawak ni Vane sa kamay ni Ysa habang bumababa sila sa hagdanan.

Naiintindihan ni Ysa kung bakit ganito ang binata ilang oras na lang kasi magsisimula na ang Hunting game.

"Bev bitaw na." Sabi nya ng nasa baba na sila.

Umiling naman si Vane at imbes na bumitaw inakbayan sya.

"Umalis na lang kaya tayo Miss." Sabi nito na ikinailing ko.

"Saan kami pupunta? Ito talaga si Bev ngayon pa naisipang maggala."

"Bev baka pagalitan tayo nina lolo ang lakas pa naman nilang sumigaw nakakabingi." Sabi nya habang nakanguso.

Natawa naman si Vane at hinalikan sya sa noo.

"*They are so in love."* Naisip ni Stephanie habang tinitignan ang dalawa.

Galing sya ng library, kinausap sya ng elders, ngayon inutusam syang papuntahin duon si Vane.

"*Sana malampasan nila ito."*

"Vane..." tawag nya.

Napalingon sa kanya ang dalawa.
"Hi Lady Step."

Napangiti sya sa masiglang bati ni Ysa sa kanya.

She admired her. Gusto nya at kinaiinggitan nya ang ugaling ganito ni Ysa.
Iyong walang pakialam sa pwedeng mangyari, iyong nagagawa paring ngumiti kahit may haharaping panganib.

Nag-aalala si Vane, sya, si Barbie ang kambal nya at si Chezter. Hindi man nila aminin minahal na nila si Ysa.

They love her funny personality, her kindness, ngunit higit sa lahat minahal nila ito dahil tanging si Ysa lang ang nagpatawa, nagpangiti at nagpasigla ng ganyan kay Vane.

Tulad ng iba,ngayon lang din nakita ni Stephanie ang side na iyon ng kanilang leader, kababata at kaibigan.

Masaya sya dahil dumating sa buhay nila...nito ang dalaga. Kaya naman kung kailangan makialam ng first four sa Hunting game gagawin nila, manalo lang si Ysa.

Marami ng sumubok na makuha si Vane sa pamamagitan ng Hunting game at wala pang nagtagumpay na magawa iyon.

At sisiguraduhin nila na si Ysa ang mananalo.

"Hello Ysa." Ganting bati nya sa babae.

Tinanguan naman sya ni Vane.

"Tawag ka ng Elders, Vane." Sabi nya rito.

Kumunot ang noo nito bagamat tumango.

"I'll be back, huwag kang kung saan-saan magpupunta Miss." Hinalikan nito si Ysa sa noo.

"Si Bev o saan naman ako pupunta dito? Saka kahit naman mawala o umalis ako sigurado ko naman na matatagpuan mo din ako eh."

Natawa sya sa sinabi ni Ysa.

It's true. Sinisigurado ni Vane na alam nito kung saan nagpupunta ang dalaga. Kulang na nga lang

kabitan nito ng tracking device at camera ang babae para alam at makita nito ang ginagawa ni Ysa sa bawat oras.

Tulad nya napangiti si Vane.

"Just don't go around by yourself."dagdag pa nito.

Lalo naman syang natatawa dahil iyong mukha ni Ysa biglang nagtaka, bagamat tumango ito sa binata.

"Sa tabing-dagat lang kami Vane." Sabi nya.

Tumango ito bago naglakad papuntang library.

"Si Bev parang sira. Huwag daw akong umikot mag-isa, bakit ako iikot nakakahilo kaya iyon. Gusto pang magyaya ako, aba eh di dalawa kaming hilo."

"Pfft." Pigil tawa nya. "Hayaan mo na sya Ysa. Come sa tabing-dagat tayo naandon sina Barbie."

Tumango naman ito at sumabay sa kanya sa paglalakad.

Pababa nasila ng talampas ng may makasalubong silang isang magandang babae.

"Divine." bati ni Stephanie.

Divine Sanchez kabilang ang angkan nito sa Family. Maganda at pang modelo ang katawan. Bukod duon she's a good fighter mula ng magdisi-otcho sya sumasali na sya sa Hunting game para makuha si Vane. Ikaapat na beses nya nang pagsali ito.

"Stephanie." Humalik sya sa pinsgi ng babae, bago tinapunan ng tingin ang babaeng walang kaayos-ayos na nasa tabi nito.

Tulad ng dati magulo ang buhok ni Ysa medyo madungis din dahil naglinis sya ng kwartong inookupa nya bago sya sunduin ni Vane.

"Si Ysa, girlfriend ni Vane." Pagpapakilala ni Stephanie.

"Hello sayo." Nakangiting bati ni Ysa. Iniumang nya ang kamay sa magandang babae nasa harap nya.

Hindi pinansin iyon ni Divine, bagkus taas ang isang kilay na tinignan nya ang kaharap mula ulo hanggang paa.

"The Elf." Sabi nya. "You supposedly bow to me. Mas mataas ako sayo."

"Divine." May bakas na pananaway sa boses ni Stephanie. Sigurado syang hindi pakikitaan ng maganda ni Divine si Ysa. May gusto si Divine kay Vane at ito lagi ang halos na manalo sa Hunting game. Maldita si Divine kababata din nila ito kaso hindi nila gaanong makasundo dahil makasarili ang babae, ginagawa nito ang magustuhan. Kahit ano pang kahihinatnan o may masasaktan man. Isa ito sa kinababahala nila, alam nilang pag-iinitan nito si Ysa dahil kasintahan ito ni Vane. Bukod duon si Divine ang gusto ng elders para sa binata.

"Ay oo nga pala." Sabi naman ni Ysa na mabilis na yumukod.

"Ysa you don't have to do that." Pigil ni Stehanie.

Napatawa si Divine.

"Sorry Steph pero tingin ko itong babaeng ito, hindi ito tatagal sa laro." Tinignan nya si Ysa.

"Hoy ikaw, sayo si Vane ngayon pero sisiguraduhin ko na akin sya pagtapos ng laro. Hindi biro itong pinasok mo babae. This is my fourth time kaya bihasa na ako rito. Madali na lang para sa akin na idispatsa ka sa simula pa lang ng laro." Banta nya na pinagmasdan ulit si Ysa mula ulo hanggang paa.

Madungis at walang kaayos-ayos. Hindi nya matanggap na ang isang tulad lang nito ang magiging girlfriend ni Vane. Bakit hindi sya?
Bakit ito pa na mukhang lampa at tanga?
Obvious naman na mas lamang sya dito, bakit ganitong uri ng babae pa ang pinili ni Vane.
Bakit hindi tulad nya, mayaman, maganda, matalino at malakas.
Bakit hindi sya?

Gagawin nya ang lahat.
Gagawin nya ang lahat para matalo ito sa laro.

"Humanda ka." Pagbabanta nya pa rito at tinignan ito ng deretso sa mga mata.

Sinalubong naman ni Ysa ang tingin ni Divine. Nababasa nya ang pagbabanta sa mga mata ng babae. Habang nakatingin sa mga mata nito, masasabi nyang ito ang uri ng taong gagawin lahat, as in lahat, para matalo.

Ngumisi ako sa kanya.

"Sige po. Maghanda po ako, ano po bang favorite food nyo?" Tanong nya.

"What?" Kumunot ang noo ni Divine.

"Hala sya. Sabi nyo maghanda ako, ano pong favorite food nyo para maihanda ko, aagahan ko na lang po ang pagluluto para eksaktong simula ng hunting game tapos na ako." Sabi nya.

Napatawa si Stephanie habang hinawakan naman sya ni Divine sa kwelyo ng damit nya at hinila.

"Pinagloloko mo ba ako!" Galit na sabi nito.

"Hala! Para tinanong lang iyong paboritong food pinagloloko na. Paano ko sya hahandaan kung hindi ko alam ang favorite food nya?"

"Divine." Si Stepanie na pinigilan ang kamay ni Divine na iigkas sana sa mukha nya nang umiling sya sa tanong nito. "Don't hurt her."

Ang talim-talim mg tingin sa kanya ng babae kulang nalang lamunin sya nito ng buhay.

"Huwag mo akong lolokohin, masama akong magalit baka dito pa lang agawin ko na sayo si Vane." Banta ni Divine na patulak na binitawan si Ysa. Muntik pang matumba ang babae sa lakas ng tulak nya.

"*Lampa at tanga talaga. Anong nagustuhan ni Vane sa kanya?"*

"Ito ang tandaan mo akin si Vane! Akin lang." Huling sabi nya pagkatapos ay nilagpasan ito at naglakad papuntang main house. Ipapakita nya kay Vane na sya ang karapat-dapat dito hindi ang Ysa na iyon.

Ngunit napahinto sya sa paglalakad ng magsalita si Ysa.

"You said pang-apat na sali mo na ito." Sabi nito na kinalingon nya. Nakatalikod ito sa kanya nakaharap sa dagat. "Ibig sabihin hindi mo rin kaya iyong laro at hindi mo rin kaya na makuha si Vane. Hindi ka kasi manalo eh."

Nag-init ang ulo nya.

"Ikaw!" Hahakbang sana sya para ipatikim dito ang kamao nya ng mapahinto sya sa sunod na sinabi nito.

"Akin si Vane. May laro o wala. Akin sya." Nilingon sya nito.

This time parang ibang tao ang kaharap nya. Oo ito parin iyong walang kaayos-ayos at madungis na babae pero may nag-iba. Pati aura sa paligid nito nag-iba.

Ngumisi ito ulit, pero hindi katulad ng mukhang tanga nitong ngisi, may hatid na takot ang ngising iyon. Ayaw man nya iyon ang nararamdaman nya.

"I'm sorry but sasali ka ulit sa susunod na laro after one year. But this time hindi na si Vane ang goal mo. Dahil sasusunod na laban nanonood nalang kaming dalawa sayo."

Ngumisi rin sya kahit iba ang nararamdaman nya ngumisi rin sya.

"Matapang ka ha. Well ito ang sasabihin ko sayo Elf. Huwag kang umasa na mapapasayo si Vane. Huwang kang umasa na ikaw ang mananalo dahil iyang pag-asa mo, dudurugin ko ng pinong-pino."

Hindi nabura ang ngiti sa mga labi nito pagkatapos nyang magsalita bagkus sumagot ito.

"It's okay hindi naman ako marunong umasa."

"Good. Dapat lang---." napahinto sya sa sunod na sinabi nito.

"Dahil marunong akong manigurado. Sinisigurado ko na ako ang mananalo. I'm very sure of that."

Umawang ang mga labi nya. Sa paraan kasi ng pagsasalita nito parang tapos na ang laro at ito na ang panalo.

Ngumiti ito, sa pagkakataong iyon ngiting matamis na.

"Sige po kapag nasalubong nyo po si Bev pa sabi miss ko na po sya." saka ito tumalikod at parang batang nagtatakbo papuntang dagat.

"A-anong?"naguguluhan na tinignan nya si Stepanie na nagkibit-balikat lang.

"That's Ysa." Simpleng sabi nito bago nagpaalam na rin sa kanya.

Naiwan sya duon na nakatingin ng matalim sa maliit na bulto ni Ysa.

*****

Napayuko si Ysa habang nakatago sa isang malaking mga bato.

Sa paligid, patuloy parin ang ingay ng putok ng baril at pagsabog ng granada.

"Huwag kang gagalaw dyan Ysa kung ayaw mong mamatay." Sabi ni Barbie sa kanya na may hawak na baril at duguan mula sa sugat na dulot ng isang shrapnel na nagmula sa sunod-sunod na pagpapasabog na ginawa ng mga taong sakay ng limang chopper.

Masyadong mabilis ang pangyayari, kanina lang nasa tabing dagat sila ng first four namumulot sya ng mga kabibe habang nag-uusap naman ang apat nang may nagbagsak ng mga granada at nagpaulan ng bala mula sa mga chopper na sumulpot na lang sa kung saan.

May tatlong yate din na dumating at hindi lumipas ang sandali parang may gera na.

Mabilis syang naitakbo at naitago ng apat.

Sumugod ang tatlo para lumaban the moment na marealize nila na inaatake ang Villa.

Naiwan sya sa pangangalaga ni Barbie na pinoprotektahan sya.

"B-barbie iyong s-sugat mo." Sabi nya na nakatingin sa balikat nito.

"Don't worry about me, shit!" napamura ito ng muling may maghagis ng granada malapit sa kanila.

Hinila sya nito at itinakbo. Mahaba at malayo ang takbong iyon, hanggang sa makarating sila sa maliit na kweba.

"Dito ka lang! Huwag na huwag kang lalabas Ysa."

"Pero-."

"Huwag matigas ang ulo safe ka rito, sa paligid ng main house sila nagpapasabog kaya hindi ka mahahagisan dito, sasabihin ko kay Vane na naandito ka para protektahan ang bahaging ito!" She said habang tinatalian nya ang balikat na may sugat.

"Lady Barbie ayaw ko--- "

"Huwag matigas ang ulo Ysa! Mas mag-aalala si Vane kung andon ka." Hinawakan sya nito sa isang balikat. Ibinigay ang baril sa kanya na isa sa mga naagaw nito sa mga nakalaban kanina.

"Ganito ang paggamit nito" ipinakita nito kung paano ikasa ang baril. "Barilin mo ang kahit na sinong tingin mo ay kalaban. limang bala na lang ang laman nito kaya huwag mong aksayahin naiintindihan mo? Ysa?"

Napatango sya.

"Okay. Aalis na ako. Mag-ingat ka."

"Ingat ka din Lady Barbie." Hangin na lang ang nakarinig ng mga sinabi nya dahil tumakbo na ito.

Ilang minuto muna ang pinalipas nya bago sumunod.

Ilang milya ang layo mula sa nagaganap na labanan huminto sya at hinanap ang pinakamataas na puno.

Sa loob ng kagubatan sya dinala ni Barbie at ngayon ay naandito na sya sa medyo bungad.

Nang makita ang hinahanap umakyat sya ruon. Mahirap gawin dahil sa palad nyang napilipit ng itulak sya nina Carol at Andrea.

Makalipas ang ilang minto nakarating sya sa tuktok niyon nakaapak sya sa isang manipis na sanga habang nakatago sa mga dahon.

Gamit ang kaliwang kamay itinutok nya ang baril sa isa sa mga chopper.

Todong konsentrasyon ang kailangan nya, bumabaril sya gamit ang kaliwa pero hindi nya gaanong gamay iyon, nito lang nya natutunan ang ganitong paraan ng pagbaril.

Limang bala, limang chopper hindi sya dapat pumalya at mag-aksaya.

Tinamaan nya ang isa at bumulusok iyon pabagsak sa dagat.

"One down four to go."

Nagawa nya ring mapabagsak ang dalawa pa. She just wish na iyong huling tinamaan nya na bumagsak sa lupa ay walang nabagsakan.

Nagawa nya pa ulit na mapabagsak ang isa at nang iyong huli na ang babarilin nya, bumigay ang sangang tinatapakan nya.

"Ahhh shit!!!" Napamura sya ng magkandasabit-sabit sya sa mga sanga, mabuti na lang nagawa nyang makakapit kaya hindi sya tuluyang lumagpak sa lupa.

Huminga sya ng malalim at pumikit, blocking all the pain.

Nang namanhid sya bumitaw sya sa puno at kasing-gaan ng pusa na bumagsak sa lupa.

Napatago napaupo sya sa punong inakyatan ng may nagpaulan ng bala sa kanya.

Sinilip nya iyon at nakita ang dalawang lalaki na sige sa pagbaril.

Isang bala.

Kailangan nyang sulitin ang isang balang iyon.

Huminga sya ng malalim at nang huminto sandali ang putok mabilis syang lumabas at binaril ang isa sa mga lalaki, sapol ito sa noo at patay na bumagsak, bago pa nakakilos ang isa sinugod nya ito, yumuko sya para iwasan ang isang balang kumawala sa baril nito bago sya nakalapit, malakas na hinampas nya

ng baril ang lalaki, na dumugo ang ilong dahil sa nabaling buto. Sinundan nya iyon ng isa pang hampas. Tulog itong bumagsak.

Pagkatapos niyon iika-ika syang tumakbo papunta sa main house marami pa syang nasalubong na mga kalaban na dinaanan nya lang at pinatumba.

"Asan si Bev?"

Napapikit sya ng may sumabog sa tabi nya

Tumalsik sya at napahampas sa mga puno ng niyog.

Ilang sandali nyang narinig ang matinis na tunog bago bumalik ang pandinig nya.
Nangmakabawi ang katawan nya sa sakit tumayo sya at muling tumakbo.

Pumapatak sa lupa ang dugong nagmumula sa pumutok nyang noo. Humampas iyon ng tumalsik sya kanina.

"Bev!"napasigaw sya ng makita si Vane na bumabaril malapit sa main house.

Napatingin ito sa kanya.

Bumakas ang gulat sa mukha ni Vane na napalitan ng pag-aalala.

Ngumiti sya at kumaway dito bago kumilos ang mga paa nya patakbo tungo rito.

Nakita nya rin itong tumakbo para salubungin sya.

Half way napatigil ito sa pagtakbo.

"Ysa!!!"

Napatigil din sya.

Napatigil sya dahil sa pagbagsak ulit ng granada na higit ngayong malapit sa kinatatayuan nya.

Nakatakbo sya palayo pero inabot parin sya ng impact at muling tumilapon at sa pagkakataong iyon mas malayo ang narating nya. Sa dagat... sa dagat sya napahagis at humampas.

Ramdam nya ang sakit nang makainom at pumasok sa ilong nya ang tubig, hanggang sa tuluyan na syang nawalan ng malay sa kung ano ang sunod na nangyari.

*****

H/n

Yeah alam ko bitin ulit mamaya ko na ip-post ang kadugtong???.

Meet Divine the hipon ???.
Tingin nyo kaya nya si Ysa?

???

Anyway kung pamilyar po kayo sa story kong His Blue Eyed Bad Girl Angel my first story here.
Magpapalit po ako ng Book Cover at iyon ang pagame sa group page na Helliza's Empire.
Ito po ang price.

Iyan ang design ng t-shirt but depende po sa mananalo ang ibang design dahil iyong BC nya baka idagdag.?
naka post na po ang mga detalye sa Helliza's Empire sana makasali po kayo? para happy.

Salamat po sa pagbabasa, sa boboto at magc-comment???.

TC.

Helliza Sabida

13032017gsj 7:42am

27. Pagbabago

https://www.youtube.com/watch?v=vLPgaAeFBD4

?? Nagmamakaawa
By: Bugoy Drilon

Oooh...
Noong ako'y iniwan mo
Nawasak ang mundo
Umikot lang sa 'yo
Ang buhay kong ito
Hindi ko alam
'Di alam ang dahilan
Bigla nalang iniwan
Wala namang kasalanan
Bakit, O bakit ba
Iniwan mong nag-iisa
Ginawa namang lahat
Subalit di pa ba sapat
Nagmamakaawa ang puso ko
Labis na nasaktan mo
Ngunit kahit pa anong gawin
Ika'y mahal pa rin
Nagmamahaawa ang puso ko
Bigla na lang iniwan mo
Ngunit ika'y mahal pa rin
Magbalik ka sa aking nagmamakaawa
Noong ako'y iniwan mo
Tumigil ang mundo
Parang di ko kayang ituloy
Ang buhay kong ito
Sabihin mo sa akin...

One week later

~Ysa~

Miss na miss ko na si Bev.

Isang linggo ako sa hospital dahil sa mga pinsalang natamo ko ng sugudin ang Villa.

Sa awa ng Diyos sa dagat ako tumalsik ng may sumabog na granada sa tabi ko.

Bugbog, paso at pilay lang ang inabot ko.

Hindi kaagad ako nakalabas dahil hindi ako pinayagan ng hospital kahit anong pangungulit ko.

Sa loob ng mga panahong iyon walang Bev o Knight hunters na dumalaw nag-aalala na ako na baka kung anong nangyari sa kanila, kaya naman pagkalabas na pagkalabas ko ng hospital dito kaagad ako

tumungo.

Sa cafeteria ako unang pumunta, alam kong andon sila.

Napangiti ako ng makita sya.

Ngiting nawala ng makita ko si Divine na akbay-akbay nya.

Bakit andito sya?

"Bev" kahit nalilito ngumiti ako at tinawag sya.

Napatingin sya sa akin. Hindi ko lang pala sya miss na miss, sobrang miss na miss na miss ko pala sya. Lalo kong naramdaman iyon ngayon, ngayon na nakatingin ako sa tsokolate nyang mga mata.

Bumakas ang pagkagulat sa mga mata nya na dagli ring nawala.

His eyes became dark. Pagkatapos wala na akong mabasa mula duon.

"Bev." Masaya kong sabi. Hindi ko pinansin ang reaksyon nya at dali-daling tumakbo papalapit sa kanya.

Ngunit hindi pa man ako ganap na nakakalapit napahinto na ako.
Hinalikan kasi sya ni Divine sa mga labi. Inaasahan ko na itutulak nya ito pero ganon na lang ang gulat ko ng yakapin nya ang babae at tumugon sa halik nito.

Kulang ang sabihin na nadurog ang puso ko.

Halos hindi ako makahinga...sa gulat...then sa sakit.

Ano bang nangyayari bakit ganito?

Kusang kumilos ang katawan at kamay ko, nahaklit ko palayo si Divine.

"What the! Ano ba let me go!" Tinabig ni Divine ang kamay kong nakahawak sa braso nya na hindi naman nito matanggal.

"Ano bang nangyayari?" Tanong ko na kay Vane nakatingin.

Tumayo naman sya, lumapit sa akin.

Halos mapatumba ako ng pahaklit din nyang inalis ang kamay ko sa braso ni Divine.

"Don't you fucking dare touch her! Know your place Elf." Sabi nya habang deretsong nakatingin sa mga mata kong nangingilid na ang luha.

"B-bev--"

"Stop calling me that!" Napapitlag ako ng sumigaw sya. Marahas nya akong hinawakan sa mga braso. Iyong mga kamay nya tila baka na nagmamarka sa balat ko.

Masakit pa ang katawan ko mula sa mga pinagdaanan ko ng nakaraang linggo, pero natatakpan niyon ang sakit na nararamdaman ko ngayon.

Hindi ako pwedeng magjoke, ang suplahin ang mga sinasabi nya.
Ayaw ko man ramdam ko kasi na seryoso sya...seryosong-seryoso sya.

"H-hindi mo ako dinalaw sa hospital. H-hindi kayo nagpakita. D-dito kaagad ako dumeretso kasi miss na miss kita" tuluyan ng pumatak ang mga luha ko.

Inaasahan ko na may mababasa ako sa mga mata nya habang tinitignan ang luhaan kong mga mata. Pero wala. Galit na tingin parin ang ibinibigay nya sa akin.

"B-bakit a-andito sya. Bakit h-hinahalikan mo sya? Niyayakap?"

"You are really stupid." Nabigla ako sa sinabi nya.

"B-bev."

"Stupid and weak." Ulit nya.

Bigla nya akong binitawan.

"Andito si Divine dahil dito na sya nag-aaral, dahil gusto ko, dito lang sya sa tabi ko..."

"Why?"

"because she is my girlfriend." He stated.

Hindi ako makahinga. Iyong puso ko parang nilalapirot at sinasaksak. Just one sentenced, one simple sentence, nayanig na ang buong mundo ko.

Panaginip lang ba ito?

Hindi ito totoo? Baka nasa hospital lang ulit ako nananaginip.

Napatingin ako kina Barbie, Stephanie Chezter at Stephano.

Tulad ng mukha ni Vane wala akong mabasa sa mukha nila maliban sa inis at galit.

Lumipad ang tingin ko sa mesa nina Rolf.

Nakangisi sina Gladys at Racquel sa akin na tila ba sayang-saya sila sa mga nangyayari, habang si Rolf nakatiim ang bagang na sa bintana nakatingin.

Si Gen at Audrey parehong nakayuko.

Ano ba'to? Biro ba? Tatawa na ba ako?

"B-biro lang ito di--."

"Huwag kang tanga alam mong totoo ang lahat ng ito." Sansala ni Vane sa akin.

Tumawa ako.

"Hindi, binibiro mo na naman ako eh. T-tama na hindi kasi ako natutuwa sa ganitong biro." Nilapitan ko

sya at aktong yayakap sa kanya pero humarang si Divine at malakas akong sinampal.

Sa lakas halos ikabingi ko iyon.

"Huwag mong mahawak-hawakan ang boyfriend ko kung ayaw mong higit pa sa sampal ang maramdaman mo." Tapos tumawa sya.

"Saka tama si Vane huwag kang tatanga-tanga. Hindi mo pa ba gets hindi totoo ang mga nangyari. Pinaglaruan ka lang ni Vane." Ngumisi si Divine. "actually nilang lahat. Palabas lang ang pakikipagkaibigan nila sayo, ang mga pinakita ni Vane."

Napailing-iling ako.

"Hindi totoo iyan..."

"Ayaw mong maniwala. Di tanungin mo si Barbie."

Mula naman sa pagkakaupo taas ang isang kilay na tinignan ako ni Barbie.

"So all along naniniwala kang kinaibigan ka namin. Kami, makikipagkaibigan sa isang tulad mo, ang taas ng pangarap mo Nerd."

Pati si Stephanie tumayo at tinignan din ako.

"It's just an act Elf ginagawa talaga namin ito sa mga bagong estudyante, hindi naman sa lahat ng bago though, iyong mukhang tatanga-tanga lang. Nagkataon na isa ka sa mga tatanga-tangang iyon kaya ang malas mo."

"I can't believe na nahulog ka sa arte naming iyon." Si Stephano.

"Tama sila. Its just an act, a test. Ipagpalagay natin na initiation iyon at hindi ka nakapasa."si Chezter.

Hindi ko alam kung ano ang sasabihin.

Hindi ko alam kung paniniwalaan ko sila, but the way they look at me...the way Vane look at me... parang diring-diri sila.

"I-its not true."

"Its the fucking truth" Si Vane "Lahat pagpapanggap lang. Iyong paghawak-hawak ko sayo. Iyong mga yakap at halik acting lang ang lahat." Parang baril ang salita nyang iyon, tila bala na sumugat sa dibdib ko.

Hindi ko magawang makapag-isip, basta paulit-ulit lang sa isip ko ang mga sinasabi nila.

"Tinitiis lahat ni Vane iyon stinky nerdy elf...nagtiis kami. Pero huwag kang mag-alala na sulit din naman dahil na nasiyahan kami sayo, para kasing nagkaroon kami ng instant payaso." Si Barbie na tumawa,at sinundan naman ng mga naruon.

Sunod-sunod ang pagpatak ng luha ko.

Hindi ko inaalis ang tingin kay Vane na nakatingin din sa akin.

"H-hindi ako naniniwala." Sabi ko sa kanya.

Tumiim ang bagang nya.

"Hindi ka nakapasa. Ibig sabihin I want you out here! Ayaw ko ng makita ang pagmumukha mo, hindi lang dito sa MC kundi sa buong Maligdan. Nandidiri ako kapag naaalala ko na kailangan panf magdikit ng mga balat natin. Kung alam ko lang na hindi ako masisiyahan, hinayaan ko na lang sana na si Rolf ang naglaro sayo."

Lalong napuno ng tawanan ng paligid.

"Hindi ako aalis." Sabi ko.

Hindi ako naniniwala...

Hindi ako naniniwala sa mga sinabi nila.

"Then be prepare dahil ayaw ka namin dito, gagawa kami ng paraan na ikaw ang umayaw at kusang umalis." Pamalditang sabi ni Barbie.

Humarap sya sa mga naruon.

"Makinig kayo. Gusto kong pahirapan nyo ang babaeng ito. Pwede syang utusan ng lahat, when I said lahat, kasali ang mga Elf. She will be in our lowest rank. Ang babaeng ito ay magiging slave ng buong Maligdan. Sa loob at labas ng MC pwede syang utusan...pahirapan." she announced.

Napatingin na lang ako sa kanya.

Parang hindi sya iyong babaeng nag-alala at pilit na inilayo ako sa panganib sa Villa, sya na ulit iyong unang Barbie na nakilala ko.

Muling lumipad ang tingin ko kay Vane.

Nakatingin na sya kay Divine na nakayakap sa kanya. Nakangiti sya rito.

"Babe tara na ayaw ko na rito hindi maganda ang hangin dito, mabaho." Sabi ni Divine na tinignan ako.

Tumango naman si Vane na basta nalang akong tinalikuran.

Please...don't...don't go.

Susunod sana ako, para habulin sya pero may pumigil sa aking mga estudyante.

Sumunod sina Barbie, kahit ang BW sumunod din.

"Bev!" Sigaw ko pero tanging tunog ng sinaradong pinto ang sumagot sa akin.

Ganon-ganon lang...

Just like that....

Ganon-ganon lang winasak ng isang Vane Montereal ang puso ko...

*****

Pero hindi ako sumuko.
Tatlong-araw. Tatlong-araw na akong inuutus-utusan, binubully at pinaglalaruan.

Hindi ako lumalaban, sinusunod ko lang ang mga pinapagawa nila, hinahayaan ko lang na gawin nila, ang mga gusto nilang gawin sa akin.

Hindi narin ako makalapit kay Bev na laging umiiwas at umaalis kapag nasa paligid ako.

Hindi ko narin sila kaklase sa first subject.

Kapag nakikita ko sya lagi nyang kasama si Divine.

Nakaakbay sya rito o di kaya ay nakayakap.

Sabi ko sa sarili ko hawak pa, kaya ko pa. Hindi ako pwedeng sumabog kasi ayaw ko ng bumalik sa dati. Pagsubok lang ito...baka binibiro lang ako ni Bev.

Pero habang tumatagal unti-unti ng numinipis ang pasensya ko. Unti-unting nags-sink-in sa utak ko na totoo ang lahat ng ito.

Gusto ko ng gumanti.

May mga pagkakataon na nanginginig ako sa galit, para pakalmahin ang sarili ko iniisip ko ang mga nangyari sa amin ni Bev...iyong mga masasayang alaala.

Sinisikap kong ibalik iyong masiyahing si Ysa pero tang-ina! Ang hirap! Ang hirap-hirap.

Mas lalo akong dumungis, hindi magawang, makapag-ayos tatlong araw na akong hindi nagsusuklay.

Ang dumi ng suot ko, puro putik dahil itinulak ako ng isang grupo ng elf sa putikan.

Pinapahirapan nila ako, pero hindi sinasaktan.

Kahit sa apartment may kumakatok sa akin para lang mag-utos, mang-inis at mang trip.

Wala akong pinagsasabihan kahit sa mga magulang ko, kapatid o kay Nike. Hindi ko alam pero parang hindi ko gustong malaman nila ito.

Ayaw kong sumama ang tingin nila kay Vane. Ayaw ko syang ma bad shot sa pamilya ko.

Kaya sinasarili ko itong nararamdaman ko.

"Mag-usap naman tayo." Nagmamakaawa kong sabi kay Vane.

Naabutan ko sya sa gilid ng ginagawang nasunog na building.

Mabilis ko syang sinundan ng makita kong papunta sya rito.

Tinignan nya ako mula ulo hanggang paa.

Tignan mo... Look how miserable I am... tama na Bev please...stop this.

Iyon ang sinasabi ng mga mata ko habang nakatingin sa kanya.

"Tama na Bev... please... tama na" tumulo ang luha ko. "Ang sakit-sakit na kasi. Ang hirap ng huminga. Please make this pain stop...hindi ko na kaya." Mahinang sabi ko na napayuko.

"Do you think na madadaan ako sa paiyak-iyak mo? Gaano ba kahirap intindihin na laro lang iyong mga nangyari. Alam kong tanga ka pero hindi ko alam na ganyan ka katanga!"

Napatingin ako sa kanya.

His face was like an emty mask. Walang reaksyon, wala akong mabasa.

"B-bev."

"Isang beses mo pa akong tawagin ng ganyan sinisigurado ko na ipapatapon kita sa malayo." Kumunot ang noo nya.
"At pwede ba sa susunod na makipag-usap ka sa akin gumalang ka. Know your place Elf." Pagkasabi nuon tinalikuran nya ako.

Sinubukan ko syang pigilan sa pamamagitan ng pag hawak sa kamay nya ngunit tinabig nya ako.

Nawalan ako ng panimbang at tumama sa isang ladder na kinapapatungan ng pintura.

Naging kulay pula ang kalahati ng mahaba kong buhok ng matapunan ako niyon, nagkulay pula rin ang aking pisngi malapit sa baba, hindi dahil sa pintura kundi dahil sa dugong nagmula sa sugat ko na dulot ng latang humiwa sa mukha ko.

Parehas kaming nagulat ni Vane. Napahakbang sya papalapit sa akin.

Parang may nabasa akong pag-aalala sa mukha nya na tingin ko ay isang imahinasyon lang dahil hindi pa ako nakakakurap wala na iyon.

Napahawak ako sa pisngi ko mahapdi iyon pero walang tatalo sa sakit mula sa sunod na sinabi nya.

"I don't fucking love you. Kasinungalingan ang lahat ng sinabi ko. Huwag kang mataas mangarap dahil alam nating dalawa na hindi ka karapat-dapat sa akin. The next time na lapitan mo pa ako. Pasensyahan tayo dahil kahit babae ka itutulak kita papalayo at hindi lang sugat sa mukha ang mararanasan mo." Saka nya ako tinalikudan at dali-dali nyang nilisan ang lugar na iyon.

Wala akong nagawa kundi ang mapaupo na lang sa lupang may pintura at duon umiyak ng umiyak.

*****

~Narrator~

Maingay sa loob ng cafeteria. Kanya-kanya ng usapan sa paligid.

Si Gen nakayukong kumakain habang patingin-tingin sa pinto.

Kanina nya pa hinihintay si Ysa pero wala pa ito.

Nag-aalala na sya dahil siguradong inuutusan na naman ito ng lahat.

"Vane can you please hug me." Narinig nyang sabi ng maarteng boses ni Divine.

Paglingon nya sa mga ito nakakandong na ito sa binata.

Si Vane magkasalubong ang kilay akala nya hindi ito yayakap pero ng bumukuas ang pinto ng cafeteria at pumasok si Ysa. Kumilos ang mga kamay nito papunta sa bewang ni Divine.

Hinalikan din nito ang babae.

Napatingin sya kay Ysa.

Nanlaki ang mga mata nya dahil puro pintura ito at may sugat sa pisngi.

"Ysa!" Napatayo sya.

Hindi naman nito sya pinansin dere-deretso lang ito sa paglalakad. At may napansin sya sa mga mata nito.

Its like dead. Empty.

Pati sa mukha nito wala syang mabasa.

Lumagpas ito sa kanya, patungo ito sa direksyon ng mga KH.

Napatayo naman si Divine.

"Ano na namang kailangan mo? Sinabi ko nang layuan mo na si Vane. Malapit ka ng magmukhang aso kakasunod sa kanya." Sabi ni Divine, ni hindi manlang sya tinapunan ng tingin ni Ysa. Bagkus nilagpasan din sya nito.

Hinawakan nya ito sa braso.

"Napipikon na ako sa sayo babae, malapit nakitang masaktan. Do you want me to hurt you, iyong sakit na hindi mo makakalimutan." Banta nya.

"Bitaw." Isang salita mula kay Ysa. Hindi man lang nito pinansin ang banta nya.

Napabitaw sya hindi dahil sa sinabi nito kundi dahil sa mga mata nito ng lumingon sa kanya.

Galit. Iyan lang ang nababasa nya sa mga mata nito.

Bahagya syang nangatal sa takot.

Pagkatapos ng tinging iyon wala na itong sinabi. Tinalikuran lang syang muli. Dumeretso ito sa gilid ng vendo machine gamit ang gilid ng nakatikom na palad pinukpok nito ang gilid niyon at sa gulat nilang lahat nalaglag ang isang beer in can kahit hindi ito naghuhulog ng barya.

Nakatingin bintana na binuksan iyon ni Ysa at dere-deretsong ininom.

Nagulat si Gen.

Hindi nya alam na umiinom si Ysa. Nakatingin ang lahat dito. Gulat na gulat dahil naubos nya ang beer sa loob lang ng ilang minuto ng walang babaan.

Pagkatapos pinipi nito ang katawan ng lata gamit ang kamay at basta nalang itininapon sa malayong trash can na muntik nang matumba sa lakas ng pagkakabato nito shoot sa loob iyon.

"Fucking life!" Mura pa nito na narinig nilang lahat.

Muli itong pumukpok sa machine at muling may nahulog na beer.

Walang pakialam sa paligid na binuksan nito iyon at naglakad palabas.

Kung gaano sya kabilis dumating ganon din sya kabilis na nawala.

Naiwan silang nakatanga sa pinto.

Si Vane walang emosyon ang mukha na nakatingin din sa pintong nilabasan ng babae.

*****

May pa try outs ang music club ng hapong iyon.

Isa si Gen sa magpapamember, actually usapan nila ni Ysa na sabay silang sasali dahil tulad nya mahilig din sa music ang kaibigan.

Ngunit ngayon habang hinihintay ang pagtawag sa pangalan nya sigurado si Gen na hindi na sasali si Ysa, lalo pa at andito din ang Knigh Hunters nagtry-out din si Divine at sinamahan ito ng lima.

Parang prinsesa kung iturin nila ang babae lalo na kapag nasa paligid si Ysa.

Hindi nya maiwasan na lalong mahabag sa kaibigan para kasing pinagkaisahan ito ng lahat.

Pasok na sa music club si Divine, kumanta ito habang naggigitara. Magaling ito, marami rin na naiinggit sa dito dahil tila narito na ang lahat.

Maganda, matalino, talented at malakas, idagdag pang ito na ang girlfriend ni Vane ngayon. Kung iturin tuloy ito ng iba parang reyna.

Hindi pa ito umaalis dahil gusto daw nito makilala ang magiging mga ka-club.

"Angelique Ysa Santiago."

Natigilan sya ng marinig ang pangalan ni Ysa.

Ito na ang magp-perform pero hanggang ngayon wala parin ito.

"Angelique Ysa?" Tawag ulit ng adviser ng club na si Rosell Pladera.

"Stop calling her name Ma'am masakit kasi sa tenga." Biglang sabi ni Divine na may bakas na inis ang tinig. Hindi nya gusto na bahagyang natigilan si Vane ng marinig ang pangalan ng babaeng iyon.

"Hindi na po sasali iyon, malamang umalis---" naputol ang sinasabi nya ng pumasok mula sa pinto si Ysa.

Tulad kanina balot parin ng pintura ang uniform at halos kalahati ng buhok nito. Hindi parin nito ginagamot ang malalim na hiwa sa pisngi na tila ba basta na lang pinunasan para maalis ang dugo bahagya pang nakabuka iyon. Sigurado syang peklat ang aabutin ng Ysa'ng iyan. Lihim syang napangiti. Hindi man nya aminin maganda talaga si Ysa at isang malaking kabawasan sa ganda nito kung magkakaruon ito ng peklat.

Naramdaman nya muli ang painigas ni Vane kaya humilig sya sa balikat nito.

"Babe gutom ka na ba? Do you want to go na?" Tanong nya sa malambing na tinig.

Inakbayan sya nito pero umiling sa sinabi nya.

"Ikaw ba si Ms. Santiago?" Tanong ni Ms. Rosell Pladera." Tinignan nya ang madungis at may sugat pang estudyante na nasa harap nya.

"Parang nagkamali ka ng pasok ineng hindi ito clinic. Mabuti pa ipalinis mo na muna iyang sugat mo bago ka bumalik dito." Sabi nya. Kung hindi sya nagkakamali ito ang estudyanteng kailangan pahirapan para umalis na rito sa Maligdan. She hate to do this pero kailangan nyang sumunod sa utos.

Hindi umimik si Ysa tumayo lang ito sa gitna malapit sa drum set.

"Miss, bingi ka ba ang sabi ko hindi ka pwedeng magtry-out bawal ang madungis sa room na ito." Dagdag nya pa.

Tumingin ito sa kanya.

"Kung parumihan lang naman ang pag-uusapan gusto mo bang magparumihan tayong dalawa ngayon" deretso nitong tinignan sya sa mga mata. "You are Rosell Pladera right."

"Imposible bakit parang alam nya ang lihim ko?" Naisip nya habang nakatingin sa mga mata nitong sinisigaw ang sekretong pinakatago-tago nya.

"Anong sinasabi mo? Kung titignan tayong dalawa ikaw ang mas madumi sa akin." Sabi nya na ginamit ang tono nyang pangguro.

Lumapit sya sa akin.

"Madumi lang ako, pero hindi ako tulad ng iba na kumakabit."

Nanlaki ang mga mata nya sa sinabi nito.

"P-paanong? Bakit alam nya iyon?"

Napatingin sya sa mga estudyante nya nagtataka ang mukha ng mga ito.

Bago pa sya makasagot, hinubad ni Ysa ang pang-itaas nyang uniform, na kinagulat nilang lahat.

Gamit iyon pinunasan nito ang putik na nasa katawan nito, pati ang mga pinturang hindi naman natanggal dahil natuyo na.

Nang humarap ang likod nito sa mga naruon malakas na napasinghap ang lahat.

"May tattoo si Ysa!"

Gulat na gulat si Gen habang nakatingin sa likod ni Ysa na naglalakad papalapit sa drum set.

Puting manipis na sando na lang ang pang-itaas nito kaya kitang-kita ng lahat ang tattoo nito.

Sanga iyon, sala-salabit na sanga na bumubuo ng pa letrang L. Ang taas niyon ay mula sa kili-kili nito na nagtatapos sa bewang. Sa mga sanga nakaguhit ang mga rosas, pula at itim ang kulay. Salit-salit iyon na tila ba tinubuan ng bulaklak ang sanga. May ilang dahon pa.

Napatingin sya kay Vane. Matiim na matiim ang tingin ng binata sa kaibigan nya.

Sa drum set dumeretso si Ysa. Pumikit ito, sa umpisa pa lang malakas na mga hampas na ang pinakawalan nito.

Pamilyar ang musika na tinutugtog ni Ysa. Hindi lang maisip ni Gen kung ano, dahil mabilis ang tempo.

Sa bawat hampas ni Ysa ramdam na ramdam nya ang galit nito. Sigurado syang hindi lang sya ang nakakaramdam niyon, lahat sila na narito ngayon.

"One last cry." Biglang sabi ng babaeng katabi nya.

Napatingin sya rito ganon din ang KH na nasa di kalayuan.

"One last cry ang tinutugtog nya." Bakas ang paghanga sa boses ng babae habang manghang-manghang nakatingin kay Ysa.

Kahit sya hanga din sa kaibigan. Iniba nito ang beat ng awit pero nasa tono padin.

Pero iyong paghangang nararamdaman nya napalitan ng awa ng magmulat ng mata si Ysa at nakita nyang umiiyak ito.

Nakatingin ito kay Vane na hindi rin inaalis ang tingin dito.

Tahimik na tumutulo ang luha ni Ysa...tahimik lang...walang hikbi...walang ingay pero masakit...mas masakit ang nararamdaman ngayon ni Ysa at ramdam na ramdam niya iyon...nilang lahat.

Galit...sakit...

Palakas ng palakas pang lalo ang hampas ni Ysa kahit na nga patapos na ang kanta.

Sa sobrang lakas ng mga hampas na ginagawa nito pagsapit ng huling nota naputol iyong drum stick.

Pagkatapos mabilis itong tumayo at malakas na sinipa ang upuan na kinauupuan nito kanina.

Napatayo sina Barbie, Stephanie, Chezter at Stephano ganon si Divine sa ginawa nito. Si Vane nanatiling nakaupo at walang emosyon ang mukha na nakatingin parin kay Ysa.

Tinignan din ito ng dalaga.

"Hear that, that's my damn one last cry for you!" Sabi ni Ysa dito. Saka ito lumabas.

Pagkatapos ng insidenteng iyon kinabukasan wala ng Angelique Ysa Santiago na pumasok o nakita sa Maligdan.

https://www.youtube.com/watch?v=4_6R8B7Py_o

?? "One Last Cry"
My shattered dreams and broken heart
Are mending on the shelf
I saw you holding hands
Standing close to someone else
Now I sit all alone
Wishing all my feelings was gone
I gave my best to you
Nothing for me to do
But have one last cry
[Chorus:]
One last cry
Before I leave it all behind
I gotta put you out of my mind this time
Stop living a lie
I guess I'm down to my last cry
Cry.....
I was here
You were there
Guess we never could agree
While the sun shines on you
I need some love to rain on me
Still I sit all alone
Wishing all my feelings was gone
Gotta get over you
Nothing for me to do
But have one last cry
I guess I'm down,
I guess I'm down,
I guess I'm down...
I guess I'm down...
To my last cry...

****

H/n

"?????"

Alam ko masakit sa dibdib. Pasensya na???

Anyway sorry kung mga typos saka ko na aayusin.

Salamat sa pagbabasa, sa boboto at magkokomento.

Thank you

Helliza Sabida 13032017gsj 21:51

28. Nagbago

~N~

Hirap na hirap sa binubuhat na kahon si Gen.Mga props iyon na gagamitin sa gaganapin na mini concert ni Divine.

Birthday kasi nito at dahil isa ito sa mga kilalang tao dito talagang pinaghahandaan iyon ng lahat.

Sa nakalipas na isang buwan si Divine ang tila naging reyna-reyhan dito.

Sinusunod ito ng lahat ng mga Elf, ng mga miyembro ng KH at BW.

Matapang kasi ito, magaling makipaglaban kaya mas lalong kinakatakutan.

Si Vane mas nakakatakot din ngayon, laging mainit ang ulo, madaling magalit at mas madalas na nakikipag-away.

Nabalita sa buong Maligdan ang nangyari sa Villa. Pati ang pagka-postpone ng Hunting game.

Humigpit lalo dito sa MC, sa buong Maligdan at maging sa tatlo pang bayan.

Marami kasing nasugatan sa nangyari sa Villa, may ilan din na namatay kaya nagalit ang mga Elder.

Kahit naman sino hindi magugustuhan ang mga nangyari, kahit na sya... dahil sa nangyaring iyon nawalan sya ng kaibigan...nawala si Ysa.

Nakaramdam sya ng lungkot ng maalala ang kaibigan.

Simula ng mawala ito pakiramdam nya may nagbago. Parang may kulang.

Hinahanap-hanap nya ang kainosentahan at ang mga nakakatawang banat nito.
Nam-miss nya si Ysa.

Hindi nya lang alam kung tanging sya lang ba ang nakakamiss sa dalaga.

Sa lalim ng iniisip nya napatid sya at nadapa.

"Ouch!" Nabitawan nya ang mga karton na bitbit.

Tulad ng dati pinagtawanan lang sya ng mga estudyante sa paligid. Isa pa ito sa mga nagbago mas lalong naging bully ang mga miyembro ng dalawang gang, namb-bully din kasi si Divine. Kaya gumagaya ang iba.

Bumuntung-hininga sya, kumilos para tumayo at damputin ang mga kahon.

But then somebody beat her to it, walang kahirap-hirap na nabuhat nito ang dalawang karton nang walang hinihinging tulong sa iba.

Nanlaki ang mga mata nya. Tumahimik din ang paligid at lahat nakatingin sa babaeng tumulong sa

kanya.

"Y-ysa..."

Si Ysa nga ang nasa harap nya maikli na ang buhok nito, iyong dati nitong mahaba at magulong buhok ngayon hanggang baba na na lang, nakasuot din ito ng pulang ripped jeans, manipis at may kaluwagan na black long sleeve at blue canvass shoes, may hikaw din ito na ang design ay roses pula at itim ang kulay niyon, ang kaibahan lang sa isang tenga nya lang nakasuot habang ang kabila nyang tenga ay wala.

Nanibago sya sa pananamit nito, ngunit ang mas kinagulat nya ay ang isang pulgadang peklat sa pisngi nito, malapit sa baba.

"Y-ysa." Tawag nya ulit sa pangalan nito.

"Saan dadalhin 'to?"

Bakit ganon? Si Ysa ang kaharap nya ngunit bakit parang ibang tao ang nasa harap nya ngayon?

Hindi ito ngumiti katulad ng ginagawa nito kapag nagkakasalubong ang tingin nila. Basta tinignan lang nito sya.

Iyong mga mata nito walang damdamin, walang kislap.

Ibang-iba sa mga mata nito dati.

"Si Nerd ba yan?"

"Oo si Nerd, ang lakas ng loob bumalik pa talaga."

"Maganda pala yan."

"Oo nga at sexy."

"Gen?" Tawag nito ng hindi sya ulit nakasagot.

"Ha...ah sa grand hall."

Pagkarinig sa sagot nya naglakad ito patungo ruon.

Dali-dali naman nyang dinampot ang dalawa pang plastic na bitbit nya rin kanina.

"Ysa." tawag at habol nya sa kaibigan na nakalayo na.

Tinignan sya nito pero hindi nagsalita.

"Ano...andun si...Divine at ang KH." May pag-aalala sa boses na sabi nya.

"So?" bagot ang boses na sabi naman nito. Isang salita pero ang dating sa akin ay 'anong pakialam ko'.

Hindi sya nakaimik.

Napasunod na lang sya rito.

*****

"Gosh bakit ba ang kukupad nyo!" Galit na sabi ni Divine sa mga estudyanteng Elf na nag-aayos ng stage.

Mamaya na ang mini concert nya at hanggang ngayon hindi parin tapos ang stage.

Nag-iinit tuloy ang ulo nya.

Ngunit ang mas kinaiinisan nya ay si Vane.

Tulad ng dati nakaupo lang ito, nakapikit at nakaheadset, naturingan itong boyfriend nya pero parang anino lang nya ito.

Nagsasalita lang ito kapag kinakausap nya, hinahawakan lang sya nito kapag sya ang lumalapit, ni hindi sya hinahalikan nito. Nang itry nyang sya ang humalik nilayasan lang sya ng binata.

Mas madalas din ito sa mga misyon o kaya ay pakikipag-away kay Rolf na para sa kanya ay isang away bata at walang kwenta.

"Stop fuming Divine atleast na sayo na sya, magagawa mo rin na angkinin sya ng tuluyan wala ng aagaw sa kanya. Iyong-iyo na sya. Kaya timpi ka lang."

"Kung tinutulangan mo baka mapadali yan." Napatingin sya kay Barbie na nakaupo sa tabi ni Vane kasama ang iba pang first four.

Kung ano si Vane ganon din ang pakitungo ng apat sa kanya, kaya naiinis sya sa mga ito.

Hindi sya sumagot. Hangga't maaari ayaw nyang makipag-away sa mga ito. Malapit si Vane sa mga ito kaya kailangan nya rin makuha ang loob ng apat.

Napatingin sya sa pinto ng pumasok si Gen, na hinihingal at hawak ang dalawang plastic.

"What took you so long? Nakakainis ka napaka kupad mo talaga!"

"S-sorry---"

"Stop! Naiinis lalo ako sa k-kasorry mo! Tumigil ka na kung ayaw mong parusahan kita."

Napayuko ito. Napangiti sya.

Gustong-gusto nya kapag may natatakot at yumuyuko sa kanya. Pakiramdam nya kasi ang taas-taas nya, na makapangyarihan sya sa lahat.
Hindi-hindi sya papayag na may umagaw sa pwesto nya.

"Nasaan ang mga props? Bakit iyan lang ang dala mo?"

"A-ano---" napaatras ito ng lumapit sya.

"Anong ano? Ayusin mo Elf dahil tatamaan ka--" nahinto sya sa pagsasalita ng sa ikalawang pagkakataon may pumasok sa grand hall.

Hindi sya makapaniwala ng makilala kung sino iyon.

"Ysa!" Sigaw ni Audrey na nakaupo sa tabi ni Stephanie.

Napatingin duon ang first four at napamulat naman ng mga mata si Vane.

Hindi nagustuhan ni Divine na pati ang binata ay napatingin sa babaeng may hawak na kahon at may kausap sa cellphone.

"Anong ginagawa nya rito?"

"Ulol kararating ko lang." Sabi naman ni Ysa sa kausap sa kabilang linya. "Nasaan na ba kayo?" Kunot ang noo na tanong nya.

Nagtama ang mga mata nila ni Vane. Hindi kumukurap na tinignan nya ang binata bago isang minuto ang dumaan bago nya pinalagpas ang tingin rito.

"Mga gago!" Sabi nya sa kabilang linya.

Napatapat sya kay Divine na ang talim-talim ng tingin sa kanya.

"Huwag mo akong ginagago Montereal kung ayaw mong pulbusin ko ang pagmumukha mo."

Napakunot ang noo ni Divine.

"Montereal? Sinong Montereal anh kausap ng babaeng ito?"

Sumulyap sya kay Vane, nakatingin parin ito kay Ysa.

Hindi sya papayag, hindi-hindi sya papayag na makuha ulit ni Ysa ang pansin ni Vane.

"You!" Sabi nya sabay harap kay Ysa.

Sinalubong sya ng dalawang kahon na basta na lang inabot ni Ysa sa kanya.

"Pakihawak nga." Sabi ni Ysa, na walang pakialam na inabot kay Divine ang kahon. Patuloy parin ang pakikipag-usap nya sa kabilang linya.

"Fuck you basta pumunta na kayo rito." Bakas ang inis sa boses na sabi niya sabay baba ng tawag.

Binalikan at kinuha nya ang mga kahon sa mga kamay ng nabigla paring si Divine.

"Saan ilalagay ito?" Tanong nya kay Gen.

Itinuro naman nito ang gilid ng stage.

Walang pakialam sa mga tingin at bulungan sa paligid na naglakad sya papuntang stage at pabagsak na binitawan ang mga kahong hawak duon.

Pag-ikot nya sinalubong sya ng yakap ni Audrey.

"Waaa Ysa na miss kita." Sabi nito.

Hindi sya gumanti ng yakap o kahit na umimik man lang.

Napansin iyon ni Audrey kaya lumayo ito sa kanya.

"Ysa... kumusta? Bakit nawala ka na lang bigla? Bakit hindi ka man lang nagpaalam?" Sunod-sunod na tanong nito.

Kibit-balikat lang ang sagot nya rito.

Marahan nya itong itinulak palayo saka naglakad papuntang exit.

Ramdam nya ang mga titig ni Vane sa kanya ngunit ni hindi nya tinapunan ng tingin ang pwesto kung nasaan ang lima.

"Ang lakas naman ng loob mong bumalik" si Divine na humarang sa dadaanan nya.

"Ano sa salitang umalis dito at lumayo ang hindi mo naiintindihan? Hindi ba pinaalis ka na namin? Oh baka gusto mong mahirapan ulit kaya bumalik ka?"

Sa kauna-unahang pagkakataon nakita ni Gen na ngumiti si Ysa. Pero hindi tulad ng mga inosente nitong ngiti, pang-aasar ang hatid ng ngiti nito.

"Kaya mo bang pahintuin ang hangin?" Sabi nito kay Divine.

"Anong pinagsasabi mo tanga." Inis na sabi ni Divine rito. "Anong katangahan na naman ang sasabihin mo at ganyan ang tanong mo?"

Si Ysa imbes na matakot tinitigan at lalong nginisihan ang babaeng kaharap.

"Kapag kaya mo nang pahintuin ang pag-ihip ng hangin, aalis ako dito."

Hindi nya na ito pinagsalita, tinalikuran nya na ito at lumabas. Wala sya sa mood makipagsagutan dito ngayon.

"She's back." Sabi ni Audrey na nakatingin sa pintong nilabasan ni Ysa. "At ramdam ko ang galit nya sa atin" dagdag nya sabay baling ng tingin kay Vane at sa apat.

Wala naman umimik sa kanila.

"Don't worry mapapaalis ko sya ulit." Si Divine na nakatingin din sa nilabasan ni Ysa. Tinignan nya si Vane pero ang tingin nito ay nasa malayo na.

*****

Tahimik ang cafeteria.

Paano naman kasi maiinit ang ulo ni Vane.

May pagsabog kasing nangyari sa pagkakataong iyon ay dito na sa MC... sa may parking lot.

Walang nahuling salarin.

Napabuntung-hininga si Barbie.

Kelan ba matatapos ito?

"*Asa ka pa, habang-buhay na kayong ganito."*

Hindi nahuli ang hayop nyang amain nang sumugod ang mga ito sa Villa iilang tauhan lang ng DMC ang nahuli at lahat ng iyon napatay nila.

Gusto nya nang matapos ito, dahil sa pesteng clan na iyon may tao silang nasaktan.

Bumuntung-hininga sya ulit.

Mabilis na kumalat sa buong MC na bumalik na si Ysa. Ang Elf na pinagtulungan pahirapan at ibully para mapaalis dito.

Hindi pa nila ito nakikita mula kanina sa Grand hall. Pero naririnig nila na pumapasok ito sa mga subject nito.

Lahat naninibago dito, hindi na daw ito iyong maingay, makulit at inosenteng si Ysa.

Hindi daw ito umiimik at tahimik lang.

Iyong huli nyang narinig may nantrip dito, pinatid ito ng isang estudyante, at iyong estudyanteng iyon dinala sa clinic dahil nabali ang sakong. Why? Because ng papatidin daw nito si Ysa inapakan ng babae ang paa nito. Sabi ng mga nakasaksi they're all heared a SNAP pagkatapos sumigaw na iyong estudyanteng papatid sana kay Ysa.

"Huwag kasing paharang-harang ang paa mo pre, akala ko tuloy tuntungan."

Iyan daw ang sabi ni Ysa pagkatapos ay walang pakialam na naupo ito at natulog na.

Nagbago ito...

Mayroong nagbago dito, sigurado si Barbie duon.

"Vane calm down, mahuhuli din natin ang may gawa niyon." Narinig nyang sabi ni Divine kay Vane.

Napostpone ang mini concert nito dahil sa nangyari, the they after tommorow na gaganapin iyon.

Hindi umimik si Vane nakatingin lang ito sa kawalan madilim ang mga mata at nakakuyom ang mga kamao.

Sigurado syang hindi lang ang pagpapasabog sa parking lot ang laman ng isip nito, may ibang bagay pa...tao.

Naputol iyong katahimikan ng pabalagbag na bumukas ang pinto ng cafeteria at tila patulak na pumasok ang isang lalaki.

Duguan ito at bugbog sarado ang mukha, halos masubsob ito sa pagpasok kung hindi lang nakahawak sa mesa.

Napatayo silang apat, pati si Divine. Pati ang first four ng BW.

Kilala kasi nila ang lalaking ito.

Ito iyong lalaki na suspek sa panununog.

Humakbang sya para lapitan ang lalaki, but when she was half way there, napahinto sya.

Pumasok si Ysa sa pinto.
Putok ang labi at may pasa sa pisngi.

Kitang-kita ng lahat kung paanong napaatras ang lalaki ng makita ito.

Sa pag-atras nito napatumba pa ito patihaya at sa ganoong ayos ay patuloy parin sa nagmamadaling pag-atras.

Wala itong pakialam kahit nababangga nito ang mga mesa o natatapunan ito ng pagkain. Napatayo na nga ang ilang mga estudyanteng Elf sa gulat at kahit sa takot.

"Anong nangyayari?"

Obvious na obvious na may kinakatakutan ito at si Ysa iyon.

Bakit? At sinong bumugbog dito? Si Ysa ba?

Si Ysa nilagpasan ang lalaki na kinahinga nito ng maluwag, pati sya nilagpasan nito.

Lumingon sya para tignan kung saan ito tutungo.

Si Vane nakatayo na, nakaharang sa dadaanan ng babae.

Deretso naman ang tingin ni Ysa, hindi tinignan ang binata sa harap nya na walang emosyon na nakatitig sa kanya.
Huminto sya sa tapat nito at nuon lang ito tinignan.

Ramdam ng lahat ang tensyon mula sa dalawa na ngayon ay isang hakbang ang layo sa isat-isa.

Naglakbay amg mga mata ni Vane sa mukha ni Ysa. Umpisa sa buhok, tenga hanggang sa peklat nya.

Alam ng lahat kung paano nakuha ni Nerd ang sugat na iyon, may nakakita sa eksena ng dalawa, iyong eksenang nagmamakaawa si Ysa pero hindi ito pinakinggan ni Vane bagkus itinulak pa.

May nabasang kung ano si Ysa sa mga mata ni Vane na nakatingin parin sa peklat nya.

Damdamin na hindi nya pinansin.

Inalis nya ang tingin dito at nagpatuloy sa paghakbang.

Napasinghap si Stephanie pati ang lahat sa sunod na ginawa ni Ysa.

Dahil nakaharang si Vane sa dadaanan nito, binangga nito ang binata.

Andon parin iyong kuryente... iyong init.

Ramdam na ramdam ni Ysa iyon ng magdikit ang mga balat nila.

But she will be damn kung hahayaan nyang maapektuhan sya ulit niyon.

Dumeretso sya sa vending machine. Pinukpok ang gilid niyon ng isang beses, saka niyuko, kinuha ang beer in can na nahulog sa machine at ininom iyon.

Gusto nyang mapangisi dahil napakatahimik ng lahat para bang inaabangan ng mga ito ang sunod nyang gagawin.

"I will kill you, the moment you step out here."

Nagulat ang lahat ng bigla syang magsalita. Hindi naman nya pinansin ang mga ito bagkus tinignan ang duguang lalaki na malapit ng makarating sa pinto.

Kumuha sya ng sigarilyo mula sa bulsa sinindihan iyon at saka nagsalita.

"Uulitin ko ang lahat ng mga ginawa ko pero sa pagkakataong ito tutuluyan na kita." Dagdag nya pa.

Nakakatakot.

Iyan ang naramdaman ni Stephanie habang nakatingin sa nagsisigarilyong si Ysa.

Gulat-gulat sya habang nakatingin sa mukha nitong bahagyang natatakpan ng usok.

Hindi nya makita iyong Ysa na una nyang nakilala, kahit kelan hindi nya na imagine na nagsisigarilyo o umiinom ito.

Nanigas iyong lalaki sa kinatatayuan nito hindi magawang humakbang pagkatapos ng mga narinig mula kay Ysa.

Nang humakbang si Ysa papalapit rito, tila daga na nagtatakbo ito sa sulok.

"Ano sa tingin mo ang ginagawa mo Elf!" Biglang sabi ni Divine na humarang sa dadaanan ni Ysa. Pumagitna sya pagitan nito at ni Vane.

Bumuga ng usok sa mukha nya si
Ysa na kanyang kinainis.

"May mata ka nakikita mo naman siguro kung anong ginagawa ko."bored na sagot nito sa kanya.

"Nanggugulo ka! Marami na kaming alalahanin dito para intindihin itong panggugulo mo!" Singhal nya rito.

Ngumisi ito sa kanya na lalo nyang kinainis.

"Nanggugulo na ba ako? Parang hindi naman." Lumapit ito sa kanya. "Gulo? You will know the true meaning of that word kapag ginawa ko iyon. Hindi pa ako nanggugulo girl...naglalaro pa lang ako, at kapag naglalaro ako ayaw ko ng istorbo, baka kasi matanga ako mapagkamalan kong ashtray iyang pagmumukha mo ay idutdot ko ito sayo." Sabi nito na inilapit sa mukha nya ang sigarilyong hawak.

Napaatras sya ng lumapit pa ito.

Kinilabutan. Iyan ang eksaktong naramdaman nya, ngunit pilit nyang itinatago iyon.

Hindi ang katulad lang nito ang kakatakutan nya.

"Ang lakas ng loob mong sa---" nilagpasan sya nito tulad ng ginawa nito kay Vane binangga rin sya nito, halos mapatumba sya sa lakas niyon.

Huminto ulit si Ysa sa harap ni Vane na ngayon ay nakatingin sa sigarilyo at alak na hawak nya.

Ngumisi sya sa binata, iyong ngising sigurado nyang ikaiinis nito.

Babanggain nya sana ito ulit but he angled his body towards her, sinalubong sya nito, kaya iyong balikat at braso nila na sya lang dapat na magbabanggaan, naging buong katawan na.

Hindi sya umatras, kahit nagdikit at naglapat ang mga katawan nila, bagkus tumingala pa sya at sa mukha mismo nito bumuga ng usok.

Naramdaman nya ang pagkilos ng kamay nito na hahawak sana sa bewang nya pero mabilis syang umikot, iglap lang nasa likod na sya nito.

Nagtama ang mga mata nila ni Divine na ang talim-talim ng tingin sa kanya.

"Itabi mo iyong boyfriend mo teh, huwag mong iharang sa dinadaanan ko baka maisipan kong agawin iyan at kunin sayo." She just simply said bago tumalikod at nilapitan ang lalaking takot na takot na nakatingin sa kanya.

She like it. Gustong-gusto nya kapag na natatakot sa kanya ang isang kalaban, madali na kasing mapaamin.

"Pangalan." sabi nya at humithit sa sigarilyong hawak pagkatapos ay lumagok ng beer.

Hindi sumagot iyong lalaki.

Tinanggal naman nya iyong sigariyo sa bibig nya at sa sindak ng lahat pinatay nya iyon sa mismong noo ng lalaki.

"The hell!" Si Stephano.

"Fuck!"

Napamura si Chezter na napahakbang papalapit kay Ysa at sa lalaking sumisigaw na ngayon dahil sa sakit pinagduldulan talaga kasi ni Ysa sa noo nito ang sigarilyo.

Gulat na gulat sya sa ginawang iyon ni Ysa, hindi nya lubos maisip na kayang gawin iyon ng babae.

Ramdam nya ang takot ng lahat ng estudyanteng naruon.

"Tahimik." Simpleng utos ni Ysa sa lalaki na mabilis na tumigil sa pagsigaw.

"H-how can she do that?" Gulat na gulat na tanong ni Stephano.

Iyong takot ng lalaki kitang-kita sa mukha nito. Takot na nakikita niya sa mga kalaban na dinadala nila sa torture room.

Pero ang lalaking ito hindi nakagapos, walang kahit anong pumipigil dito para lumaban kay Ysa pero parang may taling pumipigil sa lalaki hindi ito makagalaw sa takot.

Void in any emotion.
Itinapon ni Ysa ang sigarilyo na nawalan ng ningas at nagsindi ulit.

"Ang ayoko sa lahat ay maingay at hindi sumasagot sa tanong ko. Gusto ko sumasagot kaagad. Magtatanong ako ulit, kapag hindi ka na naman sumagot itong sigarilyo ko sa mata mo na dadapo."

Nanlaki ang mga mata ng lalaki.

"Sagot."

Manghang-mangha si Chezter. Minuto lang napaamin nito ang lalaki sa lahat ng ginawa nito mula sa panununog at pagpapasabog ng parking lot.

Kapag ginagawa nila iyon sa suspect it takes hours or even day to break them pero si Ysa...

"You are a very busy person kuya." Komento ni Ysa.

Itinapon nya ang sigarilyo sa sahig at tinapakan.

"But I want to say sometning to you, kung sakaling makakatakas ka dito sabihin mo ito sa boss mo." Bigla nyang hinila sa kwelyo ang lalaki.

"Kapag dinamay nyo pa ako sa gagawin nyo, iyang putang-inang clan nyo wawasakin ko. Iparating mo iyan dahil kung hindi..." hindi nya tinapos ang sinasabi, pabigla nya itong binitawan kaya napaupo ito. "Iyon ay kung makakatakas ka lang naman dito."

Saka sya tumingin sa mga naruon.

Gulat at takot. Iyan ang nababasa nya sa mga ito maliban sa isang partikular na pares ng mga matang nakatitig ng walang emosyon sa kanya.

Sinalubong nya ang mga matang iyon, then she smirked.

"He's all yours." She said saka sya tumalikod para lumabas.

Nahabol na lang sya ng tingin ng mga ito.

Si Barbie rinig na rinig pa ang mga huling sinabi ni Ysa.

"It's glad to be back."

Napatingin sya kay Chezter, Stephanie, Stephano at Vane.

Mas nagtagal ang tingin nya sa huli.

Pare-pareho ang iniisip nilang lima.

Ysa's back and tortured a man infront of them.

The innocent Ysa.

...Vane's greatest love's back.

At hindi nila alam kung ano na ang sunod na gagawin.

*****

H/n

So... tell me kumusta naman itong chapter na ito?

Salamat po sa pagbabasa sa boboto at magc-comment. ???

13062017npo 18:39

29. Nakatuwalya

Wala nakitang Ysa na pumasok kinabukasan.

Muli kumalat ang balita tungkol sa mga nangyari sa cafeteria.

May naniwala, may hindi.

Mga Elf lang kasi ang nagk-kwento at nagsasabi, ang mga miyembro ng dalawang gang na nakasaksi sa nangyari ay tahimik lang at hindi nagbibigay ng komento.

May sabi-sabing kaya hindi na nakita si Ysa kinabukasan ay dahil pinaalis, meron namang pumasok lang daw ng isang araw ang dalaga para manggulo.

Marami pang mga kuro-kuro at tsismis ang lumabas, kung bakit walang Ysa na nagpakita.
Kaya naman nagulat ang lahat ng kinahapunan nakita ito na natutulog sa isang bench sa may hardin.

Ang sabi ng janitor kaninang umaga pa daw natutulog duon ang babae, at kahit anong ingay ang gawin nito ay nananatiling mahimbing ang tulog ni Ysa.

Matalim ang mga tingin ni Divine na nasa second floor kay Ysa na natutulog sa baba.

Galit na galit sya. Isang araw pa lang itong nakakabalik nagbago at nagulo na nito ang lahat, ito na ang pinag-uusapan, pinupuri ng mga lalaki at kinaiinggitan ng mga babae. Nag-iinit ang ulo nya kapag naririnig ang pangalan nito.

Hindi pwedeng ito ang bida, sya dapat, sya lang dapat.

"Mapapaalis ulit kita. Ipapahiya kita sa lahat. Sisiguraduhin ko na hindi mo na gugustuhin na bumalik dito. Pagkatapos ng mga gagawin ko sayo siguradong hindi ko na makikita ang pagmumukha mo."

Napangiti sya, hindi sya magpapatalo sa babaeng ito, hinding-hindi, sino ba ito kumpara sa kanya? Mas lamang sya, siguradong-sigurado sya dun.With that thought umalis sya sa kinatatayuan.

Kikilos na sya, the sooner the better, mas maaga nyang mapapaalis ang babae, mas mabilis na mailalayo nya ito kay Vane.

*****

Humihikab pa si Ysa habang naglalakad sa corridor.

Napasarap ang tulog nya,ang balak nya umidlip lang pero napahimbing sya.

Higit isang buwan nang wala syang maayos na tulog mapatanghali man o gabi.
Hindi sya makatulog... hirap syang makatulog.

Pero nang mahiga sya sa may bench kanina, pagkalapat pa lang ng likod nya sa kahoy na upuan tulog kaagad sya.

Pinakamahaba at mahimbing nyang tulog mula ng mangyari ang lahat.

May hinahanap ang katawan nya... may hinahanap-hanap sya.
At dahil nasa malapit lang ang hinahanap-hanap nyang iyon napapanatag sya at nakakatulog na.

Mapait syang tumawa,ang kaso iyong hinahanap-hanap nya hindi pa pwedeng maging kanya.

Kaya magtitiis syang laging puyat lalo na kapag wala sya rito sa MC.

Habang naglalakad may bumuhos sa kanyang likido, mabaho iyon at malagkit.
Nang tumingala sya, tatlong babae ang nakita nya, si Divine at ang dalawang babae na pamilyar ang mga mukha.

Kung hindi sya nagkakamali ang mga ito ang nagbanta sa kanya noon na lubayan si Vane, ang nagsabing hindi sya bagay sa binata. Nasampal pa nga sya.

Nginisihan sya ni Divine na ginantihan nya ng ngisi rin, dahilan para samaan sya nito ng tingin.

Nagbaba sya ng tingin at napailing-iling nalang saka nagpatuloy sa paglalakad.

Pinagtitinginan sya ng mga estudyante, nilalayuan dahil sa nasa katawan at amoy nya, wala naman syang pakialam basta naglalakad lang sya.

Kahit ng lumitaw sa kabilang pasilyo at masasalubong nya ang KH hindi nagbago ang tempo ng paglalakad nya.

Nagkatitigan sila ni Vane.

Walang emosyon ang mga mata na pinagmasdan nito ang kabuuan nya. She too looked at him with a blank expression.

Hindi sya nag-iwas ng tingin ng bumalik ang tingin nito sa mga mata nya, kung hindi lang pumuwesto sa harap nito si Divine, malamang walang kukurap sa kanilang dalawa.

"Anong nangyari sayo?" Tanong ni Divine na may nang-aasar na ngiti.

Hindi sya sumagot at wala syang planong sumagot, dere-deretso lang syang naglakad at walang pakialam kahit na may mabangga sya.

Napaiwas si Divine sa takot na madikitan nya, ngunit hindi si Vane.

Hindi ito umiwas, hindi rin huminto sa paglalakad.

Magbabanggaan sila pero wala ni isa ang nag-iba ng hakbang, not until tumunog ang cellphone nya.

Huminto sya at sinagot iyon.
Huminto rin si Vane.
Magkatapat sila wala ng isang hakbang ang layo sa isat-isa.

"Ysa baby." Sabi ng kabilang linya.

Biglang lumiwanag ang mukha nya.

"Nikey baby!" She exclaimed. "Waa I miss you na."

From that moment nakita ni Barbie iyong kilala nyang Ysa. Iyong Ysa na masayahin at inosente.

"Kumain ka na ba?" tanong ng kausap ni Ysa. Naririnig nila dahil kung mag-usap ang dalawa parang hindi cellphone ang gamit.

Humagihik si Ysa. "Hehehehe."

"Alam ko iyang hagikhik na iyan, hindi ka kumakain Ysa."

"Nikey baby... paano ako kakain hindi naman ako nagugutom." rason ni Ysa, inalis ang tingin kay Vane at inilipat sa mga estudyanteng naglalakad sa school ground.

"Baby you need to eat. Asan na ba iyong nag-aalaga sayo dyan bakit hindi ka pinapakain? Or atleast siguraduhin na kumakain ka sa tamang oras."

"Nag-aalaga?" Natigilan si Ysa. Napabalik ang tingin kay Vane. "Wala, walang nag-aalaga sa akin dito Nikey...wala na." she said that habang nakatingin ng deretso kay Vane na tila ba ang binata ang kinakausap nito.

"Saka bakit ako aalagaan Nikey baby hindi naman ako pet ah?" Dagdag na tanong nito. Inalis muli ang tingin sa binata.

"Pfft."

Narinig ni Barbie ang papigil na pagtawa nina Stephano at Chezter.

" Hmm...oo nga no...sorry Ysa." Sabi nang kausap nito.

Napaubo na iyong dalawang lalaki sa likod ni Barbie para mapigilan na makawala ang tawa.

"Okay lang Nikey, ba't ka nga pala napatawag?"

"Ikwento ko lang sayo iyong nangyari sa meeting ko, hindi ko talaga maintindihan kung bakit tingin sila ng tingin sa mukha ko, tapos magbubulungan sila--."

"Pwede ba kung makikipag-usap ka sa cellphone tumab---."

"Shhh..."

Napangiti ng lihim si Barbie ng patahimikin ni Ysa si Divine sa pamamagitan ng pag-taas ng isang kamay nito.

"Baka nagugutom sila Nikey..." Ysa said.

"Siguro nga Ysa baka nga kumain sila tapos panget ang lasa may narinig kasi akong salitang panget eh."

"Hala! baka nga Nikey ilibre mo kasi sila duon sa resto ng friend mo, para makatikim sila ng masarap."

"Naisip ko nga rin iyan...pero alam mo Ysa baby sila lang iyong nakita kong napangitan sa lasa ng

pagkain pero tumatawa pa. Grabe pa silang makahalakhak eh."

"Hala sya, naku layo ka sa kanila Nikey, baka nalipasan na ng gutom ang mga iyon."

"Ganon ba? OO nga no hindi ko naisip yan salamat Ysa baby."

"Welcome Nikey basta ikaw... ano pala ang name ng mga ka business meeting mo?"

May dalawang pangalan na binanggit ang kausap ni Ysa.
Pagkatapos ay nagpaalam na ang dalawa sa isat-isa.

"Bye, bye Nikey baby love you..."

Mula sa kinatatayuan niya nakita nya kung paano kumuyom ang mga kamao ni Vane.

Galit si Vane, sigurado sya duon.

Nang ibaba ni Ysa ang tawag, nagdial sya naman ito.

"Boss." Kumunot ang noo nya ng marinig ang tinawag kay Ysa ng bago nitong kausap.

"I want you to do something." Narinig nilang lahat na binanggit ni Ysa ang mga pangalan na sinabi nang Nike. "Make them ugly." Hindi kumukurap na utos ni Ysa."

"Okay Boss. Ah paanong ugly ba ang gusto mo boss?" Tanong ng lalaking kausap nito.

Isang mala-demonyong ngisi ang sumilay sa mga labi ni Ysa.

"Iyong pagkapanget na kapag nagparetoke sila, mauubos halos lahat ng yaman nila, iyong pagkapanget na gagawin nila ang lahat maibalik lang sa dati ang pagmumukha nila."

Nawala na ulit iyong inosenteng si Ysa, bumalik sa paningin nila iyong babaeng nan-torture sa lalaki kahapon. Iyong bagong Ysa na hindi nila kilala.

"Noted boss."

"One more thing Jiro, send me a fucking video." Iyon lang at pinatay na nito ang tawag at inilagay sa bulsa ang cellphone.

Isang huling tingin ang ibinigay ni Ysa kay Vane bago ito naglakad, akala ni Stephanie babanggain ulit nito ang binata pero umiwas si Ysa at nilagpasan sila.

"Ako lang ba?Bakit parang ibang Ysa na talaga ang kaharap natin? Bakit...parang... nakakatakot si sya ngayon?" si Stephano. Nakatingin sya sa naglalakad na bulto ng babae.

"At bakit Boss ang tawag sa kaniya?" Si Chezter.

Umingos naman si Divine. "Nakakatakot? ano naman ang nakakatakot sa Ysang iyon." Inirapan niya ang likod ni Ysa.
"Baka nagtatapang-tapangan lang iyon at gumagawa ng kwento para mapansin nyo sya. Huwag nyo na nga syang pag-aksayahan ng oras. Tara na Babe." Hahawakan nya sana sa kamay si Vane pero nagpatiuna ito sa paglalakad, lalo tuloy syang naiinis.

"Kailangan mapaalis ko na talaga iyang Ysa na yan."

*****

Naramadama ni Ysa ang marahang pagpasok ng dalawang pares na mga paa sa shower room, mula sa cubicle kung saan sya naliligo.

Hindi sya nagpakita ng indikasyon na narinig nya o napansin ang dalawang intruder na iyon.

Nanatili syang nakapikit hubot-hubad na nakasandal sa pader habang nakatingala at dinadama ang tubig na tumatama sa mukha at katawan nya.

Kanina pa sya sa loob.

Bukod sa mahirap alisin ang mabahong amoy na binuhos sa kanya, wala rin sya sa mood na pumunta sa mga klase nya.

Pumasok sa isipan nya ang mukha ni Vane.

Napatiim-bagang sya, kumuyom ang mga kamao.

"Bwisit ka Bev." Mahinag bulong nya.Patuloy ang marahang pagkilos at maingat na paglalakad ng kung sino sa labas.

Iyong pakiramdam na gusto mong takbuhin ang taong mahal na mahal mo at yumakap dito ng mahigpit, iyon ang mismong naramdaman at nararamdaman nya sa tuwing nagtatama ang mga mata nila ni Vane.

"Damn you!" Pasigaw iyon pero walang boses na lumabas sa lalamunan nya.

Dumausdos sya paupo. Ipinatong ang noo sa mga tuhod.

Hindi lang sa tubig nabasa ang mukha nya, maging sa luhang kahit ilan beses na nyang inilabas ay patuloy parin na tumutulo.

She hate it.

Hindi nya gusto ang ganitong pakiramdam, iyong pakiramdam na gusto nyang patayin si Divine sa tuwing nakikita nyang nakadikit ito kay Vane.

Ayaw nya sa sakit na paulit-ulit na nararamdaman sa tuwing nagtatama ang mga mata nila ng binata at wala syang kahit anong mabasa sa mga mata nito.

Ayaw nyang hindi ito nalalapitan, hindi nayayakap at nahahalikan.

Ayaw nya ng ganito...ayaw nya nito.

"Pero ito na ang meron kayo...nagdesisyon kang bumalik. Ginusto mo iyan, magdusa ka. Gusto mong patunayan sa mga magulang mo na kaya mo hindi ba, di kayanin mo. Tiisin mo ang lahat ng sakit na ipapadama nya sayo."

Nakapikit na tumingala sya at isinandal ang ulo sa pader.

Ano pa bang magagawa nya.

Wala naman talaga syang magagawa maliban sa magtiis at pamanhirin ang sarili para hindi nya madama ang sakit...

? "Wish You Were Here by Avril Lavigne"

?I can be tough
I can be strong
But with you
It's not like that at all
There's a girl
That gives a shit
Behind this wall
You just walked through it
[Chorus:]
Damn, Damn, Damn,
What I'd do to have you
Here, here, here
I wish you were here.
Damn, Damn, Damn
What I'd do to have you
Near, near, near
I wish you were here.
I love
The way you are
It's who I am
Don't have to try hard
We always say
Say it like it is
And the truth
Is that I really mi-I-iss...
No, I don't wanna let go
I just wanna let you know
That I never wanna let go
(Let go, oh, oh)
No, I don't wanna let go
I just wanna let you know
That I never wanna let go
(Let go let go let go let go let go let go let go)??

****

Lumabas sya ng banyo na naka undies lang at nakabalot ng puting tuwalya ang katawan.

Tulad ng inaasahan nya, wala na ang mga damit nya sa locker na pinaglagyan, pati ang kanyang sapatos at bag.

Ngumisi sya, talagang sinusubukan sya ni Divine.

Lumabas sya ng shower room nang nakapaa...at nakatuwalya.

Napapahinto at napapamulagat ang mga estudyanteng nadadaanan nya.

Kahit naman sino magugulat kapag nakakita ng isang estudyanteng naglalakad ng nakatuwalya, tumutulo pa ang basang katawan at buhok.

Wala syang kahit sinong pinansin sa mga ito.
Ang humahangang tingin ng mga lalaki, ang mga pagsipol. Ang gulat at nauuwi sa irap na tingin ng mga babae. Lahat iyon hindi nya pinansin.

Basta naglakad lang sya mula shower room papuntang grand hall na nasa kabilang building.
Kahit mga instructor ang makasalubong nya, deretso parin sya at hindi huminto.

Iyong ilang mga estudyante nakasunod na sa kanya specially ang mga lalaki, ang iba ay may hawak pang video at kinukuhanan sya, hanggang sa makarating sya sa grand hall.

Mula naman sa iniinom na coke, nasamid si Chezter nang makitang pumapasok sa loob ng grand hall si Ysa na nakatuwalya lang, kasunod ang medyo may karamihang lalaki.

"Damn!" Napamura sya ng maramdamamang lumabas sa ilong nya ang likidong iniinom.

Napatingin sa kanya ang apat pang KH ganon din si Rolf na nakabalik na mula sa isang misyon ma inutos ng lolo nito.

Unang tumingin si Rolf sa tinitignan ni Chezter. Nanlaki ang mga mata nya at natumba ang upuan na kinauupuan ng bigla syang tumayo.

Si Stephano napatayo din at napanganga, nalaglag pa mula sa bibig nya ang pizza na kinakain.

Sabay na nanlaki naman ang mga mata ni Barbie at Stephanie.

"Y-ysa..." si Stephanie. Parang modelo si Ysa habang nakapaang naglalakad papunta sa stage.

"Hot." Komento ni Rolf habang nakasunod sa babaeng tila nagm-model lang ng tuwalya.

Wala syang mabasang hiya sa mga mata nito. She's confidently walking towards stage. Tila nga hindi ito nakatuwalya, naglalakad kasi ito na nakababa ang dalawang kamay, at hindi man lang humahawak sa hugpungan ng tuwalya, halatang hindi ito natatakot na makalas iyon.

Napatingin sya kay Vane.

Napangisi sya sa nakitang reaksyon ng kababata.

Nakatayo narin ito, he read shock, admiration and lust in his eyes then he saw fire in them, sign that he was so angry and outrage. Sabay-sabay nyang nabasa ang mga iyon sa mga mata ni Vane.

Hindi tuloy nya maiwasang mapatawa.

"Ano nang gagawin mo Montereal?"

Huminto naman si Ysa sa harap ni Divine na nasa sa itaas ng stage.

Hindi nya pinansin ang mainit na tingin ibinibigay sa kanya ng isang pares na kulay tsokolateng mga mata.

"Well tignan nyo kung sino ang nandito ngayon." Sabi ni Divine na nakapameywang na lumapit sa kanya.

Dahil nasa stage ito nakatingala sya rito.

"The nerd is here, wearing just a towel. Huwag mong sabihin na naglakad ka mula shower room hanggang dito. My gosh sigurado akong hiyang-hiya kana." pinasadahan sya nito ng tingin saglit lang but she was quick to notice the envy in her eyes.
"Sa katawan mong iyan. Siguradong gusto mo ng lumubog sa kinatatayuan mo ngayon." Malakas ang boses ni Divine. Gusto nyang marinig ng lahat ang sasabihin nya, gusto nyang ipakita na kakayan-kayanin nya lang ito, tamang-tama na may sumunod dito mas maraming tao mas mapapahiya ito at mas maraming makakakita na sya lang ang dapat katakutan at pag-usapan.

"Poor Ysa. Alam kong hindi maganda ang katawan mo. Pero bakit naman kasi naglalakad ka ng nakatuwalya lang. Grabe desperada ka na bang mapansin ni Vane. Well girl sorry. Kung ano ka noon ganon ka parin sa paningin naming dalawa...at nang lahat rito. Nagbago ka man ng pananamit, at kahit nambugbog ka pa sa harap ng lahat you will still the stinky...nerdy elf ng MC, hindi na mababago ang katotohanang iyon." Sabi nya. Sigurado syang magtatakbo ang babaeng ito sa sobrang hiya at kapag nangyari iyon magpapainom talaga sya.

Ngunit nagulat sya ng ngumiti si Ysa sa kanya, at bigla nalang umakyat ng stage ng hindi gumagamit ng hagdan. Tumalon ito paakyat.

Bahagyang dumausdos ang tuwalya sa katawan ni Ysa ngunit hindi sya nag-abalang hawakan iyon. Bagkus ngumisi sya at idinipa ang dalawang kamay.

"Look at me...do I look like embarassed to you? Mukha ba na kinakahiya ko ang katawan ko?" Umikot sya. " Sa tingin mo dapat ko bang ikahiya ang katawang ito? "

Hindi nakasagot si Divine tumalim lang ang tingin sa kanya.

Humarap sya sa mga taong nanood sa kanya.

"Rolf do you find me sexy?" Bigla nyang tanong kay Rolf. Nabasa nya ang pagkabigla nito sa biglaan nyang tanong ngunit mabilis din itong nakabawi, ngumisi ito at tumango.

"You are sexy Cutie, so fucking hot! You have a body to die for at isa na ako sa handang mamatay para sayo." Saka nya ako pilyong kinindatan.

Napatawa sya at muling hinarap si Divine.

"See hindi ko kinahihiya ang katawan ko. Sa tingin mo kung nahihiya ako maglalakad ako papunta rito ng nakaganito. I have a spare clothes in my personal locker. Kung nahihiya ako duon ako unang pupunta at hindi sayo." Pagkatapos ay napailing sya. "And no hindi ako nagpapansin kay Vane... you can have him to yourself, isaksak mo pa sa baga mo. Kung lalaki lang ang pag-uusapan marami na ako nyan, hindi ko na kailangan ang isang Vane Montereal."

"Hindi rin ako pumunta rito para magpapansin, pinuntahan kita para kunin ang bag ko na mukha namang wala sayo. Ay oo nga pala naandon nga pala sa dalawa mong alipores right? Pero dahil naandito narin

naman ako iinisin na kita."

Hinawakan nya ng hugpungan ng tuwalya.

"I'm Angelique Ysa Santiago. I'm the stinky nerdy Elf of MC, but then let see kung ganon parin ang magiging tingin ng lahat sa akin kapag ginawa ko ito."

Tinanggal nya ang pagkakabuhol ng tuwalya at hahayaan na sanang malaglag iyon sa katawan nya ng...

..may mga kamay na humabol duon.

...mga kamay na inikot sya paharap upang itago sa katawan nito ang katawan nyang bibilad sana sa lahat.

... mga kamay na kumabig at pumulupot sa kamay nya.

...mga kamay na humawak sa tuwalya para hindi iyon tuluyang mahulog sa kanyang katawan.

... mga kamay na pag-aari ng lalaking may tsokolateng mga mata.

...mga kamay na inaasam nyang muling humawak at dumikit sa balat nya.

*****

H/n

Napapapikit na talaga ako promise.

Kapag nasaktan sa pag-ibig lahat ginagawa kahit na mali.
Lagot si Ysa kay Angela at Dylan hahaha pero mukhang mas lagot sya kay Vane.

Good night na...
Salamat sa pagbabasa sa boboto at magkokomento?

Thanks

Helliza Sabida.

13072017xfe 22:22

30. Mga Lalaki ni Ysa

Kinabig si Ysa ni Vane papunta sa katawan nito, hanggang sa magdikit ang mga katawan nila.

Nang tumingala sya nakatitig sa kanya ang binata.

She want to rest her head in his chest. Gusto nyang yakapin ang binata at hindi na humiwalay dito.

Gusto nyang sabihin nito na okay na ang lahat at isang malaking biro lang ang nangyari ng nakalipas na buwan.

But then, her heart and soul shattered again ng marinig ang sinabi nito.

"You are making a commotion Elf. Ang ayaw ko sa lahat nagugulo ang MC para sa isang tulad mo lang."

"Vane..." si Rolf na lalapit sana sa mga ito pero tinignan ng matalim ni Vane.

"Why did you came back, sa pagkakaalam ko pinaalis ka na rito?" Baling ulit ni Vane kay Ysa na blanko ang mukha.

Napangisi naman si Divine. "My Babe is right. Naitanong ko na sayo ito Nerd, bakit ka bumalik rito eh wala ka naman nang babalikan." Nang-aasar na sabi pa nito.

Itinulak naman ni Ysa si Vane, pero tila bakal ang mga kamay nito sa bewang nya.

"Let me go!" She hissed.

"Why? Para iparada mo sa lahat iyang katawan mo?" Tumawa ng pagak si Vane. "I'm sorry Elf, you do have a body to die for pero para sakin isang walang kwentang katawan lang iyan. I can have many girl too, mas maganda at sexy pa sayo. Like what you said hindi ko rin kailangan isang Ysa Santiago sa buhay ko. Tapos na akong laruin ka at wala na akong planong umulit pa."

Ysa's heart bled out, pero hindi nya hinayaang bumakas iyon sa kanyang mukha.

Hindi sya sumagot o nagsalita tinignan nya lang ng deretso sa mga mata si Vane.

Natitigan ang dalawa, parehas silang walang pakialam sa paligid, parehas na hindi gustong alisin ang tingin sa isat-isa.

Itinulak nya ulit si Vane, pero tulad kanina hindi ito bumitaw.

"Don't worry hindi naman para sayo ang katawang ito." She said after a minutes of silent. "Tulad nga ng sabi ko, hindi lang naman ikaw ang lalaki sa mundo. Bumalik ako, hindi para balikan ang kung anong putang-inang meron tayo. Bumalik ako dahil magtatapos ako...ng pag-aaral dito." Madiin nyang sabi. "I'm just here to graduate nothing more nothing less, but if your fucking girlfriend did or do something to me, pasensyahan tayo pero gaganti ako." Ngumisi sya. "Tell that bitch to fuck-off dahil lahat ng gagawin nya sa akin gagantihan ko ng gulo. Did you hear me Vane Montereal? Itali mo iyang girlfriend mo sayo para hindi na maulit ang ganito."

Nagulat ang lahat sa sunod-sunod na mura nya..she the ever sweet and innocent Ysa.

"Why don't you leave? Sa ibang school ka magtapos. You...are...not...welcome here Elf."

A hand grip Ysa's heart, her mind is crying in pain, pero taas ang noong sinagot nya parin ito.

"Tulad ng tanong ko sa girlfriend mong pilingera, kaya mo bang pahintuin ang hangin? Kapag kaya mo, sigurado ako ni anino ko hindi mo na makikita dito."

"Huwag mo akong hamunin babae, I can kill you...ng walang pag-aalinlangan." Sabi ni Vane na nakuha agad ang ibig sabihin ni Ysa. "So you better leave at huwag nang bumalik dito... kahit na kailan."

Nilapirot, sinakasak at tila ginutay-gutay ang puso nya sa sinabi ng lalaki.

Nahihirapan na naman syang huminga... naninikip na naman ang dibdib nya.

Ngumisi sya, ngising sinabayan ng lungkot ng kanyang mga mata.

"Then kill me, be my guest." Hamon nya sa binata.
"and end this damn pain!" Dugtong ng isip nya

Naramdan nya na humigpit ang mga braso ni Vane sa kanyang bewang. Mas nagdikit ang mga katawa nila. Mas mas nadama ang init at kuryente na hatid nito.

"You can kill me here, right now. Hindi ako lalaban...pero sayo lang. Sayo lang ako...hindi lalaban, ibang usapan na kapag ibang tao ang gumawa lalo na ang babaeng iyan." Itinuro nya si Divine ng hindi lumilingon sa babae. "Ikaw lang dapat. Dahil kapag iba ang gumawa... sinisigurado ko sayo, sila ang mauubusan ng hininga bago ako." She said in a steely and cold voice.

Natigilan ang lahat sa sinabi ni Ysa. Pakiramdam ng mga ito totoo iyon at kayang-kayang gawin ng babae ang mga sinabi nito.

"Only you could kill me... only you...Bev." Ibinulong lang iyon ni Ysa habang nakatingin sa itim na damit ng binata. Bulong na hindi nya alam kung narinig nito o hindi. Dahil wala syang nakita na kahit anong reaksyon sa mukha nito.

"What is this? Anong meron at may pagtipon kayo dito?"

Napatingin ang lahat sa entrance ng grand hall ng magsalita ang isang lalaking hindi studyante ng MC. Three handsome man na nakatayo sa labas ng pinto.

"Stendi!" Gulat na sabi ni Stephanie.

Stendi Montereal smiled nang makita ang kababata. Pinsan sya ni Vane at kaibigang matalik ng lalaki.

"Hello people, bati naman ng isa pang lalaki."

"Mik..." Si Chezter habang nakatingin sa pinsan nito.

"Hi long time no see." Si Vox na kumaway pa.

Stendi Montereal, Vox Darius Crawford at Mikael Mondragon.
They are the three rebels of the Family. Pinsan ni Vane, Barbie at Chezter. Binansagan din na three idiots ng clan dahil sa mga kalokohan na pinaggagawa ng binatiyo pa lamang ang mga ito.

"Stendi." Bumakas ang gulat at kasiyahan sa boses ni Vane ng makita ang pinsan at kasangga sa mga kalokohan noon. Kapatid din kung ituring ito ng binata.

Binitawan nito si Ysa.

Kumunot naman ang noo ng babae ng sa harap nya pumuwesto ang binata, dahilan para matago sya sa likod nito.

Hindi nya alam kung itinatago sya nito, o kinakahiya na makita ng mga bagong dating.

Pumasok sa loob ang tatlo.

"How are you guys?" Nakangiting bati ni Mik na kay Barbie nakatingin.

Tumaas naman ang kilay ng dalaga. "So the three idiot is back ano naman kayang kalokohan at kabalastugan ang pinaggagawa nyo?"

Tumawa si Vox.

"Magugulat ka pinsan."

Yumakap ang mga babae sa tatlo habang tapikan naman ang ginawa ng mga lalaki kabilang si Rolf na ngiting-ngiti na makita ang mga kaibigan.

Si Vane nasa stage parin...sa harap ni Ysa.

Dahil puro kalokohan, hindi kasali ang tatlo sa dalawang gang, galit ang mga Elder sa tatlo dahil sa mga pagsuway at kung ano-anong kalokohan na pinaggagawa ng mga ito.

Kanya-kanyang kumustahan pa ang nangyari.

Nanatili si Vane sa harap ni Ysa.
Si Divine naman ang talim ng tingin sa kanya na hindi naman nya binibigyan ng pansin.

"Ano nga palang pakay nyo rito at naligaw kayo?" Tanong ni Rolf sa tatlo.

Sabay-sabay naman na nanlaki ang mata ng tatlo.

"Oh shit!" Sabay-sabay din nilang sabi.

"Damn may hinahanap pala kami. Shit!" Sabi ni Stendi na tinignan ang dalawa.

"Yeah, na obviously nakalimutan nyo at isang araw din kayong late Montereal." Crossed arm umalis ang nagsalitang si Ysa sa likod ni vane.

Napatingin ang tatlo sa kanya.

"Boss!" Sabi ng tatlo kasabay ng ng mga mata.

"What the hell!" Mabilis na kumilos si Stendi, lumapit sya at umakyat ng stage habang hinuhubad ang jacket na suot. Kasunod niya sina Vox at Mik.

Nilampasan ng tatlo ang nagulat na si Divine at ang nagtakang si Vane.

"Hindi ko kailangan nyan Montereal." Sabi nya na inalis ang jacket na ibinalabal ni Stendi sa katawan nya.

"Boss alam naming sexy ka, hot at maganda, hindi mo na kailangan ipangalandakan iyon. For petesake! Baka sakalin kami ni D at A!" Si Vox na napailing at bumakas ang takot sa mukha dahil sa kung anong iniisip.

"Iyong pinabili ko." Balewala naman nyang sabi.

Inabot ni Mik ang hawak nitong paper bag sa kanya.

Nang aktong tatanggalin nya ang tuwalya mabilis na tumalikod ang tatlo, pero hindi umalis sa harap nya. Tinanggal ni Vox at Mik ang suot din na jacket at saka sya pinalibutan ng tatlo gamit ang mga jacket itinabing ng mga ito iyon sa kanya na tulad ng isang kurtina.
Naitago sya ng mga jacket at ng katawan ng tatlo sa mga mata ng lahat, kaya nagsimula na syang magbihis.

"You three are fucking so late.: Sabi nya na sinampay ang tuwalyang tinanggal, sa balikat Ni Mik.

"Sorry Boss trapik." Sagot ni Vox.

"nang isang araw!" Sinuot nya ang kulay itim na long sleeve polo, pagkatapos ay ang itim na skinny jeans pati ang itim na medyas at itim na converse shoes. "Sino sa inyong tatlong ang namili ng mga ito?" nang matanya ng tatlo na tapos na sya, humarap ang mga ito sa kanya.

Yumuko si Stendi para isintas ang sapatos nya, habang sina Vox at Mik naman ay tinupi ang manggas ng kanyang damit.

"Me." sabi ni Mik sa tonong proud na proud. "Tama talaga ako, you really look hot in black as always."

Napamaang nalang ang lahat sa apat.

"*Kilala nila si Ysa?"* Gulat na naisip ni Barbie habang tinitignan ang pinsan at ang dalawa kaibigan na inaasikaso si Ysa. Sa galaw ng apat parang matagal nang magkasama at magkakilala ang mga ito.

Si Divine mas lalong naiinggit, sa paningin nya, kung iturin kasi ng tatlo si Ysa parang prinsesa.

Wala pang lalaki na yumuko at inayos ang sintas ng sapatos nya. Wala pang lalaki na nagtupi ng manggas ng damit nya.

Kilala nya sila Stendi, Vox at Mik. Hindi nya kaibigan ang tatlo sa kadahilanang hindi nya gusto ang reputasyon ng mga ito, but now looking the way they fussed in that girl, parang gusto nyang maging kaibigan din ang mga ito.

Napatingin naman si Rolf kay Vane, nang suklayin ni Stendi ang basa at maikling buhok ni Ysa sa pamamagitan ng kamay nito.

Walang emosyon ang mukha na nakatingin si Vane sa apat.

"*Ano Vane kaya pa ba? Hinahawakan na sya ng iba okay lang ba?"*

Iyan ang mga mensaheng pinaparating ng mga mata ni Rolf kay Vane ng humarap ito sa kanya.

Still Vane face remained impassive.

Binatukan naman ni Ysa si Mik.

"Maluwang iyong pants." Sabi nya.

"Ouch Boss size mo kaya yan."

"Hindi ka kasi nagkakain Boss kaya ganyan." Wika naman ni Stendi.

"Tsss." Iyan ang sagot nya sa sinabi nito.

Naglakad sya, huminto, nagtama ang mga mata nila ni Vane.
Ilang segundo nagtagisan ng tingin ang mga mata nila bago nya ito nilagpasan.

"Hey Boss saan ka?" tanong ni Vox. Humakbang silang tatlo pasunod sa kanya. Huminto sya sa paghakbang at nilingon ang mga ito.

"May dalawang klase pa ako, kita na lang tayo sa bahay. Catch up with your friends and relatives para hindi kayo mainip." after she said that bumaba sya ng stage same way kung paano sya umakyat kanina.

Tumabi iyong mga estudyante na kanina pa nanonood sa mga pangyayari, may kumukuha parin ng video, na hindi naman nya pinapansin.

Nang tuluyang makalabas si Ysa, iyong nakangiting mukha ni Stendi, biglang sumeryoso.

"What's the meaning of that, bakit nakatuwalya lang si Ysa?"

"Binu-bully nyo ba sya?"

Seryosong tanong nito at Vox kay Vane.

Hindi naman sumagot si Vane bagkus hinarap nya ang lahat ng nanduon.

"If I saw a video about this in social media, humanda kayo sa akin. Kapag nalaman kong may video kayo ng mga nangyari ngayon sa kahit anong gadget nyo, kahit sino pa kayo, kahit gaano pa kayo karami...lahat kayo papasok ng torture room."

Natigilan ang lahat, ang mga kumukuha ng video dali-daling huminto at binura ang mga nakuha nila, babae o lalaki lahat nagbura. Pare-pareho nilang hindi gusto na pumasok sa torture room. Sino ba ang gustong matorture?

Pagkatapos sabihin iyon ni Vane bumaba narin ito ng stage at naglakad palabas.

"Hmmm...cafeteria tayo guys." Alanganin yaya ni Stephano kina Stendi.

Nagtinginan naman ang tatlo, na pagkuway tumango din.

*****

"Ang ibig mong sabihin,si Ysa ang tinutukoy mo sa mga email mo Steph." Hindi makapaniwalang sabi ni Stendi na nakatingin kay Stephanie.

Nasa cafeteria sila kasama ang KH at BW.

"Si Ysa ang binu-bully nyo?" Vox repeated.

Si Mik naman hindi makapaniwala ang mukha.

"Binully nyo sya? Buti buhay pa kayo?"

"What do you mean?" Kunot noo na tanong ni Rolf.

Nagtinginan ang tatlo at umiling.

"Si Ysa kilala nyo sya." Barbie stated.

"Yeah." maikling sagot ni Vox.

"Bakit Boss ang tawag nyo sa kanya?" Si Audrey.

Noon naman sabay na ngumiti ang tatlo.

"Si Ysa. Napapasunod nya kami sa kung anong gusto nya, kaya naman Boss ang tawag namin sa kanya."

"At proud kayo dun." Sabi ni Chezter.

"Man, we're not proud. We are very proud." Nakatawang sabi ni Mik.

Tumaas naman ang kilay ni Divine.

"So kung ano man ang mangyari hindi nyo sya iiwan at kung sakali handa kayong saluhin ang bala na para sa kanya?"

Uminom si Stendi sa beer in can na hawak saka sumagot.

"Yes, ng walang pag-aalinlangan." Walang kagatol-gatol nyang sagot na kinabigla ng lahat.

"We are Ysa's man till our last breath." Seryosong sabi ni Vox.

"Teka nga. Nagtataka na ako. Bakit? Unang kita nyo pa lang kanina sa kanya kung pagsilbihan nyo sya parang prinsesa, then this handa kayong mamatay para sa kanya. Pwedeng pakipaliwanag, malabo kasi,sobrang labo." Barbie's frowning in the three man habang sinasabi iyon.

"Because she's our Princess." Napailing na napangiti si Mik ng lalong naguluhan ang mga kaharap maliban kay Vane na walang reaksyon at tahimik lang.

"No need to explain caz, basta kaming tatlo ay mga lalaki ni Ysa. Oh lets put it this way to make it simple. We are Ysa's knight. "

Hindi parin maintindihan ni Barbie.

Hindi naman kasi nasagot ng mga ito ang tanong nya.

"Who is Ysa?" Sa kauna-unahang pagkakataon nagsalita at nagtanong si Vane.

Si Stendi ang sumagot dito.

"Ask her, not us, hindi kami authorized na sagutin iyan." Sinadya ni Stendi na iyon ang isagot. Saka nya seryosong dinugtungan ng..."kayo ang dahilan why Ysa's back in her old self, again."

Natahimik ang lahat natigilan, bagamat mas lalong naguluhan dahil hindi maintindihan ang ibig sabihin ni Stendi tungkol kay Ysa, ang katahimikan namang iyon ang sumagot sa tanong ng binata.

Tumayo sya at lumapit kay Vane. Alam nyang nakita nito ang suntok nya, pero hindi ito umiwas, natumba ito kasama ang upuan. Napatayo ang lahat at humarang sa pagitan nila si Rolf.

"Hindi kita sinuntok dahil galit ako sayo bro. That punch is for the innocent girl na umiiyak gabi-gabi, naglalasing at hindi kumakain. Ang sabi ko susuntukin ko ang may gawa niyon kay Ysa. Pero dahil ikaw iyan isang suntok lang okay na. Dahil alam ko, sigurado ako na hindi mo rin sya gustong saktan. Hindi ko alam kung bakit at anong dahilan mo pero sana lang tigilan mo na..." marahan nyang itinulak si Rolf at iniumang ang kamay kay Vane para tulungan itong tumayo. "pero dahil nga ikaw si Vane hindi ka makikinig sa akin, kaya magtitiwala na lang kami sayo."

Inabot naman ni Vane ang kamay nya. Hinila nya ito patayo.

Tinapik sya nito sa balikat at saka bumulong sa kanya.

"Just take care of her...alagaan mo ang mahal ko... ang buhay ko. Just take care of my wife bro....for a while."

Natigilan sya sa sinabi nito.

Walang nakarinig sa sinabi kundi ako lang.

Walang buhay na ngumiti sya sa akin bago tumalikod at lumabas ng cafeteria.

"Ano bang nangyayari Vane?" Tanong nya sa isip habang nakatingin sa nilabasan ng pinsan at matalik na kaibigan.

Isa lang ang alam nya...

...hindi ito masaya.

*****

H/n

Ano guys i-p.o.v ko na ba si Vane? :) :)

Thanks sa pagbabasa, sa mga boboto at magkokomento:)

Thank you

Helliza Sabida

13112017tbu 9:58

31. Magbalik

"Nasaan sina Stendi?" Tanong ni Stephanie kinabukasan.

Nalaman nila na nag-enroll ang tatlo dito sa MC kagabi ng mag-inuman sila. Umalis lang ang tatlo ng makatanggap ng tawag.

Nagkibit-balikat si Barbie.
Wala pang instructor kaya inaaliw nya ang sarili pagm-make-up.

"Babe nood tayo sine mamaya." Pumulupot ang kamay ni Divine sa braso ng nakapikit at nakikinig ng music na si Vane.

Nagmulat ito ng mga mata, tumingin sa kanya bago walang ganang tumango.

"That's great may gusto ako mapanood na movie." Excited na sabi ni Stephanie.

"Kami lang ni Vane--."

"Oo nga matagal-tagal na rin simula ng manood tayo ng sine." Si Chezter.

"But--."

"That's cool in ako." Si Stephano.

"Okay mall tayo mamaya." Sabi naman ni Barbie.
Mula sa hawak nyang salamin nakita nya ang pagsimangot ni Divine.

Inis na inis naman si Divine, dapat sila lang ni Vane pero sumabit na naman ang apat.

"Good morning." Masayang bati ni Stendi na pumasok sa loob kasunod si Mik at Vox.

"Anong nangyari sa mukha nyo?"tanong ni Stephanie.

Parehas kasing may pasa at sugat sa pisngi ang tatlo.

Nakatawang umupo sa mga bakanteng upuan ang tatlo, na sa harap lang ng lima.

"This?" Itinuro ni Stendi ang pasa sa may panga. "Nothing, napaaway lang." Dugtong nya sabay kuha sa salamin na nasa kamay ni Barbie at ineksamin ang mukha.

"Wala pa kayong isang araw dito may nakaaway na kayo. Goodluck talaga sa inyo sa mga Elder." Iiling-iling na sabi ni Barbie.

Ngisi naman ang sinagot ng tatlo sa kanya.

"O bakit nay dala kang gitara?" Takang tanong ni Chezter sa pinsan na si Mik.

"Ah ito ba? Gagamitin ito mamaya ni--." Natigil sa pagsasalita si Mik ng mula sa pinto pumasok din si Ysa na tulad ng tatlo ay may pasa at sugat sa mukha.

Nagkaruon ng bulungan sa paligid, nagulat sila kasi hindi naman nila kaklase sa klaseng iyon si Ysa.

"Anong ginagawa nyan dito?" Taas kilay na tanong ni Divine.

Tumingin rito si Vox. "Pinabago namin ang schedule nya para kaklase namin sya sa lahat ng klase namin."

"you mean magiging klasmeyt na din namin sya dahil iyong schedule namin ang ginaya nyo?" si Barbie.

Si Mik ang sumagot. "Yup."

Sagot na hindi nagustuhan ni Divine.

"What hapenned to her face?" Tanong ni Chezter.

"Oh that, sya ang nagsimula ng away back-up lang kami."

Kinawayan ni Stendi si Ysa at itinuro ang upan sa tabi nito, sa mismong harapan ni Vane.

Wala ganang naglakad si Ysa papunta ruon.

Tulad ng dati nagtama ang mga mata nila ni Vane, sandaling tinignan nito ang mukha nya bago muling bumalik sa kanyang mga mata.

Tumayo ang tatlo at hinintay na makaupo sya habang inaabot ni Mik ang bag nya. Ngunit bago iyon sinikmuraan nya muna ito.

Nanlaki ang mata ng lahat, napauklo si Mik habang natawa naman si Stendi at Vox.

"Sinong gago ang may sabing pakialaman nyo ang schedule ko?"

"Geez... h-hindi ako ang nakaisip non boss si S-stendi, ako lang ang malas na natalo sa jack en poy."

Napatigil sa pagtawa si Stendi ng tignan nya ng matalim.

"I just want na magkasama-sama tayong apat Boss." Taas ang dalawang kamay na dahilan nito.

Tinignan nya ito ng ilang segundo.

"Tsss..." sabi nya na lang, bago pumunta sa upuan nya.

Pabagsak syang naupo, ginalaw-galaw ang balikat bago umuklo sa mesa ng upuan.

She can feel his eyes on her, ipinaling nya ang mukha nya hanggang sa magtagpo ulit ang mga mata nila.

Black to brown, brown to black.

Hindi sya kumukurap habang nakatitig dito, hindi nya rin tinitignan si Divine na nasa tabi nito.

Basta nakatitig lang sya sa mga mata at ito sa kanya...hanggang sa unti-unti syang antukin at tuluyang makakatulog.

*****

"Tignan mo na." Itinulak ni Vox sa balikat si Stendi.

"Anong ako? Ikaw na." Hinila naman ni Stendi si Vox.

"Si Mik na lang."

"Hey, hey, hey anong ako, nasikmuraan na ako di ba, pass na ako dyan kayong dalawa na lang."

"Ayoko nga eh, nasapak ka na rin naman lubos-lubusin mo na."

"Ulol" Mik raised his middle finger to Vox.

"Ano bang pinag-uusapan nyo, at tigilan nyo na nga iyang paghihilahan." Sita ni Barbie sa tatlo.

Wala paring instructor na pumapasok sa klase nila.

Tumigil naman sa paghihilahan ang tatlo.

"Basta hindi na ako sasali." Final na sabi ni Mik.

Tumayo sina Vox at Stendi.

Nagtatakang tinignan naman sya ng first four, habang nakatitig parin si Vane kay Ysa na natutulog, kahit anong gawin na tawag ni Divine dito hindi parin nito makuha ang pansin ng binata.

"Nag-isip bata na naman kayo." Komento ni Stephanie nang mag jack en poy sina Stendi at Vox.

"Damn!" Napamura si Vox ng sa ikatlong pagtira ay natalo sya, paper vs. Scissor.

"Good luck bro." Tapik ni Stendi sa balikat ni Vox.

"Sagot ko na ang panghospital mo pre." Komento naman ni Mik.

"Shit!" Mura parin nya habang kinukuha ang medicine kit na nasa bag ni Stendi.

Nakasunod ang tingin ng lahat kay Vox ng lumapit sya sa natutulog na si Ysa.

Pati si Vane napatingin sa kanya. Umalis naman si Stendi sa upuan nya para makaupo duon si Vox paharap kay Ysa.

Huminga muna ng malalim si Vox. Iniaangat nya ang isang kamay papunta sa manggas ng suot na damit ni Ysa, sa may bandang kaliwa.

Dahan-dahan nyang hinila iyon ng pigilan sya ni Vane.

"Anong ginagawa mo?"salubong ang kilay na tanong nito sa kanya.

"Relaxs bro I know she's yours, gagamutin ko lang iyong sugat nya."

Ilang sandali sya nitong tinignan bago sya nito binitawan.

Pinagpatuloy naman nya ang ginagawa.

Suminghap si Barbie at Stephanie, nanlaki naman ang mga mata ni Stephano at Chezter habang napailing-iling si Stendi at Mik ng lumitaw ang sugat ni Ysa. Sa ibaba ng braso iyon sobrang lapit na sa tattoo ng babae.

Kumuyom ang mga kamao ni Vane.

It's a three inches knife wound. May kaunting dugo pa sa paligid niyon na marahil ay nagdugo dahil sa paggalaw-galaw ng dalaga.

"Saan nya nakuha iyan?" Tanong ni Barbie.

"This girl kahit kelan talaga hindi ka maniniwala na hindi malala ang sugat nya." sabi ni Stendi.

"Ano ba kasing nangyari?" Ulit ni Barbie ng hindi sagutin ni Stendi ang tanong nya.

Nagkibit-balikat ito. Tinignan sya.

"Napaaway lang."

"Anong klaseng away yan patayan na ba?"

"Away para sa ikabubuti ng lahat." sagot ni Stendi sa kanya pero kay Vane ito nakatingin.

Si Vane nakatingin parin kay Ysa na ginagamot na ni Vox.

"Shit!" Mura ni Vox ng gumalaw ang babaeng ginagamot, napigil nito ang hininga na pinakawalan din ng hindi naman nagising si Ysa.

"Careful man lagot ka talaga dyan kapag nagising iyan." asar ni Mik.

"Ano sa tingin mo ang ginagawa ko." mahinang singhal ni Vox dito.

Lumipas ang sandali natapos din sya.

Mabilis syang lumayo kay Ysa.

"Yes success!" Napasuntok pa sya sa hangin.

"sayang sana sinipa ko iyong upuan ni Ysa para magising, I want to see kung ano ang gagawin nya sayo." Si Stendi

"Gago!"

"Hindi ko maintindihan bakit parang takot na takot kayo sa kanya." Nakaismid na sabi ni Divine.

Tinignan sya ng tatlo.

"Kapag nagalit yan, sigurado ako, pati ikaw matatakot." Seryosong sabi ni Stendi.

"Galitin mo na ang lahat huwag lang si Ysa." Si Vox.

"Tama." Sang-ayon ni Mik sa dalawa.

"Ano ba kasi si Ysa. Simula ng pumasok yan misteryo na yan sa amin. Hindi nya sinasabi kung sino ang pamilya nya. Edad, birthday at address nya lang dito ang alam namin." Tinignan ni Chezter si Ysa.

"Hindi pa namin sya nakitang nagalit she's always smiling, mabiro at medyo tanga but never pa namin syang nakitang nagalit, oo nagbago sya simula ng bumalik sya, nagmumura, umiinom, nanakit pero hindi ko makita kung ano iyong sinasabi nyong nakakatakot sa kanya." Sambit ni Stephano na sinang-ayunan ng tatlo.

Inabot ni Mik ang braso ni Stephano tinapik.

"Hayaan na natin, huwag nyo nang hilingin na lumabas si Lethal Ysa..."

"Lethal Ysa?" Si Stephanie.

Magsasalita pa sana ito ng magring ang cellphone ni Stendi at napatingin sila duon.

Sumenyas sya ng sandali bago kinuha ang cellphone at sinagot iyon.

"Razor?" Nakinig sya sa kabilang linya. "Tulog pa...anong gagawin ko eh natutulog pa nga? Aba Ne mahal ko pa buhay ko...ikaw ang gumising. Okay...okay bubuksan ko na." Binaba nya ang tawag at bumaling kay Mik.

"Open your tablet video call na daw."

Sumunod naman si Mik.

Binuksan nito ang tablet, ilang sandali pa lumitaw sa screen ang isang sala na may mga kalalakihan at kababaihan na nagkakasiyahan. Marami ring pagkain at inumin na alak sa paligid.

"Stendi, Vox, Mik mga par bakit wala kayo dito?"

Curiously nakisilip ang first four sa screen.

"Who are they?" Tanong ni Stephano.

"Oh, mga kaibigan namin." Pinakilala ni Stendi ang mga ito, pagkatapos ay sila. "Guys pinsan at kaibigan ko."

Sabay-sabay na nag hello ang mga nasa kabilang screen, ang iingay at ang gugulo ng mga ito. Umagang-umaga nag-iinom na.

"Nasaan si Boss?" Tanong ng babaeng may pangalan na Razor tingin ni Chezter mas bata ito sa kanila ng tatlong taon.

Ipinokus naman ni Mik ang camera sa natutulog na si Ysa.

"Ate! Ate! Angelique!"

"Fuck shit!" Inilayo ni Mik ang tablet.

"Anong ginagawa mong bata ka" singhal ni Mik dito.

"Sabi ni Ate gisingin ko sya i'ts my nineteen birthday nangako syang kakantahan ako."

"Aba bata ka kaming tatlo ang sasalo ng galit nyan kapag nabitin yan sa tulog, hindi kayo."

"Hindi nga magagalit nangako si Boss sa akin. Kilala nyo si Boss kapag nangako iyan tinutupad." Pangungulit ng babae.

"Okay bahala ka na nga." Sabi ni Mik na muling hinarap kay Ysa ang tablet. Ngunit mukhang hindi na kailangang gisingin ang babae, bigla kasing dumeretso si Ysa ng upo.

"Boss!"

Sleepy eye humarap si Ysa kay Razor.

"Ate di ba kakantahan mo ako. It's my birthday na. Hindi ba tinutupad mo lahat ng pangako mo, hindi ba boss--?"

Ngumiti si Ysa.

Ngiting nagpakalma kina Stendi, safe sila, hindi ito nagalit dahil nagising.

"Razor... happy birthday." Masayang bati ni Ysa rito.

"Hi Boss." Kanya-kanyang bati ng mga nasa screen.

Hindi nakaligtas kina Barbie at sa tatlo maging kay Divine at Vane na boss din ang tawag ni Razor at ng nga kasama nito kay Ysa.

"Ate...iyong song ko."

Natawa si Ysa. "Ito na kakanta na."

"Boss."tawag ni Stendi na inabot sa kanya ang isang gitara.

Inabot nya iyon, bahagya syang napahinto ng makaramdam sya ng pagkirot sa balikat. Tinignan nya ang sugat nyang siguradong ginamot pagkatapos ay lumipat ang tingin nya kina Stendi Vox at Mik na umiwas ng tingin sumisipol-sipol pa si Vox.

Umiling nalang sya bago kinuha ang gitara.

"Ate happy birthday iyong kantahin mo ha, ipapakita ko kasi kina Chenie at Darlyn na kinantahan mo ako."

Tumango sya. Umalis sya sa pagkakaupo nya sa bangko.
Lumipat sya sa mesa ng upuan itinukod ang isang paa at ipinatong sa hita ang gitara.

Tumahimik ang klase, sa gilid ng mga mata nya nakita nyang nakatingin sa kanya si Vane.

Pumikit sya at nag simulang tumipa.

https://youtu.be/FAIOy1fQao0

? Araw mo by: Nina?

? Ang araw na 'to, ay araw mo,
Pagdating mo sa ating mundo,
Natatandaan, di malilimutan,
Kailan man, kailan man
Lahat nagbago sa araw na 'to,
Pagdating mo sa buhay ko,
Lahat sumaya, buhay ko'y nag-iba
Happy birthday
[Refrain:]
Ang saya ng mundo, ngayong ikaw ay narito, oh
I wish you a happy birthday
Ang araw na 'to, ay araw mo,
Pagdating mo sa ating mundo,
Natatandaan, di malilimutan
[Refrain:]
I wish you a happy birthday
Happy birthday ?

Ang lamig ng boses ni Ysa. Nakaktayo ng balahibo.

Napahimas sa braso si Barbie.

OAman sabihin nakakakilabot ang boses ni Ysa.

Pumalakpak si Razor ng matapos ito sa pagkanta papatayin na sana nya ang ang cellphone na ginamit sa pagkuha rito ng video ng matigilan sya.

Hindi kasi tumigil sa pagtipa sa gitara si Ysa.Nagbago lang ang awitin na tinutugtog nya.

https://youtu.be/TnU8MxYyuww

? Magbalik by Callalily?

? Wala nang dating pagtingin
Sawa na ba saking lambing
Wala ka namang dahilan
Bakit bigla na lang nang iwan?
Di na alam ang gagawin
Upang ika'y magbalik sa'kin
Ginawa ko naman ang lahat
Bakit bigla na lang naghanap? ?

Sa pagkakataong iyon nagmulat na ng mata si Ysa at tumingin sa kawalan.

"Si Vane...si Vane na ang kinakantahan nya." Naisip Chezter habang pinapakinggan si Ysa.

? Hindi magbabago

Pagmamahal sa iyo
Sana'y pakinggan mo
Ang awit ng pusong ito ?

Pumikit ulit si Ysa.

Si Vane naman hindi na kumukurap sa pagtinggin sa dalaga.

?
Hindi magbabago
Pagmamahal sa iyo
Sana'y pakinggan mo
Ang awit ng pusong ito
Tulad ng mundong hindi
Tumitigil sa pag-ikot
Pag ibig di mapapagod
Tulad ng ilog na hindi
Tumitigil sa pag agos
Pag ibig di matatapos
Alaala'y bumabalik
Mga panahong nasasabik
Sukdulang mukha mo ay
Laging nasa panaginip ?

Hindi nagmumulat ng mga mata gumalaw ang katawan ni Ysa paharap sa pwesto ni Vane.

? Bakit biglang pinagpalit
Pagsasamaha'y tila nawaglit
Ang dating walang hanggan
Nagkaroon ng katapusan
Hindi magbabago
Pagmamahal sa iyo
Sana'y pakinggan mo
Ang awit ng pusong ito
Woah oh ?

Kumakanta si Ysa na nakaharap kay Vane, kaya naman ng magmulat sya ng mga mata muling nagkasalubong ang tingin nila.

When the song ended...nang maiwan ang huling nota ng kanta at tinig nya sa loob ng classroom hindi nya inalis ang mga mata kay Vane kahit na ng sabihin nya ang mga salitang...

"Happy birthday..."

"...Bev."

****

H/n

Iyong p.o.v ni Vane later na mainis muna kayo sa kanya. ???

Dec 13...

Birthday ni Bev.

Ano kayang regalo ni Ysa? ????

Thanks sa pagbabasa sa boboto at mag kokomento.

Thank you.

Helliza Sabida
13132017uvft 12:55

32. Pamilya Santiago

"How come na alam ng babaeng iyon ang birthday mo?"

Hindi alam ni Divine kung pang-ilan beses nya ng tinanong kay Vane iyon, pero tulad kanina tahimik lang ito.

Sakay sila ng yate papuntang Villa, nagpatawag ng meeting ang Elders sa buong Family kaya patungo sila doon ngayon.

Matagal nya ng gusto si Vane at sa tagal ng panahong iyon hindi nya nalaman ang birthday ni Vane.

Masyadong malihim si Vane, hindi nya sine-celebrate ang birthday nya o hindi nya pinapaalam kapag nagb-birthday sya. Tanging ang first four at malalapit nitong kamag-anak lang ang imbitado kung may party man na nagaganap, at kahit anong gawin nyang pag-iimbestiga walang nagsasabi kung kelan ang birthday ng binata.

Kaya hindi nya matanggap na alam ng Ysang iyon ang birthday nito.

Sino ba ito? Bakit iyong bagay na pilit at hirap syang alamin, nalaman nito ng ganon kadali?

"Sa tingin mo anong meron bakit bigla tayong pinapunta dito?" Tanong ni Stephanie kay Barbie.

Sumimangot si Divine, wala talagang pumapansin sa kanya.

"Ewan." Nagkibit-balikat si Barbie. " Baka bibigyan ng party si Vane." Tinignan nya si Vane na nakatingin lang sa bintana.

"Baka nga," sang-ayon ni Chezter.

"Magp-party? Ayos ah, nalaman lang ng lahat na ngayon ang birthday mo biglang may party na." Sabi ni Stephano.

"Pero bilib talaga ako kay Ysa. Aba simula pagkabata hindi inilalabas kung kailan ang birthday mo, tapos nakakagulat na alam nya at ang isa pang malaking tanong paano nya nalaman? Imposibleng kina Stendi dahil kahit ganon ang tatlo ginagalang nila ang secrecy ng Family."sabi ni Chezter.

Noon naman gumalaw si Vane, ng marinig nito ang pangalan ni Ysa.

Inalis nito ang tingin sa bintana at sinagot ang tanong ni Stephanie.

"May mahalagang bisita na darating pinatawag tayo para i-welcome at ipakilala sa lahat ang bisitang iyon."

"Sinong bisita?"

Kibit-balikat ang sagot ni Vane kay Barbie.

Natahimik ang lahat, si Divine yumakap sa braso ni Vane, ngunit napabitaw sya ng gumalaw si Vane para kunin ang headset nito at tulad ng dati nakinig ito duon at pumikit.

"Ano ba iyang pinapakinggan mo? Share mo naman babe." Kukunin nya sana ang isang headset sa tenga nito, ngunit mabilis nitong pinigilan ang kamay nya.

"Don't!"

"Pero gusto ko--" natigil sya sa pagsasalita ng tignan sya nito ng matalim.

Naibaba nya ang kamay muli naman ito pumikit, napairap sya.

"Ano bang pinapakinggan ng lalaking ito?"

Pero dahil nga wala naman syang magawa para malaman iyon napairap na lang sya ulit.

Pagdaong ng yate deretso sila sa magara at malaking dining area ng Main house.

Binati sila ng lahat ng naroon hanggang sa makarating sila punong mesa.

Naupo sa kanya-kayang upuan ang first four, habang si Vane ay naupo sa tabi ni Yverez.
Tinanguan ni Vane si Rolf na katabi ni Severino , iisang pabilog na mesa lang sila sa harap ni Vane may walong bakanteng upuan pa.

Nang maupo si Vane tumayo si Yverez, tumahimik ang lahat.

"Marahil nagtataka kayo kung bakit pinatawag ko kayong lahat sa pagtitipon na ito." Tinignan ni Yverez ang mga taong nakaupo sa tatlo pang pabilog at malaki na mesa. "Gusto kong ipakilala sa inyo ang mga taong tutulong sa atin na higit na maprotektahan ang Maligdan at ang tatlo pang bayan, ang tutulong sa atin na matalo ang lintek na DMC na iyan!" Lumakas ang boses ni Yverez, nananatili naman na tahimik ang lahat.

"Gusto kong pakitaan nyo sila ng maayos, tratuhin ng may paggalang at respeto, dahil hindi pa sila pumapayag na tumulong. Matagal na silang nililigawan ng Family pero hindi nila gustong sumali sa atin." Tumalim ang mga mata ng matanda. "Alam nyong hindi ako marunong na makiusap, pero ginawa ko, dahil tulad natin makapangyarihan ang mga taong ito, at ang pinagkaiba,mas malawak ang kapangyarihan nila." Pinalo ni Yverez ang dibdib. "Kilala silang matatapang at walang inuurongan, ang mga tulad nila ang kailangan natin. Kaya huwag nyo akong ipapahiya sa harap nil, ipakita nyong karapat-dapat tayo sa pagtulong nila naiintindihan nyo b?"

Nagsitanguan ang lahat.

"Sino ho sila?" Tanong ng mga magulang ni Divine na nasa kalapit na mesa lang, duon din naupo ang dalaga.

"Sila ang D--"

"Hello everyone." Napatigil sa pagsasalita si Yverez ng bumukas ang pinto at basta-basta nalang pumasok mula roon sina Stendi Vox at Mik.

"Anong ginagawa nyong mga suwail dito?"

"Mano po Lo." Magmamano sana si Stendi kay Yverez pero mabilis na iniwaksi nito ang kamay niya.

"Sagutin mo ang tanong ko, anong ginagawa nyo rito!"

"Imbitado kaya kami lo--" nahinto sa pagsasalita si Vox ng may lumapit na tauhan kay Yverez at may ibinulong dito.
Kumaway at kumindat na lang sya sa KH, BW at sa mga naroon.

Yumukod naman si Mik at nagtanggal naman ng sumbrero si Stendi bilang pagbati sa lahat.

"Narito na ang mga bisita, kayo!" Tukoy ni Yverez sa tatlo. "Duon kayo sa sulok maupo at huwag na huwag kayong gagawa ng ano mang gulo dahil kung hindi malilintikan kayo sakin."

"Pero isa nga kami sa bi-."

"Let it go Vox mamaya na natin sabihin, upo muna tayo." pigilni Mik na hinawakan sa braso ang kaibigan at hinila.

"Areglado lo." Sabi naman ni Stendi kay Yverez bago sumunod sa dalawa.

Hindi na nakapagsalita si Yverez dahil bumukas na ulit ang pinto.

Unang pumasok ang isang babae at lalaki, base sa pagkakaakbay nito sa babae ay may relasyon ang dalawa.

Guwapo at matikas ang lalaki na hindi mo aakalain na nasa kwarenta na ang edad. Habang maganda at kaaya-aya naman ang babaeng mukhang anghel at may asul na mga mata.

Sunod na pumasok ang dalawang lalaki na magkahawig sigurado ang mga naroon na kambal ang mga ito, ang isa ay asul din ang mga mata tulad ng babae.

Ngunit habang nakatitig si Barbie napansin nya rin ang malaking pagkakaiba sa mukha ng dalawang lalaki.

Kumunot ang noo niya.

"Guys bakit parang may kamukha sila?" Mahinang tanong nya sa apat.

"Oo nga hindi ko lang maisip kung sino." Sang-ayon ni Chezter.

Sinalubong ni Yverez ang mga bagong dating.

"Dylan...Angela...maligayang pagdating sa aming Villa."

"Sir Yverez." Nakangiting bati ni Dylan na nakipagkamay sa matanda.

"Hello, tanda." Nakangisi namang bati ni Angela.

Nagtinginan ang mga naruon sa sinabi ng babae, ngunit hindi tulad ng inaasahan hindi nagalit si Yverez bagkus ay tumawa pa ito.

"Magandang araw sayo Angela, still the same malakas ka paring mang-asar."

"Ang ganda nya no," sabi ni Stephano habang nakatulalang nakatingin kay Angela na tumatawa.

" Sir Yverez, maraming salamat sa pag-imbita nyo sa amin dito."

"Hindi Dylan maraming salamat sa pagpunta."

"Ang gwapo rin ng mga lalaki, lalo na iyong blue eyes." Kinikilig na sabi ni Audrey na nakatingin kay Ylac, kasama rin ito sa mesa nina Vane.

"Sino sila?" Tanong naman ni Barbie.

Ramdam ng lahat na may kakaiba sa mga taong nasa harapan nila, specially the man and the woman, the way they stand its spoke power...authority.

Simple lang ang mga suot nila, nakablack pants ang apat, naka blue t-shirt si Angela, dark blue si Dylan, white si Ylac at itim si Dyke.

Kung sa kasuotan lang parang maglalakad lang ang mga ito sa parke, but then hindi mo iisipin na out of place sila dito sa Villa, sa main house at sa magara't malaking kainan na ito, bagkus they stand like they belong here... in this spot.

Bumaling si Yverez sa lahat. "Dylan, Angela meet my Family. Kayong lahat magbigay galang kayo sa kanila."

Tatayo sana ang mga ito ngunit, itinaas ni Angela ang isang kamay.

"No need to do that, simpleng tao lang kami so a simple hello will do." Ngumiti sya dahilan para mas naging maamo ang mukha nya.

"Hello sa inyo, I'm Ma. Angela Funtebella Santiago..."

Napatingin bigla si Stephanie kay Vane.

"Santiago...?"

"Kaapelyido ni si Ysa?" Gulat na sabi ni Chezter.

Si Vane nakakunot na ang noo.

"and this is my husband Dylan Santiago." Nginitian din ni Dylan ang mga kaharap. "...my sons Ylac Vlue, and Dyke Anjelo Fuentebella Santiago."

Bahagyang yumukod ang dalawang binata bilang pagbati.

"Anak nyo sila?" Dahil hindi makapaniwala, malakas na nasabi iyon ni Stephano. Napatingin sa kanya si Angela at nang ngumiti ito sa kanya, pakiramdam nya nahulog ang puso nya.

"Yes young man, hindi ba halata?"

Napailing sya. "Y-you looked younger hindi ka mukhang m-may anak na.."

Ngumisi si Angela at tiningala si Dylan na nakaakbay sa kanya.

"Did you hear that Ylan ko?"

"Loud and clear Angel." Dylan said sabay halik sa noo nya.

"Ma, hindi ka naman kasi mukhang matanda, kayo ni papa mukha nga lang kayong kapatid namin." sabi ni Dyke na kuhang-kuha ang ngisi ng ina.

Ginulo ni Angela ang buhok ng anak bago hinarap si Stephano na nakatulala parin. "Thank you young man for the compliment pero ako talaga ay matanda na and they're my son actually kambal sila triplet to be exact late lang ang isa kong anak."

"Kahit sabihin mong hindi na kailangan Angela, nararapat lang na bigyan kayo ng magandang welcome, kaya hayaan nyong i-welcome namin kayo, Family." Pilit naman ni Yverez. Muli binalingan nito ang lahat. "Tumayo kayong lahat at magbigay galang sa The Santiago family...the D&A"

Natigilan ang lahat, nanlaki ang mga mata.

"The Santiago... the powerful couple!" May nag-ulit pa sa gawing kanan.

"Oh my God! D&A? Sila ang D&A." Hindi makapaniwala na sabi ni Barbie.

Sino bang di nakakakilala sa D&A? SaThe Santiago o sa Poweful couple?

Sikat ang mga ito dahil sa mga tulong na naibigay hindi lang sa ibang tao kundi sa gobyerno, sino bang hindi nakakakilala sa D&A na isa sa magaling na troubleshooting agency, hindi lang dito sa pilipinas kundi sa ibang bansa. Mahirap makapasok sa ahensyang ito, sinasabing kailangan mong dumaan sa maraming pagsasanay at pagsubok bago ka matanggap at matawag na D&A.

Dali-daling tumayo ang lahat nang makatanggap ng nagbabantang tingin kay Yverez, sabay-sabay na yumukod ang mga ito, maliban
kay Yverez, Severino, Rolf at Vane na nakatayo lang.

Napailing si Angela, bago sumenyas sa mga anak at kay Dylan na yumukod din.

*****

"Kung papayag kayo isang malaking tulong iyon sa amin." Sabi ni Severino kina Angela at Dylan habang umiinom ng tubig.

Kumakain na ang lahat, sa katunayan napakatahimik pakiramdam ni Dyke sa library sya kumakain.

"I really do want to help but nasa assignment kasi ang lahat ng mga tauhan ko." Sabi ni Dylan, binalingan nito ang mga anak.

"Sorry Pa pero may kaso akong hawak ngayon saka may sakit si Zulf." Si Dyke.

"Me too. Hindi ko pwedeng iwan si Monica."

Bumuntung-hininga si Dylan.

"Well let me talk to my daughter I will ask her kung gusto nyang hawakan ang kaso nyo."

"Yeah Pa, baka si Y--." Napatigil sa pagsasalita si Dyke ng bumukas ang pinto at pumasok si Ysa na humihikab pa, nakasuot ito ng black pants na may mga tastas at kulay dilaw na t-shirt. Sa likod nito humahangos na humahabol ang dalawang tauhan ni Yverez.

Nagulat ang lahat ng makita na naroon sya.

Sino ba ang hindi nakakakilala sa babaeng medyo tanga, isip bata na dating kasintahan ni Vane? Sino ba ang hindi nakakakilala sa babaeng iniwanan at pinaglaruan ng isang Vane Montereal?

Wala yata. Ban nga sya dito sa Villa dahil pinipigilan sya na makapasok may mga napatulog tuloy sya ng wala sa oras.

"P-paumanhin Sir pinigilan namin sya pero magaling syang lumaban." Hinging paumanhin ng isa sa mga tauhan ng Family na hawak ang may pasang pisngi.

Sa sobrang gulat nina Yverez at Severino napatango na lang ang mga ito at sinenyasan ang tauhan na umalis.

Tatayo sana si Severino para sigawan at palayasin sya nang sumigaw sya.

"Mama!"

Iyong mata nyang inaantok biglang sumaya ng makita ang pamilya.

Tumayo si Angela at Dylan para salubungin ang anak na babae.

"Mama I miss you na po." Malambing nyang sabi na humalik sa pisngi nito. Saka nya binalingan ang ama at halos magpakarga sya rito ng lumambitin sya sa batok nito.

"I miss you din Papa ko."

Ngumiti ang mga magulang nya.
Sabay syang hinalikan sa noo.

"We miss you too Princess."

Laglag ang panga ng lahat.

"A-anak nyo s-sya?" Nabubulol na tanong ni Severino.

Tinignan ito ni Angela.

"Oh, sorry ilang linggo narin namin syang hindi nakita kaya ganito kami. By the way ladies and gentlemen meet our daughter, Angelique Ysa Fuentebella Santiago." Pagpapakilala ng Mama nya sa kanya.

Bored naman nyang tinignan ang mga ito.

"Hello." Maikli nyang bati, bago inilipat ang tingin kay Vane na bakas din ang pagkagulat sa mukha.

"A-anak nyo sya, i-ibig sabihin D-D&A sya." Gulat na sabi ni Barbie na napatayo pa.

Kumunot ang noo ni Angela. Napansin nya ang kakaibang reaksyon ng lahat ng makita si Ysa.

"Yup, sya ang Commander ng D&A Division 2.

"C-commander." Ulit ni Stephano.

"Boss." Lumapit naman sa kanila sina Stendi, Vox at Mik.

Nadagdagan ang gulat ng lahat nang kumalas si Angela sa anak at sinalubong ang tatlo ng yakap.

"Well boys...sinabi ko na nga ba't naandito rin kayo."

Si Stephano nakaramdam ng inggit ng isa-isang halikan ni Angela ang tatlo sa noo.

"Of course A kung nasaan si Boss syempre naandon din kami." Sabi ni Mik na nakipag handshake kay Dyke at Ylac na nakatayo narin.

"K-kilala mo ang apo ko Angela si Stendi?" Si Yverez na gulat na gulat.

"Yes Sir. "Si Dylan ang sumagot.
"Kilala namin sila, because they're D&A too at silang tatlo ang First, Second and Third Beta ng anak kong si Ysa."

Kulang nalang pasabugan ang mga naroon ng bomba sa labis na gulat na naramdaman.

Sinong mag-aakala na ang apat na taong hindi welcome sa Villa ay miyembro pala ng sinasabi ni Yverez na dapat respetuhin at galangin.

Si Vane ang mga mata na kay Ysa lang, bakas parin ang gulat sa mukha.

"D&A kayo." Si Barbie na nakatingin kay Vox.

Ngumiti lang si Vox at tumango.

Nakabawi si Yverez, tumikhim ito at nagsalita.

"Mabuti pa ipagpatuloy nyo na ang pagkain...dyan...dyan na kayo umupong tatlo dahil laan sa bisitang D&A ang upuan na yan."

Naupo nga sila pinagitnaan ni Ylac at Dyke si Ysa.

"What do you want Angelique?" Tanong ni Dyke habang nakaumang ang kutsara para sumandok ng pagkain.

Umiling ako.

Nagsalubong ang kilay ni Dyke.

"Stop starving yourself Ysa." Saway naman sa kanya ni Ylac.

"Eh hindi nga ako nagugutom." Sagot nya na nakatingin sa harap.

Magkaharap kasi ang pwesto nila ni Vane.

Kumunot ang noo nito sa sinabi ni Ylac.

Eat.

Hindi nya alam kung halusinasyon o nangangarap lang sya parang iyon kasi ang sinasabi ng mga mata ni Vane.

Busy sina Dylan at Angela sa pakikipag-usap sa mga Elders kaya hindi napapansin ng mga ito ang usapan nila, tanging KH at BW lang ang nakakarinig.

"Kumain ka Angelique kundi isusumbong kita kay Mama." Banta ni Dyke sa kanya.

"What? Anong isusumbong mo? Tigilan mo nga ako Anjelo."

"Isusumbong ko kay Mama na nagsisigarilyo ka

Bigla nya itong pinandilatan.

"Don't you dare!"

"Try me." Nakangising sabi ni Dyke na biglang tinawag ang pansin ng ina. "Ma Ysa's smoking ag-." Mabilis nyang tinakpan ang bibig nito.

"Namam Dyke eh."

"Ano iyon?" Napatingin naman si Angela sa mga ito.

"Wala po Ma." Sabi nya kaagad.

"Parang may narinig akong nagsisigarilyo." Nagsalubong ang kilay ni Angela. "Are you smoking again Angelique?"

Napakagat-labi sya.

Ang hirap pa naman magsinungaling sa Mama nya,at kapag nalaman nito na nagsisigarilyo sya ulit tiyak na pingot ang abot nya, wala pa naman pakialam ito kahit nasa harap sila ng lahat.

Napaiwas sya ng tingin hindi alam kung magsisinungaling o hindi.

Sa pag-iwas nya muling nagtama ang mga mata nila ni Vane.

Nakangisi ito sa kanya na tila nang-aasar.

So your mother did'nt know that you are smoking huh.

Ganyan nama n ang mesahe ng mga mata nya.

Hindi nya napigilan ang sarili, inirapan nya ito.

"Angelique Ysa Santiago, I'm talking to you." mahinahon ang boses ni Angela pero ramdam ng lahat ang awtoridad sa boses nya, na kapag ikaw ang ginamitan ng ganon tono mapapaamin ka talaga.

"Ah...Ma"

"What I mean Ma is Ysa want a smoking hot dress para sa birthday na dadaluhan nya." Salo ni Dyke sa kanya. "Hindi ba bro? Sis?"

Tumikhim si Ylac. "Yes Ma iyon ang gustong sabihin ni Anjelo."

Tumaas ang isang kilay ni Angela.

"Okay, kunyari naniniwala ako sa inyo, but kapag ako ang nakakita sayo Ysa..." sinadyang bitinin ni Angela ang sinasabi pero siguro naman sya na naintindihan ng mga anak nya ang gusto nyang iparating.

"Yes po Ma." Sagot ni Ysa, sa ilalim ng mesa tinapakan nya ang paa ng kapatid

Napaigtad si Dyke pero ngumisi.

Nang bumalik sa pakikipag-usap ang Mama nila, inakbayan nya ni Dyke.

"Eat na kasi baby para hindi kita isumbong."

Nginusuan nya si Dyke pero humilig sya sa balikat nito.

"I want pasta."

Si Ylac ang kumuha ng pagkain at inilagay sa plato nya, habang inalis ni Dyke ang kamay sa balikat nya at sinalinan sya ng juice sa baso.

"Eat." Sabay pa na sabi ng dalawa nyang kapatid.

Ngumiti naman sya tapos ay naglalambing na humawak sa braso naman ni Ylac.

"Subo kuya."

Natawa si Ylac at pinisil ang ilong nya.

"Naglambing ang prinsesa." Sumadok ito ng pagkain at sinubo sa kanya. "But let me telll you matanda lang ako ng five minutes sayo so stop calling me kuya."

"Hala eh anong gusto mo ate?"

Umalingawngaw ang tawa ni Dyke sa loob, dahil nga tahimik ang lahat, ang Elders at mga Santiago lang ang nag-uusap narinig ng lahat ang tawa ni Dyke.

"Bro do you want me to call you ate too bilang 10 minutes ang tanda mo sa akin."

"Oh shut up you two." sabi ni Ylac na pinitik pareho ang noo nila.

Napapailing naman si Dylan sa kakulitan ng mga anak bagamat hindi nya sinaway ang mga ito.

"Pardon my children, makukulit lang sila but they knew their responsibility maasahan nyo sila kapag kailangan."

Nakatingin din si Yverez sa triplet partikular kay Ysa na kinukulit ang dalawang lalaki, saka lumipat ang

tingin nya kaya Vane na blanko na ang mukha na nakatingin sa dalaga.

"*Mali ba ang utos na binigay ko?"* naisip ng matanda.

*****

"So mga D&A kayo?"napaangat ng tingin sina Stendi, Mik at Vox na nakaupo sa couch sa loob ng entertainment room.

Nasa study room na ang mga matatanda at naiwan sila dito para hintayin na matapos ang meeting ng mga ito.

Nginitian ng tatlo sina Barbie, Stephanie, Chezter at Stephano kasama si Vane at Rolf sa meeting kaya wala ang mga ito.

Ang triplets naman sa teresa ng kwarto tumambay.

"Hi Guys." Bati ni Vox.

"Don't hi guys us, all along akala namin puro kabalastugan ang ginagawa nyo tapos iyon pala member kayo ng D&A."

"Paano?" Si Stephanie.

"Hindi ba mahirap makapasok sa D&A?" Si Chezter.

"Lagi myo bang nakikita si Ma'am Angela?" -Stephano.

"Woa isa-isa lang ang tanong guys, sasagutin namin iyan." Bumukas ang pinto pagkatapos sabihin iyon ni Mik. "some other time." Dugtong nito, na mabilis tumayo kasabay nina Stendi at Vox.

Magkakasunod na pumasok sa loob sina Angela, Dylan, Yverez, Severino Rolf at Vane.

"Ysa." Tawag ni Dylan sa anak.

Mula naman sa teresa pumasok ang tatlo dumeretso si Ysa sa braso ng ama.

"Why pa?"

"Napag-usapan namin a tutal wala kang kasong hawak ngayon, if its okay na ikaw ang tumulong sa kanila?"

Kumunot ang noo nya, napatingin sya kay Vane na nasa bintana ang tingin.

"Ako?"

"Don't worry anak, hindi naman kami nagdesisyon para sayo, talk to them first then decide kung gusto mo." si Angela.

Hindi ako nagsalita bagamat tumango

"We need to go baby, may emergency at kailangan kami, okay lang ba na maiwan ka dito para

makausap nila?" tanong ng papa nya.

Muli tumango sya.

"I need to go too hindi ko pwedeng iwan ng matagal si Monica, matigas ang ulo non." Si Ylac na humalik isa noo nya.

"Me three." Sabi ni Dyke na humalik sa pisngi ko.

Sabay-sabay sna umakyat sila sa rooftop para ihatid ang mga ito sa chopper na pag-aari nila.

"B-bye Mama, Papa, Vlue, Anjelo." kumaway pa sya habang tinitignan ang chopper na pataas ng pataas.

Napapikit sya ng mas lumakas ang hangin at napuwing ang isang mata nya, hinangin din maikli nyang buhok.

Aatras sana sya para bahagyang lumayo ng mabangga ang likod nya sa isang malapad na dibdib... isang pamilyar na dibdib.

Isang pamilyar na kamay din ang humawak sa ulo nya para protektahan sya sa malakas na hapit ng hangin

"Put your head down...."

"...Miss." a familiar voice said near her ears.

Kasabay ng pagbilis ng tibok ng puso nya dahil sa pamilyar na tinig ay ang paghapit din ng isa nitong kamay sa katawan nya... papalapit pang lalo sa katawan nito.

Iisang pangalan lang ang sinigaw ng isip nya.

"Bev..."

*****

H/n

Angelique Ysa Fuentebella Santiago....

Codename: Boss or Y

Position: Commander and leader of D&A Division 2.

Kumusta naman itong chapter na ito?

????

Salamat sayong pagbabasa, salamat din kung ikaw ay boboto at magkokomento.

Thanks

Helliza Sabida

13172017gsj 19:46

33. Patunayan

Vane and Ysa stay like that for a moment.

Nasa likod nya ang binata at tila nakayakap ito sa kanya.

Parehong walang kumilos sa kanilang dalawa.

She was savoring the moment, this familiar heat, electricity and tingles... she miss this.

Kung pwede lang na humarap sya at magpakulong na ng tuluyan sa bisig nito.

Kung pwede lang...

...kung pwede lang na bumalik na ang lahat.

Kung puwede lang...

But the he let go. Binitawan sya nito, umatras ito ng dalawang hakbang palayo sa kanya.

A sudden emptiness, that what she felt the moment na naiwan syang nakatayo doon.

Segundo pa lang nilamig na sya... ...segundo pa lang gusto nya ng muling mapadikit dito. Segundo pa lang hinahanap-hanap na ng katawan nya ang init nito.

Malungkot syang ngumiti kasing kalma ng dagat na tinatanaw nya ang kanyang mukha nya, ngunit her inside, specially her heart's in turmoil. Inilagay nya ang mga kamay sa bulsa ng kanyang pantalon, kumuyom iyon doon.

"Huwag na tayong magkunyari." She said sa mga taong nasa likod nya. "Alam natin na ayaw nyong hingin ang tulong ko." Humarap sya.

Nagtagpo ang mga mata nila ni Vane. Parehas ng kanya blanko din ang tskolateng mga mata nito.

"Hindi mo ako kailangan dito." Sabi nya sa binata.

Tahimik lang ang lahat habang nakatingin sa kanila.

"You're right, hindi ka namin kailangan dito...hindi kita kailangan."

Inaasahan nya na but still, masakit pa din pala.

She feel her heart bleed because of that pain.
A pain na hindi mo makikita o mababakas sa mukha nya.

Tumaas ang isang sulok ng labi nya.

Nakatalikod sya sa panghapong araw at ang sinag niyon ay tila korona sa kanyang ulo, it made her smile dazzling.

"Then aalis na ako rito, sigurado akong sinusuka nyo na ang presensya ko hindi ko naman gusto na

sumakit ang tyan nyo." Pagkasabi nya nuon naglakad sya palampas sa binata.

Sinadya nya rin na dumaan sa gitna ni Yverez at Severino.
Sa gitna nilang lahat, sa likod nya nakasunod ang tatlo nyang beta.

"Ysa."

Napahinto sya sa paglalakad ng may tumawag sa kanya.

Nawala ang pagkapoker face ng mukha nya ng makilala kung sino iyon.

"Tita." As she said that lumapit sya sa Mama ni Vane at nakangiting yumakap dito.
"Tita Sophie." She whisphered habang nakayakap dito.

Sophie can feel Ysa's pain. She can read it in her voice.

"Tita ang bad...bad ng anak nyo." Dagdag na bulong pa ng dalaga sa kanya na tila nagsusumbong.

Inilayo nya si Ysa sa kanya.

Sya lang ang nakapansin...sya lang ang nakapansin sa luhang namimintana sa mga mata nito.

An unshed tear.

An unshed tears for broken love.

"I know hija... I know." Sabi nya.

Parang nadurog ang puso nya. Ang dating matamis nitong ngiti at ang minsang masayahin nitong mukha ay napalitan na ng lungkot at sakit.

"Please fight for him. Don't give up please." Iyon ang sinasabi ng mga mata nya habang nakatingin sa dalaga.

Wala syang natanggap na sagot, muli kasing naging blanko ang mga mata nito.

Walang buhay itong ngumiti.

"Alis na po ako Tita." Paalam ni Ysa kay Sophie.

Umatras sya para ipagpatuloy amg pag-alis ngunit napahinto muli ng magsalita ang ginang.

"Can you please stay? Aeast for a while? Iniimbitahan kita, meron kaming maliit na pagsasalo. It's Vane birthday."

Napatingin sya sa binatang nakatingin rin sa kanya.

"Sophie." Si Yverez na may pananaway ang tinig.

"Pa." Umiling naman si Sophie. Buo na ang desisyon. "Mahiya naman kayo kina Angela at Dylan. Ano na lang ang sasabihin nila kapag nalaman nila na basta mo na lang pinaalis ang kanilang anak."

Natigilan si Yverez na sinamantala ni Sophie.

Hinawakan nito sa kamay si Ysa at nagpatiuna ang dalawang babae sa pagbaba.

"Let's go Ysa ipapatikim ko ang pizza na ginawa ko para sayo."

Biglang namilog ang mga mata ni Ysa.

"Totoo Tita? Itong maraming toppings and cheese?" Exicited na tanong nya.

Napatili sya ng tumango ang ginang sa kanya.

"Yehey sama ako tita." Sabi nya. Pagkatapos ay nilingon sina Stendi, Vox at Mik.

"May mensahe na ba mula kay Jiro?" Tanong nya.

"Wala pa Boss" Sagot ni Stendi.

Ngumisi sya.

"Then my friends kakain muna tayo bago magtrabaho." Napatalon sya sa tuwa. "I'm going to eat a pizza, Montereal."

Si Stendi lumapit sa kanya at inakbayan sya.

"Yeah boss we were going to eat pizza, masarap magluto si tita baka hindi kana umalis dito." Sabi nito sa kanya.

Ngumisi sya tapos napatingin kay Rolf na nakangisi din sa kanya.

"Eh di sasali ako sa hunting game sisikapin ko na makuha si Rolf Vasquez para kapag akin na sya may passes na akong pumunta dito."

Nakangising lumapit sakanya si Rolf, hinila sya mula sa pagkakakbay ni Stendi.

"What happened to your Bev cutie?"

Nanatili ang ngiti sa mga labi nya pagkarapos marinig ang tanong nito.

"May girlfriend na iyon, at hindi ko na binabalikan ang mga lalaking dumaan na sa buhay ko. They're just an experience." Nakangiti nyang sabi.

Lumuwang ang ngisi ni Rolf, tinignan nya si Vane na masama ang tingin sa kanya.

"Really?" Tumango ang babae sa kanya. "Well come here cutie at pagplanuhan natin iyang pagsali mo ulit sa hunting game." Inakbayan nya ang dalaga. Sumabay sa kanila si Sophie.

"Kumilos ka na, kung ayaw mong angkinin ko na talaga sya." Ang mensaheng ibinato ng mga mata nya kay Vane.

Pero hindi ito kumilos, matigas ang blankong mukha na tinignan sila nito.

"*We'll see kung hanggang saan ang tibay mo Montereal."*

*****

Bang! Bang! Bang!

Ibinaba ni Divine ang hawak na baril pagkatapos ay ngumiti ng buong pagmamayabang sa mga taong nanonood sa kanya.

Ang Elders ang KH, BW at ilang miyembro ng Family at ang mga D&A.

Nasa open clearing sila ng kagubatan na napapalibutan ng mga matatayog na puno.

Bakas parin sa Villa ang ginawang pag-atake ng kalaban, but then nakakarecover na ang buong Isla at patuloy parin ang buhay ng mga taong nakatira dito.

Nagpalakpakan ang mga nanonood sa kanya.

May lumapit sa dummy target at tinignan ang mga tinaman nya.

Lalong lumuwang ang ngisi niya ng sumenyas ito ng perfect, she hits the bullseye lahat sa dibdib ang tama.

Buong pagmamayabang na inilipat nya ang tingin kay Ysa.

Si Ysa na nakatayo ilang metro mula sa kanya.

Iyong ngisi nya nauwi sa inis ng makita nya ang naiinip na mukha ng babae.

"Tell me kaya ba ako dinala rito ay para pagnoodin ang pagbaril mo? Kung dahil lang naman dito point taken, pero pwede bang umalis na kami dahil may mas mahalaga pa akong aasikasuhin kesa panoodin kang maglaro ng baril." Sabi ni Ysa kay Divine.

After nilang kumain sa bahay nila Sophie, dinala silang apat ng mga tauhan ng Elders dito.

"Hindi ka dinala rito para panoodin si Divine. You are here Ysa Santiago to show us what you can do." si Severino na sinagot ang unang tanong nya.
Kapag napatunayan namin na may kakayahan ka baka pumayag kaming ipasok ka dito."

She scoffed. "Bakit kailangan kong ipakita sa inyo ang kakayahan ko? Anong mapapala ko." Tinaasan ko ng isang kilay si Severino. "Akala ko ba nagkasundo na, hindi ko kayo tutulungan, hindi nyo ako kailangan, ano't andito tayo ngayon tanda?"
Nagdilim ang mukha ni Severino.

"Walang galang! Gusto kong makita ang kakayahan mo. Nasa teritoryo kita kaya wala kang karapatan na tumanggi. Kapag andito ka sa Villa susundin mo ang mga utos at sinasabi namin!" sabi ni Yverez na may tigas ang bawat salitang binitawan.

"Tsss...nasa teritoryo nyo o wala, no one...walang kung sino man ang pwedeng mag-ustos o pumilit sa akin sa mga dapat kong gawin. Baka nakakalimutan mong isa akong Santiago. Hindi ako pinanganak para lumuhod sa inyo." Nagsisinghapan ang lahat sa sinabi nya.

Wala pa. Wala pang kahit na sino ang nagsabi at sumagot kay Yverez Montereal ng ganon.

Ang mga tauhan nElders mabilis na itinutok ang mga baril sa kanya.

"Papa!" Sindak na sabi ni Sophie.

Ang KH at si Rolf hahakbang sana para lumapit sa kanya.

Ang D&A, blanko ang mga mukha ngunit nakahanda ang mga itopara ipagtanggol ang amo.

Si Vane mariin na kumuyom ang mga kamao.

"Kaya kitang patayin ngayon dito. Hindi ako mapipigilan ng pagiging Santiago o D&A mo." Sabi ni Yverez na nginisihan lang ni Ysa.

"Do it." Hamon nya sa matanda. "Patunayan mo sa akin na katulad ka lang ni Federico Del Montecillo na walang habas kung kumitil ng buhay. Do it para masabi kong wala kayong pinagkaiba sa kanya."

Natigilan si Yverez napatingin kay Severino na nabigla din sa sinabi nya.

Pagkatapos napatingin si Yverez kay Vane na kumikislap ang pagbabanta sa mga mata.

Hindi pinansin ni Ysa ang mensaheng sinisigaw ng mga mata ni Vane sa abuelo nito bagkus bumuntung-hininga sya

"But let say na nagustuhan nyo ang kakayahan ko. Will you all welcome me here, open arms? Anong sunod na mangyayari kapag sinunod ko ang gusto nyo?"

Hindi sumagot si Yverez kaya naman napatawa sya.

"Hey Master Vane" Baling nya sa binata.

"You said you don't want me here...pero it-test nila ako para makita ang kakayahan ko. Anong gagawin natin ngayon? Kailangan ko bang irestrain ang sarili ko sa pagpapakitang gilas? Or should I turn my back and walk away? What's your choice Master?"

Hindi sumagot si Vane blanko lang itong nakatingin sa mukha nyang nang-aasar at nakangisi.

"Oh, I think... I should walk away." Sumeryoso ang mukha nya. Inilipat ang tingin kay Yverez.

"Wala akong dapat patunayan sa inyo. Kung kailangan nyo ako, hindi ko kailangan patunayan na karapatdapat ako na tulungan kayo. Katulad ng hindi ko hinihingi ang mga dahilan kung bakit dapat ko kayong tulungan.
We D&A, we protect especially duon sa mga mababuting tao na kailangan protektahan. As long as na para sa ikabubuti ng lahat tutulong kami at handa naming isugal ang buhay namin sa trabahong ito. " she said.

"Nagsasayang lang tayo ng oras dito, alam ko naman na hindi nyo tatanggapin ang pagtulong ko. Kaya mabuti pang umalis na ako bago kayo masuka sa pagmumukha ko."

Naglakad sya paalis ngunit isang hakbang palang ang ginagawa nya, hindi pa sya nakalalayo sa lagayan ng baril, nang magsalita si Divine dumagdag ang baril nito sa mga baril na nakatutok parin sa

kanya.

"Walk out or I'll shoot you." sabi ni Divine.

Itinaas nya ang kamay para pigilan sina Stendi sa tangkang paglapit, pagkatapos ay nakangising humarap kay Divine.

"Hindi ako papayag na bastusin mo ang mga Elder dito sa sarili naming teritoryo. You need to follow what they say kung ayaw mong barilin kita."

"Tsss.., shoot me then."

Nagkaroon ng bulungan sa paligid, lahat ay nagulat dahil tila wala talaga sya takot mamatay.

Sa pagkakataong iyon si Divine ang ngumisi.

"Ayaw mo ipakita? o wala kang ipapakita? D&A commander my ass! Sigurado ako naging commander ka lang dahil anak ka ng may-ari, at ang totoo wala ka naman talagang ipapakita, hindi ka naman talaga magaling." sabi ni Divine na punong-puno ng insulto ang tinig.

"I'am sure na mahina ka. Sigurado ako na wala kang panama sa akin, that target." itinuro nya ang dummy. "Kaya kong patamaan sa puso iyan ng pikit ang isang mata. Ikaw? Sigurado ako na kahit lumapit ka ni braso hindi mo tatamaan."

It happened so fast kanina lang nakita ni Barbie na nakatayo si Ysa, sa harap ni Divine then the next thing she saw may hawak na itong baril, nakatingin ito sa mga mata ni Divine habang bumabaril.

Isa, dalawa, tatlo. Tatlong putok ang pinakawalan nito.

Hindi sa dummy target nakatutok iyon, kundi sa kanan at kaliwang puno na nasa tabi ni Divine pagkatapos bahagyang pumaling ito patalikod at itinutok kay Vane na nasa tabi nya ang baril, na kay Divine parin ang mga mata ni Ysa.

Dumaan sa pagitan nila ni Vane ang bala. Ramdam nya ang paghaginit noon sa kaliwang tenga nya.

Nabigla ang lahat hindi lang dahil sa bilis ng kilos ni Ysa kundi sa tatlong taong naglaglag mula sa mga punong binaril ng dalaga.

Humihinga pa, but the wound was severe lahat sa dibdib ang tama at sigurado ang lahat na ang tatlong lalaking iyon ay hindi kabilang sa Family.

Awang ang mga labi ni Divine habang nakatingin kay Ysa na nakangiti.

"Hindi porke't ayaw wala nang alam, bakit hindi mo itutok iyang baril sa kalaban? Aanhin mo iyang galing mo kung iyong kalaban nakatutok na ang baril sayo?" Ekspertong kinalas nya ang mga parte ng baril at inilapag iyon sa mesa.

"Kung iyang yabang mo ginagamit mo sa pagmamasid at pakikiramdam sa paligid sigurado akong mararamdaman mo sila. First rule into this fucking world. Always open your senses not just your five senses but your six senses. Hindi porket nakatingin ka sa kanan hindi mo na papansinin ang nangyayari sa likod at kaliwa, always be alert dahil sa mundo natin hindi tayo pwedeng makampante."

Lumingon sya ulit sa pwesto ni Yverez at Severino. Bakas din ang pagkabigla sa mukha nila.

Tinignan nya ang lahat, maliban sa mga beta nya pare-pareho ang reaksyon ng lahat.

Muli nyang nilingon si Divine.
Nakababa na ang hawak nitong baril ngunit ang pagkabigla ay nasa mukha parin ng babae.

"Isa pa nga pala, don't under estimate your enemy. Baka iyon ang ikamatay mo, magpasalamat ka sa pizza ni tita Sophie dahil pinaganda niyon ang araw ko, dahil kung hindi sa dibdib mo babaon ang tatlong bala na pinakawalan ko." Pagkasabi nya noon naglakad na sya papunta kina Stendi Vox at Mik.

Nadaanan nya ng tingin si Rolf na nakanganga din sa kanya.

Isang kindat ang binigay nya rito na kinatawa nito.

"You are definitely something Cutie." He said.

Tumaas lang ang sulok ng labi nya sa sinabi nito.

Naglakad siya paalis sa kumpulan ng tao nasa likod na nya ang mga D&A nya.

Napapatabi ang lahat...nagbibigay ng daan.

Noon lang napansin nina Chezter ang kakaibang aura ni Ysa.

An aura that spoke power and strength.

Nagtataka ang binata kung bakit hindi nila napansin iyon ng una pa lang.

Even Stendi Vox and Mik they walk with , strength na parang kapag nagpakawala ka ng suntok sa isa mga ito hindi pa man lumalapat ang kamao mo sa balat nila, ikaw na ang nakalupasay sa lupa.

Nakalagpas sa kumpulan ng tao ang grupo ni Ysa, huminto ang babae, huminto rin ang tatlong binata.

"Nga pala pito sila. " Tukoy ni Ysa sa mga lalaking nakalupasay sa lupa na binaril nya. "Kayo na ang bahalang humuli sa apat pa dahil hindi ko naman trabaho iyon." Saka sya nagpatuloy sa paglalakad.

Ilang sandali nakatulala at nakatingin ang lahat sa grupo ni Ysa na papaalis.

Si Vane ang unang nakabawi.

"What the fuck are you doing get them" He barked.

Mabilis na sumunod ang mga tauhan ng Villa.

Muli ibinalik ni Vane ang tingin sa grupo ng babae, may iniisip ito at kung ano man iyon tanging ito lang ang nakakaalam.

*****

H/n

So kumusta ang pagbabasa??

Nga pala pwede magrequest. Instead of commenting "UD or Update na please" comment kayo about sa story.

Mas nakakamotivate kasi ang pagbabasa ng mga comment nyo kesa pagbabasa ng mga nanghihingi ng UD. Hindi man ako nakakapag reply... binabasa ko naman lahat???.

So iyon lang salamat po sa pagbabasa,

Sa boboto.

At magbibigay ng inspiring message?.

???.

Helliza Sabida

13232017 xfe 8:32

34. Party

Please note...every SATURDAY na lang po ang Updates. Kapag may time pati WEDNESDAY pero hindi sure iyon. Ang sure talaga is saturday kahit anong oras at kung ilan ang chapter ang natapos ko. Sa lahat ng story ko po ito maliban sa My Inner Thoughts at QPWD. Nakakahiya kasi sa mga nagpapaload para lang mabasa ang gawa ko tapos wala akong UD. Kaya ayan para hindi masayang ang internet.???

Chapter 33.
rubbymortel
Mentally_Absent
hersheyoliveros
JennyRuthPolicarpio
yoko1708
JeremayMC
3s_marias
charriejoe
ReylitaCruz
Akiko_katsumi
eunicebibo
grldmaemae13
DCE143
katanaaminahki
ramancy

Sila iyong mga nagcomment na talagang kinatuwa ko at nagmotivate sa akin...
Para sa inyo ang chapter na ito.

Note: Iyong iba next time na. ???

******

Isang batok ang natanggap ng nakatulalang si Stephano mula kay Barbie.

"Anong nangyayari sayo?" Tanong ni Barbie saka uminom sa coffee jelly na inorder.

Nasa cafeteria sila. Kasama si Vane na mas naging tahimik simula ng mangyari ang insidente sa Villa.

Kumpleto sila minus Divine na hindi sumabay sa kanila ngayon sa pag-aalmusal.

"Napanaginipan ko iyong Mama ni Ysa. Si Ma'am Angela." Bahagyang tulala pa na sabi ni Stephano. Napailing sya.
"Grabe ang ganda talaga nya parang anghel na bumaba sa lupa." Heart-eyed ngumiti sya ng tila na ngangarap.

Batok ulit ang natanggap nya mula kay Barbie.

"Magtigil ka nga may asawa at pamilya na iyong tao, bukod sa malayo ang edad nyo."

"Why nagagandahan lang naman ako sa kanya ah." Nangalumbaba sya at kumuha ng french fries sa plato. "Actually ang laki ng hawig nila ni Ysa di ba, at nagyon ko lang talaga napansin ang ganda din niya mana sya kay Ma'am Angela minus the blue eyes." Pagkasabi nya pa lang ng pangalan ni Ysa

narealize nya na kung ano ang mga sinabi nya, kaya napaunat sya at napatingin kay Vane, na nakatingin sa kanya ng matiim.At dahil matagal nya ng kasama ang kaibigan naiintindihan nya ang ipinaparating ng mga mata nito.

Itinaas nya ang dalawang kamay.

"Hey wala akong ibig sabihin" mabilis na sabi nya.

Napailing naman si Chezter.

"Pero nakakagulat ito mga nalaman natin tungkol sa kanya." Uminom sa kape nya si Chezter. "Sinong mag-aakala na iyong inosente, isip bata at medyo tatanga-tanga na babae ay isa palang miyembro ng D&A." Kumunot ang noo nya. "D&A guys, alam natin na bawat isa sa atin pinangarap na makapasok doon. Pare-pareho pa nga nating sinabi na kung wala lang tayong obligasyon dito malamang kasapi nila tayo." Tinignan nya ang mga ito isa-isa hanggang sa huminto ang tingin nya kay Vane na blanko ang mga mata na nakatingin sa vendo machine.
"Damn, hindi parin ako makapaniwala na kasali duon si Ysa, at isa syang commander, anak ng founder. Hindi ko alam kung bakit hindi ko man lang nahalata sa apelyido nya."

"Santiago is a common surename, at sa mga pinakita ni Ysa sa atin, imposible talaga na maisip natin na miyembro sya ng the Santiago." Sabi ni Stephanie. Saka nito idinugtong ang tanong na..."Mali ba tayo ng desisyon?"

Alam ni Chezter na para kay Vane ang tanong na iyon ni Stephanie, ngunit tulad kanina, katahimikan ang sagot ng binata.

Muli syang nagsalita ng hindi talaga umimik si Vane.

"I wonder kung nagpapanggap lang syang inosente sa atin, I wonder kung nagtatanga-tangahan sya para hindi mahalata ang tunay nyang pagkatao." Inalala nya ang ginawang pagbaril ni Ysa sa tatlong kalaban na nasa puno, doon sa Villa. "Nakita nyo ba kung paano sya bumaril? Natamaan nya ang mga lalaking iyon sa dibdib habang nakatingin kay Divine, nang hindi man lang sya tumitingin sa target nya. I really wonder kung sino sya sa dalawa. Iyong inosente ba? O iyong magaling bumaril?"

"Ysa's both of that"

Sabay-sabay silang napatingin kina Stendi, Vox at Mik na nakalapit na sa mesa nila.

"What do you mean?" Tanong ni Barbie kay Stendi na umuupo, ganon don sina Mik at Vox sa mga bakateng upuan .

"She's innocent...she's lethal. Pareho nyang personalidad ang mga iyon. Ang tawag nga sa kanya sa DQ ay Innocently Lethal." Sagot ni Vox.

"DQ?" Si Stephano.

"Our base." Si Mik ang sumagot na dinugtungan nito ng..."hindi nagpapanggap si boss sa inyo, iyon na talaga sya. Ayos nga eh, mabait sya sa inyo,hindi sya nagalit kahit ginawa nyo syang Elf dito, aba kung kami ang nag-utos-utos sa kanya punish room ang bagsak namin."

"Si Ysa...mahal nya kayo." Dagdag ni Stendi na kinatigalgal ng apat at kinagulat ni Vane. "Mahal nya kayo dahil kahit nasasaktan sya bumalik sya para sa inyo, para tulungan kayo."

"What do you mean?" Sa kauna-unahang pagkakataon nagsalita si Vane.

Kibit-balikat lang ang sagot ni Stendi dito.

Hindi naman na inulit ni Vane ang tanong ilang saglit muna nito tinignan ang pinsan bago inalis ang tingin kay Stendi.

"Ahm, where is she?" Tanong ni Barbie. "Tatlong araw na namin syang hindi nakikita."

"Oh nasa party ni Sir Nike iyon."

Muling tumingin si Vane kay Stendi, sa pagkakataong iyon salubong na ang kilay.

"Pero malamang ngayon ang balik non." Sabi ni Mik.

"Paano kayo nakapasok sa D&A?" Out of the blue ay tanong ni Stephano.

Nagtinginan muna ang tatlo bago sumagot.

"Si Ysa. Sya ang nagpasok sa amin. Kasisimula nya pa lang bilang commander ng makilala namin sya." Sagot ni Vox.

"Mahirap makapasok?" Si Chezter.

"Mahirap? Man, hindi lang mahirap. Mahirap na mahirap talagang pawis, at dugo ang tutulo sayo, kailangan kasi na patunayan mo na karapat-dapat ka na maging miyembro." Sabi ni Mik.

"May mga pagsubok? Ano?" --Stephanie.

"Ahmmm, sorry sekreto iyan hindi namin pwedeng sagutin." Dumampot si Vox sa french fries ni Stephano.

"Si Ma'am Angela lagi nyo ba syang nakikita? "

Nakidampot din sa french fries si Mik. "Oo isa kaya sya sa trainor at ito lang ang sasabihin ko sayo, kapag sya na ang nagsasanay sayo." Napailing sya. "Ilang linggo na sasakit ang katawan mo."

"Tama si Mik. Hindi ka titigilan ni A hangga't hindi mo nakukuha ang tinuturo nya." Si Vox.

"Sa tingin nyo pwede akong sumali?" Tanong ni Stephano na bakas ang pagka excited sa tinig.

"Oo naman, pero papayagan ka ba ng pamilya mo?" Tanong ni Mik.

Natigilan si Stephano, natahimik.

Tinapik ni Mik ang balikat nito.
"Pero pre kapag gusto mo talaga, do it. Hindi ka magsisisi."

Hindi sumagot si Stephano, halatang nag-iisip.

"Teka asan iyong girlfriend mong hilaw hindi ko yata nakikita, samantalang laging nakadikit sa iyo iyon?" Pag-iiba ni Stendi ng usapan.

Tumaas lang ang mga balikat ni Vane, as if on cue pumasok naman mula sa cafeteria ang ngiting-ngiti na si Divine.

"Hi Babe."nakangiti nyang bati kay Vane na yumuko para humalik sa mga labi nito, ngiting nanatili kahit na nga umiwas ang binata at sa pisngi nito tumama ang halik nya.

"Hi Divine, mukhang busy ah." Bati ni Stendi sa kanya.

Lumuwang ang pagkakangiti ni Divine.

"Yeah busy kasi ako sa pag-aasikaso ng suprise ko para kay Vane."

"Suprise?" Si Chezter.

"Yup three days kong inayos iyon but don't worry, ready na sya tonight. Isasabay na din natin ang christmas celebration, kaya siguradong masaya ang mangyayari mamaya."

Ang sinasabing suprise ni Divine ay isang magarbong party na inayos nya.

Lahat ng mga taga MC invited, kahit ang mga Elf.
Pwera kay Ysa. Sinadya nyang hindi ito bigyan ng imbitasyon. Hindi naman sya tanga, hindi nya iimbitahan ang karibal nya kay Vane.

Vane is for her only. Sa kanya lang. She had a plan to make him hers tonight, sisiguraduhin nya na masosolo nya si Vane ngayong gabi.

She want to congratulate herself.
Successful ang party.

Formal dress code, kahit ang mga Elf ganon ang ayos.
Gusto nya kasi perfect ang lahat, hindi na nga nya tinuloy ang mini concert nya para dito. Para sa late celebration na ito.

"Are you suprise babe, nagustuhan mo ba ang supresa ko?" Tanong nya kay Vane.

Nakaupo sila sa isang mesa, kasama ang first four ng KH.

Sa Maligdan Hotel ang venue ng party at isa sa mga kwarto rito ang nakahanda para sa plano nya.

Hindi sya pinansin ni Vane, patuloy lang ito sa pag-inom ng alak.

Hindi nawala ang ngiti nya kahit ganon, hindi man sya nito pansinin ngayon, sinisigurado nya na nasa kanya ang atensyon nito buong magdamag.

Napatingin sya sa alak na iniinom nito.

That liquor was made only for him, sinisigurado nya na ito lamang ang makakainom niyon.

Pagkatapos pagmasdan ang alak, muli nyang pinagmasdan ang binata.

Gwapong-gwapo ito sa suot na white v neck t-shirt na napapailalim sa brown jacket nito. Nakalablack jeans ito t brown leather rubber shoes.

Nakasemi-formal lang ito at ayos lang sa kanya iyon. Kahit na ang first four ng KH at BW ay semi formal din, even Rolf it's okay hindi sya naiinis sa mga ito, as long as na naandito si Vane okay lang sa kanya.

Napapalakpak sya tulad ng lahat ng umakyat sa stage ang isang kilalang singer, Tyleigr Aragon. Ipinagmamalaki nyang nakakuha sya ng appointment para kumanta ito dito. Alam nyang mas lalo syang hahangaan dahil nadala nya ang isang Tyleigr Elmundo sa party na sya ang nag-organisa.

He's one of a most famous and sought bachelor in singing industry mahirap makakuha ng appointment dito at very busy ang schedule nito, akala nya hindi ito papayag but last minute nakatanggap sya ng text mula sa manager nito na kakanta na ang binata, kung ano man ang dahilan sa pagpayag nito wala na syang pakialam basta natutuwa syang napakanta nya ang isang sikat na tao dito.

Nang magsimula itong kumanta mas lalong lumuwang ang pagkakangiti nya.

Magaling talaga si Tyleigr kumanta, magaling ito sa kahit anong klase ng kanta kaya mas lalo itong nakilala.

Hindi maalis-alis ang ngiti nya.

"You're good nagawa mong mapakanta ang isang tulad nya rito." Sabi ni Audrey habang nakatingin sa lalaking kumakanta. Bumilis ang pintig ng puso nya ng magtama ang mga mata nila at nang kumindat ito biglang nag-iba ang pakiramdam nya. Pag-iiba na hindi nya nagustuhan kaya napairap sya sa binata.

Si Tyleigr nakita ang pag-irap ng dalaga, kumunot ang noo nya ngunit nanatili ang ngiti sa kanyang mga labi, this is the first time na may umirap sa kanya, lalo na mula sa isang magandang babae pa.

Not aware natawag na ng babae ang kanyang pansin.

Natapos ang kinakanta nya.

"Good evening everyone." Bati na nya na kinatili ng mga kababaihan, kindat naman ang sinagot nya na lalong nagpakilig sa mga ito.
"I'm Tyleigr Elmundo, at nagpapasalamat ako sa pag-imbita sa akin dito. At sa may birthday. Happy birthday sayo." Bati nya sa binatang kulay brown ang mga mata, tanging tango ang natanggap nya na sagot mula dito.

Ngumisi sya ng makita sina Stendi, Vox at Mik na ang laki rin ng pagkakangisi sa kanya. Si Mik itinaas pa ang kopita na hawak.

Tumikhim sya.

"Dahil din sa pagkanta ko rito nabigyan ako ng chance na muling makaduet ang tao na isa sa mga sumuporta sa pagkanta ko ng nagsisimula pa lang ako, sya iyong kasa-kasama kong kumakanta sa mga social media kung saan ako nadiscover, dapat dalawa kami pero hindi nya gusto ng pag-aartista, kaya here I'am solo flight. After a years here it is muli kaming kakanta sa entablado. Magandang regalo dahil pasko na bukas kaya naman nagpapasalamat ako kay Ms. Divine."

Ang luwang ng pagkakangiti ni Divine ng i-mention ng isang sikat na singer ang pangalan nya. Idagdag pa ang palakpakan na ibinigay pagkatapos banggitin ang pangalan nya.

"Hindi ko na papatagalin." Sabi ni Tyleigr after ng palakpakan kay Divine.

"Please welcome ang isa sa pinakamagandang babaeng nakilala ko. Ms. Angelique Fuentebella."

Hindi kaagad nakilala ni Divine ang binanggit na pangalan ni Tyleigr kaya naman ganon nalang ang gulat nya ng mula sa pinto pumasok si Ysa.

Nakasmirk si Ysa habang naglalakad papuntang stage, kinindatan nya si Rolf na bakas ang paghanga habang nakatingin sa kanya at ang KH na bakas din ang gulat ng makita sya.

Nakita nya rin si Vane na hindi naituloy ang gagawin sanang pagtungga sa basong hawak.

May kalayuan ang distansya pero ramdam na ramdam nya ang pagguhit ng maiinit na tingin nito sa kabuaan nya.

Nakasexy black dress sya. Spaghetti strap iyon na may malalim ang harapan revealing the roundness of her breast. Kita din ang likod kaya kitang-kita ang tattoo nya. May slit din ang dress nya sa tapat ng kanang hita, mahaba iyon kaya naman sa tuwing naglalakad sya lumilitaw ang binti at hita nya.

Sinalubong sya ni Tyleigr na bumaba ng stage.

"Ahh... my beautiful Angelique." Inabot nito ang kamay nya at hinalikan. "Hot and sexy as ever, and that scar of yours lalong nagpadagdag sa lakas ng appeal mo."

Napatawa lang sya.

Tyleigr Jigs Elmundo. Kung hindi lang sya isa sa mga nagpalit ng lampin at nagpadede dito ng baby pa ito, malamang nabola na sya ng batang ito.

Anak ito ng Tita Leigh at Tito Tyrrone nya, dahil maselan nuon ang kalagayan ng mag-ina halos tumira na sila sa bahay ng mga ito para tulungan si Tyrrone sa pag-aalaga.

Inalalayan sya ng binata na umakyat sa stage.

Gusto nyang matawa ng makita ang mukha ni Divine, sigurado syang hindi nito inaasahan na makikita sya dito.

"Wow" sabi ni Chezter na dinugtungan ng sipol. "Kahit kelan laging nakakagulat itong si Ysa" Napatingin sya kay Vane na nakatingin sa kanya. Pasimple syang umubo at umiwas ng tingin. Hindi na rin nya ibinalik ang tingin sa entablado, mahirap na baka biglang manapak ang leader nila.

Umupo si Tyleigr sa harap ng piano habang si Ysa naman ay sumandal duon.

Inilibot nya ang tingin nya sa paligid.

Mukhang pinaghandaan ni Divine ang party na ito, pinagkagastusan.

Tinignan nya ang babaeng matalim ang tingin sa kanya.
Tumaas ang sulok ng labi nya bilang sagot sa matalim na titig nito.

"Ready?" Tanong ni Tyleigr na inabot sa kanya ang isang mike.

"Anytime." She answered.

Nang pumailanlang ang intro ng musika ipinikit nya ang mga mata, tulad ng dati hinahayaan nya ang katawan na gumalaw sa sa tugtog ng musika

"We Don't Talk Anymore by Charlie Puth feat. Selena Gomez)

https://www.youtube.com/watch?v=i_yLpCLMaKk

?We don't talk anymore
We don't talk anymore
We don't talk anymore
Like we used to do
We don't love anymore
What was all of it for?
Oh, we don't talk anymore, like we used to do...?

I just heard you found the one, you've been looking
You've been looking for
I wish I would have known that wasn't me
Cause even after all this time
I still wonder
Why I can't move on
Just the way you did so easily?

Habang kinakanta ni Tyleigr ang part nya umiindayog naman ang katawan nya. Bumubuka din ang labi nya at sinasabayan ito ng pagkanta, walang tunog na lumalabas sa bibig nya, she's just mouthing the lyrics, habang naglalakad-lakad sa stage at sumasayaw-sayaw.

Nagflying kiss pa sya sa tatlo nyang beta na ngiting-ngiti sa kanya.

Nang sumapit ang part na sya na ang kakanta lumapit sya kay Tyleigr at umupo sa tabi nito.

? I just hope you're lying next to somebody
Who knows how to love you like me
There must be a good reason that you're gone
Every now and then I think you might want me to
Come show up at your door
But I'm just too afraid that I'll be wrong?

Dumako ang tingin nya kay Vane.

Nakatitig ito sa kanya habang patuloy parin sa pag-inom ng alak.

Tumayo sya nang ipulupot ni Divine ang kamay sa braso ng binata.

? Don't wanna know
If you're looking into her eyes
If she's holdin' onto you so tight the way I did before ?

Hinangin ang buhok nya at bahagyang natakpan ang mga mata nya pero hindi nya inalis ang tingin sa binata.

? I overdosed

Should've known your love was a game
Now I can't get you out of my brain ?

Sinadya nyang idiin ang bagsak ang mga nota nya at sinabayan ng pagturo kay Vane.

? Oh, it's such a shame ?

Nang sabay na silang kumanta ni Tyleigr tumayo ito at nakipagsayaw narin sa kanya.

Umiindayog ang balakang nya habang sinasabayan nito ng sayaw sa likod nya.

?
That we don't talk anymore
(we don't we don't)
We don't talk anymore
(we don't we don't)
We don't talk anymore
Like we used to do
We don't love anymore
(we don't we don't)
What was all of it for?
(we don't we don't)
Oh, we don't talk anymore
Like we used to do ?

And when the song ended tulad ng laging ginagawa ni Tyleigr nanakawan sya nito ng halik sa pisngi.

Sa pagkakataong iyon sinadya nyang iharap ang mukha rito kaya sa labi nya tumama ang labi nito.

Nagbulungan ang mga naroon iniisip na may relasyon sila ng binata habang pumalakpak naman sina Stendi Vox at Mik. Ang mga loko nagstanding ovation pa.

At nang ibaling nya ang tingin kay Vane, may nabasa syang galit sa mga mata nito na dagli ring nawala.

Totoo man o hindi ang nakita nya, wala syang pakialam tinaasan nya lang ng isang kilay ang binata.

"Hindi lang ikaw ang kayang humalik ng iba Montereal."

Iyan ang mensahe ng mga mata nya bago inalis ang tingin dito at ibinalik ang pansin kay Tyleigr na ngiting-ngiti.

Isinampay nya ang braso sa batok nito at bumulong.

"Loko kapag sineryoso mo sisirain ko ang career mo."

Nauwi sa ngiwi ang ngiti nito bagamat humawak sa bewang ko.

"Sure beautiful walang malisya."

At kahit nakamike sabay kaming tumawa na narinig ng lahat.

*****

"You're a singer."

Iyon ang bungad ni Rolf kay Ysa pagkatapos nyang ipakilala si Tyleigr rito, ngayon kasama na ng singer si Audrey. Tinutulungan ng babae ang binata sa pagpupunas ng damit nito na natapunan ng alak ni Audrey.

Hindi nya inalis ang tingin sa kababata at sa pinsan ni Vane kaya kitang-kita nya ang pagtataray ni Audrey at pagsusuplado ni Tyleigr.

" *Mukhang may katapat na si Tyleigr."*

"Ysa." Tawag sa kanya ni Rolf.

Napatingin sya rito ngunit bago iyon nadaanan ng tingin nya si Vane na parang tubig lang kung uminom ng alak.

Nakatayo sya sa isang sulok ng lapitan sya ni Rolf.

"No I'm not." Sagot nya sa tanong ng binata.

Ngumisi ito sa kanya bago sinenyasan ang waiter na nags-served ng alak at nanghingi duon ng dalawang baso.

Ibinigay nito sa kanya ang isang baso na kanyang tinanggap.

Inisang lagok nya ang inumin.

"Nilalasing nya ito." Sabi naman ni Rolf na nakatingin kay Vane na ngayon ay halos upuan na ni Divine sa kandungan.

"Who?"

"Tsk, kilala mo ang tinutukoy ko Cutie."

Nagkibit-balikat sya at napatingin ulit sa pwesto ng ni Vane.

Sa pagkakataong iyon binubulungan ito ni Divine, sinasadya ng babae na idikit ng todo ang labi nito sa binata, at sa linaw ng mga mata nya kitang-kita nya ng padaanan nito ng dila ang tenga ni Vane.

Still Ysa's face remain blank.

"Kelan gaganapin ang hunting game?" Tanong nya kay Rolf.

Kumuha syang muli ng inumin sa dumaan na waiter.

"Why seryoso ka ba na sumali para makuha ang pangalan ko o may ibang pangalan kang gustong maangkin?"

"Your name." Simple nyang sagot.

"Really huh."

"Yeah." Ibinigay nya rito ang basong hawak bago naglakad.

"Rest room lang ako." She said hindi nya na hinintay na magsalita pa ito.

Hindi sya sa rest room dumeretso, bagkus sa garden sya nagpunta.

Naglakad-lakad sya, hanggang sa makita nya ang isang puno ng mangga lumapit at sumandal sya sa may katandaan nang puno.

Pumikit sya at dinama ang hanging panggabi.

Higit labing limang minuto yata syang nakasandal doon ng makarinig sya ng kaluskos.

Nagmulat sya ng mga mata at nakita nya si Vane na bahagyang sumusuray-suray sa paglalakad.

Kumunot ang noo nya.

Naglakad sya papalapit dito.

"Himala pinakawalan ka ng girlfriend mo." Sabi nya.

Napahinto si Vane.

Mapungay na ang mga mata nito ng tumingin sa kanya.

"Who are you?"

Lalong kumunot ang noo nya sa tanong nito.

Mukhang lasing na ang binata dahil hindi sya nakilala, kahit na nga may liwanag naman na nagmumula sa lampost.

Ngumiti sya ng mapait.

"Ganyan ba ako kawalan halaga para sayo, nalasing ka lang hindi mo na ako kilala."

"Hmmm." Tanging sagot nito, bahagya itong gumegewang sa pagkakatayo.

"Tsss." Mapakla syang natawa.

"Maupo ka don." Itinuro nya ang isang wooden bench na nasa di kalayuan. "Tatawagin ko sina Chezter."

As she said that naglakad sya patalikod ngunit hindi pa man sya ganap na nakakahakbang nakita nya ito na matutumba.

Mabilis syang kumilos imbes na patalikod, paabante ang ginawa nyang hakbang, papunta rito para maalalayan ito.

"Ay shit!" Napamura sya ng muntik na sila matumba dalawa.

"Hey."

Napayakap sya sa bewang ni Vane habang pumalibot din ang kamay nito sa bewang nya.

Napaliyad sya at napaatras ang isang paa ng ibigay nito ang buong bigat sa kanya. Mapasubsob din ito sa kanyang leeg .

"Tangna ano ba. Umayos ka nga." Pilit nya itong itinutulak patayo para maalis ang bigat nito sa kanya.

Pero ang binata lalong nagpabigat at hinapit pa sya.

Ang sunod na ginawa at sinabi nito, nagpapalya sa tibok ng puso nya.

"Hey Miss..." naramdaman nya ang pagkagat at pagsipsip nito sa kanyang leeg. Tumayo ang balahibo nya sa ginawa nito.

"Who are you? You smell...you smell just like my wife."

And the next thing she knew natumba na sila, nawalan na kasi ng lakas ang tuhod nya pagkatapos marinig ang mga sinabi nito.

*****

H/n

Salamat sa pagsuporta??? at patuloy na paghihintay ng updates.

Iyong video hindi po si Selena at Charlie ang potrayer ko kay Ysa at Tyleigr. Nagustuhan ko lang talaga at naisip ko si Ysa ng mapanood ko. ???

Salamat sa pagbabasa, sa mga boboto at hihintayin ko rin ang mga inspiring comments nyo.

Thanks

Helliza Sabida

13292017xfe 2:37

35. Makulit, Mainit

Dedicated to **Angelica II** advance happy birthday bhe ???.

****

Ilang s**andali munang nakatingin si Ysa sa kalangitan, may bagyo daw na parating pero himalang may bituin sa kalangitan ngayon gabi.**

"Oppss s-shory." Napahalak si Vane na nasa ibabaw nya.

Buti na lang bermuda grass itong binagsakan nila, kung nagkataon sugat-sugat ang nakalitaw nyang likod.

Tumigil sa pagtawa ang binata. Tinitigan sya. Kung may makakakita sa kanila malamang maeeskandalo sa ayos nilang iyon.

"Who are you?" Tanong ulit nito sa kanya. "Kamukha mo rin ang asawa ko."

Hindi nya alam kung nagbibiro ang binata o sadyang lasing lang talaga. Gusto nyang isipin ang una pero obvious na obvious na lasing ito dahil amoy na amoy nya iyong alak sa hininga nito, namumula pa nga't namumungay ang mga mata ng binata.
Still she's mesmerized by his brown eyes.

"Miss..."

Napailing sya.

"Huwag umasa Ysa, lasing yan malamang bukas balik na naman siya sa dati."

"What's your name?" Tanong ni Vane na lumapit ang mukha sa kanya.

"I'm nobody." Sagot nya na mabilis itong itinulak.

Napahiga ito samantalang mabilis naman syang tumayo.

P umikit ang mga mata ng binata.

Pwede nya itong iwan dito, hayaan na nakahiga ito doon, siguradong may makakakita sa binata, at malamang na hinahanap na ito ni Divine.

Bumuntung-hininga sya at maglalakad na sana paalis ng mabilis itong umupo at pigilan ang kaliwang pulsuhan nya.

"Where are you going?" Tanong nito na pilit na minumulat ang mga mata.

"Uuwi na ako, dadaanan ko na lang iyong mga kasama mo sasabihin ko na naandito ka." Malamig na sabi nya habang hinihila ang kamay.

Humigpit ang pagkakahawak nito sa kamay nya, pinagsalikop pa nga ng binata ang mga daliri nila.

"Uuwi? I want to go home too." He said habang tumatayo. Sumuray ito.

"Shit!" Mura nya ng muntik na naman silang matumba. "Damn umayos ka nga Master." Iniakbay nya ang braso nito sa balikat nya.

Humapit naman ito kaya napasubsob sya sa dibdib ng binata. "Stop cursing." He said.

Napatingala sya rito.
Sa pandinig nya kasi hindi ito boses lasing, namumungay parin ang mga mata nito.

"Naparami na yata ang h-hinom ko kamukha mo talaga ang asawa ko Miss."

"Hindi ako ang asawa mo, ni hindi mo nga ako girlfriend eh." Itinitulak nya ito pero ayaw nitong bumitaw, he laughed.

"Uwi na tayo." Sabi nito.

Napailing naman sya kasabay ng pagring ng cellphone nyang nasakanyang kaliwang hita na kasama ng baril na nakasuksok sa gun holster.

Dahil hindi naman nya maabot iyon, ginamit nya ang relos nya sa pagsagot.
Iyong hikaw nya ang nagsilbing headset at receiver, para madinig nya ang nasa kabilang linya.

"Beautiful nasaan kana?" Boses ni Tyleigr ang nasa kabilang linya.

"Tyleigr...uuwi na ba tayo? Okay, sige. Wait lang may ina--." Natigil sya sa pagsasalita ng marinig nya ang busy tone sa kabilang linya.

Kumunot ang noo nya at napatingin sa relos nyang natatakpan ng malaking kamay ni Vane.

Hindi nya alam kung sinadya ng binata o hindi ang pagpindot sa stop button.

Tinignan nya ito at nakita nyang muli itong nakapikit halos sya na ulit ang nagdadala ng bigat nito.

"Hoy... Montereal? Huwag kang matulog dito pumunta ka na sa mga kasama mo at umuwi na kayo." Pinalo nya ang braso nito.

"Yeah, uwi na tayo." Naglakad si Vane at dahil nakakapit ito sa kanya, dala-dala sya nito.

"Ay! Fuck ano ba!" Singhal nya ng muntik-muntikan na silang sumubsob. "Bitawan mo nga ako."

Hindi ito nakinig sa kanya patuloy lang ito sa pasuray na lakad. Hindi niya tuloy magawang huminto dahil siguradong matutumba sila.

Nakarating sila sa parking lot ng hotel.

"Shaan shashakyan mo?" Tanong nito.

"Teka huwag mong sabihin na magpapahatid ka sa akin?"

Tumango ito.

"Naman hindi naman ako ang girlfriend mo bakit ka sa akin magpapahatid, aba Bev sobra ka na sinaktan mo na nga ako gagawin mo pa ako driver." Pinandilatan nya ito.

Napipikon na sya sa binata malapit na nyang masapak ito.
Sa sobrang pikon nya ni hindi nya namalayan na natawag nya itong Bev.

Ang loko nginisihan lang sya.

"Ayan ngumisi ka, pero sigurado ako kung matino ka at hindi lasing malabong ngitian mo ako ng ganyan at dumikit ka sa akin ng ganito." Napailing sya. "Pwede ba tama na. Physical na sakit ng katawan lang ang kaya kong pamanhirin hindi sakit sa puso na dulot ng putang-inang pag-ibig ko sayo, kaya kung ayaw mong maagaw kita sa Divine na iyon lumayo ka sa akin ngayon." Habang sinasabi nya iyon nakatingin sya sa motor ni Stendi na nakaparada malapit sa pwesto nila. Wala syang narinig na sagot sa binata, bagkus naramdaman nya ang ilong nito sa tenga nya.

Napaigtad sya at lalayo sana ngunit tulad ng kanina mahigpit ang kapit nito.

"You know what pati amoy mo parehas sa ashawa ko, pareho kayong amoy strawberry."

Muli kumabog ang dibdib nya.

Sya ba ang tinutukoy nito?
Buong akala nya si Divine ang asawa na binabanggit nito.
Malay ba nya kung lihim na kasal na ang dalawa?

"Uwi na tayo sha bahay natin Miss." Bulong nya sa tenga ko.

Umawang ang mga labi nya.

"B-bev."

"Tapos shabihan mo ang ashawa ko na umuwi na rin sya." Pagkatapos pumikit na ulit ang mga mata nito at tuluyan ng ibinigay ang bigat sa kanya.

"Shit!" Wala na syang nagawa kundi ang mapamura ng muntik-muntikan na naman silang matumba.

*****

Mariin na tinapakan ni Ysa ang preno, at pinagmamasdan nya ang maliit na bahay ni Vane.

Ngumiti sya ng mapait, dati bahay nila ang tawag nya sa bahay na ito ng binata.

"Dati...bakit parang ang tagal-tagal na? Pero kung tutusin mga buwan pa lang ang lumipas mula ng una nya ako dalhin dito."

Sa Russfield nya dineretso ang binata, hindi na nya natawag ang mga kasama nito dahil hindi na nito inalis ang kamay sa relos nya.

"Tsss iyon ba ang dahilan o gusto mo rin syang makasama." Kutya ng isang bahagi ng isip nya.

She sighed. Isinandal ang ulo sa upuan ng sasakyan. Ilang buntung-hininga pa ang pinakawalan nya bago sya muling nagmulat ng mga mata at binalingan ang binatang natutulog sa passenger seat.

"Master." Tinapik nya ang balikat nito. Umungol muna ito bago nagmulat ng mga mata. "Nandito na tayo sa bahay mo lumabas ka na ng makauwi na ako."

Magulo ang buhok at namumungay ang mga mata na tumingin ito sa kanya.

"Ang hinit." He said.

Ganon na lang ang panlalaki ng mga mata nya ng tanggalin nito ang suot na jacket pati narin ang t-shirt na nakapailalim duon.

"T-teka shit! Anong ginagawa mo!" Iyong mga mata nya nakatutok na sa abs ng binata.

"Mainit...Miss."

Pinandilatan nya ito.

"Kung naiinitan ka bumaba ka na at i-full blast mo iyong aircon mo huwag ka ditong maghubad sa sasakyan ko."

Hindi ito sumagot tumango lang bagamat hindi kumilos para bumaba ng sasakyan nya.

Pinagtulakan nya ito.

"Baba na."

Kaso kahit anong gawin nyang tulak hindi ito natitinag nakasandal parin ito sa upuan at ngayon ay nakapikit na ulit.

"Naman eh, Bev ang tigas ng ulo mo baba na." Maktol nya, hindi aware na lumalabas ang inosenteng si Ysa.

Si Vane nakita nyang ngumiti kahit nakapikit.

"Ano ngumingiti-ngiti ka pa talaga, aba Bev hindi ako nagpapatawa, sinong nagj-joke ituro mo at sasapakin ko. Nakakainis na ah."

"You're so noisy Miss may natutulog." Nakangiti parin na sabi ni Vane hindi pa din ito nagmumulat ng mga mata.

Bigla naman syang natahimik napalingon-lingon sa paligid bago nagtataka na ibinalik ang tingin sa binata.

"Saan ang natutulog wala naman akong nakikita?" Pinagmasdan nya ang kalsada, baka may kama sa paligid na hindi niya napansin.

Nagmulat ng mga mata si Vane, tinignan sya.

Noon naman nya narealize ang pag-uugali nya. Tumikhim sya at pinapormal ang mukha.

"Labas na Master."

Umiling si Vane.

Napabuga sya ng hangin.

Lumabas sya ng sasakyan umikot sa may gawi nito, binuksan nya ang pinto at hinila palabas ang binata.

Muntik na naman silang matumba dahil nagpabigat ulit si Vane.

"Umayos ka nga." Singhal nya habang naglalakad sila papuntang pinto.

Nang makapasok pahirapan din sila sa pag-akyat sa hagdan.

"Higa na." Ibinagsak nya ito sa kama. Iniiwasan nyang ilibot ang tingin sa paligid para hindi niya maalala ang sakit."Okay na aalis na ako." Kasabay ng pagtalikod nya ay ang pagbangon ni Vane.

Napatingin sya rito. "Saan ka pupunta."

"Sha labas hindi pa tapos ang party."

Lumapit sya ulit rito at itinulak ito pabalik ng kama.

"Matulog kana Bev. Wala nang party."

Tinignan sya nito nang ilang sandali, bago umiling at tumayo.

Napapadyak sya.

"Naman eh! Higa na Vane." Sabi nya.

Bakit ang kulit-kulit ng lalaking ito ngayon?

Kahit gumegewang ang tayo, humalikipkip ito at pinagmasdan sya.

Ginaya nya ang tayo nito, with matching taas ng isang kilay pa ang kanya.

Ang kaso iyong pagmamataray look nya nauwi sa gulat ng bigla itong kumilos para hubadin ang pantalon na suot.

"T-teka anong ginagawa mo?"

"M-mainit talaga." He said

Kumilos sya at madaliang binuksan ang aircon.

"Ayan malamig na magdamit ka ulit." She said habang naglalakbay ang mga mata sa katawan nitong nakasuot na lang ng itim na boxer.

Umiling ito at naglakad papalapit sa kanya.

"Bakit pati ako naiinitan na? Shit kailangan ko bang magshower ng malamig? Iyong may yelo? Itong si

Bev ang sarap ilubog sa bath tub nanagyeyelo ang tubig ang hot eh."

"Anong kailangan mo bakit lumalapit ka." Umatras sya, lumalapit parin ito.

"Humakbang ka pa at sisiguraduhin ko na hindi matatapos ang gabing ito matuto na akong gumawa ng baby." Seryosong sabi nya.

Huminto ito.

"Alam naman natin na ayaw mong mangyari iyon di ba, sigurado ako, na hindi na ako ang gusto mong maging ina ng mga anak mo. Tigilan mo iyang paglapit kasi kapag lumapit ka pa, baka mangyari iyon." Napatingin ulit sya sa katawan nito. "Tang'na bakit ba ang init? Wala namang araw, gabi na ah. Montereal ipaayos mo iyang aircon mo sira na yata." Napapaypay sya sa sarili. "Huwag ka sabing lumapit!" Sigaw nya rito. "*Ano ba itong lalaking'to araw? Bakit umiinit ang pakiramdam ko kapag nakatingin sa katawan nya."*

Pumikit sya ng mariin hindi naman sya balot na balot bakit pinagpapawisan sya?

Napamulat sya ng may humila sa kanya and when she open her eyes natagpuan nyang nakakulong na sya sa mga braso ni Vane.

Iyong init na nararamdaman nya mas tumindi, sinabayan pa ng kuryente.

"Tatalunin talaga ng lalaking ito ang Meralco grabe ang lakas magbigay ng kuryente. Kayang pailawin ang buong Maligdan."

"Shit bitaw bakit nanyayakap ka?" Pinilit nyang makawala pero ang higpit ng pagkakayakap nito sa kanya.

"Miss payakap lang miss na miss ko na kasi iyong asawa ko." Bulong nito sa tenga nya.
Napapikit sya ng maramdaman ang pagkagat nito doon.
"Buntisin na kaya kita para magbago na ang lahat."

"What?" Hindi nya naintindihan ang huling sinabi nito dahil halos nakasubsob na ito sa leeg nya ng magsalita, idagdag pa ang sensasyon na naramdaman nya ng lumapat ang dila nito sa leeg nya.

"Anong ginagawa mo Ysa? Bakit hindi mo sya tinutulak?"

"T-teka lumayo ka nga muna." Itinulak nya ito. Nakalayo naman sya at sa mismong hagdan na pumuwesto sa pagkakataong iyon.

"Naiintindihan mo ba ang sinabi ko kanina? Huwag kang lumapit sa akin kung ayaw mong hindi na kita pakawalan."

His eyes became dark in a moment na dagli ring nawala.
Namumungay parin ang mga mata nito.

Hindi nya alam kung bakit hindi na naman sya nakaiwas ng mabilis itong nakalapit sa kanya at nahila sya ulit, sa pagkakataong iyon ibinagsak sya nito sa kama.

Dumagundong ang tibok ng puso nya ng marealize ang ayos nila.
Nakatihaya syang nakahiga sa kama habang nakadapa naman ito, hindi sa ibabaw nya pero ang braso

ng binata ay nakapatong sa ibabaw ng dibdib nya his hand was cupping her left breast!

Suminghap sya. "Ano ba!"

"Tulog na tayo Miss."

"Naman hindi ako dito matutulog, hindi ko naman bahay ito" bumangon sya. "Ugh get off me!"

"Naiinitan parin ako and I fighting it Miss... pero kung gusto mong may mangyari na sure magpumiglas ka pa." He said habang nakapikit, sa mismong tenga nya ito nagsalita.

"Shit kung alam ko lang na ganito ang mangyayari hindi na sana kita inihatid." Tinignan nya ito, bumunggo ang ilong nito sa ilong nya.

Nakapikit parin na ngumiti ito.

"Matulog na lang muna tayo Miss, just this night let me hold you...let me be with you...Misis."

Umawang ang mga labi nya pero walang lumabas na salita mula roon.

Pinagmasdan nya ang binata.

Hindi nya matukoy kung lasing ito o hindi.

Bumuntung-hininga sya, tumingin sa kisame.

Hindi nya alam kung tatayo o aalis sya.

Gusto nyang umalis pero ayaw kumilos ng katawan nya.

"*Pagbigyan mo na Ysa...dahil sigurado bukas balik na naman sa dati ang lahat. Lasing lang iyan kaya ka niyayakap, bukas kay Divine na ulit sya."*

Nagmulat sya ng mga mata at tinignan ang binatang tingin nya ay tulog na dahil sa kalasingan. Lumalim na ang paghiga nito.

Isang impit na hikbi ang kumawala sa lalamunan nya habang nakatingin dito.

"Why are you always hurting me? Hindi mo ba talaga ako mahal? Pinaglalaruan mo lang ba talaga ako?" Kinagat nya ang mga labi. "Bukas sigurado ako masasaktan na naman ako. Lalo na kapag nagising ka na naandito ako. Malamang sasabihin mo na naghahabol na naman ako sayo. Last na 'to Bev huling sakit na talaga dahil bukas papamanhirin ko na talaga ang sarili ko hanggang sa tuluyan akong makaalpas sa pagmamahal ko sayo." Pumikit sya. Napangisi. "Pero hindi ko rin masabi, isa kasi akong Santiago at Fuentebella."she sighed "Pag-iisipan ko kung ipaglalaban pa ba talaga kita."

Nakatulog sya.

Hindi kompotable ang suot nya, ngunit nagawa nyang matulog ng mahimbing sa sobrang himbing hindi na nya namalayan na nagmulat ng mga mata si Vane.

Pinagmasdan sya. Matagal na tinitigan.

Umayos ito ng higa, tumihaya at niyakap sya papalapit.
Hanggang sa nakahilig na sya sa dibdib nito.

"I miss you so much Misis..." bulong nito kasabay ng pagyakap sa kanya ng mahigpit.

*****

Tama si Ysa.

Kinabukasan tulog pa ang binata nang umalis sya sa bahay nito

Dumaan ang pasko, at may pasok sa MC sa mga araw bago magbagong taon special class tinuturuan ang mga estudyante na self defense, may natanggap na report na muling susugod ang DMC at sa pagkakataong iyon ay ang MC ang puntirya.

Galit na galit si Divine nang malaman nito na sya ang naghatid sa lasing na si Vane.

Sinabi nito sa harap ng lahat na sinamantala nya si Vane na gagawin nya ang lahat para maagaw ang binata.

Sa klase nangyari ang lahat ng iyon.

"Sa susunod na makita mo akong lasing just leave, huwag mo akong tulungan. Hindi ko kailangan ng tulong mula sa Elf na tulad mo." Malamig na sabi ng binata, napangisi naman si Divine.

Walang emosyon na sumagot sya.

"Ganon ba? Don't worry next time gagawin ko ulit para mainis kayong dalawa." napa smirk sya ng mawala ang ngiti ni Divine.

Sabay taas ng isang kilay kay Vane.

Saka muling inilipat ang tingin kay Divine.

"Sinabi ko na sayo bantayan mo maigi iyang boyfriend mo, nasa dugo ko kasi ang pinaglalaban kung ano ang pag-aari ko, ikaw rin baka biglang maisip ko na bawiin sya, walang makakapigil sa akin, kahit pa nga ayaw o gusto nya."

"How dare you malandi ka!"

Mapakla syang tumawa.

"Yeah malandi na ako whatever you say" nilipat nya ang tingin kay Vane. "Pero huwag kang mag-alala bantayan mo lang maigi iyang boyfriend mo, napipigil ko pa ang sarili ko. Matino pa naman ang isip ko na huwag pag-aksayahan ng oras at panahon ang taong ayaw sa akin, marami pa naman iba diyan, marami pa ako pagpipilian. Hindi ako magtyatyaga sa taong ayaw na." Saka sya naglakad palabas, ngunit bago tuluyang makaalis nilingon nya ulit si Divine. "Siguraduhin mo lang na hindi na pakalat-kalat iyan kapag nasa paligid ko, para manatili syang sayo."

Nasa library na sya ngayon nakatalungko sa mesa, at nakapikit.

"Bantayan mo maigi Divine baka kasi pagnaulit ang nangyari kagabi ipaglalaban ko na makuha sya,

magkamatayan na." Naisip nya.

Hinintay nya na tangayin sya ng antok... nilalamon na sya noon ng isang malakas na putok ng baril ang narinig nya.

And when she opened her eyes and ran to the door she heard another shot then Stendi voice boomed in her ears.

"The MC is under attack."

****

H/N

Happy New year Guys.????.

Salamat sa pagsuporta kay Ysa at Vane... thank you talaga... iyong magaganda nyong comment ay sapat na para sipagin ako??? salamat talaga...sa pagbabasa...boboto at magsusulat pa ng mga magagandang comment. Lav yahh guys.

See you next Saturday or...this wednesday?.

Thanks

Helliza Sabida 13322017tbu 8:32am

36. Pinoprotektahan?

Para sa dalawang taong tinatangkilik ang mga kwento @**andeakatrina** thanks bhe sa pagbabasa? at kay @**cheniepobadora** salamat ng pagbibigay ng oras sa pagd-drawing ng chapter ng HBEBGA? salamat sa inyo dalawa???

*****

Mabilis na lumabas si Ysa ng library pagkatapos marinig ang sinabi ni Stendi.

Nasa west gate ang mga kalaban, ayon sa report ng binata.

Sigurado na sya na may traydor dito sa Maligdan sa higpit ng security paanong nakalusot ang grupo ng DMC.

Tumatakbo sya papuntang west gate, samantalang ang mga estudyante naman ay papunta sa lugar kung saan sya nanggaling halata ang takot sa mukha ng mga ito dahil patuloy parin ang putukan.

Papaliko na sya sa patutunguhan ng may humarang sa kanya, mga miyembro ng KH at BW.

"Hindi ka pwede dito Elf." Sabi ng isa na miyembro ng KH.

Kumunot ang noo nya, lalampasan sana ito kaso pinalibutan sya, lima sila at may lima pa na nagbabantay kung sakali makalusot sya.

"Anong kagaguhan to?" May pagsabog silang narinig. "Damn! Padaanin nyo nga ako."

"Pasensya na pero ang utos sa amin lahat ng Elf ay kailangan dalhin sa ligtas na lugar."

"Hindi ako kasali don." Lulusot sana sya pero muli hindi sya pinadaan. "Tang'na aalis kayo dyan o pagsisipain ko kayo."

Hindi tuminag ang mga ito.

"Hindi nga ako kasali sa kailangan nyong protektahan." Nang hindi parin tuminag ang kausap nya kumuyom ang kamay nya para sapakin ito.

"May utos mula kay Master Vane na ilabas ang lahat ng Elf dito sa MC at protektahan."

"Kuya ang kulit mo hindi nga ako--"

"especially you Ms. Ysa."

Natigilan sya. "W-what?"

"Master Vane says na kailangan protektahan ka namin at ilabas ng ligtas dito sa MC."

Umawang ang labi nya. Hindi nya alam kung paano magr-react sa sinabi nito, nang makabawi napabuga sya ng hangin.

"Tsss, ang lakas ng tama nyang Master nyo." Inis nyang sabi.

Itutulak nya na sana ang mga ito ng biglang may sumabog di kalayuan mula sa kanila, kasunod ng sunod-sunod na putukan. Kitang-kita nya ng bumulagta ang lalaking kausap at halos kalahati ng mga kasama nito.

Napayuko sya at napatakbo sa likod ng konrektong upuan.

Napamura sya ng walang habas na magpaulan ng bala ang mga lalaking sakay ng isang maliit na truck.

"Ahhh!"

Napalingon sya sa kanan ng marinig ang boses ni Gen, nakita nya itong nakatago sa isang puno nakaupo habang nakatakip ang dalawang kamay sa tenga at nakayuko.

Inilabas nya ang baril at pinuntirya ang driver ng truck.

"Eat that asshole!" Sigaw nya bago tinakbo ang pwesto ni Gen.

Iyong natira sa mga estudyanteng lalaki na kausap nya kanina ay binabaril na rin ang mga kalaban na nakatalon sa truck na bumangga sa fountain at ngayon ay binabaril sya.

"Y-ysa." Takot na takot na sabi Gen nang makalapit sya.

"Tara."

Hawak ito sa kamay na tumakbo sila palayo sa mga kalaban.

May mga estudyanteng silang nadadaanan na kanilang sinasama sa pagtakas palayo sa gulo.

Nakasunod din sa kanila ang mga estudyanteng lalaki na prorotektahan daw sya.

Malapit na sila sa south gate ng muling may sumabog.

Napapikit at napipilig sya ng ulo umaalingawngaw sa tenga nya ang matinis na tunog. Masyadong malapit sa kanila ang pagsabog kaya naman halos mabingi sila.

When she opened her eyes again napapalibutan na sila ng higit sa sampung mga kalalakihan na may hawak-hawak na baril.

"Isakay lahat iyan." sabi ng lalaking may takip sa isang mata.

"Y-ysa." Bakas ang takot sa boses ni Gen ng pakaladkad silang hilahin ng mga lalaki.

Nakita nyang itinapon ni Ysa ang hawak nitong baril bago ito lumuhod at tinaas ng dalawang kamay.

Kinaladkad din ito.

Iyong mga estudyanteng nagtatanggol sa kanila kanina pinagbabaril ng mga ito.

"Ang tatapang nyo eh mga bata lang naman kayo." Sigaw ng lalaking may tabing ang mga mata habang bumabaril.

Sindak na sindak sya ng ipasok sa loob ng isang van kasunod si Ysa at ilang mga estudyante pa.

"Huwag kayong gagawa ng mali dahil papatayin namin kayo!" Sigaw ng isa pang lalaki na ngumunguya ng bubble gum.

"Y-ysa." Nanginginig na tawag nya sa kaibigan

"Huwag kang mainay Gen, sundin mo lang ang mga sinasabi nila para hindi ka pag-initan." Binalingan nito ang mga kasama nila na nasa loob, pito silang sakay niyon, may Elf at miyembro ng dalawa gang na mga sugatan na. "Just do what they say walang lalaban kung ayaw nyong mapatay." Sabi ni Ysa sa mga ito.

Pinunasan ni Gen ang luha nya at tumango.

Si Ysa malikot ang mga mata. Nagring ang cellphone nya kaya kaagad nyang pinindot ang relong pambisig na suot.

"Boss asan ka na? Napapaligiran na kami dito sa covered court kasama namin sina Vane at Rolf at ilan sa grupo nila." Boses ni Stendi na sa kabilang linya na sinasabayan ng static sound. "Hinaharang na nila ang signal. Sinubukan kong tumawag sa DQ pero hindi na ako makakonek." Naging choppy na ang boses nito ngunit kahit paano ay naiintindihan nya pa. "Sana ligtas ka Boss at kung sakaling mamatay kami rito tandaan mo, kaming tatlo ang solid beta mo--." Napahawak sya sa dalawang hikaw na nakakabit sa isang tenga ng tuluyan ng mawala ang tinig ni Stendi na doon nagmumula.

"Shit!"

Naramdaman nya ang pag-andar ng van. Sa dami nila siksikan sila sa loob hindi nya magawang lumaban dahil naiipit sya at isinaalang-alang nya ang mga kasama.

Nakiramdam na lang muna sya.

May mga baril na nakatutok sa kanila.

Dalawa sa harapan ng van at tatlo sa pinakalikuran.

Walo ang kalaban, pang-siyam ang driver, kayang-kaya nya kung wala lang sya kasama.

Akala ni Ysa lalabas sila ng MC ngunit dumeretso ang van sa west side ng paaralan. Napaunat sya ng matanaw ang covered court.

Nakita ni Ysa ang grupo ng mga estudyanteng lumalaban sa grupo ng mga kalalakihan.

Magulo, maingay. Iyong mga concrete bench ng court ginagawa ng taguan, may bumabagsak sa kabilang panig may bumabagsak sa kabila.

Sa gitna ng kaguluhan nakita nya sina Stendi, Mik, Vox ang KH, BW, si Rolf, si Divine at si...Vane.

Sa huli tumutok ang mga mata nya na bihasang-bihasa sa pakikipaglaban. Sumusuntok, sumisipa at bumabaril.

Huminto ang van na sinasakyam nila sa panig ng mga kalaban at tulad kanina pakaladkad silang nilabas.

"Montereal! Vasquez!" Sigaw ng lalaking naka eye patch. His name was Hans a killer, a rapist at isa sa mga magaling na tao ng DMC. Ang laki-laki ng ulo nya dahil sya ang inutusan ni Don Federico na maglead sa misyon na ito. At tiyak na lalapad ang papel nya kapag napabagsak niya ang dalawang pinuno ng KH at BW.

Napangisi si Hans nang natigil sa pakikipaglaban sina Vane at Rolf ng makita ng mga ito ang grupo ng mga estudyante na hawak nya.

"Hindi lang sila ang nasa amin Montereal, Vasquez. Halos lahat ng estudyante dito hostage na namin. Tanging kayo na lang ang lumalaban" ngumisi sya at itinutok ang baril sa isa sa mga estudyante at pinaputukan.

Patay na bumagsak ang estudyanteng babae.

"Ahhh!" Napayakap si Gen kay Ysa dahil katabi lang nila ang estudyanteng nabaril.

Si Hans lalong lumuwang ang ngisi. Lalo na ng mabasa nya ang takot sa mga estudyante na hawak.

"Sumuko na kayo kung ayaw nyong may mamatay pa." Sabi nya kina Vane at Rolf. "Ibaba nyo ang baril nyo." Utos nya pa. Walang sumumod sa mga ito.
"Ganon ayaw nyo." Naglakad siya papunta sa grupo ng mga takot na estudyante.

Hindi pinansin ni Ysa si Hans na huminto sa tapat nila ni Gen. Ang mga mata nya ay nakatuon lang sa tsokolateng mga mata na nakatingin sa kanya.

Takot at pag-aalala sandali nyang nabasa iyon sa mga mata ng binata.

Inalis nya ang tingin kay Vane ng hilahin ni Hans si Gen na hawak nya.

"Ahhh, Ysa!" she feel the pain ng bumaon ang kuko ng kaibigan sa braso nya ng humawak ito ng mahigpit sa kanya.

Hinawakan nya ang kamay ni Hans na nakahawak braso nito at tinanggal.

"Ako na lang." Walang emosyon nyang sabi na deretsong nakatingin sa mga mata nito.

Nagulat naman ang lalaki dahil natanggal niya ng walang kahirap-hirap ang kamay nito, pagkatapos ay tumalim ang tingin sa kanya at pahiklas syang hinila.

Nang makarating sila sa bandang gitna sinampal sya nito, dahilan para mapaupo sya sa lupa.

Mabilis syang nagtaas ng tingin para pigilan sina Stendi na kikilos sana para tulungan sya.

Saka nya inilipat ang tingin kay Vane na nandidilim ang mga mata.

Dumura sya lupa ng malasahan nya ang dugo sa loob ng kanyang bibig.

Si Hans nilapitan sya at pasambunot na itinayo.

"Ano Montereal? Vasquez? Susuko ba kayo o papatayin ko ang isang ito." Itinutok nito sa kanya ang baril. Pinagduldulan sa noo nya.

"Hindi kami yuyuko sayo, hindi kami susuko para iligtas lang buhay ng iilang tao." Sabi ni Divine. "*Barilin mo at pagnapuruhan mo, pe-premyuhan pa kita.*" Naisip nya. Sana nga barilin na nito si Ysa. Sana mapatay nito ang babae nang mawala na ang asungot sa buhay nya. "Barilin mo na."

"Shut up Divine." Saway naman ni Barbie. Mahigpit ang pagkakahawak nya sa baril na nasa kamay, handang iputok sa lalaking may hawak kay Ysa.

"Ganon so wala kayong pakialam kung ganito ang gawin ko." Si Hans.

Umikot ang paningin ni Ysa at pinangapusan sya ng hininga ng sikmuraan sya ni Hans. Hindi pa sya nakakabawi sinuntok pa sya nito sa mukha. Padapa syang bumagsak sa lupa habang inuubo.

"*Pakasaya ka. Dahil kapag nahawakan kitang gago ka magiging dalawa yang tabing mo sa mga mata."*

"Dahil wala naman syang halaga papatayin ko na." Itinutok ulit ni Hans ang baril sa kanya handa na nitong pindutin ang trigger ng magsalita si Vane na kinangiti nito.

"Stop it." Inihagis ni Vane ang baril at itinaas ang dalawang kamay. "Bakit hindi ako ang patayin mo, mas matutuwa ang amo mo kung ako ang mayayari mo di ba."

"What! Vane--." Lalapit sana si Divine sa binata pero pinigilan sya ni Stephano.

"Divine don't-."

"Anong don't? Ipapahamak nya ang sarili nya para lang sa babaeng iyan!" Nagpumiglas si Divine kay Stephano.

"Sigurado ka ba dyan Montereal ipagpapalit mo ang buhay mo para lang..." nilapitan ni Hans si Ysa at hiniklas patayo. "sa babaeng ito."

Nakapikit si Ysa pinapamanhid ang sarili para hindi madama ang sakit ng katawan, nang imulat nya ang mga mata nya nakita nya si Vane na nakatingin sa mukha nya habang nakataas ang kamay na lumalapit sa kanila.

"Ang sakit Bev..." Gusto nyang umiyak at tumakbo papunta rito. Gusto nyang magsumbong na tila bata at magtago sa mga bisig nito. Pero syempre hindi nya pwedeng gawin iyon.

Nang tatlong hakbang na lang ang layo ng binata sa pwesto nila ngumisi sya.

"Tulad mo hindi ko rin kailangan ng tulong Montereal." Pagkasabi nya ng mga katagang iyon umikot si Ysa. Sinuntok sa mukha ang nabiglang si Hans at inagaw ang baril nito.

Gulat na gulat si Hans, kanina lang hawak-hawak nya ang estudyanteng babae, then the next thing he knew nakaluhod na sya at nakatutok na ang baril nya sa kanya.

"Alam mo ba? Ang isa sa pinakaayaw ko iyong namamaril at hindi binibigyan ng tsansang makatakbo ang babarilin nila." Sabi niya na hindi pinansin ang mga baril na tumutok sa kaniya.

"Bakit anong gagawin mo babarilin mo rin ako? Gawin mo na babae dahil hindi kita bubuhayin kapag naha--" Hans feel it, the sudden pain...then nothing.

Patay na bumagsak ang katawan ni Hans. Patihaya na bumagsak ito pahiga, umaagos ang dugo mula

sa isang mata na walang takip.

"Tsss bubuhayin pa naman sana kita at papatakbuhin kaso nakakabwisit ka."

Binalingan nya si Vane na bakas ang gulat sa mukha.

Ang KH, BW mga estudyante ng MC at ang mga kalaban ay nabigla din.

"Tang'na" mura ni Alvin ng makita nya ang kasamahan na si Hans na wala ng buhay. Sya ang unang nakahuma at pinaputukan ang estudyante babae ni hindi man lang kumurap ng binaril ang kasama nya.

Gaganti din sana si Ysa ng putok pero hinila sya ni Vane pahiga.

Tinakpan nito ng katawan ang katawan nya.

"What the hell!"

Nakatihaya sya at napapailalim dito, inagaw nito ang baril nya at pinaputukan ang mga kalaban.

"Ano bang ginagawa mo Montereal get off me."

"Shut up!" Sigaw nito sa kanya.

"Shut up...shut up your face hindi ko kailangan ng tulong mo! Kaya kong protektahan ang sarili ko." Ganting sigaw nya napatingin sya kina Gen na nakadapa na din.
Mabilis nyang hinawakan ang kamay ni Vane na may hawak na baril at itinutok sa pwesto ng kalaban na bumabaril sa pwesto ng kaibigan. Si Vane ang pumindot ng gatilyo.

"Tumayo ka na dyan." Utos nya sa binata ng bumagsak ang kalaban na binaril nila.

Tumayo naman si Vane na dala-dala sya.

"Shit! Ang dami pang parating." Sigaw ni Rolf na nakatingin sa tatlo pang truck ng mga taga DMC na parating.

"Hey Gen!" Tawag ni Ysa sa kaibigan. "Kapag sinabi kong takbo. Tumakbo kayo patungo duon." Itinuro nya ang maliit na gate na nakabukas. Sindak na tumango ang kaibigan nya sa kanya. Binalingan nya sina Stendi, Vox at Mik. Isa-isang tinignan. Naintindihan naman ng tatlo ang gusto nyang mangyari.

Napatingala sya kay Vane ng kabigin nito ang ulo nya pahilig sa dibdib nito ng may lumipad na punyal patungo sa kinatatayuan niya kanina.

Nagtagpo ang mga mata nila.

"I said I don't need protecting." She said na itinulak naman ito pakanan ng may lumipad ulit na punyal na ngayon ay sa gitna nila dumaan.

"Now." Sigaw nya kina Stendi.

Sabay nilang apat na binato ang bilog na metal na kinuha nila sa kanya-kanyang bulsa.

"Takbo!" Utos ni Ysa kina Gen kasabay ng pagbalot ng puting usok sa buong paligid, sa kapal niyon

nabalot halos ang buong covered court.

May humila sa kamay nya, sa kuryente at init pa lang sigurado syang si Vane iyon.

"Shit, let me go." Angil nya. Hindi nya planong tumakbo palabas ng MC ngunit ang lalaking ito hibahatak sya patakas lalo na ng sunod-sunod na nagpakawala ng putok si Alvin.

Walang pakialam si Alvin kahit na nga may matamaan syang kasamahan at hibdi nakikita ang mga kalaban basta sunod-sunod syang nagpakawala ng mga bala, hindi dapat makatakas ang mga ito dahil siguradong malalagot sila kay Don Federico.

"Vane dito." Sigaw ni Chezter kay Vane at Ysa na magkahawak ang kamay na tumatakbo.

Hinila ni Vane ang dalaga patungo roon. Mahigpit parin ang kapit ng binata sa kamay nya, hanggang sa makapasok sila sa kasukalan at hinahabol ng mga kalaban.

*****

"Ano nang gagawin natin?" Tanong ni Barbie sa mga kasama.

Sa kakatakbo nila napapunta sila sa pusod ng kasukalan. Sa lugar pa na hindi nila kabisado.

Wala silang armas kundi ang kanya-kanyang hawak lang na baril at hunters knife.

Hindi sila makatawag ng tulong dahil kung nawala ang signal ng MC mas lalo na dito.

Tinignan nya si Rolf at Vane na magkatabing nakaupo sa malaking bato parehas na malalim ang iniisip ng dalawa. Pagkatapos lumipat ang tingin nya sa sampung Elf na takot na takot na nagkukumpulan sa ilalim ng puno ng mangga.

Ito pa ang problema hindi sila makakakilos kung kasama nila ang mga Elf na ito. They need to protect them at mahirap iyon kapag nasa gitna kana ng labanan, tulad ng nangyari kanina.

Then sina Ysa, Stendi, Vox at Mik ang tinignan niya.

Nagtatawanan ang apat dahil muntik ng mahulog si Stendi sa bato na kinatutuntungan nito.

Hindi niya alam kung paano pa nagagawang tumawa ng apat, they were trapped here pinaghahanap ng maraming kalaban, kakaunti ang armas na hawak, ni pagkain wala sila malapit narin magdilim dahil kanina pa sila naglalakad.

"We should go back, paano ang MC?" Tanong ni Stephanie.

"Wala na tayong magagawa, nakakalungkot man pero na penetrate na nila ang MC, ang pinagdadasal ko lang huwag sana pati ang buong bayan." Sagot ni Chezter.

Natahimik at napaisip ang lahat.

Si Rolf nag-aalala sa mga kasama na naiwan sa MC.

Ang malakas na tawa ni Ysa ang bumasag sa katahimikan na iyon.

"Mukha kang panda Vox."asar ng babae kay Vox na tinamaan ng suntok sa mata at ngayon ay nangingitim na.

"Boss nasaktan na nga ako pinagtatawanan mo pa ikaw nga may pasa sa panga, bilangin mo ang ipin mo boss baka kulang na." Ganting asar ng binata

Napanganga si Ysa binalingan at kinalabit si Stendi. "Hala, pabilang nga ng ngipin ko." Natawa ang tatlong lalaki.

"Can you all cut it out!" Singhal ni Divine sa apat. "Kung makatawa kayo parang wala kayo sa isang seryosong sitwasyon. Kung hindi pa tumatatak sa isip nyo ang mga nangyayari, puwes ipapaalala ko lang na nasa panganib tayo! Nandito tayo sa gitna ng kasukalan, walang makakain at may mga kalaban na gusto tayo patayin. Imbes na mag-isip kayo ng solusyon sa problema natin ang ginagawa nyo ay tumawa lang ng tumawa ng wagas, ayos kayo ah."

"O, eh anong gusto mo umiyak kaming apat dito." Sagot ng nakangising si Ysa. "Ikaw na lang ang mag-isip hindi naman namin trabaho iyan. Ordinaryong estudyante lang kami na nadamay sa gulo nyo."

Sinamaan nya ito ng tingin.

"Kung makatawa kayo parang wala kayong pakialam sa nangyayari."

Humalikipkip si Ysa.

"Meron ba dapat?"

Natigilan si Divine. "Look at her." Sabi niya kina Vane. "Wala syang pakialam sa sitwasyon natin. Wala man lang utang na loob, samantalang iniligtas ni Vane ang buhay nya."

Tumawa ng malakas si Ysa sa sinabi ni Divine.

"Thank you very much sa pagligtas sa akin." She said cheekily kay Vane na nakatingin sa kanya. "Do you want me to kiss you para makabayad ako sa utang na loob ko sayo?" Nang-aasar na sabi nya at tumingin kay Divine. "Do you want me to kiss him?"

"You--."

"At kung usapang tulong lang naman kayang-kaya namin magsurvive na apat sa lugar na ito. Kaya namin mabuhay ng hindi hinihingi ang tulong nyo. Kung gusto nyo kayo pa ang tutulungan namin iyon ay kung gusto nyo lang naman or we can even part ways here if you want too, bahala kayo sa buhay nyo, bahala kami sa buhay namin." She said. "We can leave now."

"Walang aalis." Biglang sabi ni Vane na umalis sa pagkakaupo sa bato. "Kumilos na kayo maghahanap tayo ng matutuluyan ngayon gabi." Sabi Vane bago naglakad.

Napakibit-balikat naman si Ysa.

"Wala daw aalis girl so magtiis ka muna sa akin." Asar nya kay Divine na binigyan sya ng matalim na tingin bago sumunod kay Vane.

Hinabol naman ng tawa nya ang papalayong babae.

*****

"The Bridge of Love." Hindi makapaniwalang sambit ni Stephanie habang nakahinto ang grupo nila sa harap ng isang hanging bridge.

Hindi tulad ng isang pangkaraniwang tulay, na nabubulok at sira-sira na ang mga parte.
This bridge was still in good condition kahit na nasa gitna ng mapanganib na kasukalan at walang nag-aalaga. Nakadagdag pa sa kagandahan ng tulay ang mga bulaklak na ligaw na tumubo at bumalot sa paligid nito pati ang mataas na talon na nasa gilid niyon ay nagsilbi din na atraksyon.

"Bridge of love? Totoo iyon?" Gulat na tanong ni Stephano sa kakambal.

Tumango si Stephanie. Maliit pa lang sya kinukwento na iyon ng lola nya sa kanya kaya alam nya ang tungkol sa alamat ng tulay na nasa gitna ng kagubatan ng Maligdan.

Akala nya hindi iyon totoo, pero andito sya ngayon nasa mismong harap nya ang tuloy na sa mga kwento nya lang naririnig.

"It's look like an ordinary bridge to me." sabi ni Divine.

Magsasalita sana sya ng maglakad si Ysa patungo sa tulay. Lumangitmgit iyon at umuga ngunit hindi man lang nabahala ang dalaga, huminto sya sa gitna kung saan may nakatayo na karatula sa gilid na may nakasulat na tula.

Dulo sa dulo mga mata ay nagtagpo...
Sa magaan na haplos ng mga labi mag-iisang tibok mga puso... isa, dalawa, tatlo, apat, lima...mga kamay magkahawak ng mahigpit, anim, pito, walo, siyam, sampu... mga labi'y ilapat ng mariin nang panghabang buhay na pag-ibig maaangkin.
Dalawang pusong tadhana'y pinag-isa. Sa tulay na ito pag-ibig nila ay selyado na...

"Ayon sa alamat may dalawang magkasintahan na lihim na nagtatagpo sa tulay na ito, matagal na panahon na ang nakakalipas. Kilalang-kilala sila dahil sa kanilang pagmamahalan, they're like heaven and earth, mayaman iyong babae, mahirap iyong lalaki pag-iibigan na hindi pwede, but they fought for it, sa kabila ng marami ang tumutol pinaglaban nila ang isat-isa. Alam ng lahat ang tungkol sa pag-ibig nila, ang kanilang kwento. Dito sa tulay na ito sila kinasal, at sa pagkakatanda ko malapit din dito sa lugar na ito ang naging bahay nila." kwento ni Stephanie na nasa likod na ni Ysa. "Mula noon iyong mga magkasintahan na gustong tumagal ang pag-iibigan, dito sila pumupunta. Iyong tula? Nakasulat iyon sa diary ng babae na ipinaskil dito ng kamag-anak nito years pagkatapos nilang mamatay dahil sa katandaan. Sa paglipas ng panahon iyong mga nakasulat diyan ginagawa narin ng mga magkasintahan na pumupunta dito, ang paniniwala nila kapag ginawa nila ang ginawa ng dating magkasintahan magiging masaya din sila." Napahawak si Stephanie sa buhok ng humangin. "Iyong tula tumutukoy sa dalawang halik. Kung gusto nyong kayo ang makatuluyan you need to kiss, dalawang halik, dito mismo sa tulay. Isang magaan at isang mariin."

"Talaga?" Hindi makapaniwalang sabi ni Divine at pinagmasdan si Vane na nakatingin din sa tula na nakasulat sa karatula.

"Just two kisses and he will be mine forever." Naisip nya.

"Wow astig ah, try natin Steph." Sabi ni Stendi.

Inirapan ni Stephanie ang binata.

"Sira. Bakit akala nyo ba ganon-ganon lang iyon? Kailangan nyo lang magkiss ng dalawang beses. Tapos happily ever after na. Hindi ah. Basahin nyo iyong tula. Nagaganap lang ang pangalawang halik after ten second. Sampung segundo pagkatapos ng una at kailangan totoong mahal nyo ang isat-isa."

"Bakit? Anong mangyayari kapag hindi nyo natapos ang dalawang halik, kapag hindi nyo tototoong mahal ang isat-isa."

"Your soul will be lost. Lost in here. Kapag namatay ka magiging kaluluwang ligaw ka at hindi matatahimik."

Napatingin ang lahat kay Ysa na nagsalita.

"How did you know?" Tanong ni Barbie.

"Because I was looking at them right now." Sagot ni Ysa habang nakatingin sa dalawa babaeng multo na nakatayo at malungkot na nakatingin sa likod ni Vane at Rolf... at ang isa sa mga multong iyon ay may tsokolate ring mga mata...tulad ng kay Vane.

****

-H/n

Hello kumusta????. Anong masasabi nyo sa chapter na to?

Meron pang isang chapter later ko na ipa-pub gusto ko munang malaman ang reaksyon nyo dito sa kabanata na ito???....

Salamat sa pagbabasa.

Sa magkokomento at mga boboto.

Thanks

Helliza Sabida
262018ivxfcft 7:47am

37. Itinadhana sa Akin

Para sayo ito bhe?...salamat.?
@**claneezekiel**

*****

Nanlaki ang mga mata nila ng marinig ang sinabi ni Ysa.

Napalingon si Rolf sa likod nito dahil doon na nakatingin ang dalaga.

"S-seryoso ka Ysa?"

Tumango si Ysa.

Malungkot na nakangiti ang dalawang babae sa dalagang nakatingin sa kanila, duguan ang kanilang mga suot, dugong nag-umpisa sa dibdib. Sa pusong pinatigil ang tibok ng balang pumasok duon.

Kitang-kita ni Ysa ng lumipat sa harap nina Vane at Rolf ang dalawang multo at haplusin ang mukha ng dalawang binata.

Napatalon si Rolf ng maramdaman niya ang tila paglapat ng malamig na bagay sa pisngi nya kasabay ng pagtayuan ng kanyang mga balahibo.

"The heck!"

Si Vane nagtayuan din ang mga balahibo ngunit hindi napatalon, basta nakatingin lang ito ng deretso sa mga mata ni Ysa.

"Anong kalokohan iyan Elf." Ayaw naman maniwala ni Divine.

Sina Stendi, Vox at Mik nagdikit-dikit.

"Damn! May multo na naman na nakikita si Boss." Sabi ni Vox.

"Shit mapagtri-tripan na naman tayo nito eh." Si Mik.

"The last time, may humalik sa akin at nang hawakan ako ni Boss para ipakita kung ano iyon tangna babaeng multo na pinagdamutan ng ganda mga tol." Si Stendi na diring-diri ng may maalalang eksena.

"Pfft." Hindi naman napigilan ni Ysa na mapatawa. Pinutol niya ang pakikipagtitigan kay Vane at tinignan si Stendi. "Anong magagawa ko? Namatay si Annie na walang first kiss at hiniling nyang magkaroon, para makapag rest in peace na sya. Huwag kang magdamot Montereal halik lang iyon." Habang sinasabi ang apat na huling salita binalingan nya si Vane at tinaasan ng isang kilay.

"Ah ganon halik lang pala boss ha," lumapit si Stendi kay Ysa, hinapit ang dalaga. "try nga natin kung totoo ang sumpang ito boss hahalikan kita at kapag tayo ang nagkatuluyan aba masaya, ipapamalita ko sa buong D&A, para pumunta sila at muling mabuhay ang lugar na ito." Habang sinasabi iyon bumaba ang mukha ng binata sa mukha niya, ngunit bago pa iyon lumapat ang labi nito sa kanya nahila na sya ni Rolf.

"Tol huwag ganyan ako ang future nitong si Cutie kung meron dapat humalik sa kanya, ako iyon." Tinignan ni Rolf ang dalaga hinawakan ito sa baba at saka bumaba ang mukha para paglapatin ang mga labi nila.

Muli bago pa man may lumapat sa mapupulang labi ng babae may humila na kay Ysa palayo kay Rolf.

Bumilis at bahagyang napasinghap ang dalaga ng dumikit ang likod nya sa katawan ni Vane.

"Gusto nyo na bang mamatay?" Narinig nyang tanong ng binata kina Rolf at Stendi. Hindi sya makapagreact dahil napakagat labi sya ng sa mismong harap ng tenga nya nagsalita ang binata.

Yakap sya ng binata mula sa likod. Nakapaikot ang isang braso nito sa harap nya sa may bandang balikat. He's back hugging her.

Sasagot sana si Rolf pero inunahan siya ni Vane.

"Tama na ang kalokohang ito, magdidilim na, magpatuloy na tayo sa paglalakad." Binitawan ni Vane si Ysa. Lalayo na sana ang dalaga rito ngunit hinawakan nito ng mahigpit sa kamay ang babae bago naglakad na tangay-tangay ito.

Binitawan lang nito ang kamay ng babae ng tuluyan na silang nakatawid sa kabila ng tulay.

Mataman na tinignan ni Ysa ang binatang nasa pagitan nya at ng tulay.

"Kilos na Elf, lead the way." Utos ni Vane.

May gustong sabihin si Ysa ngunit minabuti nyang sundin na lang ang lalaki.
She pouted her lips at him bago nagpatiuna sa paglalakad habang ito ay nakasunod sa likod nya.

*****

Nahanap nila ang bahay na tinutukoy ni Stephanie sa kwento nito.

Spanish house na two storey ang taas. Hindi tulad ng tulay, sira-sira na iyon at mukha pang hunted house sa malayo.

Wala ng gamit sa loob ng bahay at puro dumi na lang ng hayop.
Halos ang west area na lang ang buo at ang ibang bahagi pa ng bahay ay wasak na.

Nagdesiyon ni Vane at Rolf na dito na magpalipas ng gabi.

Bago magdilim naghanap muna ng makakain sina Stendi at Vox.

Saging at buko ang hapunan nilang lahat.

Hindi kumain si Vane, ganon din si Rolf.

Si Ysa din ay wala na sanang balak makiagaw sa pagkain na kulang pa sa mga kasama niya ngunit lumapit sa kanya si Vane at inilagay sa palad nya ang isang saging.

"Eat." sabi nito bago tinalikuran sya.

Nang tuluyang gumabi hindi na sila gumawa ng apoy at tanging cellphone na lang ang ginamit na tanglaw sa madilim na gabi, nang sa gayon ay hindi sila matunton ng mga kalaban.

Tulog na ang lahat maliban kay Ysa na nakahiga sa isang gilid katabi ni Gen, nasa kanang bahagi silang mga babae habang nasa kaliwa ang mga lalaki.

Sa second floor nila piniling magstay lahat para makapaghanda kung sakaling may mga kalaban na paparating.

Tahimik na tumayo si Ysa.

Hindi sya makatulog. Bumaba at lumabas sya.

Tunog ng mga insekto at hayop panggabi ang sumalubong sa kanya. Kaagad din na lumamig ang balat nya ng umihip ang panggabing hangin.

Madilim ang paligid at tanging buwan lang ang tanglaw niya sa paglalakad.

Nakalayo na sya sa lumang bahay ng makarinig sya ng kaluskos, eksaktong paglingon nya sa isang parte ng gubat lumabas naman ang mga kalalakihan na humahabol sa kanila.

Payuko na mabilis syang tumakbo ng magpaulan ng bala ang isa sa mga ito sa direksyon nya. Tinalo ng tunog ng baril ang ingay na nililikha ng mga hayop at insekto.

Kumuha sya ng batong halos sinlaki ng kamao nya, nang tumigil ang putukan mabilis syang lumabas at hinagis ang hawak na bato sa isa sa mga ito.

Napatago ang ibang kalaban ni Ysa ng bumagsak ang tinamaan nya ng bato.

Sinamantala nya iyon at mabilis na tumakbo palayo sa bahay kung nasaan ang mga kasama nya.

Sa pagtakbo nya nakarating sya sa may tulay.

"Tigil o babarilin ka namin." Sigaw ni Alvin habang nakatutok ang baril na hawak sa kanya.

Nasa gitna na sila ng tulay noon na umuuga-uga dahil sa ginawa nilang pagtakbo, mabagal nyang itinaas ang dalawang kamay bago dahan-dahang humarap sa mga ito.

Napangisi si Alvin ng makita na nag-iisa lang si Ysa.

Nakatutok parin ang baril na lumapit ang lalaki sa kanya.

"Nakita ko ang ginawa mo kay Hans. Barilin din kaya kita sa mata?" Sabi ni Alvin na nakalapit na kay Ysa sa likod nito nakasunod ang anim pang lalaki.

"Maganda yan pare ah." Sabi ng isa na nakatingin kay Ysa ng buong pagnanasa.

Napatingin din si Alvin sa babaeng kaharap. Maganda nga ito kahit may pilat sa pisngi . Sexy din.

Ngumisi si Alvin, lumapit pa kay Ysa. "Maganda ka nga." Hinaplos nito ang pisngi nya. "Mukhang kaya-kaya mo kaming paligayahin lahat."

Ngumisi si Ysa. "Gusto mo dalhin na kita sa langit ngayon?" Ngumiti sya ng pagkatamis-tamis.
Bago pa ito nakahuma nasipa nya na ang kamay nitong may hawak na baril. Saka sya nagpakawala ng isa pang sipa na tumama sa ilong nito.

"Kaso mukhang hindi ka pwede doon." She said cheekily.

Kumilos naman ang mga kasama ni Alvin.

Itinaas ng mga ito ang baril na hawak at tinutok sa kanya.

Dumukot sya sa tagiliran at mabilis na binaril ang armas nang mga ito. Bago pa sila makaporma tumalsik na ang baril na hawak-hawak nila.

"Mano-mano tayo guys kamao sa kamao." She said na tinapon ang sariling armas. Pinatunog nya ang mga buto at sumuntok-suntok pa. "Kinulang ako sa exercise ngayong araw." She said at sinalubong ang unang lalaking pasugod sa kanya.

Dumuduyan at umuuga ang tulay habang naglalaban sila.

"Ahh!" Sigaw ng lalaki na nahulog ng sipain nya sa dibdib.

Umikot sya at sinalubong naman ng suntok ang papasugod pa sa kanya.

He anticipated her moves nakaiwas ito at sinutok sya sa mukha.

Napasandal sya sa lubid ng tulay, sumugod ulit ang isa sa mga kalaban, nakahawak sa lubid na tumalon sya at ang ilalim ng sapatos nya ang sumalubong sa mukha ng lalaki.

But then nasikmuraan si Ysa ng isa sa mga kalaban nya at napabitaw sya sa lubid
na kinakapitan nawalan sya ng panimbang at pataob sanang mahuhulog sa tulay ng may isang kamay na humila sa kanya at tumulong para maibalik ang balanse nya.

"V-vane." Bigkas nya sa pangalan ng binata na ngayon ay nakahapit sa kanya.

Hindi ito sumagot, binitawan sya at sinuntok ang lalaki na pasugod sa kanila.

Nawalan na naman sya ng balanse ng umuga ang tulay at sumabit ang isang paa nya sa lubid.

Muli syang naagapan ni Vane sa muntikan ng pagkahulog sa tulay.

Napahawak sya sa mga braso nito, at humawak muli ito sa bewang nya, eksaktong pagtingala niya ay ang pagyuko nito at ang sunod na nangyari ay parehas na kinanlaki ng mga mata nila...

Sa magaan na haplos ng mga labi mag-iisang tibok mga puso.

Hindi sinasadyang nagdikit ang ang mga labi nila!

Magkalapat din ang kanilang mga dibdib kaya naman ramdam nila ang pintig ng puso ng bawat isa.

Magaan na nakalapat ang labi ng binata sa labi ng dalaga.

Walang kumilos o gumalaw, parehas na tila ayaw lumayo ng dalawa sa isat-isa.

Saglit lang ang halik na iyon dahil may sumugod na kalaban sa kanila.

Isa...
Dalawa...
Tatlo...
Apat...

Magkahawak kamay na sabay silang sumipa na dalawa.

Lima...
Anim...
Pito....

Hindi binitawan ni Vane si Ysa kahit na pinapatumba nito ang isa pang lalaki.

Walo...
Siyam...

Isang malakas na suntok naman ang binigay ni Ysa sa huling kalaban na natitira, sa lakas niyon dumeretso ito palabas ng tulay.

Tumingin sya sa kanan para tignan si Vane kung tapos na ito sa pakikipaglaban, sa pagbaling nya ganon nalang ang gulat nya ng salubungin sya ng mga labi ng binata.

...sampu...

Nanlaki ang mga mata ni Ysa.

Nakita nya iyong dalawa multo na nakamasid sa kanila.
They were smiling.

Hindi nya alam kung bakit ngumingiti ang mga ito at kung ano man ang dahilan ng dalawa, wala na syang pakialam dahil tuluyan na syang napapikit at natangay sa halik ng binata nang sapuin ng dalawang kamay nito ang mukha nya.

At nang tumugon sya naging mapusok ang galaw ng mga labi ng lalaki, dumidiin...umaangkin.

Bumaba ang isang kamay nito sa bewang nya mas lalo syang sinisiksik sa katawan nito.

...mga labi'y
ilapat ng mariin nang panghabang buhay na pag-ibig maangkin.
Dalawang pusong tadhana'y pinag-isa. Sa tulay na ito pag-ibig nila ay selyado na...

Naglumikot ang dila ni Vane sa loob ng bibig niya.

Naramdaman pa ng dalaga ang pagtaas nya nang bahagya syang buhatin ni Vane upang mas lalo nitong masalakay ang mga labi nya.

Namuo ang luha sa gilid ng mga mata nya.

Hindi nya alam na sobra nya pa lang kinasabikan ito...ang mayakap at pumaloob muli sa bisig ng binata... ang mahalikan muli ito ng ganito.

Isang butil ng luha ang tumulo sa kanang mata nya.

Halos pangapusan sila ng hininga sa tagal na magkalapat ang kanilang mga labi nila.

Parehas silang humihingal ng dahan-dahang maglayo ang mga mukha nila.

"B-bakit?" Tanong ni Ysa. Ibinaba na sya ng binata pero nakayakap parin ito sa kanya. "Bakit ginawa mo iyon...iyong...iyong...iyong kwento ni Stephanie...iyong alamat. Y-you kissed me...twice...a-alam mo ba ang ibig sabihin non?" Hindi makapaniwala at nagtataka na sabi nya.

Seryoso naman ang mukha ni Vane habang nakatingin sa kanya. Gumalaw ang hinlalaki nito sa pisngi nya at hinaplos ang pilat na naroon.

"Alin na magsasama tayong dalawa panghabang buhay dahil hinalikan kita dito ng dalawang beses?" Humigpit ang pagkakahapit nito sa kanya.

Wala sa loob na napatango sya at ganon na lang ang bigla niya sa sunod na sinabi ni Vane.

"So what? Itinadhana ka naman talaga sa akin. Akin ka naman na simula pa lang. Kahit saan lugar pa kita halikan, maalamat o hindi. Hindi magbabago ang katotohanan na para sa akin ka lang. You are destined to be mine Miss walang kahit na sino o ano ang makakapagpabago non."

"B-bev..." anas nya nalito at nabigla man sya sa mga sinabi nito hindi parin mababago na bumilis ng napakabilis ang tibok ng puso nya. May sasabihin sana sya ng pumailanlang ang isang putok. Kasunod niyon ay ang paghapdi ng likuran nya.

Bago sya tuluyan mawalan ng malay nabasa nya pa ang kabiglaan, ang takot, at sindak sa mukha ni Vane.

"Bev..."

****

H/n

This it sana mag-enjoy kayo next UD baka P.O.v na ni Vane.

Looking forward ako sa mga reaksyon nyo Guys???... talagang iyon ang nagbibigay ng inspirasyon sa akin kaya sana huwag kayong magsawang magcomment?.

See you next wednesday or saturday?

Salamat sa pagbabasa ???.

Sa magko-comment at boboto.

Pati narin sa mags-share nito?.

Thank you.

Helliza Sabida

272018gsj 21:20

38. Vane ?

*****

"Hi I'm Angelique Ysa Santiago but you can call me Ysa for short, new student nice meeting you."

Napakunot ang noo ni Vane ng muling bumilis ang tibok ng puso nya.

Pangalawang beses na iyon, kanina bumilis din iyon nang magkatitigan sila ng babae.

And now hearing her voice...parang may kung anong kakaiba ang nangyari sa kanya.

Pinigil nya ang tawa sa mga nakakatawang lumalabas sa bibig nito.

"Is she for real? Totoo ba ang pagiging tanga nya o sadyang inosente lang talaga sya.?"

Hindi nya rin nagustuhan ng sampalin ni Barbie ang babae.

Ysa. Her name is Ysa. Angelique Ysa.

Hindi maintindihan ni Vane kung bakit paulit-ulit nyang binabanggit ang pangalan ng babae sa isip nya.

And when she bumped into him...nang magdikit ang katawan nila nalito ang binata sa kuryenteng naramdaman nya.

Sigurado syang naramdaman din iyon ng babae.

Hindi nya ito gustong mawala sa paningin nya kaya naman hindi sya pumayag ng pinapaalis ito ni Barbie. Katulad ng hindi nya rin nagustuhan ang pag-iwas nito na magkadikit sila ng dumaan sya harap nito, kaya naman hinawakan nya ito at pinaupo sa harap nya.

Nakaramdam pa ng bahagyang pagsisisi si Vane dahil alam nyang nasaktan ang babae sa ginawa nyang paraan ng pagpapaupo rito, gusto nya itong lapitan para magsorry pero pinigil nya ang sarili.

"*Bakit ka mags-sorry you are the Master here. Hindi mo kailangan magsorry sa isang transferee lang."*

*****

Natulog sya.

Natutulog lang si Ysa sa klase.

Vane's so amused dahil nakatulog kaagad si Ysa pag upo nito, napailing sya.

Ngunit ng pumasok na si Mr. Apduhan sinipa niya ang upuan ng babae para magising ito.

Nagising naman ito at napaupo ng tuwid, bago humarap sa kanya ng nakatabingi ang salamin.

"Problema mo!" Singhal nito sa kanya.

Nagulat ang mga estudyanteng naroon.

Sino ba ang hindi magagalit.

Ang lakas ng loob ng babaeng ito na singhalan si Vane Cedric Montereal.

Tinignan nya ng matalim ang babae. Muntik nang mauwi sa tawa iyon nang mapangiwi ito ng marealize na sya ang sumisipa sa bangko.

At muntik na syang mapahalakhak ng magpeace sign ito at sinabi ang mga katagang...

"Ako pala ang may problema, sige lang po pagpatuloy nyo yan, upo lang ako dito." She was so cute.

"Sarap pupugin ng halik ng babaeng ito."

Napagalitan ito ni Mr. Apduhan at inakusahan na nakikipaglandian sa kanya.

Lihim syang napangisi.

He want it.

Masarap pakinggan sa tenga na nakikipaglandian ito sa kanya.

Ngunit muling nagdilim ang mukha nya sa sunod na sinabi nito.

"Sorry po sir pero hindi po talaga ako nakikipaglandian, kapag type ko po ang isang lalaki wala nang sabi-sabi at sere-seremonya hahalikan ko sya. Kapag nakita nyong ganon ang ginawa ko confirmed po na naglalandi ako."

"What the fuck she mean by that!" Tanong nya sa isip.

"Anong ibig nyang sabihin dun?" - klasmeyt 1

"Gaga what she mean is hindi nya type si Vane."-klasmeyt 2

Lalong nagdidilim ang mukha nya sa mga naririnig na bulungan

"Par hindi ka type ni Ms. Nerd." Asar ni Stephano na sinegundahan ni Chezter.

"Hindi pa man nagsisimula basted na."

"Shut up!" Angil nya sa mga ito.

Tinignan nya ng matalim si Ysa at sigurado nyang ramdam iyon ng babae.

"Gusto mo bang halikan kita dito ngayon tignan natin kung mapangatawanan mong hindi mo ako type" Mga katagang gusto nyang sabihin.

"As if naman na type yan ni Vane ang panget nya kaya." Si Barbie na inirapan pa si Ysa.

"*You're right Barbie hindi ko sya type...I like... I like her."*

*****

Sa canteen muling nakita ni Vane si Ysa.

She's eating with so much gusto.
Wala syang ganang kumain pero habang tinitignan nya ito parang gusto nyang tumayo at daluhan ito sa mesa, gusto nya itong makasabay sa pagkain.

He want to go to her para mapunasan ang mantika sa labi nito and to...kiss her.

"*Really Montereal are you a fucking pervert now."*

Naramdam nito ang pagtitig nya, napahinto ito sa pagsubo at napatingin sa kanya.

Nagulat ito ng magtama ang mga mata nila kaya naman nalunok nito ng wala sa oras ang pagkain. Napatawa sya ng mahina ngunit nag-alala din ng pinokpok nito ang dibdib nito para alisin ang nagbarang pagkain.

"Ayos lang ba sya?"

Sa pagbaling nya sa kabilang panig ng cafeteria nakita nya na nakatitig sa kanyan ang kaaway at kaibigan nya na si Rolf Vasques.

Nagpalipat-lipat ang tingin nito sa kanya at kay Ysa bago ito nakakalokong tumawa.

Tawa na hindi nya nagustuhan.
Mas lalong hindi nya nagustuhan ang sunod nitong ginawa.

Lumapit ito kay Ysa at pinilit nito ang babae na sumali sa gang nito.

"No Vasquez she belong to my gang...she fucking belong to me"

"Whats wrong with her Gladys? And she's not ugly she's cute." Narinig nya na pagtatanggol ni Rolf kay Ysa nang laitin ito ni Gladys hindi nya nagustuhan ang pagtawag na Cutie ng binata sa dalaga.

Napatayo at napalapit sya sa mga ito ng makita nyang kinakaladkad na ni Rolf si Ysa.

Nang makalapit hinila ang babae sumadsad ito sa katawan nya.

And here comes the electricity again.

"Ang bangong poste naman nito." Narinig nyang sabi ng babae.

"She's mine!" Madiin nyang sabi kay Rolf.

"Akin sya. Akin lang sya."

Napatingala si Ysa sa kanya.

"Huwag kang makialam dito Motereal akin sya. I saw her first."

"Kung sa unang nakakita lang naman Vasquez talo ka na." Sagot nya.

Nang-aasar na ngiti ang binigay ni Rolf sa kanya.

"Ganon, fine pero una akong kumilos, at nag-offer kaya akin to." Hinawakan nito ang kaliwang braso ng babae Humigpit naman ang kapit nya sa babae.

Nagtitigan silang dalawa ni Rolf.

Sinimulan itong hilahin ni Rolf di naman siya nagpatalo.
Wala syang planong bitawan si Ysa.

"Wait po-." Narinig nyang sabi ni Ysa. Hindi nila ito pinansin na mukhang kinainis nito.

Sabay pa silang nagulat ni Rolf ng walang kahirap-hirap na nakawala ito sa pagkakahawak nila.

Kumunot ang noo nya.

"How did she do that?"

"Wait lang po okay." Sabi ni Ysa. Napansin nya hinihilot nito ang magkabilang braso na hawak nila kanina ni Rolf.

"Damn you Montereal you hurt her." He skin was soft. So fragile in his hands sigurado syang magpapasa ang madiin na hawak nila ni Rolf kanina.

Itinago ni Ysa ang magkabilang braso nito ng mapansin na nakatingin sya.

Matalim nyang tinignan si Rolf. Kung hindi dahil dito hindi nya mahahawakan ng ganon kahigpit ang babae.

"Wait lang po mga Master, hindi nyo naman po sinabing uso pala ang tug of war dito, eh di sana nagdala ako ng lubid para hindi ako ang hinihila nyo." Sabi ng babae na kumamot pa sa ulo inayos nito ang tumabinging salamin.

"At kung tama ang pagkakaintindi ko po gusto nyo po akong isali sa mga gang nyo? At dahil me myself and I ang pinag-uusapan dito hindi po ba ako pwedeng mamili?"

Pinaglipat-lipat nito ang tingin sa kanilang dalawa.

"Wala kang pagpipilian Nerd you're mine the moment I laid my eyes on you." He said.

Wala syang pakialam kung marinig iyon ng lahat.

Mas maganda nga iyon dahil malalaman ng mga ito na kanya ang babaeng ito.

Tumawa si Rolf hindi nagpatalo.

"Parehas tayo Montereal alam kong akin sya ng una ko syang makita kanina."

Mas tumalim ang titig nya sa kaibigan.

"In your dreams man"

Umakto syang hahablutin si Ysa pero mabilis na itong umilag.
Pag-ilag na hindi nya nagustuhan.

"Bakit hindi mo na lang hayaan yang Nerd na yan kay Vasquez Vane?" Si Barbie.

"No, bakit hindi mo nalang hayaan sa kanila yang Nerd na yan Rolf." Si Gladys.

Hindi nila pinansin ni Rolf ang sinabi ng dalawa.

"Hoy panget umalis ka na nga rito, nawawalan ako ng ganang kumain dahil sayo." Si Barbie na pinapaalis si Ysa

"Hindi pwedeng umalis si Cutie, kailangan nya pa akong piliin." Nang-aasar na sabi ni Rolf.

"Pero Rolf-."

"Pizza!" biglang sigaw naman ni Ysa

"What?" Si Barbie.

Sya man ay nagtaka anong ibig sabihin ng babae sa pagsigaw nito ng pizza.

"Pizza po ang pinipili ko." She said sabay balik sa mesa, kinuha nito ang bag at ang kapirasong pizza na nabitawan nito kanina bago mabilis na lumabas ng cafeteria.

Sa bilis ng kilos nito hindi nila ito napigilan.

Naintindihan nya ang ibig sabihin nito.

She mean na wala itong pinipili sa kanila ni Rolf at mas gusto nitong maging Elf.

Imbes na magalit napahalakhak sya.Sa kabila ng pagtataka ng lahat tumawa sya.

"She was..."

He can't find a good adjective na maaring magsalarawan sa babae.
Basta ang alam nya kakaiba ito. Kakaibang-kakaiba ito.

"What the fuck are you laughing at Montereal?" Nagtataka na sabi ni Rolf sa kanya.

Napailing naman sya itinigil ang pagtawa. Tinitigan ito.

"Remember Vasquez. Mine." Simple nyang sabi rito bago naglakad pabalik sa mesa nya.

"*Right...akin sya. She's made for me... just for me*."

*****

"**Look what I got here, hawak ko lang naman ang buhay ng mga Knight Hunters."**

Nanatili na walang ekpresyon ang mukha ni Vane habang nakatingin sa lalaking kaharap.

"Alam mo ba ang ginagawa mo?" Seryosong tanong ni Chezter dito.

"Oo anong palagay mo sa akin? Siguradong kikilalanin ang grupo ko pag napatay ko kayo. Pati sa ibaba kikilalanin ako." At tumawa ito na nagpasakit sa tenga nya.

"You're a joker." Sabi ni Stephano dito.

Hindi niya ininda ang hampas na binigay sa kanya ng kalaban. Sya ang tinira nito kahit na nga ang kaibigan nya ang nagsalita. Tuwid pa din syang nakatayo, at nanatili na blanko ang ekpresyon ng mukha.

Mukhang hindi ito pa ito natuwa dahil binaril pa sya nito sa balikat.

Kumalat ang dugo sa puti nyang damit.

Tulad kanina, wala man lang syang reaksyon, ni sakit wala mababakas sa mukha nya

Gusto nya sana tumawa nang bumakas ang takot sa mukha ng lalaki ng wala itong makuha na reaksyon sa kanya.

Ngunit ang kalmado nyang ekpresyon napalitan ng gulat at pagkabigla ng makita si Ysa na sakay ng isang motor at bumubulusok pababa papunta sa kanila.

"Ahhh!"

Nanlaki ang mga mata nya.

"Ahhh! Tabi kayo." Sigaw nito

Nagpagewang-gewang pa ito.

Dinaanan nito ang lahat ng mga kalababan nila knocking there weapons.

Lumagpas ito sa pwesto nya. Dumagundong ng sobra ang dibdib nya ng makita na babangga ito sa puno.

Tumakbo sya.

Hindi niya alam kung paano nya nagawa pero naabutan nya ang dalaga at nahila ito paalis ng motor bago iyon bumangga sa isang puno.

Nagpagulong-gulong sila, iyong mga braso nya inihawak nya sa ulo at katawan ko. Securing her to any harm.

Huminto sila... at ang ayos nila?

Well gustong-gusto nya ang ayos nila ngayon.

Nang salubungin sya ng itim nitong mga mata ayan na naman iyong kakaibang pakiramdam.

Naamoy nya ang hininga ng babae. Pati ang pabango nito.

She smelled like strawberry.

Naadik sya...

Naaadik sya sa amoy nito.

Napasulyap sya sa mga labi nito.

"*Ano kayang lasa ng mga labi nya?"*

Kasabay ng isipin nyang iyon, bago nya pa makontrol ang sarili lumapit ang mukha nya sa mukha nito.

****

"**Are you okay?" Tanong niya huminto ang kanyang mukha kalahating pulgada mula sa mukha nito.**

Pinipigilan nya ang sarili na tuluyan halikan ang babae.

Napalunok ito.

"Huh?"

"Shit!" Napamura sya sa isip nya ng umawang ang mga labi nito. Paano nya mapipigil ang sarili nya kung tila nang-aakit ito.

Muli syang napasulyap sa mga labi nito.

"Damn it!"

Muling gumalaw papalapit ang mukha nya, na napahinto ng mahawakan nito ang balikat nyang may tama ng bala.
Bumakas ang sakit sa kanyang mukha.

"Alis dyan?" Utos nya. Hindi parin inilalayo ang mukha rito.

"Huh?"

Napatingin na naman sya sa mga labi nito sabay mura. Wala ba ito ibang sasabihin kundi ha?

"Shit!"

"Kapag hindi mo itinigil iyan babae ka dito pa lang mahahalikan na kita."

And he didn't want that.

Hindi nya gusto halikan ang babae dito sa kasukalan habang nakahiga sila sa lupa.

Tinulak nya ito. Tulak na hindi malakas, nakaalalay sya rito sa takot nyang masaktan ito.

Tumayo sila.

Malakas ang tibok ng puso nya. Tulad ng sa babae.

Nakarinig sila ng sigaw at mga ungol.

Hindi niya parin inaalis ang mga kamay sa bewang ng dalaga kaya madali nya itong naitago sa likod ng isang malaking bato.

"Stay here. Kahit anong mangyari huwag kang lalabas hanggat hindi kita binabalikan."

Nakangangang tumango ito.

May hula syang hindi pumapasok sa utak ng babae ang mga sinabi nya.

"Do you understand me?"

"Ha?" Napakurap-kurap ito.

"Damn this sinful lips." again she watched that sexy lips parted.

"Ah oo hindi ako aalis dito. Kahit abutin pa ako ng pasko, hindi ako aalis hangga't hindi ka bumabalik." Sabi nito

Kumunot ang noo nya.
Hindi nagustuhan ang narinig

"Babalik kaagad ako." Hindi napigilan na singhal nya.
"Naiintindihan mo ba babalikan kita kaagad. Kaagad Miss."
Pinagdiinan nya ang huling dalawang salita.

"Oo nga po. Hindi ko naman po sinabi na matatagalan kayo." Sagot naman nito.

Napabuntung-hininga sya.

Hindi niya alam kung matatawa o maiinis sa sagot nitong iyon.
Minabuti na lang nyang tumalikod at puntahan ang mga kasama, kaso nakakatatlong hakbang palang sya ng huminto sya at muli itong nilingon.

Ilang segundo nyang tinitigan ang babae.

Hindi nya gustong iwan ito. Mas gusto nyang iaalis ito para masigurado na ligtas ito. Kung puwede nga lang na unahin nya ito...

Pero kailangan nyang bumalik sa mga kasamahan nya kaya tumalikod na sya at tuluyan na itong iniwan doon.

Pagdating sa labanan isang suntok lang ang binibigay nya sa mga kalaban at bagsak na ang mga ito.

Gusto nyang matapos na ito kaagad ng makabalik na sya kay Ysa.

Sa Miss na inosente pero nkakaakit ang bawat simpleng galaw...

Sa Miss na mukhang hindi natatakot sa kanya na tulad ng iba. Umpisa pa lang, nakatitig na ito ng

deretso sa mga mata nya. Hindi ito yumuko o nangilag sa unang pagtatama pa lang ng mga mata nila.

Sa Miss...na balang araw ay magiging... Misis nya.
At sisiguraduhin nya mangyayari iyon.

Kahit walang ekspresyon ang mukha nya ang luwang-luwang naman ng ngiti nya sa kanyang isip.

"Look what I found." Bigla ang ginawa nyang paglingon ng magsalita ang leader ng grupong kaaway nila.

Nanlamig sya ng makita kung sino ang hawak nito.

Si Ysa!

May dugong tumutulo sa mukha ng babae habang nakapalibot ang kamay ng kaaway nya sa leeg nito.

""You fucking dare lay your filthy finger on my wife! I'm gonna kill you asshole!"

Vane brown eyes followed the blood that keep flowing in Ysa's wound.

Galit na galit sya pero pinatili nyang blanko ang mga mukha.

Pinipigil nya ang sariling magwala.

"Huwag mo syang idamay wala syang kinalaman dito." --- Chezter.

"Huwag kayong lalapit babarilin ko talaga itong babaeng ito." Sabi ng lalaki

Nanggigil sya ng mapikit si Ysa dahil sa sakit ng idutdot ng bwisit na lalaki ang baril nito sa babae sa mismong sugat pa ni Ysa.

"Man that's not cool." Sabi ni Stephano.

"Kill her wala kaming pakialam sa kanya." Si Barbie.

Nang muling diinan ng lalaki ang sugat ni Ysa kumislap ang galit sa mga mata nya.

"Papatayin ko talaga sya." Sabi nito.

Nakita nyang nanubig ang mga mata ng babae.

"Uunahin kitang patayin gago!"

Pumalahaw ng iyak si Ysa.

"Waaa kuya huwag nyo muna akong patayin wala pa akong first kiss!"

Nagulat sya sinabi nito, nagtaka.

"Pinagsasabi mo?" Si Kuya.

"Eh kasi naman papatayin kaagad kuya! Di ba pwedeng saktan muna. Bukas mo na lang ako patayin

kapag may first kiss na ako o kaya pahalik muna ako sa gwapong nilalang nayan."

Itininuro sya ng babae.

"Wala pang humahalik sa kanya?" Natuwa sya sa narinig. *"As in no one? Then I'll be the first and I'll surely, make sure that I'll be the last too."*

With that thought his eyes darkened again.

"Baliw ka ba?" Tanong ng kaaway nila rito.

"Ako pa ngayon ang baliw kuya. Ako pa talaga ha. Kahit sa kanila na lang ako hahalik."

"No!"

Tumutol ang isipan nya ng ituro nito ang mga kaibigan nya. At ang mga gago ngumiti pa ng nakakaloko.

Tumalim tuloy ang tingin nya sa babae.

"Tumahimik ka kundi babarilin na talaga kita."

Lumakas lalo ang iyak ni Ysa with matching tadyak pa ito.

"Waaaa sabing pahalik muna sa kanila eh!"

Hindi nya alam kung paano nya nabasa ang galaw nito. Hindi niya alam kung paano nya nabasa na sumisigaw lang ito para lansihin ang lalaki.

Basta ng napahawak ang kalaban nya sa magkabilang tenga dahil nabibingi sa lakas ng iyak ng babae mabilis syang kumilos at halos ibigay ang buong lakas na sinuntok ang lalaki, gusto nya sana sunod-sunod na suntok pa ang ibigay rito pero tulog na itong bumagsak.

Iyon nga lang sa sobrang lakas ng suntok nya napasama sa pagtumba ang babae.

"Nerd okay ka lang?"tanong ni Chezter na papalapit dito kasunod si Stephano.

"Okay na Nerd gusto mong ibigay ko na ang first kiss mo?" Si Stephano.

Muling ngumiti ang dalawa.

"Ha?"

"Mga siraulo talaga unahin ko kaya kayong patumbahin"

Naramdaman siguro ng dalawa ang titig nya. Sabay na napatingin ang mga ito sa kanya.

Sabay din nawala ang ngiti ng mga ito.

"Nagbibiro lang kami Par." Mabilis na sabi ni Stephano.

"May joke po kayo? Ay sorry hindi po ako nakatawa." hirit na naman ni Ysa

"Pfft." ---sya

"What?"

Lumapit si Stephanie rito at tinulungan itong tumayo.

"Ayos ka lang ba?" Tanong ng kaibigan nya rito.
Muling napapikit ang babae ng may tumulong dugo ulit sa isang mata nito.

"Okay lang yan. Buhay pa di ba." Angil naman ni Barbie dito.

Gamit ang manggas ng damit pinunasan naman ni Ysa ang dugo.

"Ayos lang ako." Pinagmasdan sila ng babae, pagkatapos biglang nanlaki ang mga mata nito.

"Hala may mga sugat kayo!" she exclaimed. "May sugat ka." lumapit ito sa kanya at hahawakan sana ang sugat nya ng pigilan nya ang kamay nito.

Hindi nya nagustuhan na mas inaalala nito ang iba kesa sa sarili.

"Mind your own wound." He said sabay pisil sa palad nito.

Her lips parted. Making him groan silently.

"Hindi pa ba tayo uuwi? I want to take a bath na." Si Barbie.

"Yeah let's go home na." Si Stephano.

Binitawan nya si Ysa at mabilis na tinalikuran. Mahirap na baka nga mahalikan nya ito.

"Let's go." Sabi nya na tumalikod at umunang maglakad.

Ngunit muli syang napaharap ng mapansin na hindi sumunod si Ysa, bagkus sa kabilang direksyon ito tumungo.

Hinabol nya ito at hinila.

"Where the hell are you going?"
Napasubsob ito sa dibdib nya.

Imbes na sumagot ito sa tanong nya sininghot-singhot sya nito..

"Geez this girl is testing my control."

Hinawakan nya ang magkabilang balikat nito at marahan itong inilayo sa kanya.

"Answer me saan ka pupunta?"

"Ha...ah... uuwi na ako."

"Hindi dyan ang daan palabas."

"Alam ko babalikan ko lang ang bisikleta ko Master." Lumayo ito sa kanya at tumalikod ulit.

"At sinong nagsabi na magb-bisikleta ka pa." Kunot noong tanong niya na muli itong hinila papalapit

"Sarili ko. Sarili ko ang nagsabi Master Bev." Sagot nito na oo nga't animo namimilosopo pero hindi mo iisipin na ganon dahil napaka inosente ng mukha nito.
Hndi niya na rin pinagkaabalahang isipin iyon mas rumehistro sa isip nya ang tinawag nito sa kanya.

"Did she just called me Babe?"

"What did you call him?" Tanong ni Chezter. That's good dahil ito na ang nagsatinig ng tanong nya.

"Ha?" si Ysa na takang-takang ang mukha.

"Hindi nya ba alam na tinawag nya akong babe?"

"You called Vane babe."

Kumunot ang noo ng babae, napaisip while pouting her lips.

And his heart did a sumersault while looking at her.

*"*Ay naku hindi po babe. Bev po. B.E.V. Stand for Brown Eyed Vane. Ang ganda po kasi ng mga mata nya." Sabi nito na tinignan sya ng deretso sa mga mata.

"*Bev...I like your endearment Miss."*

"Wow ayos ah. May tawag ka na sa kanya. You want him to be your boyfriend no." Pilyong sabi ni Stephano na kumindat pa kanya

"Ganon po ba yun?"

"Oo Nerd. Dahil may endearment ka na sa kanya. Ibig sabihin may gusto ka sa kanya at gusto mo syang maging boyfriend." Paliwanag ni Chezter, tumawa ito pati narin si Stephano, Stephanie at kahit na si Barbie ay tumawa din.

Hindi nya kinontra ang sinabi nito.

Pabor iyon sa kanya

Tinignan nya ng matiim si Ysa na napatango-tango.

"Yes Miss you like me... no you love me."

"Ah, ganon pala iyon." Sabi nito Pagkatapos ay biglang suminghap. "Ibig sabihin salawahan ang puso ko." Sabi nito na kinainis nya.

"What?"

"Kasi ang tawag ko kay Master Rolf is Master Dimple ibig sabihin may gusto din ako sa kanya. Waaa ang sama ko salawahan ang puso ko. Dapat po ba mamili ako ng isa sa kanila?"

Nganga iyan ang reaksyon nila sa sinabi nito kasunod niyon ay ang pag-iinit ng ulo nya.

"Sabi ni Master Rolf gusto nya ako. Ibig sabihin the feeling is mutual. Sya ang dapat pilii-."

"Shut up!"

Napatalon at nanlaki ang mga mata nito nang sumigaw siya at ang talim-talim na ng tingin nya rito.

Hindi niya gusto kung saan papunta ang sinasabi nito.

Nang humakbang sya papalapit sa babae napaatras ito. Huminto sya, huminto rin ito.

Binalingan nya ang dalawang kaibigan na nagpasok ng kung ano-ano sa utak ng babae.

"Humanda kayo." Sabi nya na kinaputla ng dalawa.

At nang bumaling ulit sya kay Ysa napalunok ito.

Nagsimula ulit syang humakbang na nagpaatras na naman dito.

"M-master." Hanggang sa napasandal ito sa puno.

"Put this in your head Miss. Wala kang gusto kay Rolf at wala rin syang gusto sayo." Madiin na sabi nya na lumapit ng sobra rito.

He's invading her personal space.

"P-pero sabi nila Master kapag may endear-." Nanlaki ang mga mata nito ng mas lumapit pa sya. Magkadikit na magkadikit na ang mga katawan nila and he like it.

"Huwag mong paniwalaan ang dalawang gagong iyon. Wala kang gusto kay Rolf at wala syang gusto sayo maliwanag ba?"
Sunod-sunod na napatango si Ysa.

"I-ibig bang sabihin wala rin akong gusto sayo Master?" Inosente nitong dugtong na kinainis na naman nya.

Hindi sya sumagot kaagad, tinitigan nya muna ito.

Paano nya ba ipapaliwanag na ito ay para lang sa kanya?

"Just tell her."

Matangkad sya kaya hanggang dibdib nya lang ang babae.

Kaya naman nakatingala ito sa kanya at nakayuko sya rito.

"Damn ang sarap tuluyang yumuko papunta sa mga labi mo Miss."

"No Miss. Pareho nating alam na gusto mo ako." He said confidently.

"Ha?"

"You like me, hindi mo maitatago iyon." Namamasyal ang mga mata nya sa mukha nito.

He want to touch her face...he really want...to kiss her.

Nabigla sya sa sinagot nito

"Hindi ko naman tinatago Master Bev na gusto kita." She said.

Can he dance? "*She fucking like me."*

"You like me." He stated.

Tumango ito. "I like you. Crush kita tulad ng pagkacrush ko sa mga gwapong model na nakikita ko sa magazine. Pati duon sa mga gwapong artista tulad ni -ay kabayong sakang!" Napatili ito sa gulat ng kabigin nya ito ng malakas sa bewang, talagang sinadya nyang mapasadsad ito sa katawan nya.

"No Miss hindi ganyan kababaw lang ang nararamdaman mo sakin not just a simple crush but a greatest love at gagawin ko ang lahat marealize mo lang iyon."

Hindi sya naniniwala sa pagmamahal, lalo na sa love at first sight.
But then the moment she saw her he knew that he lover her.

Alam nya rin na hindi ordinaryo lang itong nararamdaman nya...

Kung paano nya nalaman hindi nya alam. Basta ang gusto nya lang mahal din sya nito dahil he was sure na ang takbo ng buhay nya ay hawak na ng inosenteng babaeng ito.

His love...his life...

...HIS.

*****

H/n

Dapat wednesday ito eh... kaso nakatulog ako habang inaayos iyong draft pasensya na sa mga naghintay.

Anyway here it is first Vane pov nagustuhan nyo ba?

Salamat sa pagbabasa:) sa boboto at magbibigay ng komento??? pati narin sa mga naghihintay, thank you???

Take care Guys...

Helliza Sabida.

2132018uivst 17:53

39. Rason

*****

Present

Hindi alam ni Vane kung bakit naalala nya iyong unang araw na nagkita sila ni Ysa...
Unang araw kung kailan naging ito na ang buhay nya.

Sinalo nya ang babae ng bumagsak ang walang malay nitong katawan sa kanya.

"Ysa! Fuck!" Kinuha nya ang baril at pinaputukan ang ang lalaking bumaril dito.

Sunod-sunod halos ubusin nya na ang bala ng baril nya.

Tumigil lang sya ng bumagsak ang lalaki pahulog sa tulay.

"Shit Ysa!" Halos mapaupo sya para lang mahawakan ang pisngi ng babae pilit na kinakalimutan nya.

This is the reason why he pushed her away iyong makita itong ganito...ang masaktan ang pinakamahalagang babae sa buhay nya ng dahil lang sa bwisit na gulong ito.

"Fuck Ysa don't do this. Please open your eyes Miss. Damn! don't you fucking dare die on me Miss!" Niyakap nya ang babae. "Miss please..." tumulo ang luha sa mga mata nya.

Makakaya nya ang malayo rito basta buhay ito... basta alam nyang ligtas at okay ito.

Ang hindi nya kaya ay ang ganito... ang mawalan ito ng buhay!

"What are you doing Montereal! Bakit nakatunganga ka, bakit umiiyak ka lang dyan... you fucking do something kumilos ka bago sya mawala!" Sigaw ng isip nya.

Dahil doon napatayo sya mabilis na binuhat ang babae.

Patakbo syang nagpunta sa tinutuluyan nila.

"What the hell happened?" Si Stendi na sumalubong sa kanya at may hawak na baril.

"Nabaril sya."

Sunod-sunod ang pagmumura nito, ganon din sina Vox at Mik ng makita ang kalagayan ng dalaga.

Kahit ang iba nilang kasama napatingin at nag-alala.

Ibinaba nya si Ysa sa isang medyo may kalakihang mesa.

Putol ang isang paa niyon na mabilis lang na nilagyan ni Vox ng sangkal para hindi matumba.

Eksaktong pagkababa nya nakalapit na si Mik sa kanila.

"Move Bro." He said to him hinawi sya. Hawak nito ang bag at may inilabas na kung ano-ano.

"What the?"

Aangal sana sya ngunit pinigilan sya ni Stendi.

"Student doctor sya."

Kunot noong tinignan nya si Stendi.

"Student?"

"Don't worry caz, he maybe a student pero isa sya sa pinagmamalaki ng chapter namin, alam nya ang gagawin nya and hindi lang naman ito ang unang pagkakataon na nabaril si Ysa, si Mik talaga ang taga-gamot sa kanya. So trust him."

Ayaw man nya walang nagawa si Vane kundi ang tumabi, kung ang buhay ng babaeng mahal nya ang nakataya... gagawin nya ang lahat. Lahat-lahat ultimo masaktan sya.

Idinapa ni Mik si Ysa. Sinira ang damit ng babae para mailantad ang sugat nito. Pinigila nya ang iritasyon ng bumilad sa mata ng lahat ang likod nito.

"She will be pissed tinamaan ang tattoo nya." Kalmadong sabi ni Mik habang pinupunasan ng bulak ang paligid ng sugat ng babae.

He's right may tama nga ang tattoo ni Ysa. Sa mismong pulang rosas na nasa tagiliran nito.

"Damn! Lagot tayo nyan... mabuti pa huwag muna nating sabihin tiyempuhan natin na malamig ang ulo." -si Vox.

"Basta hindi ako ang magsasabi."- Stendi.

"Mas lalong hindi ako." Si Mik.

Kumunot ang noo nya.

Hindi nya alam kung maiinis o magagalit sa tatlo na kaswal na nag-uusap habang ginagamot si Ysa.

Hindi ba nag-aalala ang mga ito?
Napakaraming dugo ang lumalabas sa sugat ni Ysa pero ang mga ito, nagagawa pang kaswal na mag-usap, at ang mas inaalala pa ay ang tattoo ng babae.

"N-narinig ko na mga sira..."
Lumakas ang tibok ng puso nya ng marinig ang malamyos at malamig na tinig na iyon.

Sabay-sabay na nanigas ang tatlo samantalang sya ay napatakbo sa babae. Lumuhod sa harap nito at hinawakan ang nanlalamig nitong kamay.

"Miss."

Nakapikit si Ysa, nakakunot ang noo. She's in pain. Nasasaktan ito.

"Miss...Ysa open your eyes...please." Bulong nya.

Bulong na sinunod nito.

Nakangiwi na nagmulat ito ng mga mata at deretsong tumingin sa mga mata nya.

"Bev..."

Dumiin ang hawak niya sa kamay ni Ysa, na dagli ring lumuwag ng marinig ang sunod na sinabi nito.

"Pwede bang layo ka muna...d-doon sa hindi ko nakikita."

"What?" Ramdam nya ang pagpitlag ng mga kasama nila sa lakas ng sigaw nya.

"Bakit sya pinapaalis nito dahil ba galit ito? Dahil ba sa mga nagawa nya rito?"

"No." Madiin na sabi nya. Tama na. Pumayag na syang malayo dito pero hindi ngayon... hindi na ngayon.

"Tang'na layo muna Bev." She said while biting her lips.

"No. Hindi ako aalis sa tabi mo."

"Shit." Iyong kamay nitong walang buhay na hawak ng kamay nya ay dumiin na para bang sa pamamagitan niyon mapapasa nito sa kanya ang sakit na nararamdaman

"Ysa." Nag-aalala nyang tawag dito.

"Gustong-gusto mo talaga akong nasasaktan Bev..." bulong lang iyon pero umabot sa pandinig nya.

Natigilan sya.

Oo sinaktan nya ito pero hindi ngayon. Hindi ganito...

"Shit! Shit!" Sunod-sunod na mura ng babae. Nang tignan nya ang ginagawa ni Mik inaalis na nito ang bala sa likod ng babae.

"What the hell! Bakit hindi mo sya binigyan ng anesthesia?" He shouted.

"Naubusan na ako Vane." Sagot ni Mik na hindi inaalis ang tingin sa ginagawa.

"What?"

Napatingin sya kay Ysa.

Hindi nya lubos maiisip kung gaano kasakit ang sakit na tinitiis nito ngagon.

"Fuck, Stendi. Ilayo mo muna sa akin ang pinsan mo." Daing ni Ysa na bumitaw sa kamay ko.

"Sinabi ng hindi ako--". Hindi nya napaghandaan ang ginawang pagtulak sa kanya ng pinsan at dahil si Ysa pa din ang laman ng isip nya hindi narin sya nakahuma ng sapilitan sya nitong ilabas ng bahay.

"Do you wanna die!" Singhal nya rito ng makabawi, kasabay niyon ang pagkwelyo niya sa damit nito.

"*Who the hell he is? Sino ito para ilayo sya kay Ysa*?"

"Calm down Vane." Hinawakan sya nito sa balikat pero dahil he's seeing red sinuntok nya ito.

"Shit!" Napamura si Stendi napahawak sa labi nitong dumudugo.
Na mabilis din kumilos para sa pigilan sya sa aktong pagpasok.

"Fuck Off Stendi!" Isang suntok sana ulit ang ibibigay nya rito but then his fist stopped midair ng marinig ang sunod na sinabi nito.

"You are Ysa's weakness."

Ilang sandaling katahimikan.

"What? Tang'na linawin mo Stendi malapit ng magdilim ang paningin ko sayo." Galit nyang sabi naguguluhan sa sinabi nito.

Bumuntung hininga ito.

"Mayroon special ability si Boss, she can blocked pain. Kahit gaano pa kasakit iyon kaya nyang hindi maramdaman basta itinuon nya ang isip nya. Hindi ko alam kung paano nangyayari? Mahirap ipaliwanag katulad ng kakayahan nyang makakita ng multo. Basta ang alam ko, kaya nyang pamanhirin ang sarili nya."

Kumunot ang noo nya. Anong kinalaman noon sa pagpapalabas sa kanya?

"Anong kinalaman ko-."."

"Pero sa kung anong dahilan kapag nasa paligid o malapit ka, iyong kakayahang iyon hindi nya magawa. Pinalabas ka nya dahil doon"

Damn hindi nya parin maintindihan, na napansin nito.

"You're her kryptonite nanghihina sya kapag nasa paligid ka lalo na sa mga ganitong pagkakataon--"

"That's bullshit." Mura nya bagamat pumasok sa isip nya ang isang pangyayari. Iyong araw na nasunog ang MC. Iyong araw na pinapalayo sya nito at ayaw palapitin... iyong araw na nadislocate ang braso nito.

"Bullshit kung bullshit pero iyon ang totoo insan...now kung gusto mo syang makaramdam ng sakit at masaktan pa fine go ahead pumasok ka." Sabi nito, tinapik sya sa balikat. "Pag-isipan mo."

Naiwan syang litong nakatayo doon.

Pumikit ng mariin saka malakas na sinuntok ang pader.

Fuck! Gustuhin man nyang bumalik sa loob hindi nya na magawa...tama na...ayaw nya na...ayaw nya nang masaktan ang mahal nya...

*****

Almost one month ago

Kumuyom ang mga kamao ni Vane habang nakatayo sa labas ng pinto ng kwarto ni Ysa. Sa sobrang diin ng pagkakakuyom nya halos magdugo ang mga palad nya.

"Mag-usap tayo." Sabi sa kanya ng Lolo nya. Tulad nya madungis din ito at may mga sugat mula sa pakikipaglaban sa mga taong sumugod sa Villa.

Ayaw nyang umalis. Ayaw nyang iwan doon si Ysa. Gusto nya sa tabi lang sya ng dalaga...ngunit hindi pwede may tungkulin sya at obligasyon sa Family at hindi nya basta-basta pwedeng talikuran iyon lalo pa ngayon.

Sumunod sya.

Miyembro ng Family ang may-ari ng hospital na iyon kaya malaya nilang nagamit ang conference.

"Ayoko." Iyon ang madiin nyang sabi pagkatapos marinig ang mga sinabi ni Yverez. "Hindi ko iiwan si Ysa!" Halos maputol ang litid nya sa sigaw nyang iyon.

Nakatayo sya habang ang miyembro ng KH, si Rolf at ang BW ay nakaupong nakayuko. May mga injury rin ang mga ito.

Lumapit sa kanya ang lolo nya at malakas na sinuntok sya sa tyan.

"Sir." Napatayo ang first four nya.

"Mag-isip kang mabuti Vane isipin mo kung patuloy mong kasama si Ysa patuloy din na malalagay ang bubay nya sa panganib!" Galit na sabi ni Yverez.

"Pro-protektahan-"

"Huwag kang tanga!" Sigaw ni Yverez na bigla syang hinawakan sa kwelyuhan ng damit. "Alam mong kahit anong gawin mong pagprotekta, basta may panganib hindi mo sya maililigtas. Alam mong kahit gaano ka pa kalakas hindi lahat ng oras na andyan ka sa tabi nya. Just like what happened now! Wala ka! Wala ka para maprotektahan sya di ba!"

Sinubukan nyang kumawala pero matibay ang kapit ng lolo nya sa damit nya.

"Tanggapin mo ang katotohanan na ang tulad nyang mahina ay hindi bagay sa mundo mo."

"Hindi! Hindi ko matata-."

"Isipin mo ang lola mo!" Isa pang suntok ang binigay ni Yverez sa kanya.

Natumba sya at hindi nakatayo ng marinig ang sinabi nito.

"Huwag mong ulitin ang pagkakamali ko Vane. Huwag mong gawin ang ginawa ko na pilit ipinasok sa mapanganib na mundong ito ang isang mahinang babae. Huwag kang tumulad sa akin na hangang ngayon nabububay sa sakit at pagsisisi nasa tuwing sumasapit ang gabi hinihiling na sana hindi ko na lang sya idinamay sa gulong ito."

Umatras ang lolo nya habang sya ay nanlalaki ang mga mata, pabalik-balik sa isip nya ang kwento tungkol sa nangyari sa lola nya.

Ang lola nyang walang awang inabangan at binaril sa tagpuan nila ng lolo nya kasama ng lola ni Rolf. Ang lola nyang napakabait, at inosente sa mundong ng kanyang lolo.

Ang babaeng napatay at iniwan ang asawa pati na rin ang limang taong gulang nitong anak. Ang babaeng hindi na naranasan na makarga ang apo nya. Ang babaeng ni hindi nya nakilala at sa mga larawan lang nya nakita..ang babaeng tulad nya ay may tsokolate rin na mga mata.

"I like Ysa apo..." mahinang sabi ni Yverez. "I like her for you pero may mga bagay sa mundong ito na kahit alam mong para sayo ay hindi mo pwedeng angkinin. Give Ysa a chance to live... a peaceful living na pinagdamot ko sa lola mo. Mag-isip kang mabuti, may pagkakataon ka pa hindi tulad ko na wala na." Pagkasabi noon lumabas ito.

Naiwan syang nakatulala at nang makahuma ay nagwala hinagis ang lahat ng mahawakan...winasak katulad ng pagkawasak ngayon ng puso nya.

Walang nagtangkang pumigil sa kanya sa mga kasama nya sa loob, because they knew... nakapagpasya na sya...at iyon ay ang iwan....

... ang buhay nya.

*****

Hindi alam ni Vane kung paano nya nagawa.

Sinaktan nya si Ysa. Itinaboy nya ito. Ginamit nya si Divine at pinagpanggap na girlfriend nya para bitawan sya nito.

It's take all of his control para huwag daluhan ang babae kapag umiyak at nagmamakaawa sa kanya.

Its take all of his control na saktan ang lahat ng mga estudyanteng namb-bully at na nanakit sa kanya.

She's his queen...his wife. Hindi nya gusto na tinatrato itong basahan ng lahat... na inuutos-utusan ito gayong ito ang pinakamataas sa kanilang lahat as his wife.

Gusto nya itong yakapin pero pinipigil nya.

"Its for her own good. Di bale nang masaktan ka basta alam mong buhay sya. Makakalimutan nya rin ang sakit na ibinigay mo. Makakalimutan ka din nya. Basta buhay sya... ayos lang kahit ang paulit-ulit na nasasaktan ka."

Iyan ang paulit-ulit na sinasabi nya sa sarili nya.

Muntik pang umalpas ang pagtitimpi nya ng aksidenteng maitulak nya ito ng malakas at masugatan ng pesteng latang iyon ang mukha nito.

Gusto nyang daluhan ito noon. Habang umiiyak ito at nababalutan ng pintura.

Gusto nyang suntok-suntukin ang sarili nya habang pinagmamasdan ang sugat nito.

Gusto nya itong yakapin ng mahigpit at sabihin na binabawi nya na ang lahat. Muli pinigil nya ang sarili nya.

Malapit na syang bumitaw.

Kapag hindi pa ito umalis malapit na syang bumitaw sa paninindigan nya. Iiwan nya na ang lahat ng ito at iaalis ang babae rito. Mababuhay sila ng malayong-malayo sa gulong ito.

But then ng araw na iyon umalis si Ysa. Pagkatapos ng pagtugtog nito sa harap nila... nabasa nya ang lahat sa mga mata nito ng nakatitig ito sa kanya.

The pain...the bitterness...ang galit.

Nakaramdam sya ng takot lalo na ng marinig ang huling binitawan nitong salita bago umalis.

Huling iyak na nito... huling pagtulo ng luha na sya ang dahilan.

Kung hindi pa sya pinigil ni Divine hahabulin nya ang babae.

At nang hindi na ito nagpakita kinabukasan at ng mga sumunod na araw tuluyan ng gumuho ang mundo nya na halos kanyang ikabaliw.

Buhay sya, ginagawa ang mga responsibilidad pero tila robot na sumasabay na lang sa daloy ng lahat.

Ganito pala ang pakiramdam ng naiiwan.

"Stop drinking Vane." Sinubukan kunin sa kanya ni Chezter ang iniinom na alak pero tinabig nya ang kamay nito.

"Huwag nyo akong pakialaman." Sabi nya sa first four nyang sinamahan sya dito sa kwarto nya sa HQ.

"Tama na Vane di ba ito naman ang gusto natin ang umalis sya? Ang lumayo sya para di na madamay dito sa gulo natin?" Sabi ni Barbie

Dumiin ang pagkakahawak nya sa bote ng alak.

Lasing na sya alam nya dahil puro mukha ni Ysa ang nakikita nya.
Sa kanyang pagpikit... sa mga sulok ng kwarto...sa mga pader.
Ang umiiyak na mukha ni Ysa...ng babaeng mahal nya ang laging sumasalubong sa kanya.

"Stop it Vane tama nga siguro si Sir Yverez na lumayo na lang sya sayo." Sabi naman ni Stephano.

"I hurt her." Bulong nya na umabot sa pandinig ng lahat.

"We hurt her." Sang-ayon ni Chezter sa kanya. "Pero si Ysa sya, malakas ang kutob ko na kaya nya ang sakit na ito. Makakalimutan nya rin ito...tayo...ikaw-."

Napasigaw si Stephanie at Barbie ng malakas nyang suntukin si Chezter.

Mabilis naman na umawat si Stephano ng aktong lalapit pa sya kay Chezter.

"Don't you fucking say that!" Sigaw nya kay Chezter na tumatayo at pinupunasan ang ilong na nagdugo.

"The fuck bro!" Galit na singhal din nito sa kanya. Handa rin na lumaban. Oo sya nga ang pinuno pero mga kaibigan nya rin ang mga ito. Takot man ito sa kanya pero kapag wala na sya sa lugar hindi

nangingimi ang mga ito na labanan sya. "Anong gusto mo? Hindi ka nya makalimutan? Hindi ba, kaya nga natin ginawa ito para makalimutan nya tayo. Tang'na naman Vane kung ang gusto mo pala ay ikaw lang ang mahalin nya dapat hindi na natin ito ginawa. Dapat pinaglaban mo na lang. Dahil kung ikaw nasasaktan dahil sinaktan mo si Ysa, kami din. Kaibigan ang tingin nya sa amin. Nabasa ko iyon sa mga mata nya ng unang araw na nangyari ang lahat ng ito. Sa tingin mo magaan ka sa dibdib iyon? Iyong tignan ka ng kaibigan mo ng may pagmamakaawa at sinasabi ng mga mata na masakit na, na tama na. Hindi Vane nagsakripisyo din kami, nasasaktan din kami. Ngayon magdesisyon ka. Titigilan na natin ang kagaguhang ito, hahanapin natin si ysa at ibabalik dito o hahayaan na natin sya!"

Natigilan sya sa mga sinabi ni Chezter napatingin sya kay Stephanie na umiiyak kahit na si Barbie ay may luha sa mga mata habang si Stephano na nasa tabi nya ay nakayuko.

Tama si Chezter. Nasasaktan din ang mga ito. Dahil tulad nya minahal ng mga ito si Ysa bilang kaibigan. Handa pa nga ang mga ito na protektahan ang babae, para sa kanya. Tanggap ng mga ito na si Ysa ang magiging reyna nya.

Lumayo sya kay Stephano. Sumandal sa pader at pumikit ng mariin.

"Kapag naiisip kong makakalimutan nya ako ang sakit dito." Gamit ang kamay na may hawak na bote ng alak itinuro nya ang dibdib. "Kapag naiisip kong magkakaroon sya ng iba parang sasabog ang ulo ko. Naninikip ang dibdib ko sa galit!" Ibinato nya sa dingding ang bote. Kuminang ang mga bubog na kumalat sa sahig ng tamaan iyon ng pangtanghaling sinag ng araw na sumisilip sa bintana ng kwarto nya

Tahimik naman na nakikinig ang mga kaibigan nya sa kanya. "Gusto ko syang hanapin. Gustong-gusto ko syang sundan." Sinuntok nya ng malakas ang pader na nasa likod nya. "Pero hindi pwede. Putang ina! Hindi pwede! Mas gugustuhin ko pa na makalimutan nya ako. Magkaroon sya ng iba at bumuo ng sariling pamilya sa piling ng ibang lalaki. Mas gugustuhin ko pa na mabuhay sa pesteng sakit na ito kesa mamatay sya ng dahil sakin" yumuko sya. Hindi nya na pinigil iyong luha nya.

Wala na syang pakialam kung makita sya ng mga ito na umiiyak. Wala na syang pakialam kung ang isang Vane Cedric Montereal ay umiiyak...at miserableng-miserable ngayon.

"Pero tang-ina! Masakit sobrang sakit! Kung pwede lang mauna na akong mamatay para di ko na maramdaman ito! Kung pwede lang na saksakin ko rin ang sarili ko sa bawat masasakit na salita na binigay ko sa kanya bago sya umalis, ginawa ko na."

Lumapit sa kanya si Stephanie at niyakap sya. Sa mga balikat nito tuluyan na syang humagulhol.

"I hurt her Steph...sinaktan ko ang mahal ko...ang buhay ko"

×××××

H/n

Ano guys reason accepted ba. Hindi na ba kayo badtrip kay Vane? ???

Salamat sa mga nahihintay ng UD. Sa mga nagbasa. Sa boboto at magbibigay ng opinyon nila sa chapter na ito.

Salamat?

Helliza Sabida

2192018 uvft 18:14

40. Akin Parin

Salamat sa book cover...???...

*****

Mariing ipinikit ni Ysa ang mga mata ng masilaw sa liwanag na nagmumula sa araw.

Nasa lumang bahay parin sila sa may kasukalan.

Nakahiga sya sa isang tabla na nakalatag at nakakumot ng isang kulay asul na jacket.

Base sa amoy niyon alam nyang si Vane ang nagmamay-ari ng jacket.

Kahit napapangiwi sa sakit mula sa tama ng bala, hindi niya maiwasan na mapangiti. Kinuha nya pa ang jacket at inamoy iyon.

Nang magsawa sa kakaamoy tumayo sya huminga muna ng malalim para pamanhirin ang sarili bago dahan-dahan na naglakad.

Nasaan ang mga tao dito?

Nasa second floor sya at nang mapadaan sya sa sirang bintana nakita nya si Gen at ang mga Elf na kasama nila.

Wala si Vane,si Rolf, si Divine ang first four at ang mga beta nya.

"Where are they?" Bulong nya.

Bumaba sya ng hagdanan nasa gitna na sya ng mapahinto. Mula kasi sa kinatatayuan nya naririnig nya ang tinig ni Vane.

Napangiti siya. Bumalik sa isip nya iyong ginawa nitong paghalik sa kanya sa tulay.

Tatakbo sana sya pababa ng matigilan, biglang nagsink-in sa utak nya kung ano ang sinasabi ng binata...kung ano ang pinag-uusapan ng mga ito napaawang ang mga labi nya. Napaupo sya sa hagdan kasunod niyon ay ang pangingilid ng luha sa mga mata nya.

Ngayon nasagot na iyong mga tanong nya...

Kung bakit nagawa iyon ni Vane... ng mga kaibigan nito ng mga taong itinuring nyang kaibigan. Kung bakit nagawa syang saktan ng mga ito.

Naririnig nya ang dahilan ngayon lahat-lahat.

Kalmado na pinapaliwanag ni Vane sa mga beta nya ang mga iyon.

"That's the reason why I did that pinalayo ko sya dahil ayaw ko syang masaktan...ayaw ko syang madamay...Pinoprotektahan ko sya." Sabi ni Vane na kinatango ni Stendi, Vox at Mik.

Mula naman sa kinauupuan ni Ysa tumayo sya. Pinalis ang luha at galit na bumaba at naglakad papunta sa dating kusina ng bahay.

Galit na galit sya. Hindi lang sa binata kundi sa mga taong tinuring nyang kaibigan.

"Sinong may sabing kailangan mo akong protektahan!" Ang galit na bungad nya.

Napatayo ang lahat maliban kay Divine.

"Y-ysa." Sambit ni Vane sa pangalan nya.

Galit nya itong nilapitan walang pakialam kahit na kumikirot ang sugat nya.

"Sinong may sabing mamatay ako! Sinong may sabing ayaw kong madamay sa pesteng magulo mong mundo." Itinulak nya ito.

"Ysa..." aktong lalapitan sya ni Barbie ng tignan nya ito ng matalim.

"Sinong putang-inang may sabi na hindi ko kaya protektahan ang sarili ko."

Binalik nya ang tingin kay Vane.

"Sino kayo para saktan at durugin ako ng ganon."

Naglaban sila ng tinginan ni Vane.

"I fucking love you with all my heart but you broke and shattered me with all your might."

"I hurt you because you are my love, you are my life." Ganting sabi ni Vane nababahala sa galit na nakikita sa mga mata ng dalaga.

Napahalakhak sya iyong halakhak na puno ng pait.

"Putang-inang pagmamahal iyan kung sinasaktan mo rin naman."

"Hindi lang naman ikaw ang nasaktan, nasaktan din kami sa desisyong iyon... sa mga nagawa namin sayo " si Chezter.

"Eh gago pala kayo. Hindi naman tayo masasaktan lahat dito kung hinayaan nyo akong magdesisyon para sa sarili ko." Hindi papatalo na sabi nya. "Gaano ba kahirap na tanungin ako?" Muli nyang tinignan si Vane. "Gaano ba kahirap itanong ang mga katagang Ysa magulo itong mundong papasukin mo? Mamahalin mo pa ba ako kahit malagay sa panganib ang buhay mo? Gaano kahirap itanong iyon Montereal?" Hindi sumagot si Vane nakatingin lang sa mga mata nya na puno ng galit.

"Gago ka! Sa tingin mo ba ganon lang kadali na bigla kang iwan sa ere? Sa tingin mo ba hindi ako halos mamatay-matay sa tang-inang sakit na binigay mo?" Hinampas nya ang dibdib nito. "Well FYI itong putang-inang sakit na binigay mo ang muntik ko ng ikawala sa mundong ito."

Marahil nabasa nito ang sakit at galit sa mga mata nya kaya tinangka sya nitong hawakan.

"Miss..."

"Don't you fucking dare touch me! Nagdesisyon ka na di ba? Ayaw mo na ako sa buhay mo. Fine, count me out. Itong pagmamahal na nararamdaman ko sayo aayawan ko na rin. Nagdesisyon ka na, tinapos mo na, you fucking rejected me pwes tinatanggap ko na. Huwag na huwag mo lang akong papakialaman Montereal. Kung gusto kong sumali sa gulong ito sasali ako. Huwag na huwag ka ng magdedesisyon para sa akin dahil wala kang karapatan. Wala na!" Lumapit pa sya sa binata pinigil nyang manginig ang tuhod ng magdikit ang mga katawan nila at maamoy nya ang hininga nito. "Kalimutan mong may nakilala kang Angelique Ysa Santiago at kakalimutan ko si Vane Cedric Montereal!" Isang butil ng luha ang tumulo sa mga mata nya bago nya ito tinalikuran at lumabas ng bahay.

Mahabang katahimikan ang namayani sa mga naiiwan sa loob. Ilang minuto ang lumipas ng kumilos si Vane aktong susundan si Ysa ngunit pigilan ito ni Stendi.

"Let her be bro." Sabi nya

"Bitawan mo ako."

Umiling sya. "Galit na galit si Ysa hindi ka rin nya kakausapin. Hayaan mo muna lumamig ang ulo nya."

Umismid naman si Divine.

"Napakaarte nya ang kitid ng utak. Para naman sa kanya iyon ah. Akala mo sya lang ang nasaktan." Umirap sya sa pintuan.

"We just did it for her..." bulong naman ni Barbie.

Bumuntung-hininga si Stendi.

"Hindi makitid ang utak nya. Actually kaya nagagalit si Boss dahil naiintindihan nya."

Napatingin si Vane sa kanya nagtatanong ang mga mata.

Binitawan nya ang braso nito at namulsa.

"She's an alpha female." Iyon muna ang sinabi niya, base sa mga mukha ng mga ito hindi nila naintindihan ang ibig nyang sabihin. "Nasaktan nyo ang damdamin nya, she can handle it, handa nya kayong patawarin para doon, ni hindi nga sya gaanong nagalit."

"O eh anong kinakagalit nya-"

"But hurting her ego is another thing."

Napamura si Vane na sinundan nina Chezter at Stephano. Napahilamos naman sa mukha si Barbie at mapayuko. Nakuha na ng mga ito ang ibig nyang sabihin.

"Inuulit ko isang alpha female si Ysa. Sa ginawa nyong pagdedesisyon na hindi nya kayang protektahan ang sarili nya, talagang nasagasaan ang ego nya. Hindi nyo sya binigyan ng pagkakataon na magdesisyon ng kanya. Sanay syang nagproprotekta, hindi ang pinoprotektahan."

"Pero hindi namin alam iyon." Sabi ni Barbie.

"That's the point, hindi nyo alam at hindi kayo nagtanong, iyon ang pinupunto ng galit nya." Katahimikan muli pagkatapos nyang magsalita.

"Good luck to you man. Galit na galit si Boss mahihirapan kang paamuin isang iyon." Biglang sabi ni Vox.

Napailing si Mik."Galit si Bossing, kawawa tayo nyan." Napapalatak pa siya.

"Palamigin mo na lang muna ang ulo bro." Payo ni Stendi kay Vane.

"Oo nga mga tatlong taon sigurado singlamig na ng yelo ang ulo non Boss iyon nga lang maghihintay ka ng matagal." Natatawang sabi ni Vox.

Mariin naman na napakuyom ng kamao si Vane.

"Masama kasing ginagalit si Boss nagtatanim at sobrang tagal anihin." Dugtong pa ni Mik.

*****

Kanina pa palakad-lakad si Vane hanggang ngayon kasi hindi parin bumabalik si Ysa.

Kanina nya pa pinipigilan na lumabas at hanapin ito.

Halos buong araw na syang wala, she'd a fucking wound.

Naalala nya ang mga sinabi nito kanina. Ang galit na nabasa nya sa mga mata nito.

Kumuyom ang kamao nya.

"Mali ba...mali ba talaga ako ng naging desisyon?"

"Where the hell is she?"

Mula sa paglilinis ng baril napatingin ang tatlong beta ni Ysa sa kanya.

"Si Boss ba? Galit iyon baka nagwawala na." Sagot ni Mik na ibinalik ang tingin sa ginagawa.

"Tama. Sigurado ako kawawa ang mga kalaban na makakasalubong nya."

"*Kalimutan mong may nakilala kang Angelique Ysa Santiago at kakalimutan ko si Cedric Vane Montereal."*

Kumuyom ang mga kamao nya ng maalala ang sinabi nito.

"*No Miss...hinding-hindi mangyayari iyon hinding-hindi."*

Napatingin sya sa labas ng makarinig sila ng malakas na ugong ng sasakyan.
Sumunod sya sa tatlo ng lumabas ang mga ito sa kusina para lang mapahinto sa pinto ng makita si Ysa na madungis puro sugat ang braso at puno ng dugo ang suot na damit.

"Hey Boss nakauwi ka na sa bahay?" Tanong ni Stendi kay Ysa.

Tango lang ang sinagot nya rito.
Tinignan nya si Mik na naintindihan ang tingin na binigay nya.

Dala ang gamit nito lumapit ito sa kanya.

Itinaas nya ang damit para ilitaw ang sugat nyang nagdurugo.

Lumuhod naman si Mik sa harap nya at sinimulang ayusin ulit iyon.

Nakita nyang nakatingin si Vane sa kanya na sinuklian nya lang ng blankong tingin.

Pero ang lalaki lumipat ng pwesto at inihambalang ang katawan sa paningin nya.
Inungusan nya ito.

"*Hindi mo ako madadaan sa mga ganyan tingin Montereal."*

Pinipigilan naman ni Vane na lumapit sa dalaga.

Gusto nyang sya ang tumingin sa sugat nito.

Damn! Gusto nyang agawin kay Vox ang tuwalyang ginagamit nito sa pagpupunas ng braso ni Ysa at gusto nyang suntukin si Stendi ng haplusin nito ang pisngi ng babae para alisin ang mga dumi doon.

Nang magtama ang mga mata nila iniwas nito ang tingin sa kanya na hindi nya nagustuhan kaya sinundan nya ang mga mata nito.

Inungusan sya nito kaya kumunot ang noo nya.

"*Sige lang Miss...pagbibigyan kita ngayon. Sila. But once I got you back again sisiguraduhin ko na wala ng sino man ang makakahawak sayo*."

Tumayo ng tuwid si Ysa ng matapos sina Stendi sa ginawa.

"Magulo na sa bayan nakita ko ang mga tauhan ng DMC na naandon." Sabi nya kay Stendi.

Bigla naman napalapit si Barbie sa kanila.

"Nasa bayan na ang DMC?"

Walang ganang tumango sya. "Iyong gustong umalis dito sumakay. Iyong ayaw maiwan." She said pagkatapos ay muling sumakay sa driver seat.

Nakatingin lang sya sa unahan ng sumakay ang mga ito, nagulat pero hindi nagpahalata ng sumakay si Vane sa passenger seat.

Hindi sya nagpakita ng reaksyon tulad nito.

Iyong pinakamalaking sasakyan ang kinuha nya kaya kahit papaano ay kasya sila, nang makasakay lahat pinaharurot nya iyon.

"Fuck!

"Shit!"

"Ahhh!"

Mga narinig nya mula sa mga pasahero nya.

"Pwede bang pakibagalan!" Singhal sa kanya ni Barbie na hindi nya pinansin.

Sige lang sya sa mabilis na pagpapaandar.

Wala naman imik ang katabi nya walang reaksyon sa paraan nya ng pagmamaneho.

May mga armadong lalaki na gumitna sa kalsada para pahintuin sila, ni hindi man lang sya nagmenor.

Nagsipulasan ang mga ito para umiwas sa kanya.

Pagpasok nila sa punong bayan akala mo pumasok ka sa isang gera.

Hindi na katulad ng dati na busy ang mga tao sa kanya-kayang gawain ngayon ang makikita mo ay ang mga armadong lalaki na nagpapalitan ng putok. Makalat... magulo.

Nagkalat ang mga sugatan at patay sa kalsada.

"Oh God..."bulaslas ni Stephanie na napatakip ng bibig.

Napamura naman sina Barbie, Chezter at Stephano.

Sa gilid ng mga mata nya nakita nyang kumuyom ang mga kamao ni Vane.

"We need to help them." Sambit ni Stephanie na nakatingin sa maglolang naiipit sa labanan.

"Stop the car Ysa!" Utos sa kanya ni Barbie.

Hindi naman nya ito pinansin.

Bagkus nilagpasan nya ang ang lugar na iyon.

"Anong ginagawa mo ihinto mo ang sasakyan!" Sigaw din ni Divine.

Bigla syang nagpreno na ikinangudngod ng mga sakay nya.

"Shit!"

"Fuck!"

"Damn!"

"Ahhh!"

Tinignan sya ng matalim ni Divine na sinagot nya ng ngisi bago pinaandar ang sasakyan paatras.

Kung ano ang bilis nya sa pag-abante ganon din ang pag-atras nya.

Nanlalaki naman ang mga mata ng sakay nya.

"Mababangga tayo" sigaw ni Gen.

Ni hindi nanginig ang pulsuhan nya kahit na mababangga sila sa sasakyan ng mga lalaking bumabaril.

"Shit" mura ni Vane ng maramdaman nya ang pagyanig ng sinasakyan kasunod ng pagtalsik ng sasakyang binangga nila. Nakita nya pa ang pagtilapon ng mga kalaban mula sa sasakyan ng mga ito.

"Are you out of your mind?" Singhal nya kay Ysa. May sasabihin pa sana sya ng magring ang cellphone ni Barbie.

"M-may signal na rito." Nasabi pa ni Barbie bago sinagot ang tawag. "Ma? Oka-what! Shit magtago kayo papunta na kami dyan." Nang maibaba niya ang tawag tinignan nya si Vane na nakatingin sa kanya.

"Inaatake ang main house."

Ang Main house ay nasa Family compound kung saan nakatira ang mga magulang nila at ang Elders, dito rin sa punong bayan iyon nakatayo.

"Bumagsak na ang security...at dinala ng mga armadong lalaki ang mga babae...kabilang si Tita Sophie."

Nandilim ang mga mata ni Vane sa narinig."Open the door baba kami." Sabi niya kay Ysa.

Imbes na buksan muli nyang pinaandar ang sasakyan. Pinatakbo ng mabilis.

Walang pakialam sa mga kalaban na humarang sa sasakyan nila.

Binangga nya ang mga ito sa labis na gulat ng lahat.
May dugo pang tumilamsik sa harapang salamin na na pinunasan nya lang ng wiper.

Marami pang humarang sa kanila, napayuko pa ang mga sakay nya ng may magpaulan sa kanila ng bala.

Si Vane kinabig pa sya sa batok payuko na kinagewang ng sasakyan.

"Ano ba." Singhal at kawala nya sa hawak nito kasabay ng pagtalbog ng mga bala sa mga salamin ng sasakyan.

"It's okay bulletproof at heavy armored itong sasakya ni Ysa. Hindi ito basta-basta nawawasak o nilulusutan ng bala." Paliwanag ni Vox.

Tinignan naman ni Ysa ng matalim si Vane.

"Don't you fucking dare touch me again hawakan mo ulit ako at-"

"At ano?" Putol at tanong ni Vane sa sinasabi ni Ysa. "Anong gagawin mo sa akin Miss kung sakaling hawakan kita ulit? Hmm?"

Napipilan si Ysa. Gusto nyang sabihin na 'I'll will kill' you pero itong voice box nya ayaw makisama.

Sa kabila naman ng lahat ng ito nagawa namang ngumisi ni Vane.
"Alam kong galit ka. Pero pasensya na hindi mababago niyon ang katotohanang nilikha ka para hawakan ko talaga."

Lalong tumalim ang tingin ng dalaga sa kanya.
Mas binilisan nito ang pagpatakbo at hindi na nagbigay ng komento.

"*Don't pout Miss baka dito pa lang halikan na kita at kalimutan na kailangan kitang bigyan ng oras."* Naisip nya.

Lahat naman ng humaharang sa dinadaanan ni Ysa binabangga nya.
Naiinis sya dahil kahit galit sya kay Vane Montereal ni pagbantaan ang buhay nito hindi nya magawa.

Tinapik naman ni Stendi si Vane.

"Huwag mong masyadong galitin insan baka maubos ang mga tao dito."

Hindi nagbigay ng reaksyon si Vane sa bulong na iyon.

Nakarating sila sa Family compound.

May mga armadong lalaki narin ang nandon nakabantay sa saradong gate.

"Shit! Nakuha na nga nila ang compound."

"Ang mga Elder?"

Mura at nag-aalalang sabi ni Barbie at Stephanie.

Si Ysa naman katulad kanina ni hindi man lang bumagal ang pagpapatakbo sa sasakyan.

Iyong galit nya sa sa pagd-drive nya binubunton.

"Oh hell kapit kayo." Sigaw ni Stendi ng mahulaan ang gusto nyang gawin.

Dali-dali naman sumunod ang lahat pwera kay Vane na kumukuyom ang kamao sa galit dahil na penetrate na ang compound at baka ang buong Maligdan

Malakas na ingay ang narinig ng magbanggaan ang dalawang bakal.

Nagsipulasan ang mga kalaban para umiwas sa gate na halos matanggal sa pagkakabit sa lakas ng pagkakabangga ni Ysa.

"Whoa ang astig ng sasakyan mo." Nanlalaki ang mga mata na sabi ni Stephano pagkatapos.

Nasira ang gate samantalang ang sasakyan ni Ysa konting gasgas lang ang natamo hindi rin kalakasan na impact ang naramdaman nila sa loob.

Pinayuko naman nina Stendi ang mga Elf na kasama, na dali-daling sumunod.

Naglabas ng baril ang tatlong beta ni Ysa binuksan ang bintana at pinaputukan ang mga kalaban na bumabaril sa kanila.

"Boss dahan-dahan naman hindi ako makatama eh." Angal ni Mik ng ilang beses na hindi natamaan ang mga kalaban na pinupuntirya.

"Tamaan nyo dahil kapag mas marami pang bala ang nasayang kesa sa natamaan, ipapasok ko kayo sa PR." Malamig na sagot ni Ysa.

Nanlaki naman ang mga mata ng tatlo.

"Ito naman si Boss bilisan mo pa ang bagal natin eh." -sabay punas sa pawis na sabi ni MiK.

Ang first four ng KH nagtitinginan na lang, dahil may kasikipan hindi na sila makabaril.
Pinagmasdan na lang nila ang tatlo na ekspertong bumaril.

"Ang mga Elder." Napasigaw si Divine nang makita sa may park si Yverez at Severino.

May hawak na baril ang dalawa duguan habang may nakatayong ilang miyembro ng Family si likod ng mga ito, umiiyak at takot na takot.

Pinoprotektahan ng dalawa matanda ang mga miyembro nila.

Nakita ni Barbie na isa sa mga naroon ay ang Mama at kapatid nya.

"Ysa." Tawag ni Barbie sa babae. Lalo na ng makita nyang tinutukan na ng baril sina Yverez at Severino.

Nakita din nila si Rolf na umalis kanina ng walang malay si Ysa para icheck amg mga nangyayari.

Sugatan din ang binata bagamat nakatayo parin habang nakahawak sa tagiliran na dumudugo.

Iniliko ni Ysa ang sasakyan.
Inararo ang mga kalaban na nakapalibot sa grupo ng mga Elders.

Dahil sa kabiglaan walang nagawa ang mga kalaban kundi ang umiwas at iyong mga mabagal ay tumilapon na lang.

Inihinto ni Ysa ang sasakyan sa pagitang ng Elders at kalaban ginamit na pananggalang ang sasakyan para hindi tamaan ang mga ito.

"Vox get that van at isakay mo ang lahat ng maisasakay mo." Utos ni Ysa.

"Yes Boss." sumaludo ang binata sa kanya bago mabilis na lumabas.

"Montereal kunin mo ang Elders nyo at isakay mo dito." Si Stendi ang kausap nya na mabilis na sumunod din.

Pagkatapos ay Mik naman ang binalingan nya.

Tinanguan nya ito na naintindihan naman ng binata.

Sabay silang lumabas ng sasakyan at pinaputukan ang mga kalaban na dumadating pa.

Sa bilis ng pangyayari. Hindi kaagad nakahuma ang mga naiwan sa loob.

Ang bilis mag-utos ni Ysa at ang bilis sumunod ng tatlo.

"Anong tinatanga nyo." Salubong ang kilay na sabi ni Vane habang nakatingin kay Ysa na bumabaril.

Hindi iilang beses na may tumatama sa paligid ng babae, ngunit ni hindi man lang ito gumagalaw sa kinakatayuan para umiiwas.

"*Damn you Miss."*

Lumabas sya at pumuwesto sa tabi ni Ysa.

Sa kabila ng inis nya hindi maiwasan ng binata na mapangiti dahil sa ekspertong pagbaril ng babae.

"*Ginawa ka talaga para sa akin Miss."*

Sabay-sabay silang napatingin sa itaas ng may chopper na dumating at walang habas na nagpa-ulan ng bala sa gawi nila.

"Damn!" Sabay na mura ni Ysa at Vane.

Hinila ni Vane sa kamay ang babae at mabilis na isinakay sa sasakyan nila kanina.

"Drive." Utos naman ni Ysa kay Mik na nasa driver seat na.

"Hindi t-tayo pwedeng umalis marami pangn-naiwan." Sabi ni Severino na humihingal dahil sa pagod at natamong mga sugat.

Kasunod niyon ay ang mga pagsabog sa paligid nila.

"Ang mama mo Vane. " si Yverez.

"Ang Maligdan... n-nakuha na nila." Tim bagang bagamat hirap na hirap din na sabi ni Yverez.

Walang umimik. Kahit na ng maalog sila dahil sa kasukalan dinala ni Mik ang sasakyan para itago sa chopper.

Sa likod nila ay ang van na minamaneho naman ni Vox sakay ang mga niligtas nito.

Hindi naman umimik si Ysa.
Mas iniisip nya kasi ang ayos nila ni Vane.

Dahil nadagdagan sila ng sakay mas lalong sumikip.

Ngayon dito sila napapwesto sa likod sa grupo nila Gen, na umiiwas ng tingin sa kanila.

Bakit?

Paano ba naman nakakandong sya sa binata!

Sinubukan nyang ilayo ang sarili." Sa lapag na ako." Matalim ang tono na sabi nya kay Vane.

Dumiin naman ang pagkakahapit ni Vane sa tagiliran ni Ysa iniiwasan na masanggi ang sugat nito.

"Stay put" sabi nya sa babaeng naglulumikot sa kandungan nya.

"In your dreams." Sagot ni Ysa sa kanya.

Bulungan lang ang singhalan nila dahil patuloy parin sa galit na galit napagsasalita ang dalawang Elder na ayaw umalis ng Maligdan.

"Huwag kang malikot Miss."

"Bitawan mo kasi ako"

Kinabig nya ang babae. Nagdikit ang mga dibdib nila.

"Hawak na kita sa tingin mo bibitaw pa ako." He said napapikit si Ysa ng tumama sa mukha nya ang hininga ng binata.

Naglumikot sya lalo.

"Stop it Miss... kung ayaw mong magising iyong ahas." Seryosong sabi ni Vane.

Natigilan si Ysa. Hindi naintindihan ang sinabi ng binata.

"May ahas dito sa loob?"

"Ha?" Si Ysa takang-taka ang mukha.

Kahit mabigat ang dibdib sa mga naganap. Kahit nag-aalala sa ina. Hindi napigilan ni Vane na mangiti.

Hinawakan sa batok ang babae at hinalikan sa noo.

"Still the same...you're still my innocent Miss."

****

H/n

Sorry hahahah hindi ko natupad iyong sched ng UPdates hahhaha pasensya na hindi talaga ako masyadong nasunod sa mga ganyan eh... tuesday ngayon sa thursday na lang ulit okay... ???.

Salamat sa pagbabasa sa boboto at magbibigay ng komento anong masasabi nyo sa chapter na ito?

Sa mga nagbibigay ng kanta ipm na lang sakin dito o sa fb okay po kasi minsan hindi pinapakita ni watty iyong mga notif. Iyon lang salamat?.

Take care.

Helliza Sabida

2252018uivst 9:28

41. Tulong, Bilang Pamilya

Salamat po nay ayiegrace

*****

"Hindi mo ako madadaan sa mga ganyang galawan Montereal." Matalim na tingin na sabi ni Ysa ng umangat ang ulo ng binata pagkatapos halikan sya sa noo.

Ngumiti si Vane sa kanya.

"Sa anong galawan ka ba makukuha Miss."

Irap ang sagot nya rito.

Itinukod nya kamay sa dibdib nito at bumaling kay Mik.

"Let's leave Maligdan." Utos nya.

"What!" Biglang sigaw ni Yverez at Severino na lumingon sa pwesto nya.

"Hindi tayo aalis." Galit na sabi Yverez sa kanya.

"Yeah?" Sya.

"Hindi namin isusuko ang ang Maligdan...ibalik mo!" Singhal ni Severino kay Mik ng makita na palabas na sila ng Maligdan.

Wala na ang chopper na sumusunod sa kanila pero may mga kalaban parin sa entrada na ngayon ay pinapaputukan sila.

"Banggain mo." She said ng makita nyang may barikada na nakaharang sa labasan.

"Ang sabi ko ibalik mo." Tinignan si Ysa ng matalim ni Yverez, nag-uutos ang boses ng matanda.

"Sasakyan ko'to. Kung gusto nyo bumaba kayo at maglakad pabalik. Isama nyo itong apo nyo." Sabi nya.

Naramdaman nya ang paghigpit ng hawak sa kanya ni Vane.

"I-ihinto mo baba-." Hindi na natapos ni Severino ang sasabihin nang umubo ito at napaigik. "Shit!" Mura nito na napangiwi sa sakit.

Kahit si Yverez ay ngumingiwi ang mukha.

"Tsss kung makapagyaya kayo akala nyo may lakas pa kayong lumaban."

"H-how dare you." Si Yverez . Binalingan nito ang apo. "D-do something." Pati si Rolf na nasa harapan ay binalingan nito. "Kumilos kayo. Gumawa kayo ng paraan para hindi nila makuha ang Maligdan."

"Gustuhin man namin na lumaban hindi kami nakapaghanda. K-kanina ko pa kinokontak ang mga tauhan natin dito sa Maligdan pero wala ng sumasagot I think natalo na sila ng DMC." Si Rolf.

"At a-ano hahayaan nyo na lang iyon? K-kayo ang leader iiwan nyo na lang ba ang miyembro nyo duon." Si Severino na galit na nakatingin sa apo.

"Of course hindi namin sila hahayaan." Sandaling napapikit si Ysa ng tumama ang hininga ni Vane sa pisngi nya ng magsalita ito.

"Hindi namin sila papabayaan but we need a plan. Kailangan ng plano para mabawi ang Maligdan. Gustuhin man namin na mataboy ang kalaban we we're to late for that. Mas maraming malalagas kung sugod lang tayo ng sugod." Sabi ni Vane.
Sinenyasan niya si Chezter. "Contact all our member sa tatlo pang bayan tell them to stay put hangga't wala pa akong binibigay na utos. Tell them na hayaan na ang Maligdan sa DMC." Utos niya na mabilis na sinunod ng kaibigan.

"No! Hindi-."

"Can you please cut it out." Inis na sabi ni Ysa kay Severino. "Doing something impulsive can lead to another disaster. Kung ako sa inyo magpagamot muna kayo, magpagaling. Hindi naman nila maaalis ang Maligdan kung nasaan ito. Kahit ilan taon pa ang lumipas ang Maligdan ay mananatili sa Maligdan. Andito parin sa Maynila. Hindi iyon mawawala kung magpapahinga kayo ng ilang araw."

"You!" Namumula na tinuro ni Severino si Ysa. "Wala kang karapatan na kausapin ako ng ganyan. Isa ka lang walang kwenta-"

"Stop it."

Napatigil si Severino sa pagsasalita ng magsalita si Vane. Napahinto siya dahil rinig na rinig nya ang banta at panganib sa boses ng binata. Even his brown eyes ay nagbabanta habang nakatingin sa kanya.

"Insultuhin nyo pa sya at sisiguraduhin ko na mananatili lang kayo sa isang silid at hindi makakasama sa laban na ito." Malamig na sabi ni Vane.

"Hindi mo magagawa iyon. Kami parin ang masusu-."

"Baka nakakalimutan nyo na binigyan nyo kami ng karapatan ni Rolf na magdesisyon sa samahang ito."

"Karapatan pa lang ang binibigay namin hindi nyo pa hawak ang titulo para masunod ang gusto nyo."

Tumawa ng pagak si Vane.

"Huwag nyong ma 'lang'ang karapatan na iyon. Alam nyo kung ano ang pinakawalan ko para lang makuha ang 'karapatan' na sinasabi nyo." Humigpit pa ang hapit ni Vane kay Ysa. Iyong tipong tila binabaon na ng binata ang babae sa katawan nito.
"Titulo? Formality na lang iyon dahil ilang linggo mula ngayon sa ayaw at sa gusto nyo ipapasa nyo na sa amin ang titulong sinasabi nyo."

May sasabihin pa sana si Severino pero pinigilan ito ni Yverez.

"Enough. Tama sila. Hindi tayo pwedeng magpadalos-dalos. Huwag natin ilagay sa alanganin ang tatlong bayan at ang mga miyembro we need to plan this to make sure na mababawi natin ang Maligdan."

Ilang segundo muna na tinignan ni Severino ang kaibigang matalik bago tumango.

"May problema tayo." Sabi ni Chezter na kababa lang ng tawag.

"What?" Napaunat ang dalawang matanda.

"Bantay sarado ng DMC ang tatlong bayan lahat ng lumalabas binabaril o pinapatay."

"The hell!" Mura ni Rolf.

"Pero hindi pa nila napapasok matibay ang depensa natin...ang problema hanggang kailan?" Dagdag pa ni Chezter.

Nag-aalala na ang lahat ng nasa loob ng sasakyan maliban kay Ysa na blanko ang mukha.

"Ngayon na ba Boss?" Tanong ni Stendi.

Tumango sya.

Kumilos naman si Stendi at naglabas ng cellphone.

"Handa na ba ang lahat? Okay kumilos na kayo. Nakuha na ang Maligdan ang project nyo tiyakin na hindi mapapasok ang tatlo pang bayan. Yeah may go signal na ni Boss. Yes inform me sa lahat ng pangyayari okay." Pinatay ni Stendi ang tawag at bumaling ulit kay Ysa. "Ayos na Boss."

Tumango naman si Ysa.

Kunot naman ang noo na tumingin si Yverez sa babae.

"Anong ginagawa mo? Bakit nangingialam ka?"

Ngumisi sya sa matanda.

"Sasali na ako sa laro nyo." Naramdaman nyang natigilan si Vane na hindi nya pinansin. Kung sya lang ang masusunod gusto nya ng umalis sa kinauupuan nya. Hindi sya makapag-isip kapag ganito na magkadikit sila ng binata.

"Sinong may sabi sayong makialam ka? Hindi namin kailangan ng tulong mo!" Galit na sabi ni Severino.

"Opps I'm sorry nakakatakot po kayo pero mas natatakot ako sa Mama ko. Masamang ginagalit iyon. At nagagalit si Mama kapag hindi sinusunod ang gusto nya."

Kumunot ang noo ni Yverez.

"Si Angela?"

"Contact my mother wala ako sa mood na magpaliwanag." Bored naman na sabi ni Ysa.

Sumunod si Mik sa sinabi ng babae. May pinindot ito, ilang segundo pa iyong mga salamin sa backseat at likuran ay tila naging isang monitor. Unang pinakita ang isang puting kisame bago umikot ang camera at lumitaw sa screen sina Angela at Dylan na nakaupo sa isang asul na sofa.

"Magandang araw D&A." Bati ni Mik at Stendi na bahagyang yumuko.

Ngumiti si Dylan at Angela ng makita ang anak at tauhan.

"Hello boys." Bati ni Angela na ngumiti ng matamis.

Si Stephano napabuntung-hininga nalang ng makita ang babae.

"Ma...Pa." ngumiti rin ng matamis si Ysa na kumaway pa sa mga magulang.

Kumunot ang noo ni Dylan ng makita kung saan nakaupo ang anak. Tinignan nya ng matiim si Vane.

Si Vane bagamat kinabahan sa biglang paglitaw ng magulang ng babae, ikiniling niya ang ulo payuko bilang pagbati sa mga ito at sinalubong ang matiim na tingin ni Dylan.

Wala naman sinabi si Dylan. Bagamat humanga dahil walang takot na sinalubong ng binata ang kanyang tingin.

Si Angela ay ngumisi naman ng makita ang ayos ng anak dinaanan nya lang ng tingin si Vane at tinignan si Ysa na mukhang komportable-komportable sa pwesto nito.

"Madungis ka Ysa." Sabi ni Angela sa anak.

"Nagkagera Ma eh." Simpleng sagot ni Ysa.

Hindi na nagkomento si Angela doon inilipat nya ang tingin kay Yverez.

"Hellong Tatang?"

"Angela..."

"Mukhang nalagay kayo sa alanganin sitwasyon." Sabi ni Angela.

"At nakikialam ang anak mo. Akala ko ba hindi nyo gustong makialam sa amin?" Tanong ni Severino sa kanya.

Natawa naman siya.
"Dati... ng hindi pa kayo pamilya. Pero bilang boyfriend ng apo mo ang anak ko handa kaming tumulong ng walang kapalit."

Nanlaki ang mga mata ni Ysa.

"Mama hindi ko sya boy -." Napatigil sa pagsasalita si Ysa ng bahagyang lumamig ang mga mata ng ina, natameme sya bigla.

"Kumakandong ka sa hindi mo boyfriend lumalandi ka na ba Angelique Ysa?"

"Ah...eh...m-masikip-"

"Boyfriend nya po ako." Mabilis na sabi ni Vane na pinutol ang pagbibigay ng rason ng babae na kandong-kandong.

"Naman eh." Bulong ni Ysa na napapadyak. Palihim nyang pinandilatan si Vane.

Si Vane naman hindi pinansin ang lihim na pagmamaktol ni Ysa.

This is his chance. Gagawin nya ang lahat matali lang ulit ang babae sa kanya.

"Good. Akala ko lumalandi na ang anak ko eh " sabi naman ni Angela na muling binalingan si Yverez.
"Dito na tayo mag-usap tanda." Walang nagawa si Yverez kundi ang tumango. "Dito mo sila sa Main dalhin anak." Utos niya kay Ysa.

Nakanguso na tumango si Ysa.

"See you soon." Pagkasabi noon ni Angela naging simpleng salamin na lang ulit ang mga bintana ng sasakyan.

Sinamaan ng tingin ni Ysa si Vane.

"Boyfriend huh. Kung ako ang girlfriend mo? Ano mo ang isang iyan?" Sabi niya na tinignan si Divine na nakabusangot at madilim ang mukha.

Hindi man lang sinulyapan ni Vane ang bababe.

"Alam nya kung saan talaga sya nakalugar sa buhay ko." Simpleng sagot ng binata.

Hindi nagustuhan ni Ysa iyon.

"Manggagamit."bulong lang iyon at tanging ang binata lang ang nakarinig.

Natigilan naman si Vane.

"No it's not what-"

"Stop the car Mik." Hindi pinansin ng babae si Vane bagkus nang huminto ang sasakyan ay bumaba sya.

Malayo na sila sa Maligdan. Papasok na sila ng Maynila.

Hininto rin ni Stendi ang minamanehong van.

"Palipatin mo ang ang mga estudyanteng kasama namin. Bring them to our safe place. Dadalhin namin ang Elders nyo sa Main."

Tumango si Stendi na mabilis na sumunod sa kanya.

Ilang minuto pa muling umandar ang mga sasakyan nila.

Sakay na ng van ang lahat ng Elf kabilang si Gen.

Ang Elders, si Vane, si Rolf, si Divine, ang first four ng KH at sina Mik at Vox na lang ang sakay ng sasakyan ni Ysa.

Si Ysa na ang nagmamaneho, nasa passenger seat si Vane habang nasa pinakalikod ang Elders na binibigyan ni Mik ng paunang lunas ang mga sugat.

Pagpasok nila sa siyudad tinanggal ni Ysa ang suot na salamin at sinuot ang isang shade na naroon. May pinindot din syang mga button.

Ang heavily tinted glass ng sasakyan nya ay mas naging tinted pa. Hindi lang sa labas kundi pati ang loob, dahilan para wala silang makita sa dinadaanan nila.

"Anong ginagawa mo?" Tanong ni Severino.

Kahit sina Barbie, Chezter,Stephano, Stephanie at Divine ay nagtaka.
Si Rolf napatingin kay Vox.
Habang si Vane tahimik lang.

"Sorry Sir SOP po namin. Walang sino man na hindi miyembro ng D&A ang pwedeng makaalam kung nasaan ang Main." Sabi ni Vox.

"Paano sya nakakapagmaneho ng maayos?" Tanong ni Barbie.

"Iyong shade, inimbento iyon para dito."

Umingos naman si Divine.
"Hmmp parang gusto nyong sabihin na kapag nalaman namin kung nasaan ang Main ay magiging banta na kami sa seguridad ng grupo nyo."

Natawa naman si Ysa. "Banta? Don't worry kahit naman makita mo ang Main at magplano ng masama, siguradong papasok ka pa lang ng pinto tapos kana." Binusinahan niya ang isang motor na biglang sumingit sa gilid nya. "SOP nga, ibig sabihin kailangan namin gawin. Kung gusto nyo pwede natin gawin

in an old way meron kaming pampiring dyan."

Irap naman ang sagot ni Divine sa sinabi ni Ysa.

Isang oras pa may narinig silang kakaibang ingay.

Huminto din sa pagd-drive si Ysa, pinatay ang makina.

Akala ni Barbie baba na sila pero prenteng sumandal si Ysa sa upuan nito kasunod niyon ay ang kakaibang galaw ng sasakyan.

"Nasa dagat ba tayo?" Naisatinig nya ang naisip na tanong.

Paalon kasi ang galaw nila.

"Maybe yes...maybe not."

Inirapan ni Barbie si Vox. "Salamat sa magandang at malinaw na sagot."

Thirty minutes pa ng muling kumilos si Ysa para magmaneho.

Ramdam ng lahat ang bako-bakong daan na tinatahak nila rinig din nila ang agos ng tubig at huni ng mga hayop at ibon. Pati narin ang pagliko ni Ysa and another ten minutes pa huminto ulit ang babae.

Hindi nakikita ng mga kasama ni Ysa ang tinitignan nya na isang malaking tulay na dahan-dahang binaba. Ang naririnig lang ng mga ito ay ang langitngit ng bakal.

Nang tuluyang bumaba iyon tumawid duon si Ysa. Isang malaking elevator para sa sasakyan ang nasa kabila ng pader .

Pinasok doon ni Ysa ang sasakyan.

Awtomatiko na nagsara ang pinto kasunod niyon ang paglabas ng mga pahabang liwanag na ginagamit pa mascan ang mga sasakyan na pumapasok.

"Ano to?" Tanong ni Chezter sa kakaibang ilaw na pabalik-balik sa kanila. Asul ang kulay niyon.

"Don't worry ini-scan lang tayo ni compy?" Sagot ni Mik na sinasara ang bag.

"Ini-scan? Compy?" Si Stephano.

"Para malaman kung sino-sino ang pumapasok dito sa Main. Ang mga na scan na imposrmasyon ay dumederetso sa data ng D&A. Oh and si Compy ay ang matalinong computer system namin dito." Sagot ni Mik.

Ilang minuto natapos na ang pagscan kasunod niyon ang pagsasalita ng isang boses. Hindi nila malaman kung sa lalaki o sa babae ba nagmumula ang tinig na iyon.

"Welcome back Boss Ysa, D&A's and welcome to the Main DQ visitors."

"Good evening Compy." Bati ni Vox.

"Good evening Vox." Ganting bati ng computer

"N-nagsalita at sumasagot ang computer nyo?" Hindi makapaniwala na sabi ni Rolf.

Ngumisi si Vox. "Sumasagot iyan parang tao din. Paglabas natin dito hindi lang pagsasalita ni Compy ang makikita mo na kaya nyang gawin."

On cue binuksan na ni Ysa ang pinto.

Mabilis na lumabas ang mga sakay nya.

At hindi nya maiwasan mapatawa ng makita ang pagnganga ng mga ito ng makita kung nasaan sila.

"Welcome to Main DQ, Family." She said habang nakataas ang isang sulok ng labi. "Welcome to my world."

*****

H/n

Any idea kung anong itsura ng Main DQ? ???

Salamat sa pagbabasa. Sa magv-votes at mag c-comment. Isang malaking thank you din sa mag s-share ng mga kwento ko. Salamat.?.

Helliza Sabida

2272018uivst 18:19

42. Mga Kastilyo sa Ilalim

Ysa and Vane sa Media box thankie Chenie?.

xxxxx

H/n

MAIN DQ ng D&A credit to the owner po iyan. Inilagay ko lang para may ideya kayo sa Underground kingdom ng D&A.?

Maraming salamat po sa Book Cover. ?

*****

Ilang segundo na nakatanga sina Yverez, Severino, Vane, Rolf at ang first four ng KH sa tanawin na nasa ibaba pa nila.

"A castles...." hindi makapaniwala na sabi ni Stephano.

"A freaking castles." Sabi ni Chezter.

"Kastilyo ang headquarters nyo?" Hindi makapaniwalang tanong ni Barbie kay Vox

"Yup." Sagot nya at pinagmasdan ang tatlong kastilyo na nasa ibaba pa nila.

Para itong bagong mundo.

Mundo ng mga D&A.

Underground Castles . Iyan ang Main DQ nila. Na nasa isang tagong lugar sa isang Isla hindi kalayuan sa Maynila.

Walang pangalan ang islang ito na sinadya ng D&A para hindi matunton.

Malaki ang ginastos ng mga Santiago para magawa at maitayo ang mga kastilyong nasa harap nila.

Nagbibiruan nga silang mga D&A na ito ang kaharian ng hari ng kadiliman. Underground castles the Dark king kingdom. Bagay na bagay kay Dylan.

Kahit underground iyon may araw parin na nakikita doon na nagmumula sa isang pacone na butas may kung anong makina duon na tumutulong para maikalat ang sinag ng araw sa paligid. May mga puno at damo. Ang lawak pa. Kaya mo lang malalaman na nasa underground ka kapag tumingala ka at makikita mo ang isang malaking bubong na hugis dome.

"A-ang laki." Hindi mapigilan sambit ni Stephanie.

"Hindi ko alam na mahilig sa fairytale si Angela." Sabi ni Yverez na namamangha din.

"Pfft." Sabay naman na natawa sina Mik at Vox.

Napakunot noo naman si Yverez sa dalawa, nagtataka.

"Naku hindi si A ang may ideya nito." Sabi ni Vox.

"Iyong isa bata dyan na mahilig sa fairytale ang nagrequest na gawin ganito ang design ng Main DQ." Natatawang sabi ni Vox na pinagmasdan si Ysa na nakahalukipkip.

"Bakit maganda naman ah." May pagmamalaki na sabi ni Ysa habang pinagmamasdan ang tatlong kastilyo na nasa harap nya. Tatlong kastilyo na magkakaiba ang gamit para sa kanila.

"Yeah maganda naman para sa isang mahilig sa mga prinsesa at prinsepe." Kunyaring pang-aasar ni Mik. Kunyari dahil kahit sya sa tuwing bumabalik dito hindi nya mapigilan na mamangha. Naalala nya pa ang labis na paghangang nadama sa mga Santiago dahil nagawa nilang mabuo ang lugar naito.

Ngumuso si Ysa pumadyak.

"Inaasar mo na naman ako eh." Nakasimangot na sabi ng babae. "Maganda kaya, di ba Master?" Baling ni Ysa kay Rolf naghahanap ng kakampi.

Nabigla si Rolf bagamat tumango. "Hindi lang maganda ang cool pa. Talagang iyong tatlong klase ng kastilyo ang pinalagay mo." Ngumiti ito ng maluwang.

Napapalakpak si Ysa.

"See maganda."

"Boss hindi ko naman sinabing panget eh." Si Mik.

Si Vox natatawang nagsalita. "Pasensya na po laging ganyan ang dalawang iyan kapag nagpupunta rito." Napailing sya. "Tara baba na tayo."Yaya niya.

Isang escalator ang nasa tagiliran ang pinuntahan ng lalaki. Pagtuntong ni Vox doon nagsalita si Vox sa tila isang maliit na mikropono.

"This is D&A Vox code name VX requesting a permission to go in the Motte."

Mula naman sa isang maliit na speaker nagsalita si Compy.

"Permission granted VX." Pagkasabi noon ay umandar pababa ang escalator. Hahakbang sana pasunod si Barbie ng pigilan ni Mik.

"Wait wag kang susunod kung ayaw mong makuryente. Si Vox palang ang may passes na bumaba wala pa tayo."

"Ha?" Si Barbie.

"Ah....wait lang." Nang huminto sa pagbaba ang escalator si Mik naman ang pumuwesto sa tapat ng maliit na mikropono. "This is D&A Mik code name Mikael getting a permission to go in the Motte together with a visitors Barbie, Stephanie, Divine, and Stephano."

"Permission granted Mikael please get the tags for you visitors." Sa tabi ng mike bumukas ang maliit na box at nalaglag ang apat na dog tag na may nakasulat na mga pangalan na binanggit nya, sa tabi ng mga pangalang iyon nakasulat ang salitang visitor.

"Here." Inabot ni Mik ang kwintas sa tatlo. "Huwag nyong tatanggalin iyan kung ayaw nyong mapagkamalan na kalaban dito, kapag nagkaganon sa DR talaga ang bagsak nyo at dahil ako ang nag-endorse sa inyo under kayo ng responsibility ko."

Manghang-manghang isinuot ng apat ang tag saka sumunod kay Mik na nasa escalator na.

"Tsss mga gagong iyon nag-iwan pa ng responsibilidad sakin." Bulong naman ni Ysa ng mawala sa paningin sina Mik.

Naglakad sya papuntang tapat ng mike.

"Hey Compy this is Ysa, can you please give me a permission na maipasok sa Motte ang mga bisita? Yverez, Severino, Rolf, Chezter and Vane." Ilang segundo ang lumipas.

"Permission granted boss. Please do take their tags."

"Thanks Compy." Kinuha nya ang mga tag at inabot sa mga ito. Hindi nya tinignan si Vane ng abutan nya ang binata.

Inabot naman ni Vane ang tag sa dalaga. Hindi nya nagustuhan na hindi sya tinitignan ni Ysa kaya pati kamay nito kinuha nya.

Kunot ang noo na tinignan sya nito. "Ano ba." Hinila ni lto ang kamay pero hindi nya binitawan.

"Bitawan mo ako." May gigil sa tinig na sabi ni Ysa sa kanya.

Ngumiti naman sya. Hinila ito papalapit sa katawan nya.

"Sa tingin mo ba susunod ako sayo." Magsasalita sana ang babae pero muli syang nagsalita. "Please remember this, nandito man tayo sa kaharian mo at isa kang prinsesa habang ako ay isang simpleng commoner lang, hindi noon ako mapipigilan kung sakalin man na may gusto akong gawin sayo Miss." Hinalikan nya ito ng mabilis sa labi na kinanlaki ng mga mata nito. "Lead the way." He said after, na parang wala nangyari.

Napakurap-kurap si Ysa. Hindi niya alam kung sasapakin nya ang binata o tatadyakan. Masyado itong mapangahas. Talagang inangkin na ulit sya. Sinamaan nya ito ng tingin.

"Manyak." Iyon ang lumabas sa bibig nya. Wala syang masabi eh.

Natawa naman si Vane sa sinabi nyang iyon. "Sayo lang Miss, kaya kung ayaw mong mas mamanyak kong lalo, kilos na."

Inirapan nya ulit ito. Iyong mga kasama nila nagmamasid lang. Kahit ang mga Elders walang sinabi. Hindi niya alam kung dahil sa pagod o wala nang magawa ang mga ito sa gusto ni Vane.

Sumakay sila ng escalator. Napapikit sya sa simoy ng hangin habang pababa sila, at nang magmulat nakita niya sina Mik at Vox na naghihintay na.

Nakababa na ang gateway ng Motte, sila na lang ang hinihintay.

Nagpatiuna si Ysa sa pagpasok. Sa loob sinalubong sya ng pamilyar na tanawin.

"Welcome to Motte visitors I'm Tinker Compy the guard here."

Napaawang ang labi ng mga bisita nila habang tinitignan si Compy.

"I-isa ba syang robot?" Tanong ni Chezter habang ang tingin ay na kay kay Compy na lumilipad-lipad sa harap nila.

"Oo guys meet Tinker Compy ang guard dito sa Motte. Merong camera ang mga mata niya na nakakonekta sa mga monitor rito. Si Tinker ang tumutulong sa amin para makita ang mga kahinaan pa ng mga trainee habang nasa test sila." Paliwanag ni Mik.

Kamukha nga ni Tinker bell ang robot na iyon ultimo pati tenga nito.

"Paano nyo nagawa-?" Hindi makapaniwalang tanong ni Severino.
Marami pang Tinker Compy ang pakalat-kalat sa paligid nagmamasid sa kilos ng bawat tao na naroon.

"Marami kaming mga miyembro rito na addict sa mga gadgets at paggawa ng mga bagong imbensyon, this program ay ginawa para lang dito, ayaw ipalabas ni A." Sagot ni Mik

"Ang galing." Si Barbie.

"Ang cute n nya." Si Stephanie.

Lumapit si Ysa kay Compy at itinaas ang isang daliri nito.

"Hello Tinker Compy namiss kita"

Lumipad-lipad naman si Tinker Compy sa harap niya bago umupo sa daliri nyang nakaumang

"Na miss din kita Ysa."

"Mamaya na tayo maglaro hanapin natin sina Olaf Compy at iyong mga dwarfs." Excited na sabi ni Ysa.

"Olaf? Dwarfs Compy? Ilan bang Compy meron kayo?" Tanong ni Rolf.

"Oh iyon ba. Bukod kay Compy the computer marami pang nagkalat na Compy dito ibat-ibang itsura at karamihan ay mga disney and fairytale character. Alam nyo na siguro kung bakit ganon." Paliwanag ni Vox na sinulyapan si Ysa na tumatawa dahil kinikiliti ni Tinker. "Boss later na kayo maglaro dadalhin pa natin sila kay D&A remember?"

Iyong nakangiting mukha ni Ysa biglang pumormal.

"Okay." Sabi ni Ysa.

Si Tinker Compy ay kumilos din at nagsalita na akala mo ay tour guide.

"Welcome visitors. This is the Motte castle ng DQ dito sinasanay ang mga bagong member na nasa huling pagsubok na." Itinuro ni Tinker ang mga estudyante. Ang Motte ay isang malaking field na nagsisilbing training camp ng mga trainee. Dito isinasagawa ang last training and test dito sa lugar na ito malalaman kung karapat dapat-dapat ka bang maging D&A.

Sa pataas na lupa o Motte nakatayo ang wooden fort kung saan naroon ang mga trainor.

Naglakad si Ysa papuntang wooden fort. "Kita na lang tayo sa Stone Keep." Sabi niya sa mga ito habang nakatalikod.

"Saan sya pupunta?" Kunot noong tanong ni Vane.

"Dahil isa sya Boss may espesyal na daanan sya papuntang Stone Keep." Sagot ni Mik.

Naglalakad na sila at lahat ng mga eatudyanteng nadadaanan nila humihinto.

"Magandang araw Beta VX and Mikael." Bati ng mga ito na sumasaludo pa bilang paggalang sa dalawa.

Pagsaludong pinauso nina Uno Dos Tres na na-adapt na ng mga trainee.

"Hi Guys don't mind us tuloy nyo lang ang ginagawa nyo dumadaan lang kami." Sabi ni Mik sa mga nasa obstacle course.

Tumango ang mga ito.

Pati ang firing range ay nadaanan nila.

Dama nina Yverez at Severino ang paggalang at respeto ng mga taong ito sa dalawa na itinuring nilang malaking pasaway sa Family.

Habang naglalakad patuloy padin sa pagpapaliwanag si Tinker Compy sa mga nakikita nila.

"Dito ang Firing Range dito sinasanay na bumaril ang mga estudyante"

Nanlaki ang mga mata ni Stephano ng makita ang ilan sa mga trainee na nakapiring ang mga mata, may hawak na baril na nakatutok sa gumagalaw na target.

Nang bumaril ito tulad ng inaasahan hindi iyon tumama.

"Imposible iyang pinapagawa nyo." Sabi ni Barbie.

Ngumisi si Vox.

"Akala din namin imposible. But maniwala ka, kapag nagagawa ng mga Boss magagawa din namin."

"Marunong si Ysa nyan?" Si Rolf.

Tumango si Vox. "Sya ang gumawa ng test na yan."

"Hindi madaling maging D&A iyang mga nakikita nyo hindi lahat iyan makakapasa sa mga test dito." Sabi ni Mik.

Nagpatuloy sila sa paglalakad hanggang sa makarating sila sa likod ng Motte kung saan nagsisimula naman ang Stone Keep ang pangalawang kastilyo.

Humiwalay na si Tinker sa kanila dahil hanggang Motte lang ang assign area nito.

Iyong drawbridge na daan patungo sa loob ng Stone keep nakataas pa.

"This is D&A Vox codename VX requesting a permission to go in together with D&A Mik and the visitors."

May lumabas na tila laser at iniscan ang mga katawan nila.

Napatingin sina Vane sa suot na tag ng magkulay ginto iyon. From silver to gold.

"Permission granted." Saka bumaba iyong drawbridge.

"Tara." Yaya ni Mik na nagpatiuna sa pagpasok.

Humanga ang lahat ng makapasok sa ikalawang kastilyo.

Sa isip ni Stephanie para talaga syang pumasok sa loob ng isang fairytale.

Mas maraming tao ang pabalik-balik dito at may nakita pa silang mga kabayo.

"Horse?"

"To complete the cast kabayo ang isa sa pangunahin transportasyon sa mga kastilyo kaya ayan ang ginawa nila, ang nakaisip sina Ysa at ang mga kapatid nya. "

Nakanganga si Chezter habang nakatingin sa mga kabayong pabalik-balik.

"Anong meron dito?" Tanong nito.

"Dito nakatira iyong mga trainee. Iyong office ng triplets. Andito rin iyong mga rooms. At dito tinatanggap iyong mga bisita." Sagot ni Mik.

Tulad ng sa Motte sinasaluduhan din ang dalawa.

"Vox, Mik." Napatigil sa paglalakad ang lahat ng may lumapit sa kanila na isang babae. Ito iyong kinantahan ni Ysa sa isang video call.

"Razor." Sinalubong ng halik sa noo ng dalawang lalaki ang babae.

Cute si Razor naka pink over all ito.

"Asan si Boss?" Tanong ni Razor. Pagkatapos ay napatingin sa mga bisita na kasama ng dalawa. "Ay sorry may bisita pala kayo mamaya na lang. "Welcome dito sa underground castles." Saka ito ngumiti

ng matamis. Napadako ang tingin ng babae kay Rolf at hindi nakaligtas sa paningin ni Razor ang matiim na tingin ng binata sa kanya. Namula sya at dali-daling nagpaalam.

"Razor ba talaga ang pangalan nya?"Tanong ni Rolf na nakahabol ang tingin sa babaeng palayo.

"Hindi, codename nya lang iyon." Sagot ni Mik. "Lets go."

Kastilyo sa labas pero kapag pumasok ka sa loob marangya at modernong-moderno ang makikita mo.

"Dito tayo." Turo ni Vox sa isang malaking pinto.

Isang malaking sala ang bumungad sa kanila.

Pinaupo silang lahat sa isang sofa.

Maya-maya ay may pumasok na isang babae.

Nakaputi ito at may salamin sa mga mata.

"Magandang araw, ako po si Lhet ang isa sa mga resident doctor dito sa DQ. Pwede ko ba kayo magtignan, at magamot ang mga injury nyo?"

Tumango sila.

"Hi Lhet." Bati nina Vox at Mik. Tulad kanina humalik sila sa noo ng babae.

"Lahat ba ng makikita nilang babae hahalikan nila sa noo?" Tanong ni Stephano kay Chezter na sinagot ng binata ng kibit-balikat.

"Hello mga Beta, si Boss?"

"Mamaya andito na sya." Si Mik ang sumagot.

Mula naman sa pinto pumasok ang pintong duwende na may dalang mga medicine kit.

"Oh my the seven dwarfs." Hindi makapaniwala na sabi Stephanie na napatayo pa.

Ngumisi naman si Doc Lhet.

"Guys meet my assistants nurse Compy Bashful, Doc, Dopey, Happy, Sleepy, Sneezy and Grumpy."

Hindi napigilan ni Stephanie na lumapit.

"Ang cute nila."

"Sabi nga ni Boss." Sagot ni Lhet. "C'mon mamaya nyo na sila tignan after natin magamot ang mga sugat nyo."

Sumunod naman ang lahat na amaze na amaze parin.

Maya-maya may kumatok ulit.

Napatingin ang lahat kay Ysa na nakapagpalit na ng damit at nagamot na ang mga sugat. Nakasuot na sya ng pink na jumper na itim ang blouse na pang-ilalim.

Lumiwanag ang mukha nya ng makita ang pitong duwende lalapitan nya sana ang mga ito ng magsalita si Doc Lhet.

"Later Boss na sa trabaho sila "

Napasimangot si Ysa dinilaan ang babae na biglang tumingin sa kanya kaya napaunat sya ng tayo at napa peace sign.

"Okay Doc Lhet "

Lumapit naman si Vox sa kanya at kinuha ang mga dala nyang paper bag.

"Pamalit nila pagkatapos natin dito sa great hall tayo. Kumain daw muna bago magmeeting sabi ni Mama." Sabi nya.

"Okay Boss." Sagot ni Vox na inabot sa bawat isa ang paper bag na may mga pangalan na.

Naupo si Ysa sa single sofa hindi sinasadyang napatingin sya kay Vane na nasa tapat nya.

Nakatingin ang binata sa kanya ng tanggalin nito ang suot na damit.

Dapat iiwas sya ng tingin. Dapat hindi nya pagmasdan ang katawan nito. Pero ang mga mata nya, kusang naglakbay sa katawan nito, na nagtagal pa sa abs ng binata.

"*Oh shit bakit sa harap ko pa naghubad ang lalaking ito?"* Lumunok sya at ibinalik ang tingin sa mukha ni Vane na nakangisi sa kanya.

Umirap sya kahit alam nyang namumula ang mukha nya. Umiwas sya ng tingin.

Sa pag-iwas nyang iyon matalim na tingin naman ni Divine ang sumalubong sa kanya.

Ginantihan nya ito ng malamig na tingin bago mabilis na tumayo.

"*Kahit anong sama ng tingin mo sa akin, anong magagawa ko? Sa akin nakatingin iyang lalaking gusto mo."*

*****

"**Hindi ako papayag na mapunta sa kanila ng tuluyan ang Maligdan!" Iyan ang galit na sabi ni Severino na napahampas pa sa malaking mesa ng conference room.**

Nagtinginan naman si Dylan at Angela habang pinagmamasdan ang kaharap. Walang reaksyon si Vane at Rolf pati narin si Ysa habang tahimik ang First Four at si Divine.

"Of course hindi natin hahayaan na makuha nila ng tuluyan ang Maligdan." Sang-ayon ni Dylan.

"Anong gagawin natin? Nahihiya man akong aminin kailangan namin ng tulong. That Federico knows all my resources, kanina nakatanggap kami ng tawag na nakabantay ang DMC sa lahat ng kuta namin naghihintay ng pagkakataon na masakop kami ng tuluyan."

"Mukhang pinagana lahat ng DMC ang buong galamay nya." Napahawak si Angela sa baba nya. Pagktapos ay tinignan si Ysa na tahimik lang. "What do you think Ysa?"

Mula naman sa pagtitig sa painting ng mga Anghel napatingin si Ysa sa ina. Nagkibit-balikat sya.

"May kinuha sayo, eh di bawiin mo." Simpleng sabi ni Ysa.

"Kung ganon kadali iyon sa tingin mo ano pang ginagawa namin dito?" Supla naman ni Divine sa kanya.

"Madali lang iyon."balewalang sagot nya na lalong kinainis ni Divine.

"What's your plan?" Tanong ni Dylan. "Bilang ikaw ang may hawak sa kaso nila anong plano mo anak?"

"May klase ako bukas. Papasok po ako sa school."

"Babalik ka?" Biglang singit ni Vane.

Hindi niya nilingon ang lalaki. "Mas mabilis bawiin ang isang lugar kapag sa loob ka magsisimula, kesa sa labas."

"Hindi ka babalik don." Kontra ni Vane na kinakunot ng noo nya.

"Sinong may sabi?"

"Me."

Tinignan nya ang binata ng matalim. Hindi naman ito nagpatinag sa tingin nyang iyon.

Nakipagtitigan ito sa kanya.

Lihim naman napangiti si Angela. Lalo na sa sunod na sinabi ni Vane.

"Wala akong planong isugal ang buhay mo sa gulong ito Miss. Fine kung gusto mong bumalik, sasama ako pabalik." Si Vane.

"Kung iniisip mong hindi ko kayang proteksyonan ang sarili ko pwes nagkakamali ka I can manage thank you."

"Hindi naman mahalaga kung kaya mong proteksyonan ang sarili mo o hindi. Ang mahalaga sa akin iyong kasama mo ako sa bawat panganib na darating."

"He reminds me of you Ylan." Bulong ni Angela sa asawa. Habang nakatingin kay Ysa na namula sa sinabi ni Vane

Mabagal na tumango si Dylan. "I like him pero hindi parin sya abswelto sa ginawa nya sa anak natin."

Napangisi Angela. "Sino bang may sabi na abswelto sya. Pagkatapos ng lahat ng ito sa pagbabalik nila rito saka natin subukin ang lalaking iyan kung karapatdapat nga sya kay Ysa."

Napangiti si Dylan. Sisiguraduhin talaga nya iyon.

*****

Natapos ang meeting na ang desisyon ay babalik sina Ysa, Vane, Rolf,Divine at ang First Four sa Maligdan Collage. Naiwan na ang mga beta ni Ysa para manguna sa gagawing pagsugod sa entrada ng Maligdan.

Mainit ang ulo ni Ysa dahil talagang nagpilit si Vane na sumama pabalik.

Nagbigay siya ng suhestiyon na magkanya-kanya sila ng lakad pero ang binata ay ayaw na magsolo sya.

Nakakagigil ito. Kung kelan sya lumalayo ito naman ang ayaw humiwalay.

Dumeretso sya sa south tower.

Nanigarilyo habang pinagmamasdan ang mga tao na nasa Motte, ang mga trainee ng D&A na nagnanais na makasali ng tuluyan sa samahan.

Tanaw nya rin ang pinakamalaking kastilyo nila. Ang Concentric.

Ang Concentric ang lugar nila ng mga kapatid at magulang nya. Dito nakalagak ang lahat ng mahahalagang papeles at bagay na pag-aari nila. Iilang D&A lang din ang may passes na makapasok doon.

Tanging miyembro ng pamilya ang malayang nakakalabas masok sa Concentric.

Pinagpag nya ang upos ng sigarilyo at nang muli nya sanang ibabalik iyon sa bibig nya may kamay nang umagaw niyon sa kanya.

"Hindi mo ba alam na hindi gusto ng mga lalaki na halikan ang isang babaeng amoy sigarilyo ang hininga." Madilim ang mukha na sabi Vane na pinatay ang sigarilyo at ibinulsa.

Tumaas naman ang isang kilay ni Ysa.

"So? Huwag mo akong pakialaman Montereal." Badtrip na sabi niya saka inilabas ang isang kaha ng sigarilyo na nasa bulsa. Naglabas ng isa at muli sanang sisindihan ngunit muli inagaw iyon ni Vane sa kanya kasama ang pati ang kaha. Pati iyong lighter nya hindi pinaligtas ng binata.

"Ano ba!" Singhal nya na aagawin sana iyon ng matigilan sa sunod na sinabi ni Vane.

"Gusto mo bang isumbong kita sa mama mo? Sigurado akong mapapagalitan ka kapag nalaman nyang nagsisigarilyo ka ngayon."

Natigilan sya saka inis na tinalikuran ito at muling tinanaw ang tanawin na pinagmamasdan kanina.

"Sumbungero." Sabi niya.

Muling ibinulsa ni Vane ang mga kinuha kay Ysa. Lalapitan nya sana ito ng muling magsalita ang babae.

"Bakit ba andito ka? Gusto kong mapag-isa. Bakit pinapakialaman mo ang paninigarilyo ko? Ano ngayon kung hindi gusto ng mga lalaki ang isang babaeng amoy sigarilyo ang bunganga mas maganda, magsisigarilyo ako ng magsisigarilyo para hindi mo ako halikan kahit nga wala ka naman karapatan na gawin iyo- hey ano ba!" Nagulat si Ysa ng iharap sya bigla ni Vane at inilapit nito ang katawan ng todo sa kanya. "Ano ba sa tingin---hmmp." Nalunok na lang nya ang sasabihin ng buong kapahangasan na hinalikan ni Vane ang mga labi nya.

Madiin at mapaghanap kaagad ang halik nito.

Itutulak nya sana ang binata pero hinawakan nito ang dalawang kamay nya at inilagay sa magkailang tagiliran niya.

Nanlaki ang mga mata ni Ysa ng maglumikot ang dila ng binata sa loob ng bibig nya.

"*Shit*!" Mura nya sa isip ng tumulay sa buong katawan nya ang kuryente at ang init ng binata.

Papikit at patugon na sya sa halik ni Vane ng itigil ng binata ang halik.

"Amoy sigarilyo man ang hininga mo, amoy panis na laway man yan walang makakapigil sa akin na halikan ka." Sabi ni Vane.

Hindi kaagad nakahuma si Ysa sa narinig, ilang segundo pa ang lumipas na nagtititigan lang sila bago muling nagsalita ang babae.

"Sinabi ko na di ba magkalimutan na tayo." May bahid na inis ang boses na sabi ni Ysa.

"Kalimutan ka? Sinubukan ko ng gawin diba? Pinagtabuyan pa nga kita. Ang problema hindi ko kaya. Kung hindi ka bumalik ng araw na iyon ako mismo ang maghahanap sayo at ibabalik kita sa tabi ko, nauna ka lang. Damned them all! Bahala na ang lahat ng napagkasunduan basta ang gusto ko nasa tabi kita, nakikita...nahahawakan. I'am a broken man without you."

Hinalikan ni Vane ang peklat ni Ysa sa may pisngi. Napapikit ang babae ng gumapang ang halik ng binata mula doon paakyat sa tenga nya pababa sa leeg. Suminghap si Ysa ng markahan sya dun ng binata bago nito isiniksik ang mukha sa leeg nya, inhaling her scent.

"Gusto mong kalimutan kita? Ripped my heart out isa-isang mong tanggalin ang letra ng mga pangalan mo na nakauwit doon. Then cut out my brain, gamit ang eraser burahin mo lahat ng alaala na meron tayong dalawa. Do that baka sakaling makalimutan kita Angelique Ysa" He murmured againts her skin.

Napapikit si Ysa. Parang sinabi na rin ng binata na patayin nya ito.

Ang tanong kaya nya ba?

****

H/n

Sensya sa mga mali.

Pasensya na po sa delay. Minsan talaga mas masarap magbasa.???.
At medyo wala po ako sa mood.

Pahingi naman ng nakakamotivate na comment para maka UD kaagad ? thanks sa pagbabasa at pagboto.

Salamat.

Helliza Sabida
242018gsj 13:01

43. Umaasa pero Naninigurado

Entrada ng Maligdan.

Mula sa pagpupunas ng mga baril napatayo at napatutok sa unahan ang mga tauhan ng DMC na nagbabantay sa entrada ng bayan.

Isang sasakyan kasi ang papalapit na dumadagundong ang ingay dahil sa lakas ng patugtog ng sakay niyon.

Sa pangunguna ni Gino Reso sinenyasan nya ang mga kasamahan nya na maging alerto.

Huminto ang sasakyan dahil sa malaking harang na inilagay nila para masala ang mga papasok at lalabas ng Maligdan.

Higit isandaan ang nakabantay doon para mapigilan kung sakali man na magtatangkang bumalik at pumasok ang Family sa pangunguna ng mga apo ng Elders.

Malakas na kinatok ni Gino ang salamin ng sasakyan.

"Baba!" Galit nyang sigaw.

Mula naman sa loob. Kinuha ni Ysa ang pulang lipstick para ayusin ang kulay ng mga labi nya. Inayos nya rin ang kulay blonde na peluka na nasa kanyang ulo.

Makapal ang make up nya sa mukha at natatakpan niyon at pilat nya sa pisngi.

"It's show time " bulong nya bago lumabas.

Hinanda naman ni Gino ang hawak na baril handang paputukan kung sino man ang lalabas sa sasakyan.

Unang silip palang ng isang makinis at mahabang hita na ang mga paa ay nasasapnan ng three inches red sandals napalunok na sya.

Naglakbay muli ang mga mata nya pataas hanggang sa kalahati ng hita nitong nakalitaw sa maong short na suot, patungo sa manipis na puting t-shirt kung saan bakat na bakat ang kulay pulang bra ng babae.

"What the fuck? Kelan pa nagkaroon ng gwardya sibil here in Maligdan?" Sinandyang artehan ni Ysa ang pagsasalita.

"Sino ka?" Tanong ni Gino na naaakit sa magandang mukha ng babae.

"Like duh sa ilang taon ko here in Maligdan ngayon lang may nagtanong sa akin kung sino ako?" Inirapan ni Ysa ang lalaking ilan beses na nagpabalik-balik ang tingin sa katawan nya.

Hindi lang ito kundi ang iba pang lalaki na naroon ay nakatingin sa kanya.

"What's happening ba kuya? And it's that a gun?" Nanlaki ang mga mata ni Ysa. Biglang itinaas ang dalawang kamay. "Are you going to shoot me? Huwag naman kuya I don't wanna die pa eh."

Kumunot ang noo ni Gino ibinaba ang baril at lumapit kay Ysa na bakas ang takot sa mukha.

Ngumisi si Gino ng makalapit sa babae.
Hinagod ng mga daliri nya ang ang makinis na braso ni Ysa.

"Depende Miss kung taga rito ka papapasukin ka namin at hindi sasaktan. Pero kung miyembro ka ng isa sa mga gang ng Family, dito pa lang patay ka na."

"Gang?As in DK and BW ni Vane Montereal at Rolf Vasquez?" Lahat ng baril tumutok kay Ysa ng banggitin nya ang dalawang lalaki. Nahihintatakutan na napaatras sya.
"Hindi ako isa sa kanila. Do I look like a gangster to you?" Yumuko sya, may aabutin sa loob ng sasakyan.

May mga lalaki narin sa paligid at sinisilip ang loob niyon.

Si Gino na inaakalang kumukuha sya ng baril ay mabilis syang hinila at isinalya.

"Ouch! Don't" naitaas ni Ysa ang isang kamay para protektahan ang mukha ng itutok ng lalaki sa harapan nya ang baril. "Ahhh! Don't hurt me. K-kinuha ko lang iyong ID ko."

Hinablot ni Gino ang ID na nasa kamay ng babae.

Ella Fuentes.
Iyon ang nabasang pangalan ni Gino sa school Id ng babae. Fourth year Nurse student sa Maligdan at isang Elf.

"Totoo ba 'to?" Pasaring na tanong ni Gino.

Nanlaki ang mga mata ni Ysa.

"Mukha ba yang fake? Please...please sir don't kill me I'm just an ordinary student. Hindi ako miyembro ng kahit anong gang please...please..." sabi ni Ysa with paawa look pa.

Sandaling tinignan ni Gino ang Id saka ibinalik sa babae.

Napaigik si Ysa ng pisilin ni Gino ang pisngi niya.

"Sige papadaanin kita dahil mukha ka naman nagsasabi ng totoo. Pero may kapalit to bata." Humagod ang kamay ni Gino sa bewang pababa sa nakalitaw na hita ni Ysa. "Nabasa ko ang address mo. Gusto ko nakahiga ka na sa kama mo hubot-hubad at naghihintay sa akin mamayang gabi pagpinuntahan kita." Buong pagnanasa na sabi niya.

Nanlaki ang mga mata ni Ysa.

"P-pero may mga kasama ako sa b-bahay."

Idiniin ni Gino ang sarili sa babae.
"Wala akong pakialam kapag naabutan ko ang mga kasama mo patay sila sa akin kaya paalisin mo. Naiintindihan mo!"

Sunod-sunod na napatango si Ysa.

"Huwag kang tatakas dahil pag nahuli kita pagsasawaan kita at pagkatapos ko ibibigay kita sa kanila saka ka namin papatayin."

Tango ulit si Ysa.

Tinignan ni Gino ang mga kasamahan na tumingin sa sasakyan ng babae.

"Sige alis." Utos nya ng sumenyas ang mga kasama ng okay.

Pinagmasdan ni Gino ang babaeng natatarantang naglakad pabalik sa sasakyan nito at pinaharurot iyon.

Napailing ang lalak ngumisi. Hindi na sya makapaghintay ng gabi.

*****

Patuloy naman sa mabilis na pag d-drive si Ysa ngunit hindi nakapigil iyon para makapagmasid sya sa paligid nya.

Magulo.

Sa bukana pa lang ng Maligdan.
Maraming nang nagkalat na mga lalaking may baril. May binubogbog at may mga kinakaladkad sa bawat sulok. Ang ibang mga establisyemento wasak at sira na para bang nilooban at nilimas ang mga laman. May mga nakayuko sa gilid ng kalsada iniiyakan ang mga nasaktan nilang mahal sa buhay.

Lahat ng iyon nakita ni Ysa at hindi niya mapigilan na kumuyom ang mga kamao na nakahawak sa manibela.

Mas binilisan nya pa ang pagpapatakbo hanggang sa makarating sila ng Maligdan Collage.

Ipinakita nya ang ID nya sa miyembro ng DMC na nakabantay roon, tulad nang lalaki sa bukana may pagnanasa rin syang nabasa sa mga mata nito habang tinitignan sya.

Hindi na sya nagsasalita noon dahil baka masaktan nya ito, medyo mainit ang ulo nya sa mga nakita at gusto nyang manakit.

Sa pinakatagong bahagi ng parking lot sya nagpark sa may madilim na bahagi na hindi nakikita agad.

Lumabas sya ng sasakyan, after ng ilang minuto lumabas din sina Divine, Rolf, ang first four at si Vane na nakatago sa ilalim ng mga upuan.

"This is it. Sundan nyo lang ang plano hindi tayo mabubuko." Sabi niya sa mga kasama nagtanguan ang mga ito bago nagsipulasan at umalis para gawin ang kanya-kanyang misyon.

Naiwan sa tabi niya si Vane na salubong ang kilay. Nang umalis ang mga kasama nila bigla na lang syang hinila nito.

"T-teka ano ba."singhal nya sa binata ng isandal sya nito sa pader. "Ano bang probema?"

"Did that guy touched you?" Madilim ang mukha na tanong nito.

"Sinong g-" naalala nya iyong manyak na lalaki sa entrada. "Oh that guy...yeah he did touch me, here." Itinuro nya ang pisngi. "Here and here." Turo nya sa bewang at sa nakalitaw na hita. "Okay na ba? Pwede na ba tayo magtrabaho?"

"Fuck him!" Napapitlag sya sa bigla nitong pagsigaw. Napatingin sya sa paligid. "Ano ba bakit ang ingay mo?" Pinandilatan nya si Vane.

"I'm going to kill him! Ako ang papatay sa lalaking iyon."

Naitakip niya ang kamay nya sa bibig ng binata.

"Ang OA mo Montereal at tumahimik ka nga shit naman mabubuko tayo nito eh." Nagpaggala-gala ang tingin nya sa paligid.

Tinanggal naman ni Vane ang kamay ng babaeng nakatakip sa bibig nya.
"Bakit ba kasi ganyan ang itsura mo?" Inis na tanong nya.
Kaninang nakita nya ang suot nito bago sila magpunta rito. Gusto nya ito hilahin patago.

Angelique Ysa was indeed a beauty, nang una nya itong nakilala oo wala itong ayos pero marami ng mga lalaki na nakakapansin dito.

Kung hindi nya lang pinakita na sa kanya ang babae malamang maraming mga lalaki na ang umaligid dito.

At kanina habang nakatago sila sa loob ng sasakyan nito todo ang pigil ng mga kasama nya sa kanya dahil gustong-gusto na nyang lumabas at burahin ang mukha ng lalaking ang lakas ng loob na hawakan ang katawan ng misis nya. Nandilim pa ang paningin nya dahil narinig nya ang mga sinabi ng lalaki iyon kanina.

"*You want my miss to be ready for you...in bed naked. Damn you pumunta ka mamaya at sisiguraduhin ko na hindi na madudugtungan ang lahi mo*." Naisip nya iyon habang nakakuyom ng mariin ang mga kamao kanina.

"Anong problema sa suot ko? Diguise nga di ba?" Sabi ni Ysa sa kanya na nandidilat ang mga mata.

"It's showing off you body." Mabilis nyang sagot.

"Aish...letse naman ilang ulit ko bang sasabihin sayo na wala kang karapatan sa akin, sa lahat ng gagawin ko."

God help him kung wala lang talaga sila sa ganitong problema ikukulong nya talaga ang babaeng ito sa kwarto at ipaparamdam nya lahat ng karapatan nya rito. Sisiguraduhin nya na madadama nito iyon talaga.

"Ikaw lang ang may sabing wala akong karapatan sayo. Hindi mo na ako binigyan ng pagkakataong magsalita sa tore ng isang araw." Sabi niya.

"Kasi nga wala na akong papakinggan sayo dahil nga tapos na tayo. Unli lang paulit-ulit?" Inis na sabi ni Ysa.

Bakit ba ang hirap kausap ng lalaking ito?

Nakakastress na. Sa lumipas na isang araw hindi ito humiwalay sa tabi nya. Sa pagpla-plano, sa pagsasanay. Pati nga dito sa misyon hindi pumayag ang binata na hindi sya ang kapareha.

"*Problema mo na kung hindi mo ako makalimutan pero para sa akin wala na akong kilalang Vane Montereal. For short wala ka ng karapatan sa akin."*

Iyon ang sinabi nya sa lalaki after nitong sabihin kung ano ang dapat nyang gawin para makalimutan sya nito. As if naman magagawa nya ang mga sinasabi nito. Galit lang sya pero kahit galit sya hindi nya magagawang saktan ang binata.

Lumapit pa ng todo si Vane sa kanya.

"Magsawa ka na ng paulit-ulit, unli na kung unli pero hindi ako titigil sa pangingialam sayo."

"Ugh... nakakainis ka lumayo ka nga. Damn it nakukuryente ako." Singhal nya. Bakit ganon bakit mas lalong tumindi iyong kuryente na nararamdaman nya kapag nakadikit sya sa lalaki? Itinukod nya ang kamay sa dibdib nito.

Napangiti si Vane.

She can still feel it, meaning mahal parin sya ng dalaga. Galit lang ito talaga kaya ayaw bumigay sa kanya.

"Sige lang Miss pahirapan mo ako, I deserve it pero sinisigurado ko na pagdating natin sa dulo sa akin ka parin at saiyo ako."

Napaawang ang mga labi ni Ysa dahil sa mga sinabi nya.

Vane think na kung nasa normal lang sila na sitwasyon he'll kiss this girl till judgement day, maramdaman lang nito na pag-aari nya talaga ito. Na kahit anong gawin nito hindi ito makakaalpas sa kanya. Pero dahil nasa gitna pa sila ng gulo nagkasya na lang sya na bigyan ito ng halik sa noo.

"Let's go Miss bawiin na natin ang MC."

Saka nya hinila ang babae sa destinasyon nila.

*****

Inis na inis si Ysa habang inaayos ang jacket ni Vane na sapilitan na sinuot nito sa kanya.

Nagtalo pa sila dahil ayaw nyang isuot, nag-give in lang sya dahil hindi nila matatapos ang misyon kung puro pagtatalo sila.

"*Suotin mo iyan kung ayaw mong magwala ako dito at patayin lahat ng lalaking titingin sayo."*

O di ba sinong hindi maiinis. Ang kapal-kapal ng mukha nito na pagbawalan sya na ibandera ang katawan nya eh hindi na nga nya ito boyfriend.

"*Konti na lang papatayin ko na sa halik itong si Bev eh."* Natigilan sya sa naiisip, napailing.

"*Ano Ysa lumalambot ka na ba? Calling him Bev again? Mauna ka na kaya magpatiwakal."*

"Are you okay?" Biglang tanong ni Vane sa kanya.

"Ay ano ba Bev bakit ba nanggugulat ka!"

"*Shit*" mura nya sa isip ng marealize kung ano ang naitawag niya sa binata.

Natigilan naman si Vane. Pakiramdam nya may nakadagan sa dibdib nya na biglang nawala ng marinig ang itinawag sa kanya ni Ysa.

Naglumikot ang mga mata ni Ysa.

"*Putsa buhay to o!*" Mura nya ulit sa isip.

"T-tara na nga Montereal w-wala tayong matatapos kung ganito tayo kabagal." Singhal nya na nauutal pa at nagpatiuna na sa paglalakad.

Abot hanggang tenga naman ang ngiti ni Vane na sumunod sa babae.

"Yes Miss...sis."

Si Ysa naman ang natigilan napahinto sya sa paglalakad bagamat hindi nilingon ang lalaki na nasa likod nya at huminto din.

"Mahal kita Miss..."

Kumuyom ang mga kamao nya ng marinig ang sinabing iyon ni Vane.

Bumilis ng napakabilis ang tibok ng puso nya. Nangilid ang mga luha sa mga mata.

Nang mga oras na iyon gusto nyang pumalahaw ng iyak. Yumakap dito habang sinusumbatan ulit ito. Gusto nyang isigaw ulit ang lahat ng sakit na binigay nito sa kanya... saka nya sasabihin na mahal nya parin ito.

She want to be her Ysa again.

"*Pero hindi pwede ngayon iyan Ysa*. " saway nya sa sarili.

Kaya naman imbes na lumingon hindi sya umimik at nagpatuloy lang sa paglalakad.

Naiwan si Vane na oo nga't walang mababasang emosyon sa mukha dumaan naman sa tsokolate nitong mga mata ang sakit dahil sa hindi pagsagot ng dalaga. Saka ito tiim- bagang na sumunod sa dalaga.

*****

Isang malakas na sipa ang binigay ni Ysa sa lalaki na babarilin sana sa likod si Vane na may kalaban naman.

Nasa basement sila ng building C.

May tagong pinto roon na armory ng dalawang gang.

Ang plano kailangan masafety nila ang lugar na ito habang naghahanap naman ng mga magiging kakampi nila ang iba nilang kasamahan.

This place will be their main base.
The problem is maraming mga DMC dito.

Suntok at sipa ang ilan beses nyang pinakawalan. Inaagapan nila na huwag magpaputok ng baril ang mga ito para hindi makatawag ng pansin.

"Ayos ka lang?" Tanong ni Vane sa kanya ng magtago sila sa likod ng isang kotse. Tumaas ang kamay nito para punasan ang dugo sa pisngi nya.
Pinalis nya iyon.

"Nakatayo pa ako di ba." Mahinang singhal nya sa lalaki.

Imbes naman na mainis ngumiti sa kanya si Vane.

"Alam ko. Pasensya na pero itong puso ko hindi maiwasan na matakot na baka masaktan ka. Kaya mag-ingat ka Miss."

Nanlaki ang mga mata ni Ysa ayan na naman iyong pintig ng puso nya.

"*Waaa pisti kang puso ka bakit ayaw mong umayos. Ano'to umpisa ulit?"*

Inirapan nya lang ito bago tumakbo sa kabilang panig. Narinig nya pa ang pagmumura ng binata na mabilis sumunod sa kanya.

Hinampas nya ng baril na hawak ang nabiglang kalaban. Nawalan ito ng malay at sasaluhin nya sana ang katawan para hilahin patago ng unahan sya ni Vane. Muntik pa syang matumba dahil natabig sya nito. Buti na lang nakahawak ito kaagad sa braso nya.

"Ano ba." Angil nya.

"Tsss. Patulugin mo lang huwag mo nang saluhin."

Nangunot ang ang noo nya.

"*O bakit parang galit ito*?"

"Let's go." Bigla nito syang hinawakan sa kamay at hinila patakbo sa likod ng isang school bus na sira

"Ano ba marunong akong tumakbo kaya bitawan mo ako."

Hindi sya nito binitawan hanggang sa makarating sila sa isang pinto na hindi mo mapapansin dahil sa mga sira-sirang gulong na nakatambak doon.

Naglabas ito ng isang key card at itinapat sa isang pinto.

Bumukas iyon, at mabilis na pumasok habang hila-hila sya.

Madilim sa loob at hawak parin ni Vane ang kamay nya.

Maliwanag sa labas at sobrang dilim sa loob kaya naman bulag sila pagpasok.

Humakbang ang mga paa nya para hanapin ang ilaw nang may mainit na bagay na pumulupot sa bewang nya.

Nanlaki ang mga mata nya sa dilim.

"Anong ginaga-." Naputol ang sinasabi nya ng may lumapat naman sa kanyang mga labi.

Kasabay ng pagsink in na hinahalikan sya ni Vane ay ang pagsandal sa kanya ng binata sa pader.

"A-anong ginagawa m-mo shit bita-ummpp." Tanong at mura nya nakapagsalita pa sya dahil sa una magaan lang ang halik ni Vane.

Magaan na halik na dumiin at naging mapusok na ang nais ay humingi ng katugon.

Kahit madilim napapikit sya ng mariin. Kasunod ng mahinang ungol na kumawala sa kanya ng magaan nitong kagatin ang pang-ibabang labi nya kasunod ng pagpasok ng dila nito sa loob ng bibig nya.

Mula naman sa bewang ng dalaga inilipat ni Vane ang kamay sa mukha ni Ysa. Hindi niya dapat gagawin ito. Nasa isang misyon sila at kailangan nilang magpokus sa mga dapat gawin. Pero hindi na niya kaya iyong inis sa dibdib nya.

Hindi siya pinapansin ni Ysa. Ang lamig ng pakikitungo nito sa kanya. Naipon iyon kaya naman hindi niya nakontrol ang sarili ng makapasok sila dito.

He want to mark her. Claim her

Gusto nyang kahit galit ito sa kanya ramdam parin nito na pag-aari nya ito
Na kahit saan ito magpunta.
Mararamdaman ng lahat that she's his, that she's Vane property.

"*You fool! You want to take her here? In this room? Sige Montereal iparamdam mo sa kanya na hindi talaga sya espesyal at tulad lang ng ibang babae dyan na pwedeng ikama kahit saan."* Napatigil sya sa paghalik ng isigaw iyon ng isang bahagi ng isip nya.

"*Shit*!" Napamura sya isip nya. Ayaw nyang tumigil lalo na ngayon na tumutugon ang babae sa halik nya, but he need to. Gusto nyang kapag inangkin nya ito hindi sa kung saan lang. Hindi sa mabilisang paraan.

Kaya naman iyong mapusok at mapaghanap nyang halik unti-unting naging marahan. Ngunit hindi niya kaagad tinapos. Hinayaan nya muna ang sarili na halikan ito dahil alam nyang pagbukas nya ng ilaw isang parang leon na Ysa na naman ang haharap sa kanya.

Hindi kaagad nagmulat ng mga mata si Ysa ng makarinig sya ng mahinang click. Kahit alam nyang bumaha na ang liwanag sa paligid ng kwartong kinaroroonan nila.
Hindi pa kasi humihiwalay ang labi ni Vane sa kanya.

Ilang segundo pa...hanggang sa tapusin iyon ng binata sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanya ng isang mariing halik bago bigla nito inilayo ang mga labi sa kanya

Then she opened her eyes.

Sinalubong sya ng tsokolateng mga mata ng binata na malamlam ang titig sa kanya.

Lumunok sya. Nalito sya sa kung ano ang dapat na maging reaksyon.

"*Magalit ka tanga."* Sagot at sigaw ng isip nya. Sinisigaw ng isip nya pero ayaw sumunod ng katawan at puso nya.

Basta nakatulala lang sya sa binata.

"Ysa..." tawag nito.

Noon sya gumalaw. Itinulak nya ito at mabilis na lumayo.

"L-last..." tumikhim sya. "Last mo na yan." Iyon lang ang nasabi nya bago inalis ang tingin rito. At inilipat ang tingin sa loob ng kwarto.

"*Tanga ka iyan lang talaga ang nasabi mo. Magaling Ysa, magaling*." Kantyaw ng isip nya habang tinitignan ang matataas na kalibre ng baril at ibat-ibang klaseng armas na nasa harap niya.

Kinuha nya ang isang hunters knife.

"Hindi Miss umpisa pa lang ito ng marami pang halik na ibibigay ko sa sayo." Sabi ng binata na hindi umalis sa kinatatayuan nito at pinagmamasdan sya.

Lumunok sya. Pinatigas ang mukha bago tinignan ang lalaki.

"Asa ka." She said.

Isang simpatikong ngiti ang binigay nito sa kanya.

"Asa ba? Umaasa talaga ako at paulit-ulit akong aasa hanggang sa dulo nito." Pagkatapos ay lumapit ito sa kanya.

"At isa lang ang masasabi ko Miss...kung ikaw hindi marunong umasa pero marunong manigurado, ako..." tinanggal nito ang kutsilyo na nasa kamay nya. "...ako magaling umasa at magaling din manigurado." Umatras ito bumunot ng baril dahil may narinig silang ingay sa labas. "At sinisigurado ko na akin ka pagtapos ng lahat ng ito." After that mabilis nitong binuksan ang pinto. Nag-iwan ng isang kindat sa kanya bago sinalubong ang mga paparating na kalaban.

At sya iniwan sya nitong nakatayo habang sobra bilis ng tibok ng dibdib...

Napahawak sya duon sabay sabing...

"Damn you Bev." Na dinutungan ng isip nya ng...

"...*and i fucking love you too."*

****
H/n

Sorry at hindi nakapag UD last week may nangyari kasi.

Please do add me sa Fb helliza Sabida. Doon ko po pino-post kung makakapag Ud ba ako o hindi.??

And please do like our page Helliza's Empire at pwede rin join kayo sa group. May pagame po sa page at kung gusto nyong sumali andon ang nga detalye.

Iyon lang...

Salamat sa pagbabasa...sa boboto at magkokomento. Sa mga mas-share.

Thanks.

Helliza Sabida
3142018npo 18:25

44. Tayong Dalawa

Tinignan ni Ysa ang mga estudyanteng nasa harap niya.

Tulad niya madungis at may mga sugat narin ang mga ito.

Higit fifty ang nakuha nina Chezter na tutulong.

Halo-halo may babae, may lalaki, iba-iba ang year, iba-iba ang edad, may miyembro ng gang at may Elf.

Iisa lang ang hangarin nilang lahat. Mabawi ang MC at ang Maligdan.

Sa pangunguna nila ni Vane na clear nila ang building na unang pinuntahan, alam narin ng mga kalaban na may grupo ng mga estudyante na handa ng lumaban pero hindi pa alam ng mga ito na ang namumuno ay ang lider ng KH at BW.

"Uulitin ko. Hindi na ito basta away gang lang, hindi na isang laro. Ito ay laban hanggang kamatayan at gusto kong sigurado kayo na sasama sa pagkilos na ito." Sabi ni Vane na nakatayo sa gitna kasama si Rolf.

"We will fight till the end." May sumigaw na isa na sinundan ng iba pa.

"Papatayin namin lahat ng may kinalaman sa pag sira sa MC sa mga nanakit sa aming mga estudyante at pumatay sa mga malalapit sa amin. " dagdag pa ng isang babae na may kayabangan ang tinig.

Nagsigawan ang lahat bilang pagsang-ayon. Lahat determinado na magawa ang misyon, patayin ang mga DMC na naandito sa lugar na ito.

Kumunot ang noo nya lalo na ng may isang nagsabi na, lahat ng makikita nitong kalaban ay babarilin nito sa ulo para siguradong patay.

Mula sa pagmamasid sa gilid lumapit sya sa gitna. Doon sa pagitan ni Vane at Rolf sya pumuwesto.

"Stop it." Katamtamang boses ang ginamit nya pero ang awtoridad doon ay bakas na bakas kaya natahimik ang lahat.

"Sigurado ba kayong handa kayong pumatay sa labang na ito?" Panimulang tanong nya.

"Ano na naman iyan Ysa." Si Divine ang nagreact. Hindi niya ito pinansin.

"Hindi biro ang pagpatay. Mukha lang syang madali pero kapag natalsikan ka na ng dugo nang taong pinatay mo, habang buhay na babalik-balik sa isip mo ang mukha ng mga taong pinatay mo. Handa ba kayong bumaril sa ulo...sa dibdib. Kaya nyo bang gawin iyon?"

"Ano sa tingin mo babarilin namin sya sa paa?" Nang-aasar na tanong ng isa

Bumunot sya ng baril at itinutok sa nagsalita, na isang babae namutla ito ng mabasa ang kaseryosohan sa mukha nya.

"Ysa." Sabay na sabi ni Vane at Rolf.

"Kapag nasa harap mo ang kalaban at tulad mo may takot rin sa mukha nya habang tinututukan mo ng baril, makakaya mo ba syang paputukan? Sa tingin mo ba hindi ka dadalawin ng mukha nya sa panaginip." Nagpaputok sya na kinatili ng ilan at kinayuko ng iba.

Nanigas sa takot ang babaeng estudyante.

Bumagsak sa tabi nito ang isang DMC na may hawak na baril kanina at handa sana iputok sa kanila.

Namimilipit itong nakahiga sa lupa, habang hawak ang kamay na dumudugo, nasa di kalayuan ang baril nito na tumalsik pagkatapos nyang barilin ang kamay nito.

"Hindi biro ang pumatay. Hangga't maiiwasan patamaan nyo lang sa paa o disarmahan." Tinitigan nya ang lalaking may takot ang mga mata na nakatingin sa dulo ng baril nya. Lumapit sya rito.

"We're not the bad one here kung ayaw nyong magulo ang buhay nyo at habang buhay na makita ang mukha ng mga taong oo nga at hindi nyo kilala pero paulit-ulit naman na dumadalaw sa panaginip nyo, ang mas maganda nyong gawin ay patulugin na lang ang kalaban." Saka nya malakas na sinipa sa mukha ang lalaki dahilan para lumupaypay ang katawan nito.

"Kalokahan yan Ysa nasa gera nga di ba iisipin pa ba nila na patulugin ang kalaban kung papatayin sila nito." Kontra ni Divine.

Nginisihan nya si Divine. Ayaw talaga nito na nasasapawan nya.

"Then be my guest kill him." Itinuro niya ang lalaking walang malay.

Iyong ngiti sa mukha nya ay nawala and her face became lethal na kinaatras ni Divine at bahagyang ikinayuko ng mga naroon.

"Kill him." Utos nya sa lahat. Walang kumilos. "Kung hindi ninyo gusto ang sinabi ko kill him now."

Lumapit sya ulit sa kalaban at sa labis na pagkagulat ng lahat nagkamalay ulit ang lalaki dahil sa kung anong ginawa niya.

Umubo ito dahil bahagyang nakaramdam ng pagkakapos ng hininga.

"Stand up." Utos nya sa lalaki.

"Ysa---" lalapit sana sa kanya si Vane pero tinignan nya ito ng matalim. "Hindi pa ako tapos." Muli nyang binalingan ang kalaban. "Tayo sabi." Napaigik ang lalaki ng sipain nya ito. Mabilis itong tumayo.

"Pangalan."

Hindi ito sumagot.

Kinasa nya ang baril.

"Romeo." Sagot nito.

"Romeo may anak ka?" Hindi ulit umimik ang lalaki.

Sinikmuraan nya ito na kinaigik nitong muli at kinaubo, na kinasinghap naman ng mga nanonood sa

kanya.

"Kapag may tinatanong ako sumagot ka kaagad madali akong mainip. At kapag nakuha ko sa iba ang sagot sa tinatanong ko sayo at malaman kong may anak ka pasensyahan tayo madadamay sya. Believe me meron akong napakaraming paraan para malaman ang sagot sa tanong ko sayo, iyon nga lang patay rin sya kapag ako mismo ang nakahanap ng kasagutan. Kaya mamili ka sasagot ka o patay sya?"

"M-meron may anak ako apat na taon... please lang h-huwag nyo syang idamay dito. Patayin nyo na lang ako pero huwag nyo syang idamay."

Ngumisi sya at hinarap ang mga estudyanteng nanonood sa kanya.

"Isa syang kalaban, isang DMC. Patayin nyo na. Sa ulo nyo patamaan ha para mabuhay man lantang gulay parin."

Nagtinginan ang mga ito. Walang kumilos.

"Go ahead shoot him." Udyok pa nya na tinignan si Divine.

Hindi rin kumilos ang babae.

Napailing sya.

Sigurado syang nakuha na ng mga ito ang ibig nyang sabihin. Sana lang kapag nasa laban na maalala ng mga ito ang mga sinabi niya.

Tumalikod sya upang bumalik sa dating pwesto.

Noon naman kumilos si Romeo na kinuha ang kutsilyo na nakatago sa tagiliran nito at hinagis sa kanya.

"Ysa!" Si Vane.

Lumingon sya at walang kahirap-hirap na sinalo ang kutsilyo.

Nanlaki naman ang mga mata ni Romeo.

"Lahat ay may karapatan for a second chance." Sabi nya. "Pero may mga taong ayaw tanggapin ang binibigay na ikalawang pagkakataon na iyon." Sabi niya saka binaril ang lalaki.

Dumaan sa noo ni Romeo ang bala ng baril bumakas pa ang pagkagulat sa mukha nito bago ito patay na bumagsak ulit sa lupa.

Nanlalaki naman ang mata ng lahat.

Lalo na ng muli syang magpaputok.

"Ysa." Tawag ni Barbie kay Ysa. Lalapitan nya sana ito ngunit napahinto sya ng makita nya kung gaano kaitim ang mga mata nito.

"Kung matibay na talaga ang sikmura nyo tulad ko. Sige pumatay kayo. Pero siguraduhin nyo patay ang kalaban para walang babalik para mapaghigantihan kayo." Sabi ni Ysa na tumalikod at bumalik sa dating

pwesto nito.

Katahimikan. Napaisip ang mga estudyante kung kaya ba nila ang ginawa ni Ysa. Ang walang awang pumatay at hindi man lang inisip ang pamilyang inulila ng kalaban.

Sa isip ng lahat nagdesisyon ang mga ito na iwasan ang pumatay tulad ng sabi ng babae.

Umiwas pumatay dahil lahat ay may karapatan na magbagong buhay.

Napairap naman si Divine.

Bida na naman si Ysa. Oo nakita ng lahat kung paano walang awa itong pumatay, pero para sa mata ng mga naandito aral iyon na dapat tandaan.

"*Sige panahon mo ngayon, pero hindi magtatagal iyan Ysa. Nasa akin parin ang huling halakhak*."

*****

Kabi-kabilang pagsabog at tunog ng baril ang umaalingawngaw sa buong MC.

Yumuko si Ysa para iwasan ang bala na muntik ng tumama sa kanya.

Sa tindi ng kaguluhan nagkahiwa-hiwalay sila.

Ngayon mag-isa na lang syang nakikipaglaban sa side na ito ng paaralan.

Okay lang naman sa kanya iyon. Mas nakakakilos pa sya kung mag-isa.

Binaril nya sa kamay at paa ang kalaban na bumaril sa kanya.

"Shit." Mura nya ng mahagip sya sa braso.

Sa inis nya hininto nya ang pagbaril umikot sa balustre ng hagdan at tinakbo ang kalaban.

Sa lakas ng suntok at sipa nya tulog ang mga ito na hindi nakaporma dahil sa gulat.

Isa ang bumato ng punyal papunta sa kanya pero sinalo lang niya iyon at mabilis na ibinato pabalik, sa dibdib ng lalaki tumama iyon.

Pababa na sya ng hagdan ng makasalubong nya ang grupo ni Vane.

Nagtama ang mga mata nila ng binata.

Umiwas sya at pinagtuunan ng pansin ang ang mga kalaban na humahabol sa mga ito.

"May sugat ka." Sabi ni Vane ng makalapit sa kanya.

Hindi niya ito pinansin iniwas nya ang braso ng aktong hahawak ito doon.

Pero ang lalaking ito ayaw talaga patalo. Hinapit sya nito sa bewang at itinabi sa isang sulok saka nito ang tinignan ang sugat nya.

"Malayo sa bituka iyan Montereal." Sabi nya.

Hindi sya nito pinansin. Tinaliaan pa nito ng panyo ang sugat nya.

Hinayaan nya na lang ito.

Nang matapos hinawakan nito ang kamay nya.

Pati iyon hinayaan nya. Makikipagtalo pa ba sya kung ang higpit ng hawak nito sa kamay nya.

Kaya naman bumaril at sumuntok sya habang hawak ng binata.

May mga pagkakataon na bigla syang iiwas ni Vane at may pagkakataon na sinasalo nya ang suntok na para rito.

Sa tuwing mangyayari iyon tinitignan sya ng binata ng matalim.

"O kasalanan mo iyan ayaw mo akong bitawan."

"Stop doing it Miss kung ayaw mong halikan kita sa gitna ng kaguluhang ito."

Natigilan sya. Inirapan ito.

Malapit na sila magtagumpay.

Ang mga miyembro ng DMC ay umaatras na at nagagapi na nila.

Hanggang sa duwag na tumakas ang ibang natira.

Napuno ng sigawan ang buong paligid ng marealize nang mga estudyante na nabawi na nila ang MC.

"Wooo we won!" Malakas na sigaw ng isa.

Na sinundan ng pagsigaw ng lahat.

Nagyakapan, may umiyak may mga humalakhak.

Sulit ang sakit pagod at dugong inilaan ng lahat dahil nabawi na nila ang paaralan.

Nakatingin lang si Ysa sa mga ito. Binitawan na rin ni Vane ang kamay nya.

"Guys magandang balita. Tagumpay din sina Stendi sa misyon nila natalo nila ang DMC na nagkukuta dito sa Maligdan, sa atin na ulit ang bayan natin." Nakangiting sabi ni Stephanie na nangingilid ang luha sa mga mata. "Pati ang mga pamilya natin at si Tita Sophie na binihag ay nailigtas na."

Nagliwanag ang mukha ng lahat.

Biglang niyakap si Ysa ni Stephanie at Barbie.

"Thanks... thank you Ysa. Hindi namin magagawa ito kung hindi nyo kami tinulungan." Sabi ni Barbie.

"Ugh! Ano ba ang bigat nyo." Si Ysa.

"Hey...hey enough girls may sugat sya dahan-dahan lang." Awat ni Vane na inalis ang dalawang babae sa kanya.

"Thank you." Sabi ulit ni Barbie na nakatingin ng deretso sa mga mata nya.

Kibit-balikat naman ang sagot ni Ysa.

"Wala naman akong ibang ginawa kundi ang iputok ang baril ko, parehas nyo."

May sasabihin sana si Barbie pero nagring ang cellphone nya.

Walang paalam na umalis sya sa harap ng mga ito at sinagot ang tawag.

Malungkot naman na sinundan ng tingin ni Stephanie at Barbie si Ysa.

"Galit parin sya sa atin." Naisatinig ni Stephanie.

Bumuntung-hininga Vane.

"She will come around. Maibabalik ulit natin sya. Maibabalik ulit natin ang Miss ko." He said habang malamlam ang tingin kay Ysa na nakikipag-usapan. Napalingon ito sa kanya. Isang malamig na tingin lang ang ibinigay ng babae, bago nito ininalis ang tingin sa gawi nya.

"Sa tingin mo mapapatawad pa nya tayo?" Tanong ni Barbie.

"Oo." Mabilis at siguradong sagot nya.

"*Oo dahil alam kong sya parin ang Ysa na nakikila natin at oo dahil alam ko na mahal nya parin ako*." Dugtong ng kanyang isip.

*****

Ilang araw pa ang lumipas nagtulong-tulong ang lahat ng taga Maligdan para maayos ang mga nasira maibalik ang ilan nawala.

Hindi man nila tuluyang nabura ang grupo DMC malaki naman ang nalagas sa miyembro nito.

Nabalita ang mga nangyari dahil sa dami ng mga namatay.

May mga pulis na dumating na ang alam ay mga terorista ang may gawa ng kaguluhan. Iilan lang ang may alam sa kapulisan at iyon ay ang mga miyembro ng D&A na nagtratrabaho bilang alagad ng batas.

Naharang na ni Don Federico ang balita, nagawa nitong magbayad para pigilan na masangkot ang grupo at pangalan nito.

Galit na galit ang mga Elder pero tulad ng payo ni Angela tumahimik ang mga ito at sa tulong ng babae nagsimulang tahimik na magplano ang D&A at Family para mapabagsak ng tuluyan ang grupo.

Bumalik sa dating normal na gawi ang MC. Nag-aaral at namb-bully ang mga estudyante.

At si Ysa...

Heto sya muling tinulugan ang klase nya.

"Santiago!" Sigaw ng professor nya.

Pupungas-pungas na dumeretso sya ng upo.

"Yes sir?" Tanong nya pa habang kinukusot ang mga mata.

"Anong yes Sir. Alam mo na ba ang ituturo ko at lagi mong tinutulugan ang klase ko?"

Simpleng kibit-balikat ang sagot nya.

"Kapag nakita ko ulit na natutulog ka, detention ulit ang ibibigay ko sayo."

Tamad na tumango siya sa banta nito.

Sino ba ang hindi tatamarin?

Mula ng maging regular ulit ang klase bumalik narin ang dating schedule nya. Iyong unang naging schedule nya ng bago pasok sya rito.

Hindi na nya kailangan tanungin kung sino ang may gawa niyon.
Dahil siguro naman sya na ang lalaking na sa likuran nya ang nagpabalik sa kanya.

Nang ring ang bell hudyat na tapos na ang klase.

Kahit nagsasalita pa ang guro tumayo na sya at dumeretso ng labas.

"Santiago."

Nagbingi-bingihan sya sa pagtawag ng guro nya.

"*Eh ano ba tapos na ang klase kaya tapos na ang oras nya."*

Nakaramdam sya ng pagkalam ng sikmura. Kaya imbes na sa susunod na subject, sa cafeteria sya nagpunta.

Umorder sya ng pizza at pineapple juice bago pumuwesto sa isang mesa na nasa gitna at buong ganang sinimulan ang pagkain.

Technically slave Elf parin sya. Utusan parin ng lahat. Pero dahil halos nakita ng lahat dito kung paano sya makipaglaban, takot na ang mga ito na utusan sya, na gustong-gusto naman nya dahil walang gumagambala sa kanya.

Ang nagpapagulo lang naman sa buhay nya ay ang isang Vane Montereal na laging nakasunod at nakabantay sa bawat kilos nya.

Naiinis na nga sya dahil kahit anong iwas nya nakabantay parin ito.

Himala nga at wala ito ngayon at hindi sya sinundan.

Busog na busog sya ng matapos at tulad ng dati madungis sya dahil wala syang pakialam kahit

magkanda mantsa-mantsa ang damit nya kapag kumakain sya.

Hawak ang baso ng pineaplle juice na tumayo sya.

Kasabay din ng pagtayo ng isa pang estudyante babae na nasa katabing mesa nya. Nagbabasa ito ng libro kaya hindi sya napansin at nabangga nito sya, dahilan para mabasa ang harapan na damit nya.

"N-naku s-sorry po." Gulat at takot na sabi ng babae ng makilala sya.

Tumango lang sya at di nagsalita ipinatong ang baso sa mesa bago naglakad palabas.

Dumeretso sya sa locker nya. Kinuha ang unang damit na nakita nya bago nagpunta sa Cr.

Its a yellow t-shirt na may design na strawberry sa tagiliran.

Walang sala-salamin na nagpalit sya sa loob ng cubicle saka dere-deretsong lumabas ng cr.

Habang naglalakad pinagtitinginan sya.

Simula naman ng magbalik sya rito pinagtitinginan na sya kaya hindi na niya pinapansin iyon.

Naglalakad na sya sa may quadrangle kasabay ang mga napakaraming estudyante nang mapahinto sya dahil nakatayo di kalayuan si Vane sa harap nya, mga sampung hakbang yata ang layo sa kanya.

Wala sana syang plano pansinin ito kung hindi nya lang napansin ang suot nitong damit.

"*Bakit iyan ang suot nya? Hindi naman nya suot kanina iyan ah?"*

Naglakad ito papalapit.

"Ano na naman pakulo iyan?" Taas kilay na tanong niya ng makalapit ito sa kanya, nag-iwan ito ng tatlong hakbang pagitan.

Pinagmasdan ni Vane ang suot na property shirt na binigay sa kanya ni Ysa. Tumaas ang sulok ng labi nya bago muling binalik ang tingin sa babae.

Hinagod nya ng tingin ang kabuoan nito at lumuwang ang pagkakangiti niya ng matuon ang tingin sa damit ni Ysa.

Lalo naman kumunot ang noo ng babae ng mapansin nito ang ngiti nyang iyon.

"Anong nakakatawa? Pinagtatawanan mo ba ako?"

"You know what Miss...kahit anong suot mo bagay sayo. Marumi, malinis, luma o bago, mamahalin o hindi. Lahat iyon kayang-kayang mong dalhin. Kahit ano man sa mga iyon ang suot mo maganda kaparin sa paningin ko..."

"Pinagsasabi mo?"

"pero iyang suot mo ngayon ang nakita kong bagay na bagay sayo at gustong-gusto ko. Nice shirt Miss hindi ako magsasawa na titigan ka lalo na kung iyang damit na iyan ang nakadikit sa katawan mo."

Napatingin si Ysa sa damit nya.

Ganon na lang ang panlalaki ng mga mata nya ng mabasa ang nakasulat sa damit na suot.

"***Back off she's mine"***
---V.C Montereal

Nanlalaki parin ang mga mata na ibinalik nya ang tingin sa binata.

"Meron pa sa likod gusto mo basahin ko."

Naglakad ito patungo sa likod nya.

Vane one and only PROPERTY.

Binulong nito iyon malapit sa tenga nya habang hinahapit sya nito papalapit rito.

Ginawa iyon ng binata habang ang mga mata ng lahat ay nakatingin sa kanila.

"Ngayon alam na nila na tayong dalawa at akin ka Miss Angelique Ysa Santiago...Montereal."

*****

H/n

Salamat sa pagbabasa sa boboto at magbibigay ng komento.???.

Kapag sinipag ako i-post ko sa fb ko iyong damit ni Ysa.??

Good day guys.

Helliza Sabida
3232018xfe 8:40

45. Tanggapin

"**Anong akala mo makukuha mo ako sa pamamagitan nito." Inis na sabi ni Ysa na lumayo mula sa pagkakahapit ng binata. Hinarap nya ito.**

"No." Ngumiti si Vane. "Kung ganito kita kadaling makukuha di sana matagal ko nang ginawa."

"Ganon naman pala eh. So anong ibig sabihin nito." Hinawakan nya ang mganggas ng damit. "At nyan." Sabay turo nya sa damit nito. "Akala ko ba ayaw mong isuot iyan sa harap nilang lahat." Tukoy nya sa mga eatudyanteng pinapanood sila.

"Noon. Noong akala ko na maproprotektahan kita kapag hindi nila alam na akin ka. But thing's different now. Ginawa ko ito para ipaalam sa lahat kung kanino ka, at kanino ako. I'm just claiming what's mine Miss."

Napatawa sya ng pagak kahit iyong puso nya sobrang bilis ng tibok.

"What yours? Nabagok ba ang ulo mo Montereal nakalimutan mo na bang hindi--"

"You're mine." Putol nito sa sinasabi nya. The way he say it talagang siguradong-sigurado ito. Habang nakatitig sa kulay tsokolate nitong mga mata gusto na nyang bumigay. Gusto na nyang tapusin ang lahat ng ito.

Hahakbang sana sya ng maalala ang pinag-usapan nila ng mga magulang nya.

Napahinto sya sa aktong paghakbang huminga ng malalim.

Nakita iyon ni Vane. Nabasa nya sa mga mata ng babae ang kagustuhan na lumapit sa kanya but she held herself. Nabasa nya rin ang pananabik sa mga mata nito bago napalitan iyon ng blanko emosyon.

Napakunot ang noo nya. "*Bakit*?"

Umakto syang lalapit sa babae pero umatras ito.

"Tsss. Bahala ka sa buhay mo." Sabi ng babae sa kanya saka mabilis syang tinalikuran.

Hindi sya humabol pero may isinigaw.

"Hey Miss. Don't you dare take that off. Kapag nakita kong ibang damit ang suot mo pasensyahan tayo pero idederetso talaga kita sa simbahan." Napahinto ito at nanlalaki ang mga mata na lumingon sa kanya, napangisi naman sya.

"You wouldn't-"

"Fuck your reasons, kung ano man iyan, na pumipigil sayo para bumalik sa akin. Huwag na huwag kang magpapalit Angelique Ysa dahil kahit pa pumalag ka sa simbahan talaga kita dadalhin." He said. Then he gave her a gentle smile. "See you later Miss." Saka sya umalis.

Napakurap-kurap naman si Ysa habang nakatingin sa papalayong bulto ng binata. Nang mawala ito sa paningin nya pinagpatuloy nya ang paglalakad hindi pansin ang mga estudyanteng nakatingin sa kanya.

"Kung ako sayo hindi muna ako magpapakasaya."

Huminto ulit sya sa paglalakad at napatingin kay Divine.

"Sino ang nagsasaya? wala naman akong nakikitang may nagp-party." Sagot naman nya.

"Alam mo ang ibig ko sabihin." Inis na sabi nito.

Ngumisi sya. "Pasensya na natatanga kasi ako hindi ko maintihan ang ibig mong sabihin." Pang-iinis nya pa.

"Hindi ko ibibigay sayo si Vane." She said.

"Ah... that, don't worry hindi ko rin naman kukunin lalo na at alam kong akin naman." Sagot nya.

Lalo itong nainis ang talim na nga ng tingin sa kanya.

"May Hunting game pa Ysa, hindi parin sya sa iyo."

"Okay lang hindi naman sya ang ipaglalaban ko kung sakaling sasali ako don." May sasabihin sana ito pero inunahan nya. "And you're barking in a wrong tree girl hindi naman ako ang naghahabol." Napailing-iling sya. "Go follow him. Convince him na sayo ipasuot ito." Itinuro nya ang damit.

Hindi ito kumilos. Kaya sya ang naglakad papalapit rito.

"Convince him na ikaw ang dalhin sa simbahan kapag hinubad ko ito." Then lumapit sya para bulungan ito. "Just convince him but don't fucking try to touch or kiss him because if you do, you will..." sinadya nyang bitinin ang sinasabi. Tinignan nya ito sa mga mata. Siguradong basang-basa nito roon ang nais nyang iparating. After that umatras sya. Nag-iwan ng isang ngisi rito bago pinagpatuloy ang paglalakad.

*****

Pauwi na sya ng kinahapunan ng bigla na lang syang kaladkarin ni Chezter at Stephano pabalik sa loob ng MC.

"Ano ba'to?" Tanong nya wala syang planong pumalag sa mga ito kahit na nga kaya-kayang nya.

Dinala sya ng mga ito sa covered court. Kung saan may mga estudyante din na curious kung ano ang nangyayari.

"Anong gagawin ko dito?" Inis na tanong nya.

Nagtaas ng kamay si Chezter. "Don't beat us napag-utusan lang kami."

Hindi na sya nagtanong kung sino ang nag-utos, dahil iyong alam nyang may pakana ay pumasok na din sa loob.

Suot parin ni Vane iyong property shirt na bigay nya. Tulad ng suot nya parin ang damit na bigay nito.

Nagtama ang mga mata nila at masuyo itong ngumiti sa kanya
Kunot noo ang sagot nya sa ngiting iyon.

Umakyat si Vane sa stage at tinignan si Ysa na nakasalubong ang kilay habang nakatingin sa kanya.

Iyong mga estudyante nagbulungan na lalo na't nahuhulaan na ng mga ito ang mangyayari.

"Stop." Pigil ni Vane kay Ysa na lalabas sana. "don't go Miss."

Huminto si Ysa sa paglalakad at humarap sa kanya.

Tumikhim si Vane. Ayaw man nya medyo nakakaramdam sya ng kaba sa gagawin nya. "Miss... alam kong nakantahan na kita. You also knew how ugly my voice is. Pero gagawin ko parin ito. I'll serenade you Miss kaya wag kang aalis...stay."

Hindi naman sumagot si Ysa pero hindi rin umalis.

Tumili ang mga kababaihan na naroon ng kumuha ng gitara si Vane.

Hindi magkamayaw ang mga babae this is the first time na kakanta ang isang Vane Montereal sa harap ng lahat, the first time na may haharanahin itong babae.

Pumuwesto ang binata sa harap ng mike pumikit at nagsimulang tumipa.

Lalong nagkagulo at mas dumami pa ang mga babaeng tumitili.

Ang ibang nasa labas napapasok dahil sa ingay.

When I Was Your Man
(Boyce Avenue feat. Fifth Harmony)(originally by Bruno Mars)

? [BA:]Same bed but it feels just a little bit bigger nowOur song on the radio but it don't sound the same When our friends talk about you, all it does is just tear me down Cause my heart breaks a little when I hear your name It all just sounds like oooooh..Mmm, too young, too dumb to realize ??

Maingay halos gumiba ang buong gym dahil sa tilian at sigawan na tumigil lang ng biglang umakyat si Ysa sa stage kinuha ang isang mike at siningitan sa pagkanta si Vane.

? FH:] That you should have bought me flowers And held my hand. ?

Nabigla si Vane pero itinuloy parin nito ang pagkanta.

? [BA:] Should have gave you all my hoursWhen I had the chance
[FH:] Take me to every partyCause all I wanted to do was dance
[BA:] Now my baby is dancing But she's dancing with another man. ?

Napanganga ang lahat dahil tila nagsasagutan ang dalawa sa pamamagitan ng pagkanta.

Madilim ang mukha at nakakunot ang noo ni Ysa habang malamlam naman ang kay Vane.

? FH:] Your pride, your ego, your needs, and your selfish ways Caused a good strong woman like me to walk out your life Now you never, never get to clean up the mess you made, ohh..And it haunts me every time I close my eyes It all just sounds like oooooh...?

Pero kahit na ganon magkaiban man ang emosyon na inilalabas ng bawat isa kitang-kita naman ng lahat

ang chemistry ng dalawa, na kahit si Divine hindi maiwasan na makaramdam ng panlulumo dahil sa mga mata ni Vane, nababasa nito ang pagmamahal na isinisigaw ng binata para kay Ysa.

? BA:] Although it hurt
I'll be the first to say that I was wrong
[FH:] Oh, I know its probably much too late To try and apologize for your mistakes So I just want you to know.I hope he buys me flowers I hope he holds my hand Gives me all his hours When he has the chance. ?

Napakurap si Ysa at muntik ng mawala sa tono dahil nagmagic sa harap nya si Vane na ngayon ay may hawak nang isang puting rosas.

"Guys nakita nyo iyon. Nagmagic si Master Vane." Gulat na sabi ng isang estudyante.

? BA:] Take you to every party Cause I remember how much you loved to dance. ?

Inabot ni Vane kay Ysa ang bulaklak. At hindi mapigilan ng binata na mapangisi ng mabasa ang pagkagulat sa mga mata nito. Sa kabiglaan nawala pa ng bahagya sa tono ang dalaga.

"Kelan nya natutunan iyon?" Tanong ni Ysa sa isip nya na wala sa loob na kinuha ang bulaklak.

? FH:] Do all the things you should have done When you were my manDo all the things you should have done When you were my man ?

Bigla syang hinapit ni Vane papalapit sa katawan nito.

? [BA:] Do all the things I should have done When I was your man..?

"Make me your man again Miss... come back to me." He whisphered na narinig ng lahat dahil nakatapat ito sa mike nya.

Hindi sya sumagot nakatitig lang sya sa brown nitong mga mata na sinisigaw ang pagmamahal sa kanya.

*****

Malakas na sinipa ni Ysa ang punching bag na nasa harap. Tagaktak na ang pawis nya sa katawan at humihingal narin sya sa pagod pero hindi parin sya tumigil.

Nasa bahay sya. Nang matapos sa panghaharana si Vane basta na lang nya itong nilayasan dahil hindi nya alam kung anong reaksyon at emosyon ang ipapakita nya.

"Come back? Come back to him? Make him my man again, gago ba sya?" Malakas na sabi nya pagkatapos magpakawala ng isang malakas na sipa. "Ang sakit mo sa bangs Bev."

Iniwanan nya ang punching bag at umakyat sa taas kung nasaan ang sala ng bahay saka sya dumeretso sa kusina. Umiinom sya ng tubig ng mapahinto dahil nakarinig ng kaluskos.

Hawak parin ang tumbler na dinukot nya sa gilid ng ref ang isang baril bago sya naglakad sa back door kung saan nya narinig ang ingay.

Hindi dahan-dahan ang kilos nya ngunit sadya naman na tahimik sya kung maglakad.

Nagpaputok sya kaagad ng may sumilip na baril sa may bintana.

Kasunod niyon naglabasan ang mga lalaking higit sampu yata.

Umalingawngaw ang tunog ng putok ng baril at nabasag na mga kasangkapan ng sabay-sabay syang sugudin ng mga ito.

Okay sana ang laban nagagawa nyang sabayan ang ito, kung hindi lang may isang lalaki ang bumuga ng kung ano sa mukha nya at nagpahilam sa kanyang mga mata.

"Shit!" Napamura sya ng makatanggap ng isang malakas na suntok sa sikmura na nagpaluhod sa kanya.

Hiwakan sya sa buhok ng lalaking sumuntok sa kanya. Hinawakan naman nya ang kamay nito at hinila nang matanya nyang pantay na sila inabot at binali nya ang leeg nito.

"Puta lumalaban parin."

"Hawakan nyo."

Mabilis syang tumayo at kahit nakapikit ang mga mata at walang makita nilabanan nya ang mga ito.

"Aw fuck." namilipit sya sa sakit ng may humampas sa hita nya malapit sa may tuhod.

Napahiga sya na naging dahilan para hindi sya makakilos kaagad. Itinakip nya ang mga kamay sa mukha ng pagsisipain sya ng mga kalaban nya.

"That's enough." Mula naman sa labas narinig nya ang pamilyar na tinig na iyon.

Humihingal at umuubo ng dugo na pilit nyang sinasarado ang isip sa sakit na nagsisimulang kumalat sa buong katawan nya.

"Bakit binugbog nyo?" Tanong ng lalaking bago dating. "Ang sabi itali nyo lang."

"Ang tinik boss, ayaw tumiklop kung hindi pa namin sinaktan."

"Itayo nyo." Utos ng lalaki.

Nahirapan ang mga ito na itayo at palakadin sya dahil sa kanang paa nyang nabalian yata dahil sa ilang beses na nahampas ng tubo at nasipa.
Nakapikit parin ang mga mata nya na nahihilam padin.

Alam nyang sa upuan nya sa may sala sya iniupo ng mga ito. Tiwala ang mga ito na hindi sya makakalakad o makakakilos dahil sa bugbog na natamo kaya hindi na sya itinali.

Hinawakan ng lalaking bagong dating ang mukha nya. Ramdam nya pa ang paghagod ng daliri nito sa pisngi nya.

"Sayang ka bata kung pinapasok mo ng maayos ang mga tauhan ko baka hindi ka nasaktan."

Ngumisi sya kahit nakapikit.

"Huwag na tayong maglokohan Gregor Delfin alam natin na ganito't ganito rin ang kakalabasan ko kahit na papasukin ko kayo ng maayos dito sa pamamahay ko."

Natigilan si Gregor, binitawan ang pisngi ng babae. Nagulat sya dahil nakilala sya nito kahit nakapikit ang mga mata nito at mas nagulat sya ng makita itong makipaglaban kanina. Ayaw nya pang maniwala na ito ang sinasabi na girlfriend ni Vane na malakas at tumutulong sa Family para hindi matalo ng DMC.

Ayaw nyang maniwala na ang tila isip bata at tatanga-tanga babaeng nakilala nya noon, ang tinutukoy ng mga tauhan nya.

Tumawa sya hinawakan ulit ito ng madiin sa pisngi.

"Sabagay tama ka pero kung sasabihin mo sa akin kung sino ang tumutulong at sumusuporta sa Family baka buhayin pa kita."

Tumaas ang isang sulok ng labi ni Ysa.

"Tsss kung papatayin mo ako, ngayon na dahil kapag ikaw ang naisip kong patayin baka hindi ka na makalabas ng nakatayo dito sa bahay ko."

"Matapang ka nga. Ibang-iba sa pinakita mo ng nasa bahay tayo." Diniinan pa ni Gregor ang pisil sa pisngi nya magkaganon man ngumisi parin siya.

"Gusto mong makita kung gaano ako katapang?" Tanong nya.

"Anong-? " nanlaki ang mga mata ni Gregor ng sa isang kisap mata lang nakuha na nya ang baril na nakatago sa ilalim ng bangko niya.

Mabilis na napatayo si Gregor na tinutukan nya.

Sa puso nya sana ito papatamaan, dahil kahit nakapikt nakikita nya ang ayos nito sa harap nya at ang layo ng lalaki base sa paghinga nito, ang kaso gumalaw ang kamay nya ng tamaan sya ng bala sa balikat .

Sa balikat din ni Gregor tumama ang bala nya.

Nagdive sya sa sahig para iwasan ang mga bala na tatama pa sa kanya. Nagtago sya sa kabila ng sofa.

Pikit matang gumapang sya patungo sa banyo. Kung gusto nya pang mabuhay kailangan nyang matanggal ang pesteng nasa mga mata nya.

"Huwag nyong palabasin." Narinig nyang utos ni Gregor.

"Gago sinong may sabing lalabas ako." Bulong nya na pagapang na narating ang banyo.

Mabilis nya isinarado ang pinto at hirap na hirap na pilit na tumayo para maabot ang sink.

Mabilis syang naghilamos.

Naririnig nya ang ingay ng putok ng mga baril, ang pinagtataka nya hindi ang kinaroroonan nya ang binabaril ng mga ito. Then nakarinig sya ng mga ungol.

Kumurap-kurap sya. Anag-ag palang ang nakikita nya pero sapat na iyon para matalo ang mga kalaban nya.

Huminga sya ng malalim habang ibinibigay sa may pinsala nyang paa ang bigat.

"Konting tiis lang Ysa mamaya ka na umaray." Pangungumbinsi nya sa sarili nang sumigid ang kirot sa paa nyang iyon.

Nagawa nyang mapamanhid ang sarili at ideretso ang tayo saka naglakad papunta sa pinto.
Napansin nyang wala nang ingay kaya mabilis syang lumabas.

Deretso at matapang nyang binuksan ang pinto. Ngunit nang salubungin sya ng mainit at pamilyar na yakap mula sa katawan na kilalang-kilala nya, bumalik ang sakit na bina-block nya.

"Shit!" Sabay nilang mura ni Vane ng bumigay ang mga paa nya.

"Fuck Ysa!" Nanlaki ang mga mata ni Vane ng makita ang itsura ng babae.

Duguan ito at may mga sugat sa mukha. Pinangko nya ito.

"D-damn anong ginagawa mo rito?" Tanong nito sa kanya.

"Tinatanong pa ba iyon alam mo bang halos paliparin ko ang sasakyan ko papunta rito ng malaman kong inaatake ang bahay mo."

"Tss... Pinalipad? Bakit ang tagal mo?" Tanobn nito habang mariin na nakapikit. Bakas din ang sakit sa tinig nito.

Nag-uumapaw ang galit sa dibdib nya. Papatayin nya ang may gawa nito.

"I'm sorry Miss." Bulong nya na hinalikan ito sa noo.

"Anong gagawin natin sa kanya Vane?" Tanong ni Chezter na hawak-hawak sa kwelyo si Gregor.

"Take him sya ang pagbabayarin ko sa ginawa kay Ysa."

Kahit nakapikit at nasasaktan hindi mapigilan ni Ysa na mangiti.
"*Good luck Gregor Delfin."* Sabi nya sa isip bago nya tuluyang pinablanko ang utak at tinulog ang sakit na nararamdaman.

Her Bev is here at alam nyang ligtas na sya at ito na ang bahala sa lahat.

*****

H/n

Salamat sa pagbabasa, sa mga mag v-vote at mag c-comment.

Thanks

Helliza Sabida

2292018uvf 8:30

46. Nagpapanggap

Nakahalukipkip habang nakasandal sa kama si Ysa.

Hindi niya inaalis ang tingin kay Vane na nakasandal naman sa pader at nakahalukipkip din tulad nya. Nakatingin rin ito sa kanya.

Patibayan ang dalawa walang gustong mag-iwas ng tingin sa kanila.

Gustong umalis ni Ysa dito sa bahay ni Vane. Dito lang daw sya sa bahay 'nila'. Ayaw ni Vane na palabasin sya. Nakacast ang paa ni Ysa. Kailangan nya pang gumamit ng saklay para makalakad. May mga sugat at galos rin sya.

Ayaw pumayag ni Vane dahil walang mag-aasikaso kay Ysa sa bahay nito. At walang plano ang binata na hayaan mag-isa ang babae. Hinding-hindi na sya papayag na masaktan ulit ng mga kaaway nya ang babae.

"I said uuwi na ako Montereal." Sabi ni Ysa.

"And I said na dito ka lang Miss."

Napabuga sa hangin si Ysa.
"Naman anong gagawin ko dito? Hindi ko naman bahay ito. Doon na lang ako sa bahay ko."

"Bahay mo 'to, bahay 'natin' ito Miss." Pinagdiinan ni Vane ang salitang natin.

"Hindi, hindi ko ito bahay. Wala akong hawak na titulo sa lupang ito, kaya pauwiin mo na ako." Inis na sabi ni Ysa.

"Titulo lang ba meron ako non, gusto mong makita? Pwede kitang bigyan ng kopya para makita mo na nakalagay duon ang pangalan nating dalawa."

Inirapan ni Ysa si Vane. Padarag na nahiga sya patagilid at tinalikuran ang binata, nagtakip ng kumot sa buong katawan hanggang ulo.

Napangiti naman si Vane sa ginagawa ng dalaga.

Lumapit sya sa kama at naupo sa gilid niyon.

"Miss..."

Nanigas si Ysa ng maramdaman nya ang pagpatong ng kamay ni Vane sa tagiliran nya, magkaganon man hindi sya umimik.

Napabuntung-hininga si Vane. "Miss hayaan mo na sana na alagaan kita. "

Napakagat-labi si Ysa. Pinipigilan ang sarili na sumagot.

Malungkot na ngumiti si Vane ng hindi nakatanggap ng sagot mula sa babae. Itinaas nya ang kamay na nasa bewang nito patungo sa ulo nitong nakatakip ng kumot at hinaplos iyon.

"Rest Miss maghahanda ako ng pagkain mo." He said saka sya tumayo at iniwan ito.

Nang masigurado ni Ysa na nakababa na si Vane bumalikwas sya ng upo. Kinuha ang bag nya na nasa ibaba ng kama ng at inilabas mula roon ang cellphone nya.

"Hello Ma..."

"Hi Baby."

"Waaa Mama pwede ba bati ko na si Bev kawawa naman sya ayaw ko na umarte." Bungad nya kaagad.

"Hindi pwede Ysa." Matigas na tutol naman ng Mama nya.

Naipadyak nya iyong paa nyang hindi nakacast.

"Pero Mama naman eh. Bakit kailangan ko pang magkunyaring galit kung hindi naman na ako galit. Saka gusto ko na po mayakap si Bev ko. Sige na po bati na po kami."

Bumuntung-hininga si Angela. Sinabi na nga nya't hindi makakatagal sa pagpapanggap na ito ang anak nya. "Ibigay mo na sa amin ito Ysa. Gusto lang namin makilala ng Papa mo iyang Vane Montereal na iyan."

Ngumuso sya si Ysa
"Bakit ba kasi Ma? Di ba kilala nyo naman si Vane. Alam nyo pangalan nya, tirahan. Pwede nyo naman syang tanungin para mas makilala nyo pa sya o kaya paimbestigahan. Hindi ko po talaga magets kung bakit kailangan ko pa syang awayin para makilala nyo sya."

"Angelique Ysa."

Napasimangot sya ng mahimigan ang tigas sa tinig ng Ina. "Oo na po. Sige po hindi ko po muna bati parin si Bev. Aawayin ko parin po sya."

"Good, dahil kapag hindi mo ako sinunod. Ibibili kita ng isang daang pakete ng sigarilyo at uubusin mo iyon sa loob ng isang o---."

"Ba-bye Ma i love you po pati rin po si Papa. Promise po hindi pa po kami bati ni Bev galit pa po talaga ako sa kanya Ma. Bye, bye mwaah."
Dali-dali nyang binaba ang tawag.
Nalaman kasi ng Mama nya na bumalik sya sa paninigarilyo at nagalit ito. Sinabi nito sa kanya na kapag nagsigarilyo pa sya ulit ibibili daw sya nito ng isang daang pakete at uubusin nya sa loob ng isang araw.

Syempre nangako sya na hindi na uulit. Nakakatakot pa naman ang mama nya dahil pag sinabi nito talagang ginagawa nito.

Nahiga ulit sya sa kama.

Kanina nya pa gustong yumakap kay Vane. Maglambing dito tulad ng dati. Okay naman na eh hindi naman na sya galit. Hindi nya kayang magalit rito ng matagal. Kaya hindi nya maintindihan kung bakit kailangan nya pa mag kunyari na galit.

Bakit pahihirapan nya pa si Vane kung pwede naman na hindi na?

"Aissh hindi ko talaga sila maintindihan."

"Sinong kausap mo?" Mula naman sa baba ay tanong ni Vane.

"Sarili ko Bev." Wala sa loob na sagot niya, bigla nyang naitakip ang kamay sa bibig. Shit nadulas sya.

Si Vane natigilan hindi alam kung tama ba ang narinig na tawag sa kanya ni Ysa, kaya dali-dali umakyat.

Ang pormal na mukha ni Ysa ang sumalubong sa kanya.

"What did you say?" Mahina nyang tanong. Umaasa na marinig ulit ang mga salitang narinig nya kanina.

"Paulit-ulit Montereal? Sabi ko gusto ko ng umuwi." Sagot ni Ysa. "*Sabi ko pakiss naman Bev."* Sabay din na sagot ng isip nya.

Bahagyan naman na lumambong ang mukha ni Vane.

"*Waaa Bev sorry na. Sina Mama kasi gusto pa magalit ako sa sayo. Hindi ko maintindihan kung bakit? Siguro gusto nila makita kung hanggang saan ang kaya ko pagnagagalit. Ang hirap-hirap kaya na laging salubong ang kilay at hindi ngumingiti dapat naglaro na lang kami ng poker at isinali ka para lagi nila ako makita na nakapormal."* Naisip ni Ysa habang nakatingin sa mukha ni Vane.

Malungkot na ngumiti ang lalaki sa kanya.

"Tapusin ko lang iyong niluluto ko."

"*Si Bev o, alam na gwapo sya kahit malungkot kaya hindi na tawa. Smile ka na Bev...sige na."*

Tumango sya. At iniwas ang tingin rito. Hindi niya ito sinagot kaya tahimik ito bumaba.

"*Waa kawawa naman si Bev ko. Promise talaga kapag binati na kita Bev ililibre kita ng ilang kahon pizza promise ko yan hindi ako manghihingi."*

*****

"Kain na Miss." Ibinaba ni Vane ang tray ng pagkain sa harapan ni Ysa.

Nanlaki naman ang mga mata niya.
"Ang dami." Wala sa loob na nasabi nya.

May kanin, may afritada, pakbet, fried chicken. May strawberry cake at strawberry juice pa. Bigla tuloy syang naglaway.

"Papatayin mo na ba ako Montereal?"

Nagulat si Vane sa tanong ng babae.

"Syempre hindi " salubong ang kilay na sagot ng binata. "Bakit kita papatayin? Di parang pinatay ko na din sarili ko non."

"*Hala nagalit si Bev, tinatanong ko lang naman Bev."*

"Nagtatanong lang ako Montereal."

"Huwag kang magtatanong ng mga ganyan sa akin. Dahil mauuna pa akong mamatay kapag sinaktan ulit kita." Sabi nito.

Napahigpit ang kapit nya sa kumot ng tumaas ang kamay nito at haplusin ang pilat nya sa pisngi.

"Hinding-hindi ko na mapapatawad ang sarili ko kapag nasaktan pa kita."

"*Okay lang yan Bev huwag mong patawarin ang sarili mo. Ako na lang mags-sorry para sa kanya, para mapatawad mo sya."*

"Tsss kakain na nga ako."

"*Huhuhu nakakabaliw ito, iba ang gusto ko sabihin sa dapat kong gawin. Ano ba kasi gusto ni Mama at Papa?"*

Tahimik syang kumakain habang pinagmamasdan sya ng binata.

Napangiti si Vane ng makita nya na mauubos na ni Ysa ang pagkain na hinanda nya. Makukuntento muna sya sa ganito, basta nasa tabi nya ang babae.

Nang matapos, sya na ang nagpunas sa bibig at pisngi ng babae nagkalat kasi ang icing ng cake doon.

Pagkatapos ibinaba nya ang mga pinagkainan nito sa kusina bago dali-daling umakyat ulit.

Eksakto naman na hinuhubad ni Ysa ang pang-itaas na damit nito.

Nanlaki ang mga mata niya lalo na ng tuluyang maalis nito ang suot at tanging ang yellow bra na lang ang pang-itaas nito.

Napalunok sya ng pagmasdan ang katawan nito. May mga pasa man at sugat hindi iyon nakabawas sa ganda ng katawan ng babae.

"O anyare kay Bev mukhang natatae na naman?" Pamilyar kay Ysa ang ganon ekpresyon ng lalaki nakita nya na iyon ng ilan beses. "*Kapag nagkabati kami ni Bev lagi akong maghahanda ng gamot pang LBM mukhang maina ang tyan nya eh."*

"B-bakit naghubad ka?" Tanong nito.

"*Syempre maliligo ako eh, si Bev o, may naliligo bang nakadamit?"*

"Wala kang pakialam." Sagot nya sa binata. Kinuha nya ang saklay at tumayo.

"Padaan Montereal."

"Saan ka ba pupunta?"

Pinandilatan nya ito ng mga mata.
"Maglilinis ako ng katawan kaya tabi."

"Sasamahan na kita."

"*Eh? Sasama si Bev? Maliligo din sya? Ay masaya iyon hindi pa kami nakakapagsabay maligo*."

"Ayaw ko nga. Maligo ka mag-isa mo. Bakit sasama ka pa sa akin?" Tanong nya sa lalaki.

Natigilan si Vane.

"What I mean..." napatikhim ito. "...aalalayan na kita papunta sa banyo Miss."

"Ay sayang akala ko sasabay ka maligo Bev maglalaro sana tayo paramihan makagawa ng bula."

"Kaya ko sarili ko." Dadaan sana sya sa gilid ng binata ng mabilis nitong agawin ang saklay sa kanya napahilig tuloy sya sa katawan nito upang makabalanse.

"*Ay hala ayan na naman iyong kuryente. Minsan talaga i-try ko magcharge kay Bev. Baka makapagbattery full ako."*

"Ano ba." Lalayo sana sya kay Vane pero maagap itong nakahapit sa kanya at nabuhat sya.

"*Waa ang bango talaga niya."*

"Anong ginagawa mo put me down." Singhal nya rito. Hindi sya nito pinansin. Bagkus humigpit ang hawak nito sa hita nya at balikat. Walang imik na bumaba ito ng hagdan.

Matatalim ang tingin nya sa binata pero palihim nya itong inaamoy.

"*Hmmm bango-bango talaga."*

Nakarating sila sa loob ng banyo. Nakalapit sa bath tub.

"Ibaba mo na ak---" Isang tili ang lumabas sa bibig nya ng madulas si Vane nang di sinasadyang naapakan nito ang isang basang tuwalya.

Dere-deretso silang bumagsak sa bath tub na may tubig.

Sa ibabaw ni Vane sya bumagsak dahil pinihit nito ang katawan para masalo sya, sa laki ng bath tub nito shoot na shoot talaga sila.

Tumalsik ang tubig sa buong paligid.

Parehong nakaawang ang mga labi at nanlaki ang mga mata nila ni Vane.

Ramdam ni Ysa ang pagkabasa nya. Lalo na si Vane na mas nabasa dahil nasa ilalim nya. Pati mukha nito at buhok nabasa.

Ilang sandali silang nagtitigan.

"Shit sorry Mis--" nahinto sa pagsasalita si Vane ng bigla tumawa si Ysa. Iyong tawang kinakasabikan nyang marinig, iyong tawang lagi nyang naririnig dito...noon.

"I miss that." He said na nagpahinto sa pagtawa ng babae, bagamat nanatiling nakaunat ang mga labi nito. Hindi niya napigilan ang sarili na itaas ang kamay at haplusin ang mga labing iyon. "Parang napakatagal na panahon na mula ng huli kong narinig ang tawa mo my innocent Miss." Humaplos ang

hinlalaki nya sa pang-ibabang labi nito. Tinitigan ito ng deretso sa mga mata. Umawang ang mga labi nito. Doon naputol ang pagtitimpi nya. Kinabig nya sa batok ang babae at mapusok na hinalikan.

Nanlaki ang mga mata ni Ysa. Iyong mga kamay nyang nakatukod sa tub na may tubig tumaas at napahawak sa balikat ng binata.

Napapikit sya. Napatugon. Pansamantalang nakalimutan nya iyong usapan na huwag munang babatiin si Vane.

Natigilan naman si Vane sa pagtugon ng babae, sandali lang dahil mas naging mapusok sya sa ginagawang paghalik ng maramdam iyon.

Iyong mga kamay nya humahaplos sa bewang ng dalaga na nagpapaungol dito.Mas kinabig nya ito padikit sa basa nyang katawan.

Mas lalong nawala sa sarili si Ysa ng maglapat ng todo ang katawan nila.

"*Hala bakit ang init?"*

Nasa tubig sila pero bakit para silang nilalaga ni Vane.

"*Hindi kaya may kalan sa ilalim nitong bath tub o kaya may hot spring dito?"*

Hindi sinasadyang nasagi ni Vane ang may pasang tagiliran ni Ysa.

"Ouch!"

Mabilis na nailayo ni Vane ang sarili sa babae. Noon nya narealize ang ayos nila.

Nakahiga sila sa may bath tub nakalubog ang halos kalahati ng mga katawan sa tubig.

Basang-basa si Ysa. Basa pati ang na c-cast nitong paa.

"Fuck." Mura nya

"*Anong iniisip mo Montereal?*" Kastigo nya sa sarili.

Marahan nyang itinayo ang sarili, marahan dahil isinabay nya si Ysa sa pagtayo.

Pinagmasdan nya ito na sya nyang pagkakamali dahil kahit nakapajama ito at bra para narin itong nakahubad sa harap nya dahil sa bumakat ang mga hindi dapat bumakat.

"Fuck." Bigla nyang kinuyumos ulit ito ng halik na mabilis nya ding tinapos idinikit nya ang noo sa noo ng babae.

"Gustong-gusto mo talagang subukin ang pagtitimpi at kontrol ko sa sarili Miss." Sabi niya. Bumakas ang pagtataka sa mukha nito.

Ngumiti sya. "Do what you need to do Miss lalabas na ako bago pa mas uminit ang eksena natin dito. Tatawagan ko si doc para ma check iyang nabasa mong cast." Iyon lang at mabilis syang lumabas ng banyo.

Napasuklay sya sa buhok at mariin na napapikit. Nakikita nya parin ang katawan ni Ysa.

"Shit." Umalis sya sa harap ng banyo bago niya pa maisipan na pumasok ulit.

Nasa sala na sya ng matanaw nyang may tao sa labas ng bahay nila.

Kumunot ang noo nya at lumabas.

"Anong ginagawa mo rito?"

Hindi muna sumagot si Divine. Pinagmasdan niya ang basang katawan ng binata.

"*Anong ginagawa nila at basa sya?"* Nakaramdam sya ng inis at pagseselos.

"Anong ginagawa mo rito Divine?" Tanong ulit ng lalaki sa kanya.

"Masama bang dalawin ko ang boyfriend ko?"

Nagsalubong ang kilay nito.

"Alam mong kahit kailan hindi mo nakuha ng totoo ang titulong iyan."

Nagpuyos ang loob nya.
"Alam ko pero handa kong ipaglaban ka sa hunting game. Hindi ako makakapayag na mapunta kana lang basta-basta sa babaeng iyon."

Tumawa ito ng pagak. "Kahit sumali ka don wala kang ipaglalaban."

Napakagat-labi sya at napatingin sa bintana ng bahay. Nagkasalubong ang mga mata nila ni Ysa.

Ngumisi sya.

"Pero hindi parin ako papatalo sa kanya." As she said that mabilis syang lumapit sa binata at hinalikan ito ng mariin.

Hindi ito kaagad nakahuma kaya napalalim nya pa ang halik. Kumapit sya ng mahigpit sa braso nito.

Tinignan niya si Ysa na walang emosyon na nakatingin sa kanila.

"*Kanino sya ngayon bitch?"* Mensahe ng mga mata nya.

Nagawa syang maitulak ni Vane.

Hindi na sya nagpumilit na ilapit ang sarili rito. Ayos lang, naipakita naman nya kay Ysa na sa kanya ang binata.

"What the hell! Bakit mo ginawa iyon?"galit na tanong ng lalaki sa kanya.

Matamis nyang ngitian si Vane.
"Para ipakita sa kanya na akin ka?" She said.

Nanlaki naman ang mga mata ni Vane. Napalingon sya sa bahay at nakita nya na nakatayo sa may

pinto si Ysa. Nakaroba na at nakahalukipkip habang walang emosyon ang mukha na pinapanood sila.

"Nakita mo iyon diba Ysa. Hindi ko basta-basta bibitawan si Vane. Magharap tayo sa hunting game at papatunayan ko sayo na ako ang karapat-dapat sa kanya." Hamon ni Divine sa babae na sinagot naman ni Ysa ng malamig na tingin.

Mas lalong nabahala si Vane sa hindi pag-imik ng babae.

"Alis." Sabi niya kay Divine. "Umalis ka na bago ko pa makalimutan na babae ka."

Nawala ang nang-aasar na ngiti sa mga labi ni Divine, bagamat taas-noo parin sya nitong tinignan.

"You'll be mine Vane." Huling salita ni Divine bago ito sumakay sa sasakyan nito.

Lalapitan sana ni Vane si Ysa nang muli isang sasakyan ang dumating.

Nakikilala nya ang lalaking lumabas mula roon. Si Fabian Torres ang butler ng lolo nya sa Villa.

"Master." Yumukod ito.

"What are you doing here?"

"Pinapasundo po kayo ng Elders."

Kumunot ang noo nya. "Why? Pakisabi busy ako---."

"Kasama po si Lady Ysa."

Mas lalong nagsalubong ang kilay nya.

Napatingin sya kay Ysa.

"Anong kailangan ng lolo sa amin dalawa?"

*****

H/n

Salamat sa pagbabasa, sa boboto at magkokomento.???

Helliza Sabida
4112018gsj 13:00

47. Laro

Thanks po sa Book cover???

Hunting Game.

Ang laro ng Family mula pa noon.

Isang laro na syang magsasabi kung sino ang karapat-dapat na maging pareha ng kani-kanilang anak, pinsan o apo.

Laro na susukat sa kakayahan ng taong iyon.

Hunter ang tawag sa kalahok.
Prey ang tawag sa taong ipinaglalaban nila at gustong makuha.

1st stage ay ang pangangalap ng simbolo ng taong nais mong makuha. Mga simbolo na nagkalat sa villa o dala ng mga pangunahing tauhan ng Family. The best fighters na nagmula sa Maligdan, sa tatlo pang bayan at sa iba pang sulok ng Pilipinas. Meron isang oras ang Hunter na makompleto ang mga simbolo at makapunta sa Oasis kung saan magsisimula ang stage 2.

2nd stage. Kapag na kompleto ang tatlong simbolo. Lahat ng mga kasaling nakakompleto ay maglalaban-laban at mag-uunahan na makuha ang nag-iisang susi na maghahatid sa kanila sa next stage ang unang makapagbukas ng steel gate ang syang papasok sa 3rd stage.

And the 3rd and last stage ay ang pagharap sa Guardian. Ang Guardian ang may hawak ng singsing na kailangan mong maisuot sa iyong daliri at magdedeklarang ikaw ang panalo. You need to get the ring no matter what, na hindi naman basta-basta ibibigay ng Guardian. Madalas walang nananalo dahil walang makatalo sa Guardian.

Kada Prey ay may Guardian, lahat ng Hunter may susundan na mga tanda para sa tamang daan sila madala. May mga sitwasyon na naliligaw ang mga Hunter at sa ibang daan ang mga ito napupunta, ibang Prey ang na t-track nila. Sa mga ganoong pagkakataon may nagpupumilit na bumalik sa mga Prey nila, ang iba ay tinutuloy ang laban at bahala na kung sino Prey ang makukuha habang ang iba naman ay sumusuko na.

Basta maisuot mo ang singsing ng isang Prey sayo na sya. Paano mo man ito naisuot, ayaw man sayo ng Prey o gusto. Boto man ang pamilya nya sayo o hindi. Wala ng magagawa ang mga ito kundi tanggapin ka.

Sa Hunting Game basta naipanalo mo ang laban sayo na ang Prey. No question asked. Lahat igagalang ang pagkapanalo mo.

*****

Tinignan ni Yverez si Ysa pagkatapos na ipaliwanag ng tauhan nya sa babae kung ano ang Hunting Game. Alam nyang naipaliwanag na iyon sa dalaga noon, pinaulit nya lang dahil wala sya ng unang beses na mangyari iyon. Gusto nyang makita kung ano ang reaksyon nito sa laro.

"Sasali ka pa ba?" tanong nya.

"Of course." mabilis na sagot nito.

"Kung ganon tinatanggap kita bilang Hunter ni Vane---."

"Oppsss lilinawin ko lang. Sasali ako, pero hindi si Vane Montereal ang ipaglalaban ko. Hindi sya ang magiging Prey ko." Putol ng babae sa kanya.

Natigilan sya. Napatingin sya kay Vane na nakatingin sa may bintana at nakatiim ang bagang.

"W-what? Why?"

Nagkibt-balikat ito.

"Gusto ko lang. Si Rolf Vasquez ang kukunin ko sa palarong iyon. He will be my Prey. " She said bago ito tummayo at kinuha ang saklay.

Napatayo sya ng maglakad ito papunta pinto.

Gusto nya itong pigilan pero tinatalo sya ng pride.

Tuluyan ng nakalabas si Ysa.

"Anong ibig sabihin niyon? bakit si Rolf ang ipaglalaban nya at hindi ikaw?"

"Dahil iyon ang gusto nya." sagot sa kanya ng apo nya.

"at hahayaan mo na lang? Kung ipaglaban mo sya sa akin noon parang handa kang itakwil ang lahat ng meron ka mapasayo lang sya, ano't ngayon parang hahayaan mo na syang mapunta sa iba." Galit na sabi niya sa apo.

"Hindi ko naman sinabing hahayaan ko." Tinignan sya ni Vane. Seryoso ang tsokolateng mga mata nito.

Napaiwas sya ng tingin. Kahit kailan kung hindi sya galit na galit hindi nya magawang tignan ng deretso sa mga mata ang apo.

Ang mga mata nito ang nagpapaalala sa babaeng minahal nya at pilit na kinakalimutan. Ang babaeng dahilan kung bakit galit na galit sya kay Federico.

"Ipaglaban nya ang gusto nyang ipaglaban wala akong pakialam dahil alam ko naman sa huli akin parin sya."

Natigilan sya sa sinabi ng apo.

"*Kahit hindi sya manalo sa laban wala akong pakialam dahil sa dulo parin ng larong ito, kanya parin ako*

at sa akin parin sya."

Sumagi sa isip nya ang mga katagang iyon. Mga katagang sinabi nya sa ama nya noon. Dito rin sa bahay na ito sa kaparehong kwarto nya ipinaglaban ang babaeng mahal na mahal nya.

Ana Luisa Montereal. Ang nag-iisang babae na minahal nya, ang nag-iisang babaeng nagbigay ng kulay sa mundo nya. Ang babaeng namatay dahil sa pagmamahal sa kanya.
Nagsisi sya dahil pilit nyang ibinagay ito sa mundo nya.

At ngayon nagsisi naman sya dahil pinagsisihan nya na nakasama ito.

Mali sya. Mali syang sinisi ang sarili sa pagkamatay ng mahal nyang asawa. Mali na pinagsisihan nyang pinakasalan ito at ipinasok sa mundo nya, maling-mali. Hindi nya dapat pinagsisihan na nakasama nya ito. Hindi dapat. Dahil ang araw na nakasama nya ito ay ang araw na pinakamasaya at pinahahalagahan nya. Hindi sya makapaniwala na ang masasayang araw na iyon ay dinungisan nya ng galit.

Hindi dapat sya nagsisi dahil hindi ito mahina. In her own way she's strong. Nagawa nga nitong manalo sa Hunting Game. His Ana Luisa...hindi ito mahina, ginusto nito na pumasok sa mundo nya dahil mahal sya nito.

Binuksan ni Vane at nang pagmamahal nito kay Ysa ang mga mata nya.

Nagsisisi na sya na pinaghiwalay nya ang dalawa, pinatawag nya ang mga ito para bigyan ng tulong si Ysa sa darating na Hunting Game pero anong tulong ang ibibigay nya kung iba na ang ipaglalaban ng babae sa laro.

Tinignan nya ang galit na mukha ng apo.

"Ano...ano ang maaring itulong ko?" Naitanong nya na nagpabakas ng gulat sa mukha ni Vane.

"S-sir?"

Matipid syang ngumiti.

"Lolo... call me lolo dahil ito ay usaping pamilya. Hayaan mong tulungan kitang maipanalo sa larong ito ang babaeng mahal mo apo."

*****

"**Anong ginagawa mo rito?" Tanong ni Ysa ng pumasok sa silid na inookupa nya si Vane**.

Hindi sumagot ang binata. Bagkus nilapitan sya nito at pinangko mula sa pagkakahiga nya.

"Ano ba." Singhal nya na hindi nito pinansin.

Lumabas sila ng kwarto na wala itong sinasabing kahit anong salita, kaya hindi rin sya umimik.

Palihim na pinagmasdan ni Vane ang dalagang karga-karga. Hindi sya nagsasalita para maiwasan nya na makarinig ng masasakit na salita rito.

Hindi nito binanggit ang nasaksikhan na halikan nila ni Divine at hindi niya maiwasan na sumikip ang

dibdib.

Wala itong reaksyon meaning wala itong pakialam, at ang pagiging walang pakialam ay katumbas rin ng wala ng pagmamahal.

Ayaw nyang isipin na wala ng pagmamahal sa kanya ang dalaga.

Ayaw nya, masasaktan sya ng sobra, ngayon pa lang halos hindi na sya makahinga sa isipin na tuluyan ng nabubura ang pagmamahal nito sa kanya

"*Ganito ba ang naramdaman mo ng hindi kita pansinin? Nang ipagtabuyan kita noon? It's fucking hurt Miss at gusto kong gulpihin ang sarili ko dahil pinadama ko ang ganitong sakit sayo."*

"Bakit dito mo ako dinala?" Tinig ni Ysa na gumising sa nag-iisip nyang utak.

Sa kanyang kwarto nya ito dinala. He will be damned kung papatulugin nya ito sa ibang silid kung pwede naman ito sa kwarto nya.

Marahan nyang ibinaba si Ysa sa kama.

Hindi naman ito umimik. Nakakunot lang ang noo na nakatingin sa kanya.

Hindi gusto ni Vane ang ganon nitong reaksyon. Mas gusto nyang may sabihin ito, magalit dahil nakipaghalikan sya sa iba.

"Iyong tungkol sa paghalik ni Divine sa akin hindi ko ginusto iyon---"

"Hindi mo kailangan magpaliwanag hindi naman tayo magkaano-anong dalawa." Malamig na putol nito sa pagsasalita nya.

Natigilan sya. Kumuyom ang mga kamao.

"Okay. Pero gusto ko pa rin magsorry at nangangako ako na wala ng ibang makakahalik sa akin maliban sayo." Sabi nya. Yumuko sya at kinumutan ito. "Good night Miss." Binigyan nya ito ng halik sa noo bago umalis.

Naiwan si Ysa na napabuntung-hininga, umupo sya. Unti-unti kumuyom ang mga kamao nya nalapirot ang itim na kumot na kanyang hawak.

Pumikit sya ng mariin. She've an urge to go out and hunt Divine, kill her. Her body trembled.

Nagmulat sya ng mga mata. Her eyes was so dark.

Kailangan nyang mailabas ang galit na ito, hindi pwedeng mahiga lang sya rito.

Aktong tatayo sya ng may mahagip ang mga mata nya.

Unti-unting nawala ang pandidilim ng kanyang mga mata. The lethal glint in her eyes ay nawala, napalitan iyon ng kainosentihan. Napakurap-kurap sya.

"Bevrry?" Namilog ang mga mata nya ng makilala ang stuff toy, gamit ang isang paa tumayo sya at inabot iyon.

Niyakap nya ang stuff toy at inamoy iyon ng muli syang mahiga sa kama.

Kumalma ang sistema nya ng masamyo ang pamilyar na amoy ni Vane.

"Ikaw Bevrry ha bakit gumagala ka iniwan kita sa bahay namin diba?" Kausap nya sa stuff toy. Itinaas nya iyon. "Galit ako kay Bev alam mo ba iyon. Oo alam ko hindi naman sya ang humalik pero nakakabad trip parin kasi." Tumagilid sya muling niyakap ang stuff toy. "Bahala sya hindi talaga sya ang ipaglalaban ko sa Hunting Game." Ipipikit na sana nya ang mga mata ng makita nya ang isang cellphone na nakapatong sa side table sa may kaliwa ng kama.

Alam nyang kay Vane iyon. May nakasalpak pa ngang headset. Wala sa loob na kinuha nya.

Ilang segudo na tinignan nya ang nakasulat na insert password bago tumipa ang kamay mga daliri nya.

She typed Vane Cedric Montereal .

Wrong Password Try Again, ang sagot sa kanya.

Knight Hunters

Wrong again.

Then she typed, ANGELIQUE YSA MONTEREAL.

Nanlaki ang mga mata nya ng tanggapin iyon.

"Hala pangalan ko at apelyido nya ang ang password ng cellphone nya. Tsss ang dali naman hulaan hindi man lang hinirapan ni Bev ang password nya."

Naisip nya habang isinasalpak ang headset sa tenga at pinindot ang play button.

Napaawang ang mga labi nya. Hindi kanta ang last played doon.

Nagsalubong ang kanyang mga kilay.

"Anong---." At dahil sa napakinggan pinakialaman nya na ng tuluyan ang cellphone ng binata.

*****

Hunting Game.

"Sigurado ka ba na sasali ka kahit kakatanggal palang ng cast sa binti mo?" Ang tanong ni Barbie kay Ysa.

Hunting Game na. Its been three days simula ng ipasundo sila ng lolo ni Vane.

Nasa kwarto pa sya ni binata, naghahanda sa gaganapin na laro. Kakatanggal pa lang ng cast sa binti nya actually hindi pa dapat tatanggalin pero sagabal lang iyon sa magiging laro nya kaya nagpilit sya. Medyo makirot pa nga kapag tinatapak ng madiin.

Kibit-bakikat ang sagot nya sa tanong ni Barbie. Nagsisintas na sya ng sapatos.

"Ysa..." nag-angat sya ng tingin.

"Gusto ko sana magsorry..."tumikhim si Barbie. "sa...sa lahat. Alam kong hindi namin dapat ginawa iyon. We just did that dahil iyon ang akala naming tama. Kung nasaktan ka man namin hindi namin ginusto iyon. In behalf of Knight Hunters we're sorry to what we did to you. Patawarin mo na sana kami."

Nang maisintas ang sapatos dumeretso ng tayo si Ysa tinignan ng deretso sa mga mata si Barbie.

"Past is past. Lahat ng mga nagawa na at nangyari na hindi na pwede balikan o baguhin." Pagkatapos ngumiti sya rito ng matamis. "Kaya alam kong magalit man ako sa inyo hindi parin niyon mababago ang mga nangyari, so it's okay now. Nagalit man ako pero sandali lang, mga kaibigan ko kayo Lady Barbie at hindi ko kaya magalit ng matagal sa isang kaibigan."

Bumakas ang pagkabigla sa mukha ni Barbie.

"I-ibig mo bang sabihin okay na? Hindi kana galit?"

Umiling sya. "Hindi na po ako galit at bati ko na po kayo lahat. "

Kasabay ng pagtili ni Barbie ay ang pagyakap nito kay Ysa ganon din ang pagpasok ng tatlo pang miyembro ng First Four ng KH.

"Tama ba ang narinig namin?" -Chezter.

"Hindi ka na galit?"-- Stephanie

"Bati mo ma kami?" --Stephano.

Nakangiting tumango sya sa mga ito.

Nanlaki ang mga mata nya ng sabay-sabay syang yakapin ng mga ito.

Gumewang ang tayo nya at muntik na silang matumba dahil ang naipansalo niya sa bigat ay ang injured nyang hita.

"Waaa a-aray."

Mabilis na lumayo ang mga ito sa kanya

"OMG sorry." Si Stephanie.

"Grabe kayo ang bigat nyo po. Akala ko mapipisat na ako eh." Sya.

Natawa ang apat.

"Wala ng bawian Ysa ha, hindi ka na galit." Sabi ni Chezter.

"Basta po ba ilibre nyo ako ng pizza pagtapos ng Hunting game bating-bati ko na talaga kayo. Pangako po iyan. Peksman mamatay man si Batman." Sabi ni Ysa na itinaas pa ang kanang kamay bilang panunumpa.

"We missed you." Halos sabay na sabi ng apat.

Tumango naman sya. "Na miss korin po kayo."

Pumailanlang ang tunog ng isang kampana.

Natigilan sila. Ang tunong ng kampanang iyon ay hudyat na malapit ng magsimula ang Hunting Game.

"Tara na." Yaya ni Ysa.

"Teka Ysa sandali." Pigil ni Chezter sa babae ng aktong lalabas na ito.

"Hmmm?"

"Talaga bang si Rolf ang ipaglalaban mo? Ang syang Prey mo? Nagawa mo kaming mapatawad. Bakit hindi si Vane. Kung sa pagsisi lang mas nagsisisi sya sa mga nagawa nya sayo. Patawarin mo na sya Ysa, at sya ang ipaglaban mo."

Ilang segundong tinignan ng dalaga ang apat na tahimik na naghihintay ng kanyang tugon.

Bumuntung-hininga sya.

"I'm a D&A may utos sa akin na kailangan kong sundin. Iba man ang 'gusto' kong gawin, sa 'kailangan' kong gawin, salungat man ito sa lahat ng nararamdaman ko I need to obey. Saka nakapagpalista na ako. I signed up for Rolf Vasquez wala ng atrasan iyon."

Nasundan ng tingin ng apat si Ysa ng lumabas ito pagkatapos nitong sabihin ang mga katagang iyon.

Hindi nila naintindihan ang mga sinabi ng babae, kahit na nga ang mensaheng gusto nitong iparating.

Walang nagawa ang mga ito kundi sundan ang babae.

*****

Ang buong Villa ang arena ng Hunting Game. Pwera sa Villages kung nasaan ang mga kabahayan.

Lahat ng mga manonood ay nasa loob ng isang Dome kung saan may nakapaligid na tatlong malalaki monitor, masusubaybayan mula roon ang mga nangyayari sa mga Hunters habang naglalaro.

Nasa gitna si Ysa kasama ang limang daan at apat na manlalaro. Lahat ng mga ito ay may gustong miyembro ng Family na makuha. Halo-halo ang mga naroon may lalaki at babae.

Marami din ang mga nanonood. Nagulat pa si Ysa na makita sa audience ang mama at papa nya na masaya nyang kinawayan.

Excited ang mga audience habang tensyonado naman ang mga player. Pwera kay Ysa na bored ang mukha at tila inip na inip.

"Bakit ang tagal naman magsimula?"

Natahimik lang ang lahat ng maglakad si Severino papuntang stage.

"Magandang araw mga kaibigan." Nag bow ito.

"Welcome sa Hunting Game. Sa pang tatlumpu't limang Hunting game, marami tayong kalahok ngayon. Five hundred five, lahat sila nais mapabilang sa isa sa mga miyembro ng Family." Ngumiti si Severino. "Same rules pwedeng gumamit ng kahit anong armas. Pwede kahit ano ang gawin sa kalaban basta hindi patay na iiwan. Ang mga armas ay nagkalat sa buong Villa. I hope all of you will be lucky to get one. Magsisimula ang stage 1 kapag lumabas na ang mga kalahok dito sa Dome. Isang oras lang ang ibibigay para makompleto ang mga simbolo. Sa loob ng isang oras na iyon at nakompleto nyo ang mga hinahanap nyo, kailangan nyong makarating sa Oasis kung saan magsisimula ang stage 2. Sa oasis nyo makikita ang susi patungo sa pinto ng Prey nyo iisang susi kaya iisa lang ang makakapasok sa Stage 3. Sa mga kalahok siguraduhin nyong maaabutan kayo ng maliit na supot ng mga tauhan ng Family. Sa supot na iyon nakalista ang mga simbolo. Just show them your bagdge at alam na nila kung sino ang Prey nyo. Sa paglagpas nyo sa kanila mais-scan ang badge nyong suot, lilitaw at makikita naming mga manonood sa mga monitor na ito kung para kanino kayo naglalaro.

Napatingin si Ysa sa badge nya. Ang gold badge na iyon ay nakadikit sa isang itim na tela na nakastrap naman sa kaliwang braso nya. Ang nakadesign sa badge nya ay isang agila na pababa at tila may sisiluin na kung ano, si Yverez mismo ang nag-abot sa kanya noon kanina.

"Opisyal ko nang binubuksan ang laro, lets the Stage 1 of Hunting Game begin." As Severino said that namatay ang ilaw at nagpalakpakan ang mga audience.

Nagkagulo naman ang mga kalahok sa pagmamadali na makalabas. Pwera kay Ysa na mabagal na naglalakad. Ang sabi ni Doc wag daw biglain ang paa nya, kaya dahan-dahan sya.

Nang tumapat sa isang malaking poste may mga kamay na humila sa kanya patungo sa likod niyon.

"What the---hmp."

Nanlaki ang mga mata nya ng may mariin na lumapat sa kanyang mga labi. Madilim sa kinaroroonan nya pero kilalang-kilala nya kung sino itong humahalik sa kanya. Patugon na sana sya ng mabilis ding lumayo ang taong iyon.

"Please be careful Miss...hihintayin kita sa dulo." Then he's gone.

Ilang segundo syang tulala.

"Dulo, nitong laro? Nakalimutan ba nyang hindi sya ang Prey ko?" Malakas na tanong nya.

Dahil wala sa mood na mag-isip pinagpatuloy na lang nya ang paglabas.

Bahagya pa syang nasilaw ng tamaan ang mukha nya ng sikat ng araw.
Sya na lang ang hindi pa nakakalabas, ang ibang kalahok ay nakalagpas na sa mga tauhan ng Family.

Ngunit imbes na magmadali para humabol, isang mapaglarong ngisi ang sumilay sa mga labi.

Nagsisimula na syang makaramdam ng excitement.

At bago ihakbang ang mga paa tatlong salita ang binitawan nya na narinig ng mga manonood.

"Laro na tayo."

*****

H/n

Salamat sa pagbabasa? sa boboto magkokomento?. At sayo na mags-share ng story na to sa mga kaibigan at kakilala nya, pati narin sa mga social media.

Salamat po

Helliza Sabida
4192018tbu 8:08

48. Unang Yugto

Maraming salamat sa Bookcover???

Kinuha ni Ysa ang supot na ibinigay sa kanya ng isang tauhan ng Family. Pagkalagpas dito dumaan sya sa scanner, nakarinig sya ng pagbeep na hindi niya pinansin, alam nyang iyon na ang sinasabi ni Severino na makikita ng mga nasa Dome kung sino ang Prey nya.

Mula naman sa pag-inom sa softdrink na hawak muntik ng maibuga ni Chezter ang likido nang mag-appear sa screen kung sino ang Prey ni Ysa.

"T-teka akala ko ba si Rolf..." tinignan nya si Vane na nakaupo sa tabi nya.

Kahit sina Barbie, Stephanie at Stephano ay nagulat at nagtaka.

"Sa tingin nyo talaga papayag sya na ako ang ipaglaban ni Ysa." Sabi naman ni Rolf na nakangisi.

"Pero paano mo nagawa---." Natigilan si Stephanie pagkatapos ay nanlaki ang mga mata. "Oh my... hindi alam ni Ysa."

Tumango lang si Vane. Hindi inaalis ang tingin sa bahagi ng monitor kung saan ipinapakita ang babaeng tinatangi.

"Vane, baka mas lalo syang magalit sayo." Si Barbie.

"Bahala na, basta hindi ako makakapayag na mapunta sya sa kung kanino gago lang." Sagot ni Vane.

"Hey anong gago Montereal, siraulo ka pasalamat ka nga at pumayag pa ako sa gusto mo." Apila ni Rolf.

"Pumayag ka o hindi itutuloy ko parin akin si Ysa, akin lang."

Itinaas ni Rolf ang dalawang kamay.

"Fine crush ko lang si Cutie pero hindi sya ang tipo ko." Sumagi sa isip ni Rolf ang babaeng may codename na Razor.

Bigla ngumisi si Vane. "Good dahil si kong magkakagulo tayo kung sya rin ang gusto mo." Saka niya ibinalik ang tingin kay Ysa na winawagayway ang mga simbolo na pag-aari nya.

****

Agila, black diamond at...chocolate?

"Eh bakit may chocolate? Mahilig ba si Master Rolf sa chocolate." Binali-baliktad nya ang kulay asul na tela kung saan nakadrawing ang mga simbolong kailangan nyang hanapin, pagkatapos humarap sya sa isang camera na naroon.

"Hey Master Rolf nag-aadik ka ba? Bakit may chocolate sa simbolo mo?" Natatawang tanong nya.

"Damn it hindi sa akin iyan Ysa." Inis na sabi ni Rolf na tinadyakan si Vane na nakataas ang isang sulok ng labi.

"Natatawa ka pa sa kalokohan mo sinabi ko na sayo noon pa na panget kung isasama mo ang tsokolate sa simbolo mo."

"Tsss, huwag mo akong pakialaman Vasquez."

Angil naman ang sagot ni Rolf sa sinabi ni Vane.

Pinagpatuloy ni Ysa ang paglalakad, hindi niya alam kung saan pupunta basta naglalakad lang sya.

Hindi pa man sya nakakarami ng hakbang nang may tatlong babae na sumugod sa kanya.

May hawak na tubo ang isa, kutsilyo naman sa pangalawa at baseball bat ang sa ikatlo.

Mabilis syang yumuko para iwasan ang tubo na tatama sa mukha nya. Ngumiwi sya ng mapapunta sa may pinsala nyang paa ang bigat nya, then nagbacklip sya pa iwasan naman ang baseball bat. Muntik pa sya matumba dahil

"Teka mga ate time first lang hindi pa---aw fuck!" Naisalag nya ng hindi sinasadya ang may pinsalang binti ng muli syang sugudin ng nakabaseball bat. "Woa shit time first nga lang sabi." Pero dere-deretso at sunod-sunod ang pagsugod ng mga ito sa kanya.

Wala pa naman akong hawak na simbolo ah bakit sinugod na nila ako.

Sinalo nya iyong tubo na ihahampas sana sa kanya, hinila iyon at sinalubong ng isang malakas na suntok ang babaeng may, tulog itong bumagsak sa tabi nya.

Sipa naman sa mukha ang binigay nya sa isa, sargo ang dugo sa ilong na walang malay itong bumagsak.

Iyong may kutsilyo na lang ang nakatayo at ngayon ay iniikutan sya.

Nakaangat sa lupa ang isang paa nya iyong may pinsala para hindi nya mapwersa, iyon nga lang hindi nya maiwasan na iyon ang gamitin sa pagsipa at pagsalag.

Sumugod ang babae sinalubong nya ito ng suntok ngunit mabilis na nakaiwas ito, kasabay ng pag-iwas nito ay ang pag wasiwas nito sa kutsilyo kaya nahagip ang tagiliran nya, gumuhit ang pulang likido sa puti nyang damit na hindi nya pinansin, dahil nakayuko pa ang babae nahagip nya ang batok nito, may pinisil sya doon dahilan para mawalan ito ng malay.

Tinadyakan nya palayo iyong kutsilyo na nabitawan nito. Balewalang pinunit nya ang laylayan ng damit at itinali sa sugat, lumantad ang pusod nya.

Pinagmasdan nya ang tatlong babae.

"Ayos tulungan talaga sila. Pero paano kapag silang tatlo ang nanalo? Paano nila hahatiin si Master Rolf. Sa kanya ulo hanggang dibdib, tapos sa kanya bewang hanggang hita, at sa kanya ang binti mula paa ganon?" Napatingin sya ulit sa camera. "Chop-chop ang kalalabasan mo Master."

"Pfft..."

Napatawa ang mga nakatingin sa monitor ni Ysa ng marinig ang komento ng babae, habang napailing naman si Rolf.

"Man mukhang bumalik na si Ysa mo." Sabi niya kay Vane na hindi naman inaalis ang tingin kay Ysa.

Hindi ito umimik sa tinuran nya lumuwang lang ang pagkakangiti.

*****

Fifteen minutes ng palakad-lakad si Ysa, wala parin syang nakikitang simbolo na hinahanap wala na rin sumusugod sa kanya bukod duon sa tatlong babae kanina.

"Asan ba ang mga simbolo rito?" Napahinto sya sa paglalakad ng masilaw sa sinag na nagmumula sa isang malaki at napakataas na puno. Sa kinatatayuan nya nakita nya ang isang espada na nakasabit sa mataas na bahagi niyon, ngunit ang mas tumawag sa pansin nya ay ang black diamond na nakalagay sa hawakan ng espada na syang tinatamaan ng sikat ng araw.

"Ayos." Napasuntok sya sa hangin. Tinakbo nya ang puno at sinimulan na mangalakyat at mangunyapit sa mga baging ng puno.

Malapit na sya sa gitna ng may lumipad na pana at muntik ng tumusok sa kamay nya.
Napabitiw sya at tanging isang kamay na lang ang nakakapit sa sanga sinasabitan napatingin sya sa ibaba, limang babae ang nakita nyang naroon, ngunit hindi tulad ng tatlo na una nyang nakalaban mukhang hindi magkakampi ang mga ito patunay duon ang pagpana ng babae sa isa pang babae na nagsisimula ng umakyat.

Hindi nya pinansin ang mga ito, pinagpatuloy nya ang pag-akyat, pag-akyat na muling nahinto ng may sumaksak na punyal sa binti nya.

Napabitaw sya sa sakit at patihayang bumagsak sa lupa, napabaluktot sya ng maramdaman nya ang sakit ng pagkakahulog.

Nagkanya-kanya ng akyat ang tatlong babae habang iyong isa na may hawak na itak ay hindi pa

umakyat at sinugod sya. Tatagain sya nito kaya umikot sya pakanan.

"Fucking shit!" Mura nya ng maramdaman ang sakit sa binti kung saan nakatarak parin roon ang punyal.

"Yaaa!" Pasigaw na lumapit ulit ang babae para tagain sya. Kasabay ng pagyuko nito ay ang paghugot nya sa punyal na nasa binti at syang ginamit nya na pansaksak rito.

Nanlaki ang mga mata ng babae nabitawan nito ang itak at walang malay na bumagsak.

Buhay pa ito dahil sinigurado nyang walang vital organ nito syang tinamaan.

"Pahingi lang ng konti." Sabi nya na pinunit ang manggas ng jacket nito at tinali sa binti nyang may sugat.

Iika-ika tumayo sya. Huminga ng malalim para pamanhirin ang sarili saka muling inakyat ang puno.

Ekspertong nangunyapit sya sa mga baging at sanga, mabilis nyang naabutan ang nahuhuli babae.

"Meron dito."

"Akin ang simbolong iyan."

"Ako ang makakakuha nyan."

Ingay iyon mula sa baba, nang tumingin sya tatlo pang babae ang dumating at nagsimulang umakyat pataas.

Pinagpatuloy nya ang ginagawa inundayan sya ng suntok ng isang Hunter na nakatapat nya, napauklo sya dahil sa tagiliran nya tumama iyon.

Nang susuntok pa ito ulit iniipit nya sa kili-kili nya ang kamao nito sinubukan nitong hilahin ang kamay pero mahigpit ang pagkakaipit nya roon. Then she pushed herself hanggang sa mapaibabaw sya rito. Back to back ang ayos nila ng babae.

Sa takot nito na mahulog kumapit ito ng mahigpit, samantalang sya naman ay sinusuportahan ng kamay nito na nasa kili-kili nya.

"Ahhh let go!" Sigaw ng babae na pilit na hinihila ang kamay.

"Wait lang ate." She said bago sya malakas na sumipa papunta sa kanan nito. Isang dipang layo ang nagawa nyang pagitan nila, muntik pa ito malaglag dahil sa biglang pagkawala ng kanyang bigat.

Hindi na nya ito pinansin at muling nagpatuloy sa pag-akyat.

"Oh shit." Bumulusok sya pababa para iwasan ang samurai na muntik ng humiwa sa kanya.

Lumikha iyon ng isang malaking hiwa sa katawan ng puno kung saan nakapwesto sya kanina.

Nalukot ang kanyang mukha ng humampas ang buong katawan nya sa puno bumitin kasi sya sa mga baging para maiwasan ang pagkalaglag.

Then gamit ang baging na iyon nanlambitin sya paakyat.

Hindi sya tinantanan ng babaeng may samurai, nang mapatapat sya rito humiwa ulit ito. Sa pagkakataong iyon handa na sya, hinagip nya ang isang baging. Inilagan ang samurai kasabay ng pagtali ng baging sa kamay nito. Nabitawan nito ang hawak na sandata. Napabitaw din ito sa puno ng sipain nya ito sa binti. Hindi ito tuluyang nalaglag dahil sa ginawa nyang pagtali rito.

Muli nyang pinagpatuloy ang pag-akyat.

May nauna na sa sanga kung saan naroon ang espada. Umalingawngaw ang putok ng baril at bumagsak sa ibaba ang dalawang manlalaro na aabutin na sana ang sandatang may simbolong pinag-aagawan nila, binaril ito ng babae na nasa itaas nya higit tatlong dipa ang layo mula sa kanya.

Pagkatapos nitong mamaril mabilis itong umakyat kung saan nakapwesto kanina ang mga binaril nito

"Akin ang simbolong iyan." Sabi naman ng isa pang babae na nasa kabilang side at umaakyat. Tumingin ang babaeng may hawak na baril rito saka ito ngumisi at binaril ang babaeng nagsalita. Mabilis naman na nakaiwas ang Hunter na binaril.

Apat pang bagong dating ang nakakita sa simbolo na ngayon ay nagsisimula naring umakyat

Hindi naman sila nagmamadali. Akala ko ba maraming simbolo na nagkalat sa lugar na ito? Bakit nagtipon-tipon yata kami rito? Naisip nya.

Inisip nyang umalis na lang at maghanap sa iba pero dahil hindi nya ugaling ihinto ang mga nasimulan na pinagpatuloy nya ang pag-akyat.

Umiba sya ng direksyon sa pag-akyat doon sa malayo kung saan nakapwesto ang espada at sa mga Hunters na kalaban nya.

Nang makatuntong sya sa isang sanga sumandal muna sya sa katawan ng puno, pumikit at huminga ng malalim.

Hindi pa gaanong nakakabawi ang katawan nya sa bugbog na pinagdaanan, matinding konsentrasyon ang kailangan nya para hindi maramdaman ang pagod, at sakit mula sa mga sugat na natamo.

Kapag natapos ito magpapaluto ako kay Ylac ng mga paborito ko, o kaya kay Mama na lang busy pala si Ylac kay Monica.

Nagmulat sya ng mga mata pinatunog ang buto sa leeg saka tumalon at lumambitin hanggang sa makarating sa sanga na kinasasabitan ng espada, bumakas ang pagkagulat ng babaeng may hawak na baril sa biglaan nyang pagsulpot nasa akto na kasi itong aabutin na ang espada.

Itinutok nito ang baril sa kanya ngunit mabilis nyang nailusot ang isang daliri nya sa kabilang side ng trigger para mapigilan ang pagdiin nito doon. Saka nya pinindot ang magazine realese. Nasundan na lang nito ng tingin ang magazine na nalaglag sa ibaba.

Isang matalim na tingin ang binigay nito sa kanya bago nagpakawala ng isang side kick.

Hindi niya inaasahan iyon bagamat nasalag nya gamit ang braso, isang side kick din ang pinakawalan nya na tumama sa babae sabay pa silang bumitaw sa baril gumewang ito pero mabilis na nakuha nito ang balanse at nakahawak sa banging ng puno.

Mukhang magaling ito at nasa kundisyon ang katawan dahil after nitong mabalanse ang sarili itinaas nito ang tuhod hanggang dibdib at sumipa ng pa clockwise. Isang crescent kick na tatama sana sa gilid ng ulo nya. But she countered it with a reverse crescent kick. Iniilag nito ang katawan sa pag-aakalang duon magl-landing ang sipa nya, but then her kick landed sa gilid ng ulo nito. Hilo itong nalaglag ngunit tulad kanina nakahawak kaagad ito sa sanga ng puno ngunit mas mabagal ang pag-akyat nito dahil ininda ang natamong sipa sa ulo.

Hindi na nya sinugod ang babae, nilapitan nya ang espada. Mahahawakan na nya iyon ng may naunang kamay na nakakuha at iwinasiwas sa kanya.

She ducked para iwasan ang espada and jumped para umilag sa babaeng may brass knuckles ang kamao na sumuntok mula sa likod nya.

Tumama sa tyan ng may hawak na espada ang suntok na dapat ay sa kanya. Nabitawan nito ang hawak na kanyang mabilis naman na nasalo kasabay din ng pagsalo nya sa kamao ng babaeng nakabrass knuckles nginisihan nya ang ito at pinilipit ang kamay. Napasigaw ito sa ginawa nyang iyon.

Isa pang kalaban ang sumulpot sa likod nya na latigo naman ang hawak. Humaginit sa hangin ang latigo nito na parehas na tumama sa kanila ng babae na kabrass knuckles.

"Sa akin ito." Sabi ng Hunter na may latigo. Hinila ang espada na hindi nya binitawan kahit na dumudugo ang likod ng kamao na mula sa latay na likha nito

"Bitaw!" Galit na sigaw ng babae, na hindi na nasundan dahil itinulak ito ng babaeng nasa likod nito.

Lima na silang nasa iisang sanga at sya ang may hawak ng espada, napapagitnaan sya ng mga ito.

Humigpit ang hawak nya sa armas, kumaskas sa kanyang palad ang diyamanteng itim.

"Ibigay mo sa akin iyan." Sabi ng babaeng naka brass knuckles na nasa kaliwa nya.

"Sa akin mo dapat iyan ibigay." Sabi ng babaeng nasa kanan naman nya.

"Hindi ka mananalo, pagtutulungan ka muna namin bago kami maglalaban-laban para makuha iyan." Sabi ng isa na may hawak na hunters knife

"Gusto nyo to?" Itinaas nya ang hawak, ang talim niyon ay nakaturo sa kalangitan. "Eh di sa inyo na. " saka nya hinagis ang espada pababa.

Nanlaki ang mata ng apat na babae at tulad ng inaasahan nya tumalon, naglambitin ang mga ito para mag-unahan sa pagkuha sa espadang nakatusok sa lupa.

Sya naman naglambitin at tumalon sa kalapit na puno. Ilang puno pa ang tinalon nya bago sya bumaba at tumakbo palayo sa mga babaeng nag-lalaban-laban at pinag-aagawan ang espada na ngayon ay wala na ang kinang kahit na nga napapa-tapat sa sinag ng araw.

Tumaas ang sulok ng labi nya.

Itinaas ang kaliwang kamay hanggang sa pumantay sa gitna ng kanyang ilong ang bagay na hawak.

Kumikinang iyon ng matamaan ng araw.

Sugatan man at paika-ika hindi parin nya mapigilan na mangiti ng maluwang.

"One down, two to go." She said habang patuloy sa pagtakbo at pagtingin sa black diamond na hawak.

to be continue..

on 4/25/ wed

*****

H/n

Maraming salamat sa pagbabasa at pasensya na sa paghihintay.

Salamat sa mga boboto at magkokomento.?

Salamat

Helliza Sabida
4322018uiv 18:14

49. Unang Yugto part 2

Maraming salamat sa Book cover?

****

Inilublob ni Ysa ang mukha sa batis na nakita, wala syang pakialam kahit mabasa ang damit. Ilang segundo inilubog nya ang ulo nya duon.

Kumikintab sa tama ng sikat ng araw ang mukha nya nang kanyang iangat dahil iyon sa butil-butil na tubig na tila maliliit na kristal na nagbibigay ng kislap doon. And when she looked up at the camera Vane heart stop.

Hindi kumukurap ang binata habang nakatingin sa babaeng tila wala sa isang labanan, para lang itong nagp-picnic na nahiga pa sa damuhan pagkatapos maghilamos.

"Kapag pinagpatuloy nya pa iyan mahuhuli na sya nakalimutan nya na bang may oras sa paghahanap ng mga simbolo?" Komento ni Stephano.

"Hindi rin sya dapat maging ganyan ka relaks anytime baka may umatake sa kanya." Si Chezter.

"Alam ni Boss kung anong ginagawa nya." Si Stendi na nagsalita mula sa likod ng anim. "Hi Guys." bati nya ng lingunin sya ng mga ito.

"Stendi."

Sa tabi ni Stendi nakaupo si Razor na ang tingin ay na kay Rolf kaagad. Namula ang mukha ng babae ng magtama ang mga mata nila ng binata.

"Kanina pa kayo dyan?" Tanong Barbie.

"Yup, mula umpisa. Hindi nakasama iyong iba, may project na inaasikaso. Kilala nyo naman siguro si Razor no?"

Binati ng lima ang babae kinamayan, maliban kay Rolf na tinanguan lang ito.

"Sino ka?"

Sabay silang napatingin sa monitor kung saan pinapakita si Ysa.

Nakatayo na ngayon ang babae at nakaharap sa taong nakaover all black, sa harap ng damit nito

nakatatak ang letrang F in capital. Nakatakip din ang mukha nito at tanging ang mga mata at ilong lang ang nakalabas.

"Wow ang galing mukha kang ninja kuya." Si Ysa.

Natigilan naman ang estrahero. Hindi niya inaasahan na malalaman kaagad ng babae kung ano ang kasarian nya.

Hindi sya nagkomento itinaas lang ang hawak.

"Hala, chocolate." Usal ni Ysa ng makita kung ano ang hawak ng lalaking nakaitim.

Chocolate bar nga ang hawak ng lalaki. His name is Purple Reign. Reign para sa mga kapwa nya FSS o Family Security Soldiers. Isa si Reign sa magagaling na Security soldier at miyembro ng Knight Hunters.

Ang misyon nya ngayon sa Hunting Game ay hawakan ang simbolo ni Master Vane. Ipakita sa mga Hunters para makipaglaban sa kanya.

Binantayan nya na ang babaeng ito the moment na makita nya itong nakikipaglaban sa puno she looks like a good fighter, so strong, and clever ng lansihin nito ang mga kaagaw sa black diamond. Ito ang nilapitan nya because he want to see kung hanggang saan ang kaya nito.

"Gusto mo ba to?" Tanong ni Reign. Tumango ang babae. "Kapag natalo mo ako sayo na'to."

"Seryoso?"

Tumango si Reign. "Kapag napatumba mo ako at nasa mga kamay mo ang chocolate na ito, sayo na sya. Hindi matatapos ang laban hangga't hindi mo ako mapapatumba."

"Ay masaya yan, game na ba?" Tanong ni Ysa sa lalaking mukhang ninja.

"Yes lets begin." Hindi pa man natatapos ni Reign ang sinasabi, hindi pa man sya kumukurap nasa harap nya na si Ysa at inaabot ang tsokolate na hawak nya.

Nagulat man mabilis syang umiwas sa mga suntok at sipa nito at nang makabawi malakas nya itong sinuntok sa sikmura. Nakita nya ang pagsinghap ng babae ng mawalan ito ng hangin then the next thing he knew tumalsik sya dahil sa sipang pinakawalan nito ng tamaan ito ng suntok nya. Sa tagiliran nya dumapo ang sipang iyon. Hawak parin nya ang chocolate at kahit nakatakip ang bibig ngumisi sya.

"Mahusay ka." Sambit nya na inilagay sa isang kulay gintong pouch ang chocolate bar na hawak at isinabit sa bewang.

Pilyang ngiti naman ang sumilay sa mga labi ni Ysa. "Game na ulit." She said.

Sa pagkakataong iyon si Reign ang unang sumugod. Sinalag ng babae ang suntok nya sa pamamagitan ng forearm block, nakita nya pero hindi na iwasan ang roundhouse kick na pinakawalan nito.

Tumalsik sya pero muling nabalanse ang sarili at mabilis na naiiwas ang chocolate ng akto hahaltakin na ni Ysa. Hinawakan nya ang kaliwang braso ng babae pinilipit ngunit hindi man lang nito iyon ininda bagkus tumalon ito at umikot sa ere para maalis mula sa pagkakapilipit nya ang kamay nito. Inapakan nito ang paa nya at malakas syang siniko sa tagiliran muli nito hinawakan ang pouch na nasa bewang nya at hinila and then nasa lupa na ito at nangingisay mula sa kuryente na nagmumula sa tali ng

pouch.

Sinipa nya ito saka sya mabilis na lumayo sa babae. "Oppss sorry, nakalimutan ko sabihin na kapag hinila mo mula sa pagkakatali itong pouch may kuryenteng lalabas mula sa device na nasa akin na nakakonekta naman sa tali nito."

"K-kuryente." Si Ysa na namimilipit pa sa sakit mula sa pagkakuryente.

"Oo kuryente. Kaya mag-ingat ka sa paghila mo."

Dahan-dahan na bumangon si Ysa.
"Cool...mas masaya to." Sabi niya na ikinagitla ni Reign. Imbes kasi na matakot sya ikinatuwa pa nya ang kaalaman na maari syang makuryente. "Game na ulit." Muli niyang sinugod ang lalaki. Mahusay ito dahil nagagawa nitong iwasan o sanggain ang mga atake nya. Hindi rin iilan beses na nasuntok sya nito at nasipa. Medyo hirap din syang kumilos sa mga pinsala nya.

Iyong laban nila na ma'y kasamang pagtakbo at pagtalon ay naging dahilan para makarating sila sa lugar na itinuturing nyang espesyal sa kanya. Iyong lugar dito sa Villa na inaakala niyang hindi na nya mararating pa.

Ang Paradiso.

Nasa itaas sila ng maliit na talon, nahagip pa ng tingin nya iyong kweba na may bench dahilan para bumalik sa isip nya iyong eksena nila ni Vane doon, dahilan para mawala siya sa pokus at masuntok sa mukha. Tumilapon sya malapit sa ilog na nakakonekta sa talon.

Ipinilig nya ang ulo dahil sa hilo.
"Akala ko malakas ka madali karin naman pala maitumba." Sabi ni Reign habang nakatingin sa babaeng mukhang nahihilo pa. Inilabas nya ang katana na nakasabit sa bewang at itinaas.

"Well pasensya ka na I need to eliminate you para makahanap ako ng ibang Hunter." Itinaas nya iyong pouch iniingatan na mahila ang tali niyon. "Mukhang iba ang magmamay-ari nito." Hindi umimik ang babae sa kanya nanatili lang ito nakatingin sa ibaba doon sa may concrete bench na kanyang.

Natigilan naman si Vane tulad ni Ysa doon sa may kweba din nakatutok ang mga mata nya binabalikan ang espesyal na eksena nila ng babae, isa sa mga pangyayaring paulit-ulit na bumabalik sa isip nya at inaalala.

"Napansin ko lang bakit parang iba makipaglaban si Ysa? Parang ang hina nya at ang bilis mapatumba?" Narinig ni Vane na tanong ni Stephano.
"You're right." Sang-ayon ni Chezter.

"Ano ba kayo hindi ba may mga injury pa sya? Kagagaling nya lang sa sakit ng katawan malamang mahina pa sya."si Barbie.

Naalis ang tingin ni Vane sa kweba at ibinalik ang tingin kay Ysa na nakatingin parin 'doon'. Bumakas ang pag-aalala sa mukha nya.

"Sa tingin nyo ba kapag nagseryoso si Boss may laro pang magaganap?" Sabi ni Stendi na nakatingin sa monitor.
Napatingin ang first four, si Rolf at pati narin si Vane sa kanya.

Tumingin rin sya sa mga ito. "Hindi nyo ba napapansin hindi humahawak ng armas si Boss? Humawak man sya binibitawan rin nya kaagad," napakunot ang mga noo nila.

"Hindi sineseryoso ni Boss namin ang laro." Dagdag ni Razor. Itinikom nya rin ang bibig ng magtama ang mga mata nila ni Rolf.

"Hindi nya sineseryoso, bakit?" Si Stephanie.

Nagkibit-balikat si Stendi.

"dahil matatapos ang laro na iyan na lahat ng mga kalahok ay tumba. Saka asan ang enjoyment kapag walang kahirap-hirap na si Boss ang mananalo di ba."

"Ang ibig mo bang sabihin nagpapanggap lang si Ysa na natatalo at nasasaktan?" Si Rolf na ang mga mata ay na kay Razor kaya naman ang babae ang sumagot sa tanong nito.

"No anong palagay mo kay Boss wonderwoman? Si Darna? Syempre nasasaktan sya. What we mean is binibigyan nya ng pagkakataon na lumaban ang kalaban nya, dahil kung seryoso si Boss ilang minuto lang tumba na sila at hindi na makakabangon pa. Hindi sya binansagan na Lethal Ysa para lang sa wala. "

Napatango ang apat ibinalik naman ni Vane ang tingin sa monitor habang si Rolf ay ilang segundong nakatingin kay Razor na kinapula ng mukha nito.

Samantala sa laban pababa na ang katana kay Ysa, handa na syang umiwas kahit na nga na sa ibaba parin ang mga mata nya nang may sumugod sa kalaban nya habang nakataas ang mga kamay nito. Hinila ng bagong dating na Hunter ang pouch kung nasaan ang chocolate, at tulad ng nangyari sa kanya nakuryente ito at tulog na bumagsak.

Isa pang Hunter ang dumating na may hawak naman na espada, nakaiwas si Reign pero nahagip parin ito sa tagiliran, natanggal sa pagkakatali ang pouch na mabilis naman na sinalo ng lalaki.

Dalawang Hunter pa at pinagtutulungan na si Reign.

Si Ysa napakurap-kurap na lang habang nanonood. Dalawa ang kalaban ng lalaki pero walang kahirap-hirap na napatumba nito ang ng mga iyon. May dumating pang tatlo bago pa man ito muling makalapit sa kanya.

Isa sa mga ito ay may hawak na baril.
Sa pagkakataong iyon naging alanganin si Reign dahil nabaril sya sa hita. Napaluhod ito, iyong isa na may hawak na palakol ay papalakolin sana sya sa braso na nasangga nya ng katana nya. Hirap na tumayo sya, muli sana syang papaputukan ng Hunter na may baril nang humaginit at kumislap sa tama ng sikat ng araw ang katana nya ng gumuhit iyon sa ere bago pumutol sa kamay ng babae. Nanlaki ang mga mata ng Hunter na naputulan ng kamay bago ito nagsisigaw sa sindak, natigil lang ang pagsigaw nito ng suntukin ito ng isa pang Hunter.

Pinagtutulungan parin si Reign, habang si Ysa naupo na lang muna. Wala sana syang plano kumilos ng makita nya na sumenyas iyong isang Hunter sa isa pang Hunter na ihuhulog ng mga ito ang lalaki kalaban sa talon. Nagawa ng mga ito na maagaw ang pouch bago binaril ng isa at sinipa naman ng isa si Reign. Mabilis na nakatakbo ang Hunter na may hawak na pouch tinakbuhan ang Hunter na katulong nito sa pakikipaglaban kanina.

Si Ysa naman naagapan si Reign bago pa ito mahulog sa talon at bumagsak sa ilog napaigik sya ng maramdaman ang bigat ng lalaki.

Nagulat naman si Reign sa ginawa ng babae kalaban, hindi nya inaasahan na tutulungan sya nito.

"B-bakit?" Tanong nya.

Kahit napapangiwi sa bigat, ngumiti si Ysa. "Pagnalaglag ka dyan magiging kinuryente ninja ang kalalabasan mo, siguradong hindi ka bubuhayin ng electric chips device na iyan kapag nailubog mo sa tubig."

Natigilan si Reign.
Tama ito siguradong malakas na kuryente ang dadaloy sa katawan nya oras na mabasa iyon.
Hinila sya nito pataas paghila na hindi natuloy ng bigla itong sugudin ng isang Hunter na sumulpot sa kung saan. "Mamamatay ka na." Narinig nya pang sabi ng babae na may dala-dalang dos por dos at hahampasin ito sa ulo.

"Shit." Mura nya kapag natamaan ito patay silang dalawa ngunit nagulat sya nang wala kahirap-hirap na sinalo ni Ysa ang kahoy gamit ang isang kamay nito.

"w-wait lang te, iakyat ko lang sya." Sabi nito na hinila ulit sya.

Iyong Hunter na may hawak na kahoy, pilit na hinihila nito ang armas na hawak ni Ysa na hindi nito magawa.

"*Malakas talaga sya*." Naisip ni Reign. Nang magawa syang maiakyat ni Ysa gamit lang ang isang kamay nito.

"Waaa grabe ka kuya, diet-diet karin minsan ang bigat mo eh." Habang nagsasalita ito iniwasan nito ang sipa na pinakawalan ng Hunter na hahampas sana rito, saka ito nagpakawala ng right cross na deretsong tumama sa panga ng kalaban nito, tulog na bumagsak ang babae sa lupa.

"S-salamat," napapangiwi na sabi ni Reign kay Ysa na nagkibit-balikat naman. "Pero bakit mo ginawa iyon? Pwede mong hayaan na lang na malaglag ako, mahhaabol mo pa sila, sigurado ako na sa lakas mong iyan maaagaw mo ang tsokolate sa kanila."

Nagkibit-balikat si Ysa. Pinaikot ang balikat na nabigla sa paghila sa lalaking tinulungan. "Dahil kailangan mo ng tulong." Sabi niya.

"Pero bakit mo ako tinulungan, magkaaway tayo hadlang ako para---."

"Tinulungan kita kasi kailangan, kailangaan mo ng tulong."
Natigilan si Reign sa simpleng sagot na iyon ng babae. Maya-maya timikhim sya para tanggalin ang pamamara ng lalamunan. "What now, wala na sa akin ang chocolate."

"Okay lang may oras pa naman maghahanap ulit ako." Nakangiting sagot nito.

Napaiwas ng tingin si Reign hindi niya maiwasan na masilaw sa ngiting iyon.

Tumalikodsi Ysa. "Mauuna na ako sayo kuya." Nagsimula itong maglakad.

"T-teka."

Napahinto naman si Ysa nilingon ang lalaki, na may hinagis na kung ano na kanya naman na sinalo.

Nanlaki ang mga mata nya ng buksan nya ang palad at makita roon ang isang gold coin na may disenyong agila.

"Bakit...bakit binibigay mo sa akin ito?" Takang tanong ni Ysa .

Tumalikod naman si Reign at sinagot ang tanong ni Ysa habang naglalakad.
"Pasasalamat," sagot nito bago tuluyang naglaho sa likod ng makakapal na halaman.

"Pasasalamat?" Ulit ni Ysa na muling binalik ang tingin sa coin na hawak, pagkuway ay napangiti sya ng maluwang.

"Yes! Kompleto na." Nasisiyahan nyang sabi habang inilalabas ang chocolate na nasa bulsa. Nakuha nya iyon nang makuryente sya sa unang beses na nahawakan nya ang pouch, hindi iyon napansin ng lalaki dahil ginamit nya ang bilis ng kamay na kanyang natutunan sa pagma-magic.
"Stage 2 here I come," she said happily bago tumakbo para sa susunod na yugto.

To be continue...

5/27/2017 sat (promise)

****

H/n

Sanza Guys???.

Pasensya na sa mga naghintay ? kung friends ko kayo sa fb alam nyo na kung bakit ang tagal na walang UD.
Pasensya na sa mga hindi ko nasagot sa pm at sa wall.
Dapat wala pa talagang UD hanggang ending na remember pero dahil sa mga makukulit na pina flood ako ng pm hehehehe ito na po. Hindi ko na sya mabibigla kasi aayusin ko pa kaya ayan. Salamat sa mga naghihintay at hindi bumitaw??.

Thanks sa pagbabasa sa mga boboto at magkokomento.

Thanks
Helliza Sabida

6262018uiv 8:35am

50. Ikalawang Yugto

SheynieShin maraming salamat po sa suporta???.

*****

"Daniel!" Sigaw ni Ysa habang pinagmamasdan ang naghihingalong kaibigan.

Daniel Red Gamboa her chilhood friend, her bestfriend. Anak ito ng tita Maelyn nya.

Ito ang nasilbing tagapagtanggol nya kahit na nga hindi nya kailangan, ito ang kasama nya sa mga kalokohan, her first crush ni minsan sa buhay ni Ysa hindi nya naisip na maghihiwalay sila, na iiwan sya nito at sa ganitong paraan pa, kung pwede lang maibalik ang oras ginawa nya na.

"Ysa makakatakbo ka pa ba? " humihingal na tanong ni Daniel sa kanya, tumatakbo sila sa kakahuyan at hinahabol ng mga armadong lalaki.

Tumango sya habang palingon-lingon sa likod. Hating-gabi na iyon, tumakas sila ni Daniel para pumunta sa isang party. Hindi nila inaasahan na nag-aabang ang isang grupo sa kanila. Ang Snake. Kilala nya ang mga ito, ito ang grupong napabagsak ng Mama nya noon.

Hinarang ang kanilang sasakyan at pinag-babaril nakalayo sila pero nawalan ng kontrol si Daniel na kinabangga nila at ikinasadsad sa loob ng kagubatan.

Kahit puro galos at sugat nagawa nilang makalabas ni Daniel at tumakbo para sa kanilang kaligtasan.

Ngunit malas yata sila ng gabing iyon, nahuli sila, pinahirapan pinanood nya kung paano unti-unting pinapatay ang kaibigan nya. Hinampas ito, kinuryente, nilatigo binubutan ng mga kuko, inukitan ang balat. Katako-takot na hirap at sakit ang dinanas nito.

Sinaktan din sya, pero mas pinag-iinitan ng mga ito si Daniel dahil nagbitiw ng salita ang kaibigan nya na magagalaw lang sya ng mga ito kapag patay na ito.

Pinilit ni Daniel na huwag bumitaw. Pinilit nitong tuparin ang pangako na sasalohin ang lahat ng sakit na dapat ay para sa kanya.Pinagmasdan at pinanood nya ang kaibigan nya kung paano ito mamatay.

Grabeng galit, sobrang poot iyan ang naramdaman ni Ysa ng malagutan ng hininga si Daniel. Nagtagpuan nalang nya ang sarili na nakatayo at nilalabanan ang mga ito.

Sobrang init ng pakiramdam nya nanginginig sya sa galit, puro pula ang nakikita nya. Aware sya sa mga nagaganap, sa mga ginagawa nya pero hindi niya makontrol ang sarili, manhid narin sya at walang pakialam kahit na nga natatamaan at nasasaktan din, iisa lang ang nasa isip nya at iyon ay mapatay ang lahat ng taong nahahawakan nya.

Pinaranas ni Ysa sa mga kalaban ang niya ang mga naranasan ni Daniel, mas masakit, mas mahirap at mas madugo nga lang ang bersyon nya. Nag-enjoy sya sa sigaw at sa daing ng mga ito. Kahit barilin, suntukin at saktan patuloy parin sya kumikilos para patayin ang mga ito, natapos ang araw na iyon na punong-puno at balot na balot sya ng dugo.

Sya si Angelique Ysa Fuentebella Santiago, labing-apat na taong gulang, nang araw na iyon kumalat ang balita tungkol sa walang-awang pagpatay ng isang dalagita, nang araw na iyon binansagan syang Innocently Lethal ng grupo nya, ibinansag din ng mga taong naging kaaway at kalaban nya pa.

Innocently Lethal alyas na naging kanya ng mawala ang pinakamatalik na kaibigan nya.

*****

Ang Oasis ay isang maliit na isla na parte pa din ng Villa, nasa gitna ito at mararating sa pamamagitan ng bangka o paglangoy tinawag itong Oasis dahil minsang natuyo ang mga ilog na naandito at tanging tubig-dagat lang ang anyong tubig na mayroon.
Umalis ang mga miyembro ng Family na nakatira at ginamit na lamang na stage sa Hunting game. Sa Oasis matatagpuan ang isang malaking kweba, na may malaking tarangkahan, tarangkahan na bubukas lang para sa mga Hunter na nakapasa sa ikalawang pagsubok ng laro.

Tinanaw ni Ysa ang Oasis sa ibaba, nasa mataas na lugar sya ng mga oras na iyon, pagkatapos tinignan nya ang isang digital clock na nakasabit sa isang puno na nasa di kalayuan, twenty-five minutes bago matapos ang itinakdang oras sa stage 1. Sa tantiya nyang layo ng Oasis kung lalangoy sya mararating nya iyon bago pa man matapos ang itinakdang oras.

Iilibot nya ang tingin sa paligid puro bato ang nasa kinatatayuan nya at kung gagawa pa sya ng balsa siguradong ubos ang oras nya.
Kaya naman walang pagdadalawang-isip, tinalon nya ang dagat kahit na mga may kataasan ang pwesto nya, habang nasa ere nakita nya ang ilang mga Hunters na nakakompleto din sa simbulo at tulad nya lalangoy din ang mga ito papuntang Oasis.

"Great mukhang hindi mapayapa ang paglangoy na mangyayari ngayon." She said. Dinama nya ang dagat ng humampas iyon sa katawan nya, she even tastes it saltiness. Saglit nyang ipinilig ang ulo ng makaahon bago sinimulang ikampay ang mga kamay.
Hindi lang sya ang lumalangoy marami syang kasabay, medyo malayo lang sya sa karamihan dahil sa lugar na tinalunan nya.

Naglalaban-laban ang mga nagkakadikit sa paglangoy, may nalulunoran, naghihilahan at nananaksak pa.

Napadive sya sa tubig ng makita nya na pinagbabaril ng isa Hunter ang mga nasa paligid nito, marami ang nawalan ng malay at lumubog.

Bukod sa kanilang mga Hunter may mga taong nakakulay berde ang nasa dagat din. Sa harapan ng mga damit nila may malaking letter F na nakasulat. Sila ang mga tauhan ng Family na sumasagip at kumukuha sa mga Hunters na hindi na kayang lumaban at maglaro dahil lubha nang nasaktan o nasugatan.

Muli syang bumalik sa ibabaw ng dagat ng malapit na syang kapusin ng hininga. Limang minuto pa lang syang lumalangoy sa ibabaw ng may humila sa mga paa nya.

"Damn" mura nya ng makaramdam ng matinding sakit dahil sa marahas na paghila na iyon. Nahilam sya ngunit hindi naging dahilan para hindi niya makita ang isang Hunter na may hawak na lubid at ipaikot iyon sa leeg nya.

Nagmulat sya at katulad ng ilan mga Hunters na nakalaban nya ang intensyon ng babaeng ito ay patayin sya.

"May napansin ba kayo?" Tanong ni Rolf habang nakatingin sa monitor, binalingan nya si Vane. "Bakit pakiramdam ko iyong ibang nakalaban ni Ysa ang balak talaga ay patayin sya, pati iyang kalaban nya ngayon."

Hindi umimik si Vane tumiim ang bagang at kumuyom ang mga kamao. Sa monitor nakikita nyang nahihirapan ng huminga ang babae.

"You're right, mukhang balak nilang patayin si Ysa" sang-ayon ni Stendi.

"Bakit?" Si Stephanie. "Anong makukuha nila kung papatayin nila si Ysa? Hindi nila ikakapanalo iyon, ikakatanggal pa nga nila iyon sa laro."

"Mukhang wala silang pakialam sa laro." Si Chezter. "Mukhang sumusunod sila sa utos."

"Kaninong utos?"---Barbie.

"Sino ba ang taong alam na si Ysa ang pinakamahigpit nyang kalaban? Sino ba iyong tao na gagawin ang lahat makuha lang si Vane." ---Stephano.

"Divine." Sabay na sabi ni Barbie at Stephanie. Pagkuway nag-aalalang tumingin ulit sila sa monitor.

"*Shit talgang papatayin ako nito"* naisip ni Ysa nakalas nya ang tali na nasa leeg nya at ngayon ay sinasakal na sya ng Hunter na kalaban. Ipinatong nya ang dalawang kamay sa balikat ng babae, hinayaan na patuloy syang sakalin. Itinaas nya ang tuhod hanggang dibdib at gamit ang mga kamay na nasa balikat nito kumuha sya ng buwelo at sinipa ito sa tyan gamit ang dalawang paa.

Nabigla ito bumula ang tapat ng bibig hudyat na huminga ito at dahil nga nasa ilalim ng tubig hindi hangin ang pumasok sa baga nito. Nag-panic ito dahilan para mas lalo itong malunod hawak ang leeg na nasaktan kumilos si Ysa at hinawakan sa braso ang babaeng nagwawala na sa kagustuhang makasagap ng hangin.

"*Fuck huminahon ka"* sigaw ng isip nya nahihirapan syang umangat dahil sa pagwawala nito, hanggang sa sinikmuraan nya ang babae at tuluyan itong mawalan ng malay, mabililis na lumangoy sya papunta sa isang tauhan ng Family na naka oxygen at ibinigay rito ang Hunter na nakalaban saka sya dali-daling lumangoy paitaas.

Napaubo at napahawak sya sa lalamunan nang makaahon,nang tignan nya kung nasaan na sya nakita nyang halos nakakalahati na sya sa paglagangoy.

Hinilamos nya ang palad sa mukha tinanggal ang pagkahilam ng mga mata.

"Ayos, may kinaganda rin pala iyong pagsakal sa akin ni Ate." Sabi nya bago nagsimulang lumangoy ulit.

Nakarating sya sa pampang ng wala nang sumusugod sa kanya at eksaktong pagkatapos din ng oras. Humilata sya sa buhangin at mariing ipinikit ang mga mata.

Nagugutom na sya.

"Bakit nga ako andito ulit?" Malakas na tanong nya sa sarili. "Hey Master Rolf konti na lang malapit na akong umayaw dito ginugutom lang ako ng palarong ito eh"

"Pfft...just quit Cutie I don't care." Sabi naman ni Rolf saka nang-aasar na tumingin kay Vane.

"Congratulation Hunters, nakapasa kayo sa stage 1." Sabi ng isang tinig na nagmumula sa mga nagkalat na speaker sa lugar. Para sa stage 2 sa likod ng mga simbolo na nakuha nyo nakasulat ang lugar kung saan kayo dapat pumunta. Magsisimula ang stage 2 pagkatapos ng tatlumpung minuto."

Wala sa loob na kinuha ni Ysa ang coin.

SE

"SE? South East?" Naupo sya. Pinagmasdan ang posisyon ng araw. Saka sya tumayo at naglakad patungo sa direksyon na kailangan puntahan.

*****

Hindi si Ysa ang nauna sa malawak na damuhan na iyon, marami nang nauna sa kanya na pinagkibit-balikat nya lang. Lumapit sya sa isang malaking bato na hugis nuno sa punso, naupo at sumandal.

"Makikiupo lang kuyang multo." Kausap nya sa lalaking nakaputi na duguan ang mukha na nakaupo sa kabilang side.
Hindi umimik ang multo sa kanya nakatulala lang ito kaya hindi na nya pinansin at pumikit para magpahinga.

Minsan may pagka weird talaga ang mga multong nakikita nya. Patay na nga nag-e-emo pa.

"Magandang araw Hunters," Napamulat sya ng may babaeng nagsalita. Base sa kasuotan nito tauhan ito ng Family.

"Hindi nyo kailangan tumayo para pakinggan ang sasabihin ko." Alam ni Ysa na nakangiti ito. "Tulad ng sinabi kanina sa stage 2 kailangan mag-unahan kayo na makuha ang susi na magbubukas sa gate na daan patungong stage 3. I'm just here para sabihin na ang susi ay naroon. " itinuro nito ang isang lumang lighthouse na mejo kay kalayuan sa kanila. "Iisang susi para sa inyong fifty-two hunters na nakatawid. Guys hindi ibig sabihin na kapag nakuha nyo ang susi kayo na ang maglalaro sa stage 3 . Kailangan nyong mabuksan ang Gate ng Prey nyo na naroon." Saka naman nya itinuro ang isang malaking bakal na tarangkahan na hindi kalayuan sa lighthouse. "Kapag naituntong nyo na ang ang mga paa nyo sa loob awtomatiko na kayo na ang maglalaro sa susunod na yugto," pumalakpak ang babae. "Iyon lang, magsisimula ang stage sa loob ng labing-lima minuto. Good luck Hunters isa sana sa inyo ang suwertehin na masilo si Master Vane." She said saka ito naglakad palayo hanggang sa mawala sa paningin nila.

Nagkanya-kanya ang mga Hunters sa paghahanda, habang si Ysa naman ay napakurap-kurap.

"*Isa sana sa inyo ang suwertehin na masilo si Master Vane."*

"Isa sana sa inyo ang suwertehin na masilo si Master Vane."

"Isa sana sa inyo ang suwertehin na masilo si Master Vane."

"*Master Vane..."*
"Master Vane..."
*"Master Vane."*Dahan-dahan syang tumayo. "T-teka... anong Master Vane?" Sa pagtayo nya nalaglag iyong chocolate na isa sa mga simbulo na nakuha nya.

Matagal syang napatingin doon at habang nakatitig hindi na tsokolate ang nakikita nya kundi mga mata ni Vane.

"Opps alam na nya," Komento ni Rolf habang nakatingin sa walang ekpresyon na mukha ni Ysa.

"Buhay ka pa pala," mula sa pagtingin sa tsokolate, nagtaas ng tingin si Ysa. Sinalubong sya ng nang-aasar na mga mata ni Divine.

"Anong ginagawa mo rito?" Tanong nya.

"Anong ano ginagawa ko rito? Ano klaseng tanong yan Elf? Syempre para makuha ko si Vane. Ikaw anong ginagwa mo rito akala ko ba si Rolf Vasquez ang pinaglalaban mo

Napatingin si Ysa sa tubig. "Akala ko din," ibinalik nya ang tingin kay Divine. "Pero bakit ka nagtatanong? Simula palang alam mo na naandito ako hindi ba? Pinapapatay mo pa nga ako sa ibang mga Hunters."

Natigilan si Divine napaiwas ng tingin na dagli ring ibinalik kay Ysa.

"Huwag mo akong pagbintangan Elf,"

Nagkibit balikat si Ysa. "Anyway I quit. Hindi naman pala ito ang dapat na nilalaro ko, mali pa lang tao. Sana sinabi mo na lang na si Vane Montereal ang Prey dito, eh di sana hindi pa nasaktan iyong mga taong kinuha mo."

Natigilan si Divine.

"Q-quit?"

Tumango si Ysa. Sa pagkakatanda nya kung ayaw mo ng ipagpatuloy ang laro kailangan mo lang sabihin ang iyong buong pangalan na susundan ng mga salitang sumusuko ka na.

"I Angelique Ysa San---"

"So you're a quitter," Natigilan sya ng marinig ang boses ni Yverez . "And here I'am thinking na ipaglalaban mo hanggang sa huli ang apo ko. Akala ko ikaw na ang babaeng karapat-dapat para sa kanya,"

Sa loob ng dome walang mababasa na kahit anong emosyon sa mukha ni Vane habang nakatingin parin sa monitor.

"Ha," She exclaimed. "the last time I check ayaw nyo ako para sa apo nyo."

"Nagkamali ako, sa napakaraming babae dito sa mundo, tingin ko ikaw na ang para sa apo ko. Ngunit mukhang nagkamali parin ako dahil iyong babaeng akala ko na ipaglalaban sya hanggang sa huli mukhang susukuan din sya."

"Tsss...mali ka nga. Kahit ano pang sabihin nyo mali itong lugar na kinalalagyan ko ngayon, quitter na kung quitter pero hindi ko itutuloy ang laban na ito."

"Vane...." nag-aalalang tinignan ni Barbie ang kaibigan na kumukuyom ng mariin ang mga kamao bagamat wala parin mabasa emosyon sa mga mata nito.

Napangisi ng maluwang si Divine. "So mag q-quit ka. Do it mas maganda iyon. Alam ko naman, sa umpisa pa lang na hindi ka para kay Vane. You're just an Elf, no erase that you're just an Elf of our Elf kahit kanino ka pang pamilya galing, kahit gaano ka pa kagaling isa ka lang hamak na Elf dito sa Maligdan. Elf na hindi bagay kay Vane na isang Master. Master Vane's belong to me at ikaw sa likod ka lang namin naghihintay na mautusan. Go on quit para mas gumanda ang araw ko and bilang isang Elf ikaw na ang maghanda ng kwartong tutulugan namin ni Vane at the end of this day."

Hindi nagbabago ang ekspresyon ng mukha ni Ysa nakangiti lang sya hanggang sa matapos sa pagsasalita si Divine. "I, Angelique Ysa Fuentebella Santiago," sabi nya. "will continue this game till the end." Lumuwang ang pagkalangiti nya ng malaglag ang panga ni Divine kahit si Yverez na kinakabahan ay lumuwang din ang ngiti.

"A-anong... akala ko mag-q-quit ka."

Napakamot si Ysa sa ulo. "Akala ko rin eh kaso ayaw kong pagandahin ang araw mo kaya itutuloy ko na lang itong laban na'to," then her eyes darkened. "Degrading an Elf was a wrong thing to say. Dahil dyan sa mga sinabi mo susuwayin ko ang utos sa akin," humarap sya sa nakita nyang camera. "I'm going to disobey, at handa ko pong harapin ang kaparusahan na ibibigay nyo."

Dumiin ang hawak ni Dylan sa kamay ni Angela. "My baby," sabi ng lalaki. Napangiti naman si Angela. Kahit na sya nalulungkot dahil alam nyang isa sa mga araw na ito bubuo na ng sarili buhay ang anak nya. Hindi na ito ang prinsesa ng kastilyo nila. She will be a queen now. Vane's queen. "It's okay Ylan, alam naman natin na hindi sila habang buhay sa poder natin diba, lets just look at the bright side. Isipin mo na na may bago tayo sanggol na kakargahin sa mga darating na araw."

"Apo?" Napatikhim si Dylan. "Huwag muna natin pag-usapan iyan Angel hindi pa matanggap ng isip ko na mag-aasawa na ang prinsesa natin," ilang sandali tumahimik si Dylan, ngumiti. "But a grandchild..." Angela read excitement in her husband eyes na kinatawa nya. Hinalikan nya ang asawa sa pisngi bago ibinalik ang tingin sa monitor.

"You," Galit na sabi ni Divine na hindi pinansin ni Ysa. "Hey Master Vane. I'm gonna hunt you and I'm going to make sure that I will catch you. So you better wait for me Bev." Then she winked.

Tumaas naman ang isang sulok ng labi ni Vane. " Yeah see you Miss at the end."

t**o be continue...**

5/30 tuesday.

******

H/n :

Kumusta naman itong chapter na ito?

Comment po kayo.

Salamat sa pagbabasa sa boboto at mag c-comment.

Thanks

Helliza Sabida
6282018tbu 8:58am

5. Ikalawang Yugto 2

For
@nadia Adviento
@salbahengLukaret
@Stolen_shot

Maraming salamat sa inyo Guys?.

*****

"Sinabi ko na sayo, hindi ko hahayaan na manalo ka rito."

Diniinan ni Ysa ang hiwa na nagmula sa hunter's knife na hawak ni Divine. Sa kaliwang balikat nya tumama iyon, malalim ang hiwa dahil sa patuloy na pagdugo kahit na anong diin ang gawin nya.

Nasa tuktok na sila ng lighthouse, dalawa na lang sila natira. Nag-umpisa ang stage 2 na halos silang dalawa ang nangunguna, may mga humarang, may mga sumugod ngunit pareho silang determinado ni Divine na makarating sa dulo. Kahit ang mga patibong na nagkalat sa loob ng parola ay nagawa nilang lampasan.

*****

"Hindi ko hahayaan na makuha mo sya," galit na sabi ni Divine sa kanya. Nagigirian sila sa makipot na hagdan na patungo sa taas.

Malakas ito at mabilis talaga ang babae, magkaganon man kahit masakit ang mga sugat at napinsalang paa nagagawa nya itong sabayan.

Binangga sya nito, sumadsad sya sa pader, lumubog ang ang brick na nadiinan nya.

Sabay silang natigilan ni Divine ng makarinig ng kakaibang at sabay na natumba ng iyong hagdan na tinatapakan nila ay naging tila escalator na gumalaw pababa.

"Shit," mura nya ng maitukod ang tuhod para iwasan ang paggulong. Nang lumingon sya sa likod nya,

parang domino ang mga Hunter na nasa huli nila na nawalan ng panimbang dahil sa paggalaw ng hagdanan.

Mabilis syang tumayo at ibinalanse ang sarili sa gumagalaw na inaapakan at saka tumakbo pataas.

Nakita iyon ni Divine na kumilos rin para habulin sya.

"Woa nakakapagod umakyat sa hagdanan na pababa," she said tagaktak ang pawis nya ng makalagpas. Huminga sya ng malalim, saka naglakad patungo sa isa pang hagdanan.

Pagtapak nya sa unang baitang mabilis syang yumuko ng may lumipad na balisong mula sa kaliwa nya, napatingin pa sya sa pader ng bumaon iyon doon. Hinimas nya ang kaliwang braso. "Muntik pa ako magkabutas sa braso." Sabi nya.

Sampung baitang lang ang hagdan na iyon mas kaunti kesa sa nauna, pero sigurado sya na may mga patibong sa bawat baitang na aapakan nya.

Dahan-dahan na iginalaw at iniapak nya ang isang paa sa susunod, habang nakikiramdam sa paligid nailapat nya na iyon, walang nangyari. Sunod nyang iniapak ang isa pang paa. Eksaktong pagtuntong nya, nagdatingan ang mga Hunters na na nakalagpas sa naunang hagdan kabilang si Divine.

"Wait lang mga ate---." Pigil nya sa mga ito, walang pumansin sa kanya. Nasa sampung mga Hunter ang nagmamadaling umakyat itinulak at tinabig pa nga siya napakurap-kurap na lang sya sa mga sunod na nasaksihan.

May tinamaan ng balisong sa tagiliran. May bumitin sa ere ng maapakan ang isang tali.
May gumulong pababa ng tamaan ng lumilipad na bola ng baseball . Ang isa ay napasigaw ng masunog ang kanang paa ng bigla nalang bumuga ng apoy ang ilalim ng baitang na tinapakan nito at may nawalan ng malay ng mabugahan ng itim na usok ng makatuntong sa pinakatuktok ng hagdan.
"...may mga patibong." Pagtatapos nya sa sinasabi nya kanina. Napakamot na lang sya sa ulo walang natira gising sa sampung Hunter, napatingin sya kay Divine na nasa tabi nya at natulala sa nasaksikan, napatingin din ito sa kanya, nginitian nya ito ng matamis bago sinabi ang mga katagang "mauna na ako Lady Divine," tumakbo sya segundo lang nakatakbo na rin ito.

Dahil nakita na nila kung nasaan at kung ano-ano ang mga patibong walang kahirap-hirap na naiwasan na nilang dalawa iyon. Hanggang sa makarating sila sa dulo. Tulad ng inaasahan may usok na bumuga sa paligid, she held her breath at tinakbo ang pinto na patungo sa Light room, naitulak na nya iyon pabukas ng maramdaman nya ang paghiwa ng kung ano sa balikat nya.

Napaluhod siya sa biglang sakit na naramdaman, lumingon sya at nakita nya si Divine na hawak ang isang hunters knife.

"Hndi ako makakapayag na mapunta sayo si Vane. Akin sya. Akin lang." Sabi ni Divine na tinadyakan sya sa tyan na ikinatalsik nya sa barandilya ng light room sunod-sunod syang napaubo.

Malakas ang hangin sa kinaroroonan nila, sa nanlalabo nyang paningin nakita nya ang dagat.

Lumikot naman ang mga mata ni Divine, hinahanap ang susi. Lumuwang ang pagkakangiti nya ng makita iyon na nakasabit sa may barandilya hindi kalayuan sa kinalulugmokan ni Ysa.

Lumapit sya roon hinila ang susi na kulay ginto na may desenyong agila na nakatuntong sa isang itim na diyamante. Mabigat iyon at sigurado si Divine na malaki ang halaga. Pera na hindi nya pag-iinteresan

dahil mas malaki ang mapapakinabangan nya kung sya ang mapapangasawa ni Vane Montereal, mahal nya ang binata tulad ng pagmamahal nya sa yaman at kapangyarihan na makukuha nya oras na sya ang maging asawa nito, sisiguraduhin nya na mangyayari iyon.

Napatingin sya kay Ysa na nakasandal sa barandilya ng lighthouse nakapikit at tila hinang-hina.

Ngumisi sya at lumapit dito.
"Kung pwede lang kita patayin dito mismo ginawa ko na." Nilapitan nya ito at pinisil ang pisngi. "Pero dahil pinagbabawal ang pagpatay dito lulumpuhin na lang kita, no hindi pala gagawin na lang kita gulay para masigurado ko na hindi kana makakalapit kay Vane," Iniuntog nya ito sa barandilya, hindi ito umigik o nagpakita ng reaksyon.
Mas lalong nagdiwang ang loob nya ng lumungayngay ito at umubo na may kasama dugo.

"Mali ka kasi ng larong pinasok Elf at mas lalong mali ka ng lalaking minahal. Si Vane Montereal ay akin. Hindi para sayo o kahit na sinong babae, akin lang," itinaas nya ang kamay para bigyan ito ng isang malakas na sampal. Sampal na hindi dumapo sa mukha nito dahil nasalo nito ang palad nya. Nagmulat ito at deretso tumingin sa mga mata nya.

"May isang katotohanan sa mundo ito na sigurado ako. 'Siguradong-sigurado' na walang kung sino man ang makakapagpabago. Iyon ay ang katotohanan na si Vane Cendric Montereal ay para sa akin lamang," Hinila nya ang kamay ng mapansin nya na dumidilim ang mga mata ni Ysa. "Narinig mo? Akin lamang. Sabihin mo man ng paulit-ulit na sayo sya hindi parin magbabago na si Bev ay para kay Ysa lang," at bago pa sya makakurap nawala na ito sa harap nya. Natigilan siya, dahan-dahan na lumingon sa kanyang likuran, nakatayo na si Ysa habang hawak-hawak ang susi na kanina ay nasa kamay nya.

"Akin yan," mabilis sya tumayo at inagaw iyon rito ngunit walang kahirap-hirap na umiwas ito sa kanya. "Give that back to me."

Ngumisi lang si Ysa sa kanya. "Hindi ko pinamimigay ang pag-aari ko pasensya na."

Uminit ang ulo nya, inilabas ang hunters knife na hawak at sinugod ito.

Ngunit tila ibang Ysa ang kalaban nya ngayon. Nagbago ang pagkilos nito ang bilis, tila rin hindi na nito iniinda ang mga sugat na natamo.

Isang suntok ang binigay nya rito na wala kahirap-hirap na sinalo nito. Lalo syang nanggigil kaya nagpakawala sya ng isang flying kick. Ngunit sinalo lang rin nito ang paa nya hinawakan nito iyon ng mahigpit. Sinubukan nyang hilahin pero ayaw nitong bitawan. "Let go," Hindi ito kumilos. "Let go Elf bago pa ako mainis sayo, ilalaglag talaga dito sa lighthou-" kanina lang nakatuntonng sya sa lupa, kanina lang si Ysa ang may hawak ng mahigpit sa kanya. Ngayon hindi niya alam kung paano nangyaring sya na ang nakahawak ng mahigpit sa kamay nito habang nakabitin sa ere. Mahigpit ang pagkakahawak nya dahil sigurado na hindi sya bubuhayin ng mga bato na lalagpakan nya.

"A-anong ginagawa mo?" Hindi niya mapigilan na matakot. Hindi pa sya handang mamatay. Marami pa syang gusto gawin.

"Alam mo ba na kapag binitawan kita siguradong patay ka," tumalim ang tingin nya kay Ysa pero humigpit ang hawak nya sa kamay nito. "Masakit pa naman itong hiwa na ginawa mo sa balikat ko, baka hindi na ako makatagal at mabitawan na kita." She said.

"Damn you. Iangat mo ako ngayon din Elf o pagsisihan mo ito."

"Sure Lady Divine,"Nakakabinging tili ang pinakawalan nya ng bitawan sya nito. Akala nya katapusan na nya pero muling nahawakan ni Ysa ang kamay nya. "Shit...p-please gusto mong makuha si Vane diba s-sige sayo na iyong susi. S-sayo na sya jut let me up hindi na kita guguluhin k-kayo ni Vane magpapatalo na ako sa laro." Pakiusap nya bumaon ang kuko nya sa balat nito dahil sa higpit ng kapit nya.

Matamis na ngumiti si Ysa at walang kahirap-hirap na hinila sya pataas. Sumalampak sya sa sahig dahil sa panginginig.

"Maiwan na kita Lady." Narinig nyang paalam nito nagtaas sya ng tingin at tinignan ng matalim ang likod nito.

"Hindi ako makakapayag na manalo ka."

"Tanga ka talaga," sabi niya na sinugod ito inilabas nya ang isang balisong nabitawan nya kanina ang hunters knife na hawak. "Hindi ka mananalo," Nakita nya ang paghinto nito ang pagharap sa kanya then everything went black.

Sinalo ni Ysa ang katawan ni Divine na nawalan ng malay pagkatapos nya suntukin ng malakas sa sikmura. Iiling-iling na sinandal nya ito sa barandilya. "Madaya ka talaga Lady Divine." Sabi niya saka ito iniwan doon.

Tumakbo sya pababa ng lighthouse may mga patibong parin na walang kahirap-hirap na nyang iniwasan. Tama na ang paglalaro pagod na sya at inaantok idagdag pa na gutom na rin sya. Tinakbo nya ang gate na daan para makaakyat sya sa stage 3.

*****

Napakurap-kurap si Ysa habang nakatingin sa malaking gate na nasa harap nya.

"Kaloka bakit hindi ko nakita kanina na ganito kalaki ang gate na ito," pero ang mas kinamangha nya ay ang napakaraming susian ng tarangkahan. Halos buong gate may key-hole.
Mukhang kailangan nya pang hanapin kung nasaan ang butas para sa susing hawak.

Napakamot sya sa ulo. Kung iisa-isahin nya ang mga susian na ito sigurado aabutin sya ng siyam-siyam.

Pumikit sya. "*Isip Ysa hindi lang basta-basta binutas ang mga gate na iyan para masusian,"* Nagmulat sya ng mga mata. Pinagmasdan ang mga key-hole na nasa harapan. Pila-pila ang mga iyon na tila mga sundalo. Ang ibang mga butas ay may takip o sealed na, ang hula ni Ysa key-hole iyon ng mga miyembro ng Family na nakapag-asawa na.

Pinagmasdan nya iyon hanggang sa nakatingala na sya sa pinakatuktok.

"Pila-pila mula ibaba hanggang dulo. Si Bev ang isa sa susunod na lider isa sa magiging pinakamataas." Pumikit sya at lumanghap ng sariwang hangin. "*Pinakamataas. Kung ang pagbabasehan ay ang titulo at katayuan ni Vane sa Family. Ang key-hole ng susi nya ay nasa pinakamataas*." Nagmulat sya ng mga mata napangiti. Hahakbang na sana sya para umakyat sa mataas na gate ng mapahinto sya at mapaluhod.

Nakaramdam sya ng matinding hilo at panghihina. Sa dami ng pinsala nya sa katawan bumibigay na sya, yes she can block pain pero hindi nya mapipigilan ang panghihina

Ipinilig nya ang ulo.

"Konti na lang Ysa ngayon ka pa ba susuko?" She said ilang beses syang huminga ng malalim bago sya kumilos para tumayo.

"Kung andito si Bev magpapakiss ako para mare-charge."

Gamit ang nanginginig na mga kamay at nanghihina mga tuhod nangalakyat sya sa gate. Good thing may mga apakan at hawakan na nilaan talaga para sa mga susian na nasa taas. Pagdating sa dulo hinananap nya ang susian na para kay Vane, na kanya naman nakita kaagad.
Kitang-kita ang Agila, Diyamanteng itim at Tsokolate na simbolo ng binata, nakaukit iyon palibot sa key-hole ng susi. Wala pagdadalawang-isip na ipinasok nya ang susi, pinihit, ng kumagat iyon ilang minuto syang naghintay na bumukas ang malaking gate.

"Shit bakit wala?" Mura nya ng ilang segundo ay wala parin nangyayari. "Bakit hindi ka bumubukas? Sigurado naman na tama itong sinusian ko," naisuklay nga ang mga daliri sa buhok. Pagod na talaga sya at nanghihina, wala na sya sa mood na maghanap ng gate na bubukas sa susi na hawak.

Wala sa loob na napatingin sya sa baba naagaw ng kanyang pansin ang isang bahagi ng lupa na unti-unting bumubukas.

"Trap door?" Noon nya lang na realize na hindi ang malaking gate na ito ang pinto papuntang stage 3.
"Damn." Muli syang napamura ng makita si Divine na tumatakbo papunta sa lupang bumuka. Dali-dali nyang kinuha ang susi, bumaba at ng matantiya na nya ang taas, she jumps.

"Malulumpo na ako sa ginagawa kong ito eh." She murmured habang tumatakbo, gumewang at muntik pa syang matumba ng tila bumigay ang tuhod nya sa ginawang pagtalon, buti na lang mabilis nyang nabawi ang balanse.

Patalon na si Divine sa trap door nang hawakan nya ito ng mariin sa braso.
"Not a chance girl" she said malakas nya itong hinila palayo, tumalsik ito ilang dipa ang layo mula sa kanya, isang ngiti na may kasamang pagsaludo ang iniwan nya sa babae bago tumalon pababa.

Sinubukan pa ni Divine na humabol ngunit eksaktong paglapat ng mga paa niya sa sahig ay ang pagsarado ng trap door at pagdilim ng buong paligid...

To be continue...
6/3 sat

******

H/n

Pahingi po ng komento? what do you think guys?

Salamat sa pagbabasa, sa boboto at magkokomento?.

Helliza Sabida

52. Si Bev at Si Miss

Hello kay
Ms. Wendy Lucena
Ms. Aljeah Bartolome at
Ms. MisYellowBell **salamat po sa suporta????.**

Like I said sa Fb acct ko magpapalit ako ng Book cover ??? pa pm na lang po sa akin doon kung may ibibigay kayo? pm po ha. *favor kung pwede kilig pose po hehehhe*

Thankie?

*****

Ilang segundo na sinanay ni Ysa ang mga mata sa dilim. At nang medyo makaaninag, nagsimula na syang maglakad sa deretsong daan na nakikita nya.

Hawak ang susi sa kaliwang kamay, paika-ika syang naglakad. Naglakad sya ng naglakad hangang sa isa uling gate ang nakita nya sa pagkakataong iyon maliit iyon. Mataas lang ng konti sa kanya.

Ngunit hindi tulad ng sa malaking gate tatlo ang susian niyon. Isa para sa susing hawak nya, sumunod ay hugis bilog habang hugis diyamante naman ang isa.

Kinuha nya ang mga simbulong hawak sa loob ng de-zipper nyang bulsa, una nyang inilagay ang susi, pagkatapos ay ang coin then the black diamond. Napaatras sya ng tumunog ang tarangkahan at mabilis na bumukas. Naitaas nya ang kanang kamay, iniharang sa mga mata ng masilaw sya. Kung madilim sa kinaroroonan nya maliwanag naman sa kabilang panig ng gate na binuksan nya nang makapag-adjust ulit ang mga mata nagsimula syang humakbang.

Nasa loob sya ng isang kweba, isang malaking kweba na may naglalakihang spotlight at lighting fixture sa paligid, sa mga ilaw na iyon nanggagaling ang nakakasilaw na liwanag ng lugar.

"Congratulation Hunter Santiago ikaw ang opisyal na nakapasa sa stage 2 at ngayon ay maglalaro sa stage 3," Boses na umalingawngaw sa buong kweba eksaktong lumapat ang dalawang paa nya sa loob. "Meron kang sampung minuto para magpahinga at gamutin ang mga sugat mo gamit ang medicine kit na nasa paligid lang," inilibot nya ang tingin sa paligid. Nakita naman nya ang medicine kit na nasa kanang tagiliran limang dipa ang layo mula sa pwesto nya. "Sa stage 3 kailangan makuha mo ang singsing na hawak-hawak ng taong makakalaban mo. Kailangan maisuot mo iyon sa daliri mo, hindi lang basta nakasuot dapat nakaluhod ang kalaban mo sa iyong harapan habang ginagawa iyon. Kapag nangari iyon, kikilalanin ka na Hunter na nakahuli sa Prey nya. Master Vane will be yours at opisyal na matatanggap ka bilang isang miyembro ng Family. But kapag ikaw ang napaluhod sa harap ng kalaban mo game over ka, ang pagkakataon na makuha ang Prey mo ay nakawala na sa iyong mga kamay." Napatango-tango sya sa habang pinapakinggan ang tinig na iyon.

"That's all Hunter sana magtagumpay ka." After that tumahimik na ang paligid.

Umecho ang paghakbang nya nang maglakad sya papunta sa medicine
Kit naupo sya sa batuhan na naroon at inilabas ang mga gamit at gamot na kailangan nya. Ginamot nya

ang mga sugat na natamo.

"Mula ng makilala ka puro sakit na lang ang nararamdaman ko, mentally & physically, nasaktan ako nang naging malamig ang pakikitungo mo sa akin," she said loudly habang bine-bendahan ang hiwa na gawa ni Divine. "Nasaktan ako nang ipagtabuyan mo ako, nasaktan ako ng makita kong may iba ka babaeng niyayakap at hinahalikan, nasaktan ako ng hindi mo ako pagkatiwalaan, nasaktan ako ng nakipag-break ka." tumawa sya ng pagak. "At hanggang ngayon kahit hindi na kita boyfriend nasasaktan parin ako, nasusugatan." Tinapos nya ang paggagamot sa sarili at sumandal sa bato. Nakaramdam sya ng bahagyang kaginhawaan ng lumapat sa malamig na bato ang nanakit nyang likod. Pumikit sya. "Ngayon nandito ako huling laban na at naghihintay sa maka-kalaban ko, itaga mo sa bato madadagdagan itong mga sugat at sakit sa katawan na meron ako. Ang tanong ko are you worth it? Karapatdapat ka ba sa mga sakit na pinagdadaanan ko? Andito ako handang patunayan na para sa akin ka." Tumawa sya ulit habang nakapikit. "Teka parang nadadaya na ako ilang beses ko na yatang pinatunayan na karapatdapat ako sayo," nagmulat sya "pero ikaw parang ni isa hindi pa pinapatunayan na karapatdapat ka sakin, balik-balikan ko man ang lahat ng nangyari wala talaga ako maalala. Nagda-dalawang isip na tuloy ako kung lalaban pa." Tumingin sya sa orasan na naroon, four minutes bago matapos ang sampung minuto. "Pero dahil naandito na nasa huling yugto na, tatapusin ko na. Sana lang huwag mo nang sayangin, nakakapagod din kasi Bev... nakakapagod na."

Mula sa ginagawa natigilan si Vane, kumuyom ang mga kamao.

Tumayo si Ysa nang ilang segundo na lang ay magsisimula na ang huling laban.

Eksaktong sampung minuto, namatay ang lahat ng mga ilaw at muli syang napaligiran ng dilim.

Hindi sya kumilos ni hindi gumalaw ang ulo nya. Nanatili syang nakatayo at deretso ang tingin.

Hindi nya nakita pero naramdaman nya ang sipang pinakawalan ng tao na sumulpot sa harapan nya umiwas sya at sumuntok pero nasalo ng taong iyon ang kamao nya. Pinilipit nito ang kamay nya kasabay ng naman ng paggalaw ng isa nya pang kamay pasuntok rito. Tinamaan ang kalaban nya sa mukha na hindi nito ininda.

May gwantes ang mga kamay ng kalaban nya ngunit hindi naging hadlang ang tela para maramdaman nya 'iyon' nagulat sya, natigilan. Sa pagkatigalgal nyang iyon muntik na syang masuntok sa mukha na naiwasan nya. Then muling bumaha ang liwanag sa paligid.

Nabigla ang mga mata nya sa ilaw kaya nawala sya sa pokus at nadulas sa batong kinatutuntungan nya. Nawalan sya ng panimbang at hahampas sana ang ulo sa malaking bato ng hawakan sya sa kamay at hilahin ng taong kalaban nya.

Nakaover-all din ito tulad ng mga tauhan ng Family na nakalaban nya ang kaibahan lang kulay asul ang suot nito.

Kahit na muntik ng madulas sumuntok sya at tinaman ito sa sikmura na nagpauklo dito.

Gumanti ito ng sipa na nailagan nya.

Ilang minuto silang nagpalitan ng suntok, sipa at tadyak. Ilan beses nya itong napuruhan. Hanga nga sya dahil nakakatayo parin ito sa kabila ng mga natatanggap na pag-atake sa kanya.
May napansin lang sya, parang pinipigilan nito ang sarili sa bawat bitaw nito ng atake sa kanya. Oo masakit pero hindi tulad ng sakit na ini-expect nya.

"Pwede bang seryosohin mo hindi ito masaya kung hindi mo aayusin ang pag-atake mo." Sabi nya ng minsan na magkadikit ang katawan nila dahil hinila sya nito, isa pa ito sa napapansin nya lagi sya nito hinihila papalapit rito.

Hindi parin ito nagbago ng pag-atake, pinagpatuloy lang nito ang sinimulan na pinagtataka nya.

"Sigurado ako may dadating pa na kalaban, imposible ganito lang kadali ang laban na ito." Naisip nya. Patuloy lang sya sa ginagawa, mabuti pang tapusin nya na habang may lakas pa sya.

Sa isang pag-atake nya hindi sinasadya na nahawakan nya ang telang tumatakip sa buong ulo nito at nahila, napunit iyon na nagpabunyag sa mukha ng taong kalaban nya.

Natigilan sya at nanlaki ang mga mata sa sobrang gulat nya bumuway ang tayo nya, kung hindi nito mabilis na nahawakan ang isang kamay nya tiyak na matutumba sya.

Bago pa sya ulit makapag-react sumipa ang kalaban nya patama sa tuhod nya para mapaluhod sya. Pinigilan nya iyon sa pamamagitan ng pagsalubong din ng sipa sa paa nito.

Nakaramdam sya ng galit.

"*Talagang sasaktan nya ako."* Naisip nya isang malakas na suntok sa mukha ang binigay nya rito. Tinamaan ito pero hindi binitawan ang kamay nya na sakop parin ng kamay nito.

Hinila sya nito papalapit hanggang sumadsad ang katawan nya sa katawan nito.

"Fight me with all you have Miss," Sabi ni Vane na nagpakawala ulit ng suntok.

Parang nabasag ang puso nya dahil sa ginawa nito.

Umiwas sya, mas malalakas na atake ang pinakawalan nya, mas naging mabilis ang mga kilos.

Lahat ng hinanakit inilabas nya, lahat ng sakit na naramdaman nya pinaparamdam nya sa bawat pag-atake nya sa lalaking hanggang sa huling-hininga na kanyang gagawin ay may hawak ng puso nya.

Ang mga nanonood sa kanila napanganga na lang dahil sa bilis at husay ng mga kilos nila.

Lahat ng mga atake nya tinatanggap nito. Pakiramdam nya pa nga sinasalo talaga iyon ng binata.

Nagpakawala ito ng isang suntok na hindi nya napaghandaan, hinintay nya ang paglapat ng kamao nito sa mukha nya, gahanip na lang ang layo niyon sa pisngi nya ng ihinto nito ang kamay saka sumipa para mapaluhod sya. Ipinikit na lang nya ang mga mata hindi na nya sinangga o pinigilan ang sipa nito. Hindi nya maintindihan parang nawalan na sya ng gana na makipaglaban. Hindi nya gusto na ganito sila, inaatake ang isat-isa, hindi iyon matanggap ng isip at puso nya kaya tila bumigay na ang katawan nya, sumuko na.

Ngunit ang inaasahan nyang pagluhod ay hindi nangyari bagkus nang magmulat sya ng mga mata hindi na nya nakita si Vane. Inilibot nya ang tingin, pagkatapos ay natigilan sya.

Dahan-dahan nyang ibinaba ang tingin, nagtama ang mga mata nila ni Vane...

...si Vane na nakaluhod ang isang tuhod sa lupa at nakahawak sa kamay nya!

Natulala sya hindi maialis ang tingin sa binatang tila isang sundalong kawal na nakaluhod sa harap ng prinsesang pinag-alayan nito ng buhay.

Naalis lang ang tingin nya sa mga mata nito ng may maramdaman syang malamig na bagay na bumalot sa isa nyang daliri, napatingin sya roon.

At sa daliri ng kamay nya na hawak nito nakasuot na ang isang singsing. Kahawig iyon ng unang singsing na ibinigay nito sa kanya ang kaibahan nga lang itim na diyamante na ang bato niyon.

"A-anong?"

"Alam kong ilan beses ka nang nasaktan ng dahil sa akin. Alam ko rin kung ilan beses na pinatunayan ni Angelique Ysa Santiago kung gaano sya karapat-dapat kay Vane Cedric Montereal at alam ko rin na wala pa akong ginagawang pagpapatunay na karapat-dapat ako sayo. I'm sorry Miss,"

Sinubukan hilahin ni Ysa ang kamay dahil sa pagkabigla ngunit mahigpit ang hawak ni Vane doon.

"I know na marami na akong kasalanan sayo, handa kong bayaran ang lahat ng iyon. Handa kong patunayan sayo na karapat-dapat ako. Mahal kita Angelique Ysa, mahal na mahal. Just give me this one shot at habang buhay kong papatunayan sayo that you're my love, my heart, my life." Itinaas nito ang kamay nya sa mga labi nito at hinalikan ang daliri nyang may suot na singsing.

"I'm Vane Cedric Montereal kneeling infront of my one & only love. I'm willing to surrender my freedom to be with her for the rest of my life. I promise that I will never hurt her again and I'll protect her. Yes I hurt her with all my might in every ways but I'll see to it that I'll love her with all I have, with all my heart. This is what I pledge under my position at sa harap ng lahat ng taong nanonood ngayon ibinibigay ko sayo ang pangalan ko."

Nangilid ang luha sa mga mata ni Ysa. Hindi niya alam kung paano magr-react, kung ano ang sasabihin nya.

"Tatanggapin mo ba? Will you marry me Angelique Ysa... please." tuluyan ng tumulo ang luha sa mga mata nya.

"Paano kung hindi ko tanggapin paano kung hindi na kita mahal?" Tanong nya hinila ulit ang kamay at muli hindi nito iyon pinakawalan.

Simpatiko naman na ngumiti ang binata. "Hunter nahuli mo na ako. Officially I already belong to you. At kahit 'No' ang sagot mo I'll still marry you then I'll do anything to make you fall in love with me again. Lulunodin kita sa pagmamahal ko hanggang sa muli kang kumapit sa akin at mahalin ako."

Void in emotion malakas na hinila ni Ysa ang kamay at umatras ng isang hakbang." Stand up Montereal." Utos nya.

Tumayo si Vane hindi man halata sa mukha nya ramdam nya ang takot na baka hindi sya sa tanggapin ng babae.
Ilang segundo syang tinignan ni Ysa. Ang lakas ng kabog ng dibdib nya, paano kung tanggihan nito ang binibigay nya.

"Ako si Angelique Ysa Fuentebella Santiago, ngayon ko lang narealize bakit naghahabol ako sa isang lalaki gayong marami naman na nag-aabang na makuha ako. Sabi nga ng mga kapatid ako ang hinahabol at hindi ako ang naghahabol. Kalimutan na daw kita at tanggapin ang lalaking hindi ako

sasaktan at susunod sa mga gusto ko," Kumuyom ang mga kamao ni Vane. "Alam mo ba naisip ko rin iyan ng mga panahon na sinasaktan mo ako. Sabi ko sa sarili ko bakit nga pinipilit ko ang sarili ko sa taon na walang ginawa kundi saktan ako. Pwede naman na hindi na ako masaktan. Kalimutan na lang kita. Alam mo bang kapag ginusto ko kaya kong burahin ang pangalan mo sa isip ko at palitan ka."

"*Fuck me kung hahayaan kong mangyari iyon.*" He thought

"Ang problema sa isip lang kita kayang burahin, hindi dito. "Itinuro ni Ysa ang tapat ng puso. "naisip ko rin sayang naman iyong mga sakit na pinagdaanan ko kung gagawin ko iyon. Iyong mga paghihirap ko mauuwi lang sa wala, at iyon ang ayaw ko. Naghirap na nga ako tapos nganga parin ako sa dulo hindi naman pwede luging-lugi na ako. I'm very determined woman napatunayan ko na iyon diba." She said habang deretsong nakatingin sa tsokolateng mga mata ng binata. "And I'm a Fuentebella & a Santiago. Kapag tumibok ang puso namin tanging ang taong iyon na lang ang magpapatibok niyon."

Bumilis ang tibok ng puso ni Vane, nagkaroon ng pag-asa.

"Mahal kita Vane,"

Parang may sumuntok sa dibdib ng lalaki nang marinig ang mga katagang iyon sa labi ng babae. Hindi sya nakaramdam ng hiya ng tumulo ang isang butil ng luha sa mga mata nya.
Kung kanina may isang hakbang na pagitan sila, nawala iyon ng kabigin nya sa bewang ang babae at idinikit ang katawan nito sa kanya.

"Magpapakasal ka ba sa akin?"

Tumutulo ang luha sa mga mata na tumango si Ysa. "Syempre Bev kita eh, saka paano tayo magkakababy kung hindi mo ako papakasalan, of course I'll marry you Bev," she said. "I'll will marry you anytime anywhere-" naputol sya sa pagsasalita ng halikan sya ni Vane. Saglit syang natigilan bago nakangiting tumugon sa halik nito.

Halos ibaon ni Vane si Ysa sa katawan nya, in his kiss pinaramdam nya lahat ng hindi nya kayang sabihin sa salita. Nasa mga bisig nya na ulit ang Miss nya at wala na syang planong bitawan ito ulit. He promise, he will never let go no matter what.

Pumulupot naman ang kamay ni Ysa sa batok ng binata. Ramdam nya ang gusto nitong iparating sa paraan ng paghalik nito kaya tumugon din sya sa ganon din na intensidad. Pumulupot ang mga paa nya sa bewang nito ng buhatin sya nito habang patuloy parin na hinahalikan.

Ang mga kaibigan nila na nanonood, ang Knight Hunters, si Rolf at ang D&A's natuwa at nagbunyi habang nakatayong pumapalakpak.

Sino bang hindi magsasaya si Bev at si Miss nagkabalikan na.

To be continue...
(June 7, wed)

*****

H/n

May gagawin ako kaya june 7 pa ang next uD.?

Musta namn po? Makikisaya ba kayo at nagkabalikan na sila?

Salamat sa pagbabasa sa magkokomento at boboto.

Helliza Sabida
742018tbu 11:01

53. Parusa

***

"**Masakit pa?" Tanong ni Vane kay Ysa habang ginagamot niya ang sugat na natamo ng babae. Hindi nya ito dinala sa clinic dahil ayaw nyang malayo ito sa kanya. Nap-praning na yata sya, ngayon nagkabalikan na sila ayaw nyang mawala sa pangin nya ang babae.**

Umiling naman si Ysa habang nakatingin sa lalaki ginagamot ang mga sugat nya sa katawan.

Nasa kwarto sila ni Vane sa Villa. Hinihintay ang doctor na pinatawag nito para gamutin ang mga pinsala nya. Habang naghihintay sa doctor binibigyan sya nito ng first aid.
Nakaupo sya sa kama habang nakaluhod ito sa sahig. Itinaas nya ang isang kamay at pinaglaruan ang buhok nito. "Bev..." tawag nya sa binata. Nagtaas ito ng tingin. "Totoo ito di ba andito ka talaga sa tabi ko? Hindi lang ito panaginip diba? " ibinaba nya ang kamay ngumiti ng tipid. "Baka kasi hindi totoo ang lahat ng ito. Baka kumurap lang ako wala ka naman pala sa harap ko na nag-iilusyon lang ako, baka---" lumapat ang mga labi ni Vane sa mga labi nyang nagsisimula ng manginig dahil naiiyak sya habang nagsasalita. Pumikit sya at dinama ang magaan na halik nito.

"This is real. Hindi ako isang ilusyon lang nasa harap mo talaga ako hawak-hawak ko ang mga kamay mo," dumulas ang kamay nito papunta sa likod nya at kinabig sya papalapit sa katawan nito, nakaupo narin ito sa gilid ng kama sa pagkabig nito sa kanya mas naramdaman nya ang kuryenteng hatid ng katawan nito. "Yakap kita, hinahalikan." And he kissed her again.
Yumakap sya sa lalaki tumugon sa halik nito nang maglayo ang mga labi nila yumakap sya rito ng mahigpit.

"Waaa Bev na miss kita, sobrang miss na miss kita," ipinatong nya ang baba sa dibdib nito at tiningala ang binata. "Miss kong tignan iyang mga mata mo, miss kitang yakapin ng ganito," niyakap ng mahigpit ang binata. "At miss kitang halikan ng paulit-ulit." She kiss him lightly repeatedly. "I'm glad you are by my side again Vane." She said seriously.

Tulad ng dati kapag binibigkas ni Ysa ang pangalan ni Vane, may nararamdaman syang mainit na kung anong humahaplos sa puso nya, then he will picture himself and her, magkasama sila sa iisang bahay at may sariling pamilya.
"I will never ever leave you again Angelique Ysa," hinaplos nya ng ang pisngi ng babaeng may pasa. "Hindi ko hahayaan na masaktan ka ulit," he sighed. "Alam ko paulit-ulit akong nangangako at sa mga pangakong iyon wala man lang akong natupad noon, but then I'll promise you this I Vane Cedric Montereal will spend my life with Miss Angelique Ysa Santiago, at kung meron man ako walang hanggang buhay ikaw parin ang pipiliin ko makasama Miss. Damn them to hell at lahat ng mga magtataka pang mapaghiwalay tayo gawin na nila ang lahat pero hindi-hindi na ako bibitaw sayo," Ngumiti si Ysa ng matamis, lalo ng ikulong ni Vane ang mukha nya sa palad nito. "My Innocently Lethal Ysa will always be mine and mine alone." Bumaba ang mukha nito para sana halikan sya ulit ng may istorbong kumatok at magbukas ng pinto.

"Hey lovebirds tama na muna iyan," natatawang sabi ni Rolf na pumasok kasunod ang first four, Stendi at Razor.

"Get lost." Masungit naman na sabi ni Vane na hindi inaalis ang tingin kay Ysa.

"Gustuhin ko man Montereal pero andyan na ang doctor na titingin kay Ysa at gusto kayong makausap ng Elders pagkatapos, so mamaya na kayo maglabing-labing dyan."

"Tsss mga istorbo." Natawa naman si Ysa sa pagmamaktol na iyon ni Vane mabilis nyang hinalikan ito sa labi saka kumawala sa pagkakayakap nito. "Hello Masters and Ladies." Bati nya sa mga ito.

"Cutie," aktong yayakap si Rolf pero tumayo si Vane at humarang sa harap niya. "Back off Vasquez."
"Pfft. What yayakapin ko lang naman ang Hunter na nakasilo kay Vane Cedric masama ba iyon,"

"Gusto mo na bang mamatay?" Seryosong tanong naman ni Vane.

Malakas na tumawa si Rolf.
"Pasalamat ka at saiyo na talaga may say ka ng maging possessive sa kanya, pero kung hindi nunka ako mapigilan nyang banta mo."

Hinawakan naman ni Ysa ang kamay ni Vane.

"Congrats Ysa nakuha mo sya," Bati ni Rolf. "Sayang lang hindi ka sa akin napunta. Pero ano palang gagawin mo kung ako talaga ang pinaglaban mo sa Hunting Game?" Tanong ng lalaki sa kanya.

Nagkibit-balikat si Ysa. "Pakakasalan ka," simpleng sagot nya. Naramdaman nya ang paghigpit ng hawak ni Vane sa kanya.

"Don't you dare Angelique Ysa." Nandidilim ang mga mata na sabi nito.

"Oh, so papayag kang maging Mrs. Vaquez talaga." Nang-aasar na sabi ni Rolf na dumaan ang tingin kay Razor na deretso ang tayo.

"Bawiin mo iyon Miss, bawiin mo kung hindi pupulbusin ko ang pagmumukha ni Vasquez." Banta nito.

"Game on," sabi naman ni Rolf.

"Papakasalan ko talaga sya kasi iyon ang utos sa akin," Nagdilim lalo ang mukha ni Vane. "Ysa." He said.

"Really Cutie papakasal ka talaga."

"Oo pero syempre hindi ko ipapasa sa munisipyo iyong mga papeles para maging legal tayo. Ang utos lang naman sakin pakasalan ka sa simbahan hindi asawahin eh." Sagot nya.

Natigilan sila. Habang sya yumakap kay Vane.

"Si Bev lang kasi ang magiging asawa ko at magiging papa ng mga baby ko di ba Bev" tiningala ko sya. Napakurap-kurap muna ito bago makasagot. "Of course Miss, of course." Saka ito yumakap din sa kanya.

"Aw masyado kayong matamis nilalanggam na kami. "si Chezter. "But guys natutuwa ako na nagkabalikan na kayo."

"Me too." Si Stephano.
"Me three." Sang-ayon ni Stephanie. Si Barbie lumapit naman sa kanila at niyakap siya. "Congrats Ysa."

Napangiti naman siya.
"Salamat."

"Ah, Boss kailangan mong puntahan si D at A hinihintay ka nila sa guest room." Singit naman ni Razor. Napatayo sya ng tuwid. "Pati si Vane pinapatawag nila." Dagdag pa nito.

Nagkatinginan sila ni Vane hinawakan nito ng mahigpit ang kamay nya. Mas lalo syang ibinaon sa katawa nito. "Pupuntahan namin sila after na magamot si Ysa,"

Hindi man namin aminin dalawa parehas kaming kinabahan.

*****

Pinagmasdan ni Angela ang anak at si Vane na magkahawak kamay na nakatayo sa harap nila ni Dylan.

Nasa guestroom sila ng Villa at nakaupo sa sofa.

Lihim syang napangiti dahil nakita nya ang higpit ng pagkakahawak ni Vane sa kamay ng anak nya. Alam nyang kinakabahan ito ngunit kahit ganon humarap ito sa kanila. Si Ysa ay bahagyang nasa likod nito na tila ba handa nitong protektahan ang anak nya sa kung ano man na mangyayari ngayon.

"Handa ko pong tanggapin ang parusa na ibibigay ninyo kay Ysa." Buong tapang na sabi nito habang nakatingin ng deretso sa mga mata nila ng asawa nya.

"Bev." Tututol ni Ysa na hindi natuloy ng akbayan ito ni Vane at halikan sa noo. "Shhh... let me do this Miss."

"Are you sure sa gusto mo Montereal?" Tanong ni Dylan.

"Yes sir."

"Handa mo bang tanggapin ang lahat ng parusa na ay dapat para kay Ysa?"

"Yes sir."

"Gusto ko lang sabihin na hindi basta-basta ang parusang ibibigay namin sa kanya. Sa D&A ang hindi pagsunod sa utos ng mas nakakataas ay isang malaking pagkakamali. Sigurado akong isang mahirap na parusa ang mararanasan mo."

"Handa po akong tanggapin kahit ano pa iyon, para kay Ysa."

Nagsukatan ng tingin ang dalawang lalaki. Hindi naman maiwasan na mangiti ni Angela ng lumaban ng titigan si Vane sa asawa nya. Mukhang ang binatang ito ay ang para sa anak nya talaga. Bibihira ang lalaking sumasalubong sa mata ng asawa nya lalo na kapag galit ito. "Then gusto kong nasa main DQ ka bukas at exactly 13:00."

"Papa sasama po-"

"Shut up young lady hindi ka pwede sumama doon dahil sya ang tatanggap ng parusa na dapat sayo."

"P-pero-"

"Hindi nyo pwedeng makita ang isat-isa sa loob ng isang linggo."Dagdag ni Angela na kinanlaki ng mga mata ni Ysa at kinahigpit ng akbay ni Vane sa babae.

"Po!" Napaalis si Ysa sa tabi ni Vane at naglakad papalapit sa mga magulang. "But Ma, Pa bakit hindi ko po pwede makita si Bev tapos ang tagal pa ayaw ko po hindi ako-"

"Are you questioning us Santiago? Susuwayin mo ba ulit ang utos ng superior mo?" Napatuwid sya ng tayo ng marinig ang tonong ginamit ng ina.

"No ma'am." Wala nagawa na sabi nya.

"Good." Si Vane naman ang binalingan ni Angela. "Hindi ko gusto ang late at ayoko rin ang hindi marunong tumupad sa usapan. Hihintayin ka namin bukas Montereal."

"Opo."

Noon naman ngumiti si Angela at Dylan binalingan nila ulit si Ysa.

"Congratulations Princess you won. We're proud of you." Sabi ng papa nya na ibinuka ang braso, mabilis syang pumaloob sa bisig nito. Yumakap din sa kanya ang ina, after that kinamayan ng mga ito si Vane. Ilang minuto pa umalis na ang mga magulang nya at nakabalik na sila sa kwarto ni Vane.

Nagdadabog na naupo sya sa kama. "Bakit ganon kakabalikan pa lang natin tapos hiwalay na naman." Maktol nya. Umupo sa tabi nya si Vane niyakap sya. "It's okay Miss one week lang naman."

Napanguso sya sa sinabi nito. "Anong one week lang ni l-lang mo iyon Bev ang tagal-tagal kaya non."

"I know Miss but I need to do this napatunayan mo na ang sarili mo sa pamilya ko, hayaan mong ako naman ang magpatunay ng sarili ko sa pamilya mo."

Wala syang nagawa kundi mapabuntung-hininga.
Hinawakan naman ni Vane ang baba nya at itinaas ang kanyang mukha paharap sa mukha nito.
"Hihintayin mo ako diba Miss."

"Syempre naman Bev."

Ngumiti si Vane. "That's good to hear Miss, that'good to hear."

*****

Lumipas ang anim na araw at ngayon ay ikapitong araw na simula ng bumaba si Vane sa underground castles nila Ysa. Halos isang linggo narin na inis na inis ang babae.

Pabagsak nyang inihiga ang katawan sa kama.

Nasa kwarto sya ni Bev hindi sya umalis doon dahil sinabihan sya ng mama at papa nya na huwag

umalis sa Villa habang tinatanggap ni Vane ang parusa na dapat sa kanya.

She need to obey that kung ayaw nyang tuluyang hindi makita ang lalaki.

Pinagpaliban din ang welcome ceremony sa mga nanalo sa Hunting Game bagkus nausog iyon ngayon, mamayang gabi. Ang oras din ng pagbabalik ni Vane sa kanya.

"Hay miss na miss ko na si Bev, Bevrry." Kausap nya sa stuff toy na yakap. Kahit picture o boses ng binata wala sya, pinagbawalan kasi itong magdala ng mga gadget. Kaya ang cellphone nito nasa kanya. Wala syang alam kung ano ang nangyayari dito, hindi sya nag-aalala na baka masaktan ito doon alam nyang safe ito sa DQ, miss na miss nya lang ito kaya gusto nya itong makita o marinig ang boses nito.

Kinuha nya ang aparato na nasa side table pinakinggan ang isa sa mga dahilan kung bakit nagdesisyon syang lalong ipaglaban ang binata sa HG.

"I love you Bev mahal na mhal kita mwahh chup chup."

"Hi Bev kumain ka na ba? Ako hindi pa punta ka rito miss na kita."

"Bev miss you ano ginagawa mo?"

"Mahal na mahal kita Vane Montereal"

"Bev miss kana namin ni Bevrry matagal ka paba dyan?"

"Si Vane Cedric Montereal ang pinakamahal ko sa buong mundo!"

Yes boses nya. Boses nya ang nasa playlist ng binata. Nir-record pala nito ang mga sinasabi niya kapag tumatawag sya rito.

Halos buong usapan nila naandon sa cellphone nito at paulit-ulit na pinapakinggan ng lalaki.

"*Oh that, yeah I save it. It was my simple way para bahagyang mapalis ang pangungulila ko sayo noong mga panahon na wala ka sa tabi ko Miss*," Sagot ni Vane ng tanungin nya ito bago ito umalis papuntang DQ. "*Kung hindi dahil dyan baka nabaliw na ako sa sobrang pagkamiss sayo. May mga pagkakataon pa na nawawala ako sa sarili, naglalasing, magpapakalunod sa alak nakikipag-away. Tapos hahanapin kita, tatawagin. Kapag hindi ka sumagot itong cellphone ko ang hahagilapin ko. Nang mga panahon na iyon boses mo lang sapat na para mapayapa ako."*

Bago sya sumalang sa HG nang araw na iyon nang pakialaman nya ang cellphone nito, nakaramdam sya ng saya, nabuhayan sya ng dugo. Nasabi nya sa sarili nya na ipaglalaban nya ang binata.

And yes alam nyang si Vane ang Prey nya. Hindi sya bobo pagkakita nya palang sa mga simbulo na hahanapin nya alam nyang kay Vane iyon.

"So you knew. Bakit hindi ka umatras? Bakit hindi ka kumibo. Nagreact ka lang ng sabihin na sayo?" Tanong ni Vane ng sabihin nya rito na alam nyang ito ang pinaglalaban nya. *"Aatras pa ba ako? Eh pabor sa akin iyon. Si Bev ang premyo. Pagkakataon ko na iyon na makuha ka."*

"Nanalo nga ako, pero hanggang ngayon wala ka parin sa tabi ko." She sighed. "I miss you Bev excited na ako mayakap ka ulit "

Nakapikit sya at inaalala ang mukha ng lalaki ng may marinig syang kumatok.

"Walang tao, natutulog balik na lang po kayo bukas." Sabi niya.
Pero makulit ang nasa kabila at mas lalo pang nilakasan ang pagkatok.

Nagdadabog na tumayo sya at naglakad.

"Sabi na pong natutu--." Hindi nya natapos ang sinasabi ng may kung anong sumaklob na itim sa ulo nya na nagpadilim sa buong paligid...

To be continue...
(6-13 tuesday)

H/n

Maikli. Mahaba pa itong chapter na ito pero dahil nakapangako ako na ngayon ang UD hinati ko na lang. Pasensya na kulang talaga ako sa oras at wala na talaga time sa pag-aayos.

Salamat sa pagbabasa, sa boboto at magkokomento.

Helliza Sabida
792018uiv 12:56

54. Tradisyon

Kanina pa pinagmamasdan ni Ysa ang sarili habang nakaharap sa salamin.

Nakasuot sya ng isang tight fitting gown that revealed her figured with a ruffled layer skirt. Spaghetti strap iyon kaya kitang-kita ang balikat nya at medyo mababa ang likod kaya pati tattoo nya ay nakalitaw. Kulay cream iyon na hapit na hapit sa katawan nya. Naka messy bun sya at nakasuot ng isang black diamond earrings.
Perpekto na sana kung hindi lang sya nakasimangot.

After kasi ng may kumatok sa kwarto nya at sakloban sya ng telang itim sa ulo, dito sya dinala sa kwartong ito. Inayusan at dinamitan. Nakasimangot sya, kasi kaya pala sya dinukot dahil dumating na si Vane. Marahil nalaman ng nga taong ito na pupuntahan nya ang binata kaya dinala sya rito.

May tradisyon ang Family na hindi pwedeng magkita ang Hunter at Prey after ng HG. Sa gabi ng welcome party na muling magkikita.
Kaya pala ang bilis pumayag ni Bev sa kundisyon ng mga magulang nya na isang linggong usapan dahil talagang isang linggo sila hindi magkikita.

"*Bakit kasi may ganito pang tradisyon, ang daming arte nitong Family."* Nakasimangot na naisip nya.

May kumatok.

"You're ready." Nakangiting sabi ni tita Sophie sa kanya.

"Tita pwede ko po bang itanan na lang si Bev?"

Napakurap-kurap ang ginang na kasa-kasama nya sa loob ng isang linggo. Nahinto ito sa aktong pagyakap sa kanya ng marinig ang binungad nya tanong.

"Pakiulit Ysa."

Yumakap sya rito.

"Kasi nakakainis eh. Miss na miss ko na po sya tapos may ganito pa. Bakit hindi na lang kami magkita. Para mas happy," maktol nya.

Natawa si Tita Sophie sa sinabi nya gumanti ng yakap. "Ang cute mo talaga Ysa. But we need to do this hindi mo naman gustong ma-highblood sayo si Papa di ba?"

Sa loob ng isang linggo pamamalagi nya rito sa Villa. Hindi iilang beses na tumaas ang presyon ng Elders sa kanya. Ilan beses sya sumuway sa utos ng mga ito. Kinontra ang mga sinasabi ni Severino. Ginawa ang mga pinagbabawal ni Yverez. She did anything para mapatalsik sa Villa at mapuntuhan si Bev pero wala parin nangyari andito parin sya.

"You will be the death of us young Lady." Galit na sabi ni Severino. Nakaupo ang mga ito habang nakatayo sya sa harap ng dalawa sa loob ng opisina.

Pinatawag sya dahil sa ginawa nyang pagtuturo ng baril sa mga bagong recruit na Family Security na hindi nya dapat gawin dahil ang utos sa kanya ay mag-aral kung paano maging asawa ng isang kabiyak ng lider ng Family at take note may teacher talaga sya.

"Naku hindi po mga lolo masyado pa po kayo malakas para mamatay."

"Tahimik." Sabi ni Yverez na hinampas ang mesa. Napasimangot sya. "Hindi ba ang utos namin sayo ay mag-aral ka. Hindi ka namin inutusan na maglaro ng baril."

"*Eh kasi naman po nakakainip iyong pinapagawa nyo ." Rason ko naman.*

Napahilot si Yverez sa noo.
"Ysa. Kailangan mong pag-aralan ang lahat ng dapat matutunan bilang mapapangasawa ni Vane. Gusto mo naman siguro makatulong sa kanya diba? And please, stop playing guns sa akin ka binilin ni Vane. Ano sa tingin mo ang gagawin nya kapag nasaktan ka."

Nagkibit-balikat ako. "Kahit naman ho hindi ko pag-aralan iyon alam ko at sigurado ako na makakatulong ako kay Vane in my own way. Sa bawat desisyon, sa bawat hirap at ginhawa sisiguraduhin ko na makakatulong ako sa kanya. At iyong sa baril po, alam naman po natin lahat na hindi mangyayari iyang iniisip nyo."

Natahimik ang dalawang matanda, nagtinginan.

Bumuntung-hininga si Yverez. "Fine have it your way you can do whatever you want pero bear this to your mind lady hindi ka pwedeng lumabas dito sa Villa hangga't hindi pa natatapos ang isang linggo."

Kaya ang ending hindi parin sya nakaalis.

"Andyan po ba si Bev sa kwarto nya tita?" Tanong nya. Nang tumango ito lumiwanag ang mukha nya. "Waaa pupunta--"

"You know na hindi pa pwede, tradition remember." Paalala nito. Nakanguso tumango sya.

Sa nakalipas na oras pinaliwanag nito sa kanya ang dapat nyang gawin sa party mamaya. Tango lang sya ng tango excited na syang makita si Bev eh.

****

Welcome Party o mas kilala sa tawag na Wedlock Party ng mga taga Family.

Tuwing matatapos ang Hunting Game ginaganap ang Welcome Party kung saan ipapakilala ang mga bagong miyembro ng Family at pagbibigay sa kanila ng kanilang Prey.

Ginaganap ito sa pinakamalaking bulwagan ng Villa. Sa loob ng bulwagan may dalawang grand staircase na makikita. Dalawang hagdanan na nagdudugtong sa east wing at west wing ng bulwagan. Sabay na baba ang Hunter at Prey, ang Hunter mula sa East at Prey sa west.
Hindi pa sila pwedeng magdikit o mag-usap not until na matapos ang mga seremonya.

Dahil walang nanalo at nakakuha kay Rolf. Si Vane lang ang pinakamataas na miyembro ng Family ang sasalang.
Sila ang huling tatawagin na lalong nagpadagdag sa inip ni Ysa.

"Hay naku anong oras pa ba matatapos itong party?" Palakad-lakad sya sa loob ng silid hinihintay ang magsusundo sa kanya.

At nang may kumatok sa kwarto na kinalalagyan nya kahit nakaheels at nakagown napatalon talaga sya.

"Finally."

"Ms. Ysa magready na daw po kayo." Sabi ng isang babaeng nakasuite.

Nakangiting tumango sya at naglakad pasunod rito.

Nang nasa puno na sila ng isang hagdanan a grand staircase to be exact napatigil sya ng may matanaw na pigura sa kabila.

"Bev..." bulong niya ng magtagpo ang mga mata nila. Gwapong-gwapo ito sa suot na tailored dark brown suite na may brown fitted shirt sa ilalim at brown pants ang pansapin naman nito sa paa ay isang traditional round toe leather shoes. Napakurap-kurap talaga sya dahil first time nyang nakita na naka formal attire si Vane.

"*Waa ang gwapo-gwapo ng Bev ko."* Kung pwede lang takbuhin nya na ang distansya nila ginawa na nya. Screw the party gustong-gusto na nyang mahawakan ang Bev nya.

"And please welcome Master Vane Cedric Montereal and his hunter Lady Angelique Ysa Santiago." Iyon ang cue para magsimula silang maglakad pababa ni Vane.

Naglakad si Ysa ng hindi inaalis ang tingin kay Vane ganon din ang binata sa kanya.

"*So beautiful."* Naisip ng lalaki habang walang kakurap-kurap na nakatingin sa babae. Nang mapasulyap sya sa baba nakita nya ang mga nanonood sa kanila na nakatingin kay Ysa especially mga lalaki na may buong paghanga.

Hindi nya nagustuhan ang mga titig na iyon pero tulad ni Ysa kailangan nilang tapusin ang seremonya.

"*Damn tradition."* Pero kahit ganon gusto rin ni Vane ang nangyayari dahil pagkatapos ng seremonyang ito wala na talaga makakaagaw sa babae.
"*Just wait Miss."*

Sa ibaba ng bulwagan nakatayo ng magkakaharap ang mga pares na nagtagumpay sa Hunting Game. Isang pila sa lalaki isang pila sa babae.

Sa mas mataas na bahagi sila naka pumuwesto ni Vane. Nangunguna sa iba.

Kahit may limang hakbang na pagitan ramdam na ramdam ni Ysa ang init ng tingin ni Vane sa kanya. Bahagya pa nga syang namula ng pasadahan sya nito mula ulo hanggang paa. Tumaas naman ang isang sulok ng labi ni Vane ng mapansin na nagblush sya.

Isang lalaki ang nanakasuot ng puti ang lumakad sa pagitan nila at pumuwesto sa gitna ng hanay.

"Ladies and Gentlemen lahat kayo ay naandito para saksihan ang pag-iisa ng labing-limang pares na ito," tinawag nito ang pangalan ni Vane. "Master Vane Cedric Montereal." Vane bow ng hindi inaalis ang tingin sa mga mata nya. "Lady Angelique Ysa Santiago." She curtsy at tulad ni Vane hindi niya inaalis ang tingin sa lalaki.
Ginawa din iyon ng mga sumunod na pares.

"Sa mga Hunter itaas nyo ang kanang kamay at ulitin ang sasabihin ko."

"Ako si Angelique Ysa Santiago ay nangangako bilang bagong miyembro ng Family na aalagaan at pro-

protektahan ang pamilyang kinabibilangan ko. Sumusumpa ako ng katapatan at ibibigay ko rin ang aking tiwala sa kanila. Pinapangako ko rin na mamahalin ko ang aking kapareha sa lahat ng oras at uunahin sya bago ang aking sarili. Wala akong ibang mamahalin at makakasama hanggang sa huling sandali ng aking hininga kundi siya lang. Sumusumpa ako ng isang tapat na pag-ibig na para sa kanya lamang. Ito ang aking pangako na pinagtitibay ko. Buhay ko ang kapalit kung sakali man na hindi ko matupad ang pangako at sumpang ito." Isa-isa sinabi iyon ng mga Hunter na tulad ni Ysa ibat-ibang lengguwahe kung saan mas komportale ang sumusumpa.

"Ako si Vane Cedric Montereal ay nangangako na aalagaan, mamahalin at pro-protektahan ang tao na ngayon ay nagmamay-ari sa akin. Sumusumpa ako ng buong katapatan at pagmamahal. Ibinibigay ko ang aking tiwala sa kanya at sumusumpa rin na sya at tanging syang lang ang magmamay-ari sa akin hanggang sa aking huling hininga. Ito ang aking pangako na pinagtitibay ko. Inaalay ko ang aking buhay kung sakali man na hindi ko matupad ang pangako at sumpang ito."

"*I love you*." Vane mouthed after his vow.

"*I love you too."* Ganti ni Ysa.

"Bilang isang alagad ng Diyos kayong mga kaparehang nasa harap ko ay aking pinagbubuklod, at tinatali sa isat-isa. Kayo rin ay aking binabasbasan, hangad ko ang isang magandang pagsasama para sa inyong lahat. "Sabi ng nakaputing lalaki.

Bahagyang nanlaki ang mga mata ni Ysa. Kinakasal ba sila? Akala nya ang Wedlock party ay isang pagpapakilala sa mga bagong miyembro.

"Kinakasal nyo ba kami?" Hindi nya napigilan na tanong.

Natigilan ang lalaking nakaputi at napatingin sa kanya. Ito ang unang pagkakataon na may nagtanong sa lalaki sa gitna ng seremonya.

"Ito ay isang seremonya ng pagbubuklod lady, katumbas ito ng isang kasal sa labas ng Family."

"Hala kasal na tayo Bev." Sabi niya na tinignan ang binata. "Pero bakit walang palitan ng I do Bev at saka wala din ba hagisan ng bouquet. Sayang iyon pa namn ang favorite part ko."

Nagtawanan ang mga nanonood kabilang na sina Rolf, ang D&A at ang first four sa mga sinabi nya. Napaface palm ang Elders at napangiti naman si Vane.

"Huwag kang mag-alala hija pwede pa naman kayong ikasal sa simbahan. Ang seremonya ito ay isang tradisyon lang sa Family ngunit lahat ng miyembro ay kinokonsidera itong kasal dahil may mga papeles kayong pipirmahan pagkatapos nito"

Napatango-tango naman sya. Pagkatapos nanlaki ang mga mata. "Hala asawa na talaga kita Bev." Bago pa makasagot si Vane sa kanya binalingan nya si father. "Seryoso ba iyan father walang halong biro ibig bang sabihin nito asawa ko na talaga si Bev akin na talaga sya?" Excited nyang tanong. Nang tumango ang lalaki malakas syang napa 'yes'.

"Angelique Ysa." Pumailanlang naman ang boses ni Yverez.

"Ay sorry naman po lolo na excite lang hehehe peace po." Sumenyas pa sya ng peace sign sa matanda na ikinailing nito. "Ituloy nyo na po father." Ngiting-ngiti sabi nya. Kumindat pa sya kay Vane ng magtama ang mga mata nila.

"Inihahandog ko sa inyo ang mga bagong magkapareha sa Family." Tinawag ni Father ang parehas hanggang sa makarating sa pangalan nila. "Mister and Misis Montereal. Humarap sila ni Vane sa mga naroon. Muling nagbow si Vane at curtsy naman sya.

Pagkatapos naglakad sya kung saan sya sunod na pinapapuwesto eksaktong tumapak ang mga paa nya sa harap ng isang lalaki na kilala nya sa pangalan na Froilan pumailanlang ang isang tutog.

Then the Tango dance begin.

Eksperto gumalaw ang katawan at kumembot ang bewang nya. Sa umpisa sumasayaw lang sya gumagalaw sa tugtog.
Pero ng umikot sya at mapunta sa mga bisig ng taong gusto nyang makapareha noon nya dinama ang tugtog. Her head held high, her spine straight, her core strong and chest lifted, and her confidence's oozing from her body languange.

Nagsimula narin syang makaramdam ng kuryente dahil sa pagkakadikit ng mga katawan nila ni Vane. Walang nagsalita sa kanila basta magkaugnay lang ang mga mata.

They're sensually dancing. Sa bawat pagdidikit ng mga katawan nila may tila ningas na nagsisimula. Sa bawat pagdikit ng kamay nya sa dibdib ng binata. Iyong ningas naging aapoy. Balat sa balat hininga sa hininga.

They rock back and forth, moving they weight from foot to foot. Sometimes she's the lead and sometimes him. They dance synchronizingly sexily and hotly.

And when the dance and the song ended pareho silang humihingal habang magkayakap. Pero kahit tapos na ang tugtog ramdam nila pareho ang apoy na nabuhay sa pagitan nila.

"I miss you Miss."

"I miss you Bev."

Sabay nilang bigkas. Dumeretso sila ng tayo naghiwalay at sabay ding ngumiti and still the passion was there.

Yayakap sana sya ulit ng magsalita si father. Wala syang nagawa kundi umatras tatlong hakbang palayo sa binata.

May mga dumating na mga tauhan ng Family. At may bitbit na tig-iisang basket.

"Hello?" Bati ni Ysa ng tumapat sa kanya si Purple Reign. Ito iyong nakalaban nyang tauhan ng Family at nagbigay sa kanya ng coin na may tatak ng agila.

"Para po sa inyo Lady." Sabi nito

"Salamat kuya." Natigilan si Reign ng isang ngiti ang pinakawalan ni Ysa ngiting nagsasabing nakilala sya nito.
Lihim na napangiti ang binata, labis din ang panghihinayang nya dahil pagmamay-ari na ito ni Vane Montereal. "*Kung sanay una mo akong nakilala."* Piping nahiling nya pagkatapos iabot ang basket kay Ysa.

Sinilip ni Ysa ang laman ng basket, laman niyon ang isang silver chain na kwintas na ang mga palawit

ay pangalan nya at apelyido. May letter F din nakasama iyon. Nang tignan nya si Vane may hawak narin itong basket.

"Ang mga kwintas na iyan ay isusuot nyo sa inyong kapareha pagpapatunay na kayo ay nakatali na sa isat-isa." Narinig nyang sabi ni father.

Sabay silang lumakad ni Vane huminto sya ng kalahating hakbang na lang ang pagitan nila sa isat-isa una nyang sinuot ang kwintas na hawak rito hinagod pa ni Vane ang bewang nya ng magdikit ulit ang katawan nila. Iyong puso nyang mabilis ang tibok domoble pa dahil sa sensuwal na paghagod nito. At nang ito na ang magsusuot ng kwintas sa kanya dumikit at humalik pa ang mga labi nito sa leeg nya.

Pangalan at apelyido nito ang palawit ng kwintas nya na may kasamang letter F.

Nang tumingala sya kay Vane sinalubong sya ng mga halik nito.
Yumakap sya rito ng mahigpit tumugon sa mga halik nito. At pareho nilang hindi pinansin ang palakpakan ng mga naroon.

Wala na syang pakialam sa paligid.
She's kissing her Bev...finally at iyon lang ang tanging mahalaga sa kanya.

to be continued...

H/n

Salamat sa pagbabasa.

7202018npo 8:56

55. Nabitin, Nahuli

Tahimik na pinagmasdan ni Ysa ang papalitaw na araw habang nakatayo sa terrace ng kwarto ni Vane. Katatapos lang party at kahit na puyat at pagod buhay na buhay parin ang dugo nya.

Napapikit sya ng maramdaman ang paglapit at paghalik ni Vane sa batok nya. "B-bev."

"Are you happy Miss?" He asked.

Tumango sya. "Masayang-masaya ako."

"Talaga?" Gumapang ang labi nito sa gilid ng leeg nya.

Suminghap sya ng mas idiin nito ang sarili sa kanya. Nanlaki ang mga mata nya ng may maramdaman. Mabilis syang humarap sa lalaki.

"B-bev naramdaman ko iyong ahas."

"Pfft. Really?"

Ang bilis nyang tumango at tinignan ang ibabang katawan nito sa hindi malamang dahilan bigla nag-init ang katawa nya.

"Are you ready to see my snake Miss?"
Nag-init ang pisngi nya sa mapang-akit natanong na iyon ni Vane. Napalunok sya ng muli nitong idiin ang sarili sa kanya at paulanan sya ng halik sa pisngi.

"You are officially and finally mine Miss. Only mine now." Napaungol si Ysa ng umakyat ang halik ni Vane sa tenga nya at naglaro doon.

"V-vane."

"You are mine right? Body heart and soul. You are mine Miss." Napatango sya sa sinabi ni Vane at pumaling ang mukha nya para salubungin ang mga labi nito.
Mainit syang gumanti ng halik dito. Hanggang sa naramdaman nya ang pagkarga ni Vane sa kanya. Pumulupot naman ang mga binti nya sa bewang nito dahilan para mas lalo nyang maramdaman ang 'ahas' ng binata.

Nang maglayo ang mga labi nila at sabay na nagmulat ng mga mata may sinabi syang lalong nagpadilim sa mga mata nito. "Gawa na tayo ng baby Bev...make love to me."

Nang-aakit na ngumiti ang binata. Passion and desire's visible in his eyes. "Are you sure?"

"101 percent sure Bev."

Bigla syang hinalikan ng binata kaya napatugon sya ulit at napapikit naramdaman nya ang paglalakad nito ang pag upo nito sa kama, paharap syang nakakandong dito. Hindi niya alam kung bakit lalo sya nag-iinit sa ayos nilang iyon.

"Bev... ohhh." Napaungol ng maglaro ang mga labi nito sa cleavage nya. Nasambunutan nya ito ng markahan sya nito doon. Pagkatapos bigla itong umikot kaya napahiga sya kama at nasa ibabaw nya na

ito.

"Vane..."

"Misis ko..." aktong hahalikan sya nito ng may kumatok. Sabay silang natigilan ni Vane at sabay rin na napatingin sa pinto. "Damn sino iyang istorbo na iyan" mura ni Vane na nagpahagikhik sa kaniya.
"Tignan mo muna Bev baka importante."

Umiling si Vane. Yumuko at pinagpatuloy ang paghalik sa leeg nya. "Hayaan mong mabulok kung sinoman ang kumakatok na yan."

Napapikit sya at napangiti. Dinama ang halik ng binata na muling naputol ng mas malakas na katok ang narinig nila.

"Shit!" Mabilis na umupo si Vane napasuklay sa buhok. Naupo rin sya.
"Wait here miss papatayin ko lang ang kumakatok na iyan." Hinalikan sya nito sa noo. Saka nakasimagot na tumayo.

****
Thirthy minutes later si Ysa na ang nakasimangot habang nakasakay sa sasakyan ni Vane kasama ang binata at ang First four.

Papunta sila sa Main DQ, sabi ng istorbong kumatok kanina pinapatawag sila ng Mama at Papa nya.

"*Itong si mama at papa, wrong timing gagawa na kami ng baby eh."*

"Bakit nakasimangot ka Ysa?" Puna sa kanya ni Barbie.

Si Stephano ang nagd-drive ng sasakyan katabi nito si Stephanie. Nasa backseat si Barbie na katabi si Chezter habang nasa pinakalikod naman sila ni Bev.

"Tsss wrong timing kasi sina mama, gagawa na sana kami ng baby ni Vane tapos bigla pinatawag nila kami." Natigilan iyong apat sa sinabi niya habang natawa si Vane at inakbayan sya.

"Ysa, hindi mo dapat sinasabi ang ganyan mga bagay sa amin?" Saway sa kanya ni Barbie.

"Eh? Why? Iyon naman ang totoo, diba Bev." Baling nya sa lalaki. Humalik sa noo nya ang binata bago tumango. "That's true magh-honeymoon na sana kami ng may istorbong kumatok." Sabi ni Bev na tinignan ng matalim si Chezter.

"Geez man napag-utusan lang ako." Sabi kaagad ni Chezter na nagtaas ng dalawang kamay.

"Pero guys ano kayang kailangan sa atin ng mga magulang ni Ysa?" Tanong ni Stephano na bakas sa mukha ang excitement na muling makita ang hinahangaan na ginang.

Nagkibit-balikat si Ysa. Napapitlag sya ng maramdaman niya ang pagpisil ni Vane sa bewang nya at ang paghaplos nito doon. Iyong apoy kanina na namatay ay nagningas na naman lalo na ng yumuko ito at isiksik ang mukha sa leeg nya. "I'm sleepy Miss," bulong nito. Tumaas naman ang kamay nya at hinaplos ang buhok nito bago sinagot ang tanong ni Stephano.

"Baka isasalang kayo sa initiation." Sabi niya na kinagitla ng apat.

Nanlaki ang mga mata nila. "I-initiation what do you mean Ysa?" Tanong ni Chezter.

"Knowing my mama and papa sigurado akong it-test nila kayo wala kasing tumutuntong sa Main DQ namin na iba bukod sa mga D&A. Meron lugar doon na laan para sa mga kliyente na hindi na kailangan pang makita ang mga kastilyo. Pero dahil nakatuntong na kayo doon at hindi naman kayo D&A o kliyente malamang na isasalang kayo sa test." Paliwanag nya na mahinang suminghap ng maramdaman nya ang paghalik ni Vane sa leeg nya.

"Magiging D-D&A kami?" Di makapaniwalang sabi ni Barbie.

"Depende sa resulta, kung makakapasa kayo magiging D&A kayo kung hindi naman you need to take an Oath na hindi nyo ipagsasabi ang nakita nyo roon."

"Man thats cool." Si Stephano. "but si Divine di ba nakarating na sya sa DQ."

Nagkibit-balikat sya. "Kinausap na sya ni Mama ko."

"Really anong sabi ni Divine?"

"Wala para lang syang natatae na mabilis na umalis sa harap ni mama."

Nagtinginan iyong apat. Pero walang nagkomento.

"OMG hindi man lang kami prepare Ysa." Si Stephanie.

"Oo nga wala man lang kaming alam sa gagawin namin doon." Si Chezter.

Napakagat-labi sya ng humaplos ang kamay ni Vane sa hita nya.

"Pero bakit kasama pa kayo kung kami lang ang kailangan?" Takang tanong ni Barbie.

"Si mama at papa lang ang makakasagot nyan." Sagot nya. Pagkatapos nyang magsalita bigla na lang may putok silang narinig.
"Shit!" Mura ni Stephano na nawalan ng control sa manibela.

Napatili sina Stephanie at Barbie ng umikot sila at malakas na bumangga sa puno. Sa lakas ng impact tumaob ang sasakyan nila.

Napapikit si Ysa ng makaramdam ng matinding sakit sa buong katawan.
"B-bev." Daing nya ng makita ang walang malay na binata na duguan sa tabi nya.

Then may kung sinong naghagis sa kanila ng isang bilog na bola na nagbuga ng puting usok. Usok na kanyang naamoy at usok na tuluyang nagpawala sa malay nya.

*****

Nagising si Ysa na masakit ang ulo at katawan. Una nyang napansin na nakatali sya sa isang bangko.

Nasa isang bahay sya pero hindi niya alam kung kanino. Malaki pero walang mga gamit maliban sa mga bangko.

"T-tama na." Natigilan sya ng makarinig ng pagtangis bigla ang ginawa nyang paglingon sa kanan nya at ganon na lang ang panlalaki ng mga mata nya ng makitang pinagtutulungan bugbogin sina Stephano, Chezter at Vane.
Habang tulad nya nakatali sa bangko ang dalawang babae.

Parang lumaki ang ulo nya ng makita ang duguan at sugatan na si Vane. Lumalaban ang tatlo pero tila pinaglalaruan lang ang mga ito ng mga kalaban bukod sa sugat na natamo nila sa pagbangga na nagpapahina sa tatlo may hawak na baril pa ang mga kalaban.

"B-bev." Nangilid ang luha nya ng bumagsak ito at pagtatadyakan.

"Wala palang binatbat ang pinuno ng Knight Hunters." Sabi ng isang matanda lalaki na nakaupo sa isang mamahaling upuan. Ang lider ng DMC. Si Federico Montecillo.

"K-kahit kailan hindi ka patas lumaban h-hayop ka!" Mura dito ni Vane.
Natawa si Federico. Sinenyasan ang tauhan nito na sipain si Vane. Napaigik ang binata. "Kahit kailan hindi ako patas maglaro bata. Alam ng lolo mo iyan. Kaya nga pinatay ko ang lola mo diba."

"Damn you!"

"Ayan ang gusto ko lumalaban parin pero tignan natin kung hanggang saan ang tibay mo." Bigla itong tumayo at sa sobrang sindak nya binaril nito si Vane sa balikat.

"Bev!" Sigaw nya na nagpatawag ng pansin ni Don Federico. "Oh at gising na pala ang kasintahan mo bata. Mas masisiyahan akong pahirapan ka dahil may sisigaw na ng pangalan mo."

"Y-ysa."

"Vane." Sige ang pagtulo ng luha nya. Lalo na ng sumenyas ulit si Don Federico sa mga tauhan nito.

Halos mapaos kasisigaw sina Stephanie at Barbie sa ginagawa sa tatlong lalaki.
Binaril sa binti si Chezter. Binalian sa kamay si Stephano at pinupok ng tubo sa likod si Vane.

"Tama na...tama na... tama na!" Sigaw nya nanginginig sya. Sa bawat sugat, suntok, sipa at hampas na natatanggap ni Vane at ng mga kaibigan nya nagdidilim ang paningin nya. May alaalang bumabalik sa isipan nya.

Nagtama ang mga mata nila ni Vane.
Kahit lugmok na ito pinagtutulungan parin itong sipain ng mga kalaban nito.

"V-vane." Tawag niya rito habang magkatama ang mga mata nila.
Ngumiti ito na para bang sinasabi ng lalaki na magiging okay ang lahat.

"I love you."

Lalong tumulo ang luha sa mga mata nya sa binulong nito.

Hindi. Hindi siya papayag na maulit iyong noon. Hindi sya papayag na mawala ang taong mahal na mahal nya.

"Tama na." She said nakatingin parin kay Vane. Hindi iyon pasigaw. Walang bahid ng takot o kahit anong emosyon ang boses niya. "Kapag pinagpatuloy mo iyan mawawala nalang kayong lahat dito sa

mundo." Umabot sa pandinig ni Federico iyon na natigilan at napatingin sa kanya. Sumenyas ito at pinatigil ang mga tauhan nito.

"Pakiulit nga ang sinabi mo hija."

"Tigila mo ito o mababura ang DMC ng tuluyan sa mundo." Blanko ang mga mata na sabi niya na tinignan ito.

Biglang tumawa si Federico. Lumapit sa kanya at malakas sya sinampal.

"Ysa!" Pinilit ni Vane na lumapit sa kanya ngunit pinigilan ito. "Fuck you Federico saktan mo pa sya at sisiguraduhin ko na papatayin kita ngayon." Galit na galit na sabi ni Vane.

Natawa naman si Federico. "Aba bagay kayo ng kasintahan mo Montereal parehas matapang at parehas din na mamatay dito." Binalingan sya ulit ng matanda.

"Kilala mo ba ako babae. Alam mo ba ang kaya kong gawin sayo ngayon."

"Kilala kita. Ikaw kilala mo ba ako? Alam mo ba kung ano ang mga kaya kong gawin sayo," Nang gumuhit ang isang malademonyong ngiti sa mga labi ni Ysa hindi napigilan ni Federico na makaramdam ng konting kilabot. Ngunit dahil sa ito ay isang kilalang mamatay tao hindi ito nagpahalata bagkus kinasa nito ang baril at tinutok sa noo nya.

Lalo namang nagwala si Vane. Tumalsik ang mga lalaking may hawak dito ngunit hindi parin nito nagawang makalapit ng may isang sumapak sa mukha nito.

"Wala akong panahon na kilalanin ka hija. Isa ka lang langaw na umaaligid-aligid sa paligid ko," Sabi nito, na kay Vane ang mga mata nya na nahihilo bagamat nasa kanya rin ang tingin ng binata. "At alam mo ba kung ano ang ginagawa ko sa isang langaw?" Pinagduldulan nito ang baril sa noo nya na nagpabalik ng tingin nya rito. "Pinapatay ko." And then next thing she heared ay ang nakakabinging putok ng baril.

To be continued
7/1- sat

*****
H/n

Salamat sa pagbabasa?. Dahio nga nabura iyong mga unpub na chapters nito inulit ko ulit. Tinatamad na akong isulat iyong naisulat ko na kaya ayan nagbago ?? nabitin si Vane ??.

Comment what you thinks guys?.

Salamat.

Helliza Sabida
7272018uvf 8:32

56. Dilim, Pula at Liwanag

Bang.

Umalingawngaw at bumingi kay Ysa at sa mga kaibigan nya ang putok ng baril.

Nanlalaki ang mga mata nina Chezter, Stephano at Stephanie. Habang natigilan naman at nanlalamig ang katawan ni Vane.

Si Ysa nanlaki ang mga mata habang pinagmamasdan ang lumungayngay na katawan ni Barbie na binaril ni Federico sa dibdib.

"Kayang-kaya ko kayong paglaruan ngayon hija. Hawak ko ang buhay nyong anim, kaya siguro naman hindi na kita dapat kilalanin." Nakangising demonyo na sabi Federico habang nakatingin sa kanya.

"Barbie!"

"Hayop ka!"

Lalong nagwala sina Vane kahit si Stephanie nagpupumilit nang makaalis sa pagkakagapos.

"Hindi muna kita papatayin papahirapan muna kita habang pinapanood ka ng nobyo mo. At sisiguraduhin ko na hindi sya mag-eenjoy sa panonood sayo."

"Damn you Federico, damn you!" Parang halimaw na gustong kumawala si Vane lalo na ng hampasin sya ni Federico ng baril sa gilid ng ulo.

"Kalasan nyo itong babae. Baboyin sa hara ni Montereal at ng mga kaibigan nya. "

Parang nanlaki ang ulo at tuluyan ng nanlamig ang katawan ni Vane sa narinig. Lalo na ng kalagan ang babae at patulak na pinaluhod.

Nag-apiran naman ang mga alagad ni Federico. Sa isip ng mga ito, napakasuwerte nila dahil mukhang sariwa at bata pa ang babaeng walang kalaban-laban na mgayon ay nakaluhod sa harap nila.

May sumampal kay Ysa.
Si Don Federico muling umupo sa kinauupuan kanina at ngumisi kay Vane na pilit na nanlalaban.

Ngising nawala ng makita nitong humandusay ang isa sa mga tauhan nito na humahalik sa leeg ni Ysa. Nanlaki ang mga mata ng matanda ng makita na bali ang leeg ng tauhan padapa iyong bumagsak ngunit ang mukha ay nakaharap sa kisame. Hindi na nabura sa labi ng tauhan nito ang ngisi ng pagkasabik at pagnanasa kahit na nga wala na itong buhay.

"Anong-" then isa pa nyang tauhan ang bumagsak hanggang sa nagkasunod-sunod ang mga nakapalibot kay Ysa.
Nakaluhod ang babae. Maitim na maitim ang mga mata.

Kitang-kita ni Federico na walang kahirap-hirap na pinilipit ng babae ang ulo ng isa sa mga tauhan nya.

Napatayo siya sinenyasan ang alagad na barilin ang dalaga.

Hinila naman ni Ysa ang isa mga tauhan nyang patay at ginawang pananggalang sa mga bala. Kinuha nito ang baril at pinagbabaril ang mga tauhan nyang bumabaril rito. Tag-iisang bala lang bawat tauhan nya lahat patay na bumagsak dahil sa mga lethal na tama. Sa gitna ng noo, sa puso at ulo.

"Anong itinatayo nyo patayin nyo ang babaeng iyan." Utos nya sa mga tauhan nyang natulala.

Sumugod ang mga ito.

Halos mapanganga sya sa nasasaksihan.

Sinusugod ng mga tauhan nya ang nag iisang si Ysa at lahat ng mga ito ay walang kahirap-hirap na napatumba ng dalaga.

"*Sino sya?"* Napapaatras sya habang tinatanong sa sarili iyon.

Death & madness iyan ang nababasa nya sa mga mata ng babae. Hindi ito humihinto kahit na natamaan ito ng bala sa braso, sa balikat. Kahit na nasusugatan ito. Tila hindi ito nasasaktan sa mga natatamo pinsala.

She's like a killing machine na nakaprogram patayin ang lahat na nakikita kalaban.

Awang ang mga labi ni Vane habang pinagmamasdan ang kasintahan.
Nanlalaki ang mga mata ni Chezter habang pinapanood ang walang habas na pagpatay ng babaeng kaibigan nya.
Nangingilabot si Stephano habang nakatingin sa nababalot na ng dugo na si Ysa. At umiiyak na nakatingin si Stephanie habang nakikita kung paano hindi pinapansin ng kaibigan ang mga pinsala nito.

Nasasaksihan at nakikita nila ngayon ang Ysa na tinutukoy ni Stendi. Ang Ysa na akala nila kilala nila.

The lethal Ysa.

Unang natauhan si Vane.
Pinatumba nya ang mga lalaking may hawak sa kanya at kahit may tama ng baril ay lumapit kay Ysa.

Kailangan nyang pigilan ang babae. Alam nyang magsisi ito kapag nakita nito ang resulta nang lahat ng ito.

Si Federico puno ang sindak ang mga mata na sinenyasan ang ilang tauhan na umalis na. Nagtatayuan ang mga balahibo nya dahil sa mga matang iyon...ang itim na itim na mga mata ng babaeng iyon na sa kanya nakatingin, malinaw nyang nababasa ang gusto nito at iyon ay mapatay sya.

Sa loob ng ilan taon na pagiging pinuno ng DMC. Hindi pa nakaramdam ng ganitong takot si Federico. Hindi sya takot mamatay. But now kapag nagtatama ang mga mata nila ng babaeng Ysa ang pangalan. Natatakot sya. Natatakot sya dahil nakikita nya ang kamatayan nya.

"Ysa," tawag ni Vane. Nakita nyang tumakas si Federico pero hindi niya iyon pinansin. Ang gusto nya lang ay makalapit sa babae at patigilin ito.

Humihingal na si Ysa. Pawis na pawis at balot narin ng dugo, hindi parin ito tumitigil sa pag-atake. Sinipa nya ng malakas ang kalaban na sasaksakin sana ito sa likod.

"Shit!" Mura nya ng mas nadagdagan pa ang mga kalaban nila.

Sina Stephano, Chezter at Stephanie ay lumalaban narin pinoprotektahan ng mga ito si Barbie na walang malay.
Dumampot sya ng baril at pinagbabaril ang mga kaaban na dumating habang pilit na inaabot si Ysa.

Nahawakan nya ito sa bewang pero binaklas lang nito ang kamay nya.

"Ysa." Tawag nya rito pero tila wala itong naririnig.

Sa wakas nabawasan at komonte ang mga kalaban nila hanggang sa lahat ay tumba na pero si Ysa hindi parin tinatantanan ng suntok ang hawak nitong kalaban kahit na nga lupaypay na iyon.

"Ysa..." tawag nya ulit. Pero patuloy parin ito. "Ysa!" Sigaw na nya ng baliin nito ang leeg ng lalaki. Hindi pa ito nakuntento pati braso ng lalaki binali rin nito.

Sa pagkakataong iyon malakas nya itong hinila at pinaharap sa kanya. Gumalaw ang kamay nito pasuntok sa mukha nya.

"Miss." He called. Huminto ang kamao nito isang pulgada ang layo sa mukha nya. "Angelique Ysa," nang banggitin nya ang buo nito pangalan. Nakita nya ang unti-unti pagkawala ng pandidilim ng mga mata nito.

"Miss..." dahan-dahan itinaas nya ang kamay, hinawakan ang kamay nito na susuntok sana sa mukha nya. "Misis ko," tinanggal nya ang pagkakakuyom ng kamao nito pinagsalikop ang mga kamay nila. "Tama na, its okay now." Her dark eyes became more clear.

"Bev..." ang marinig ang pangalan nya sa bibig nito ay isang kasiyahan. Sa simpleng tinig nito nawala iyong mga sakit na naramdaman nya. Isang salita lang lahat ng sakit at hirap na naganap ay nawala na.

"Bev." Ulit nito bago ito tuluyan mawalan ng malay at bumagsak sa mga bisig nya.

******

Hindi mapigilan ni Ysa ang katawan hindi niya mautusan na itigil ang ginagawa. Basta ang alam nya lang gusto nya tapusin ang lahat ng miyembro ng DMC na nakikita nya. Hindi sya makakapayag na mawalan ulit ng kaibigan. Hindi niya hahayaan na mawala ang lalaking mahal nya.

Kahit nasasaktan, nasusugatan hindi sya humihinto sa pag-atake.

Hindi sya titigil hangga't hindi niya napapatay ang mga ito.

Nakita nyang tumakas si Federico. Lumakad sya papunta sa lugar kung saan ito lumabas. Then naramdaman nya na may humawak sa bewang nya pinipigilan sya.

Nakaramdam sya ng kuryente, mahina lang kaya pinalis nya iyon. May naabot sya tauhan ng DMc wala itong nagawa ng pagbuntunan nya ito ng galit, binalian nya ito ng leeg...nang braso.

Alam nyang patay na ito ngunit patuloy parin sya ng pagbibigay ng suntok.

Walang kahit na anong awa syang nararamdaman.

All she can feel is hatred, all she can see are black and red. Sa sulok ng isip nya alam nyang pagsisihan

nya ito.

Narinig nyang may tumatawag sa pangalan nya. Mahina ang boses parang sa malayo nanggagaling. Hindi niya pinansin.

Naulit iyon sa pagkakataong iyon nakilala niya kung sino ang nag-mamay-ari, muli hindi niya pinansin, tuloy parin sya sa ginagagawa.

Hanggang sa may pumigil ulit sa kanya.

Umikot sya para bigyan ng suntok ang pakialamerong iyon. But her hand stopped inches away sa mukha nito ng makita ang kulay tsokolate nitong mga mata.

"Miss" bumilis ang tibok ng puso nya ng marinig iyon. Unti-unti nawawala iyong galit na nararamdaman nya. Unti-unti nagiging kulay puti ang pula.

"Angelique Ysa." Nang banggitin nito ang buong pangalan nya isinigaw ng isip at puso nya ang pangalan nito dahilan para makakita sya ng munting liwanag sa madilim na lugar na kinalalagyan.

"Misis ko," at nang hawakan nito ng mahigpit ang kamay nya, iyong kuryente lagi nyang nararamdaman ay naghatid ng init sa puso nya. Pinakalma iyong pagkatao nyang uhaw sa dugo at paghihiganti.

"Bev...Vane," at nang banggitin nya ang pangalan nito. Nang marinig nya sa mga labi nito na okay na ang lahat nakaramdam sya ng kapayapaan saka nya hinayaan na tangayin ng antok na bigla naramdaman.

Bago tuluyan ipikit ang mga mata sumilay ang isang ngiti sa mga labi niya ng maramdaman ang pagsalo at paglukob ng mainit na bisig nito kanyang katawan.

*****

After one week.

Patakbong bumaba ng hagdanan si Ysa.

Excited sya dahil ngayon ang araw ng pagbabalik nya sa eskwela. Matapos ang engkwentro nila kay Don Federico na ospital sya at tatlong araw na naconfine nang lumabas naman sya hindi pumayag si Vane at ang pamilya nya na pumasok kaagad sya kaya nagpahinga siya sa cute na bahay ni Vane sa Russfield ito ang nag-alaga at nag-asikaso sa kanya.

"Miss why are you running?" Tanong ng binata nang makababa na sya nakalapit kaagad ito sa kanya at hinawakan sya sa braso.

"Waaa excited na ako Bev babalik na ulit ako sa school makikita ko na sina Gen, si Audrey at ang lahat ng friends ko." Nagtatalon pa sya.

Natawa ang binata sa kanya at niyakap sya. "Are you sure na kaya mo na?"

Lumayo sya kay Vane. "Hala Bev wala ng bawian ha sabi mo makakapasok na ako ngayon." Nabasa nya ang pag-aalala sa tsokolateng mga mata nito. Kung ito ang masusunod gusto nito na isang buwan syang magpahinga na ayaw naman nya inip na inip na kasi sya.

Pumadyak sya. "Bev naman eh. Pasok na tayo. Pumayag na nga ako na hindi gumawa ng baby hanggat hindi pa ako lubusang magaling dapat pumayag karin na pumasok na ako." Maktol nya.

Dahil kasi sa walang habas nyang pagsugod sa mga kalaban at hindi pagpansin sa atake ng mga ito marami syang natamo sugat. Kaya hindi itinuloy ni Vane ang honeymoon sana nila na sya pa naman nyang hinihintay.

Noong una hindi talaga sya pumayag okay naman kasi sya. Masyado lang nag-aalala si Bev nya. But later on wala rin sya nagawa kundi sumang-ayon dito.

Yumuko naman si Vane at hinalikan ang babae sa noo. Hindi sya makapaniwala na hawak at nasa kanya naulit ito. Nang madala kasi sila sa hospital galit na galit si Angela at Dylan sa nangyari sa anak.

Nakatakas si Federico ngunit sa tingin nya hindi magtatagal iyon. Sa galit kasi ng D&A isinama nila sa most special project ang paghahanap at pagwasak sa DMC sinasanay na nila si Rolf ang at ang First four nito ganon din ang sa kanya para humawak sa kaso. Sumasailalim ngayon sa matinding test at pagsubok. Kahit na nga si Barbie na nabaril ay naandon.

Hindi na sya sumama dahil nagawa at naipasa na nya ang mga pagsubok na iyon. And maiisip nya pa ba ang DMC kung gustong bawiin si Ysa ng magulang nito sa kanya.

"*Kahit ho ipabugbog nyo ako ngayon. Kahit na ipapatay nyo. Hindi po ako makakapayag na ilayo nyo sa akin si Ysa*."

Dumiin ang pagkakahawak ni Dylan sa kwelyo nya nakasalya at nakasandal sya sa dingding, ng mga oras na iyon kitang-kita nya kung bakit ito kinakatakutan. "*Nangako ka na aalagaan mo sya. Isang araw pa lang ang nakakalipas nakaratay na kaagad ang anak ko. Sabihin mo nga bakit ko sya ipagkakatiwala sayo." Padaskol sya nitong binitawan. Nang umakto itong lalapit kay Ysa na nakahiga sa hospital bed mabilis nya itong inunahan.*

"May mga bagay at pangyayari na hindi ko kontrolado. Alam kong hindi ko natupad ang pangako ko na hindi na sya masasaktan but Sir hangga't nabubuhay ako kahit tadhana pa ang kalaban ko hindi ko hahayaan na mamatay si Ysa. Sya ang buhay ko. Mamatay muna ako bago sya. Kakalabanin ko ho ang lahat ng maglalayo sa akin sa kanya. Tulad kung paano ako ipaglaban ni Ysa. Pasensya na ho Sir pero kung kukunin nyo sya hindi ko maipapangako na hindi ako lalaban. Ipaglalaban ko ang asawa ko."

Nagtitigan sila habang nakatayo sa gilid ng kama ni Ysa. Titigan na nahinto ng hawakan ni Angela ang braso ni Dylan. Hindi nakaligtas sa pansin nya ang pagkalma ng lalaki ng dumikit ang balat ng babae rito. Tulad nang kung paano sya kumakalma kapag nasa paligid si Ysa.

"*Its okay Ylan hayaan na natin sila."*

"But Angel-"

"Determinado syang ipaglaban ang anak natin. Kapag nagpumilit tayo sigurado akong lalaban sya, magkakasakitan tayo na sigurado hindi magugustuhan ni Ysa."

Natigilan si Dylan sa sinabi ng asawa. Napatingin sa anak. Tama ang Anghel nya hindi magugustuhan ng kanilang anak kung magkakasakitan ang mga taong mahal nito.

Bumuntung-hininga sya. "Fine," Nakahinga ng maluwag si Vane ng marinig nya iyon. "Pero kapag naulit pa ito hindi ko na alam kung ano gagawin ko sayo." Banta ng lalaki sa kanya.

Ngumiti sya. "Salamat Sir, Ma'am,"

"Call us Mama and Papa tutal inangkin mo ng asawa ang anak ko. Alam ko rin kung ano ang ibig sabihin ng Wedlock ceremony sa inyo. Ang hiling ko lang pakasalan mo rin sa simbahan ang anak ko. I want to see her in a white dress at gusto kong makita na hinahatid ng asawa ko ang prinsesa namin sayo." Sabi ni Angela na deretso na katingin sa mga mata nya.

"*Thank you Ma...Mama, Papa."*

And that day tinanggap sya ng mga ito bilang anak.

"Uy Bev ano na? Payag ka na diba. Papasok na ako. Sige na please, please." Nagp-puppy eyed ito na nagpangiti ulit sa kanya.

"Oo naman."

"Yes," tumalon ito pagkatapos ay niyakap sya.

"Pero siguraduhin mo Miss na hindi ka masasangkot sa kahit anong gulo. Lalo na iyong masasaktan ka." Tumango-tango ito."Oo Bev pramis. Pasok na tayo." Saka ito bumitaw sa kanya at hinila sya palabas.

"Wait." Hinila nya ito at sumadsad ito sa katawan nya. Tumingala ito. "Bakit Bev?"

Umiling sya. Niyakap ito ng mahigpit at hinalikan ng mariin. Awtomatiko na tumugon ito.

"B-bev." Anas nito ng bahagya nyang ilayo ang mukha. Ganon na lang ang pagpipigil nya sa tuwing hinahalikan nya ang babae. This is not the right time for that.

"*Control your self Vane."*

Pumikit sya ng mariin inilubog ang mukha sa leeg nito at sinamyo ang bango na pamilyar na pamilyar sa kanyang pang-amoy.

Hinaplos ni Ysa ang buhok nya. And with that simple touch he's contented.

*****

H/n

Comment?

Thanks sa pagbabasa?

Helliza Sabida
922018UVf 12:58

57. Magpapakasal

H/n ; Huling hirit na pwede ba akong humingi ng comment at vote dito at sa mga susunod na chapter? ??? salamat.

****

"**Ysa!" Sinalubong si Ysa ng mahigpit na yakap ni Audrey at Gen ng magkita-kita sila sa Canteen.**

"Kayaaaah waaaa na miss ko kayo." Sabi niya.

"Kumusta ka na?" Urirat kagaad sa kanya ni Audrey ng maupo sila.

"Ayos lang ako."

"Buti pinayagan ka na ng bantay mo pumasok, grabe eh alam mo bang kahit dalaw hindi niya kami pinayagan para daw makapagpahinga ka." Dagdag pa ni Audrey.

"Eh bantay? Sino? Hindi naman ako nakulong bakit may bantay ako?"

"Si Vane. Grabe ka nyang bantayan." Singit ni Gen na syang sumagot sa tanong nya.

"Eh? Hindi ko naman maalala na nakulong ako eh, kelan ba iyang sinasabi nyong binantayan ako ni Vane."

Nalaglag ang panga ng dalawa habang nakatingin sa kanya.

Napapalo sa noo si Audrey. "Don't tell me bumalik ka na naman sa dati." She said.

Kumunot ang noo nya kinalabit si Gen. "Gen nagbabago ba ang itsura ko? Nagkaroon ba ako ng sungay? Anong ibig nya sabihin bumalik na naman ako sa dati?"

Bumuka ang bibig ni Gen pero walang lumabas na tinig dito. Bakas sa mukha nito na hindi alam ang sasabihin sa kanya

Bigla naman nanlaki ang mga mata nya. "Hala waaa pizza." Tumayo sya. "Wait lang ha bibili muna ako."

Naiwan namang nakanganga sina Gen at Audrey habang nakatingin kay Ysa na tumatalon-talon pa habang papunta sa pila ng counter. Hindi alam ni Audrey kung ano ang magiging reaksyon. Napapalo nalang sya sa noo. "I think innocent Ysa is back."

Napatango rin si Gen. "Mas gusto ko syang ganyan masaya. Laging nakangiti. Hindi katulad noon na seryoso sya at walang kaemo-emosyon ang mukha nya." She said na kinatango ng katabi.

"Yeah mas gusto ko rin sya na ganyan kesa sa nakakatakot na Ysa."

Bumalik si Ysa na may bitbit na tray. Niyaya nya ang dalawang kasama na kumain saka nilantakan ang

pizza na nasa harap

"*San kaya si Bev?"* Naisip ni Ysa habang patingin-tingin sa paligid.

Halos maghapon nya itong hindi na kita pagkatapos nilang maghiwalay sa parking lot. Hindi ito pumasok sa mga subject nito dahil may aasikasuhin daw ito. Nitext nya ito kanina na nireply-an lang nito ng...

'I love you, may importante lang ako ginagawa Miss you eat okay.'

"*Ano kaya ginagawa ni Bev?* "

Busy sya sa pagngatngat ng pizza ng lumapit si Gladys sa kanya.

"Hoy Ysa." Napatingin sya rito. "Hello lady Gladys kain ka." Yaya nya rito

Kinunotan sya nito ng noo. "Huwag mo akong yayain hindi tayo close."

"Eh?" Sya question mark ang mukha. "Hindi naman talaga tayo close lady Gladys nakaupo kaya ako dito tapos nakatayo ka dyan."

Natigilan si Gladys. Akala nya lalaban ng asaran si Ysa tulad ng lagi nito ginagawa simula ng bumalik ito.
Hindi man nya aminin nag-eenjoy sya sa pakikipag-away sa Ysa na palaban at marunong gumanti kapag sinasaktan.

Tinaasan nya ito ng kilay. "Sinasapian ka na naman ba ng katangahan?"

Kumunot ang noo ni Ysa. "Wala pa naman ako nakikilala na multong katangahan ang pangalan Lady Gladys, kaya baka hindi ako sinasapian ng katangahan na sinasabi nyo."

"Pfft." Audrey at Gen.

"Pfft." Mga nakarinig.

"Gusto mo bang masaktan?"

Ang bilis ng iling ni Ysa ng itanong iyon ni Gladys sa kanya. "Waaa hindi po pwede. Nagpromise kasi ako kay Bev na bawal ako masaktan ngayon eh. Next time na lang po."

"Ugh bahala ka na nga sa buhay mo. Pinapasabi ni Vane na pumunta ka sa Grand hall ngayon." Tumalikod ito. "Nakakainis bakit tanga na naman sya." Narinig nilang sabi ni Gladys habang papalayo ito.

"Ang weird ni Lady Gladys no." Komento nya na kinatawa ng mga kasama nya sa mesa.

"Yeah Ysa ang weird nya." Sang-ayon ni Audrey na tumayo. "Tara na mukhang hinihintay ka na ng prinsepe mo."

"Oo nga Ysa." Si Gen na tumayo rin.

"Hala wait lang." Tumayo sya bitbit ang maliit na kahot ng pizza na may laman pa dalawa slice. "Sayang eh." Sabi nya ng tignan sya ng dalawa.

Maraming estudyate sa Grand hall.

Sa dami hanggang sa entrance may nakaharang dahilan para hindi sila makapasok.

"May artista siguro sa loob nagkakagulo sila eh." Komento ni Ysa na tumitingkayad para matanaw kung ano ang pinagkakaguluhan ng mga estudyante.

"Anong meron" takang tanong ni Audrey. Napakibit-balikat naman si Gen.

Hahawiin sana ni Audrey ang mga nakaharang para makadaan sila nang may kamay na humawak sa braso ni Ysa.

"Mag-usap tayo." Sabi ni Divine na hinila sya.

"Hey teka," si Gen.

"Saan mo sya dadalhin?" Si Audrey.

Walang pinansin na kahit na sino si Divine basta deretso lang ito sa paghila sa kanya.

****

Sa likod ng gym sya nito dinala.

"Hello lady Divine may kailangan ka?" Masiglang bati ni Ysa sa babaeng kaharap.

Matiim na tinignan ni Divine ang nakangiting babae. Wala na iyong madilim at blanko nitong mga mata na nagpapatayo sa balahibo nya.

Inaamin nyang tuwing tumitingin sya sa mga mata nito parang nakikita nya ang kamatayan nya. But now looking at her bright clear eyes, hindi mo aakalain na kaya nitong gumawa ng mga bagay na nasaksihan nya.

"Akala mo ba panalo ka na." She said.

"Eh? Panalo? Naglalaro ba tayo? Hala hindi ako nainform. Panalo ako yehey, pero teka ano ba nilalaro natin?"

Tinignan nya itong matalim. Pero mayamaya napailing sya at napangiti.
"I lied I accept my defeat. Hindi ko kayang sabayan iyang kainosentehan at katahangan mo. Hindi ko rin kayang sabayan iyang mapanganib mong pagkatao. At mas lalong hindi ko kayang sabayan iyang pinapakita mong pagmamahal kay Vane. I love him yes but hindi ko itatago na minahal ko sya dahil estado nya at kapangyarihan na meron sya. Talo ang sakim kong pagmamahal sa pagmamahal mong totoo at wagas. Tanggap ko ng talo mo ako."

"Bukod pa sa pinagbantaan ako ng magulang mo na paparusahan kapag ginulo pa kita o pinagsabi ko

ang lahat ng nakita ko tungkol sa inyo." Dagdag nya sa isip. Aaminin nyang natatakot sya sa magulang ni Ysa.

Pinagmasdan nya ang namimilog nitong mga mata. "Pero gusto ko sabihin sayo na hindi ako papatalo. Sayo napunta si Vane but sisiguraduhin ko na makakahanap ako ng higit pa sa kanya. Mas gwapo, mas makapangyarihan at mas mayaman. Kapag nangyari iyon ipaparada ko sya sa harap mo."

Napakamot sa ulo si Ysa hindi alam kung ano ang sasabihin. "Hmmm... good luck sayo?"

"Hindi ko alam kung bukal sa loob mo iyang pagsasabi mo ng good luck o inaasar mo ako "

Nuon naman ngumiti si Ysa. "Good luck Divine. Alam ko, mayroon lalaki diyan na para sayo, malay mo naandyan lang sya sa tabi-tabi." Itinaas at iniabot nito ang kamay sa kanya.

Tinaasan niya ito ng isang kilay.
"Huwag kang feeling close Elf. Pagkatalo lang ang tinanggap ko hindi ibig sabihin non magkaibigan na tayo."

"Grabe sya o, makikipagshake hand lang ako lady Divine-"

"Angelique Ysa Santiago Montereal where the hell are you!" Napatalon sa gulat at namilog ang mga mata ni Ysa ng umalingawngaw ang boses ni Vane sa buong paligid. "Di ba pinapapunta kita dito sa Grand hall where the hell are you Miss?"

Napatingin sya sa speaker na naroon.
"Mukhang kailangan ka na ng asawa mo." Mapait na sabi ni Divine. Tanggap man nya ang pagkatalo nya hindi parin maiwasan na maging bitter sya.

"Sige Lady Divine bye and thank you." Nagulat sya ng bigla syang yakapin ni Ysa saka tumatawang mabilis na lumayo sa kanya. Pairap nya itong tinignan bagamat may maliit na ngiti sa mga labi niya.

Tumakbo naman si Ysa pabalik sa Grand hall kung saan naghihintay si Bev nya. Pagtakbo na nahinto ng marinig nya ang sunod na sinabi ni Vane.

Nasa loob na sya ng building na nagdudugtong sa Grand hall ng MC may mga nagkalat din na speaker doon kaya malinaw nyang naririnig ang sinasabi nito.

"Fine I'm sure na naririnig mo ako kung nasaan kaman ngayon so listen. Miss... alam kong marami pa akong utang sayo. Utang na alam mong handa kong pagbayaran ng buong buhay ko. Itong gagawin ko ay isa sa pagbabayad utang ko."

Nasa gitna sya ng corridor, iyong mga iilang estudyante na naroon at mga guro nakatingin sa kanya.

"Ang bilis ng mga pangyayari, parang kelan lang nagkakilala tayo, then naging tayo at ngayon akin ka na talaga. Walang ligawan na nangyari. Hindi man lang kita nai-date isang beses lang kita naharana galit ka pa," tumikhim si Vane.

Napangiti naman si Ysa.
"Okay lang na walang ligawan Bev basta akin ka." Sigaw nya na nasa speaker ang tingin na tila ba maririnig ng binata ang sagot nya.

Napatawa ang mga naroon.

"Dahil hindi kita naligawan hayaan mong haranahin ulit kita sa harap ng lahat. Yeah fuck, I know hindi maganda ang boses ko but the hell I care, gusto kong gawin ito para sayo. Gusto ko balang-araw kapag tinanong ka ng mga magiging anak natin kung paano kita niligawan may isasagot ka, may maik-kwento," Lalong lumuwang ang ngiti sa mga labi ni Ysa. "I love you Miss and this is for you."

May kung anong mainit na bagay na humaplos sa puso ni Ysa nang sunod na marinig ay ang boses ni Vane na sinasabayan ng isang gitara.

"**Dahil Sa'yo" Iñigo Pascual**

?Araw araw ikaw ang gusto kong kasama
Buhay ko'y kumpleto na tuwing nandidito ka
Sa tabi ko o aking giliw di pa din ako makapaniwala
Na ang dati kong pangarap ay katotohanan na?

Naglakad sya, una mabagal bago bumilis na bumilis hanggang sa tinatakbo nya na ang papunta sa lalaking kinakantahan sya kahit na nga hindi tumatama ang iba nitong nota

Marami paring tao sa Grand hall tumitili ang mga babae na kinikilig pa habang pasimpleng kumakalikot ng tenga ang mga lalaki.

May mga nakaharang parin sa daan ngunit ng may makakita sa kanya sumigaw ito. "Andito na si Ysa." Iyong daan na maraming tao nahawi binibigyan sya ng pagkakataon para makapunta kay Vane na nasa gitna nakatayo sa harap ng isang mikropono habang nagigitara.

Napangiti si Ysa ng makita niya na suot ng binata ang property shirt na bigay nya. Kaya pala pinusuot nito sa kanya ang property shirt na bigay nito para match sila.

?Minuminuto naghihintay ng tawag mo
Marinig lang boses mo masaya't kuntento na ko
Wala ng iba pang hahanapin basta't ikaw ang aking kapiling
Lahat magagawa dahil kasama ka?

Nang tumutok sa kanya ang tsokolate nitong mga mata nawala na iyong mga maiingay na tao sa paligid nila. Sya at ito na lang ang nakikita at naririnig nya. Para sa kanya sila na lang ang tao dalawa

?Ikaw ang tanging inspirasyon
At basta't nandito ka ako'y liligaya ?

Itiuro sya ng binata.

?Dahil sa'yo ako'y matapang
Dahil sa'yo ako'y lalaban
Para sa'yo pagmamahal na walang katapusan
Dahil sa'yo merong pangarap
Pagmamahal ko sayo'y tapat
Para sa'yo pagmamahal na higit pa sa sapat?

"*Ang gwapo-gwapo ni Bev ko*." Naisip nya habang nakangiti itong kumakanta.

Magkaugnay parin ang mga mata nila ng lumayo ito sa mikropono. Tumigil din ito sa paggigitara. Patuloy parin ang musika at ang kanta iyon nga lang ibang tinig na.

Ngumisi sya ng makita si Tyleighr na nasa likod pala ni Vane at naggigitara. Ito ang nagpatuloy sa ginagawa ni Vane na ngayon ay tumalon pababa ng stage at lumapit sa kanya.

?Ipinagdarasal ko ng sobra na sana'y tanggapin mo aking inaalay
Na pasasalamat sa pagliliwanag ng buhay kong ito
Na dati rati'y di ganito na kay ligaya
Oh tanggapin ang regalo
Oh mga rosas at choco
Liliwanag din ang buhay mo pag nilabas ko na ang puso ko?
Napasinghap ang lahat ng makalapit sa kanya si Vane at marubrob syang hinalikan.

"Get a room guys." Narinig nyang sigaw ni Rolf.

Lumayo si Vane. Ikinulong nito ang mukha nya sa magkabila nitong palad.

"Magpapakasal ka ba sa akin Miss?" Tanong nito na nagpabilis ng tibok ng puso nya. "I know, fastforward ulit tayo. Saan ka nakakita ng pagkatapos mangharana yayain kaagad ng kasal ang hinaharana nya. Pasensya na Miss. But I'll promise to you, araw-araw kitang liligawan, araw-araw kitang bibigya ng bulaklak. Araw-araw kong ipapadama sayo na mahal na mahal kita. Marry me Miss. Pinagbuklod na tayo ng wedlock ceremony, at gusto kong isang kasal pa ang seselyado at magkakandado ng pagkakatali natin sa isat-isa."

Hinapit sya nito lalo. "Magpapakasal ka ba sa akin Mrs. Montereal?"

Unti-unting lumuwang ang ngiti ni Ysa. "Can you promise me one thing first?" She asked.

"What it is Miss?"

"Mangako ka na ibibili mo rin ako lagi ng pizza." Natawa ang lahat sa sinabi niya.

"Way to go Ysa." Narinig nyang sigaw ni Barbie.

"Damn Miss. Makakatulong ba kung sasabihin ko na hindi lang kita ibibili, ipagluluto pa kita araw-araw." Nanlaki ang mga mata nya sa sinabi ni Vane.

"Waaa talaga. Yes! Yes na yes Bev. Magpapakasal ako sayo." Masaya nyang sabi.

"Hindi naman dahil sa pizza kaya mo ako papakasalan right?"

Ngumiti sya ng matamis sa tanong ng binata. "Syempre hindi. Love na love na love ko kaya si Bev ko kaya magpapakasal ako sa kanya. I love you so much Vane kaya magpapakasal ulit ako sayo." With that kinabig nya ang batok ni Vane at sya na mismo ang humalik sa binata.

*****

H/n

Comment guys?

Salamat sa pagbabasa.

Helliza Sabida

932017xfe 7:23

58. Init

Note: SPG

*****

Naranasan mo na ba iyong pakiramdam na tila sasabog ang puso mo dahil sa sobrang saya? Iyong pakiramdam na ikaw ang pinakamasuweteng tao dahil naglalakad ka papalapit sa taong mahal mo at alam mong naghihintay sya sayo sa dulo.

Iyan ang nararamdaman ni Ysa habang naglalakad papalapit kay Vane na nakatayo sa harap ng altar.

Yes.

This is it ito na ang kasal nila. Hindi niya alam kung paano nagawa ni Vane pero one week after nito magpropose nagulat nalang sya ng ipakita nito ang invitation ng kasal nila.

Strawberry heartshape iyon na hawig ni Bevvry. Tuwang-tuwa sya at cute na cute. Pero ang mas kinawindang nya ay nang mabasa ang date ng kasal nila.

August 12, paanong naayos nito ganon kadali ang lahat.

"I can't wait to have you Miss. Malapit ng masira ang ulo ko sa pagpipigil." Sabi nito na sinagot nya ng, *"eh?"*

Siguro mga isang oras bago nya naintindihan ang sinasabi ni Vane.

"*Hindi ko naman sinabi na magpigil sya ah,"* Naisip nya na hindi na isinatinig dahil mukhang talaga nahihirapan si Bev nya.

? **Beautiful in White: Shane Filan**?

?Not sure if you know this
But when we first met
I got so nervous
I couldn't speak
In that very moment I found the one and
My life had found its missing piece?

Heto na sya ngayon naglalakad papalapit kay Bev. Brown and red ang motiff ng kasal nila. Originally dapat sa simbahan ang kasal pero hiniling nya kay Vane na sa Paradiso nila gawin na sinang-ayonan naman ng binata.

Naka above the knee white wedding dress sya na may burda na pink strawberry strapless iyon. Hindi sya nakasuot ng belo. White roses ang nakalagay sa ulo nya na ginawang korona. Nakalugay ang maikli nyang buhok. Suot nya ang chain necklace na may pangalan ni Vane. At walang kahit anong sapin ang paa nya.

Nagkalat ang mga strawberry balloon sa paligid na may nakasulat na...
Miss & Bev wedding o kaya ay **Santiago & Montereal nuptial.**

Maraming tao. Hindi man pormal na ipinahayag, ang kasalang ito ay ang pagbubuklod din ng dalawang angkan/samahan na parehong malaki, malakas at makapangyarihan.

Kaya naman napakamaraming tao ang dumalo. Halos mapuno ang daungan ng Villa. Sigurado din na walang kalaban na magtatanggka pumasok dahil bukod sa mahigpit ang security lahat ng D&A ay naroon pati narin ang lahat ng Family Soldier.

Humigpit ang pagkakahawak ni Ysa sa braso ng ama ng lumusong sila sa malamig na tubig.

Sa gitna ng ilog nakatayo ang ang isang makeshift stage kung saan nakatayo ang altar. Tubig ang nagsisilbing isle.

Lalakad sila hanggang sa umabot sa tuhod ang tubig bago aakyat sa stage.

Nakapaa ang lahat maging ang pari sapagkat may hanggang sakong na tubig pa sa may stage na bahagya gumagalaw dahil sa alon na nililikha ng talon.

Sa tabing ilog nagkaglat ang mga mesa kung saan nakapwesto ang mga bisita. Madaming pagkain din ang nakahain.

Tatlo ang cake nila na isa sa nagsisilbing atraksyon ng kasal.

A three layer Pizza cake, three layer strawberry cake & five layer chocolate cake. Lahat galing sa mga kaibigan nila ni Vane.

"Hindi ako makapaniwala na ikakasal na ang prinsesa ko." Narinig niyang bulong ng ama.

Bumaling sya rito nakita nyang nangingilid ang luha sa nga mata ng papa nya.

"Papa," bibihira itong umiuyak. Matapang, malakas ang loob at minsan pa nga nakakatakot ito.

Ngunit hindi na bago sa kanila na makita umiyak ang isang Dark king.

Sa harap nila na pamilya nito umiiyak ito. Umiiyak ito kapag sinusopresa ito ng mama nila. Umiiyak ito kapag sobrang saya nito at umiiyak ito kapag nakaratay sila o nasusugatan na mga anak nito, bibihirang mangyari pero para sa kanila hindi nababawasan ang paghanga nila sa kanila ama kapag umiiyak ito. Bilib pa nga sila tatlo dahil hindi nahihiya ang papa nila na ipakita sa kanila kung ano ang nararamdaman nito.

"I love you po papa." Sabi niya na humilig sa balikat nito habang naglalakad parin sa ilog. May tiwala sya sa papa nya na hindi sya nito hahayaan na madulas.

"I love you too baby girl, my princess." Ganti nito.

Ngumiti siya ng natamis. Nagnining ang mukha nya dahil sa kaligayahan na nararamdaman ngayon. Then her eyes settled on the man she love. Naka all white tuxedo ito, suot-suot din ang chain necklace na may pangalan nya. Nakatupi ang pang ibaba at nakapaa.

"*Ang gwapo-gwapo nya talaga*."

?So as long as I live I'll love you
Will have and hold you

You look so beautiful in white
And from now to my very last breath
This day I'll cherish
You look so beautiful in white
Tonight?

Nakatingin lang ito sa kanya sa buong durasyon na naglalakad sya. Hindi na nga yata ito kumukurap. Nang malapit na sila ng papa nya sa stage lumapit si Vane yumukod ito habang nakalagay ang kaliwang kamay sa likod at ang kanan ay inilahad sa kaniya.

Para itong pinsepe na inaaya ang isang prinsesa na sumayaw.
Dahan-dahan naman na iniabot ni Dylan ang kamay ng anak sa lalaking ngayon ay mangangalaga at magmamahal rito. Sumagi sa isip ni Dylan na itakbo si Ysa papalayo sa lugar na ito o hindi ibigay ang kamay ng anak sa lalaking nasa harap.

Hindi nyo sya masisi, mahirap para sa isang ama ang ibigay ang anak lalo na at ito ang nag-iisang babae sa pamilya nila.

"*She's only a baby."*Sigaw ng isip nya, dumiin ang hawak nya sa kamay ni Ysa.

"Mamahalin ko po sya, aalagaan at mamahalin ng higit pa sa pagmamahal nyo." Sabi ni Vane sa kanya, napansin marahil nito ang pag-aalinlangan nya na bitawan ang anak.
Unti-unti kumalma sya nawala, ngumiti.

"I know son... I know." He said bago tuluyang ibinigay ang kamay ng anak rito. "Hangad ko ang isang masaya at maganda pagsasama para sa inyo." Hinalikan nya sa noo si Ysa.

Nangingilid ang luha na naglakad sya sa puwesto kung saan nakatayo ang anghel nya na nakabuka ang kamay at hinihintay sya.

Yumakap sya rito inilubog ang ulo sa leeg nito. Inhaling her scent that always calm him. "Angel our baby..." bulong nya.

"I know Ylan. It's hard but look at her our daughter is so happy." Sabi ni Angela.

Tulad ng asawa nangingilid ang luha na pinagmasdan nya si Ysa na tinutulungan ni Vane na makaakyat sa stage. Parehas ng asawa naroon din ang lungkot dahil may iba ng nagmamay-ari sa anak. Parang kelan lang sanggol ito na pinapadede nya, bata na tinuturuan at dalagita na pinapangaralan.

Ngayon bubuo na ito ng sarili pamilya. Aalis na sa poder nila, ngunit may lungkot man mas lamang ang kasiyahan nya dahil alam nyang natagpuan na ng anak ang kasiyahan na natagpuan din nya sa lalaking nakayakap sa kanya.

Mawala man ito sa poder nila. Handa parin nila ito gabayan.

Hindi talaga sya nagkamali na piliin si Vane para sa anak nya. Marami ng mga pagsubok na dinaanan ang dalawa. And she just watching them silently. Hindi sya nakialam dahil alam nyang kaya ng anak nya ang lahat ng iyon. She's a Santiago and a Fuentebella after all. Ang tanging ginawa nya lang ay payuhan ang anak and now her baby found and won her forever and she's so proud of her.

*****

"**I hope na makaalis na tayo." Natawa si Ysa sa pagmamaktol na iyon ni Vane habang nagsasayaw.**

Nasa gitna na sila ng reception at sumasayaw bilang first dance nila na mag-asawa.

Natatawa sya kasi kanina pa gusto umalis ni Vane the moment na matapos ang seremonya.

"Eh di alis na tayo Bev." Sabi naman nya.

Na mukhang sineryoso nito dahil eksaktong pagkatapos nyang sabihin iyon bigla sya nito pinangko. "Ay kabayo." Nagtawanan ang lahat sa tili nya

"Pasensya na mga kaibigan pero hindi na po ako makapaghintay na masolo ang aking asawa. Medyo mahaba-haba narin ang pinaghintay ko kaya aalis na po kami. Enjoy the celebration kahit wala kami." Sabi ni Vane na kinatawa ng mga kaibigan nila.

Kumaway naman sya magulang at mga kapatid na ngiting-ngiti habang nakatingin sa kanila. "I love you guys." She mouthed to them. Napansin nya na oo nga at nakangiti si Ylac ramdam nya ang lungkot ant pangungulila nito. Pinangako nya sa sarili na kapag nakabalik sya tutulungan nya ito hanapin si Monica. Tulad nito alam nyang buhay pa ang babae.

Pangko-pangko ng asawa na naglakad sila papunta sa dalampasigan.

"Ysa baby wait." Napatigil sa paglalakad si Vane.

"Waaa Nikey baby." Sabi naman nya ng makita ang kaibigan. "Ibaba mo muna ako Bev." Sumunod naman si Vane kahit bahagyang sumimangot.

"I miss you Nikey." Yumakap sya rito.

"I miss you too Ysa baby. Aba dalaga ka na, may asawa ka na eh." Sabi nito na kinatawa nya.

"Okay enough. Five second lang pwedeng tumagal ang pagyakap mo sa kanya. itatag." Sabi ni Vane na hinila sya.

"Eh?" Siya at si Nike.

Hindi naman kumibo si Vane he just possessively snake his arm around her waist.

Napakamot naman si Nike.

"Anyway ito pala iyong regalo ko sa inyo." May ibabot itong susi.

Nanlaki naman ang mga mata ni Ysa. "Hala Nikey ibibigay mo na sa amin iyong yate mo?"

"Syempre hindi Ysa baby. Nangako kasi ako sa asawa mo na sagot ko ang honeymoon nyo. So ayan pwede nyong libotin ang buong pilipinas gamit iyan."

"Ay akala ko ibibigay mo na eh, pero hala talaga mag-aaround the philippines tayo." Sabi niya na nakatingin kay Nike.

"No." Mabilis na sabi ni Vane at hinarap ang mukha nya sa mukha nito.

"Tayo Miss. Tayo. Tayong dalawa lang." Madiin na sabi nito.

"Oo nga Ysa bakit isasama mo pa ako eh honeymoon nyo iyon." Si Nike. "Anong gagawin ko dun?"

Ngumiti naman sya habang nakatingin sa mga mata ni Vane.
"Hindi rin naman ako papayag kung isasama ka Nikey. Istorbo ka kaya sa amin ni Bev. Gagawa kami baby."

Umawang ang bibig ni Vane sa sinabi niya. Kinindatan nya ito bago muling hinarap si Nike. "Salamat Nikey baby."

Ngumiti ito. "Ingat kayo."

Kinuha nya ang susi rito. "Tara na Bev." Yaya nya sa binata nakatingin sa kanya. "Uy Bev." Kinalabit niya ito ng hindi ito tuminag. "Bev ko," Noon kumurap. "

"Y-yeah lets go." Inakbayan sya nito.
"Thanks man." Sabi nito kay Nike. Nakipagkamay.

Isang kaway pa sa mga bisita ang binigay nya bago sila naglakad ulit ni Vane papunta sa yate ng kaibigan nya.

*****
Moonlight.

Nakatingala si Ysa sa bilog na bilog na buwan. Dinadama ang hanging dagat na tumatama sa mukha nya.

Nakasandal sya sa railings ng yate. Hindi niya alam kung nasaan lugar sila. Basta ang alam nya nasa gitna sila ng laot. Napapalibutan ng tubig-alat.

Suot nya parin ang wedding gown nya Si Bev naandon sa loob at may inaayos.

Napapikit sya ng medyo lumakas ang hangin. Nakadama sya ng panlalamig na hindi niya pinansin. Napaka kontento ng pakiramdam nya ngayon.

Nasa ganon syang ayos ng yumakap si Vane mula sa likuran nya. "Okay lang ba na dito tayo magpalipas ng gabi Miss?" He whisphered. She shivered ng maramdaman ang labi nito sa leeg nya.

"Kahit saan Bev basta kasama kita." Sagot nya.

Naramdaman nya ang pagngiti nito then nagpaulan ito ng mga butterfly kisses sa leeg nya.

Suminghap sya. Gumapang halik nito hanggang tenga sa nya.

"You look so beautiful in white my innocent Miss.” Bulong nito saka dahan-dahan syang hinarap. Umatras ito para mapagmasdan sya. Suot pa din nito ang tuxedo nito, iyong coat lang ang tinanggal. Ilang segundo nito syang tinignan bago sya giniya pasayaw.

?What we have is timeless
My love is endless
And with this ring I say to the world

You're my every reason
You're all that I believe in
With all my heart I mean every word?

Napahagikhik sya ng kantahin nito ang wedding song nila. Iniikot sya nito, sumunod ang katawan nya sa sa mga galaw nito.

They're dancing under the star, under the moonlight...

?So as long as I live I'll love you
Will have and hold you
You look so beautiful in white
And from now to my very last breath
This day I'll cherish
You look so beautiful in white
Tonight...?

Nang muling magdikit ang mga katawan nila gumapang ang kamay nito sa bewang nya paakyat sa gilid ng dibdib. Nilalamig sya pero bawat daanan ng mga kamay ng asawa nya para syang napapaso tila may ningas ang mga kamay nito at inililipat ang init sa katawan nya.

"Bev..." anas nya ng magaan sya nitong halikan sa mga labi. Magaan nanunukso. Humahabol ang mga labi nya para sa isang mariin na halik pero para itong nantatakam.

"Bev naman ---ay," mahina syang napasigaw ng bigla sya nitong iliyad habang nakasunod ang katawan nito sa kanya. Ang huling step sa sayaw na ginagawa nila.

"As long as I live I'll love you Misis ko." As he said that muling pinagtagpo nito ang mga labi nila. Sa pagkakataong iyon mariin ang halik nito, mainit mapaghanap ng katugon.

Wala syang nagawa kundi ang tumugon. Tinumbasan ang init ng halik nito. Dumeretso ito ng tayo na dala sya. She jumped at pinulupot ang mga hita sa bewang nito.

Naramdaman nya ang paglalakad nito papasok sa cabin. Isinandal sya nito sa dingding habang mabilis nitong inaalis ang suot na damit.

Malakas syang suminghap ng sipsipin at markahan nito ang leeg nya habang sinapo ng isang kamay nito ang isa nyang dibdib. Kneading it.

Humaplos naman ang kamay niya sa balikat nito, dinama ang hubad nitong ng dibdib. Binabawi na niya ang sinabi niya. Hindi lang kamay nito ang parang nag-aapoy at nagbibigay init sa kanya. Kundi ang buong katawan nito kasama pati labi.

"Damn it," mura nito ng hindi kaagad maibaba ang zipper ng gown nya . Natawa sya. Tawa na dagli ring natigil ng hulihin ulit ng binata ang mga labi niya.

Naramdaman nya ang muling pagbuhat nito ang paglapat ng likod nya sa kama.

Ilang minuto pa ang lumipas natagpuan nya na lang ang sarili na hubad at nasa ilalim ni Vane.

"Ohhh..." malakas syang napaungol ng maglaro ang mga labi nito sa isa nyang nipple at hindi niya napigilan na mapaliyad ng gumapang pababa ang isa nitong kamay papunta sa pinakapribadong parte

ng katawan nya.

"Hmmm V-vane... Bev." Pabiling-biling ang ulo nya napasambunot pa ang mga kamay nya sa buhok nito.

"Bev." Umakyat ang mga halik nito papunta sa mga labi niya. Hinalik-halikan sya habang naglalamas-masok ang daliri nito sa 'kanya'.

"You are so ready for me Miss." He said huskily. Nagmulat sya ng mga mata at tinignan ang mga mata nito na tulad nya ay namumungay.

Mapang-akit syang ngumiti. Pinulupot ang mga hita sa bewang nito. Giving him more access to 'her'.

Napakagat-labi sya ng maramadam 'ito' sa 'kanya' bumaba ang kamay nya hinawakan ang 'ahas' nito.

"It's nice to finally meet your snake Bev." Gumalaw ang kamay nya hinaplos at dinama ang kahabaan nito.

Napapikit ang lalaki, napaungol. "Fuck, shit!" Mura nito na mabilis na hinuli ang kamay nya at itinaas sa kanyang ulunan same goes to her other hand.

"Vixen. " sabi nito na kinagat sya sa punong dibdib. Napapikit sya ulit. Kasunod niyon ay nakaramdaman sya ng kirot, dahilan para mapakagat-labi sya at tumulo ang isang butil ng luha sa kanyang mata.

"Shhh, I'm sorry Miss." Vane kissed her tear pinaulunan din sya nito ng halik sa mukha pagapang sa punong tenga at pababa sa dibdib nya. Muli nagtila sanggol ito roon kasabay ng marahang paggalaw sa ibabaw nya.

Sa umpisa lang masakit na unti-unti ring nawala. Dahan-dahan nakasabay na sya sa galaw nito. Galaw na bumili ng bumilis.

Nabitawan na ni Vane ang kamay nya at yumakap sya sa likod nito. Nakalmot nya pa dahil sa tindi ng sensasyong nararamdaman nya.

"I...i love...you...M-miss. Shit. " ungol ni Vane na mas lalong bumilis ang paggalaw.

"Ahhh... hmmm. M-mahal din kita B-bev. Ohhh." At isang mahaba at malakas na ungol ang lumabas sa mga labi nya nang halos sabay nilang narating ang pilit na inaabot.

Kasabay niyon ay ang pagkuyumos nito ng halik sa kanya, nabuong puso nyang tinugon.

*****

H/n

Vote.Comment.Share.

Thankie sa support Guys?.

59. Wakas

*****

Napangiti si Ysa ng makaramdam ng kiliti na nanggagaling sa likod nya. Kiliti na nauwi sa ungol ng maglaro ang kamay ni Vane papunta sa kanyang dibdib.

"Good morning Miss. " bati ni Vane na nakayakap sa likod nya kasunod ay ang paghalik sa kanyang batok.

"Morning Bev." Paungol na sagot nya ng maramdaman ang paglalaro ng dila nito sa tenga nya.

Isiniksik ng binata ang mukha sa leeg nya, niyakap sya ng mahigpit.

Naramdaman nya na mas dumikit pa ang hubad nitong katawan sa hubad nyang likuran. "Are you happy?" He silently asked.

"Very much." Nakapikit na sagot nya na may nakapagkit na ngiti sa mga labi.

"Do you mind if I ask kung bakit ganito ang design ng tattoo mo?"

Lumiyad sya ng maramdaman ang paggalaw ng daliri nito, sinusundan ang tinta ng tattoo nya.

"Because I like rose. Ang ganda-ganda nya kasi tignan. Ang lambot-lambot parang bigla na lang madudurog o malalanta kapag hinawakan mo ng walang ingat. Magugulat ka nalang kasi natusok ka na ng mga tinik nya. " She answered.

"Just like you." Iniharap sya ni Vane hanggang sa nakatihaya na sya at nakadagan na ang kalahati nitong katawan sa ibabaw.

Bumilis ang tibok ng puso nya sa ayos nilang iyon.

Ayan na naman iyong init. Kumakalat na naman sa buo nyang katawan.

"Para kang rosas. Kapag titignan mahina. Parang babasaging kristal na dapat kong alagaan at protektahan. So kindhearted handang tumulong sa kahit na sino, sa kahit na anong oras. Pero kapag naapi o nasaktan lumalabas iyong tinik at lumalaban." Sabi ng binata habang pinagmamasdan sya at humahaplos ang mga kamay sa bawat parte ng katawan nya.

Hindi niya naiwasan na mapaungol ng bumaba ang mukha nito at maglaro ang dila sa kanyang dibdib. Halos pangapusan sya ng hininga sa sensasyong nagsisimula na naman mabuo sa katawan nya.

"Bev..." napasambunot sya sa buhok nito.

"Hmmm" his answered habang patuloy parin sa pagsamba sa katawan nya.

"Ahhh h-hindi ba tayo m-mag-aagahan?" She asked.

Tumigil ito sa paghalik sa dibdib nya ngunit ang isang kamay naman nito ay naglaro 'doon' dinadaman

ang 'pagkabasa' nya.

"I'm having my breakfast now Miss," He said huskily. "But if you want to eat I can stop."

"No" mabilis nyang pinigil ito ng akto itong tatayo sa ibabaw nya. Pagkatapos bumalikwas sya. Now she's straddling him.

Nabigla naman si Vane sa ginawa bagamat lang pumungay ang mga mata nito ng mapagmasdan ang katawan nya. Bumaba ang kamay nito. Humagod sa kurba ng bewang nya.

"I want to feel it again Bev. That mind blowing experienced na pinaramdam mo sa akin buong gabi" bulong niya na hinalikan ito sa leeg. Dumiin ang ang kamay nito sa bewang nya. Then in a blink naramdaman nya ang pag-angkin nitong muli sa kanya.

She tilted her head, kasabay ng pag-ungol ay ang pagliyad ng katawan nya.

"Then ride men fast and hard Miss." As he said that gumalaw ang katawan nito kasabay ng paggiya nito sa bewang nya.

Sa umpisa ito pa ang gumagabay at nagtuturo sa kanya sa tamang paggalaw ng lumaon natutunan ng katawan nya ang sayaw na tinuturo nito. Sya na ang nagkomando sa kung anong ritmo ang gusto nya. Hindi niya maiwasan na mangiti kapag naririnig nya ang ungol nito. She can't help but to feel proud dahil nagagawa nyang maiparamdam ang ganon sa alaki.

That she can satisfied his need. Basang-basa nya iyon sa mukha nito, when they came.

They came together.

"Damn i I love you so much Miss." Bulong nito bago sya hinalikan. Halik na magaan, halik na hindi tulad kanina na mapag-angkin at mapaghanap. Halik ng pagpapasalamat, halik na punong-puno ng pagmamahal.

*****

Dumaong ang yate ni Nikey na may pangalang Neptune sa Lucena fort.

Magkahawak na lumabas ang mag-asawang Bev at Ysa sa sasakyang pandagat.

Naubusan na kasi sila ng supply ni Bev. Nakakagutom pala ang gumawa ng baby dahil iyong pang-isang linggo nila supply naging tatlong araw lang.

"Gusto ko ng pizza Bev." Ungot ni Ysa sa binatang nagtutulak ng mga pinamili nila, nasa isang mall sila

Nginitian ni Vane ang asawa hinalikan sa noo.

"Sure Miss."

Matapos nga nilang mamimili dumeretso sila sa isang pizza parlor magana syang kumain dahil sinusubuan pa sya ni Bev nya.

Tinitignan sila ng mga tao at parehas nilang hindi pinapansin iyon ng binata.

"Bev washroom lang ako." Paalam nya sa lalaki. Nang akto itong tatayo ay pinigilan nya ito. "Ako na lang Bev. Hintayin mo na lang ako dito." Sabi niya.

Bumakas ang pag-aalinlangan sa mukha ng asawa nya.

"Bev hindi ka pwedeng sumama sa akin pangbabae c.r iyon eh. Mamaya doon ka nalang sa c.r ni Neptune sumama kahit sabay pa tayo maligo okay lang,"

Natawa si Vane pero dumilim ang mga mata.

"Is that a promise?"

"Promise."

"Theb go Miss habang nakakapagpigil pa ako." Pamilyar kay Ysa ang pandidilim na iyon ng mga mata ni Vane. Lagi nya iyong nakikita kapag gumagawa sila ng baby ng binata. Iyon iyong klase ng tingin ng lalaki na mainit. Tingin na gustong-gusto nya kapag nasa kama sila.

Bigla syang tumayo. "Three minutes Bev." Saka sya dali-daling pumunta ng c.r.

Mabilis nyang ginawa ang dapat nyang gawin sa loob at mabilis sanang lalabas ng c.r ng matigilan sya. May nakita syang babae na nakatayo sa harap ng cubicle na pinasukan nya.

"Monica?" Bigkas nya.

"M!" Bumakas ang saya sa kanyang mukha ng makumpirmang ito nga ang babaeng hinahanap ng kapatid nya. "Buhay ka. Waaa matutuwa nito si Vlue." Aktong yayakapin nya ang babae ng matigilan tila may kakaiba rito.

Blanko ang mukha nito habang nakatingin sa kanya.

Napaatras sya ng bigla itong maglabas ng hunters knife.

"M?"

"Papatayin kita." Nagulat at nabigla sya ng sumugod ito ngunit hindi naging dahilan iyon para hindi niya ito maiwasan.

Sinalo nya ang kamay nito at walang kahirap-hirap na naalis ang kutsilyo nitong hawak.

Sumuntok ito, sumipa. Mga bagay na hindi niya inaasahan na kayang gawin at magagawa ni Monica.

"M ano ba snap out of it." Sigaw nya rito habang umiwas sa mga pinapakawalan nitong suntok.

Nanlaki ang mga mata nya ng tumama ang kamao nito sa salamin. Nagtalsikan ang mga bubog sa paligid.

Hindi ininda iyon ng dalaga bagkus muli syang hinarap.

Doon nya narealize na wala sa sarili ang babae. Oo nakatingin ito sa kanya pero parang iba ang nakikita nito.

"Papatayin kita. Papatayin ko kayo."

"Anong ginawa nila sayo M?" Bulong nya.

Aktong susugod ulit ito ng may malakas na katok silang narinig mula sa pinto.

"Miss, anong nangyayari dyan?" boses ni Vane iyon.

"Bev..."

"Ysa!" Napasigaw ito ng makarinig ng putok ng baril. Walang pagda-dalawang-isip na sinira nito ang pinto.

"Ysa!" Nakita sya nitong nakatayo hawak ang brasong may tama ng bala.
Nakatingin sa bintanang nilabasan ni Monica.

"Miss..." nag-aalalang mabilis na lumapit sa kanya ang asawa.

"Bev" tinignan nya ito. Kitang-kita sa mukha nya ang gulat....ang pag-aalala. "Si Monica...d-DMC na sya."

*****

Malungkot na nakatanaw si Ysa sa dagat. Katatapos lang nya kausapin ang kapatid nyang si Ylac Vlue. Tulad ng inaasahan nagalit ito. Pero hindi nakaligtas sa kanya ang gulat at pag-aalala nito sa babae na pilit nitong itinago sa kanya. Kapatid nya ito, kakambal ramdam nya kung ano ang talaga ang tunay nitong nararamdaman.

Nagdurusa ito sa balita nya.

Sinisisi nito ang sarili.

"Gusto mo bang bumalik na?" Tanong ni Vane na nasa tabi niya at pinagmamasdan sya.

Tinignan nya ito. Bakas sa mga mata ang pag-aalala sa kanya. Patingin-tingin din ito sa braso nyang nakabenda.

Umiling sya. "Hindi pa tapos ang honeymoon natin Bev."

"Kung inaalala mo ako, it's okay we can cut our honey-" natigil ito sa pagsasalita ng yakapin nya ito at halikan sa mga labi.

"I don't want to Bev. Gusto kong tapusin natin ito. Two weeks tayong maglalayag."

"Pero si Ylac..."

Nginitian nya ang asawa. "He can handle it. Kambal ko sya kaya alam kong kaya nya. Alam mo ba kung ano ang sinabi nya sa akin kanina?"

"Ibabalik ko sya, ibabalik ko si Monica sa atin. I'll have my michievous lady back."

"Nasasaktan man sya alam kong hindi nya uubusin ang oras sa pagmumukmok lang. My brother is a fighter too. Hindi nya basta-basta isusuko si Monica. Ngayon pa lang nag-aalala na ako sa maaring gawin nya sa DMC. Sa aming tatlo si Ylac ang laging kalmado. Ang pinakamatagal na mag-init ang ulo. Nagagalit lang sya kapag nasasaktan kaming mga taong mahal nya. At kapag nagalit sya... nagiging tulad sya ni papa." Hinaplos nya ang pisngi ni Vane. "At sigurado akong hindi sya papabayaan nina mama at papa and your Family too. Iisa na lang tayo diba?"

Hinawakan ni Vane ang kamay nya na nasa pisngi nito.

"Of course. We're one unit now." He said bago sya niyakap. "Nasaktan ka na naman at wala akong nagawa para pigilan iyon."

Nabasa nya ang lungkot sa tinig ng asawa. Bahagya syang lumayo rito tinignan ng deretso ang mga mata nito.

"Kung nasaktan man ako, hindi mo iyon kasalanan Bev. Alam ko gusto mo akong ipagtanggol. Pero hindi lahat ng oras magagawa mo iyon. I love you Bev, at sapat nasa akin na mahal mo rin ako. Ilan ulit man ako masaktan, ilang ulit man na mabaril okay lang as long as na lagi kang naandyan at handa akong damayan sa bawat sakit."

Ngumiti si Vane. Iyong lungkot sa mga mata nito ay napalitan ng kasiyahan.

"I love you Miss," then he kissed her.

Hinalikan sya nito habang nasa likod nila ang papalubog na haring araw, habang may nagliliparang mga ibon sa kalangitan. Hinalikan sya nito at sapat na iyon para mapawi ang lungkot sa puso nya.

Alam ni Ysa na marami pa silang haharapin ni Vane. Alam nyang may mga pagsubok pa na naghihintay sa kanila. But she's also sure na kakayanin nila ang lahat. Basta magkasama, walang pagsubok na hindi nila malalampasan. Dahil Bev at si Miss ay nakatadhanang magsama habang buhay and even after that.

Bev & Miss will always be forever and ever.

--The End

*****

H/n

This is it. Bev & Miss story are now signing off. And yeah hindi ang DMC. Obviously mababasa nyo parin si Federico sa kwento ni Ylac.

Maraming salamat sa mga naghintay ng mga UD sa pagsuporta. I love you all Guys???.

May mga tanong ba? Comment na lang po at sasagutin ko.

Salamat sa mga boboto? at magk-komento?.

942018gsj 9:09